ANG MGA GAWA NG MGA APOSTOL



ELLEN G. WHITE

New Covenant Publications International Ltd. Tagalog

Karapatang-ari©2020. Mga Pandaigdigang Publikasyonng ng Bagong Pakikipagtipan

Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan kung ano pa man nang walang express nakasulat na pahintulot mula sa may-akda, tingnan mga termino ng paggamit para sa mga detalye. Mangyaring sumangguni sa lahat ng may kinalaman katanungan sa publisher.

Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopying, pag-record, o sa pamamagitan ng isang impormasyon sa imbakan at pagbawi ng system - maliban sa pamamagitan ng isang reviewer na maaaring quote maikling mga sipi sa isang pagsusuri upang maging naka-print sa isang magazine o pahayagan - nang walang pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat mula sa publisher.

ISBN: 359-2-85933-609-1

ISBN: 359-2-85933-609-1

Cataloguing sa publikasyon Data

Pag-edit at Disenyo: Mga Pandaigdigang Publikasyonng ng Bagong Pakikipagtipan

Inilimbag sa United Kingdom.

Unang Pag-Print 26 Mayo 2020

Inilathala ni: Mga Pandaigdigang Publikasyonng ng Bagong Pakikipagtipan

New Covenant Publications International Ltd.,

Kemp House, 160 City Road, London, EC1V 2NX

Bisitahin ang website: www.newcovenant.co.uk

Kakila-kilabot ang tunggalian ng puwersa ng kasamaan at kabutihan sa mga mahahalagang sentro na doon ay inihahayag ang katotohanan. “Ang ating pakikipagbuno ay hindi laban sa laman at dugo,” wika ni Pablo, “kundi laban sa mga pamahalaan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga pamunuan ng kadiliman ng sanlibutang ito.” Hanggang sa pagtatapos ng panahon ay magpapatuloy ang tunggalian ng iglesia ng Dios laban sa kanilang nasa ilalim ng kontrol ng mga anghel ng kasamaan. Ang mga unang Kristiano ay tinawagang harapin ang mga puwersa ng kasamaan. Sa panlilinlang at pag-uusig ay sinikap ng kaaway na ilayo sila sa tunay na pananampalataya. Ngayon, habang mabilis na nagwawakas ang lahat ng bagay, si Satanas ay gumagawa ng lahat ng pagsisikap upang masilo ang sanlibutan. Nagsasagawa siya ng lahat ng panukala upang gawing abala ang isipan ng tao at ilayo ang pansin mula sa katotohanang mahalaga sa kaligtasan. Sa bawat lunsod ang mga ahensya niya ay abala sa pagtatatag ng mga kilusang laban sa utos ng Dios. Ang punong mandaraya ay gumagawa upang magpasok ng mga elemento ng kaguluhan at paghihimagsik, at ang mga tao ay ginigising sa isang kasiglahang hindi ayon sa karunungan. Ang kasamaan ay nasa tugatog na kailanman ay di pa naabot....

Kabanata 21 - Mga Rehiyon so Dako pa Roon

Anq mga GAWA ng mga APOSTOL

Ellen G. White

Ang pahinang ito ay sadyang iniwan na blangko.

New Covenant Publications

International Ltd.

Mga Libro ng Repormasyon, Nagbago ang Isip

New Covenant Publications International Ltd.,
Kemp House, 160 City Road, London, EC1V 2NX

Email: newcovenantpublicationsintl@gmail.com

Pagpapasalamat

Ang aklat na ito ay nakatuon sa Diyos.

Paunang Salita

Ang Bagong Tipan ng Pandaigdigang Paglalathala ay nag dudugtong sa mga mambabasa na may banal na plano na magbuklod sa langit at lupa at nagpapatibay sa panghabang-buhay na batas ng pag ibig. Ang sagisag ng Arko ng tipan ay kumakatawan sa pagpapalagayang-loob sa pagitan ni Panginoong Hesukristo at ng kanyang mga tao at ang sentralidad ng Batas ng Diyos. Sa nakasulat, “Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Diyos, at sila'y magiging aking bayan." (Jeremias 31:31-33; Hebreo 8:8-10). Sa katunayan, ang bagong tipan ay nagpapatotoo sa isang katubusan, na nanganak ng walang humpay na pagaaway at tinatakan ng dugo.

Sa hindi mabilang ng mga siglo, marami ang natiis ang mga nakakaligalig na pagdurusa at hindi maintindihan na pang-aapi, na kinakalkula upang mabura ang katotohanan. Lalo na sa Madilim na panahon, ang liwanag ay sobrang naging nakakapaso at kinubli ng tradisyon ng mga tao ang sikat na kamangmangan, dahil ang mga naninirahan sa mundo ay kinamuhian ang karunungan at ginulo ang tipan. Ang pagkawasak ng pagka kasundo dahil sa paglaganap ng kasamaan ay siyang pumukaw sa hindi mapigilang paglaganap ng pagkabulok at kasamaan, kaya maraming buhay ang isinakripisyo na hindi nabigyan ng katarungan, pagtanggi na sumuko para sa kalayaan ng konsensiya. Gayunpaman, ang nawalang karunungan ay muling binuhay, partikular sa panahon ng Repormasyon.

Ang panahon ng Repormasyon noong ika 16 na siglo ang siyang nagpakita ng katotohanan, pangunahing pagbabago at naging bunga ng kaguluhan, na sumalamin sa Kontra Reposmasyon. Gayunpaman, sa kabuuan nito, may isang nakadiskubre na hindi maipagkakaila na importansya ng natatanging rebolusyon sa pananaw ng mga Repormador at ibang matatapang na tagabunsod. Sa kanilang paliwanag, ang isa ay kayang intindihin ang mapaminsalang digmaan, sa kadahilanan na pinagbabatayan sa hindi pang karaniwang labanan at pakikialam.

Ang aming salawikain: “Mga Libro ng Repormasyon, Nagbago ang Isip.” ay pinasisigla ang natatanging kategorya ng literatura, binubuo sa isang kritikal na panahon at ang ng epekto nito. Sumasalamin din ito sa pagpipilit ng personal na repormasyon, muling pagsilang at pagbabagong-anyo. At ang Gutenberg na naghihikayat sa paglilimbag, na kaisa ng ahensya ng pagsasalin, ay ipinakalat ang mga alituntunin ng binagong pananampalataya, ang iba ay limang daan na ang nakararaan, ang mga makabagong tagahikayat at nasa linya na midya ay nakikipag-komunikasyon sa bawat wika ng katotohanan sa mga huling oras na ito.

Talaan ng mga Nilalaman

Kapitulo 1 - Ang Layunin ng Dios Para sa Kanyang Iglesia 6
Kapitulo 2 - Pagsasanay sa Labindalawa 11
Kapitulo 3 - Ang Dakilang Komisyon..... 16
Kapitulo 4 - Pentecostes 22
Kapitulo 5 - Ang Kaloob ng Espiritu 29
Kapitulo 6 - Sa Pintuan ng Templo 35
Kapitulo 7 - Isang Babala Laban sa Pagpapaimbabaw 42
Kapitulo 8 - Sa Harapan ng Sanhedrin 46
Kapitulo 9 - Ang propesiyang ito ay natupad na tiyakan 51
Kapitulo 10 - Ang Pitong Diakono..... 53
Kapitulo 11 - Ang Unang Kristianong Martir 58
Kapitulo 12 - Ang Ebanghelyo sa Samaria 62
Kapitulo 13 - Tagapag-usig na Naging Alagad..... 68
Kapitulo 14 - Mga Araw ng Paghahanda 74
Kapitulo 15 - Mancmaliksik ng Katotohanan 80
Kapitulo 16 - Iniligtas Mula sa Bilangguan 86
Kapitulo 17 - Ang Pabalita ng Ebanghelyo sa Antioquia 94
Kapitulo 18 - Mga Tagapagbalita ng Ebanghelyo..... 101
Kapitulo 19 - Pangangaral sa mga Pagano 105
Kapitulo 20 - Judio at Gentil 112
Kapitulo 21 - Itinataasang Krus..... 119
Kapitulo 22 - Mga Rehiyon so Dako pa Roon 125
Kapitulo 23 - Tesalonica..... 131
Kapitulo 24 - Berea at Atenas 136
Kapitulo 25 - Corinto..... 143
Kapitulo 26 - Mga Sulat sa Tesalonica..... 151
Kapitulo 27 - Si Apolos sq Corinto 160
Kapitulo 28 - Efeso..... 167
Kapitulo 29 - Mga Araw ng Paggawa at Pagsubok..... 172

Kapitulo 30 - Isang Pabalita ng Babala at Pakiusap 177
Kapitulo 31 - Tinawag sa Lalong Mataas na Pamantayan 182
Kapitulo 32 - Dininig ang Pabalita 190
Kapitulo 33 - Isang Iglesiang Mapagkaloob 197
Kapitulo 34 - Paggawa sa Ilalim ng Kahirapan 205
Kapitulo 35 - Isang Natatalagang Paglilingkod 213
Kapitulo 36 - Kaligtasan sa mga Judio 220
Kapitulo 37 - Pagtalikod sa Galacia 226
Kapitulo 38 - Huling Paglalakbay ni Pablo sa Jerusalem 230
Kapitulo 39 - Si Pablo na Bilanggo 236
Kapitulo 40 - Paglilitis sa Cesarea 248
Kapitulo 41 - Nag-apila si Pablo Kay Ceasar 253
Kapitulo 42 - ‘‘Muntik Mo no Akong Noponiwola” 256
Kapitulo 43 - Ang Paglalayag at Pagkawasak ng Sasakyang-dagat 259
Kapitulo 44 - Sa Roma 264
Kapitulo 45 - Ang Sambahayan ni Ceasar 272
Kapitulo 46 - Isinulot Mula sa Roma 277
Kapitulo 47 - Pinalaya 287
Kapitulo 48 - Ang Huling Aresto 288
Kapitulo 49 - Si Pablo sa Harap ni Nero 291
Kapitulo 50 - Huling Liham ni Pablo 295
Kapitulo 51 - Hinatulang Mamatay 302
Kapitulo 52 - Isang Tapat na Katulong na Pastor 304
Kapitulo 153- Matatag Hanggang Wakas 315
Kapitulo 54 - Ang Minamahal na si Juan 320
Kapitulo 55 - Isang Tapat na Saksi 325
Kapitulo 56 - Binago ng Biyaya 332
Kapitulo 57 - Patmos 339
Kapitulo 58 - Ang Apocalipsis 345

Kapitulo 1 – Ang Layunin ng Dios Para sa Kanyang Iglesia

Ang iglesia ay itinalagang ahensya ng Dios para sa kaligtasan ng tao. Ito ay itinatag ukol sa paglilingkod, at ang misyon nito ay dalhin ang ebanghelyo sa sanlibutan. Sa pasimula pa ay naging panukala ng Dios na sa pamamagitan ng Kanyang iglesia ay ihayag sa sanlibutan ang Kanyang kaganapan at Kanyang lubos na paglalaan. Ang mga kaanib ng iglesia, silang Kanyang tinawagan mula sa kadiliman tungo sa Kanyang kagila-gilalas na kaliwanagan, ay magpapakita ng Kanyang kaluwalhatian. Ang iglesia ay pinaglalagakan ng kayamanan ng biyaya ni Kristo, at sa pamamagitan din ng iglesia ay mahahayag ito, kahit na sa mga "kapamahalaan at kapangyarihan sa matataas na dako," ang huli at lubos na pahayag ng pag-ibig ng Dios. Efeso 3:10. {AGA 9.1}

Marami at kahanga-hanga ang mga pangakong nakatala sa Kasulatan tungkol sa iglesia. "Ang Aking bahay ay tatawaging bahay ng panalangin para sa lahat ng tao." Isaias 56:7. "At Aking gagawing mapapalad sila at ang mga dakong nangasa palibot ng Aking burol; at Aking palalagpakin ang ulan sa kapanahunan; magkakaroon ng ulan ng pagpapala." "At Aking pagkakalooban sila ng mga pananim na ikababantog, at sila'y hindi na mangalilipol pa ng kagutom sa lupain, o magtataglay pa man ng kahihiyan sa mga bansa. At kanilang malalaman na Akong Panginoon nilang Dios ay sumasa kanila, at sila na sambahayan ni Israel ay Aking bayan, sabi ng Panginoong Dios. At kayong mga tupa Ko, na mga tupa sa Aking pastulan ay mga tao, at Ako'y inyong Dios, sabi ng Panginoong Dios." Ezekiel 34:26, 2931. {AGA 9.2}

"Kayo'y Aking mga saksi, sabi ng Panginoon, at Aking lingkod na Aking pinili: upang inyong maalaman at magsisampalataya kayo sa Akin, at inyong matalastas na Ako nga: walang Dios na inanyuan ng una sa Akin, o magkakaroon man pagkatapos Ko. Ako, samakatuwid baga'y Ako, ang Panginoon; at liban sa Akin ay walang Tagapagligtas. Ako'y nagpahayag, at Ako'y nagligtas, at Ako'y nagpakilala, at walang ibang diyos sa gitna ninyo: kaya't kayo ang Aking mga saksi." "Ako, ang Panginoon, ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at hahawak ng iyong kamay, at mag-iingat sa iyo, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga bansa; upang magdilat ng mga bulag na mata, upang maglabas ng mga bilanggo sa bilangguan, at nilang nanga-uupo sa kadiliman mula sa bilangguan." Isaias 43:10-12; 42:6,7. {AGA 9.3}

"Sa kalugod-lugod na panahon ay sinagot kita, at sa araw ng pagliligtas ay tinulungan kita: at Aking iningatan ka, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, upang ibangon ang lupain, upang ipamana sa kanila ang mga sirang mana; na nagsasabi sa kanilang nangabibilanggo, Kayo'y magsilabas; sa kanilang nangasa kadiliman, Pakita kayo. Sila'y magsisikain sa mga daan, at ang lahat na luwal na kaitaasan ay magiging kanilang pastulan. Sila'y hindi mangagugutom; o manga-uuhaw man; at hindi man sila mangapapaso ng init, o ng araw man:

sapagkat Siyang may awa sa kanila ay papatnubay sa kanila, samakatuwid baga'y sa tabi ng mga bukal ng tubig ay papatnubayan Niya sila. At Aking gagawing daan ang lahat ng Aking mga bundok, at ang Aking mga lansangan ay patataasin.... {AGA 10.1}

"Ikaw ay umawit, Oh langit; at magalak, Oh lupa; at kayo'y biglang magsiawit, Oh mga bundok: sapagkat inaliw ng Panginoon ang Kanyang bayan, at mahahabag sa Kanyang nagdadalamhati. Ngunit sinabi ng Sion, Pinabayaan ako ng Panginoon, at nilimot ako ng Panginoon. Malilimutan ba ng babae ang kanyang batang pasusuhin, na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kanyang bahay-bata? oo, ito'y makalilimot, ngunit hindi kita kalilimutan. Narito, Aking inanyuan ka sa mga palad ng Aking mga kamay; ang iyong mga kuta ay laging nangasa harap Ko." Isaias 49:8-16. {AGA 10.2}

Ang iglesia ay tanggulan ng Dios, ang Kanyang siyudad ng kanlungan, na Kanyang iniingatan sa sanlibutang nanghimagsik. Anumang kataksilan sa iglesia ay pagkakanulo sa Kanya na tumubos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang bugtong na Anak. Mula sa pasimula, ang iglesia ay binuo ng mga tapat na tao dito sa lupa. Sa bawat panahon ang Panginoon ay mayroong mga tapat na Kanyang mga bantay, na nagtaglay ng tapat na patotoo sa saling lahi na kanilang kinabuhayan. Ang mga bantay na ito ay nagbigay ng mga babala; at nang sila ay tawagang ibaba na ang mga kasuotang pandigma, iba naman ang nagsabalikat ng gawain. Dinala ng Dios ang mga ito sa ugnayan ng tipan sa Kanya, na pinagsasanib ang iglesia sa lupa sa iglesia sa langit. Isinugo Niya ang Kanyang mga anghel upang maglingkod sa Kanyang iglesia, at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi nagtagumpay laban sa Kanyang bayan. {AGA 10.3}

Sa mga daang taon ng pag-uusig, tunggalian, at kadiliman, tinulungan ng Dios ang Kanyang iglesia. Walang ulap na tumakip sa kanya na hindi Niya pinaghandaan; walang isa mang kalabang puwersang bumangon sa Kanyang gawain, na hindi Niya unang nakita. Lahat ay naganap ayon sa Kanyang hinulaan. Hindi Niya pinabayaan ang Kanyang iglesia, kundi ibinalangkas sa propesiya ang lahat na magaganap, at ang mga sinabi ng Kanyang Espiritu sa mga propeta ay pawang naganap. Lahat ng adhikain Niya ay matutupad. Ang Kanyang kautusan ay nakaugnay sa Kanyang trono, at walang anumang kapangyarihang masama ang maaaring sumira. Ang katotohanan ay kinasihan at ipinagsasanggalang ng Dios at ito ay magtatagumpay sa lahat ng oposisyon. {AGA 11.1}

Sa panahon ng kadilimang espirituwal ang iglesia ay naging siyudad na natayo sa ibabaw ng bundok. Sa bawat panahon, sa pagpapalit ng mga saling lahi, ang mga dalisay na doktrina ng langit ay nabubuksan sa loob ng kanyang mga hangganan. Mahina man at may kapintasan sa tingin, ang iglesia ay obheto ng tanging malasakit ng Dios. Ito ang teatro ng Kanyang biyaya, na dito ay nalulugod Siyang ihayag ang Kanyang kapangyarihang nagpapabago sa mga puso. {AGA 11.2}

"Saan natin itutulad ang kaharian ng Dios?" tanong ni Kristo, "o saan natin ito ihahambing?" Marcos 4:30. Hindi Niya magamit ang mga kaharian dito sa lupa upang maging hambingan. Sa lipunan ay wala rin Siyang makitang marapat na tularan. Ang mga kaharian sa lupa ay naghahari sa pamamagitan ng kapangyarihang pisikal; datapuwat sa kaharian ni Kristo ang bawat armas na masama, bawat instrumento ng pamimilit, ay pinalayas. Ang kahariang ito ay magtataas at inagpaparangal sa sangkatauhan. Ang iglesia ng Dios ay korte ng banal na pamumuhay, puspos ng iba't ibang kaloob at pinagkalooban ng Banal na Espiritu. Ang mga kaanib nito ay makasusumpong ng kanilang kaligayahan sa kaligayahan ng mga taong kanilang pinagpapala at tinutulungan. {AGA 11.3}

Kahanga-hanga ang gawaing nais ng Panginoon na gampanan sa pamamagitan ng Kanyang iglesia, upang ang Kanyang pangalan ay maluwalhati. Ang larawan ng gawaing ito ay ibinigay sa pangitain ni Ezekiel sa ilog na nagpapagaling: "Ang tubig na ito ay lumalabas sa dakong silanganang lupain, at bababa sa Araba, at huhugos sa dagat: sa dagat ay huhugos ang tubig na pinalabas, at ang tubig ay mapagagaling. At mangyayari, na bawat likhang may buhay, na dumadami, saan mang dako umaagos ang tubig, ay mababuhay:...at sa pampang ng ilog sa tabi niyaon, sa dakong ito at sa dakong yaon, tutubo ang sari-saring punong kahoy na pinaka pagkain, na ang dahon ay hindi matutuyo, ni magkukulang man ang bunga niyaon: magbubunga ng bago buwan-buwan, sapagkat ang tubig niyaon ay lumalabas sa santuwaryo; at ang bunga niyaon ay magiging pagkain, at ang dahon niyaon ay pampagaling." Ezekiel 47:8-12. {AGA 11.4}

Sa pasimula pa ay ipinanukala na ng Dios na sa pamamagitan ng Kanyang bayan ay darating ang pagpapala sa lupa. Sa sinaunang Egipto ay ginawa ng Dios si Jose na bukal ng buhay. Sa katapatan ni Jose ang buhay ng buong bayan ay naingatan. Sa pamamagitan ni Daniel ay iniligtas ng Dios ang buhay ng lahat ng mga pantas na lalaki ng Babilonia. At ang mga pagliligtas na ito ay mahalagang liksyon; naglalarawan ang mga ito ng mga espirituwal na pagpapalang inihahandog sa sanlibutan sa palakiugnay sa Dios na sinamba ni Jose at Daniel. Sa bawat pusong doon ay naninirahan si Kristo, bawat isang maghahayag ng Kanyang pag-ibig dito sa lupa, ay isang manggagawang kasama ng Dios sa pagkakaloob ng pagpapala sa tao. Sa pagtanggap niya ng biyaya mula sa Tagapagligtas upang maibahagi sa iba, sa kanyang buong pagkatao ay dadaloy ang agos ng kabuhayang espirituwal. {AGA 12.1}

Pinili ng Dios ang Israel upang maghayag ng Kanyang likas sa tao. Nais Niyang sila ay maging bukal ng kaligtasan sa sanlibutan. Sa kanila ay ipinagkatiwala ang mga hiwaga ng langit, ang paghahayag ng kalooban ng Dios. Sa mga unang araw ng Israel ang mga bansa sa lupa ay nawalan ng pagkakilala sa Dios sa kanilang masasamang gawa. Minsan ay nakaldlala sila sa Kanya; ngunit "hindi nila niluwalhati tulad sa Dios, ni pinasalamatan; kundi bagkus niwalang kabuluhan sa kanilang mga pagmamatuwid at ang mangmang nilang puso ay pinapagdilim." Roma 1:21. Gayunman sa kahabagan ng Dios sila ay hindi inubos. Binigyan

pa sila ng isang pagkakataon na makilala Siyang muli sa pamamagitan ng Kanyang bayang hirang. Sa pamamagitan ng mga turo ng mga sakripisyo, si Kristo ay itataas sa lahat ng mga bansa, at lahat ng titingin sa Kanya ay maliligtas. Si Kristo ang pundasyon ng bansang Israel. Ang buong sistema ng mga tipo at seremonya ay isang inipong propesiya ng ebanghelyo, isang pagkalahad na dito'y nakatali ang mga pangako ng pagtubos. {AGA 12.2}

Ngunit di naldta ng bayang Israel ang matataas na karapatan ng pagiging mga kinatawan ng Dios. Nakalimutan nila ang Dios at nagkulang na gampanan ang kanilang banal na misyon. Ang mga pagpapalang tinanggap nila ay di naging pagpapala sa sanlibutan. Lahat ng kanilang pakinabang ay ginamit sa pagluwalhati sa sarili. Ibinukod nila ang kanilang sarili sa sanlibutan upang makatakas sa tukso. Ang mga pagbabawal ng Dios sa kanila upang hindi makisalamuha sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan ay ginawa nilang pader na pagitan sa kanila at ibang mga bansa. Ninakawan nila ang Dios ng paglilingkod na inaasahan Niya sa kanila, at ninakawan din nila ang kanilang kapwa tao ng patnubay sa relihiyon at ng banal na halimbawa. {AGA 13.1}

Ang mga saserdote at pinuno ay nakabaon na sa hukay ng mga seremonya. Nasiyahan sila sa legal na relihiyon, at naging imposible para sa kanila ang magbahagi sa iba ng mga buhay na katotohanan ng langit. Inisip nila ang sariling katuwiran ay sapat na, at hindi nagnais na isang bagong sangkap ay madagdag sa kanilang relihiyon. Ang mabuting nasa ng Dios sa tao ay hindi nila tinanggap bilang bagay na hiwalay sa kanila, kundi kadugtong sa kanilang kabutihan dahilan sa kanilang mababuting gawa. Ang pananampalatayang gumagawa sa pag-ibig at nagdadalisay ng kaluluwa'y hindi makakita ng kaugnayan sa relihiyon ng mga Pariseo, na binubuo ng mga seremonya at utos ng tao. {AGA 13.2}

Tungkol sa Israel ay inihayag ng Dios: "Gayunma'y tinamnan kita ng mahal na puno ng ubas, na pawang mabuting binhi: bakit ka nga naging bansot na ibang puno ng ubas sa Akin?" Jeremias 2:21. "Ang Israel ay isang mayabong na baging, na nagbunga." Oseas 10:1 "At ngayon, Oh mga nananahan sa Jerusalem at mga tao sa Juda, hatulan ninyo, isinasamo Ko sa inyo, Ako at ang Aking ubasan. Ano pa ang magagawa Ko sa Aking ubasan na hindi Ko nagawa? ano't nang Aking hinihintay na magbubunga ng mga ubas, nagbunga ng ubas gubat?" {AGA 13.3}

"At ngayo'y Aking sasaysayin sa inyo ang gagawin Ko sa Aking ubasan: Aking aalisin ang bakod na siit niyaon, at sasalantain; Aking ibabagsak ang bakod niyaon, at mayayapakan: at Aking pababayaang sira: hindi kakapunin, o bubukirin man; kundi magsisitubo ay mga dawag at mga tinik: Akin ding iuutos sa mga alapaap na huwag nilang ulanan. Sapagkat ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo ay ang sambahayan ng Israel, at ang mga tao sa Juda ay ang Kanyang maligayang pananim: at Siya'y naghihintay ng kahatulan, ngunit narito, kapighatian; ng katuwiran, ngunit narito, daing." Isaias 5:3-7. "Hindi ninyo pinalakas ang payat, o inyo mang pinagaling ang may sakit, o inyo mang tinalian ang may bali, o inyo mang

ibinalik ang iniligaw, o inyo mang hinanap ang nawala; kundi inyong pinagpunuang may karahasan at may kahigpitan." Ezekiel 34:4. {AGA 13.4} Itinuring ng mga lider na Judio ang mga sariling napakapantas na upang mangailangan pa ng turo, napakamatuwid upang mangailangan ng kaligtasan, lubhang pinarangalan upang mangailangan pa ng karangalang buhat kay Kristo. Ang Tagapagligtas ay tumalikod sa kanila upang ipagkadwala sa iba ang mga karapatang kanilang inabuso at gawaing kanilang di pinansin. Ang kaluwalhatian ng Dios ay dapat ihayag, ang Kanyang salita ay dapat matatag. Ang kaharian ni Kristo ay dapat maitayo sa sanlibutan. Ang pagliligtas ng Dios ay dapat ipakilala sa mga siyudad ng mga ilang; at ang mga alagad ay dapat matawagan upang gampanan ang gawaing hindi nagampanan ng mga lider na Judio. {AGA 14.1}

Kapitulo 2 – Pagsasanay sa Labindalawa

Upang maisagawa ang Kanyang gawain, hindi pinili ni Kristo ang kaalaman o husay sa pagsasalita ng Sanhedrin ng mga Judio o ang kapangyarihan ng Roma. Nilagpasan ang mga mapagmatuwid sa sariling mga guro ng mga Judio, pinili ng Punong Manggagawa ang mga hamak, walang pinag-aralang tao upang siyang maghayag ng mga katotohanang magpapakilos sa sanlibutan. Ang mga lalaking ito ang Kanyang sasanayin at tuturuang maging lider ng Kanyang iglesia. Sila naman ay magtuturo sa iba at sila'y susuguing taglay ang pabalita ng ebanghelyo. Upang sila ay magtagumpay sa paggawa ay pagkakalooban sila ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Hindi sa lakas ng tao o karunungan man niya ipahahayag ang ebanghelyo, kundi sa kapangyarihan ng Dios. {AGA 15.1}

Sa tatlo at kalahating taon ang mga alagad ay nasa ilalim ng pagtuturo ng pinakadakilang Guro na nakilala ng sanlibutan. Sa personal na pakikisama sa kanila, sinanay sila ni Kristo sa paglilingkod sa Kanyang gawain. Sa bawat araw ay lumakad at nakipag-usap sila sa Kanya, nadidinig ang Kanyang mga salita ng kasiglahan para sa pagal at nabibigatan, at nakikita ang pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan para sa mga may sakit at bagabag. Minsan ay Kanyang tinuruan sila, magkakasamang nakaupo sa mga burol; kung minsan ay sa tabing-dagat o sa paglalakad sa mga daan, inihayag Niya ang mga hiwaga ng kaharian ng Dios. Saanmang dakong may mga pusong bukas sa pagtanggap ng pabalita ng langit, inihayag Niya ang mga katotohanan ng daan ng kaligtasan. Hindi Niya sinabi sa mga alagad na gawin ninyo ito, gawin ninyo iyan, kundi sinabi Niya, "Sumunod kayo sa Akin." Sa Kanyang mga paglalakbay sa mga bayan at siyudad, isinama Niya sila upang makita kung paano Siya magturo sa mga tao. Sa bawat dako ay kasama sila sa paglalakbay. Nagsalo sila sa kaunting pagkain, at tulad Niya, kung minsan ang mga alagad ay gutom at pagod. Sa masisikip na lansangan, sa tabing-dagat, at sa mapanglaw na disyerto, ay kanilang kasama Siya. Sa bawat bahagi ng buhay ay kanilang namasdan Siya. {AGA 15.2}

Sa ordinasyon ng Labindalawa nakita ang unang hakbang sa pagtatatag ng iglesia na matapos umalis si Kristo ay siyang magpapatuloy ng gawain Niya sa lupa. Sa ordinasyong ito ay sinasabi ng tala, "At Siya'y umahon sa bundok, at tinawag Niya ang balang Kanyang maibigan: at nagsilapit sila sa Kanya. At naghalal Siya ng labindalawa, upang sila'y makisama sa Kanya, at upang sila'y suguin Niyang magsipangaral." Marcos 3:13, 14. {AGA 16.1}

Masdan ang tanawing ito. Masdan ang Kamahalan ng langit na napapalibutan ng labindalawang Kanyang pinili. Sila'y handa nang ibukod para sa kanilang gawain. Sa pamamagitan ng mahihinang lalaldng ito, sa Kanyang Salita at Espiritu, ipinanukala Niyang ilahad ang kaligtasan sa abot-kamay ng lahat. {AGA 16.2}

May kagalakan at pagdiriwang, minasdan ng Dios at mga anghel ang tanawing ito. Alam ng Ama na sa mga lalaking ito ay magniningning ang liwanag ng langit; na ang mga salitang sasalitain nila sa pagsaksi sa Kanyang Anak, ay aalingawngaw sa paglakad ng mga saling lahi hanggang sa katapusan ng panahon. {AGA 16.3}

Ang mga alagad ay hahayo bilang mga saksi kay Kristo, na magpapahayag sa sanlibutan ng kanilang nakita at narinig sa Kanya. Ang kanilang tungkulin ay pinakamahalaga sa maaaring tawagan sa tao, ikalawa lamang sa naging gawain ni Kristo. Sila ay magiging kamanggagawa ng Dios sa pagliligtas ng tao. Tulad sa Lumang Tipan na ang labindalawang patriarka ay tumayo bilang mga kinatawan ng Israel, ang labindalawang apostol ay tatayong mga kinatawan ng iglesia ng ebanghelyo. {AGA 16.4}

Sa pasimula ng Kanyang gawain, sinikap ni Jesus na buwagin ang pader sa pagitan ng mga Judio at Gentil at mangaral tungkol sa kaligtasan sa lahat ng tao. Bagaman isang Judio, Siya'y nakisalamuhang malaya sa mga taga Samaria, at niwalang kabuluhan ang mga kaugalian ng mga Pariseo tungkol sa lahing ito na kanilang inaglahi. Natulog Siya sa ilalim ng kanilang mga bubong, kumain sa kanilang mga dulang, at nagturo sa kanilang mga lansangan. {AGA 16.5}

Ang Tagapagligtas ay nanabik na ilahad sa Kanyang mga alagad ang katotohanan tungkol sa pagbubuwag ng pader na nakapagitan sa Israel at ibang mga bansa—ang katotohanang "ang mga Gentil ay kapwa tapagmana" kasama ng mga Judio at "kabahagi sa Kanyang pangako kay Kristo sa pamamagitan ng ebanghelyo." Efeso 2:14; 3:6. Ang bahagi ng katotohanang ito ay nahayag nang Kanyang parangalan ang pananampalataya ng senturyon sa Capernaum, at gayon din nang Siya ay nangaral sa mga nananahan sa Sichar. Higit itong nahayag sa Kanyang pagdalaw sa Phoenicia, nang Kanyang pagalingin ang anak na babae ng babaeng Canaaneo. Ang mga karanasang ito ay nakatulong sa mga alagad na maunawaan na kabilang sa mga itinuturing nilang hindi karapat-dapat sa kaligtasan, ay may mga kaluluwang nagugutom sa liwanag ng katotohanan. {AGA 16.6}

Sa ganito ay sinikap ni Kristo na ituro sa mga alagad ang katotohanang sa kaharian ng Dios ay walang linya ng teritoryo, walang lipi, walang aristokrasya; sila ay dapat humayo sa lahat ng bansa at dadalhin sa kanila ang pabalita ng pag-ibig ng Tagapagligtas. Ngunit nagtagal pa bago nila nakuha ang buong isipan na "ginawa Niya sa isa ang bawat bansa ng mga tao upang magsipanahan sa balat ng buong lupa, at itinakda ang kanilang talagang ayos ng mga kapanahunan, at ang mga hangganan ng kanilang tahanan; upang kanilang hanapin ang Panginoon, baka sakaling maapuhap nila Siya, at Siya'y masumpungan, bagaman hindi Siya malayo sa bawat isa sa atin." Gawa 17:26, 27. {AGA 17.1}

Sa mga unang alagad na ito ay iniharap ang malinaw na pagkakaiba. Sila ay magiging mga guro sa sanlibutan, at sila ay kumakatawan sa iba't ibang uri ng likas. Upang matagumpay na

mapalago ang gawaing doon ay tinawagan sila, ang mga lalaldng ito, nagkakaiba sa mga natural na katangian at mga ugali ng buhay, ay kailangang dumating sa pagkakaisa ng damdamin, isipan, at pagkilos. Ang pagkakaisang ito ang naging layunin ni Kristo. Sa ganito ay sinikap Niyang ang mga alagad ay maging kaisa sa Kanya. Ang pasanin ng Kanyang paggawa para sa kanila ay nakita sa Kanyang dalangin sa Kanyang Ama, "Upang silang lahat ay maging isa; na gaya Mo, Ama, sa Akin, at Ako'y sa Iyo, na sila nama'y suma Atin;" "upang ang sanlibutan ay sumampalataya na Ako'y sinugo Mo, at sila'y Iyong inibig, na gaya Ko na inibig Mo." Juan 17:21, 23. Ang palagiang panalangin Niya para sa kanila ay yaong mapabanal sila ng katotohanan; at Siya ay dumalanging may kasiguruhan, sa pagkaalam na ang utos ng Makapangyarihan ay nabigay na bago pa lalangin ang mundo. Alam Niya na ang ebanghelyo ng kaharian ay ipangangaral sa mga bansa bilang saksi; alam Niya na ang katotohanan ay may lakas ng Banal na Espiritu, ay magwawagi sa pakikidigma sa kasamaan, at ang bandilang duguan balang araw ay iwawagayway na may tagumpay ng Kanyang mga tagasunod. {AGA 17.2}

Habang nagtatapos ang gawain ni Kristo sa lupa, at nadama Niyang di magtatagal ay lilisanin na Niya ang Kanyang mga alagad upang ipagpatuloy nila ang gawain na wala na ang Kanyang personal na pangangasiwa, sinikap Niyang palakasin sila at ihanda sa hinaharap. Hindi Niya sila dinaya ng mga maling pag-asa. Bilang isang aklat na bukas ay inilahad Niya sa kanila ang mga bagay na magaganap. Alam Niya na Siya ay malapit nang mahiwalay sa kanila, na iiwanan silang parang mga tupa sa harap ng mga lobo. Alam Niyang sila ay daranas ng mga pag-uusig, na sila ay itataboy mula sa mga sinagoga, at ibibilanggo. Alam Niya na sa kanilang pagsaksi sa Kanya na Mesias, ilan sa kanila ay papatayin. At ito ay inilahad Niya sa kanila. Tungkol sa hinaharap, maliwanag at tiyakan ang Kanyang paglalahad, upang sa darating na pagsubok ay maalaala nila ang Kanyang mga salita at mapalakas sa pananampalataya sa Kanya bilang Manunubos. {AGA 18.1}

Nagsalita rin Siya sa kanila ng pag-asa at pampalakas loob. "Huwag magulumihanan ang inyong puso," Kanyang sinabi; "magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa Akin. Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan: kung di gayon, ay sinabi Ko sana sa inyo. Sapagkat Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung Ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon. At kung saan Ako paroroon, ay nalalaman ninyo ang daan." Juan 14:1-4. Para sa inyo Ako ay naparito sa lupa; para sa inyo Ako ay gumagawa. Pag-alis Ko ay patuloy pa rin Akong gagawa para sa inyo. Naparito Ako sa lupa upang ihayag ang Aking sarili sa inyo, upang kayo ay sumampalataya. Paroroon Ako sa Aking Ama na inyo ring Ama upang makipagtulungan sa Kanya para sa inyo. {AGA 18.2}

"Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagkat Ako'y paroroon sa Aking Ama." Juan 14:12. Dito, ay hindi ibig sabihin ni Jesus na ang mga alagad ay higit pa ang magagawa kaysa nagawa Niya, kundi ang gawain ay magiging lalong malawak. Hindi lamang sa paggawa ng milagro, kundi sa lahat ng magagampanan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. "Datapuwat pagparito ng Mang-aaliw," Kanyang sinabi, "na Aking susuguin sa inyo mula sa Ama, samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay Siyang magpapatotoo sa Akin: At kayo naman ay magpapatotoo, sapagkat kayo'y nangakasama Ko buhat pa nang una." Juan 15:26,27. {AGA 18.3}

Ang mga salitang ito ay naganap na kahanga-hanga. Matapos bumaba ang Banal na Espiritu, ang mga alagad ay napuspos ng pagibig sa Kanya at para doon sa kinamatayan Niya, anupa't ang mga puso ay napalambot ng kanilang pagsasalita at sa mga panalanging kanilang sinambitla. Nangusap sila sa kapangyarihan ng Espiritu; at sa ilalim ng kapangyarihan nito ay libu-libo ang nahikayat. {AGA 19.1}

Bilang mga kinatawan ni Kristo ang mga alagad ay dapat gumawa ng tiyak na impresyon sa sanlibutan. Ang katunayang sila ay mga hamak na tao lamang ay di makakabawas ng kanilang impluwensya, kundi magdaragdag pa nito; sapagkat ang isipan ng makikinig ay dadalhin nila tungo sa Tagapagligtas na bagama't hindi nila nakikita, ay patuloy pa ring gumagawa na kasama nila. Ang kahanga-hangang turo ng mga apostol, ang kanilang mga salitang may tapang at pagtitiwala, ay magbibigay kasiguruhan sa lahat na hindi ang kanilang kapangyarihan ang gagawa, kundi ang kapangyarihan ni Kristo. Sa pagpapakababa sa sarili, ihahayag nilang ang ipinako sa krus ng mga Judio ay siyang Prinsipe ng buhay, ang Anak ng Dios na buhay, at sa Kanyang pangalan ay ginawa nila ang mga gawang Kanyang ginampanan. {AGA 19.2}

Sa Kanyang pamamaalam na pakikipag-usap sa Kanyang mga alagad sa bisperas ng pagkapako ang Tagapagligtas ay hindi bumanggit tungkol sa pagdurusang Kanyang mararanasan at naranasan na. Hindi Siya nagsalita tungkol sa kahihiyang Kanyang haharapin, kundi sinikap na dalhin sa kanilang mga isipan ang siyang magpapalakas ng kanilang pananampalataya, na mag-aakay sa kanila sa mga kagalakang naghihintay sa magtatagumpay. Nagdiwang Siya sa isipang makagagawa Siya ngayon ng higit sa Kanyang naipangako; na mula sa Kanya ay dadaloy ang pag-ibig at kahabagan, maglilinis ng templong katawan, at gagawing ang mga tao ay katulad Niya sa likas; na ang Kanyang katotohanan, may lakas ng Espiritu, ay hahayong nagtatagumpay at magtatagumpay. {AGA 19.3}

"Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo," Kanyang sinabi, "upang kayo ay magkaroon ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay magkakaroon kayo ng bagabag; ngunit mangagagalak kayo; nagtagumpay Ako sa sanlibutan." Juan 16:33. Si Kristo ay hindi nabigo,

o Siya'y nanlupaypay man; at ang mga alagad ay dapat maghayag ng isang pananampalatayang may katulad na pananatili. Sila ay gagawang katulad ng Kanyang paggawa, na umaasa sa Kanya sa kalakasan. Bagama't ang kanilang landas ay hahadlangan ng mga imposibilidad, gayunman ang Kanyang biyaya ang maghahatid sa kanila sa patuloy na paggawa na hindi manlulupaypay o magkukulang man. {AGA 19.4}

Natapos ni Kristo ang gawaing nabigay sa Kanya. Natipon Niya ang mga lalaldng magpapatuloy ng Kanyang gawain sa mga tao. At sinabi Niya: "Ako'y lumuluwalhati sa kanila. At wala na Ako sa sanlibutan, at ang mga ito ay nasa sanlibutan, at Ako'y paririyan sa Iyo. Amang Banal, ingatan Mo sila sa Iyong pangalan yaong mga ibinigay Mo sa Akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman Natin." "Hindi lamang sila ang idinadalangin Ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa Akin sa pamamagitan ng kanilang salita; upang silang lahat ay maging isa;...Ako'y sa kanila, at Ikaw ay sa Akin, upang sila'y malubos sa pagkakaisa, upang makilala ng sanlibutan na Ikaw ang sa Akin ay nagsugo, at sila'y Iyong inibig, na gaya Ko na inibig Mo.''Juan 17:10, 11,20-23. {AGA 20.1}

Kapitulo 3 – Ang Dakilang Komisyon

Matapos mamatay si Kristo ang mga alagad ay nanlulupaypay. Ang kanilang Panginoon ay tinanggihan, hinatulan, at ipinako. May paglibak na sinabi ng mga pinuno at saserdote, “Nagligtas Siya sa mga iba; sa Kanyang sarili ay hindi makapagligtas. Kung Siya ang Hari ng Israel, bumaba Siya ngayon sa krus, at tayo’y magsisisampalataya sa Kanya.” Mateo 27:42. Ang araw ng pag-asa ng mga alagad ay lumubog, at ang gabi ay dumating sa kanilang mga puso. Madalas na inulit nila ang mga pangungusap, “Nagtiwala tayo na Siya ang tutubos sa Israel.” Lucas 24:21. Nalulumbay at may sugat sa puso, naalaala nila ang Kanyang mga salita, “Kung magagawa ninyo ito sa punong luntian, ano ang magagawa sa tuyo?” Lucas 23:31. {AGA 21.1}

Hang beses na sinikap ni Jesus na buksan sa Kanyang mga alagad ang hinaharap, ngunit hindi nila pinansin ang Kanyang mga salita. Dahil dito ang Kanyang kamatayan ay naging sorpresa sa kanila; at pagkatapos, na repasuhin nila ang lumipas at malantad sa kanila ang kawalang pananampalataya, sila ay napuno ng lungkot. Nang si Kristo ay ipako sa krus, hindi sila nanampalatayang Siya ay muling babangon. Malinaw na sinabi Niya ang tungkol sa pagbangon sa ikadong araw, ngunit sila ay nalito at di maunawaan ang ibig Niyang sabihin. Ang kawalan ng pagkaunawang ito ay nag-iwan sa kanila sa panahon ng Kanyang kamatayan, sa lubos na kawalang pag-asa. Sila ay nabigo. Ang kanilang pananampalataya ay hindi tumagos sa anino na inihagis ni Satanas sa kanilang harapan. Lahat ay parang malabo at mahiwaga sa kanila. Kung naniwala lamang sila sa mga salita ng Tagapagligtas, malaking kalungkutan ang kanila sanang naiwasan! {AGA 21.2}

Sakbibi ng lumbay at kapanglawan, ang mga alagad ay nagtipon sa mataas na silid, ikinandado ang pintuan, sa pangamba na ang nangyari sa kanilang mahal na Guro ay mangyari din sa kanila. Dito sa silid na ito na ang nabuhay na muling Tagapagligtas, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli, ay napakita sa kanila. {AGA 21.3}

Sa loob ng apatnapung araw ay namalagi sa lupa si Kristo, inihahanda ang mga alagad sa gawaing nasa harapan nila at ipinaliliwanag ang mga bagay na hindi nila naunawaan. Inihayag Niya ang mga propesiyatungkol sa Kanyang pagparito, ang pagtanggi sa Kanya ng mga Judio, at ang Kanyang kamatayan, ipinakitang ang bawat paliwanag ng propesiya ay natupad. Sinabi Niyang ang katuparan ng mga propesiyang ito ay kasiguruhan para sa kanila ng kapangyarihang kailangan nila sa kanilang mga paggawa sa hinaharap. “Nang magkagayo’y binuksan Niya ang kanilang mga pag-iisip,” mababasa natin, “upang mapagunawa nila ang mga Kasulatan, at sinabi Niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na lanakailangang maghirap ang Kristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw: at ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan ay ipangaral sa Kanyang pangalan sa lahat

ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem.” At idinagdag pa Niya, “Kayo’y mga saksi ng mga bagay na ito.” Lucas 24:45-48. {AGA 22.1}

Sa mga panahong ito na kasama ni Kristo ang Kanyang mga alagad, sila ay nagkaroon ng bagong karanasan. Sa pagpapaliwanag sa kanila ng Panginoon tungkol sa Kasulatan sa liwanag ng lahat na naganap na, ang kanilang pananampalataya sa Kanya ay lubos na tumatag. At dumating sila sa puntong kanilang masasabi, “Nakikilala ko yaong aking sinasampalatayanan.” 2 Timoteo 1:12. Nadama nila ang likas at lawak ng kanilang gawain, na nakitang sila ay maghahayag sa sanlibutan ng katotohanang ipinagkatiwala sa kanila. Ang mga pangyayari sa buhay ni Kristo, ang Kanyang kamatayan at pagkabuhay na maguli, ang mga propesiyang nagtuturo sa mga pangyayaring ito, ang mga misteryo ng panukala ng kaligtasan, ang kapangyarihan ni Jesus sa paglilinis ng kasalanan—sa lahat ng mga ito ay naging saksi sila, at ang mga ito ay ipahahayag nila sa sanlibutan. Ihahayag nila ang ebanghelyo ng kapayapaan at kaligtasan sa pamamagitan ng pagsisisi at sa kapangyarihan ng Tagapagligtas. {AGA 22.2}

Bago pumanhik sa langit, itinalaga ni Kristo ang Kanyang mga alagad sa kanilang gawain. Sinabi Niya sa kanila na sila ang magsasagawa ng pamanang kapayapaan ng walang hanggang buhay sa sanlibutan. Kayo ay naging saksi ng Aking buhay ng sakripisyo para sa sanlibutan, Kanyang sinabi sa kanila, Nakita ninyo ang Aking mga paggawa para sa Israel. At bagaman ang Aking bayan ay ayaw lumapit sa Akin upang mabuhay, bagaman ang mga saserdote at pinuno ay nagawa sa Akin ang mga bagay na ito, bagaman Ako ay tinanggihan, gayunman ay may pagkakataon pa sila upang tanggapin ang Anak ng Dios. Nakita naman ninyo kung paanong ang lahat na lumapit sa Akin na nagpapahayag ng kanilang mga kasalanan, ay inalaya Kong tinanggap. Siya na lalapit sa Alan sa anumang paraan ay di Ko itatakwil. Sa inyo, mga alagad Ko, ay itinatagubilin ang pabalitang ito ng kahabagan. Ito ay ipagkakaloob sa mga Judio at Gentil—sa Israel, una sa lahat, sa lahat ng mga bansa, wika, at bayan. Lahat ng mananampalataya ay titipunin sa isang iglesia. {AGA 22.3}

Ang pangangaral ng ebanghelyo ang dakilang gawaing misyonero ng kaharian ni Kristo. Ang mga alagad ay gagawang maningas para sa mga tao, sa pagkakaloob sa lahat ng paanyaya ng kahabagan. Hindi sila maghihintay na ang mga tao ang lalapit sa kanila; sila ang lalapit sa mga taong taglay ang kanilang pabalita. {AGA 23.1}

Ang mga alagad ay magpapatuloy sa paggawa sa pangalan ni Kristo. Ang kanilang bawat salita at kilos ay tatawag ng pansin sa Kanyang pangalan, na siyang nagtataglay ng buhay na kapangyarihang dito ay maliligtas ang mga makasalanan. Ang kanilang pananampalataya ay masesentro sa Kanyang bukal ng habag at kapangyarihan. Sa Kanyang pangalan ay maglalahad sila ng mga kahilingan sa Ama, at sila ay tatanggap ng katugunan. Sila ay magbabautismo sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu. Ang pangalan ni Kristo ang kanilang magiging panghudvat na salita, ang tanda ng pagkakaiba, ang tali ng pagkakaisa,

ang otoridad ng kanilang mga pagkilos, at panggagalingan ng kanilang tagumpay. Walang anumang bagay na kilalalanin sa Kanyang kaharian na di nagtataglay ng Kanyang pangalan at pagsangayon. {AGA 23.2}

Nang sabihin ni Kristo sa mga alagad, Humayo kayo sa Aking pangalan upang tipunin sa iglesia ang lahat na sasampalataya, malinaw na iniharap Niya sa kanila ang pangangailangan ng pagpapanadli ng kasimplihan. Habang walang garbo at palabas, higit ang kanilang magiging impluwensya sa kabutihan. Ang mga alagad ay magsasalita sa katulad na payak na paraang ginamit ni Kristo. Ididiin nila sa mga makikinig ang mga liksyong itinuro Niya sa kanila. {AGA 23.3}

Hindi sinabi ni Kristo sa Kanyang mga alagad na ang kanilang gawain ay magiging magaan. Ipinakita Niya sa kanila ang malaganap na alyansa ng kasainaang hahanay laban sa kanila. Kailangang labanan nila ang "mga pamahalaan, kapangyarihan, mga pamunuan ng mga kadiliman ng sanlibutang ito, laban sa kadilimang espirituwal sa matataas na dako." Efeso 6:12. Datapuwat hindi sila lalabang nagiisa. May kasiguruhang sila ay sasamahan Niya; at kung sila ay haharap sa pananampalataya, sila ay kikilos sa ilalim ng kalasag ng Makapangyarihan sa lahat. Sila ay inatasang magpakatapang at magpakalakas; sapagkat ang Isang higit na makapangyarihan sa mga anghel ang kasama nila—ang Heneral ng mga hukbo ng langit. Siya ay lubusang naglaan para sa pagsasagawa ng gawain at Siya rin ang may pananagutan upang ito ay magtagumpay. Habang sila ay sumusunod sa Kanyang salita, at gagawang kaugnay Niya, hindi sila mabibigo. Humayo kayo sa lahat ng bansa, wika Niya. Humayo kayo sa mga pinakadulong bahagi ng mundo, at makatitiyak kayong ang Aking presensya ay sasainyo doon. Gumawa sa pananampalataya at pagtitiwala; sapagkat hindi Ko kayo iiwan kailanman. Palagi ay sasainyo Ako, tutulong sa pagganap ninyo ng tungkulin, pumapatnubay, nagpapaginhawa, nagpapabanal, nagpapanatili sa inyo, nagkakaloob sa inyo ng tagumpay sa pagsasalitang aalat ng nakikinig tungo sa langit. {AGA 23.4}

Ang sakripisyo ni Kristo para sa tao ay ganap at lubos. Ang kondisyon ng pagtubos ay nasapatan. Ang gawaing itinungo Niya sa lupa ay nagampanan na. Nabawi Niya ang kaharian mula kay Satanas at naging tagapagmana ng lahat ng bagay. Siya ay patungo na sa trono ng Dios, upang parangalan ng mga hukbo ng kalangitan. Nadaramtan ng di masusukat na kapangyarihan, sinabi Niya sa mga alagad ang kanilang gawain, "Humayo kayo kung magkagayon, at turuan ang lahat ng mga bansa, na bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu: na ituro sa kanilang ganapin ang lahat ng itinuro Ko sa inyo: at narito, Ako'y sasainyong palagi, kahit na sa hanggang katapusan." Mateo 28:19, 20. {AGA 24.1}

Bago lisanin ang Kanyang mga alagad, malinaw na inilahad ni Kristo ang likas ng Kanyang kaharian. Ipinaalaala sa kanila ang mga bagay na naituro na sa kanila tungkol dito. Inihayag Niyang hindi Niya panukala na magtatag ng kaharian dito sa lupa. Hindi Siya

hinirang upang maghari sa kaharian sa lupa sa trono ni David. Nang tanungin Siya ng mga alagad, “Panginoon, muli mo bang itatayo sa panahong ito ang kaharian ng Israel?” Siya’y tumugon, “Hindi para sa inyo ang malaman ang mga panahon, na itinatag ng kapangyarihan ng Ama.” Gawa 1:6, 7. Hindi kailangang maldta nila ang hinaharap liban sa mga paghahayag na ipinagkaloob Niya sa kanila. Ang gawain nila ay ipahayag ang pabalita ng ebanghelyo. {AGA 24.2}

Ang nakikitang presensya ni Kristo ay aalisin na sa mga alagad, ngunit isang bagong pagkakaloob ng kapangyarihan ang sasakanila. Ang Banal na Espiritu ay ibibigay sa kanila sa kapuspusan, na magtatatak sa kanila sa kanilang paggawa. Wika ng Tagapagligtas, “Isusugo ko sa inyo ang pangako ng aking ama: manatili kayo sa siyudad ng Jerusalem, hanggang sa kayo’y pagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas.” Lucas 24:49. “Sapagkat si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwat kayo ay mababautismuhan ng Banal na Espiritu ilang araw na lamang mula ngayon.” “Tatanggap kayo ng kapangyarihan, matapos na ang Banal na Espiritu ay mapasainyo: at kayo’y magiging saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea, at sa Samaria, at hanggang sa pinakadulong bahagi ng lupa.” Gawa 1:5, 8. {AGA 25.1}

Alam ng Tagapagligtas na walang anumang argumento, gaano man kaliwanag, ang magpapalambot ng pusong matigas o sisira ng balot ng kamunduhan at kasakiman. Alam Niya na ang mga alagad ay dapat tumanggap ng kaloob na ito ng langit; na ang ebanghelyo ay magiging mabisa lamang kung ito ay ihahayag ng mga pusong pinainit at labing pinatamis ng buhay na karanasan sa Kanya na Siyang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Ang gawaing itinalaga sa mga alagad ay nangangailangan ng dakilang bisa; sapagkat ang agos ng kasamaan ay malalim at malakas laban sa kanila. Isang gising, determinadong lider ang nangunguna sa mga puwersa ng kadiliman, at ang mga alagad ni Kristo ay makikidigma para sa matuwid sa pamamagitan lamang ng tulong ng Dios, na sasakanila sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. {AGA 25.2}

Sinabi ni Kristo sa Kanyang mga alagad na magsisimula sila ng kanilang gawain sa Jerusalem. Ang siyudad ay naging tagpo ng Kanyang kamangha-manghang sakripisyo para sa lahi ng tao. Doon, nadaramtan ng katauhan, Siya ay lumakad at nagsalita sa mga tao, at kakaunti ang nakaunawa kung gaano kalapit ang langit sa lupa. Doon Siya ay nahatulan at ipinako. Sa Jerusalem ay marami ang palihim na nanampalataya kay Jesus ng Nasaret na Siyang Mesias, at marami din ang nadaya ng mga saserdote at mga pinuno. Sa kanila ay dapat iaral ang ebanghelyo. Sila ay dapat tawagan sa pagsisisi. Ang kahangahangang katotohanan na tanging kay Kristo lamang na ang paglilinis nga kasalanan ay matatamo, ay dapat na maging maliwanag. At habang ang buong Jerusalem ay nakilos ng mga nakagigimbal na pangyayari sa lumipas na linggo, ang pangangaral ng mga alagad ay makagagawa ng pinakamalalim na impresyon. {AGA 25.3}

Sa panahon ng Kanyang ministeryo, laging idiniin ni Kristo sa mga alagad na sila ay magiging kaisa Niya sa gawaing pagbawi sa mundo mula sa pagkaalipin ng kasalanan. Nang Kanyang isugo ang Labindalawa at sinundan ng Pitumpo, upang ihayag ang kaharian ng Dios, itinuturo Niya sa kanila ang kanilang tungkulin na ibahagi sa iba ang mga bagay na Kanyang ipinaalam sa kanila. Sa buong gawain Niya, tinuman silang gumawang mag-isa, na magpalawak sa pagdaragdag ng bilang, hanggang sa ang pinakadulong bahagi ng lupa ay maabot. Ang huling liksyong Kanyang ibinigay sa mga alagad ay ito: sa kanila ay ipinagkatiwala ang mabuting balita ng kaligtasan para sa sanlibutan. {AGA 26.1}

Nang panahon na upang si Kristo ay pumanhik sa Ama, dinala ni Jesus ang mga alagad hanggang sa Betania. Dito sila ay nagpahinga at ang mga alagad ay nasa paligid Niya. Habang ang mga kamay ay nakalahad sa pagpapala sa kanila, tulad ng pagbibigay kasiguruhan ng Kanyang nagsasanggalang na malasakit, dahan-dahang Siya ay pumaitaas. “At nangyari na habang sila ay pinagpala niya, na siya ay nahiwalay sa kanila at dinala sa langit.” Lucas 24:51. {AGA 26.2}

Habang ang mga alagad ay nakatingin sa itaas sa huling pagtanaw sa kanilang Panginoong pumapaitaas, Siya ay tinanggap sa kagalakan ng mga anghel sa langit. Habang sinasamahan Siya ng mga anghel sa mga korte sa itaas, sila ay umaawit sa tagumpay, “Magsiawit kayo sa Dios, kayong mga kaharian sa lupa; O magsiawit kayo ng papuri sa Panginoon, Siya na nakasakay sa langit ng mga langit.... Iukol ang kalakasan sa Dios: ang
Kanyang kagalingan ay sa buong Israel, at ang Kanyang kalakasan ay nasa kalangitan.” Awit 68:32-34. {AGA 26.3}

Matamang nakatingin pa rin sa langit ang mga alagad nang, “dalawang lalaki ang tumayong kasama nila na may suot na puting damit; ang nagwika rin, Kayong mga lalaki ng Galilea, bakit kayo nakatanaw sa langit? ang Jesus ding ito na kinuha mula sa inyo sa kalangitan, ay babalik sa inyo sa katulad na paraang Siya ay nagtungo sa langit.” Gawa 1:10, 11. {AGA 26.4}

Ang pangako ng muling pagparito ni Kristo ay laging sasariwain sa isipan ng Kanyang mga alagad. Ang Jesus ding ito na kanilang nakitang pumapanhik sa langit, ay muling babalik, upang kunin ang mga sa lupang ito ay naglingkod sa Kanya. Ang gayon ding tinig na nagsabi sa kanilang, “Ako’y sasainyo, kahit na hanggang sa katapusan,” ang siya ring tatanggap sa kanila sa Kanyang presensya sa kaharian sa langit. {AGA 26.5}

Kung paanong sa serbisyo sa santuwaryo ay hinuhubad ng punong saserdote ang kanyang damit upang maglingkod na suot ang damit ng karaniwang saserdote, sa ganito rin ay hinubad ni Kristo ang Kanyang damit hari at nagsuot ng pagkatao at inihandog ang sarili bilang sakripisyo. Siya ang saserdote, at Siya rin ang biktima. Kung paanong ang punong saserdote, matapos ang paglilingkod sa kabanalbanalang dako, ay haharap sa naghihintay na kapulungan

sa kanyang kasuotang punong saserdote gayundin si Kristo ay paririto sa ikalawa, suot ang damit na pinakamaputi sa maputi, “na walang sinumang makapagpapaputi nito sa lupa.” Marcos 9:3. Siya ay paririto sa Kanyang sariling kaluwalhatian, at sa kaluwalhatian ng Kanyang Ama, at ng laksang mga anghel na kasama Niya. {AGA 27.1}

Sa ganito ay matutupad ang pangako ni Kristo sa Kanyang mga alagad, “Ako’y muling paririto, upang tanggapin kayo sa Aking sarili.” Juan 14:3. Silang nagmahal sa Kanya at naghintay sa Kanya ay magpuputong sa Kanya ng korona ng kaluwalhatian, karangalan at kawalang kamatayan. Ang mga matuwid na banal ay babangon mula sa mga libingan, at silang buhay ay aagawing kasama nila sa alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin. Madidinig nila ang tinig ni Jesus, higit na matamis kaysa alin mang musikang nadinig ng tainga ng tao, na nagsasabi sa kanila, Ang inyong pakildpagbaka ay natapos na. “Parito kayo, mga pinagpala ng Aking Ama, manahin ninyo ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang itatag ang sanlibutan.” Mateo 25:34. {AGA 27.2}

Ang mga alagad ay galak na galak sa pag-asa ng pagbabalik ng kanilang Panginoon. {AGA 27.3}

Kapitulo 4 – Pentecostes

Sa pagbalik ng mga alagad sa Jerusalem mula sa Olibet, nakatingin ang mga tao sa kanila, na inaasahang sila ay nalulungkot, nagugulumihanan, at bigo; datapuwat ang nabanaag nila ay kagalakan at tagumpay. Hindi na ngayon namamanglaw ang mga alagad sa kanilang nabigong pag-asa. Nakita nila ang Tagapagligtas na muling nabuhay, at ang mga salita ng pangako habang namamaalam sa kanila ay patuloy na umaalingawngaw sa kanilang pakinig. {AGA 28.1}

Bilang pagsunod sa tagubilin ni Kristo, sila ay namalagi sa Jerusalem upang hintayin ang pangako ng Ama,—ang pagbubuhos ng Espiritu. Hindi sila naghintay na walang ginagawa. Ayon sa tala, sila ay "laging nasa templo, nagpupuri at nagpapala sa Dios." Lucas 24:53. Nagkatipon din sila upang iharap ang mga kahilingan sa Ama sa pangalan ni Jesus. Alam nilang mayroon silang Kinatawan sa langit, isang Tagapagtanggol sa trono ng Dios. Sa banal na paggalang ay tumungo sila sa panalangin, na inuulit ang kasiguruhang, "Anuman ang inyong hingin sa Ama sa Aking pangalan, ay ipagkakaloob Niya sa inyo. Hindi pa kayo nakakahingi sa Aking pangalan: humingi kayo at kayo'y tatanggap, upang ang inyong kagalakan ay malubos." Juan 16:23, 24. Pataas at pataas pa ay inangat nila ang mga kamay ng pananampalataya, taglay ang makapangyarihang argumento, "Si Kristo ang namatay, oo, at nabuhay mag-uli, at nasa kanang kamay ng Dios, at namamagitan para sa atin." Roma 8:34. {AGA 28.2}

Habang ang mga alagad ay naghihintay sa katuparan ng pangako, sila naman ay nagpakababa ng puso sa tunay na pagsisisi at nagkumpisal ng kanilang kawalang pananampalataya. At habang inaalaala nila ang mga salita ni Kristo bago Siya mamatay, higit nilang naunawaan ang mga buong kahulugan nito. Mga katotohanang nakalimutan ay muling naalaala, at inulit sa isa't isa. Sinisi nila ang kanilang mga sarili sa hindi pagkaunawa sa Tagapagligtas. Tulad ng isang prosisyon, ang bawat tanawin ng Kanyang kahanga-hangang buhay ay nakita nila. At habang nagbubulay-bulay sila sa Kanyang dalisay, banal na buhay nadama nilang walang paggawang magiging napakahirap, walang sakripisyong napakadakila, kung sila lamang ay handang sumaksi sa kanilang pagsaksi sa kanilang buhay sa kagandahan ng likas ni Kristo. Kung muli sanang maisasakabuhayan ang nakalipas na tadong taon, gaano nga kaiba ang magiging karanasan nila! Kung muli sanang makikita nila ang Panginoon, gaano nga kataimtim na ipahahayag nila ang pagmamahal sa Kanya, at gaano kataimtim na sila ay mamamanglaw dahilan sa kawalang pananampalatayang naihayag sa salita at gawa! Ngunit sila ay pinasigla ng isipang sila naman ay pinatawad. At nagpasya silang, hanggang sa makakaya, ay babawi sila sa kanilang kakulangan ng pananampalataya sa pamamagitan ng matapang na pagpapakilala sa Kanya sa sanlibutan. {AGA 28.3}

Ang mga alagad ay nanalanging maningas upang maging angkop sa pagharap sa mga tao, at sa kanilang araw-araw na pakikitungo ay makapagsalitang makaaakay sa mga makasalanan kay Kristo. Isinantabi ang lahat ng inggitan at pagkakabaha-bahagi, ang hangaring mangulo, sila ay naging malapit kay Kristo sa pagsasamahan. Naging malapit sila sa Dios, at sa paggawa nila nito, ay nadama nila ang karapatang maging malapit na kasama ni Kristo. Kalungkutan ang pumuno sa kanilang puso sa pag-alala nila kung ilang beses ay pinalungkot nila Siya dahil sa kabagalan nilang umunawa, ang kanilang pagkakamaling unawain ang mga aral para sa kanilang kabutihan na Kanyang sinisikap na ituro sa kanila. {AGA 29.1}

Ang mga araw na ito ng paghahanda ay mga araw ng malalim na pagsasaliksik ng puso. Nadama ng mga alagad ang pangangailangang espirituwal, at nanangis sa Panginoon sa banal na pagpapahid na mag-aangkop sa kanila sa gawain ng pagliligtas ng tao. Hindi sila humiling ng pagpapala para sa kanila lamang. Naipasabalikat sa kanila ang pasanin tungkol sa kaligtasan ng mga tao. Nadama nilang ang ebanghelyo ay dapat dalhin sa sanlibutan, at inangkin nila ang kapangyarihang pangako ni Kristo. {AGA 29.2}

Sa panahon ng mga patriarka ang impluwensya ng Banal na Espiritu ay madalas na naipahayag sa tiyak na paraan, ngunit kailanman ay hindi sa lubusang paraan. Ngayon, bilang pagsunod sa salita ng Tagapagligtas, ang mga alagad ay dumalangin ukol sa kaloob na ito, at sa langit ay idinagdag ni Jesus ang Kanyang pamamagitan. Inangkin Niya ang kaloob ng Espiritu, upang ito naman ay maibuhos sa Kanyang bayan. {AGA 29.3}

“Nang dumating ang araw ng Pentecostes, sila ay nagkakatipon sa isang dako. At biglang may nadinig na ugong mula sa langit tulad ng malakas na hangin, at pinuno ang bahay na kanilang kinauupuan.” {AGA 30.1}

Ang Espiritu ay lumapag sa mga naghihintay, at nananalanging mga alagad sa kaganapang umabot sa bawat puso. Ang Walang Katapusan ay naghayag ng Sarili sa kapangyarihan sa Kanyang iglesia. Sa pagdaan ng mga panahon ay parang ang kapangyarihang ito ay pigil, at ngayon ay nagagalak ang Langit na ibuhos sa iglesia ang kayamanan ng biyaya ng Espiritu. At sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu, mga pangungusap ng pagsisisi at pagkukumpisal ay sumanib sa mga awit ng papuri sa mga kasalanang napatawad. Mga salita ng pagpapasalamat at propesiya ay nadinig. Buong Langit ay yumukod upang masdan at papurihan ang karunungan ng di mapapantayan, di mauunawaang pag-ibig. Sa pagkamangha, nasambit ng mga alagad, “Narito ang pag-ibig.” Tinanggap nila ang kaloob na handog. At ano ang sumunod? Ang sandata ng Espiritu, bagong hasa sa kapangyarihan at mga kidlat ng langit, ay nanalasa sa kawalang pananampalataya. Libu-libo ang nahikayat sa isang araw. {AGA 30.2}

“Nararapat sa inyo na Ako’y yumaon,” sinabi ni Kristo sa Kanyang mga alagad; “sapagkat kung hindi Ako yayaon, ang Mang-aaliw ay hindi paririto sa inyo; ngunit kung Ako’y yumaon, Siya’y susuguin Ko sa inyo.” “Gayunma’y kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan,

ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan: sapagkat hindi Siya magsasalita ng mula sa Kanyang sarili; kundi ang anumang bagay na Kanyang marinig, ang mga ito ang Kanyang sasalitain: at Kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." Juan 16:7, 13. {AGA 30.3}

Ang pagpanhik ni Kristo sa langit ay hudyat na ang mga alagad Niya ay tatanggap ng pangakong pagpapala. Ito ay hinintay nila bago sila magsimula ng gawain. Nang si Kristo ay pumasok sa kalangitan, Siya ay umupo sa gitna ng parangal ng mga anghel. Nang matapos ang seremonyang ito, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa mga alagad sa masaganang daloy, at tunay na si Kristo ay naluwalhati, tulad ng kaluwalhatiang taglay Niya kasama ng Ama sa walang hanggan. Ang pagbubuhos ng Pentecostes ay pahayag ng Langit na ang inagurasyon ng Manunubos ay naganap na. Ayon sa Kanyang pangako isinugo Niya ang Banal na Espiritu mula sa langit sa Kanyang mga tagasunod, upang maging palatandaan na Siya, bilang saserdote at hari, ay tumanggap ng buong otoridad sa langit at lupa, at Siyang Pinahiran sa Kanyang bayan. {AGA 30.4}

"At may napakita sa kanilang mga dilang tulad ng apoy, at ito'y lumapag sa bawat isa sa kanila. At lahat sila'y napuspos ng Banal na Espiritu, at nagsimulang mangusap sa ibang wika, ayon sa kaloob ng Espiritu." Ang Banal na Espiritu, sa anyo ng mga dilang apoy, ay lumapag sa mga nagkakatipon. Ito ay sagisag ng kaloob na noon ay ibinigay sa mga alagad, na dahil dito'y nagkaroon sila ng pagkabihasa sa mga wikang kailanman ay di nila natutunan. Ang anyo ng apoy ay pahayag ng maningas na sigasig na sa pamamagitan nito ang mga alagad ay gagawa, at sa kapangyarihang lalakip sa kanilang gawain. {AGA 31.1}

"May mga naninirahan sa Jerusalem na mga Judio, mga tapat at banal, na nagmula sa bawat bansa sa silong ng langit." Sa panahon ng pangangalat, ang mga Judio ay naikalat sa bawat bahagi ng tinitirahang sanlibutan, at sa kanilang pagkadistiyero sila ay natuto ng iba't ibang wika. Marami sa mga Judiong ito ay nasa Jerusalem, na dumalo sa banal na pagtitipon doon. Bawat kilalang wika ay kinatawanan ng mga nagkatipong ito. Ang pagkakaiba ng mga wika ay naging sagabal sana sa pagpapahayag ng ebanghelyo; ang Dios sa gayon ay nagpuno sa kahanga-hangang paraan ng kakulangan ng mga alagad. Ginawa para sa kanila ng Banal na Espiritu ang hindi nila magagampanan kahit na sa buong buhay nila. Ngayon ay maihahayag na nila ang ebanghelyo sa ibang dako, na magsasalitang may bisa sa mga wika ng kanilang paglilingkuran. Ang milagrong kaloob na ito ay katibayan sa sanlibutan na ang kanilang pagkasugo ay taglay ang pagsang-ayon ng Langit. Mula sa panahong ito ang mga pangungusap ng mga alagad ay naging dalisay, payak, at wasto, maging sa kanilang wika o sa iba man. {AGA 31.2}

"Nang ang bagay na ito ay maipamalita, ang karamihan ay nagkatipon, at nagulat, sapagkat bawat isa ay nadinig sa kanilang sariling wika ang pagsasalita ng mga alagad. At lahat sila ay namangha, at nagulat, at nagsabi sa isa't isa, Hindi ba ang mga taong itong nagsasalita ay

mga taga Galilea? at bakit nga nadidinig natin silang nagsasalita sa ating sariling wika, na doon tayo ay ipinanganak?" {AGA 31.3}

Ang mga saserdote at pinuno ay galit na galit sa ganitong kahangahangang pagpapahayag, ngunit hindi sila magkalakas loob na sundin ang masamang isipan, sa takot na malantad sa karahasan ng bayan. Ipinapatay nila ang Nasareno; ngunit ngayon ay narito naman ang Kanyang mga lingkod, mga walang pinag-aralang tao mula sa Galilea, na naghahayag sa mga kilalang wika, ng istorya ng Kanyang buhay at ministeryo. Ang mga saserdote, sa hangad na mabigyang paliwanag ang kababalaghang kapangyarihan ng mga alagad na ito ay likas lamang, ay nagpahayag na sila'y lasing dahilan sa maraming nainom na alak sa kapistahan. Ang ilan sa mga pinaka-mangmang sa bayan ay naniwala dito, ngunit ang higit na pantas ay alam na hindi ito totoo; at silang nakakaunawa ng mga ibang wika ay nagpatotoo sa wastong pagsasalita ng mga alagad sa mga banyagang wikang ito. {AGA 31.4}

Bilang tugon sa paratang ng mga saserdote ipinakita ni Pedro na ang bagay na ito ay tiyak na katuparan ng propesiya ni Joel, na nagsabing ang gayong kapangyarihan ay lalakip sa mga lalaking angkop sa isang tanging gawain. "Kayong mga lalaki ng Judea, at kayong lahat na nananahan sa Jerusalem," kanyang sinabi, "alamin ninyo ito, at dinggin ninyo ang aking mga salita: sapagkat hindi sila lasing, gaya ng pag-akala ninyo, sapagkat ngayon ay ikadong oras pa lamang ng araw. Datapuwat ito ang sinalita sa pamamagitan ni propeta Joel: At mangyayari sa mga huling araw, wika ng Dios, Aldng ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman: at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay magpropropesiya, at ang inyong matatanda ay makakakita ng pangitain, at sa Aking mga lingkod na lalaki at babae ay ibubuhos Ko sa panahong iyon ang Aking Espiritu; at sila ay magpropropesiya. " {AGA 32.1}

May linaw at kapangyarihang nagpatotoo si Pedro sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo: "Kayong mga lalaki ng Jerusalem, dinggin ninyo ang mga salitang ito: si Jesus ng Nasaret, ang lalaking taglay ang pagsang-ayon ng Dios sa gitna ninyo sa pamamagitan ng mga milagro at tanda, na ginawa ng Dios sa pamamagitan Niya sa gitna ninyo, tulad din ng inyong nalalaman: Siya...na inyong hinuli, at sa kamay ng mga salarin ay ipinako at pinaslang: Siya na muling ibinangon ng Dios, na kalagan ang mga tali ng kamatayan: sapagkat hindi maaaring Siya ay matalian nito." {AGA 32.2}

Hindi binanggit ni Pedro ang mga aral ni Kristo upang patunayan ang Kanyang paniniwala, sapagkat alam niya ang malaking galit at maling akala ng mga nakikinig sa kanya anupa't ang mga salita niya ay mawawalang bisa lamang. Sa halip, ay nagsalita siya sa kanila tungkol kay David, na itinuturing ng mga Judio bilang isa sa mga patriarka ng bansa. "Si David ay nagsalita tungkol sa Kanya," kanyang pinahayag, "Nakita Kong palagi ang Panginoon sa harapan Ko, sapagkat Siya ay nasa Aking kanang kamay, upang Ako ay di makilos: sa gayon ay nagalak ang Aking puso, at ang Aking dila ay nagdiwang; bukod dito ang Aking laman ay

magpapahinga sa pag-asa: sapagkat di Mo iiwan ang Aking kaluluwa sa impiyerno, ni di Mo babayaang ang Iyong Banal ay makakita ng kabulukan.... {AGA 32.3}

"Mga kapatid, bayaan ninyong mangusap akong malaya tungkol sa inyong patriarkang si David, na patay na at nakalibing, at ang libingan niya ay nasa atin hanggang sa panahong ito." "Siya...ay nangusap tungkol sa pagkabuhay mag-uli ni Kristo, na ang Kanyang kaluluwa ay di naiwan sa impiyerno, ni ang Kanyang laman ay nakatikim ng pagkabulok. Ang Jesus na ito ay ibinangon ng Dios, at tayong lahat ay mga saksi nito." {AGA 33.1}

Ang tanawin ay puspos ng interes. Masdan ang mga taong buhat sa iba't ibang dako upang pakinggan ang mga alagad na sasaksi sa katotohanang na kay Jesus. Sila ay naggigitgitang papasok sa templo. Mga saserdote at pinuno ay naroroon, ang simangot ng paghamak ay nasa kanilang mga mukha, mga puso nila ay puspos ng pagkamuhi laban kay Kristo, ang kanilang mga kamay ay may bahid pa ng dugo sa kanilang pagpako sa Manunubos ng sanlibutan. Inakala nilang ang mga alagad ay masisindak ng pagkatakot sa ilalim ng kamay ng pangaapi at pagpatay, ngunit nasumpungang sila ay ligtas sa takot at puspos ng Espirini, na naghahayag na may kapangyarihan sa pagkaDios ni Jesus ng Nasaret. Nadidinig nila silang naghahayag na may tapang na Siyang kalalagay pa lamang sa kahihiyan, pinagtawanan, pinaslang ng marahas na mga kamay, at napako, ang Prinsipe ng buhay, ngayon ay itinaas sa kanang kamay ng Dios. {AGA 33.2}

Ilan sa mga nakinig sa mga apostol ay nagkaroon ng aktibong bahagi sa pagparatang at kamatayan ni Kristo. Ang mga tinig nila ay nakasama ng kaguluhang nagbunga ng Kanyang pagkapako sa krus. Nang si Jesus at Barabas ay nakatayo sa harapan nila sa bulwagang hukuman, at nagtanong si Pilato, "Sino ang nais ninyong pakawalan ko sa inyo?" sila ay sumigaw, "Hindi ang lalaking ito, kundi si Barabas!" Mateo 27:17; Juan 18:40. Nang ibigay ni Pilato si Kristo sa kanila, at nagsabi, "Kunin ninyo Siya, at ipako sa krus: sapagkat wala akong masumpungang kasalanan sa Kanya;" "Wala akong kasalanan sa dugo ng matuwid na taong ito," sila ay sumigaw, "Ang dugo Niva ay mapasaamin, at sa aming mga anak." Juan 19:6; Mateo 27:24,25. {AGA 33.3}

Ngayon ay nadidinig nila mula sa mga alagad na ang ipinako sa krus ay ang Anak ng Dios. Mga saserdote at pinuno ay nanginig sa takot. Kombiksyon at kalumbayan ay sumapuso ng bayan. "Sila ay nasugatan sa puso, at sinabi kay Pedro at sa mga alagad, Mga kapatid, ano ang gagawin namin?" Kabilang sa mga nakinig sa mga alagad ay mga debotong Judio, na taimtim sa kanilang mga paniniwala. Ang kapangyarihang taglay ng mga nagsasalita ay nakakumbinse sa kanila na tunay ngang si Jesus ang Mesias. {AGA 34.1}

"At sinabi ni Pedro sa kanila, Magsisi kayo, at mabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo sa ikapagpapatawad ng kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.

Sapagkat ang pangako ay ukol sa inyo, at sa inyong mga anak, at sila na nasa malalayong dako, lahat ng tatawagan ng Panginoong Dios." {AGA 34.2}

Idiniin ni Pedro sa mga tao na tinanggihan nila ang Kristo sapagkat sila ay nadaya ng mga saserdote at mga pinuno; at kung patuloy pa silang tatanggap ng payo sa mga taong ito, at maghihintay pa silang kilalanin si Kristo bago nila ito gawin, kailanman ay di nila Siya matatanggap. Ang mga makapangyarihang lalaking ito, gayong nagpapanggap ng kabanalan, ay may ambisyon sa makalupang kayamanan at luwalhati. Hindi sila handang lumapit kay Kristo ukol sa liwanag. {AGA 34.3}

Sa impluwensya ng liwanag ng langit, ang mga kasulatang ipinaliwanag ni Kristo sa mga alagad ay naging makinang na sakdal na katotohanan sa kanila. Ang tabing na humadlang upang di nila maunawaan ang mga bagay na lumipas na, ngayon ay naalis, at sakdal sa liwanag na, naunawaan nila ang adhikain ng misyon ni Kristo at ang likas ng Kanyang kaharian. May kapangyarihang makakapangusap sila tungkol sa Tagapagligtas; at habang inilalahad nila sa mga nakikinig ang panukala ng pagliligtas, marami ang nahikayat at nakumbinse. Ang mga tradisyon at mga pamahiing itinuro ng mga saserdote ay napalis sa isipan, at ang mga turo ng Tagapagligtas ay tinanggap. {AGA 34.4}

"At magalak na tinanggap nila ang kanyang salita at sila ay nabautismuhan: at sa araw ding yaon ay may nadagdag sa kanilang bilang na tatlong libong kaluluwa." {AGA 34.5}

Inakala ng mga pinunong Judio na ang gawain ni Kristo ay magwawakas sa Kanyang kamatayan; datapuwat sa halip nito, namalas nila ang kamangha-manghang tanawin ng araw ng Pentecostes. Nadinig nila ang mga alagad, taglay ang kapangyarihan at sigla na kailanman ay di nakita, na ipinangangaral si Kristo, ang kanilang mga salita ay pinatibayan pa ng mga himala at tanda. Sa Jerusalem, na tanggulan ng Juda, libo ang hayagang naglantad ng kanilang pananampalataya kay Jesus ng Nasaret bilang Mesias. {AGA 34.6}

Ang mga alagad ay nagulat at nagalak sa dakilang pag-aaning ito ng kaluluwa. Hindi nila inisip na ang kahanga-hangang pagtitipong ito ng kaluluwa ay bunga ang kanilang sariling sikap; nadama nilang sila ay pumapasok sa gawaing hindi sariling kanila. Mula sa pagkahulog ni Adan, si Kristo ay nagbibinhi na ng Kanyang salita sa mga piling lingkod, upang ito ay maipunla sa puso ng mga tao. Sa Kanyang buhay dito sa lupa, ay nagpunla Siya ng binhi ng katotohanan, at diniligan ito ng Kanyang sariling dugo. Ang mga paghikayat na naganap sa araw ng Pentecostes ay bunga ng pagtatanim, ang pagaani ng gawain ni Kristo, na naghahayag ng kapangyarihan ng Kanyang pagtuturo. {AGA 35.1}

Ang mga pagpapaliwanag ng mga alagad sa ganang sarili, bagama't maliwanag at kapani-paniwala, ay hindi nakakaalis ng maling akala na tumayong matatag kahit na sa harap ng malinaw na ebidensya. Ngunit idiniin ng Banal na Espiritu sa kanilang mga puso ang mga argumentong ito. Ang mga salita ng mga alagad ay natulad sa matulis na palaso ng

Makapangyarihan sa lahat, na humihikayat sa tao na kilalanin ang kamalian sa pagtanggi at pagpako sa Panginoon ng kaluwalhatian. {AGA 35.2}

Sa ilalim ng pagsasanay ni Kristo, nadama ng mga alagad ang pangangailangan sa Espiritu. Sa pagtuturo ng Espiritu, ay tinanggap nila ang lubos na kuwalipikasyon, at humayo sa kanilang gawain. Ngayon ay di na sila ignorante at walang kultura. Hindi sila pulutong ng mga independyenteng tao o nagkakasalungatang mga sangkap. Wala sa makalupa ang kanilang mga pag-asa. Sila ay "nagkakaisang diwa," "ng isang puso at kaluluwa." Gawa 2:46; 4:32. Pinuspos ni Kristo ang kanilang mga pag-iisip; ang pagsulong ng Kanyang kaharian ang naging mithiin nila. Sa isip at likas ay naging katulad sila ng kanilang Panginoon, at "nakilala sila ng mga tao na sila ay nakasama ni Jesus." Gawa 4:13. {AGA 35.3}

Ipinagkaloob sa kanila ng Pentecostes ang liwanag na ito ng langit. Ang mga katotohanang di nila maunawaan nang kasama pa nila si Kristo ngayon ay inilahad sa kanila. May pananampalataya at kasiguruhang di pa nila naranasan kailanman, tinanggap nila ang mga aral ng Banal na Salita. Hindi na ito pananampalataya lamang na si Kristo ang Anak ng Dios. Alam nila na bagaman naramtan ng pagkatao, tunay ngang Siya ang Mesias, at ibinalita nila ang karanasang ito sa sanlibutan na may tiwalang taglay ang paniniwalng kasama nila ang Dios. {AGA 35.4}

Nakapagsalita sila na may katiyakan sa pangalan ni Jesus; sapagkat hindi ba Siya ang kanilang Kaibigan at Nakatatandang Kapatid? Nadala sa malapit na komunyon kay Kristo, sila ay umupong kasama Niya sa matataas na dako. Sa mga salitang nag-alab ay sumaksi sila para sa Kanya! Ang kanilang mga puso ay puspos ng kasaganaang ganap, malalim, malayo ang naaabot, anupa't ito ang naging puwersa para sa kanilang humayo sa mga dulo ng lupa, na nagpapatotoo sa kapangyarihan ni Kristo. Napuspos sila ng maalab na pagnanasang ipagpatuloy ang gawaing sinimulan Niya. Nadama nila ang kanilang dakilang pagkakautang sa langit, at ang kapanagutan ng kanilang gawain. Pinalakas ng Banal na Espiritu, humayo silang may sigasig upang palaganapin ang mga tagumpay ng krus. Binuhay sila at pinagsalita ng Espiritu. Ang kapayapaan ni Kristo ay nagningning sa kanilang mga mukha. Nagtalaga sila ng buhay sa paglilingkod sa Kanya, at ang kanilang mga anyo ay naging katibayan ng pagpapasakop na kanilang isinagawa. {AGA 36.1}

Kapitulo 5 – Ang Kaloob ng Espiritu

Nang ibigay ni Kristo sa Kanyang mga alagad ang pangako ng Espiritu, malapit nang magtapos ang Kanyang paglilingkod sa lupa. Siya ay nakatayo na sa anino ng krus, may buong pagkadama ng bigat ng kasalanang ipapataw sa Kanya bilang tagapagdala ng kasalanan. Bago ihandog ang Sarili bilang handog na sakrispisyo, tinuruan Niya ang Kanyang mga alagad tungkol sa isang napakahalaga at ganap na kaloob na Kanyang ibibigay sa mga tagasunod Niya— ang kaloob na maghahatid sa kanilang abot-kamay ng hindi masusukat na kayamanan ng Kanyang biyaya. “Idadalangin Ko sa Ama,” wika Niya, “at ibibigay Ko sa inyo ang ibang Mang-aaliw, na Siya’y mananahan sa inyo magpakailanman; ang Espiritu ng katotohanan; na hindi matatanggap ng sanlibutan, sapagkat hindi Siya nakikita nito, ni nakikilala Siya: datapuwat kilala ninyo Siya; sapagkat Siya’y nananahan sa inyo, at sasainyo.” Juan 14:16, 17. Ang Tagapagligtas ay nakaturo sa panahong ang Banal na Espiritu ay darating upang gampanan ang makapangyarihang gawa bilang Kanyang kinatawan. Ang kasamaan ay nagtitipon sa loob ng daang taon at lalabanan ng kapangyarihang makalangit ng Banal na Espiritu. {AGA 37.1}

Ano ang naging bunga ng pagbubuhos ng Espiritu sa araw ng Pentecostes? Ang masayang balita ng bumangong Tagapagligtas ay babala sa mga dulo ng sanlibutang may naninirahan. Habang inihahayag ng mga alagad ang pabalita ng tumutubos na biyaya, ang mga puso ay napasakop sa kapangyarihan ng pabalitang ito. Namasdan ng iglesia ang mga mananampalatayang dumadagsa mula sa lahat ng dako. Mga nanlupaypay ay nabawi. Mga makasalanan ay naldsanib sa mananampalataya sa paghahanap ng perlas na may malaldng halaga. Ilan sa mga mapait na kaaway ng ebanghelyo ay naging mga kampiyon nito. Ang propesiya ay natupad, “Siya na mahina...ay matutulad kay David; at ang sambahayan ni David...tulad ng anghel ng Panginoon.” Zacarias 12:8. Bawat Kristiano ay nakita sa kanyang kapatid ang pagpapahayag ng pag-ibig ng langit at kagandahang-loob. Iisang interes ang namayani; iisang suheto ng papuri ang lumamon sa iba pa. Ang ambisyon ng mga mananampalataya ay ihayag ang wangis ng likas ni Kristo, at gumawa sa ikalalaganap ng Kanyang kaharian. “May dakilang kapangyarihang ibinigay ng mga alagad ang patotoo ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus: at dakilang biyaya ay sumakanila.” Gawa 4:33, Sa kanilang paggawa ay napadagdag sa iglesia ang mga piling lalaki, na sa pagtanggap ng salita ng katotohanan, ay nagtalaga ng kanilang mga buhay sa gawain ng pagkakaloob sa iba ng pag-asang purnuspos sa kanilang mga puso ng kapayapaan at kagalakan. Hindi sila mapigilan o mahintakutan man ng mga banta. Ang Panginoon ay nagsalita sa pamamagitan nila, at sa paghayo nila sa bawat dako, ang mga dukha ay napangaralan ng ebanghelyo, at mga milagro ng biyaya ng langit ay naisagawa. {AGA 37.2}

Makapangyarihang ang Dios ay gagawa kapag ang tao ay nagkaloob ng sarili sa kontrol ng Kanyang Espiritu. {AGA 38.1}

Ang pangako ng Banal na Espiritu ay hindi limitado sa isang panahon o alin mang lipi. Inihayag ni Kristo na ang makalangit na impluwensya ng Kanyang Espiritu ay sasaKanyang mga alagad hanggang sa katapusan. Mula sa araw ng Pentecostes hanggang sa kasalukuyan, ang Mang-aaliw ay isinusugo sa lahat ng magpapasakop ng sarili sa Panginoon at sa paglilingkod sa Kanya. Sa lahat ng tumanggap kay Kristo bilang kanilang personal na Tagapagligtas, ang Banal na Espiritu ay dumating bilang tagapayo, tagapagpabanal, patnubay, at saksi. Habang malapit ang paglakad ng mananampalataya sa kanyang Dios, sila ay lalong maliwanag at makapangyarihang nagpatotoo sa pag-ibig ng Manunubos at sa Kanyang nagliligtas na biyaya. Ang mga lalaki at babae sa paglakad ng mga daang taon ng pag-uusig at pagsubok ay nakatamasa ng malaking sukat ng presensya ng Espiritu sa kanilang buhay, ay tumayo bilang mga tanda at kamanghaan sa sanlibutan. Sa harapan ng mga anghel at ng tao naipakita nila ang nagpapabagong kapangyarihan ng tumutubos na pag-ibig. {AGA 38.2}

Silang pinagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas noong Pentecostes, ay hindi naman ligtas mula sa dagdag na pagsubok at pag-uusig. Sa kanilang pagsaksi para sa katotohanan at katuwiran, paulit-ulit na sila ay sinalakay ng kaaway ng lahat na katotohanan, na nagsikap na nakawin sa kanila ang kanilang Kristianong karanasan. Napilitan silang magsikap ng buong kakayahang kaloob ng Dios upang abutin ang sukat ng mga lalaki at babae na nasa kay Kristo Jesus. Sa bawat araw ay dumalangin sila sa sariwang kaloob ng biyaya, upang maabot pa nila ang higit na mataas at mataas patungo sa kasakdalan. Sa paggawa ng Banal na Espiritu, kahit na ang pinakamahina, sa pagsasanay ng pananampalataya sa Dios, ay natutong palaguin ang ipinagkatiwala sa kanilang kapangyarihan, at maging banal, napino, at naparangal. Habang sa kaamuan ay nagpasakop sila sa humuhubog na impluwensya ng Banal na Espiritu, tinanggap nila ang kaganapan ng Kadiosan, at nahubog sa wangis ng makalangit. {AGA 38.3}

Ang pagdaan ng panahon ay hindi nagpabago sa pangako ni Kristo na pagpapadala ng Banal na Espiritu bilang kinatawan Niya. Hindi dahilan sa pagpigil ng Dios na ang daloy ng kayamanan ng Kanyang biyaya ay napipigilan sa tao. Rung ang katuparan ng pangako ay nakikitang hindi ayon sa marapat, ang dahilan ay sapagkat ang pangako ay hindi pinapahalagahan. Kung ang lahat ay may nasa, ang lahat ay mapupuspos ng Banal na Espiritu. Saan mang dako ang pangangailangan sa Banal na Espiritu ay maliit lamang ang pagkadama, makikita ang espirituwal na pagkatuyot, espirituwal na kadiliman, espirituwal na pagbagsak at kamatayan. Kapag ang mga maliliit na bagay ang kumuha ng pansin, ang kapangyarihan ng langit na kailangan sa paglago at kasaganaan ng iglesia, at siyang maghahatid ng lahat ng iba pang pagpapala sa likuran niya, ay magkukulang, bagaman ito ay iniaalok sa walang hangganang sukat. {AGA 39.1}

Sapagkat ito ang paraan upang tayo'y makatanggap ng kapang-yarihan, bakit hindi tayo nagugutom at nauuhaw sa kaloob ng Espiritu? Bakit hindi natin ito pag-usapan, idalangin, at ipangaral? Ang Panginoon ay higit na laang ipagkaloob ang Banal na Espiritu sa mga naglilingkod sa Kanya kaysa mga magulang na nagbibigay ng mabubuting kaloob sa kanilang mga anak. Ukol sa bawat araw ng bautismo ng Espiritu, bawat manggagawa ay dapat maghandog ng kanyang samo sa Dios. Mga pulutong ng mga Kristianong manggagawa ay dapat magtipon upang hilingin ang tanging tulong, ng tanging karunungan ng langit, upang malaman nila kung paanong magpanukala at magsagawang may talino. Tangi na ay dapat silang dumalangin sa Dios na ang mga piniling embahador sa mga bukiran ng misyon ay mabautismuhang masagana ng Kanyang Espiritu. Ang presensya ng Espiritu sa mga manggagawa ng Dios ay magkakaloob sa paghahayag ng katotohanan ng kapangyarihang hindi maibibigay ng lahat ng karangalan o kaluwalhatian ng sanlibutan. {AGA 39.2}

Saan mang dako tutungo ang natatalagang manggagawa ng Dios, ang Banal na Espiritu ay sasakanya. Ang mga salitang nabigay sa mga alagad noon ay para sa atin din ngayon. Ang Mang-aaliw ay para sa atin kung paanong sa kanila noon. Ang Espiritu ang nagbibigay ng kalakasang nagpapanatili sa nakikipagpunyaging kaluluwa sa bawat kagipitan, sa gitna ng muhi ng mundo, at sa pagkadama ng kanilang sariling kabiguan at kamalian. Sa hirap at kapanglawan, kapag ang tanawin ay madilim at ang hinaharap ay nakakapanglumo, at kapag tayo ay parang walang lakas at nag-iisa, ito ang mga pagkakataong, bilang tugon sa dalangin ng pananampalataya, ang Banal na Espiritu ay naghahatid ng ginhawa sa puso. {AGA 40.1}

Hindi katibayan na ang isang tao ay Kristiano kung siya ay naghahayag ng espirituwal na kagalakan sa hindi karaniwang pangyayari. Ang kabanalan ay hindi paldramdam ng sobrang tuwa: ito ay lubusang pagpapasakop ng kalooban sa Dios; ito ay nagbibigay buhay sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Dios; ito ay pagganap ng kalooban ng ating Ama sa langit; ito ay pagtitiwala sa Dios sa panahon ng pagsubok, sa kadiliman at sa liwanag; ito ay paglakad sa pananampalataya at hindi sa paningin; ito ay pagsandig sa Dios na may pagtitiwalang hindi mapag-aalinlanganan, at pamamahinga sa Kanyang pag-ibig. {AGA 40.2}

Hindi mahalaga para sa atin na ipaliwanag kung ano ang Banal na Espiritu. Sinasabi sa atin ni Kristo na ang Espiritu ang Mang-aaliw, "ang Espiritu ng katotohanan na mula sa Ama." Malinaw na inihahayag tungkol sa Banal na Espiritu, na sa Kanyang gawain na akayin ang tao sa lahat ng katotohanan, "Hindi Siya magsasalita tungkol sa Kanyang sarili." Juan 15:26; 16:13. {AGA 40.3}

Ang likas ng Banal na Espiritu ay isang misteryo. Hindi ito maipapaliwanag ng tao, sapagkat hindi naman ito inihayag ng Panginoon sa kanila. Mga taong may isipang hakahaka ay maaaring magdugtong ng mga talata ng Kasulatan at bigyang kahulugan ito; datapuwat ang pagtanggap ng mga isipang ito ay hindi magpapalakas sa iglesia. Tungkol sa mga

misteryong ito na napakalalim upang maunawaan ng tao, ang katahimikan ay ginintuan. {AGA 40.4}

Ang tungkulin ng Banal na Espiritu ay malinaw na tinukoy sa salita ni Kristo: “Kapag Siya ay dumating, ay sasansalain Niya ang sanlibutan sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghuhukom.” Juan 16:8. Ang Banal na Espiritu ang nagpapatunay at humahatol sa kasalanan. Kapag ang makasalanan ay tumugon sa nagbibigay buhay na impluwensya ng Espiritu, siya ay dadalhin sa pagsisisi, at kikilusin sa kahalagahan ng pagsunod sa mga kahilingan ng langit. {AGA 40.5}

Sa makasalanang nagsisisi, nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, ang Banal na Espiritu ay naghahayag ng Kordero ng Dios na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan. “Tatanggap Siya ng tungkol sa Akin, at ipapakita sa inyo,” wika ni Kristo. “Ituturo Niya ang lahat sa inyo, at dadalhin ang lahat ng bagay sa inyong alaala, anumang bagay ang sinabi Ko na sa inyo.” Juan 16:14; 14:26. {AGA 41.1}

Ang Espiritu ay ibinibigay bilang ahensya ng muling pagtubo, upang gawing mabisa ang kaligtasang naisagawa ng kamatayan ng ating Manunubos. Ang Espiritu ay palaging nagsisikap na kunin ang pansin ng tao sa dakilang handog na nagawa sa krus ng Kalbaryo, upang ilahad sa sanlibutan ang pag-ibig ng Dios, at buksan sa kaluluwang hikayat ang mga mahal na bagay ng Kasulatan. {AGA 41.2}

Matapos madala ang hatol ng kasalanan, at mailahad sa isipan ang pamantayan ng katuwiran, inaalis ng Banal na Espiritu ang pagmamahal ng tao sa mga bagay ng sanlibutang ito, at pinupuno ang kaluluwa ng pagnanais sa kabanalan. “Papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan” (Juan 16:13), wika ng Tagapagligtas. Kung ang tao ay laang pahubog, magkakaroon ng kabanalan sa buong pagkatao. Kukunin ng Espiritu ang mga bagay ng Dios at itatatak ito sa kaluluwa. Sa Kanyang kapangyarihan ang paraan ng pamumuhay ay magiging maliwanag anupa’t walang sinumang dapat magkamali. {AGA 41.3}

Sa pasimula pa ay gumagawa na ang Dios sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng tao upang isagawa ang mga adhikain Niya ukol sa lahing nagkasala. Ito ay nahayag sa buhay ng mga patriarka. Gayon din sa iglesia sa ilang, sa panahon ni Moises, ibinigay ng Dios sa kanila ang Kanyang “mabuting Espiritu upang turuan sila.” Nehemias 9:20. Nang panahon ng mga apostol ay gumawa Siyang makapangyarihan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang kapangyarihang nag-ingat sa mga patriarka, na nagbigay kay Caleb at Josue ng tapang at pananampalataya, na nagbigay bisa sa gawa ng iglesia ng mga apostol, na nag-ingat sa mga tapat na anak ng Dios sa bawat kasunod na panahon. Sa kapangyarihan din ng Banal na Espiritu na sa panahon ng Madilim na Kapanahunan ang mga Kristianong Waldensian ay nakatulong sa paghahanda ng daan ng Repormasyon. Ang katulad na kapangyarihan ang nagpanagumpay sa pagsisikap ng mga dakilang lalaki at babae na nanguna

sa pagtatatag ng mga makabagong misyon, at sa pagsasalin ng Biblia sa mga wika at diyalekto ng mga bansa at lahi. {AGA 41.4}

At ngayon ginagamit pa rin ng Dios ang Kanyang iglesia upang ipaalam ang Kanyang layunin sa daigdig. Ngayon ang mga tagapagbalita ng krus ay nagtungo sa mga siyudad, at sa mga lupain, inihahanda ang daan sa ikalawang pagdating ni Kristo. Ang pamantayan ng kautusan ng Dios ay naitataas. Ang Espiritu ng Makapangyarihan ay kumikilos sa mga puso, at ang tumugon ay nagiging saksi para sa Dios at Kanyang katotohanan. Sa maraming mga lugar ang natatalagang mga lalaki at babae ay makikita na ibinabalita ang liwanag na nagpalinaw sa daan ng kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo. At habang pinagniningas ang kanilang ilawan, gaya ng mga nabautismuhan ng Espiritu noong araw ng Pentecostes, kanilang tinanggap ng higit at higit ang kapangyarihan ng Espiritu. Dahil dito ang daigdig ay naliwanagan ng kaluwalhatian ng Dios. {AGA 42.1}

Sa kabilang banda, mayroong ilan na, sa halip na pag-ibayuhin ang mga pagkakataon, ay nakatigil na naghihintay ng tanging panahon ng pagpapanariwang espirituwal na kung saan ang kanilang kakayahan na paliwanagan ang iba ay madagdagan. Pinabayaan ang kanilang gawain at karapatan, at hinayaang dumilim ang kanilang ilawan, habang inaabangan ang panahon na, walang paghihirap, ay matatanggap ang tanging pagpapala, na kung saan sila ay mababago at karapatdapat sa gawain. {AGA 42.2}

Katotohanan na sa mga huling araw, kapag ang gawain ng Dios sa lupa ay matatapos na, ang mga gawain ng mga mananampalataya sa patnubay ng Banal na Espiritu, ay magtataglay ng tanging patotoo ng makalangit na pagsang-ayon. Sa ilalim ng anyo ng una at huling ulan, sa dakong Silangan sa paghahasik ng binhi at pag-aani, ang mga propetang Hebreo ay nagpropesiya ng pagkakaloob ng espirituwal na biyaya sa hindi pangkaraniwang sukat sa iglesia ng Dios. Ang pagbubuhos ng Espiritu sa panahon ng mga apostol ang simula ng una, o maagang ulan, at maluwalhati ang naging bunga. Sa katapusan ng panahon, ang presensya ng Espiritu ang papatnubay sa tunay na iglesia. {AGA 42.3}

Datapuwat sa pagtatapos ng pag-aani ng sanlibutan, isang tanging pagkakaloob ng biyayang espirituwal ang ipinangako upang ihanda ang iglesia sa pagdating ng Anak ng tao. Ang pagbubuhos ng Espiritu ay gaya sa pagbubuhos ng huling ulan; at dahil dito sa karagdagang kapangyarihan ay dinadala ng Kristiano ang kanilang mga pagsamo sa Panginoon ng pag-aani “sa panahon ng huling ulan.” Bilang pagtugon, “sa Panginoon na nagpapakidlat, at Kanyang bibigyan sila ng ulan,” “Kanyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang huling ulan.” Zacarias 10:1; Joel 2:23. {AGA 42.4}

Datapuwat malibang ang mga kaanib ng iglesia ng Dios ngayon ay may buhay na kaugnayan sa Bukal ng lahat ng paglagong espirituwal, hindi sila mahahanda sa panahon ng

pag-aani. Malibang ang kanilang mga ilawan ay laging pagningasin, mabibigo silang matanggap ang karagdagang biyaya sa panahon ng tanging pangangailangan. {AGA 43.1}

Sila lamang na palagiang tumatanggap ng bagong kaloob na biyaya, ang magkakaroon ng kasukat na kapangyarihan para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at kakayahang gamitin ang kapangyarihang iyon. Sa halip na tumanaw sa hinaharap na doon ay tatanggap sila ng tanging kaloob na kapangyarihang espirituwal, ngayon kung sa bawat araw ay napapasakop sila sa Dios, ay tatanggap sila ng mahimalang pag-aangkop para sa paghikayat ng kaluluwa, upang sila ay maging angkop na sisidlang magagamit Niya. Sa bawat araw ay pasusulungin nila ang mga pagkakataong kaloob sa paglilingkod na abot ng kanilang impluwensya. Sa bawat araw ay sumasaksi sila para sa Panginoon saan man sila naroroon, maging sa hamak na paggawa sa tahanan, o sa publikong buldrin ng kapakinabangan. {AGA 43.2}

Sa natatalagang manggagawa ay may kaginhawahan sa pagkaalam na kahit na si Kristo sa Kanyang buhay sa lupa ay sinikap na humingi sa Kanyang Ama araw-araw ng mga kailangang biyaya; at sa kumunyong ito sa Dios ay humayo Siya upang palakasin at pagpalain ang iba. Masdan ang Anak ng Dios na nakaluhod sa panalangin sa Kanyang Ama! Bagama't Siya ang Anak ng Dios, pinalakas pa rin Niya ang pananampalataya sa pananalangin, at sa komunyon sa langit ay tinatanggap ang kapangyarihang labanan ang kasamaan at maglingkod sa pangangailangan ng tao. Bilang Nakatatandang Kapatid ng ating lahi, alam Niya ang mga pangangailangan nilang napapaligiran ng kahinaan at nabubuhay sa isang sanlibutan ng kasalanan at tukso, gayunman ay nagnanais na maglingkod sa Kanya. Alam Niyang ang mga manggagawang Kanyang isinusugo ay mahihina, at nagkakamali; datapuwat sa lahat na lubusang magkakaloob ng sarili sa Kanya sa paglilingkod ay may pangako ng tulong ng langit. Ang Kanyang halimbawa ay isang kasiguruhan na ang taimtim at maningas na panalangin sa Dios sa pananampalataya— pananampalatayang aakay sa lubusang pagsandig sa Dios, at walang pasubaling pagtatalaga sa Kanyang gawain—ay maghahatid sa tao ng tulong ng Banal na Espiritu laban sa kasalanan. {AGA 43.3}

Bawat manggagawang susunod sa halimbawa ni Kristo ay mahahandang tumanggap ng kapangyarihan at gamitin ang kapangyarihang pangako ng Dios sa Kanyang iglesia para sa pagkahinog ng ani sa lupa. Sa bawat umaga ang mga tagapagbalita ng ebanghelyo ay luluhod sa harap ng Panginoon upang sariwain ang kanilang tipan ng pagtatalaga sa Kanya, at ipagkakaloob sa kanila ang presensya ng Kanyang Espiritu, taglay ang kapangyarihang magbigay buhay at magpabanal. Sa kanilang paghayo sa mga tungkulin ng araw na iyon, nasa kanila ang kasiguruhang ang ahensyang di nakikita na Banal na Espiritu ang nagbibigay sa kanila ng lakas upang maging "kamanggagawang kasama ng Dios." {AGA 44.1}

Kapitulo 6 – Sa Pintuan ng Templo

Ang mga alagad ni Kristo ay may malalim na pagkadama ng kanilang kakulangan, at may kababaan at panalanging isinama nila ang kanilang kahinaan sa Kanyang lakas, ang kanilang kawalang muwang sa Kanyang karunungan, ang kanilang kawalang karapatan sa Kanyang katuwiran, ang kanilang karukhaan sa Kanyang di mauubos na kayamanan. Napalakas at nabigyang kasangkapan, hindi sila nagatubiling humayo sa paglilingkod sa Panginoon. {AGA 45.1}

Maikling panahon matapos bumaba ang Banal na Espiritu, at agad matapos ang maningas na panalangin, nakita nina Pedro at Juan, sa pagtungo sa templo upang sumamba, sa pintuang Maganda ang isang lumpo, apatnapu ang gulang, na mula sa pagsilang, ay nakaranas ng kirot at kapansanan. Ang taong kulang-palad na ito ay nagnais na makita si Jesus, upang siya ay mapagaling; datapuwat walang lakas, at malayo sa mga dakong pinaglingkuran ng dakilang Manggagamot. Ang kanyang mga pagsamo sa wakas ay nagturo sa ilang kaibigang pasanin siya upang dalhin sa pintuan ng templo, ngunit pagdating doon, ay nalaman niya na Siya na tangi niyang pag-asa ay malupit na pinatay. {AGA 45.2}

Ang kabiguan niya ay kumuha ng awa nilang nakakaalam kung gaano katagal na hinangad niyang mapagaling ni Jesus, at sa bawat araw ay dinadala siya sa templo, upang ang mga daraan doon ay mahabag at kahit paano ay bigyan siyang may kalinga. Sa pagdaan ni Pedro at Juan, siya ay humingi ng palimos. Tiningnan siyang may habag ng mga alagad, at sinabi ni Pedro, “Tumingin ka sa amin. At siya ay sumunod sa kanilang atas, na umaasang tatanggap ng kaloob nila. At sinabi ni Pedro, pilak at ginto ay wala ako.” Nang ilahad ni Pedro ang kanyang karukhaan, ang mukha ng lumpo ay nanlumo; ngunit naging masigla nang magpatuloy na magsabi ang alagad, “Datapuwat ang nasa akin ay ipagkakaloob ko sa iyo: Sa pangalan ni Jesu-Cristo ng Nasaret bumangon ka at lumakad. {AGA 45.3}

“At kanyang hinawakan siya sa kanang kamay, at siya’y tumayo: at nagpasimulang lumakad; at pumasok na kasama nila sa templo, na lumalakad, at lumulukso, at nagpupuri sa Dios. At nakita ng buong bayang siya’y lumalakad, at nagpupuri sa Dios: At nangaldlala nila na siya nga ang nauupo at nagpapalimos sa Pintuang Maganda ng templo: at sila’y nangapuspos ng panggigilalas at pamamangha sa nangyari sa kanya.” {AGA 46.1}

“At samantalang siya’y nakahawak kay Pedro at kay Juan, ay nagsitakbong sama-sama sa kanila ang buong bayan sa tinatawag na portiko ni Solomon na lubhang nanggigilalas.”

Namangha sila na ang mga alagad ay makagagawa ng milagrong katulad ng ginawa ni Jesus. Ngunit narito ang lalaking ito, apatnapung taong lumpo, ngunit ngayon ay nagdiriwang sa lubos na paggamit ng kanyang mga paa, ligtas sa kirot, at magalak sa pananampalataya kay Jesus. {AGA 46.2}

Nang makita ng mga alagad ang pagkamangha ng mga tao, nagtanong si Pedro, “Bakit kayo namamangha dito? at bakit kayo nakatinging mataman sa amin, na parang sa aming sariling kabanalan o kapangyarihan ay pinalakad namin ang taong ito?” Tiniyak niya sa kanilang ang pagpapagaling ay naganap sa pangalan at sa pamamagitan ng kabutihan ni Jesus ng Nasaret, na ibinangon ng Dios mula sa mga patay. Ang pananampalataya sa Kanyang pangalan ang nagpalakas sa taong ito, na inyong nakikiata at nakildlala: oo, ang pananampalatayang sa pamamagitan Niya ay nagbigay sa taong ito ng sakdal na pagpapagaling sa paningin ninyong lahat.” {AGA 46.3}

Malinaw na nagsalita ang mga alagad tungkol sa dakilang kasalanan ng mga Judio sa pagtanggi at pagpatay sa Prinsipe ng buhay; ngunit sila’y maingat upang hindi maitaboy ang mga nalaldnig tungo sa kawalang pag-asa. “Tinanggihan ninyo ang Banal at ang Matuwid,” ang wika ni Pedro, “at pinili pa ang isang mamamatay tao na ibigay sa inyo; at pinatay ninyo ang Prinsipe ng buhay, na ibinangon ng Dios mula sa mga patay; na nasaksihan din ninyo,” “At ngayon, mga kapatid, alam kong dahilan sa kawalang kaalaman ay nagawa ninyo ito, katulad din ng inyong mga pinuno. Datapuwat ang mga bagay, na ipinakita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng Kanyang mga propeta, na si Kristo ay magdurusa, ay Kanyang tinupad.” Inihayag niya na ang Banal na Espiritu ay tumatawag sa kanila upang magsisi at mahikayat, at tiniyak sa kanila na walang pag-asa sa kaligtasan maliban sa kahabagan Niya na kanilang ipinako sa krus. Tanging sa pananampalataya sa Kanya na ang kanilang mga kasalanan ay patatawarin. {AGA 46.4}

“Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik loob,” ang kanyang panawagan, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahan mula sa harapan ng Panginoon.” {AGA 47.1}

“Kayo ang mga anak ng mga propeta, at ng tipang ginawa ng Dios sa inyong mga magulang, na sinasabi kay Abraham, At sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng mga angkan sa lupa. Sa inyo unang-una, nang maitindig na ng Dios ang Kanyang Anak na si Jesus, ay sinugo Niya upang kayo’y pagpalain, sa pagtalikod ng bawat isa sa inyo sa inyong mga katampalasanan.” {AGA 47.2}

Sa ganito ay ipinangaral ng mga alagad ang pagkabuhay na maguli ni Kristo. Marami sa nakikinig ang naghihintay lamang sa ganitong patotoo, at nang marinig na, ay nanampalataya. Ibinalik sa kanilang alaala ang mga salita ni Kristo, at sila ay tumayong kasama nilang

tumanggap ng ebanghelyo. Ang binhing itinanim ng Tagapagligtas ay tumubo at nagbunga. {AGA 47.3}

Nang sila'y nangagsasalita pa sa bayan, "ay nagsilapit sa kanila ang mga saserdote, at ang puno sa templo, at ang mga Saduceo, palibhasa'y totoong nangabagabag sapagkat tinuruan nila ang bayan, at ibinalita sa pangalan ni Jesus ang pagkabuhay na mag-uli sa mga patay." {AGA 47.4}

Matapos mabuhay mag-uli si Kristo, ipinakalat ng mga saserdote ang kasinungalingang ang Kanyang katawan ay ninakaw ng mga alagad habang ang mga guwardiyang Romano ay natutulog. Hindi nakapagtatakang sila ay nanlumo nang marinig si Pedro at Juan na nangangaral sa pagkabuhay mag-uli Niyang kanilang pinaslang. Ang mga Saduceo higit sa lahat ay lubhang nagimbal. Ang kanilang pangunahing doktrina ay nasa panganib, at ang kanilang karangalan ay nakataya. {AGA 47.5}

Mga bagong hikayat sa pananampalataya ay mabilis na dumami, at ang mga Pariseo at Saduceo ay nagkaisa na kung ang mga bagong gurong ito ay hindi pipigilan, ang kanilang mga impluwensya ay higit na nasa panganib kaysa noong si Jesus ay narito pa sa lupa. Sa gayon, ang kapitan ng templo, sa tulong ng ilang Saduceo, ay hinuli si Pedro at Juan, at ibinilanggo, sapagkat huli na ng araw na iyon na sila ay litisin pa. {AGA 47.6}

Ang mga kaaway ng mga alagad ay hindi na kailangan pang kumbinsihin tungkol sa pagkabuhay na muli ni Jesus. Ang mga ebidensya ay napakalakas upang isantabi. Gayunman, ay tinigasan nila ang kanilang mga puso, na tumangging magsisi sa kalunoslunos na kasalanang nagawa sa pagpapatay kay Jesus. Saganang ebidensya tungkol sa katotohanan ng sinalita ng mga alagad na sila ay nangungusap sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay nabigay sa mga pinuno ng Judea, ngunit matigas na nilabanan nila ang katotohanan. Si Kristo ay dumating hindi sa paraang inaasahan nila, gayong sa ilang pagkakataon ay kumbinsido silang Siya ang Anak ng Dios, gayunman ay sinakal nila ang kombiksyong ito, at ipinako Siya sa krus. Sa kahabagan ay nagkaloob pa sa kanila ang Dios ng ebidensya, at ngayon naman ay pagkakataon upang sila ay bumaling sa Kanya. Nagsugo Siya ng mga alagad upang sabihin sa kanilang pinatay nila ang Prinsipe ng buhay, at sa malagim na paratang na ito ay may kasamang panawagan sa pagsisisi. Ngunit panatag sa sariling katuwiran, ang mga gurong Judio ay tumangging tanggapin na ang mga lalaking nagpaparatang sa kanila na nagpapatay kay Jesus ay nagsasalita sa direksyon ng Banal na Espiritu. {AGA 47.7}

Matatag sa landas ng paglaban kay Kristo, ang bawat pagtanggi ng mga saserdote ay naging dagdag na pampalakas loob upang lumaban pa. Ang kanilang pagiging suwail ay lalong tumindi. Hindi sapagkat hindi sila maaaring sumuko; maaari, ngunit ayaw nila. Hindi sapagkat sila ay nagkasala at dapat ngang mamatay, hindi lamang sapagkat pinatay nila ang Anak ng Dios, na sila ay inihiwalay na sa kaligtasan; kundi sapagkat nagpalakas sila upang

lumaban sa Dios. Patuloy na tinanggihan nila ang liwanag, at sinakal ang kombiksyong taglay ng Banal na Espiritu. Ang impluwensyang gumagawa sa mga anak ng pagsuway ay nasa kanila, umaakay sa kanilang abusuhin ang taong sa pamamagitan nila ay gumagawa ang Dios. Ang kasamaan ng kanilang mga intensyon ay umigting pa sa bawat magkakasunod na paglaban sa Dios at sa pabalitang ipinagkatiwala sa mga alagad na ihayag sa kanila. Sa bawat araw, sa kanilang pagtangging magsisi, sinariwa ng mga lider na Judio ang kanilang paghihimagsik, sa paghahanda lamang na anihin ang kanilang inihahasik. {AGA 48.1}

Ang galit ng Dios ay hindi lamang ibinibigay dahilan sa ayaw magsisi sa mga kasalanang nagawa, kundi sapagkat, sa panawagan ng pagsisisi, ay pinipili pang tumanggi, at inuulit ang mga kasalanan ng paglaban sa liwanag na ipinagkakaloob sa kanila. Kung ang mga lider na Judio ay napasakop lamang sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbigay kombiksyon, sila sana ay napatawad; ngunit sila ay matigas sa hindi pagsuko. Sa katulad na paraan, ang makasalanan, sa patuloy na paglaban, ay naglalagay sa sarili sa dakong hindi na siya maaabot pa ng Banal na Espiritu. {AGA 48.2}

Kinabukasan matapos mapagaling ang lumpo, sina Anas at Caifas, at mga pangunahin sa templo, ay nagtipon upang litisin ang mga bilanggong dadalhin sa kanila. Sa silid ding iyon at sa harap ng ilang mga taong naroroon, may kahihiyang tinanggihan ni Pedro ang kanyang Panginoon. Ito ay malinaw na nagbalik sa isipan niya nang siya ay maharap na sa paglilitis. Ngayon ay pagkakataon niya upang tubusin ang kanyang kaduwagan. {AGA 49.1}

Silang naroon at naalaala ang naging bahagi ni Pedro sa paglilitis ng kanyang Panginoon, ay napasigla sa isipang ngayon ay maaari nang matakot si Pedro ng pagkabilanggo o kamatayan. Ngunit ang Pedrong nagkaila kay Jesus sa oras ng Kanyang pinakadakilang pangangailangan ay biglain at umaasa sa sarili, kakaiba sa Pedrong iniharap sa Sanhedrin upang litisin. Mula nang siya ay mahulog siya ay nahikayat na. Hindi na siya mayabang at mapagmataas, kundi maamo at walang pagtitiwala sa sarili. Siya ay puspos ng Banal na Espiritu, at sa tulong ng kapangyarihang ito siya ay may pasyang alisin ang batik ng kanyang pagtalikod sa pamamagitan ng pagpaparangal sa pangalang minsan ay kanyang ikinaila. {AGA 49.2}

Hanggang noon ay sinikap ng mga saserdoteng huwag banggitin ang pagkapako at pagkabuhay ni Jesus. Ngunit ngayon, upang matupad ang kanilang adhikain, napilitan silang magtanong sa pinaratangan kung paanong ang taong lumpo ay napagaling nila. “Sa anong kapangyarihan, o sa anong pangalan, ginawa ninyo ito?” tanong nila. {AGA 49.3}

May banal na tapang at sa kapangyarihan ng Espiritu ay walang takot na nagpahayag si Pedro: “Talastasin ninyong lahat, at ng buong bayan ng Israel, na sa pangalan ni JesuKristong taga Nasaret, na inyong ipinako sa krus, na binuhay ng Dios na mag-uli sa mga patay, dahil sa Kanya ay nakatindig ang taong ito sa inyong harap na walang sakit. Siya ang bato na

itinakwil ninyong mga nagtatayo ng bahay, na naging pangulo sa panulok. At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagkat walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." {AGA 49.4}

Ang matapang na depensang ito ay nagpagitla sa mga lider na Judio. Inakala nilang ang mga alagad ay matatakot at maguguluhan kapag dinala na sa Sanhedrin. Sa halip, ang mga saksing ito ay nangungusap tulad ng pagsasalita ni Kristo, may kapangyarihang magpatahimik sa mga kaaway. Walang bahid na takot sa tinig ni Pedro sa paghahayag tungkol kay Kristo, "Ito ang batong niwalang kabuluhan ninyong tagapagtayo, na ngayon ay naging panulok na bato." {AGA 50.1}

Si Pedro ay gumamit ng mga salitang alam ng mga saserdote. Ang mga propeta ay nagsalita tungkol sa batong itinakwil; at si Kristo na rin, minsan sa harap ng mga saserdote at pinuno, ay naghayag: "Kailanman baga'y hindi ninyo nabasa sa mga Kasulatan, Ang batong itinakwil ng nangagtayo ng gusali, ang siya ring ginawang pangulo sa panulok: ito'y mula sa Panginooon-, at ito'y kagila-gilalas sa harap ng ating mga mata? Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Aalisin sa inyo ang kaharian ng Dios, at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga. At ang mahulog sa ibabaw ng batong ito ay madudurog: datapuwat sinumang kanyang malagpakan, ay pangangalating gaya ng alabok." Mateo 21:42-
44. {AGA 50.2}

Habang nakikinig ang mga saserdote sa walang takot na pangungusap ng mga alagad, "nakikilala nila sila, na sila ay nakasama ni Jesus." {AGA 50.3}

Tungkol sa mga alagad matapos ang pagbabagong anyo ni Kristo, ay nasulat sa pagtatapos ng kahanga-hangang tanawing ito na "wala silang nakita, liban kay Jesus lamang." Mateo 17:8. "Si Jesus lamang"— sa mga salitang ito ay makikita ang lihim ng buhay at kapangyarihang nagtala ng kasaysayan ng maagang iglesia. Nang unang marinig ng mga alagad ang mga salita ni Kristo, nadama nila ang pangangailangan sa Kanya. Naghanap sila, nasumpungan nila, sila ay sumunod sa Kanya. Kasama sila Niya sa templo, sa hapag kainan, sa kabundukan, sa bukirin. Sila ay mga mag-aaral na kasama ang guro, sa bawat araw ay tumatanggap sa Kanya ng mga liksyong may walang katapusang katotohanan. {AGA 50.4}

Matapos pumanhik sa langit ang Tagapagligtas, ang pagkadama ng banal na presensya, puspos ng pag-ibig at liwanag, ay nasa kanila pa rin. Ito ay personal na presensya. Si Jesus, na Tagapagligtas, na lumakad at nakipag-usap at nanalanging kasama nila, na nagsalita ng pag-asa at kaginhawahan sa kanilang mga puso, ay kinuha sa langit habang ang pabalita ng kapayapaan ay nasa Kanyang mga labi pa. Sa pagtanggap sa Kanya ng karuwahe ng mga anghel, nadinig nila ang Kanyang mga salita, "Narito, Ako ay sasainyong palagi, hanggang sa katapusan." Mateo 28:20. Pumanhik Siya sa langit sa anyo ng tao. Alam nilang Siya ay nasa harapan ng trono ng Dios, ang kanilang kaibigan at Tagapagligtas pa rin; na ang

Kanyang mga malasakit ay di nagbabago; na sa walang hanggan ay kabilang Siya sa nagdurusang sangkatauhan. Alam nilang Kanyang inihaharap sa Dios ang mga kabutihan ng Kanyang dugo, ipinakikita ang Kanyang nasugatang kamay at paa na alaala ng halagang ibinayad Niya para sa Kanyang mga tinubos; at ang isipang ito ang nagpalakas sa kanila upang tiisin ang kahihiyan sa Kanyang pangalan. Ang kanilang pagkakasanib sa Kanya ay higit na matibay ngayon kaysa nang Siya ay naritong personal sa lupa. Ang liwanag at pagibig at kapangyarihan ng nananahang Kristo ay nagningning sa kanila, anupa't ang taong nagmamasid ay namangha. {AGA 50.5}

Inilagay ni Kristo ang Kanyang tatak sa mga salita ni Pedro. Katabi ng alagad, bilang saksi, ay nakatayo ang lalaking mahimalang pinagaling. Ang anyo ng taong ito, ilang oras lamang ay lumpo, ngunit ngayon ay naibalik sa lubos na kalusugan, ay nagdagdag bigat sa patotoo ng mga salita ni Pedro. Mga saserdote at pinuno ay natahimik. Hindi nila matanggihan ang mga pangungusap ni Pedro, gayunman ay desidido pa ring patigilin ang pagtuturo ng mga alagad. {AGA 51.1}

Ang putong na milagro ni Kristo—ang pagbabangon kay Lazaro— ang nagtatak ng kapasiyahan ng mga saserdote na alisin si Jesus sa mundo at ang Kanyang mga kahangahangang gawa, na mabilis na sumisira ng kanilang impluwensya sa bayan. Naipako nila Siya; ngunit ngayon ay narito ang isang katibayang hindi nila napigil ang mga paggawa ng milagro sa Kanyang pangalan, o sa paghahayag ng mga katotohanang Kanyang ipinangaral. Ang pagpapagaling na ito ng lumpo at ang pangangaral ng mga alagad ay nagbigay sa Jerusalem ng pagkatigatig at kasiglahan. {AGA 51.2}

Upang takpan ang kanilang kagulumihanan, iniutos ng mga saserdote at pinuno na ilabas ang mga alagad, upang sila ay makapagsanggunian. Nagkaisa silang walang saysay kung tatanggihan nila ang pagpapagaling sa lumpo. Magalak sana nilang mapagtatakpan ang bagay na ito sa pamamagitan ng kasinungalingan; datapuwat ito ay imposible sapagkat naganap ang pagpapagaling sa ilalim ng sikat ng araw, sa harapan ng maraming tao, at nakarating na sa kaalaman ng libong katao. Nadama nilang ang paggawa ng mga alagad ay dapat sugpuin kung hindi ay magkakaroon ng maraming alagad si Jesus. Ang kanilang kahihiyan ang susunod dito; sapagkat sila ay malalantad na may kasalanan sa pagpatay sa Anak ng Dios. {AGA 51.3}

Ngunit sa kabila ng kanilang naising wasakin ang mga alagad, hindi naman nila magawa ang higit sa pagbabanta sa mga alagad na sila ay parurusahan kung magpapatuloy pa sa pagsasalita o paggawa sa pangalan ni Jesus. Muling tinawag sa harapan ng Sanhedrin, ang mga alagad ay inutusang huwag nang magsalita pa o magturo sa pangalan ni Jesus. Ngunit sumagot si Pedro at Juan: "Kung katuwiran sa paningin ng Dios na makining muna sa inyo kaysa Dios, inyong hatulan. Sapagkat hindi mangyayaring di namin salitain ang mga bagay na aming nangakita at nangarinig." {AGA 52.1}

Magalak sanang pinarusahan ng mga saserdote ang mga lalaking ito sa kanilang hindi maldlos na katapatan sa kanilang banal na pagkatawag, ngunit natakot sila sa bayan; “sapagkat lahat ng tao ay lumuwalhatd sa Dios sa mga bagay na nagawa.” Kung kaya’t, sa paulit-ulit na babala at pananakot, ang mga alagad ay pinalaya. {AGA 52.2}

Habang sina Pedro at Juan ay nakapiit, ang ibang alagad ay nanalanging walang patid, dahilan sa alam nila ang kasamaan ng mga Judio, at nangangamba silang ang kalupitang ipinakita kay Kristo ay maulit. Agad matapos na pakawalan ang mga alagad, ay hinanap nila ang ibang mga alagad at iniulat sa kanila ang bunga ng paglilitis. Gano’n na lamang ang kagalakan ng mga mananampalataya. “Nangagkaisang itaas nila ang kanilang tinig sa Dios, at nangagsabi, Oh Panginoon, Ikaw na gumawa ng langit, at ng lupa, at ng dagat, at ng lahat ng nangasa mga yaon: na sa pamamagitan ng bibig ng aming amang si David, na Iyong lingkod, ay sinabi Mo, Bakit nangagalit ang mga Gentil, at nagsipaghawak ang mga tao ng mga bagay na walang kabuluhan? Nagsitayong handa ang mga hari sa lupa, at ang mga pinuno ay nangagpisan-pisan laban sa Panginoon, at laban sa Kanyang Pinahiran. Sapagkat sa katotohanan sa bayang ito’y laban sa Iyong banal na lingkod na si Jesus, na Siya Mong pinahiran, ang dalawa ni Herod at ni Poncio Pilato, kasama ang mga Gentil, at ng mga bayan ng Israel, ay nangagpisan-pisan, upang gawin ang anumang naitakda na ng Iyong kamay at ng Iyong pasya upang mangyari. {AGA 52.3}

“At ngayon, Panginoon, tingnan Mo ang kanilang mga banta: at ipagkaloob Mo sa Iyong mga alipin, na salitain ang Iyong salita ng buong katapangan, samantalang Iyong iniuunat ang Iyong kamay upang magpagaling; at upang mangyari nawa ang mga tanda at mga kababalaghan sa pangalan ng Iyong banal na si Jesus.” {AGA 53.1}

Dumalangin ang mga alagad na higit na kalakasan ay mapasa kanila sa gawain ng ministeryo; sapagkat nakita nila na haharap sila sa mga katulad na kalabang nakaharap ni Kristo nang Siya ay nasa lupa pa. Habang ang nagkakaisang panalangin ay pumapaitaas sa pananampalataya, ang tugon ay dumating. Ang dakong kanilang kinaroroonan ay nayanig, at sila ay muling pinagkalooban ng Banal na Espiritu. May mga pusong puno ng tapang, nagpatuloy sila sa paghahayag ng salita ng Dios sa Jerusalem. “May dakilang kapangyarihang sumaksi ang mga alagad sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus,” at pinagpala ng Dios sa kahanga-hangang paraan ang kanilang pagsisikap. {AGA 53.2}

Ang simulaing tinatayuan ng mga alagad na walang kinatatakutan noong, bilang tugon sa utos na sila ay huwag nang magsalita sa pangalan ni Jesus, kanilang sinabi, “Kung matuwid sa paningin ng Dios na makinig sa inyo kaysa sa Dios, kayo ang humatol,” ay siya ring paninindigan ng mga tagapagtaguyod ng Repormasyon. Nang ang mga prinsipeng Aleman ay nagkatipon sa Diet of Spires noong 1529, iniharap ang utos ng emperador na nagsisildl sa kalagayang relihiyoso, at nagbabawal sa pagkakalat ng lahat ng mga doktrinang reporma. Sa tingin ay mayuyurakan ang pag-asa ng sanlibutan. Tatanggapin ba ng mga prinsipe ang utos

na ito? Ang liwanag ba ng ebanghelyo ay ipagkakait sa kanilang nasa kadiliman pa? Mga makapangyarihang isyu para sa sanlibutan ay nakataya. Silang tumanggap ng repormang pananampalataya ay nagtipon, at ang nagkakaisang pasya ay, "Tanggihan natin ang utos na ito. Sa mga bagay ng konsyensya ang mayorya ay walang kapangyarihan."—Merle D' Aubigne', History of the Reform/nation, aklat 13, kabanatang 5. {AGA 53.3}

Ang simulaing ito ay dapat na matatag nating panghawakan ngayon. Ang bandila ng katotohanan at kalayaang pangrelihiyon na itinaas ng mga nagtatag ng iglesiang ebanghelika at ng mga saksi ng Dios sa mga siglong lumipas ay naisalin na sa ating mga palad. Ang kapanagutan sa dakilang kaloob na ito ay nakasalalay sa kanilang pinagpala ng Dios ng karunungan ng Kanyang salita. Dapat na tanggapin natin ang salitang ito na pinakamataas na otoridad. Dapat nating kilalanin ang pamahalaan ng tao bilang itinatalaga ng Dios, at ituro ang pagsunod dito bilang banal na tungkulin, sa loob ng kanyang lehitimong katayuan. Ngunit kapag ang mga pag-aangkin nito ay laban sa pag-aangkin ng Dios, sa Dios tayo susunod sa halip na sa tao. Ang salita ng Dios-ay dapat makilalang higit na mataas sa lahat ng batas ng tao. Ang "Ganito ang wika ng Panginoon" ay di dapat ilagay sa isang tabi para sa "Ito ang salita ng iglesia" o "Ito ang salita ng estado." Ang korona ni Kristo ay dapat itaas sa ibabaw ng mga putong ng mga hari sa lupa. {AGA 53.4}

Hindi tayo hinihilingang labanan ang mga otoridad. Ang ating mga salita, nakasulat man o nakatitik, ay dapat na maingat na isaalangalang, upang hindi tayo malagay sa dakong nakaulat na tayo ay laban sa batas at kaayusan. Hindi tayo dapat magsalita o gumawa ng bagay na walang kabuluhang magsasara ng ating landas. Hahayo tayo sa pangalan ni Kristo, nagbabadya ng katotohanang naipagkatiwala sa atin. Kung tayo ay pagbawalan ng taong gumawa ng gawaing ito, masasabi nating tulad ng mga alagad noon. "Kung matuwid sa paningin ng Dios na kami ay maldnig sa inyo kaysa sa Dios, kayo ang humatol. Sapagkat wala kaming magagawa kundi magsalita ng mga bagay na aming nakita at narinig." {AGA 54.1}

Kapitulo 7 – Isang Babala Laban sa Pagpapaimbabaw

Sa paghahayag ng mga alagad ng katotohanan sa Jerusalem, ang Dios ang nagpatotoo sa kanilang mga salita, at maraming tao ang nanampalataya. Marami sa mga naunang mananampalatayang ito ay agad nahiwalay sa kanilang mga pamilya at kaibigan dahilan sa masigasig na pag-uusig ng mga Judio, at kinailangang sila ay bigyan ng pagkain at matitirahan. {AGA 55.1}

Ayon sa tala, “Walang sinuman sa kanila na nagkulang,” at natala rin kung paano na ang pangangailangan ay nasapatan. Silang may mga kayamanan at salapi ay magalak na nagsakripisyo ukol sa kagipitan. Ipinagbili ang mga bahay at lupa, inihandog ang salapi sa paanan ng mga alagad, “at pinaghati-hati ito ayon sa pangangailangan ng bawat tao.” {AGA 55.2}

Ang bukas na palad na ito ng mga mananampalataya ay bunga ng pagbubuhos ng Espiritu. Ang mga nahikayat sa ebanghelyo ay “nagkakaisang puso at kaluluwa.” Iisang interes ang naglakip sa kanila—ang tagumpay ng misyong naipagkatiwala sa kanila; at ang pag-iimbot ay walang lugar sa kanilang mga buhay. Ang pag-ibig sa kapatid at sa gawain, ay naging dakila kaysa pag-ibig sa salapi at tinatangkilik. Ang kanilang mga gawa ay nagpatotoo na itinuring nilang ang kaluluwa ng tao ay higit sa kayamanan sa lupa. {AGA 55.3}

At ganitong palagi kapag ang Espiritu ng Dios ay mag-aanglan ng buhay. Silang ang mga puso ay puspos ng pag-ibig ni Kristo, ay susunod sa halimbawa Niya na dahilan sa atin ay naging dukha, upang sa Kanyang karukhaan tayo naman ay maging mayaman. Salapi, panahon, impluwensya—lahat ng kaloob na kanilang tinanggap mula sa kamay ng Dios, ay pahahalagahan lamang sapagkat ito ay kailangan sa pagpapasulong ng gawain ng ebanghelyo. Ganito sa naunang iglesia; at kapag sa iglesia ngayon ay nakitang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ang mga pagmamahal ay maaalis sa mga bagay ng sanlibutan, at sila ay magiging handang magsakripisyo upang ang kanilang kapwa tao ay makarinig ng ebanghelyo, ang mga katotohanang ihahayag ay magkakaroon ng makapangyarihang impluwensya sa mga nakildnig. {AGA 55.4}

Katuwas sa halimbawang ito ng kagandahang-loob ng mga mananampalataya, ay ang naging kilos nina Ananias at Sapira, na ang karanasan, ayon sa pluma ng Inspirasyon, ay nag-iwan ng maitim na batik sa kasaysayan ng naunang iglesia. Kasama ng iba pa, ang mga nagpanggap na alagad na ito ay natamasa ang karapatang makarinig ng ebanghelyong ipinangaral ng mga alagad. Kasama sila ng ibang mananampalataya nang matapos manalangin ang mga alagad, “ang dako ay nayanig at sila ay napuspos ng Banal na Espiritu.” Gawa 4:31. Malalim na kombiksyon ay nadama ng lahat na nagkatipon, at sa impluwensya ng Espiritu ng Dios, sina Ananias at Sapira ay nagpanatang ibibigay sa
Panginoon ang mapagbibilhan ng isang tinatangkilik. {AGA 56.1}

Matapos, pinighati nina Ananias at Sapira ang Banal na Espiritu sa pagsuko sa kasakiman. Nagsisi sila sa kanilang pangako, at di nagtagal ay nawala sa kanila ang matamis na impluwensya ng pagpapalang nagpainit ng kanilang mga puso na gumawa ng dakilang bagay para sa gawain ni Kristo. Naisip nilang naging mabilis ang kanilang pagpapasya, anupa’t inisip na baguhin ang desisyon. Pinag-usapan nila ito, at nagpasyang huwag sundin ang panata. Nakita nila, ganunpaman, kung paanong silang tumupad sa pangako upang matulungan ang pangangailangan ng kanilang mahihirap na kapatid, ay pinarangalan ng mga

mananampalataya; at upang hindi mapahiya ay ipinagbili naman ang ari-ariang itinatalaga na sa Dios, at nagpanggap na lahat ay naibigay na, datapuwat ang malaking bahagi ay kanilang itinago. Sa gayon ay mabibili nila ang kanilang kagustuhan, at ganon din mapararangalan pa sila ng kanilang kapwa mananampalataya. {AGA 56.2}

Datapuwat ang Dios ay namumuhi sa pagpapaimbabaw at kasinungalingan. Si Ananias at Sapira ay nandaya sa kanilang pakikitungo sa Dios; sila ay nagsinungaling sa Banal na Espiritu, at ang kanilang kasalanan ay ginawaran ng mabilis at kalunos lunos na hatol. Nang dumating si Ananias na taglay ang handog, sinabi ni Pedro: "Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Banal na Espiritu, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios." {AGA 56.3}

"Nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito siya ay bumagsak, at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaldng takot ang lahat ng nangakarinig nito." {AGA 57.1}

"Nang ito ay nananatili pa, hindi ba ito ay sa iyo?" Ang tanong ni Pedro. Walang pamimilit na ginawa sa kanya upang magsakripisyo ng kanyang tinatangkilik sa kabutihan ng lahat. Kumilos siya mula sa pasya. Ngunit sa pagsisikap na dayain ang mga alagad, nagsinungaling siya sa Makapangyarihan sa lahat. {AGA 57.2}

"At may tadong oras ang nakaraan, nang ang kanyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. At sinabi sa kanya ni Pedro, Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa? At sinabi niya, Oo, sa gayon. Datapuwat sinabi sa kanya ni Pedro, Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas. At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga kabinataan at nasumpungan siyang patay, at, siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kanyang asawa. At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito." {AGA 57.3}

Nakita ng Walang Hanggang Karunungan na ang tiyak na paghahayag na ito ng galit ng Dios ay kailangan upang isanggalang ang bagong iglesia sa panghihina ng loob. Ang kanilang bilang ay mabilis na dumadami. Ang iglesia ay malalagay sana sa panganib, kung sa mabilis na pagdami ng nahihikayat ,ay magkakaroon ng mga lalaki at babaeng gayong nagpapanggap na naglilingkod sa Dios, ay sumasamba naman sa mammon. Ang hatol na ito ay patotoo na hindi madadaya ng tao ang Dios, na nakikita Niya ang nakatagong kasalanan ng puso, at Siya ay hindi malilibak. Itinalaga ito upang maging babala sa iglesia, upang akayin sila na iwasan ang pagpapanggap at pagpapaimbabaw, at mag-ingat na kanilang nakawan ang Dios. {AGA 57.4}

Hindi lamang sa naunang iglesia, kundi sa mga lahi sa hinaharap, na ang halimbawang ito na galit ng Dios sa kasakiman, pandaraya, at pagpapaimbabaw, ay ibinibigay bilang babala ng panganib. Kasakiman ang unang nadama nina Ananias at Sapira. Ang naising kamkamin ang bahagi ng naiukol na sa Panginoon, ay umakay naman sa kanila sa pandaraya at pagpapaimbabaw. {AGA 57.5}

Iniatang ng Dios ang paghahayag ng ebanghelyo sa paggawa at mga kaloob ng Kanyang bayan. Kusang loob na mga handog at ang ikapu ang bumubuo ng kita ng gawain ng Panginoon. Sa lahat ng kayamanang nabigay sa tao, inaanglan ng Dios ang isang bahagi,—ang ikapu. Malaya ang lahat na magpasya kung magkakaloob pa ng higit dito. Ngunit kapag ang puso ay nakilos ng Banal na Espiritu, at ang isang panata ay napasyahan, ang taong nagpasya ay wala nang karapatan sa halagang naipangako at naitalaga. Ang mga pangakong tulad nito ay matibay sa tao; hindi kaya ito higit na matibay sa Dios? Ang mga pangako bang nagawa sa konsyensya ay mas mahina kaysa nakasulat na kasunduan? {AGA 58.1}

Kapag ang liwanag ng langit ay nagningning sa puso na may tanging liwanag at kapangyarihan, ang ugaling kasakiman ay naaalis, at nagkakaroon ng naising magkaloob sa gawain ng Dios. Ngunit huwag isipin ng sinuman na matutupad nila ang kanilang mga pangako, na walang protesta mula kay Satanas. Hindi siya nasisiyahan na ang kaharian ng Manunubos dito sa lupa ay naitatatag. Imumungkahi niyang lubhang malaki ang naipangako, na ito ay magpapahirap sa kanila sa pagsisikap na sapatan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. {AGA 58.2}

Ang Dios ang nagpapala sa tao ng kanyang mga ari-arian, at ginagawa Niya ito upang ang tao ay magkaroon ng kakayahang magbigay para sa Kanyang gawain. Ipinadadala Niya ang sikat ng araw at ulan. Pinatutubo ang pananim. Nagbibigay ng kalusugan, at kakayahang yumaman. Lahat ng ating pagpapala ay galing sa Kanyang mapagpalang kamay. Bilang ganti, inaasahan naman Niyang ang tao ay magpapakita ng utang na loob sa pagbabalik ng Kanyang bahagi sa ikapu at mga handog—sa mga handog pasasalamat, kusang loob na handog, mga handog sa kasalanan. Kung ang salapi ay papasok sa kabangyaman ayon sa itinakdang paraang ito ng langit,—ikapu ng lahat ng pakinabang, at malayang handog,—magkakaroon ng kasaganaan sa pagpapasulong ng gawain ng Panginoon. {AGA 58.3}

Datapuwat ang puso ng tao ay tumitigas dahilan sa kasakiman, tulad ni Ananias at Sapira, na natuksong kunin ang bahagi ng salapi, habang nagpapanggap na tinutupad ang mga kahilingan ng Dios. Marami ang gumugugol ng salapi sa pagpapasasa sa sarili. Mga lalaki at babae ay sinusunod ang layaw at panlasa, habang naghahandog sa Dios, ng halos masama sa loob, ng handog na may batik. Nakakalimutan nilang ang Dios isang araw ay hihingi ng sulit kung paanong ginamit nila ang kanilang mga kayamanan, at hindi Niya tatanggapin ang limos na kanilang inilalagay sa kabang-yaman tulad ng hindi pagtanggap sa handog ni Ananias at Sapira. {AGA 58.4}

Sa mabagsik na parusang ibinigay sa mga sinungaling na ito, nais ng Dios na matutuhan natin kung gaano ang galit Niya at muhi sa lahat ng pagpapaimbabaw at pandaraya. Sa pagpapanggap na ibinigay na ang lahat, si Ananias at Sapira ay nagsinungaling sa Banal na Espiritu, at, ang bunga, ay pagkawala ng buhay dito at sa darating. Ang Dios na nagparusa sa kanila, ngayon ay humahatol sa lahat ng kamalian. Mga sinungaling na labi ay kasuklamsuklam sa Kanya. Inihayag Niyang sa bayang banal "walang papasok...na magpaparumi dito, kahit na ang gumagawa ng kasamaan o ng kasinungalingan." Apocalipsis 21:27. Gawing matatag ang pagsasabi ng katotohanan. Maging bahagi ito ng buhay. Ang paglaruan o daanin sa bilis ang katotohanan, at paglulubid ng salita upang sundin ang sariling panukala, ay pagkawasak ng pananampalataya. "Manindigan na ang iyong baywang ay natatalian ng katotohanan." Efeso 6:14. Siyang sinungaling ay ipinagbibili ang kanyang kaluluwa sa mumurahing pamilihan. Ang mga kasinungalingan niya ay maaaring mabisa sa kagipitan; maaaring ito'y pansulong sa negosyo na hindi magagawa sa tapat na paldkitungo; datapuwat sa wakas ay darating siya sa puntong hindi siya makapagtitiwala sa sinuman. Siya na sa sarili ay sinungaling, wala siyang tiwala sa salita ng iba. {AGA 59.1}

Sa kaso ni Ananias at Sapira, ang kasalanan ng pandaraya ay mabilisang nalapatan ng parusa. Ang ganito ring kasalanan ay madalas na naulit sa kasunod na kasaysayan ng iglesia, at nagagawa din ngayon sa ating kapanahunan. Bagama't hindi natin nakikita ang agad na parusa ng Dios, hindi nababawasan ang sama nito sa paningin ng Dios kaysa noong panahon ng mga alagad. Ang babala ay nabigay na; maliwanag na ipinahayag ng Dios ang Kanyang galit at muhi sa kasalanang ito; at lahat ng pasasakop sa pagpapaimbabaw at kasakiman ay makatitiyak na winawasak nila ang sariling kaluluwa. {AGA 59.2}

Kapitulo 8 – Sa Harapan ng Sanhedrin

Ang krus, ang instrumento ng kahihiyan at pahirap, ang nagdala ng pag-asa at kaligtasan sa sanlibutan. Ang mga alagad ay mga hamak na tao lamang, walang yaman, at walang sandata liban sa salita ng Dios; gayunman sa kalakasan ni Kristo sila ay humayong nagbabalita ng kahanga-hangang kasaysayan ng sabsaban at ng krus, at nagtatagumpay sa lahat ng oposisyon. Walang karangalan o pagkakilala man ng sanlibutan, sila ay mga bayani ng pananampalataya. Mula sa kanilang mga labi ay namutawi ang mga salitang may pagkasi ng langit na nagpayanig sa sanlibutan. {AGA 60.1}

Sa Jerusalem, na doon ay higit na malalim ang masamang pagkakilala, at ang mga ideyang kaguluhan ay namamayani tungkol sa Kanya na ipinako sa krus bilang isang masamang tao,

ang mga alagad ay nagpatuloy na magsalitang may tapang, na inihaharap sa mga Judio ang gawain at misyon ni Kristo, ang Kanyang pagkapako sa krus, pagkabuhay na mag-uli, at pagpanhik sa langit. Mga saserdote at pinuno ay narinig na may pagkamangha ang maliwanag, at matatapang na patotoo ng mga apostol. Ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na muling nabuhay ay tunay ngang lumapag sa mga alagad, at ang kanilang paggawa ay may kasamang mga tanda at kababalaghan na nagparagdag sa bawat araw ng mga mananampalataya. Sa mga lansangang daraanan ng mga alagad, "inilatag ng mga tao ang kanilang mga maysakit, upang kahit na anino man lamang ng pagdaraan ni Pedro ay sumakanila." Dito ay dinala rin ang mga inaalihan ng mga masamang espiritu. Pinalibutan sila ng maraming tao, at silang napagaling ay nagsigawa ng papuri sa Dios, at niluwalhati ang pangalan ng Manunubos. {AGA 60.2}

Nakita ng mga saserdote at pinuno na si Kristo ay naitataas higit sa kanila. Ang mga Saduceo, na hindi naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli, pagkarinig sa mga alagad na nagpapahayag na si Kristo ay muling bumangon mula sa mga patay, ay nagalit, sa pagkadamang kung ang mga alagad ay pahihintulutang magpatuloy sa pangangaral ng isang Tagapagligtas na muling nabuhay, at gumawa ng mga milagro sa Kanyang pangalan, ang aral na walang muling pagkabuhay ay tatanggihan na ng lahat, at ang sekta ng mga Saduceo ay malilipol. Nagalit ang mga Pariseo na ang tinutungo ng pangangaral ng mga alagad ay buwagin ang mga seremonyang Judio, at walaing kabuluhan ang mga paghahandog ng sakripisyo. {AGA 60.3}

Hanggang dito ay naging walang bisa ang mga pagsisikap nilang patigilin ang bagong aral na ito; ngunit ngayon ay nagsanib ang mga Saduceo at Pariseo sa pasyang ang paggawa ng mga alagad ay dapat mapatigil, sapagkat pinatutunayan nitong sila nga ang may sala sa kamatayan ni Jesus. Puno ng galit, naging marahas ang mga saserdote at sinaktan si Pedro at Juan, at inilagay sa piitan. {AGA 61.1}

Ang mga lider ng bansang Judio ay nabigong tuparin ang adhikain ng Dios sa kanila bilang Kanyang bayang pinili. Silang pinagkatiwalaan ng Panginoon ng katotohanan ay hindi naging tapat sa pagkakatiwala sa kanila, at pinili ng Dios ang iba upang gumawa ng Kanyang gawain. Sa kanilang pagkabulag, ang mga lider na ito ay lubusang sumunod sa tinawag nilang matuwid na pagkagalit laban sa kanilang nagwawalang bahala sa kanilang mahal na mga doktrina. Hindi nila matanggap ang posibilidad na hindi nila nauunawaan ang salita, o nagamit nila sa mali ang Kasulatan. Ang kilos nila ay tulad sa mga nawalan na ng bait. Anong karapatan mayroon ang mga gurong ito, wika nila, na ang ilan ay mga mangingisda lamang, na magharap ng mga ideyang laban sa kanilang naituro na sa bayan? Determinadong supilin ang pagtuturo ng ganitong mga isipan, ibinilanggo nila ang mga naglalahad nito. {AGA 61.2}

Ang mga alagad ay hindi natakot o nanlumo man sa ganitong turing sa kanila. Inihatid ng Banal na Espiritu sa kanilang isipan ang mga salita ni Kristo: "Ang alipin ay hindi dakila

kaysa kanyang panginoon. Kung Ako'y kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang Aking salita, ang inyo man ay tutuparin din. Datapuwat ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa Aking pangalan, sapagkat hindi nila nakikilala ang sa Akin ay nagsugo." "Kayo'y palalayasin nila sa mga sinagoga: oo, dumarating ang oras, na ang sinumang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Dios." "Datapuwat ang mga bagay na ito'y sinalita Ko sa inyo, upang kung dumating ang kanilang oras, ay inyong mangaalaala, kung paanong sinabi Ko sa inyo." Juan 15:20,21; 16:2,4. {AGA 61.3}

Binigyang pansin ng Dios ng kalangitan, ng makapangyarihang Hari ng sansinukob, ang pagkabilanggong ito ng Kanyang mga alagad; sapagkat ang tao ay lumalaban sa Kanyang gawain. Sa gabi ay binuksan ng anghel ng Panginoon ang mga pintuan ng bilangguan, at sinabi sa mga alagad, "Humayo kayo, tumayo at magsalita sa mga tao sa templo ng lahat ng salita ng buhay na ito." Ang utos na ito ay katuwas ng utos ng mga pinunong Judio; ngunit sinabi ba ng mga alagad na, Hindi namin ito magagawa hanggang sa makunsulta muna namin ang mga mahistrado, at tumanggap ng permiso sa kanila? Hindi; ang Dios ay nagsabi, "Humayo kayo," at sila'y sumunod. "Maaga pa kinabukasan ay pumasok sila sa templo at nagturo." {AGA 62.1}

Nang pakita si Pedro at Juan sa mga mananampalataya at ibalita kung paanong ang anghel ay tuwirang pumatnubay sa kanila sa pulutong ng mga sundalong nagbabantay sa bilangguan, na nag-atas sa kanilang magpatuloy sa gawaing naantala, ang mga kapatid ay napuno ng pagkamangha at kagalakan. {AGA 62.2}

Samantala ang punong saserdote at mga kasama ay "tumawag ng konsilyo, at ang lahat ng senado ng mga anak ng Israel." Naipasya ng mga saserdote at mga pinuno na ipataw sa mga alagad ang paratang na panghihimagsik, na paratangan silang may kagagawan sa kamatayan ni Ananias at Sapira, at pagtiyapang agawin sa mga saserdote ang otoridad. Inakala nilang gawin ito upang pag-alabin ang bayan upang gawin sa mga alagad ang kanilang ginawa kay Jesus. Alam nila na marami sa hindi tumanggap sa mga aral ni Kristo ay pagal na sa walang turing na pangangasiwa ng mga pinunong Judio, at inip na sa pagbabago. Nangangamba ang mga saserdote na kung ang hindi nasisiyahang ito ay siyang tatanggap ng katotohanang inihayag ng mga alagad, at kikilalanin si Jesus bilang Mesias, ang galit ng buong bayan ay mapapasa mga lider ng relihiyon, na siyang papatawan ng pagpaslang kay Kristo. Nagpasya silang gumawa ng malakas na hakbang upang mahadlangan ito. {AGA 62.3}

Nang ipasundo ang mga bilanggo upang iharap sa kanila, gayon na lamang ang kanilang gulat nang maalamang ang mga pintuan ng bilangguan ay nakakandado pa at ang mga tanod na kawal ay naroroon, ngunit ang mga bilanggo ay di matagpuan. {AGA 62.4}

Di nagtagal ay dumating ang nakagugulat na ulat, “Narito, ang mga lalaking ibinilanggo ninyo ay nakatayo sa templo, at nagtuturo sa mga tao. At nagtungo roon ang kapitan kasama ang mga opisyal, at kinuha silang walang karahasan: sapagkat takot sila sa bayan, na baka sila ay batuhin.” {AGA 62.5}

Bagaman ang mga alagad ay mahimalang nailigtas sa bilangguan, hindi naman sila ligtas sa pagsisiyasat at parusa. Binabalaan sila ni Kristo nang sila ay magkasama pa, “Mag-ingat kayo sa inyong sarili: sapagkat dadalhin kayo sa harap ng mga konsilyo.” Marcos 13:9. Sa pagsusugo ng anghel upang iligtas sila, nagbigay ang Dios ng tanda ng Kanyang pagmamahal, at kasiguruhan ng Kanyang presensya. Ngayon ay bahagi naman nilang magdusa para sa Kanya na ang mabuting balita ang kanilang ipinangangaral. {AGA 63.1}

Sa kasaysayan ng mga propeta at apostol, ay maraming marangal na halimbawa ng katapatan sa Dios. Ang mga saksi kay Kristo ay nagdanas ng pagkabilanggo, pahirap, at kamatayan na rin, sa halip na sirain ang utos ng Dios. Ang talang iniwan ni Pedro at Juan ay pagiging bayani ng alin man sa panahon ng ebanghelyo. Sa ikalawang pagkakataon, sa pagharap nila sa mga taong determinadong sila ay wasakin, walang takot at pag-aatubili mang nakita sa kanilang salita o kilos. At nang sinabi ng mataas na saserdote, “Ibinabala naming mahigpit sa inyo na huwag kayong mangagturo sa pangalang ito? at, narito, pinuno ninyo ang Jerusalem ng inyong aral, at ibig ninyong iparatang sa amin ang dugo ng taong ito,” Sumagot si Pedro, “Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago sa mga tao.” Isang anghel mula sa langit ang nagligtas sa kanila sa bilangguan, at nag-utos na sila’y magturo sa templo. Sa pagsunod sa utos na ito ay langit ang kanilang sinusunod, at ito ay kanilang susundin maging halaga man ng kanilang buhay. {AGA 63.2}

Pagkatapos ang Espiritu ng Inspirasyon ay dumating sa mga alagad; ang pinararatangan ay naging tagapagparatang, na pinaratangan ang konsilyo na siyang nagpapatay kay Kristo. “Ibinangon ng Dios ng ating mga magulang si Jesus,” wika ni Pedro, “na Siya ninyong pinatay at ibinitin sa isang punong kahoy. Siya’y pinadakila ng Dios ng Kanyang kanang kamay upang maging Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan. At kami’y Kanyang mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Banal na Espiritu, na siyang ibinigay ng Dios sa nagsisitalima sa Kanya.” {AGA 63.3}

Gayon na lamang ang galit ng mga Judio sa mga salitang ito na ipinasiva nilang ilagay sa kanilang mga kamay ang batas, at wala nang paglilitis, o otoridad man mula sa mga opisyal ng Roma, na ipapatay ang mga bilanggo. May kasalanan na sa dugo ni Kristo, ngayon ay may sigasig-silang ilagay pa rin sa kanilang kamay ang dugo ng Kanyang mga alagad. {AGA 64.1}

Ngunit kabilang sa konsilyo ang isang lalaking kilala ang tinig ng Dios sa mga salita ng mga alagad. Ito ay si Gamaliel, isang Pariseong may mabuting reputasyon, at lalaking may pinag-aralan at mataas na posisyon. Nakita ng malinaw niyang isipan na ang marahas na hakbang na itong iniisip ng mga saserdote ay hahantong sa nakalulunos na bunga. Bago siya magsalita, hiniling muna na ang mga bilanggo ay ilabas. Kilala niya ang mga taong kanyang pakikitunguhan; alam niyang ang mga nagpapatay kay Kristo ay hindi titigil upang isagawa ang kanilang adhikain. {AGA 64.2}

At nagsalita siyang may hinahon at pagmumuni-muni, at sinabi niya sa kanila: “Kayong mga lalaking taga Israel, ay mangag-ingat kayo sa inyong sarili tungkol sa mga taong ito, kung ano ang inyong gagawin. Sapagkat bago pa ng mga araw na ito ay lumitaw na si Teudas, na nagsabing siya’y dakila; at sa kanya’y nakisama ang mga apat na raang tao ang bilang: na siya’y pinatay; at ang lahat ng sa kanya’y nagsisunod, ay pawang nagsipangalat at nangawalang kabuluhan. Pagkatapos ng taong ito ay lumitaw si Judas na taga Galilea nang mga araw ng pagpapasulat, at nakahila siya ng marami sa bayan: siya’y nalipol rin; at ang lahat ng sa kanya’y nagsisunod ay pawang nagsipangalat. At ngayo’y sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangakialam sa mga taong ito, at pabayaan ninyo sila: sapagkat kung ang pasyang ito, o ang gawang ito ay sa mga tao, ay mawawasak: datapuwat kung sa Dios, ay hindi ninyo maiwawasak; baka pa kayo’y mangasumpungan na nangakikihamok laban sa Dios.” {AGA 64.3}

Nakita ng mga saserdote ang katuwiran ng mga isipang ito, at napilitang sumang-ayon kay Gamaliel. Ngunit ang kanilang maling pagkakilala at muhi ay di mapigilan. May malaking pag-aatubili, na matapos paluin ang mga alagad, ay sinabihang kung magpapatuloy sa pangangaral sa pangalan ni Jesus, ang kanilang buhay ay malalagay sa panganib, at sila’y pinawalan. “Sila nga’y nagsialis sa harapan ng Konsilyo, na nangatutuwang sila’y nangabilang na karapat-dapat na mangagbata ng kaalimurahan dahil sa Kanyang pangalan. At sa arawaraw sa templo, at sa mga bahay-bahay, ay hindi sila nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangangaral tungkol kay Jesu-Cristo.” {AGA 64.4}

Bago ipako si Kristo sa krus, nag-iwan Siya sa Kanyang mga alagad ng pamanang kapayapaan. “Ang kapayapaan ay iniiwan Ko sa inyo,” Kanyang sinabi, Ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan, ang ibinibigay Ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man.” Juan 14:27. Ang kapayapaang ito ay hindi yaong dulot ng pakikiayon sa sanlibutan. Hindi nabili ni Kristo ang kapayapaan sa pakikipagkompromiso sa kasamaan. Ang kapayapaang iniwan ni Kristo sa Kanyang mga alagad ay panloob sa halip na panlabas, at laging sasama sa Kanyang mga saksi sa harap ng mga kaguluhan at alitan. {AGA 65.1}

Si Kristo na rin ang nagsabi, “Huwag ninyong isipin na Ako’y naparito sa lupa upang magdala ng kapayapaan: Naparito Ako hindi upang magsugo ng kapayapaan, kundi ng

tabak.” Mateo 10:34. Ang Prinsipe ng Kapayapaan, Siya rin ang dahilan ng pagtutunggalian at pagbabahagi. Siyang naparito na naghahayag ng mabuting balita at lumikha ng pag-asa at kagalakan sa mga puso ng mga anak ng tao, ang na’gbukas ng tunggaliang malalim ang sugat at gigising na marubdob na damdamin sa puso ng tao. At nagbabala Siya sa Kanyang mga tagasunod, “Sa sanlibutan ay mayroon kayong kapighatian.” “Huhulihin kayo, at paguusigin kayo, na kayo’y ibibigay sa mga sinagoga, at sa mga bilangguan, na kayo’y dadalhin sa harapan ng mga hari at mga gobemador dahil sa Along pangalan.” “Datapuwat kayo’y ibibigay ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamag-anak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo.” Juan 16:33; Lucas 21:12, 16. {AGA 65.2}

Kapitulo 9 – Ang propesiyang ito ay natupad na tiyakan.

Bawat kahihiyan, paninisi, at kalupitang magigising ni Satanas sa puso ng tao ay nakatuon sa mga alagad ni Jesus. At ito ay muling matutupad; sapagkat ang pusong laman ay nakikipag-alit pa rin sa kautusan ng Dios, at hindi pasasailalim sa mga utos nito. Ang sanlibutan ay hindi kaayon ngayon sa mga prinsipyo ni Kristo tulad ng sa panahon ng mga apostol. Ang katulad na muhi na nagbigay ng sigaw na, “Ipako sa krus! Ipako sa krus!” ang siya ring muhing nag-usig sa mga alagad, at gumagawa pa rin sa mga anak ng pagsuway. Ang diwang ito na sa Madilim na Kapanahunan ay nagdala sa mga lalaki at babae sa bilangguan, sa pagkatapon, at sa kamatayan, na tumuklas ng kakaibang pahirap ngInquisition,na nagpanukala at nagsagawa ng maramihang pagpatay sa St. Bartholomew, at nagsindi ng apoy sa Smithfield, ay gumagawa pa rin ngayon na may sigla ng kasama an sa pusong hindi hikayat. Ang kasaysayan ng katotohanan ay lagi na lamang tunggalian ng tama at mali. Ang paghahayag ng ebanghelyo ay lagi na lamang nagpapatuloy sa sanlibutang. ito sa harap ng oposisyon, panganib, kawalan, at pagdurusa. {AGA 65.3}

Ano ang naging kalakasan nilang sa nakaraan ay nagdanas ng paguusig alang-alang kay Kristo? Ito ay pakilasanib sa Dios, sa Banal na Espiritu, kay Kristo. Ang paninisi at paguusig ay nagpahiwalay sa maraming magkakaibigan, ngunit kailanman ay hindi sa pag-ibig ni Kristo. Ang kaluluwang binabagyo ay higit na mahal ng Tagapagligtas sa panahong siya ay nagdaranas ng dusa para sa katotohanan. “Iibigin Ko siya,” sabi ni Kristo, “at Ako’y maghahayag ng Aking sarili sa kanya.” Juan 14:21. Kapag sa kapakanan ng katotohanan ang mananampalataya ay nakatayo sa harapan ng mga hukuman sa lupa, si Kristo ay nakatayo sa tabi niya. Kung siya ay nasa loob ng bilangguan, si Jesus ay naghahayag ng Sarili sa kanya, at siya’y pinasisigla ng Kanyang pag-ibig. Kapag siya’y namamatay para kay Kristo, may

pangungusap ang Tagapagligtas para sa kanya, Mapapatay nila ang katawan, ngunit hindi nila masusugatan ang kaluluwa. “Laksan ninyo ang loob; Aking dinaig ang sanlibutan.” “Huwag kang matakot; sapagkat Ako’y sumasaiyo: huwag kang manlupaypay; sapagkat Ako’y iyong Dios: Aking palalakasin ka; oo, Aking tutulungan ka; oo, Aking aalalayan ka ng kanang kamay ng Along katuwiran.” Juan 16:33; Isaias 41:10. {AGA 66.1}

“Silang nagsisitiwala sa Panginoon ay parang Bundok ng Sion, na hindi maaaring makilos, kundi nananatili magpakailanman. Kung paanong ang mga bundok na nangasa palibot ng Jerusalem, gayon ang Panginoon sa palibot ng Kanyang bayan mula sa panahong ito at sa magpakailanman.” “Tutubusin Niya ang kanilang kaluluwa sa kapighatian at karahasan: at magiging mahalaga ang kanilang dugo sa Kanyang paningin.” Awit 125:1-3; 72:14. {AGA 66.2}

“Ipagsasanggalang sila ng Panginoon ng mga hukbo;...at ililigtas sila ng Panginoon nilang Dios sa araw na yaon na gaya ng kawan ng Kanyang bayan: sapagkat magiging gaya ng mga bato ng isang putong na nataas sa mataas sa Kanyang lupain.” Zacarias 9:15, 16. {AGA 66.3}

Kapitulo 10 – Ang Pitong Diakono

"Nang panahong iyon, nang ang bilang ng mga alagad ay dumami, may bumangong bulung-bulungan sa mga Greciano laban sa mga Judio, sapagkat ang kanilang mga babaeng balo ay napapabayaan." {AGA 67.1}

Ang naunang iglesia ay binubuo ng maraming uri ng tao, ng iba't ibang bansa. Sa pagbubuhos ng Banal na Espritu sa Pentecostes, "may naninirahan sa Jerusalem na mga Judio, mga lalaking banal, mula sa bawat bansa sa silong ng langit." Gawa 2:5. Kabilang sa pananampalatayang Judio na nagtipon sa Jerusalem, ay may ilang sa tawag ay mga Greciano, na matagal nang may hidwaan at walang pagtitiwala sa mga Judio ng Palestina. {AGA 67.2}

Ang puso ng mga nahikayat sa paggawa ng mga alagad ay napalambot at napag-isa ng pag-ibig Kristiano. Sa kabila ng kanilang nakaraang hindi pagkakaunawaan, lahat sila ay nagkaisa. Alam ni Satanas na hangga't ang pagkakaisang ito ay nananatili, siya ay walang lakas na pigilin ang paglago ng katotohanan ng ebanghelyo; at sinikap niyang samantalahin ang mga dating isipan at ugali, sa pag-asang makapagpasok sa iglesia ng mga elementong magbibigay alitan. {AGA 67.3}

Sa pagdami ng mga alagad, ang kaaway naman ay nagtagumpay sa pagbabangon ng hinala sa mga may ganito nang ugali na laging hanapin ang kamalian ng kanilang mga lider na espirituwal; at "bumangon ang bulung-bulungan ng mga Greciano laban sa mga Hebreo." Ang dahilan ng reklamo di-umano ay ang pagpapahayag ng mga babaeng balong Griyego sa pagbabahagi ng tulong sa bawat araw. Anumang di pagkakapantay ay laban sa diwa ng ebanghelyo, gayunman si Satanas ay nagtagumpay sa pagbabangon ng hinala. Agad na hakbang ngayon ay dapat isagawa upang alisin ang anumang di-kasiyahan, kung hindi ay magtatagumpay ang kaaway sa pagbabangon ng pagkakabahagi. {AGA 67.4}

Ang mga alagad ni Kristo ay dumating sa isang krisis sa kanilang karanasan. Sa matalinong pangunguna ng mga apostol, na gumawang nagkakaisa sa impluwensya ng Banal na Espiritu, ang gawaing ipinagkatiwala sa mga mensahero ng ebanghelyo ay mabilis na lumalaganap. Ang iglesia ay patuloy na lumalago, at ang pagdami ng mga kaanib ay nagdagdag naman ng mabigat na pasanin sa mga nangangasiwa. Walang iisang tao, o grupo na maaaring magpatuloy na magpasang nag-iisa ng pasaning ito, na hindi malalagay sa panganib ang kasaganaan sa hinaharap ng iglesia. May pangangailangang bahagiin ang kapanagutang matapat na isinabalikat ng iilan sa maagang panahon ng iglesia. Ang mga apostol ay dapat ngayong gumawa ng mahalagang hakbang upang pasakdalin ang kaayusan ng ebanghelyo sa iglesia, sa pagpapataw sa ilan ng mga pasaning sila ang dating nagdadala. {AGA 67.5}

Sa isang pagtitipon ng mga mananampalataya, ang mga apostol ay inakay ng Banal na Espiritu na ibalangkas ang isang piano sa lalong mainam na organisasyon ng lahat ng puwersang gumagawa sa iglesia. Ang panahon ay dumating na, wika ng mga apostol, na ang

mga lider ng iglesia na nangangasiwang espirituwal ay magaanan sa tungkulin ng pagbabahagi sa mga dukha at sa mga katulad na gawain, upang sila ay maging malayang magpatuloy sa pangangaral ng ebanghelyo. “Magsihanap nga kayo, mga kapatid,” kanilang sinabi, “sa inyo ng pitong lalaki na may mabuting katunayan, puspos ng Banal na Espiritu at ng karunungan, na ating mailalagay sa gawaing ito. Datapuwat magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin, at sa ministeryo ng salita.” Ang payong ito ay sinunod, at sa pananalangin at pagpapatong ng kamay, pitong lalaki ang pinili at banal na itinalaga sa mga tungkulin ng diakono. {AGA 68.1}

Ang paghirang ng pito upang mangasiwa sa tanging linya ng gawain, ay naging pagpapala sa iglesia. Ang mga opisyales na ito ay nagbigay ng maingat na pagsasaalangalang sa pangangailangan ng bawat isa gayon din sa pangkalahatang interes sa pananalapi ng iglesia; at sa kanilang maingat na pangangasiwa at banal na halimbawa, ay naging mahalagang pantulong sa mga kapwa opisyal sa pagsasanib ng iba’t ibang interes ng iglesia sa isang nagkakaisang kabuuan. {AGA 68.2}

Na ang hakbang na ito ay ayon sa kaayusan ng Dios, ay nahayag sa agad na resulta ng mabuting gawaing nakita. “At lumago ang salita ng Dios; at dumaming lubha sa Jerusalem ang bilang ng mga alagad; at nagsitalima sa pananampalataya ang lubhang maraming saserdote.” Ang pagtitipong ito ng mga kaluluwa ay bunga ng malayang paggawa ng mga apostol, at sa sigasig at kapangyarihang ipinaldta ng pitong diakono. Ang katotohanang ang gawain nila ay tanging sa pagbibigay pansin sa pangangailangan ng mga dukha, hindi naman ito nakapigil sa kanilang pagtuturo ng pananampalataya. Sa kabaligtaran, sila ay karapat-dapat sa pagtuturo sa iba ng katotohanan, at sila’y gumawang may kataimtiman at tagumpay. {AGA 68.3}

Sa naunang iglesia ay ipinagkadwala ang isang gawaing patuloy na lumalago—ang pagtatatag ng mga sentro ng liwanag at pagpapala saan mang dako may mga tapat na kaluluwang magkakaloob ng sarili sa paglilingkod kay Kristo. Ang paghahayag ng ebanghelyo ay magiging pansalibutan, at ang mga mensahero ng krus ay hindi makaaasang magtatagumpay sa mahalagang misyong ito malibang sila ay nagkakaisa sa tali ng pagiging Kristiano, at sa ganito ay ihayag sa mundo na sila ay kaisa ni Kristo sa Dios. Hindi ba’t ang banal na Pinuno ay nanalangin sa Ama, “Irigatan Mo sila sa Iyong pangalan, yaong mga ibinigay Mo sa Alan, upang sila’y maging isa, na gaya naman Natin”? At hindi ba’t Kanyang inihayag sa Kanyang mga alagad, “Kinapootan sila ng sanlibutan, sapagkat hindi sila taga sanlibutan”? Hindi ba’t Siya ay nakiusap sa Ama na sila ay “malubos sa pagkakaisa,” “upang ang sanlibutan ay sumampalataya na Ako’y sinugo Mo.”? Juan 17:11, 14, 23, 21. Ang kanilang kabuhayang espirituwal at kapangyarihan ay nakasalig sa malapit na ugnayan sa Kanyang nagbigay ng utos na ipangaral ang ebanghelyo. {AGA 69.1}

Sa pakikipagkaisa lamang kay Kristo, ang mga alagad ay makaaasang tatanggap ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at pakikipagtulungan ng mga anghel ng langit. Sa tulong ng mga banal na ahensyang ito ihaharap nila sa mundo ang nagkakaisang paggawa at magiging matagumpay laban sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Sa patuloy na nagkakaisang paggawa, ang mga ahensya ng langit ay mauuna sa kanila, na nagbubukas ng daan; mga puso ay mahahanda upang tumanggap ng katotohanan, at marami ang maaakit kay Kristo. Hangga't sila ay nananatiling nagkakaisa, ang iglesia ay hahayong "kasing ganda ng buwan, kasing liwanang ng araw, at kagulat-gulat bilang hukbong may mga bandila." Awit ng mga Awit 6:10. Walang makahahadlang sa kanyang pagsulong. Ang iglesia ay hahayo sa tagumpay at tagumpay pa, maluwalhating tinutupad ang kanilang banal na misyong ipangaral ang ebanghelyo sa sanlibutan. {AGA 69.2}

Ang pagtatatag ng iglesia sa Jerusalem ay modelo sa pagtatatag ng mga iglesia sa bawat dakong ang mga mensahero ng katotohanan ay makasusumpong ng mga hikayat sa ebanghelyo. Sa kanilang pinagkalooban ng pangkalahatang pangangasiwa ng iglesia, ay hindi magiging panginoon sa mga pamanang ito ng Dios, kundi, mga pantas na pastol, "na magpapakain ng tupa,...ng Dios, na mga halimbawa sa kawan;" (1 Pedro 5:2, 3); at ang mga diakono naman ay mga "lalaking may mabuting ulat, puspos ng Banal na Espiritu at karunungan." Ang mga lalaking ito ay rnagkakaisa sa tungkuling panatilihin ang katatagan at desisyon. Sa ganito ay magkakaroon sila ng impluwensyang magbibigay pagkakaisa sa buong kawan. {AGA 69.3}

Sa sumunod na kasaysayan ng naunang iglesia, nang sa maraming bahagi ng mundo ay naitatag ang mga iglesia, ang organisasyon ng iglesia ay lalo pang napasakdal, upang ang kaayusan at pagkakatugma ay mapanatili. Bawat kaanib ay pinayuhang gawin ang kanyang bahagi. Bawat isa ay matalinong gagamit ng kanyang mga talento. Ang ilan ay napagkalooban ng Banal na Espiritu ng natatanging kaloob— "una-una'y mga apostol, ikalawa'y mga propeta, ikatlo'y mga guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba't ibang mga wika." 1 Corinto 12:28. Datapuwat lahat ng klase ng manggagawang ito ay gagawang magkakatugma. {AGA 70.1}

"Ngayo'y may iba't ibang mga kaloob, datapuwat isang Espiritu. At may iba't ibang mga pangangasiwa, datapuwat isang Panginoon. At may iba't ibang paggawa, datapuwat iisang Dios na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat. Datapuwat sa bawat isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang palanabangan naman. Sapagkat sa isa sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu; sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling sa iisang Espiritu; at sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y propesiya; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika: datapuwat ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng

gayon ding Espiritu, na binabahagi sa bawat isa ayon sa Kanyang ibig. Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan, gayon din naman si Kristo." 1 Corinto 12:4-12. {AGA 70.2}

Banal at maselan ang mga kapanagutang nakasalalay sa kanilang tinawagan upang maging lider sa iglesia ng Dios sa lupa. Sa panahon ng teokrasya, nang si Moises ay nagsisikap na mag-isang pasanin ang mabigat na pasanin at mabilis na mabibigatan, pinayuhan siya ni Jethro na magpanukala sa matalinong pagbabahagi ng mga kapanagutan. "Ikaw ang maging tagapag-akay sa bayan sa harap ng Dios" ang payo ni Jethro, "at dalhin mo ang mga usap sa Dios: at itituro mo sa kanila ang mga palatuntunan at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin." Ipinayo pa ni Jethro na ang mga lalaki ay pipiliin upang maging "mga pinuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga dadaanin, at magpuno sa mga lilimampuin, at magpuno sa mga sasampuin" Sila'y "may kakayahang mga lalaki, na may pagkatakot sa Dios, lalaki ng katotohanan, kinasusuklaman ang kasakiman." Kanilang hahatulan ang bayan sa buong panahon," sa gano'n mapapagaan ang gawain ni Moises at ang mga maraming munting usap ay mapagpasyahang mabuti ng kanyang mapagkakatiwalaang mga katulong. {AGA 70.3}

Ang panahon at kalakasan nila na sa pamamatnubay ng Dios ay nailagay sa pangunguna sa gawain ng iglesia, ay dapat gugulin sa mabibigat na mga kaso na nangangailangan ng tanging karunungan at malawak na puso. Hindi utos ng Dios na ang mga lalaking ito ay dapat sumamo para sa pagsasaayos ng munting mga kaso na higit na makakayanan ng iba. "Lahat ng mahihirap na kaso ay dadalhin nila sa iyo," ang mungkahi ni Moises, "ngunit bawat munting kaso ay kanilang hahatulan: sa gano'n ay mas madali para sa iyo, at kanilang dadalhin ang pasanin sa iyo, sa gano'n ay iyong makakayanan, at lahat ng mga taong ito ay pupunta rin sa kanilang lugar na payapa." {AGA 71.1}

Sa pakikiisa sa planong ito, "si Moises ay pumili ng mga lalaking bihasa sa buong Israel, at ginawa niyang pinuno sa bayan, na mga puno ng mga lilibuhin, mga puno ng dadaanin, mga puno ng mga lilimampuin, at mga puno ng sasampuin. At kanilang hinatulan ang bayan sa buong panahon: ang mabibigat na kaso ay kanilang dinadala kay Moises, datapuwat bawat munting kaso ay sila-sila ang naghahatulan." Exodo 18:19-26. {AGA 71.2}

Sa sumunod, sa pagpili ng pitumpong matatanda na makakasama niya sa mga kapanagutan ng pangangasiwa, si Moises ay naging maingat sa pagpili ng makakatulong, mga lalaking marangal, matinong pagpapasya, at karanasan. Sa hamong ibinigay sa mga matandang ito sa kanilang ordinasyon, inihanay niya sa kanila ang ilan sa mga katangiang mag-aangkop sa kanila sa pagiging pantas na lider ng iglesia. "Inyong dinggin ang mga usap ng inyong mga kapatid," wika ni Moises, "at inyong hatulan ng matuwid ang tao at ang kanyang kapatid, at ang taga-ibang lupa na kasama niya. Huwag kayong magtatangi ng tao sa kahatulan; ngunit

inyong didinggin ang maliliit na gaya ng malaki; huwag kayong matatakot sa mukha ng tao; sapagkat ang kahatulan ay sa Dios." Deuteronomio 1:16, 17. {AGA 71.3}

Si Haring David sa pagtatapos ng kanyang paghahari, ay nagbigay ng banal at maselang hamon sa kanilang nagdadala ng pasanin ng gawain ng Dios. Ipinatawag sa Jerusalem "ang lahat na prinsipe sa Israel, ang mga prinsipe ng mga lipi, at mga punong kawal ng mga pulutong na nagsisipaglingkod sa hari ayon sa halinhinan, at ang mga punong kawal ng lilibuhin, at ang mga punong kawal ng dadaanin, at ang mga katiwala sa lahat ng tinatangkilik ng hari, at ng kanyang mga anak, na kasama ng mga pinuno, at ng mga makapangyarihang lalaki, at lahat ng matatapang na mga lalaki," ang matandang hari ay humamon sa kanila na, "sa paningin ng buong Israel ng kapisanan ng Panginoon, at sa palanig ng ating Dios," na "sundin at suriin ang lahat na utos ng Panginoon ninyong Dios." 1 Cronica 28:1,8. {AGA 72.1}

Si Solomon, bilang isang tinawagan sa isang posisyon na may malaking kapanagutan, ay hinamon ni David: "At ikaw, Solomon, na aking anak, kilalanin mo ang Dios ng iyong ama, at paglingkuran mo Siya ng sakdal na puso at ng kusang pag-iisip: sapagkat sinasaliksik ng Panginoon ang lahat na puso, at naalaman ang lahat na akala ng pag-iisip: kung iyong hanapin Siya, ay masusumpungan Siya sa iyo; ngunit kung pabayaan mo Siya, Kanyang itatakwil ka magpakailanman. Mag-ingat ka ngayon; sapagkat pinili ka ng Panginoon:...magpakalakas ka." 1 Cronica 28:9, 10. {AGA 72.2}

Ang mga katulad na halimbawa ng kabanalan at katarungan na pumatnubay sa mga pinuno ng bayan sa panahon ni Moises at David, ay susundan din nilang binigyang kapanagutang mangasiwa sa bagong tatag na iglesia ng Dios sa panahon ng ebanghelyo. Sa gawain ng pag-aayos ng lahat ng bagay sa lahat ng iglesia, at pag-oordina ng nararapat ng mga tao upang maglingkod bilang mga opisyal, ang mga apostol ay nanghawakan sa mataas na pamantayan ng pangungulo na inihanay sa kasulatan sa Lumang Tipan. Inisip nilang ang sinumang tinawagan sa pangunguna sa iglesia ay, "walang kapintasan, palibhasa siya'y katiwala ng Dios, hindi mapagsariling kalooban, hindi magagalitin, hindi manggugulo, hindi palaaway, hindi masakim sa mahalay na kapalanabangan; kundi mapagpatuloy, maibigin sa mabuti, mahinahon ang pag-iisip, matuwid, banal, mapagpigil; na nananangan sa tapat na salita na ayon sa turo, upang umaral ng magaling na aral, at papaniwalain ang nagsisisalangsang." Tito 1:7-9. {AGA 72.3}

Ang kaayusang pinanatili ng naunang Kristianong iglesia, ang nagbigay dito ng matatag na pagsulong bilang isang hukbong disiplinado, suot ang buong kagayakan ng Dios. Ang mga pulutong ng mananampalataya, bagama't nakakalat sa isang malawak na teritoryo, ay kaanib ng iisang katawan; lahat ay kumilos na magkakasanib at magkakatugma sa isa't isa.

Kapag bumabangon ang alitan sa lokal na iglesia, katulad ng sa Antioch at iba pang lugar, at hindi ito maayos ng mga mananampalataya sa ganang sarili, ang alitan ay di binayaang magbunga ng pagkakabahagi sa iglesia, kundi dinala sa isang pangkalahatang konsilyo ng buong kapatirang binuo ng mga delegado mula sa mga lokal na iglesia, na ang mga apostol at mga matatanda ang nangunguna. Sa ganito ang mga pagsisikap ni Satanas na salakayin ang iglesia sa mga bukod na lugar, ay hinarap ng magkakasanib na pagkilos ng lahat; at ang mga panukala ng kaaway na magwasak at manggulo ay nahadlangan. {AGA 73.1}

"Ang Dios ay hindi may-akda ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan, sa lahat ng mga iglesia ng mga banal." 1 Corinto 14:33. Inaasahan Niya na ang kaayusan at sistema ay mamamayani sa pagsasagawa ng mga alituntunin ng iglesia ngayon, tulad din noong una. Ninanais Niya na ang Kanyang gawain ay magpapatuloy na masinop at wasto upang mailagay Niya rito ang tatak ng Kanyang pagsang-ayon. Ang Kristiano ay masasanib sa Kristiano, iglesia sa iglesia, ang tao ay nakikipagtulungan sa langit, bawat ahensya ay napapailalim sa Banal na Espiritu, at lahat ay nagsasanib sa pagbibigay sa sanlibutan ng mabuting balita ng biyaya ng Dios. {AGA 73.2}

Kapitulo 11 – Ang Unang Kristianong Martir

Si Esteban, ang pangunahin sa pitong diakono, ay lalaking may malalim na kabanalan at malawak na pananampalataya. Bagama't isinilang na isang Judio, marunong siya ng Griyego, at alam din ang mga ugali at gawa ng mga Griyego. Kaya't nagkaroon siya ng pagkakataong makapangaral ng ebanghelyo sa mga sinagoga ng mga Judiong Griyego. Naging aktibo siya sa gawain ni Kristo, at matapang na nagpahayag ng kanyang pananampalataya. Mga marurunong na rabi at doktor ng batas ay nakipag-usap sa kanya sa publiko, na nagakalang madali siyang magagapi sa usapan. Datapuwat "hindi nila natuligsa ang karunungan at ang espiritu sa kanyang pagsasalita." Hindi lamang siya nagsalita sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, kundi maliwanag din na siya ay mag-aaral ng mga propesiya, at maalam sa lahat ng bagay ng batas. Mahusay na naipagtatanggol niya ang katotohanan, at lubusang nagapi ang mga katunggali. Sa kanya ay natupad ang pangako, "Pagtibayin nga ninyo ang inyong mga puso, na huwag munang isipin kung paano ang inyong isasagot: sapagkat bibigyan Ko kayo ng isang bibig at karunungan, na hindi mangyayaring masalangsang o matutulan man ng lahat ninyong mga kaalit." Lucas 21:14, 15. {AGA 74.1}

Pagkakita ng mga saserdote at pinuno ng kapangyarihan sa pangangaral ni Esteban, sila ay napuno ng mapait na muhi. Sa halip na tanggapin ang mga katibayang naiharap sa kanila,

ipinasya nilang patahimikin ang kanyang tinig sa pagpapapatay sa kanya. Sa ilang pagkakataon, ay nasuhulan nila ang mga otoridad ng Roma na huwag pansinin ang mga ginawa ng mga Judio na inilagay sa sariling mga kamay ang paglilitis, pagparusa, at pagpatay sa mga bilanggo ayon sa kanilang pambansang ugali. Ang mga kaaway ni Esteban ay nakatitiyak na muli ay magagawa nila ito nang walang panganib. Ipinasya nilang isagawa ito at hinuli si Esteban at dinala sa Sanhedrin upang doon ay litisin. {AGA 74.2}

Mga marurunong na Judio sa mga kanugnog na bayan ay ipinatawag upang labanan ang mga argumento ng bilanggo. Si Saulo ng Tarsus ay naroroon, at nanguna laban kay Esteban. Taglay niya ang mainam na pagsasalita at lohika ng mga rabi upang kumbinsihin ang bayan na si Esteban ay nangangaral ng mga mapandaya at mapanganib na aral; ngunit nasagupa niya kay Esteban ang isang may lubos na pagkaunawa sa adhikain ng Dios sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa ibang mga bansa. {AGA 75.1}

Sapagkat ang mga saserdote at pinuno ay hindi manalo sa malinaw, kalmadong karunungan ni Esteban, inisip nilang ito ay gawing halimbawa; at habang nasisiyahan ang kanilang mapaghiganting muhi, ito naman ay hahadlang din sa iba, sa pamamagitan ng takot, na tanggapin ang kanyang mga paniniwala. Mga saksi ay binayaran upang magparatang ng mali laban sa kanya, na ang mga narinig nila sa kanya ay pamumusong laban sa templo at kautusan. “Nadinig namin siyang magsalita,” wika ng mga saksi, “na wawasakin ang dakong ito ni Jesus ng Nasaret, at babaguhin ang mga ugaling ibinigay sa atin ni Moises.” {AGA 75.2}

Habang si Esteban ay nakatayong paharap sa mga hukom upang tumugon sa paratang ng pamumusong, isang banal na sinag ay nahayag sa kanyang mukha, at “lahat ng nakaupo sa konsilyo na nakatitig sa kanya, ay nakita ang mukhang tulad ng sa anghel.” Marami sa nakakita nito ay nanginig at tinakpan ang kanilang mga mukha, ngunit ang matigas na kawalang paniniwala at maling isipan ng mga pinuno ay hindi natinag. {AGA 75.3}

Nang si Esteban ay tanungin tungkol sa katotohanan ng mga paratang sa kanya, nagsimula siya sa kanyang depensa sa tinig na malinaw at nakaliligaya, na umalingawngaw sa buong bulwagan. Sa mga salitang nagpapigil hininga sa mga nakikinig, inulit niya ang kasaysayan ng napiling bayan ng Dios. Inihayag niya ang lubusang kaalaman sa ekonomiya ng mga Judio, at ang espirituwal na pakahulugan nito na nahayag kay Kristo. Inulit niya ang mga salita ni Moises tungkol sa Mesias: “Isang Propeta ang ibabangon ng inyong Panginoong Dios sa iyo at sa iyong mga kapatid, katulad ng sa akin; Siya ang inyong didinggin.” Niliwanag niya ang sariling katapatan sa Dios at sa pananampalatayang Judio, habang ipinakita niyang ang kautusang pinagtiwalaan ng mga Judio ukol sa kaligtasan ay hindi nagligtas sa Israel sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Iniugnay niya si Jesu-Cristo sa lahat ng kasaysayan ng Judio. Binanggit niya ang pagtatayo ng templo ni Solomon, at sa mga pangungusap kapwa ni Solomon at Isaias: “Ang Kataastaasan ay hindi tumatahan sa mga templong gawa ng kamay;

tulad ng wika ng propeta, ang Langit ang Aking Trono, ang lupa ang Aking tuntungan: anong bahay ang itatayo ninyo para sa Akin? sabi ng Panginoon: o ano ang Aking dakong pahingahan? Hindi baga ang Aking kamay ang gumawa ng lahat ng mga ito?" {AGA 75.4}

Nang masabi ito ni Esteban, ang karamihan ay nagkagulo. Nang iugnay niya si Kristo sa mga propesiya, at nagsalita tungkol sa templo, ang saserdote, na nagpapanggap na nanghilakbot, ay hinapak ang kanyang damit. Para kay Esteban, ang kilos na ito ay tanda na ang kanyang buhay ay di na magtatagal. Nakita niya ang paglaban sa kanyang mga salita at nadamang siya ay nagbibigay ng kanyang huling patotoo. Bagama't nasa kalagitnaan pa ng kanyang sermon, dagli niya itong tinapos. {AGA 76.1}

Sa biglang pagputol ng tala ng kasaysayang sinasabi, at pagbaling sa kanyang galit na galit na mga hukom, siya ay sumigaw: "Kayong matitigas ang ulo at di tuli ang puso't mga tainga, kayo'y laging nagsisisalangsang sa Banal na Espiritu: kung ano ang ginawa ng inyong mga magulang, ay gayon din naman ang ginagawa ninyo. Alin sa mga propeta ang hindi pinag-usig ng inyong mga magulang? at kanilang pinatay ang nangagpahayag ng una ng pagdating ng Matuwid na Ito; na sa kanya'y kayo ngayon ay naging mga tagapagkanulo at mamamatay tao: kayo na nagsitanggap ng kautusan ayon sa pangangasiwa ng mga anghel, at hindi ninyo ginanap." {AGA 76.2}

Sa ganito, ang mga saserdote at bayan ay biglang nagalit. Tulad ng mga hayop na maninila, dumaluhong sila kay Esteban, na ang mga ngipin ay nagngangalit. Sa mga malulupit na mukhang nakapalibot sa kanya, nabasa ng bilanggo ang kanyang hantungan; ngunit hindi siya nanghina. Sa kanya ang takot sa kamatayan ay wala na. Sa kanya ang galit na mga saserdote at karamihang nagkakagulo ay walang katakutan. Ang tanawin sa harapan niya ay nawala sa kanyang paningin. Sa kanya ay nabuksan ang kalangitan, at, nakita niya ang kaluwalhatian ng mga korte ng Dios, at si Kristo, na parang katatayo lamang mula sa Kanyang trono, handang tumulong sa Kanyang lingkod. Sa mga salita ng tagumpay, naibulalas ni Esteban, "Narito, nakikita ko ang langit na nabuksan, at ang Anak ng tao na nakatayo sa kanang kamay ng Dios." {AGA 76.3}

Habang kanyang inilalarawan ang maluwalhating tanawing kanyang nakikita, hindi na ito natagalan pa ng mga mang-uusig. Tinakpan ang mga tainga upang hindi marinig ang kanyang mga salita, at sa malakas na tinig, sila ay dumaluhong sa kanya na nagkakaisa, "at siya'y kanilang itinapon sa labas ng bayan." "At kanilang pinagbabato si Esteban, na tumatawag sa Panginoon, at nagsasabi, Panginoong Jesus, tanggapin Mo ang aking espiritu. At siya'y nanikluhod, at sumigaw ng malakas na tinig, Panginoon, huwag Mong iparatang sa kanila ang kasalanang ito. At pagkasabi niya nito, ay nakatulog siya." {AGA 77.1}

Walang legal na hatol na ibinigay kay Esteban, datapuwat ang mga otoridad na Romano ay nasuhulan na upang hindi mag-imbistiga sa pangyayari. {AGA 77.2}

Ang pagiging martir ni Esteban ay gumawa ng malalim na impresyon sa lahat ng nakamalas nito. Ang alaala ng tanda ng Dios sa kanyang mukha; ang kanyang mga salita, na nagpakilos sa mga kaluluwa ng mga nakarinig nito, ay nanatili sa mga isipan ng nakamasid, at sila'y nagpatotoo sa katotohanang kanyang inihayag. Ang kanyang kamatayan ay malagim na pagsubok sa iglesia, ngunit ito ay nagbunyag sa kombiksyon ni Saulo, na hindi makatkat sa kanyang isipan ang pananampalataya at katatagan ng martir, at ang kaluwalhatiang nakita sa kanyang mukha. {AGA 77.3}

Sa tanawin ng paglilitis at kamatayan ni Esteban, si Saulo ay parang nagpakita ng mainit na sigasig. Matapos ito ay nagalit siya sa sariling lihim ng pagkadama na si Esteban ay pinarangalan ng Dios sa oras ding iyon nang siya ay inalisan ng karangalan ng tao. Nagpatuloy si Saulo sa pag-uusig sa bayan ng Dios, tinugis sila, inilit ang kanilang mga bahay, at dinala sila sa mga saserdote at pinuno upang ibilanggo at patayin. Ang kanyang sigasig sa ganitong pag-uusig ay naghatid ng lagim sa mga Kristiano sa Jerusalem. Ang mga may otoridad na Romano ay hindi nakialam sa malupit na gawang ito, at palihim pang tumulong sa mga Judio upang makipagkasundo sa kanila at makakuha ng kanilang pabor. {AGA 77.4}

Matapos ang kamatayan ni Esteban, si Saulo ay nahalal na maging kaanib ng Sanhedrin, bilang pabuya sa kanyang naging bahagi sa pagkakataong iyon. Sa isang panahon ay naging makapangyarihang kasangkapan siya sa kamay ni Satanas upang isagawa ang paghihimagsik nito laban sa Dios. Ngunit hindi magtatagal ang kanyang sigasig ay gagamitin sa pagtatayo ng iglesia na ngayon ay kanyang winawasak. Isang higit na makapangyarihan kay Satanas ang pumili kay Saulo upang kunin ang lugar ng bayaning si Esteban, upang mangaral at magdusa para sa Kanyang pangalan, at upang palaganapin sa malayong dako at sa malaganap na paraan ang pabalita ng kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang dugo. {AGA 77.5}

Kapitulo 12 – Ang Ebanghelyo sa Samaria

Matapos mamatay si Esteban, may bumangon sa Jerusalem na mahigpit na pag-uusig laban sa mga mananampalataya anupa't "sila'y nangalat sa mga lupain ng Judea at Samaria." Si Saulo ay "gumawa ng malaking pinsala sa iglesia, na pumapasok sa bawat tahanan, hinuhuli ang mga lalaki at babae, at dinadala sila sa piitan." Tungkol sa kanyang malupit na gawain ay sinabi niya pagkatapos: "Tunay na ako ma'y nag-isip, na dapat akong gumawa ng maraming bagay laban sa pangalan ni Jesus ng Nasaret. At ginawa ko rin ito sa Jerusalem: at kinulong ko sa mga bilangguan ang marami sa mga banal.... At madalas sa pagpaparusa ko sa kanila sa lahat ng mga sinagoga, ay pinipilit ko silang magsipamusong; at sa totoong pagkagalit ko sa kanila, ay sila'y pinag-uusig ko hanggang sa mga bayan ng ibang lupain." Na hindi lamang si Esteban ang nagdusa ng kamatayan ay makikita sa sariling salita ni Saulo, "At nang sila'y ipinapapatay, ay ibinigay ko ang aking pagsang-ayon laban sa kanila." Gawa 26:9-11. {AGA 79.1}

Sa panahong ito ng panganib, si Nicodemo ay may katapangang nagpatotoo ng pananampalataya sa ipinakong Tagapagligtas. Si Nicodemo ay kaanib ng Sanhedrin, at kasama pa ng iba ay nakilos ng mga aral ni Jesus. Sa pagkakita niya ng mga kahangahangang gawa ni Kristo, ang pagkahikayat ay dumating sa kanya na tunay ngang ito ay Sugo ng Dios. May pagmamataas na ayaw hayagang ipakilalang siya ay nagmamalasakit sa Gurong mula sa Galilea, nagsikap siyang makakuha ng palihim na panayam. Sa panayam na ito, ay inilahad sa kanya ni Jesus ang panukala ng pagliligtas, at ng Kanyang misyon dito sa lupa; gayunman ay atubili pa rin si Nicodemo. Itinago niya ang katotohanang ito sa kanyang puso, at sa loob ng tatlong taon ay parang maliit lamang ang bunga nito. Bagama't hindi hayagang kinilala ni Nicodemo si Kristo, sa loob naman ng Sanhedrin ay paulit-ulit na pinigil niya ang mga pakana ng mga seserdote upang sirain Siya. At sa wakas nang si Kristo ay nataas na sa krus, naalaala ni Nicodemo ang mga salita Niya sa gabi ng panayam sa Bundok ng Olibo, "At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon din ldnakailangang itaas ang Anak ng tao" (Juan 3:14); at nakita niya kay Jesus ang Manunubos ng sanlibutan. {AGA 79.2}

Kasama ni Jose ng Arimatea, si Nicodemo ang gumugol sa pagpapalibing kay Jesus. Ang mga alagad ay takot na maglantad ng sarili bilang mga tagasunod ni Kristo, ngunit si Nicodemo at Jose ay may katapangang lumantad at nagkaloob ng tulong. Ang tulong ng mayaman at marangal na lalaking ito ay tunay na kailangan sa oras na iyon ng kadiliman. Nagawa nila para sa kanilang patay na Panginoon ang imposibleng magawa ng mga dukhang alagad; at ang kanilang yaman at impluwensya ay nagsanggalang sa kanila sa malaking paraan, sa masamang isipan ng mga saserdote at mga pinuno. {AGA 80.1}

Ngayon, nang sinisikap ng mga Judiong wasakin ang sanggol na iglesia, si Nicodemo ay lumantad upang ito'y ipagsanggalang. Hindi na nahihintakutan o nagtatanong pa, pinasigla

niya ang pananampalataya ng mga alagad, at ginamit ang kanyang kayamanan sa pagtulong upang maitaguyod ang iglesia sa Jerusalem at mapalago ang gawain ng ebanghelyo. Silang sa mga nakaraang panahon ay nagpitagan sa kanya, ngayon ay nag-aglahi at nag-usig sa kanya; at siya'y naging dukha sa mga bagay ng mundo; gayunman ay hind siya nanghina sa pagtatanggol sa katotohanan. {AGA 80.2}

Ang pag-uusig na dumating sa iglesia sa Jerusalem ay nagbunga ng malaking sigla sa gawain ng ebanghelyo. Nakita ang tagumpay ng pangangaral sa dakong ito, at may panganib na ang mga alagad ay maglumagi doong napakatagal, na hindi na mapansin ang utos ng Panginoong humayo sa buong sanlibutan. Nakalimutang ang lakas upang labanan ang kasamaan ay natatamong higit sa agresibong paggawa, nagsimula silang mag-isip na wala nang gawaing higit pang mahalaga kaysa ipagsanggalang ang iglesia sa Jerusalem sa pagsalakay ng kaaway. Sa halip na turuan ang mga bagong hikayat na magbahagi ng ebanghelyo sa ibang hindi pa nakakarinig nito, nalagay sila sa panganib na lumakad na nasisiyahan sa mga bagay na nagampanan na. At upang pangalatin ang Kanyang mga alagad, upang sa iba't ibang dako ay gumawa para sa iba, ipinahintulot ng Dios na ang paguusig ay dumating sa kanila. Nang palayasin sa Jerusalem, ang mga mananampalataya ay "nagtungo sa bawat dako na ipinangangaral ang salita." {AGA 80.3}

Kabilang sa mga nabigyan ng Tagapagligtas ng utos na, "Magsihayo kayo, at turuan ang lahat ng bansa" (Mateo 28:19), ay buhat sa mga hamak na kalagayan lamang—mga lalaki at babaeng natutuhang mahalin ang Panginoon, at nagpasyang sundin ang Kanyang halimbawa ng hindi makasariling paglilingkod. Sa mga hamak na ito, gayon din sa mga alagad na nakasama ng Tagapagligtas sa panahon ng Kanyang gawain sa lupa, ay nabigay ang mahal na pagkakatiwala. Dadalhin nila sa sanlibutan ang magalak na balita ng kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo. {AGA 81.1}

Nang sila'y mangalat dahilan sa pag-uusig, napuspos sila ng sigasig misyonero. Nadama nila ang kapanagutan ng kanilang misyon. Nalaman nilang hawak nila sa kanilang kamay ang tinapay ng buhay para sa isang sanlibutang gutom dito; at sila'y nakilos ng pag-ibig ni Kristo upang maghati ng tinapay sa lahat ng nangangailangan nito. Ang Dios naman ay gumawa sa pamamagitan nila. Saan mang dako sila tumungo, ang mga maysakit ay napagaling at ang mga dukha ay naparangalan ng ebanghelyo. {AGA 81.2}

Si Felipe, isa sa pitong diakono, ay kabilang sa mga napalayas sa Jerusalem. Siya'y "bumaba sa bayan ng Samaria, at ipinangaral sa kanila si Kristo. At ang karamiha'y nagkakaisang nakildnig sa mga bagay na sinalita ni Felipe, pagkarinig nila at pagkakita ng mga tanda na ginawa niya. Sapagkat mga karumaldumal na espiritu ang lumalabas sa kanila, na nangagsisigaw ng malakas na tinig: at maraming mga lumpo, at pilay, ang pinagaling. At nagkaroon ng malaking kagalakan sa bayang yaon." {AGA 81.3}

Ang pabalita ni Kristo sa babaeng taga Samaria na nakausap Niya sa tabi ng balon ni Jacob ay nagbunga. Matapos madinig ang Kanyang mga salita, ang babae ay nagtungo sa mga kalalakihan ng siyudad, na nagsasabi, "Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang lalaki, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa: mangyayari kayang ito ang Kristo?" Sila'y sumama sa kanya, narinig si Jesus, at nagsisampalataya sa Kanya. Hindi mapalagay at gustong makarinig pa, nalausap sila sa Kanya na manatili pa. Sa loob ng dalawang araw Siya'y nanatiling kasama nila "at lalo pang marami ang mga nagsisampalataya sa Kanya dahil sa Kanyang salita." Juan 4:29, 41. {AGA 81.4}

Nang ang Kanyang mga alagad ay mapalayas mula sa Jerusalem, ang iba ay nakakita ng ligtas na kanlungan sa Samaria. Tinanggap ng mga Samaritano ang mga mensaherong ito ng ebanghelyo, at ang mga nahikayat na Judio ay nagtipon ng masaganang ani mula sa dati nilang pinakamahigpit na kaaway. {AGA 81.5}

Ang gawain ni Felipe sa Samaria ay kinakitaan ng malaking tagumpay, kaya't nagsugo siya sa Jerusalem upang humingi ng tulong. Nakitang lalong malinaw ng mga alagad ang kahulugan ng mga salita ni Kristo, "Kayo ay magiging saksi Ko sa Jerusalem, at sa buong Judea, at sa Samaria, at hanggang sa pinakadulo ng lupa." Gawa 1:8. {AGA 82.1}

Habang si Felipe ay nasa Samaria pa, inatasan siya ng mensahero ng langit na "tumungo sa timog sa daang patungo sa Gaza mula sa Jerusalem.... At siya ay nagbangon at lumakad." Hindi niya pinagalinlanganan ang panawagan, o nag-atubili mang sumunod; sapagkat natutuhan na niya ang liksyon ng pakikiayon sa kalooban ng Dios. {AGA 82.2}

"At, narito, ang isang lalaking taga Etiopia, isang bating na may dakilang kapamahalaan na sakop ni Candace, reyna ng mga Etiope, na siyang namamahala ng lahat niyang kayamanan, at siya'y naparoon sa Jerusalem upang sumamba; at siya'y pabalik na nakaupo sa kanyang karo, at binabasa ang propeta Isaias." Ang Etiopeng ito ay may magandang kalagayan at malawak na impluwensya. Nakita ng Dios na kung ito ay mahihikayat ay magbabahagi naman sa iba ng liwanag na tinanggap, at magbibigay ng malakas na impluwensya ukol sa ebanghelyo. Mga anghel ng Dios ay umaantabay sa mga nagsasaliksik ng liwanag, at siya ay inilalapit sa Tagapagligtas. Sa paglilingkod ng Banal na Espiritu dinala siya ng Panginoon sa taong makapag-aakay sa kanya sa liwanag. {AGA 82.3}

Si Felipe ay inatasang lumapit sa Etiope at ipaliwanag dito ang propesiyang binabasa. "Lumapit ka," ang sabi ng Espiritu, at sumakay ka sa karong ito." Sa paglapit ni Felipe, nagtanong siya, "Nauunawa mo ba ang binabasa mo? At sinabi niya, Paanong magagawa ko, malibang may pumatnubay sa aking sinuman? At pinakiusapan niya si Felipe na pumanhik at maupong kasama niya." At ang dako nga ng kasulatang binabasa niya ay ang propesiya ni Isaias patungkol kay Kristo: "Siya'y gaya ng tupa na dinala sa patayan; at kung paanong hindi umimik ang kordero sa harap ng manggugupit sa kanya, gayon din hindi

Niya binubuka ang Kanyang bibig: sa Kanyang pagpapakababa'y inalis ang Kanyang paghuhukom: at sino ang maghahayag ng Kanyang lahi? sapagkat inalis sa lupa ang Kanyang buhay." {AGA 82.4}

"Kanino sinasabi ng propeta ito? sa kanya bagang sarili, o sa alinmang iba?" At inilahad ni Felipe sa kanya ang dakilang katotohanan ng pagtubos. Nagsimula sa mga talata ring ito, "ipinangaral sa kanya si Jesus." {AGA 82.5}

Ang puso ng lalaking ito ay napuspos ng interes habang ipinaliliwanag sa kanya ang mga Kasulatan; at nang makatapos ang alagad, handa na siyang tanggapin ang liwanag na naibigay. Hindi niya idinahilan ang mataas na tungkulin sa sanlibutan upang tanggihan ang ebanghelyo. " At sa pagpapatuloy sa daan, ay nakarating sila sa dakong may tubig: at sinabi ng bating, Narito, ang tubig; ano ang nakahahadlang upang ako'y mabautismuhan? At sinabi ni Felipe, kung ikaw ay nananampalataya ng buong puso ay maaari. At siya'y sumagot at sinabi, Ako'y naniniwala na si Jesu-Cristo ang Anak ng Dios. At iniutos niyang itigil ang karo; at kapwa sila'y lumusong sa tubig; at binautismuhan ni Felipe ang bating." {AGA 83.1}

"At nang magsiahon sila sa tubig, ay inagaw si Felipe ng Espiritu ng Panginoon; at hindi na siya nakita ng bating, sapagkat ipinagpatuloy niya ang kanyang lakad na natutuwa. Ngunit nasumpungan si Felipe sa Azoto: at sa pagdadaan ay ipinangaral niya ang ebanghelyo sa lahat ng mga bayan, hanggang sa dumating siya sa Cesarea." {AGA 83.2}

Ang Etiopeng ito ay kumatawan sa maraming taong kailangang maturuan ng mga misyonerong tulad ni Felipe—mga lalaking makikinig sa tinig ng Dios, at hahayo saan man sila isugo Niya. Marami ang nagbabasa ng Kasulatan na hindi maunawaan ang tunay na kahalagahan nito. Sa buong mundo ay maraming mga lalaki at babaeng nakatanaw sa langit. Mga dalangin at luha at pagtatanong ay nagmumula sa mga kaluluwang nananabik sa liwanag, sa biyaya, sa Banal na Espiritu. Sila ay nasa pintuan ng kaharian, naghihintay lamang na papasukin. {AGA 83.3}

Isang anghel ang umakay kay Felipe sa taong naghahanap ng liwanag, at handa nang tumanggap ng ebanghelyo; at ngayon ang mga anghel ay papatnubay din sa mga paa ng mga manggagawang pahihintulutan ang Banal na Espiritu na magpabanal ng kanilang mga dila at magparangal ng kanilang mga puso. Ang anghel na isinugo kay Felipe ay maaaring siya nang gumawa ng gawain para sa Etiope, ngunit hindi ito ang paraan ng Dios sa paggawa. Panukala Niyang ang tao ang gagawa para sa kanilang kapwa tao. {AGA 83.4}

Sa pagkakatiwalang nabigay sa mga unang alagad, ang mga mana-nampalataya sa bawat panahon ay mayroong bahagi. Bawat isang tumanggap ng ebanghelyo ay binigyan ng banal na katotohanang dapat ibahagi sa sanlibutan. Ang tapat na bayan ng Dios ay lagi nang masigasig na misyonero, na nagtatalaga ng kanilang kayamanan sa pagpaparangal sa

Kanyang pangalan at malawak na ginagamit ang kanilang mga talento sa paglilingkod sa Kanya. {AGA 83.5}

Ang hindi makasariling paggawa ng mga Kristiano sa nakaraan ay liksyong moral at isang inspirasyon para sa atin ngayon. Ang mga kaanib ng iglesia ng Dios ay dapat na maging maningas sa mabubuting gawa, naghihiwalay ng sarili sa mga ambisyong makalupa, at lumalakad sa yapak Niyang gumawa ng kabutihan. May mga pusong puspos ng malasakit at habag, sila ay maglilingkod sa mga nangangailangan, sa paghahatid sa mga makasalanan ng pagkakilala sa pag-ibig ng Tagapagligtas. Ang ganitong gawain ay nananawagan ng matiyagang paggawa, ngunit nagdudulot ng mayamang pabuya. Silang sasangkot dito na may taimtim na adhikain ay makakakita ng mga taong nahihikayat sa Tagapagligtas; sapagkat ang impluwensyang kasama ng praktikal na pagsasakatuparan ng banal na atas, ay hindi matatanggihan. {AGA 84.1}

Hindi lamang sa ordinadong ministro nakasalalay ang kapanagutan ng paghayo sa komisyong ito. Bawat isang tumanggap kay Kristo ay tinatawagan sa pagliligtas ng kapwa tao. “Ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Parito. At siyang nakakarinig ay magsabi, Parito.” Apocalipsis 22:17. Ang utos na magbahagi ng paanyayang ito ay ukol sa buong iglesia. Bawat isang tumanggap ng paanyaya ay mag-anyaya rin sa burol at kapatagan na nagsasabing, “Parito.” {AGA 84.2}

Isang nakamamatay na pagkakamali ang isiping ang gawain ng pagliligtas ng kaluluwa ay nakasalalay lamang sa ministeryo. Ang hamak, natatalagang mananampalataya na binigyan ng Panginoon ng ubasan ng pasanin sa kaluluwa, ay dapat pasiglahin ng mga lalaking pinagkalooban ng Panginoon ng lalong malaking kapanagutan. Silang nakatayo bilang mga lider ng iglesia ng Dios ay dapat makadama na ang utos ng Tagapagligtas ay para sa lahat ng sumasampalataya sa Kanyang pangalan. Isusugo ng Dios sa Kanyang ubasan ang maraming hindi naitalaga sa gawain sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay. {AGA 84.3}

Daan-daan, oo, libo-libo, ang nakarinig ng pabalita ng kaligtasan, datapuwat nakatayo lamang sa mga pamilihan, na dapat sana ay aktibo sa anumang linya ng paglilingkod. Sa mga ito ay sinasabi ni Kristo, “Bakit kayo nakatayo dito sa maghapon na walang ginagawa?” at Kanyang idinagdag, “Humayo kayo sa ubasan” Mateo 20:6, 7. Bakit kaya kakaunti lamang ang tumutugon sa panawagan? Dahilan kaya na iniisip nilang sila ay hindi kasama sapagkat hindi naman sila tumatayo sa pulpito? Unawain nilang may malaking gawaing dapat gampanan sa labas ng pulpito, sa pamamagitan ng mga natatalagang kaanib ng iglesia. {AGA 84.4}

Matagal nang ang Dios ay naghihintay sa espiritu ng paglilingkod na lulukob sa buong iglesia upang ang bawat isa ay makagawa para sa Kanya ayon sa kani-kanyang kakayahan. Kapag ang mga kaanib ng iglesia ng Dios ay gagawa ng itinalagang tungkulin sa mga

bukirang nangangailangan sa sariling lugar at ibang dako, sa katuparan ng komisyon ng ebanghelyo, ang buong lupa ay mabababalaan, at ang Panginoong Jesus ay babalik na sa lupa sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. “Ang ebanghelyong ito ng kaharian ay ipangangaral sa buong sanlibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at darating ang wakas.” Mateo 24:14. {AGA 85.1}

Kapitulo 13 – Tagapag-usig na Naging Alagad

Pangunahin sa mga lider na Judio na lubhang napukaw sa tagumpay ng paghahayag ng ebanghelyo, ay si Saulo ng Tarsus. Isinilang na isang Romano, si Saulo ay isang Judio at nag-aral sa Jerusalem sa ilalim ng mga kilalang rabi. “Mula sa lahi ng Israel, mula sa angkan ni Benjamin,” si Saulo ay isang “Hebreo sa mga Hebreo; tungkol sa kautusan, ay Fariseo; tungkol sa pagsisikap, ay mang-uusig sa iglesia; tungkol sa katuwiran na nasa kautusan, ay walang kapintasan.” Filipos 3:5, 6. Itinuturing siya ng mga rabi bilang kabataang may malaking pag-asang magtagumpay, at may kakayahang ipagtanggol ang sinaunang pananampalataya. Ang pagkakataas niya bilang kaanib ng Sanhedrin ay naglagay din sa kanya sa kapangyarihan. {AGA 86.1}

Si Saulo ay nagkaroon ng malaking bahagi sa paglilitis at kombiksyon ni Esteban, at ang malinaw na katibayan ng presensya ng Dios sa martir na ito ay umakay kay Saulo na pagalinlanganan ang katuwiran ng gawaing kanyang pinapasan laban sa mga alagad ni Jesus. Ang kanyang isipan ay lubhang natigatig. Sa kanyang kagulumihanan siya ay lumapit sa mga taong ang karunungan at pasiya ay lubos niyang pinagkakatiwalaan. Ang mga argumento ng mga saserdote at pinuno sa wakas ay nagbadyang si Esteban ay isang mamumusong, na ang Kristong ipinangaral ng alagad na martir ay isang impostor, at silang naglilingkod sa banal na tungkulin ay tama. {AGA 86.2}

Sa malaking pagsubok sa sarili ay nakarating si Saulo sa konklusyong ito. Ngunit sa wakas ang kanyang edukasyon at maling akala, ang paggalang niya sa mga dating guro, at ang pagmamalaki niya sa katanyagan ang nagpatigas sa kanya upang magrebelde laban sa tinig ng konsyensya at biyaya ng Dios. Dahil lubos siyang naniniwala na ang mga saserdote at mga eskriba ay tama, si Saulo ay lalo pang naging matindi sa kanyang paglaban sa mga doktrinang itinuturo ng mga alagad ni Jesus. Ang kanyang sigasig sa paghaharap sa mga hukuman ng mga banal na lalaki at babae at pagkakapiit ng mga ito sa bilangguan dahilan lamang sa kanilang pananampalataya kay Jesus, ay naghatid ng lungkot at kapanglawan sa bagong tatag na iglesia, at marami ang tumakas upang maligtas sa pag-uusig. {AGA 86.3}

Ang mga umalis sa Jerusalem dahilan sa pag-uusig ay “nagtungo sa lahat ng dako na nangangaral ng ebanghelyo.” Gawa 8:4. Kabilang sa mga siyudad na tinungo nila ay ang Damasco, na doon ay nakahikayat ng maraming bagong kaanib sa pananampalataya. {AGA 87.1}

Inakala ng mga saserdote at pinuno na sa mahigpit na pag-uusig ay masusupil nila ang heresiyang ito. Ngayon ay kailangang isagawa din sa ibang lugar ang bagay na ginawa nila sa Jerusalem laban sa mga bagong aral. Sa tanging gawaing kailangan sa Damasco, si Saulo ay nag-alok ng kanyang paglilingkod. “Taglay ang mga banta at pagpatay sa mga lingkod ng Panginoon,” “nagtungo siya sa mga punong saserdote upang humingi ng sulat para sa mga

sinagoga sa Damasco, upang kung makahuli ng mga lalaki at babae ay madalang bihag ang mga ito sa Jerusalem." Samakatuwid "taglay ang kapamahalaan at bilin ng mga pangulong saserdote" (Gawa 26:12) ang kabataang si Saulo ng Tarsus, na maningas sa maling sigasig, ay nagsimula sa di malilimutang paglalakbay, na ang mga pangyayari dito ay magbabago ng kanyang buong buhay. {AGA 87.2}

Sa huling araw ng paglalakbay, "sa katanghaliang tapat," habang ang mga pagal na manlalakbay ay papalapit sa Damasco, natanaw nila ang mga malalawak na lupaing mabunga, ang magagandang hardin, at mabungang tanimang, tinutubigan ng mga malamig na agos ng tubig mula sa nakapalibot na kabundukan. Matapos ang mahabang paglalakbay sa mga tiwangwang na lupain, ang mga tanawing ito ay malaking ginhawa. Habang si Saulo, at mga kasama, ay nakamasid na may paghanga sa mabungang kapatagan at sa magandang siyudad sa ibaba, "biglang-bigla," ay may liwanag na lumukob sa kanya at sa mga kasamang manlalakbay, "isang liwanag na mula sa langit, na maningning pa sa sikat ng araw" (Gawa 26:13), maluwalhating gayon na hindi matagalan ng mata ng tao. Nabulag at naguluhan, si Saulo ay nalugmok sa lupa. {AGA 87.3}

Habang ang liwanag ay patuloy na sumisikat sa palibot nila, si Saulo ay "nakarinig ng tinig na nagsasalita sa wikang Hebreo," (Gawa 26:14), na nagsasabi sa kanya, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinaguusig? At sinabi niya, Sino Ka baga, Panginoon? At sinabi ng Panginoon, Ako si Jesus na iyong pinag-uusig: mahirap sa iyo ang sumikad sa matutulis." {AGA 87.4}

Puno ng takot, at halos nabulag sa tindi ng liwanag, narinig ng mga kasama ni Saulo ang tinig, ngunit wala silang nakitang sinuman. Ngunit naunawaan ni Saulo ang mga salitang narinig, at sa kanya ay malinaw na nahayag Siya na nagsalita—ang Anak ng Dios. Sa maluwalhating Nilalang na tumayo sa harapan niya, nakita niya ang ipinako sa krus. Sa Judiong ito ay naiguhit magpakailanman ang wangis ng Tagapagligtas. Ang mga salitang narinig ay malalim na natanim sa puso. Sa pinadilim na silid ng kanyang isipan ay may naglagos na buhos ng liwanag, naglalantad ng kamalian at kawalang kaalaman ng kanyang dating buhay at ng kasalukuyang pangangailangan niya sa pagliliwanag ng Banal na Espiritu. {AGA 88.1}

Ngayon ay nakita ni Saulo na sa pag-uusig niya sa mga alagad ni Jesus ay ginagawa niya ang gawain ni Satanas. Nakita niyang ang kanyang kombiksyon ukol sa matuwid at tungkulin ay nabatay sa malaking bahagi sa mahigpit niyang tiwala sa mga saserdote at pinuno. Naniwala siya sa sinabi nilang ang kuwento ng pagkabuhay na maguli ay matalinong habi lamang ng mga alagad. Ngayong si Jesus Mismo ang nagpahayag sa kanya, si Saulo ay nakatiyak sa katotohanan ng mga pag-aangkin ng mga alagad. {AGA 88.2}

Sa oras na iyon ng pagliliwanag mula sa langit ang isipan ni Saulo ay kumilos na may kahanga-hangang bilis. Ang tala ng propesiya ng Banal na Sulat ay nabuksan sa kanyang

pang-unawa. Nakita niya ang pagtanggi ng mga Judio kay Jesus, ang Kanyang pagkapako, pagkabuhay mag-uli, at pagpanhik sa langit, ay ipinopropesiya ng mga propeta at nagpatibay na Siya nga ang Mesias. Ang sermon ni Esteban sa oras ng kanyang pagiging martir ay tunay ngang sumaisip ni Saulo, at kanyang naunawaan na ang martir ay napagmasdan ang "kaluwalhatian ng Dios," nang sabihin nitong, "Nakita kong nabuksan ang mga langit, at ang Anak ng tao ay nakatayo sa kanang kamay ng Dios." Gawa 7:55, 56. Inihayag ng mga saserdote na ito ay paglapastangan, ngunit ngayon ay naalaman ni Saulo na ito ay katotohanan. {AGA 88.3}

Napakadakilang pagpapahayag ito sa mang-uusig! Ngayon ay may katiyakang nakilala ni Saulo na ang ipinangakong Mesias ay naparito na sa lupa bilang Jesus ng Nasaret at Siya ay tinanggihan at ipinako nilang dahilan ng Kanyang pagtungo sa lupa upang magligtas. Alam din niya ngayon na ang Tagapagligtas ay matagumpay na bumangon mula sa libingan at pumanhik sa mga langit. Sa sandaling iyon ng paghahayag ng langit, naalaala ni Saulo na may pagkatakot kung paanong si Esteban, na nagbigay patotoo sa Tagapagligtas na ipinako at muling nabuhay, ay naisakripisyo na may pahintulot niya, at matapos ito, sa pamamagitan din niya, marami pang mga matuwid na alagad ni Jesus ang napatay sa kanyang malupit na pag-uusig. {AGA 88.4}

Ang Tagapagligtas ay nangusap kay Saulo sa pamamagitan ni Esteban, na ang malinaw na pagpapaliwanag ay hindi mapagbubulaanan. Namasdan ng marunong na Judio ang mukha ng martir na nagliliwanag sa kaluwalhatian ni Kristo—na sa tingin ay "parang mukha ng anghel." Gawa 6:15. Nasaksihan niya ang pagpapahinuhod ni Esteban sa kanyang mga kaaway at ang pagpapatawad nito sa kanila. Nasaksihan din niya ang katatagan at magalak na pagtanggap ng karanasan nilang pinahirapan at sinugatan, Nakita niya kung paanong ang ilan ay nagbuwis ng kanilang buhay na may kagalakan para sa kanilang pananampalataya. {AGA 89.1}

Lahat ng mga ito ay nangusap nang malakas kay Saulo at kung ilang ulit na naglagay sa kanyang isipan ng makapangyarihang kombiskyon na si Jesus nga ang ipinangakong Mesias. Sa mga pagkakataong iyon ay magdamag siyang nakipagpunyagi laban sa kanyang kombiksyon, at lagi ay tinapos niya ang bagay na ito sa pagpapatibay ng paniniwalang si Jesus ay hindi ang Mesias at ang mga alagad niya ay isang pangkat ng nadayang panatiko. {AGA 89.2}

Ngayon si Kristo ay nagsalita kay Saulo sa sariling tinig Niya, sa pagsasabing, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?" At ang tanong na, "Sino Ka Panginoon?" ay sinagot ng kaparehong tinig, "Ako si Jesus na iyong pinag-uusig." Dito ay inihanay ni Kristo ang Sarili sa Kanyang bayan. Sa pag-uusig sa mga alagad ni Jesus, si Saulo ay tuwirang nagtaas ng kamay laban sa Panginoon ng langit. Sa maling paratang at pagpa-patotoo laban sa kanila, nagparatang siya ng mali at nagpatotoo laban sa Tagapagligtas ng sanlibutan. {AGA 89.3}

Wala nang alinlangan pa kay Saulo na ang nagsalita sa kanya ay si Jesus ng Nasaret, ang matagal nang hinihintay na Mesias, ang Kaginhawahan at Manunubos ng Israel. “Nanginginig at nagulantang,” nagtanong ito, “Panginoon, ano ang nais Mong gawin ko? Sumagot ang Panginoon sa kanya, Bumangon ka, at pumasok sa siyudad, at doon ay sasabihin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin.” {AGA 89.4}

Nang alisin na ang kaluwalhatian, si Saulo ay bumangon mula sa lupa, at narandaman niyang wala na siyang paningin. Ang ningning ng kaluwalhatian ni Kristo ay hindi natagalan ng kanyang mga mata; at nang maalis na ito, ang kadiliman ng gabi ang pumalit sa kanyang paningin. Naisip niyang ang kalunos-lunos na kadilimang ito ay parusa sa kanya ng Dios dahilan sa kanyang malupit na pag-uusig sa mga alagad ni Jesus. Sa kalunos-lunos na kadiliman ay nangapa siya, at ang mga kasama niya, sa takot at pagkamangha, “ay inakay siya sa kamay, at dinala sa Damasco.” {AGA 90.1}

Sa umaga ng araw na iyon, si Saulo ay papalapit sa Damasco na nakararamdan ng kasiyahan sa sarili dahilan sa pagtitiwalang ibinigay sa kanya ng punong saserdote. Sa kanya ay ipinagkatiwala ang isang mabigat na kapanagutan. Binigyan-siya ng gawaing palawakin pa ang mga interes ng relihiyong Judio sa pagsupil, hanggat maaari, sa paglaganap ng bagong pananampalataya sa Damasco. Naipasya niyang ang misyong ito ay puputungan ng tagumpay at tumingin siyang may pag-asam sa mga karanasang nasa harapan niya. {AGA 90.2}

Ngunit gaanong kaiba sa inaasahan niya ang naging pagpasok sa siyudad? Bulag, walang lakas, nagsisisi, hindi alam kung ano pang parusa ang naghihintay sa kanya, sinikap niyang hanapin ang tahanan ng alagad na si Judas, na doon, sa pag-iisa, ay magkakaroon siya ng pagkakataong magbulay-bulay at manalangin. {AGA 90.3}

Sa loob ng tatlong araw si Saulo “ay walang paningin, at hindi kumain o uminom man.” Ang mga araw na ito ng paghihirap ay parang mga taon sa kanya. Muli at muli, ay naalaala niyang may hapis ng diwa, ang bahaging ginampanan niya sa pagkamartir ni Esteban. May pagkahilakbot na naisip niya ang pagkakamaling siya ay pumayag na mapigilan ng maling akala at masamang nasa ng mga saserdote at pinuno, kahit na sa sandaling ang mukha ni Esteban ay nagningning sa liwanag ng langit. Sa kalungkutan at bagabag na diwa naalaala niya ang maraming pagkakataong nagsara siya ng mata at tainga sa mga malinaw na katibayan at walang tigil pang nagmungkahi ng pag-uusig sa mga mananampalataya ni Jesus ng Nasaret. {AGA 90.4}

Ang mga araw na ito ng pagsisiyasat sa sarili at pagpapakababa ng puso ay ginawa sa pag-iisa. Ang mga mananampalataya, na nabigyang babala sa adhikain ng pagdating ni Saulo sa Damasco, ay natakot na baka ito ay umaarte lamang, upang lalo silang madaya; at sila ay lumayo sa kanya, at tumangging magmalasakit sa kanya. Wala siyang naising lumapit sa mga Judiong hindi hikayat, na panukala sana niyang makasama sa pag-uusig sa mga

mananampalataya; sapagkat alam niyang ni hindi sila makikinig sa kanyang istorya. Sa ganito ay parang sarado sa kanya ang pagdamay ng lahat ng tao. Ang tanging pag-asa niyang tulong ay mula sa mahabaging Dios, at sa Kanya'y nagsumamo siyang may bagbag na puso. {AGA 90.5}

Sa mahabang mga oras na si Saulo ay nag-iisa sa piling ng Dios, naalaala niya ang mga bahagi ng Kasulatang ukol sa unang pagparito ni Kristo. Maingat na tinugaygayan niya ang mga propesiya, taglay ang memoryang pinatalas ng kombiksyong dumating sa kanya. Habang binubulay-bulay niya ang kahulugan ng mga propesiyang ito namangha siya sa dating pagkabulag niya sa pagkaunawa, at sa pangkalahatang pagkabulag din ng mga Judio, na umakay sa pagtanggi kay Jesus bilang ipinangakong Mesias. Sa kanyang paningin na pinalinaw na, lahat ay naging maliwanag. Nalaman niyang ang mga dating maling akala at kawalang paniniwala ang nagpaulap ng kanyang pananaw espirituwal, at humadlang sa kanya na makita si Jesus ng Nasaret bilang Mesias sa propesiya. {AGA 91.1}

Sa lubusang pagsuko ni Saulo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritung magkumbinsi, nakita niya ang mga pagkakamali ng kanyang buhay at nakilala ang pag-aangkin ng kautusan ng Dios. Siya na naging mayabang na Pariseo, at may buong tiwalang siya ay nagiging karapat-dapat sa kanyang mababuting gawa, ngayon ay nakayuko sa harap ng Dios taglay ang kaamuan at kasimplihan ng isang munting bata, nagkukumpisal ng kanyang kawalang karapatan at nagsusumamo ukol sa kabutihan ng Tagapagligtas na napako at muling nabuhay. Nanabik si Saulo na lubusang makatugma at makasama ng Ama at Anak; at sa igting ng kanyang pagnanais na mapatawad at matanggap ay naghandog siya ng maningas na dalangin sa luklukan ng biyaya. {AGA 91.2}

Ang mga dalangin ng nagsisising Pariseo ay di nawalan ng kabuluhan. Ang mga pinakaloob na isipan at damdamin ng puso ay nabago ng biyaya ng langit; at ang mga lalong marangal na kakayahan ay naitugma sa mga walang hanggang adhikain ng Dios. Si Kristo at ang Kanyang katuwiran ay naging higit ang timbang kay Saulo kaysa sa buong mundo. {AGA 91.3}

Ang pagkahikayat ni Saulo ay malinaw na katibayan ng milagrong kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kilusin ang taong makasalanan. Buo ang pananampalataya niya noon na si Jesus ng Nasaret ay niwawalang kabuluhan ang utos ng Dios, at nagturo sa mga alagad na ito ay wala nang bisa. Ngunit matapos na mahikayat, nakilala ni Saulo si Jesus bilang siyang dumating sa sanlibutan sa tanging adhi-kaing itayo ang dangal ng kautusan ng Kanyang Ama. Buo rin ang kanyang paniniwalang si Jesus ang nagpasimula ng buong sistema ng paghahandog ng mga Judio. Nakita niyang sa pagkapako sa krus ang anino ay lumapat sa katawan, na tinupad ni Jesus ang mga propesiya sa Lumang Tipan ukol sa Manunubos ng Israel. {AGA 91.4}

Sa tala ng pagkahikayat ni Saulo maraming mahahalagang simulain ang nabigay sa atin na dapat tandaan. Si Saulo ay tuwirang nadala sa presensya ni Kristo. Siya ay itinalaga ni Kristo sa isang napakahalagang gawain, isang "sisidlang hirang" sa Kanya; ngunit hindi agad ipinaalam ng Panginoon sa kanya ang gawaing dapat gampanan. Pinigil muna ito sa kanyang gawain at sinansala sa kasalanan; datapuwat nang mag-tanong na si Saulo, "Ano ang nais Mong gawin ko para sa Iyo?" inilagay ng Tagapagligtas ang nagtatanong na Judio sa kaugnayan ng Kanyang iglesia, upang doon ay makakuha siya ng kaalaman ng kalooban ng Dios para sa kanya. {AGA 92.1}

Ang kamangha-manghang liwanag na nag-alis ng kadiliman ni Saulo ay gawain ng Panginoon; ngunit may gawaing dapat pa ring gampanan para sa kanya ng mga alagad. Naisagawa ni Kristo ang gawain ng paghahayag at kombiksyon; at ngayon ang nagsisisi ay nasa dakong maaari na siyang matuto mula sa kanilang itinalaga ng Dios na magturo ng katotohanan. {AGA 92.2}

Samantalang sa pag-iisa si Saulo sa bahay ni Judas siya ay nagpatuloy sa pananalangin at pagsamo, ang Panginoon ay nagpakita sa pangitan sa "isang alagad sa Damasco, sa pangalang Ananias," at sinabi ditong si Saulo ng Tarsus ay nananalangin at nangangailangan ng tulong. "Bumangon ka, at magtungo sa lansangang kung tawagin ay Matuwid," ang mensahero ng langit ay nagsabi, "at magtanong sa bahay ni Judas tungkol sa isang kung tawagin ay Saulo, ng Tarsus: sapagkat, siya ay nananalangin, at nakita sa pangitain ang pagdating ng isang taong ang pangalan ay Ananias, at magpapatong ng kamay sa kanya, upang siya ay magkaroon ng paningin." {AGA 92.3}

Hindi agad matanggap ni Ananias ang mga salita ng anghel; sapagkat ang mga tala ng malupit na pag-uusig ni Saulo sa mga banal sa Jerusalem ay lumaganap na sa malalayong lugar. At siya ay nakipagkatuwiranan pa: "Panginoon, marami akong nadinig tungkol sa taong ito, kung gaanong sama ang ginawa niya sa mga banal sa Jerusalem: at narito siya taglay ang otoridad mula sa mga punong saserdote upang usigin ang lahat na tumatawag sa Iyong pangalan." Ngunit ang utos ay madiin: "Humayo ka sa iyong lakad sapagkat siya ay sisidlang hirang sa Akin, upang taglayin ang Aking pangalan sa mga Gentil, at mga hari, at sa mga anak ng Israel." {AGA 92.4}

Masunurin sa atas ng anghel, hinanap ni Ananias ang lalaking di pa nagtatagal ay nagbanta sa lahat ng nananampalataya sa pangalan ni Jesus; at sa pagpapatong ng kamay sa ulo ng nagsisising nagdurusa, sinabi niya, "Kapatid na Saulo, ang Panginoong Jesus, na nagpakita sa daang iyong pinanggalingan, ang nagsugo sa akin, upang matanggap mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Banal na Espiritu." {AGA 93.1}

"At pagdaka ay nahulog mula sa kanyang mga mata ang sa wari ay mga kalislas: at nagbalik sa kanya ang paningin, at ito'y tumindig, at nabautismuhan." {AGA 93.2}

Sa ganito ay pinagtibay ni Jesus ang kapangyarihan ng Kanyang itinatag na iglesia, at inihanay si Saulo sa Kanyang mga itinakgang ahensya sa lupa. Ngayon ay may iglesia na si Kristo bilang Kanyang kinatawan sa lupa, at dito ay natalaga ang gawain ng pagtuturo ng daan ng buhay sa nagsisising makasalanan. {AGA 93.3}

Marami ang may isipang sila ay nananagot lamang kay Kristo sa liwanag at karanasan, at hiwalay sa Kanyang kinikilalang mga tagasunod sa lupa. Si Jesus ay kaibigan ng makasalanan, at ang Kanyang puso ay nakikilos ng kanilang kaabahan. Taglay Niya ang lahat ng kapangyarihan, sa langit at sa lupa; ngunit iginagalang Niya ang paraang itinalaga Niya para sa kaliwanagan at kaligtasan ng tao. Itinuturo Niya ang makasalanan sa iglesia na ginawa Niyang daluyan ng liwanag sa sanlibutan. {AGA 93.4}

Nang, sa gitna ng kanyang bulag na kamalian at maling akala, si Saulo ay nabigyan ng pagpapahayag ni Kristong kanyang pinaguusig, siya ay tuwirang iniugnay sa iglesia, na siyang liwanag sa sanlibutan. Sa pagkakataong ito si Ananias ay kumatawan kay Kristo, at gayon din sa mga ministro ni Kristo dito sa lupa, na hinirang upang gumawa para sa Kanya. Para kay Kristo ay hinipo ni Ananias ang mga mata ni Saulo, upang maibalik dito ang paningin. Para kay Kristo ipinatong niya ang mga kamay sa kanya, at habang nananalangin sa pangalan ni Kristo, tinanggap ni Saulo ang Banal na Espiritu. Lahat ay nagampanan sa pangalan at kapangyarihan ni Kristo. Si Kristo ang bukal; ang iglesia ang daluyan ng komunikasyon. {AGA 93.5}

Kapitulo 14 – Mga Araw ng Paghahanda

Matapos mabautismuhan, tinapos ni Pablo ang kanyang ayuno at nanatiling “ilang araw kasama ng mga alagad sa Damasco. At pagdaka ay ipinangaral niya si Kristo sa mga sinagoga, na Siya ang Anak ng Dios.” May katapangang ipinahayag niya si Jesus ng Nasaret bilang Mesias na matagal nang hinihintay, na “namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa Kasulatan;...inilibing, at...muling nabuhay sa ikatlong araw,” at matapos ito ay nakita ng Labindalawang alagad, at ng iba pa. “At higit sa lahat,” dagdag ni Pablo, “Nakita ko rin Siya, bilang isang isinilang sa takdang panahon.” 1 Corinto 15:3, 4, 8. Ang mga argumento niya mula sa propesiya ay naging matibay, at ang kanyang mga pagsisikap ay maliwanag na sinamahan ng kapangyarihan ng Dios, anupa’t ang mga Judio ay natulala at hindi nakasagot sa kanya. {AGA 95.1}

Ang balita ng pagkahikayat ni Pablo ay nakarating sa mga Judio bilang isang malaking pagkagulat. Siyang naglakbay tungo sa Damasco “taglay ang kapamahalaan at bilin mula sa mga punong saserdote” (Gawa 26:12) upang hulihin at usigin ang mga mananampalataya ngayon ay nangangaral ng ebanghelyo tungkol sa Tagapagligtas na napako at nabuhay na

muli, at nagpapalakas ng kamay ng mga alagad Niya, at patuloy na nagdadala ng mga bagong hikayat sa pananampalatayang dati ay mapait niyang nilabanan. {AGA 95.2}

Si Pablo ay dating kilala bilang masugid na tagapagtanggol ng relihiyon ng mga Judio at walang kapagurang mang-uusig ng mga tagasunod kay Jesus. Matapang, independyente, matiyaga, ang kanyang mga talento at pagsasanay ay dahilan upang makapaglingkod siya sa kahit anumang gawain. Nakapangangatuwiran siyang may linaw, at sa nakatutuyong paguyam ay naipapahiya niya ang katunggali. At ngayon ay nakita ng mga Judio na ang kabataang itong may kakaibang pangako ay kakampi ngayon ng mga dati ay inuusig niya, at walang takot na nangangaral sa pangalan ni Jesus. {AGA 95.3}

Ang isang heneral na namatay sa digmaan ay kawalan sa kanyang hukbo, ngunit ang kamatayan naman niya ay hindi karagdagang lakas sa kaaway. Ngunit kung ang isang lalaking may natatanging kakayahan ay sasanib sa kaaway na puwersa, hindi lamang nawawala ang kanyang paglilingkod, kundi nagiging pakinabang pa ng kanyang sasaniban. Si Saulo ng Tarsus, ay madali sanang napatay ng Panginoon, sa daang patungo sa Damasco, at ang malaking puwersa ay nawala sana sa kapangyarihang nang-uusig. Ngunit sa panukala ng Dios hindi lamang ipinagpatuloy ang buhay ni Saulo, kundi binago pa ito, at mula sa pagiging kampyon sa panig ng kaaway ay natungo sa panig ni Kristo. Isang mahusay na tagapagsalita at mahigpit na kritiko, si Pablo, na may matatag na adhikain at tapang, ay nagtataglay ng mga katangiang kailangan ng naunang iglesia. {AGA 96.1}

Habang nangangaral si Pablo sa Damasco, lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha at nagsabi, “Hindi baga ito ang nagwawasak sa kanilang tumatawag sa Kanyang pangalan sa Jerusalem, at naparito sa adhikaing iyon, na madala silang bihag sa mga punong saserdote?” Inihayag ni Pablo na ang pagbabago ng kanyang pananampalataya ay hindi udyok ng bugso ng damdamin o panatisismo, kundi dahilan sa malalakas na katibayan. Sa paglalahad niya ng ebanghelyo, sinikap niyang gawing maliwanag ang mga propesiya ukol sa unang pagparito ni Kristo. May katiyakang ipinalata niya na ang mga propesiyang ito ay literal na natupad kay Jesus ng Nasaret. Ang pundasyon ng pananampalataya niya ay ang tiyak na salita ng propesiya. {AGA 96.2}

Habang patuloy si Pablo sa pagsamo sa mga namamanghang tagapakinig upang “magsisi at magbalik loob sa Dios, at gumawa ng mga bagay na angkop sa pagsisisi” (Gawa 26:20), siya ay “lumago sa kalakasan, at bumabagabag sa mga Judiong nasa Damasco sa pagpapatibay na ito nga ang Kristo.” Ngunit marami ang nagpatigas ng kanilang puso, tumangging tumugon sa kanyang pabalita, at di nagtagal ang kanilang pagkagulat sa kanyang pagkahikayat ay nauwi sa matin-ding muhi katulad ng ipinalata nila kay Jesus. {AGA 96.3}

Naging napakabagsik ng oposisyon anupa’t si Pablo ay hindi pinayagang magpatuloy ng kanyang paggawa sa Damasco. Isang mensahero ng langit ang nag-atas sa kanyang umalis

doon pansamantala, at siya'y "nagtungo sa Arabia" (Galacia 1:17), na doo'y nakasumpong siya ng panatag na kanlungan. {AGA 96.4}

Dito, sa pag-iisa sa disyerto, nagkaroon si Pablo ng sapat na pagka-kataon para sa tahimik na pag-aaral at pagbubulay-bulay. Payapang binalik-aralan niya ang nakaraang karanasan, at tiniyak ang kanyang pagsisisi. Hinanap niyang buong puso ang Dios, at hindi natahimik hangga't hindi niya natiyak na ang kanyang pagsisisi ay tinatanggap at ang mga kasalanan ay napatawad. Nanabik siya sa kasiguruhang si Jesus ay makakasama niya sa darating na paglilingkod. Inalis niya sa sarili ang mga maling akala at tradisyong dati'y humubog ng kanyang buhay, at tumanggap ng tagubilin mula sa Bukal ng katotohanan. Si Jesus ay nakipagtalastasan sa kanya pinatatag siya sa pananampalataya, at ipinagkaloob sa kanya ang mayamang sukat ng karunungan at biyaya. {AGA 97.1}

Kapag ang isipan ng tao ay nadadala sa palakipag-ugnayan sa isipan ng Dios, ang may katapusan sa Walang Katapusan, ang bunga nito sa katawan at isipan at kaluluwa, ay hindi masusukat. Sa ganitong ugnayan natatagpuan ang pinakamataas na edukasyon. Ito ang paraan ng Dios sa pagpapalago. "Makipagkilala sa Kanya ngayon," (Job 22:21), ang Kanyang pabalita sa sangkatauhan. {AGA 97.2}

Ang banal na tagubiling nabigay kay Pablo sa kanyang pakikipanayam kay Ananias, ay namalaging mabigat sa kanyang puso. Nang, bilang tugon sa salitang, "Kapatid na Pablo, tanggapin mo ang iyong paningin," sa unang pagkakataon ay namasdan ni Pablo ang mukha ng banal na lalaking ito, si Ananias sa amuld ng Banal na Espiritu ay nagsalita sa kanya: "Ang Dios ng ating mga magulang ay pinili ka, upang maalaman mo ang Kanyang kalooban, at makita mo Ang Banal, at marinig mo ang isang tinig na mula sa Kanyang bibig. Sapagkat magiging saksi ka Niya sa lahat ng mga tao tungkol sa mga bagay na iyong nakita at narinig. At ngayon bakit ka tumitigil? magtindig ka, at mabautismuhan, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa pangalan ng Panginoon." Gawa 22:1316. ' Ang mga salitang ito ay katugma ng mga salita ni Jesus mismo, na, nang pigilan si Saulo sa daang patungo sa Damasco, ay naghayag: "Sapagkat dahil dito'y napakita Ako sa iyo, upang ihalal kitang ministro at saksi din naman ng mga bagay na nakita mo sa Akin, at ng mga bagay na pagpapakitaan Ko sa iyo; na ililigtas kita sa bayan, at sa mga Gentil, na sa kanila'y sinusugo kita, upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman, at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa Akin." Gawa 26:16-18. {AGA 97.3}

Habang binubulay-bulay ni Pablo ang mga bagay na ito sa kanyang puso, lalo pang naunawaan. niya ang kahulugan ng pagkatawag sa kanya bilang "apostol ni Jesu-Cristo sa kalooban ng Dios." 1 Corinto 1:1. Ang panawagan sa kanya ay "hindi ng tao, o sa pamamagitan ng tao, kundi kay Jesu-Cristo, at ng Dios Ama." Galacia 1:1. Ang kadakilaan

ng gawaing nasa harapan niya ay umakay upang lalo siyang mag-aral ng Banal na Kasulatan, upang maipangaral niya ang ebanghelyo "hindi sa karunungan ng salita, anupa't ang krus ni Kristo ay mapawalang bisa," "kundi sa pagpapahayag ng Espiritu at ng kapangyarihan," upang ang pananampalataya ng lahat na makarinig "ay hindi tumayo sa karunungan ng tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios." 1 Corinto 1:17; 2:4, 5. {AGA 98.1}

Sa pagsasaliksik ni Pablo ng Kasulatan, natutuhan niyang sa paglakad ng mga panahon, "hindi ang maraming marurunong ayon sa laman, hindi ang maraming may kapangyarihan, hindi ang maraming mahal na tao, ang mga tinawag: kundi pinili ng Dios ang mga bagay na kamangmangan ng sanlibutan, upang hiyain niya ang mga marurunong; at pinili ng Dios ang mga bagay na mahihina ng sanlibutan, upang hiyain niya ang mga bagay na malalakas; at ang mga bagay na mababa ng sanlibutan, at mga bagay na hinamak, ang pinili ng Dios, oo, at ang mga bagay na walang halaga, upang mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga; upang walang laman na magmapuri sa harapan ng Dios." 1 Corinto 1:26-29. Kung kaya nga, sa pagkamalas ng karunungan ng sanlibutan sa liwanag ng krus, "naipasya ni Pablong walang ibang maalaman...liban na kay Jesu-Cristo, at Siyang napako." 1 Corinto 2:2. {AGA 98.2}

Sa panahon ng paglilingkod niya, hindi naalis sa paningin ni Pablo ang Bukal ng karunungan at kalakasan. Pakinggan siya, pagkaraan ng maraming taon, na nagpapahayag, "Sa akin ang mabuhay ay si Kristo." Filipos 1:21. At muli: "Lahat ng bagay ay ibinibilang kong kawalan alang-alang sa kagalingan ng pagkaalam kay Jesu-Cristong Panginoon ko: na para sa Kanya ay nagtiis ako ng pagkawala ng lahat ng bagay,...upang aking matamo si Kristo, at masumpungan sa Kanya, na walang sariling katuwiran, ayon sa kautusan, kundi ang ayon sa pananampalataya ni Kristo, na ang katuwiran ay sa Dios sa pananampalataya: upang makilala ko Siya, at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay mag-uli, at ang pakikisama sa Kanyang mga paghihirap." Filipos 3:8-10. {AGA 98.3}

Mula sa Arabia ay "nagbalik muli si Pablo sa Damasco" (Galacia 1:17), at "nangaral na may katapangan...sa pangalan ni Jesus." Nang hindi nila matagalan ang karunungan ng kanyang mga argumento, "ang mga Judio ay nagsanggunian upang siya ay patayin." Ang mga pintuan ng siyudad ay masinop na binantayan araw at gabi upang hadlangan ang kanyang pagtakas. Ang krisis na ito ay umakay sa mga alagad na maningas na manalangin sa Dios, at sa wakas "kinuha siya sa gabi ng kanyang mga alagad, at siya'y ibinaba sa kuta na siya'y inihugos na nasa isang balaong." Gawa 9:25. {AGA 99.1}

Matapos makatakas sa Damasco, si Pablo ay nagtungo sa Jerusalem, mga tatlong taon na matapos siyang mahikayat. Ang pangunahing adhikain niya sa pagdalaw na ito, tulad ng sinabi niya pagkatapos, ay "upang makatagpo si Pedro." Galacia 1:18. Pagdating sa siyudad na doon ay dati siyang kilala bilang "si Saulong mang-uusig," "sinikap niyang makisama sa mga alagad: datapuwat lahat sila ay natatakot dito, at ayaw maniwalang siya ay isa ring alagad." Napakahirap para sa kanilang maniwala na ang isang Pariseong panatiko, at isang

malaki ang nagawa sa pagwasak ng iglesia, ay magiging tapat na alagad ni Jesus. “Ngunit tinanggap siya ni Bemabe, at dinala siya sa mga alagad, at inihayag sa kanila kung paanong nakatagpo nito ang Panginoon sa daan, at Siya ay nangusap sa kanya, at kung paanong may tapang na nangaral siya sa Damasco sa pangalan ni Jesus.” {AGA 99.2}

Pagkarinig nito, tinanggap siya ng mga alagad at napabilang sa kanila. Di nga nagtagal ay nagkaroon sila ng maraming katibayan sa pagiging totoo ng kanyang karanasang Kristiano. Ang magiging apostol sa mga Gentil ay nasa siyudad na ngayon na doo’y nakatira ang mga dating kasamahan niya, at nanabik siyang ilahad sa mga pinuno na ito ng Judio ang mga propesiya tungkol sa Mesias na natupad sa pagdating ng Tagapagligtas. Natitiyak ni Pablo na ang mga gurong ito sa Israel, na kilalang-kilala niya, ay kasing tapat at taimtim na kamlad niya noon. Ngunit hindi niya natantiya ang espiritu ng kanyang mga kapatid na Judio, at sa pag-asa sa kanilang madaliang pagkahikayat siya ay nabigo. Bagama’t “may katapangan siyang nagsalita sa pangalan ng Panginoong Jesus, at nakipagtunggalian sa mga Greciano,” silang mga pinuno ng iglesiang Judio ay tumangging maniwala, at “nagsikap na siya ay patayin.” Kalungkutan ay pumuspos sa kanyang puso. Handa siyang magbuwis ng buhay kung sa pamamagitan noon ay madadala ang ilan sa kaalaman ng katotothanan. May pagkahiyang naisip niya ang sarili sa aktibong bahaging ginampanan sa pagiging martir ni Esteban, at ngayon sa kanyang bagabag ay nais niyang pahirin ang natitirang mantsa sa isang maling naparatangan, sinikap niyang itayo ang puri ng katotohanang dahil dito ay nagbuwis ng buhay si Esteban. {AGA 99.3}

May pasanin para sa kanila na ayaw maniwala, si Pablo ay nana-nalangin sa templo, at siya ay nagkaroon ng pangitain. Isang mensahero ng langit ang napakita sa kanya at nagsabi, “Magmadali ka, umalis ka sa Jerusalem: sapagkat hindi nila tatanggapin ang patotoo mo tungkol sa Akin.” Gawa 22:18. {AGA 100.1}

Si Pablo ay nagnanais pa sanang manatili sa Jerusalem, na doon ay mahaharap niya ang oposisyon. Para sa kanya ay kaduwagan ang umalis, at sa pananatili ay maaari niyang maakay sa katotohanan ang mga Judiong itong matitigas ang ulo, kahit na kung sa pananatili roon ay maging katumbas ng kanyang buhay. Kaya’t tumugon siya, “Panginoon, alam nilang ako ang nagbilanggo at humampas sa bawat sinagoga sa mga nagsisisampalataya sa Iyo: at nang ibubo ang dugo ni Estebang Iyong saksi, ako nama’y nakatayo sa malapit, at sinasangayunan ko, at iningatan ko ang mga damit ng sa kanya’y nagsipatay.” Ngunit hindi kasang-ayon sa panukala ng Dios na ang buhay ng Kanyang lingkod ay malagay sa panganib; at ang mensahero ng langit ay sumagot, “Yumaon, ka: sapagkat susuguin kita sa mga Gentil.” Gawa 22:19-21. {AGA 100.2}

Sa pagkaunawa sa pangitaing ito, nagmadaling pinatakas ng mga kapatid si Pablo mula sa Jerusalem, sa takot na ito ay ipapatay. “Dinala nila siya sa Cesarea, at pinasakay patungong Tarsus.” Ang pag-alis ni Pablo ay nagpaantalang sumandali sa marahas na oposisyon ng mga

Judio, at ang iglesia ay nagkaroon ng kapahingahan sa sandaling panahon, at marami ang nadagdag sa bilang ng mga mananampalataya. {AGA 100.3}

Kapitulo 15 – Mancmaliksik ng Katotohanan

Sa kanyang ministri, si Pedro ay dumalaw sa mga mananampalataya sa Lydda. Dito ay pinagaling niya si Ananias, na walong taon nang lumpo at nakahiga lamang. “Ananias, si Jesu-Cristo ang nagpagaling sa iyo,” ang wika ng apostol; “bumangon ka at ayusin mo ang iyong higaan.” “Pagdaka ay bumangon ito. At lahat ng naninirahan sa Lydda at sa Sarona ay nakita siya, at nanumbalik sa Panginoon.” {AGA 101.1}

Sa Joppe, na malapit sa Lydda, ay may isang babaeng naninirahan na ang pangalan ay Dorcas, na ang mababuting gawa ay nagpamahal sa kanyang labis sa mga tao. Siya ay mabuting alagad ni Jesus, at ang buhay niya ay puspos ng mga gawa ng kagandahang loob. Alam niya kung sino ang nangangailangan ng damit at ng malasakit, at kusangloob na naglingkod siya sa mga dukha at namimighati. Ang mga daliri niyang may kahusayan ay higit na aktibo kaysa kanyang dila. {AGA 101.2}

“Nangyari nang mga araw na iyon, siya’y nagkasakit, at namatay.” Naramdaman ng iglesia sa Joppe ang kanilang kawalan, at nang nalaman nila na si Pedro ay nasa Lydda, ang mga mananampalataya ay nagsugo sa kanya ng mga mensahero, “na ipinamanhik na huwag magluwat na ito’y pumaroon sa kanila. Pagkatapos nagtindig si Pedro at sumama sa kanila. Pagdating sa Joppe ay dinala siya sa silid sa itaas: at ang mga babaeng nagtatangisan ay nakapalibot sa kanya, at ipinakita pa ang mga damit na ginawa ni Dorcas para sa kanila, nang ito ay buhay pa.” Sa naging gawaing ito ni Dorcas, hindi nakapagtatakang sila ay namamanglaw, at ang mainit nilang luha ay pumatak sa walang buhay na alabok. {AGA 101.3}

Ang puso ng alagad ay nakilos ng malasakit sa pagkamalas niya sa kanilang kapanglawan. Pagkatapos iniutos nitong lumabas sa kuwarto ang lahat ng nagtatangisang mga kaibigan, siya ay nanikluhod at nanalanging maningas sa Dios upang ibalik si Dorcas sa buhay at kalusugan. Binalingan ang bangkay, at sinabi niya, “Tabitha, bumangon ka. At nagbukas siya ng kanyang mga mata: at nang makita si Pedro ay naupo siya.” Si Dorcas ay naging dakilang pagpapala sa iglesia, at nakita ng Dios na dapat itong pabalikin mula sa lupain ng kaaway, upang ang kanyang galing at lakas ay patuloy pang maging pagpapala sa iba, at gayon din sa pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan, ang gawain ni Kristo ay mapalakas. {AGA 101.4}

Si Pedro ay nasa Joppe nang siya ay tawagan ng Dios upang dalhin ang ebanghelyo kay Cornelio na nasa Cesarea. {AGA 102.1}

Si Cornelio ay isang senturyong Romano. Isang lalaking mayaman at isinilang na marangal, at ang tungkulin niya ay may pagtitiwala at marangal. Isang walang pagkakilala sa Dios ayon sa pagkapanganak, pagsasanay, at edukasyon, nalaman niya ang tungkol sa Dios sa pamamagitan ng mga Judio, at sinamba niya Siya nang buong puso, at nagpahayag ng kataimtiman ng pananampalataya sa pagdadalang habag sa mga dukha. Nakilala “siya sa

malayo at malapit bilang mapagkaloob, at ang matuwid niyang kabuhayan ay naging mabuting ulat sa mga Judio at Gentil man. Ang impluwensya niya ay naging pagpapala sa lahat ng nakasalamuha niya. Ang kinasihang tala ay naglalarawan sa kanya bilang "isang lalaking banal, isang natatakot sa Dios kasama ng buong sambahayan niya, at laging nagkakaloob ng tulong sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios." {AGA 102.2}

May pananampalataya sa Dios bilang Manlalalang ng langit at lupa, iginalang Siya ni Cornelio, kinilala ang Kanyang otoridad, at laging hinanap ang Kanyang payo sa mga bagay ng buhay. Matapat siya kay Jehova sa loob ng tahanan at sa kanyang tungkulin. Nagtatag siya ng dambana ng Dios sa kanyang bahay; sapagkat hindi niya magampanan ang kanyang mga panukala o pasanin ang kanyang mga kapanagutan nang walang tulong mula sa Dios. {AGA 102.3}

Bagama't naniniwala si Cornelio sa mga propesiya at nakatingin sa pagdating ng Mesias, wala siyang pagkaalam sa ebanghelyo ayon sa nahayag na buhay at kamatayan ni Kristo. Hindi siya kaanib ng iglesia ng mga Judio, at sa tingin sana ng mga rabi ay isang pagano at marumi. Ngunit ang Banal na Tagapagmasid na nagsalita kay Abraham, "kilala Ko siya," ay kilala din si Cornelio, at mula sa langit ay nagpadala ng pabalita sa kanya. {AGA 102.4}

Habang nananalangin si Cornelio ay nagpakita sa kanya ang anghel. Nang marinig ng senturyon ang kanyang sariling pangalan na tinawag, siya ay natakot, gayunman ay nakilala niyang ang mensahero ay sugo ng Dios, at siya ay nagsabi, "Ano iyon, Panginoon. " Tumugon ang anghel, "Ang iyong mga dalangin at ang iyong pagkakaloob ng limos ay nakarating sa Dios bilang alaala sa iyo. At ngayon magsugo ka ng tauhan sa Joppe, at ipatawag ang isang ang ngalan ay Simon, ang apelyedo ay Pedro: nakatuloy siya sa bahay ni Simon na isang nagluluto ng balat, na ang tirahan ay nasa tabing dagat." {AGA 102.5}

Ang katiyakan ng utos na ito, na pati ang hanapbuhay ng taong pinanunuluyan ni Pedro ay ibinigay, ay patunay na ang langit ay nakakaalam ng kasaysayan at kalakal ng tao sa bawat baitang ng buhay. Ang Dios ay nakakaalam ng karanasan at gawain ng hamak na manggagawa, gayon din ng haring nakaupo sa kanyang trono. {AGA 103.1}

"Magsugo ka ng mga tauhan sa Joppe, at ipatawag ang lalaking si Simon." Sa ganito ay nagbigay ang Dios ng katibayan ng Kanyang malasakit sa ministri ng ebanghelyo at para sa Kanyang tatag na iglesia. Ang anghel ay hindi inatasang ihayag kay Cornelio ang kasaysayan ng krus. Isang lalaking, tulad na rin ng senturyon, na may kahinaan at mga tuksong babakahin ang itinalagang magbalita sa kanya tungkol sa Tagapagligtas na ipinako at muling nabuhay. {AGA 103.2}

Bilang Kanyang kinatawan sa mga tao, hindi pinili ng Dios ang mga anghel na hindi nagkasala, kundi ang tao, mga taong ang damdamin nila ay tulad din nila na kanilang sisikaping iligtas. Kinuha ni Kristo ang pagiging tao upang Kanyang maabot ang tao. Isang

Tagapagligtas na Dios-tao ang kailangan upang magligtas sa sangkatauhan. At sa mga lalaki at babae ay itinalaga ang banal na pagkakatiwalang ibalita ang “di masusukat na kayamanan ni Kristo.” Efeso 3:8. {AGA 103.3}

Sa Kanyang karunungan dinadala ng Panginoon silang naghahanap ng katotohanan sa mga taong nakakaalam ng katotohanan. Panukala ng Langit na silang nakatanggap ng liwanag ay magbabahagi naman sa kanilang nasa kadiliman. Ang tao, na sumasalok ng galing mula sa dakilang Bukal ng karunungan, ay ginagawang kasangkapan, ang ahensyang gumagawa, na sa kanya ang ebanghelyo ay nagsasakatuparan ng kapangyarihang nagpapabago sa isipan at puso. {AGA 103.4}

Si Cornelio ay magalak na sumunod sa pangitain. Nang makaalis na ang anghel, tinawag ng senturyon ang “dalawa sa kanyang alipin sa bahay, at isang tapat na sundalong patuloy na naglilingkod sa kanya; at nang maisaysay ang lahat sa kanila, ay isinugo sa Joppe.” Ang anghel naman, matapos ang panayam kay Cornelio, ay nagtungo kay Pedro, sa Joppe. Nang oras na iyon, si Pedro ay nananalangin sa bubungan ng kanyang tinutuluyang bahay, at mababasa nating siya’y “nagutom na malabis, at sana ay kakain: datapuwat habang sila’y naghahanda, siya ay nakatulog nang mahimbing.” Hindi lamang sa pagkaing pisikal nagutom si Pedro. Habang mula sa bubungan ay minamalas niya ang siyudad ng Joppe at mga karatig lupain, nagutom siya sa kaligtasan ng kanyang mga kababayan. Nagkaroon siya ng maalab na hangaring ituro sa kanila mula sa Kasulatan ang mga propesiyang ukol sa pagdurusa at kamatayan ni Kristo. {AGA 103.5}

Sa pangitain, nakita ni Pedro na “ang langit ay nabuksan, at may isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok, na bumababa sa lupa: na doo’y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa, at ang mga nagsisigapang sa lupa, at ang mga ibon sa langit. At dumating sa kanya ang isang tinig, Tumindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. Datapuwat sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagkat kailan ma’y hindi ako kumain ng anumang bagay na marumi at karumaldumal. At muling dumating sa kanya ang tinig sa ikalawa, Ang nilinis ng Dios ay huwag mong ipalagay na marumi. At ito’y nangyari makaitlo; at pagdaka’y binatak sa langit ang sisidlan.” {AGA 104.1}

Ang pangitaing ito ay naghatid kay Pedro ng sansala at tagubilin. Naghayag ito sa kanya ng adhikain ng Dios—na sa kamatayan ni Kristo ang mga Gentil man ay dapat na maging tagapagmanang kasama ng mga Judio sa pagpapala ng kaligtasan. Hanggang noon ay wala pa sa mga alagad ang nangaral sa mga Gentil. Sa kanilang mga pag-iisip, ang pader na nakapagitan na binuwag na ng kamatayan ni Kristo ay namamalagi pa, at ang kanilang mga paggawa ay naka-tuon lamang sa mga Judio, sapagkat sa kanilang paningin ang mga Gentil ay hindi kasama sa mga pagpapala ng ebanghelyo. Ngayon ay sinisikap ng Panginoon na ituro kay Pedro ang pambuong lupang sakop ng banal na panukala. {AGA 104.2}

Marami sa mga Gentil ay naging interesadong tagapakinig sa panga-ngaral ni Pedro at ng ibang mga apostol, at marami sa mga Griyegong Judio ay nanampalataya kay Kristo, ngunit ang pagkahikayat ni Cornelio ay magiging pangunahing mahalaga sa mga Gentil. {AGA 104.3}

Dumating na ang panahon upang ang isang bagong yugto ng gawain ay pasimulan ng iglesia ni Kristo. Ang pintuang isinara para sa mga Gentil ng maraming hikayat na Judio ay bubuksan na ngayon. At ang mga Gentil na tatanggap ng ebanghelyo ay ituturing na kapantay ng mga alagad na Judio, na hindi na kailangan pang sundin ang ritwal ng pagtutuli. {AGA 104.4}

Gaano kaingat na sinikap ng Panginoong alisin ang maling akala laban sa mga Gentil na malalim ang pagkatanim kay Pedro dahilan sa kanyang pagsasanay bilang Judio! Sa pangitain ng kumot na sisidlan at ng mga laman nito sinikap Niyang alisin sa isipan ng apostol ang maling akala, at ito'y magturo ng mahalagang katotohanan na sa langit ay walang pagtatangi ng sinumang tao; na ang Judio at Gentil ay kapwa mahalaga sa paningin ng Dios; na sa pamamagitan ni Kristo ang walang pagkilala sa Dios ay maaaring makabahagi ng mga pagpapala at karapatan ng ebanghelyo. {AGA 105.1}

Habang si Pedro ay nagbubulay-bulay sa kahulugan ng pangitain, ang mga lalaking sugo ni Cornelio ay dumating sa Joppe, at nakarating sa bahay na tinutuluyan niya. Pagkatapos ang Espiritu ay nagwika sa kanya, "Tatlong lalaki ay humahanap sa iyo. Bumangon ka, at bumaba, at sumama sa kanila, na huwag mag-alinlangan ng anuman: sapagkat Ako ang nagsugo sa kanila." {AGA 105.2}

Kay Pedro ito ay isang pagsubok na utos, at may atubili sa bawat hakbang na isinagawa niya ang tungkuling napaatas sa kanya; at di siya nagkalakas loob na sumuway. "Humarap siya sa mga lalaking sugo ni Cornelio; at nagsabi, Ako ang lalaking hanap ninyo: ano ang sanhi ng inyong pagparito?" Sinabi nila ang tiyak na utos sa kanila, "Si Cornelio, ang senturyon, isang taong matuwid, at natatakot sa Dios, at may mabuting ulat sa lahat ng mga Judio, ay binabalaan ng Dios sa pamamagitan ng anghel na magpasugo sa iyo upang ikaw ay magtungo sa kanyang bahay, upang siya ay makinig sa iyo." {AGA 105.3}

Bilang pagsunod sa mga direksyong tinanggap mula sa Dios, nangako ang apostol na sasama sa kanila. Nang sumunod na umaga ay tumulak siyang patungo sa Cesarea, kasama ng anim na kanyang mga kapatid. Ang mga ito ay magiging saksi sa lahat ng kanyang sasabihin o gagawin sa pagdalaw sa mga Gentil; sapagkat alam ni Pedro na siya ay kailangang magsulit ukol sa bagay na ito na tiyak na taliwas sa mga aral ng Judio. {AGA 105.4}

Sa pagpasok ni Pedro sa bahay ng Gentil, sinalubong siya ni Cornelio hindi bilang isang karaniwang bisita, kundi bilang isang pinarangalan ng Langit, at sugo sa kanya ng Dios. Kaugalian sa Silangan na yumukod sa harapan ng prinsipe o iba pang mataas ang tungkulin

at ang mga anak sa harapan ng kanilang mga magulang; ngunit si Cornelio, sa malaking paggalang sa isinugo ng Dios upang magturo sa kanya, ay nangayupapa sa paanan ng apostol upang siya'y sambahin. Si Pedro ay nabigla, at itinayo ang senturyon at sinabi, "Tumayo ka; ako ay isang tao rin." {AGA 105.5}

Sa pag-alis ng mga sugong padala ni Cornelio, "ipinatawag niya ang kanyang mga kamag-anak at kaibigan," upang sila man ay makarinig sa pangangaral ng ebanghelyo. Nang dumating si Pedro, nakita niya ang isang malaking bilang na sabik na naghihintay upang makinig sa kanyang sasabihin. {AGA 106.1}

Sa mga nagkakatipong ito, una munang sinalita ni Pedro ang tungkol sa kaugalian ng mga Judio, na labag sa batas na ang mga Judio ay makihalubilo sa mga Gentil, na ang paggawa nito ay nangangahulugan ng seremonyang karumihan. "Alam ninyo," kanyang sinabi, "kung paanong labag sa kaugalian na ang isang taong Judio ay maldhalubilo, o maldsama sa mga taga-ibang bayan; datapuwat ipinakita sa akin ng Dios na di ko dapat tawaging karaniwan o marumi ang sinumang tao. Kung kaya't ako ay naparito sa inyo na walang pagtutol nang ako'y ipasundo: at ang tanong ko sa inyo ngayon ay ano ang layunin ninyo sa pagpapasundo sa akin?" {AGA 106.2}

Isinalaysay ni Cornelio ang kanyang karanasan at ang mga salita ng anghel, at sa pagtatapos ay nagsabi, "Pagdaka ay ipinasundo kita; at mabuti naman na ikaw ay dumating. At ngayon tayong lahat ay nasa harapan ng Dios, upang madinig ang lahat ng ipinag-utos sa iyo ng Dios." {AGA 106.3}

Wika ni Pedro, "Tunay ngang natatalastas ko na ang Dios ay hindi nagtatangi ng tao: kundi sa bawat bansa siya na natatakot sa Kanya, at nagsasagawa ng katuwiran, ay tinatanggap Niya." {AGA 106.4}

At sa pulutong na itong matamang nakikinig ang apostol ay ipinangaral si Kristo—ang Kanyang buhay, mga milagro Niya, ang Kanyang pagkakanulo at pagkapako, ang Kanyang pagkabuhay na muli at pagpanhik, at ang gawain Niya sa langit bilang kinatawan at tagapagtanggol ng tao. Habang itinuturo ni Pedro ang lahat ng naroroon kay Jesus bilang tanging pag-asa ng taong makasalanan, siya man ay higit na nakaunawa ng kahulugan ng pangitaing nakita niya, at ang kanyang puso ay nag-alab sa diwa ng katotohanang kanyang inihahayag. {AGA 106.5}

Ang kanyang pagsasalita ay biglang pinahinto ng pagbaba ng Banal na Espiritu. "Samantalang si Pedro ay nagsasalita pa, bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng nalakinig sa kanyang mga salita. Ang mga tuling mananampalatayang kasama ni Pedro ay nangamangha, sapagkat ibinuhos din sa mga Gentil ang kaloob ng Banal na Espiritu. Sapagkat narinig nilang nagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. {AGA 106.6}

“Nang magkagayo’y nagsalita si Pedro, Mangyayari bagang hadlangan ng sinuman ang tubig, upang huwag mabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Banal na Espiritu na gaya naman natin? At inutusan niya silang mabautismuhan sa pangalan ni Jesu-Cristo.” {AGA 107.1}

Sa ganito ay nadala ang ebanghelyo sa mga taga-ibang lupa, upang sila’y maging kapwa mamamayan ng mga banal, at mga kaanib ng pamilya ng Dios. Ang pagkahikayat ni Cornelio at ng kanyang sambahayan ay mga unang bunga lamang ng aanihin. Mula sa sambahayang ito ay napalawak ang gawain ng biyaya sa siyudad na iyon ng pagano. {AGA 107.2}

Ngayon ang Dios ay naghahanap ng mga tao sa mga matataas at hamak. Marami ang tulad ni Cornelio, mga lalaking nais ng Panginoong maiugnay sa Kanyang gawain dito sa lupa. Ang kanilang mga malasakit ay nasa bayan ng Dios, ngunit matibay pa ang tali nila sa sanlibutan. Kailangan nila ang kalakasang moral upang kunin ang lugar sa panig ni Kristo. Mga tanging pagsisikap ay dapat gawin para sa mga taong ito, na nasa dakilang panganib, dahilan sa kanilang mga kapanagutan at sinasamahan. {AGA 107.3}

Ang Dios ay nananawagan sa mga taimtim, at hamak na manggagawa, na magdadala ng ebanghelyo sa mataas na lipunan. Ang tunay na pagkahikayat ay magbubunga ng mga kababalaghan,—mga kababalaghang ngayon ay di pa nakikita. Ang mga pinakadakilang tao sa lupang ito ay maaabot ng kapangyarihan ng Dios na gumagawa ng milagro. Kung sila na kasama Niya sa paggawa ay sasamantalahin ang pagkakataon na gaganap ng kanilang mga tungkuling may tapang at katapatan, ang Dios ay hihikayat sa mga taong nasa mataas na tungkulin, mga taong may katalinuhan at impluwensya. Sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu marami ang tatanggap ng makalangit na simulain. Kapag nahikayat na sa katotohanan, sila ay magiging ahensya sa kamay ng Dios upang magpakalat ng liwanag. Magkakaroon sila ng tanging pasanin para sa mga ibang kaluluwang nasa kalagayang napabayaan. Panahon at salapi ay matatalaga sa gawain ng Panginoon, at bagong galing at kapangyarihan ay madaragdag sa iglesia. {AGA 107.4}

Sapagkat si Cornelio ay nabubuhay sa pagsunod sa mga aral na kanyang tinanggap, ang Dios ay nagtakda ng mga pangyayaring lalong magpapalalim sa kanya sa katotohanan. Isang mensahero mula sa langit ay isinugo sa opisyal ng Roma at kay Pedro upang si Cornelio ay makatagpo ng isang makakaakay sa kanya sa lalong liwanag. {AGA 108.1}

Marami ang nasa sanlibutan ngayon na higit na malapit sa kaharian ng Dios kaysa ating iniisip. Sa madilim na daigdig na ito ng kasalanan ang Panginoon ay maraming mamahaiing hiyas, na sa kanila ay papatnubayan ng Dios ang Kanyang mga mensahero. Sa bawat dako ay mayroong mga taong tatayo sa panig ni Kristo. Marami ang higit na bibigyang halaga ang karunungan ng Dios kaysa anumang pakinabang dito sa lupa, at magiging mga tapat na

tagapagdala ng liwanag. Sa pag-akay ng pag-ibig ni Kristo, sila naman ay aakay din sa iba upang lumapit sa Kanya. {AGA 108.2}

Nang maalaman ng mga kapatid sa Juda na si Pedro ay nagtungo sa bahay ng isang Gentil, at nangaral sa mga nagtipon doon, sila ay nagtaka at nasaktan. Natakot sila na ang ganitong hakbang, na para sa kanila ay kalabisan, ay magkakaroon ng kalabang impluwensya sa kanyang sariling pagtuturo. Nang muli nilang makaharap si Pedro, ay sinalubong nila ito ng sansala, na sinabing "Nakisalamuha ka sa mga hindi tuli, at kumaing kasama nila." {AGA 108.3}

Inilahad ni Pedro sa kanila ang buong bagay na ito. Isinalaysay niya ang kanyang karanasan ukol sa pangitain at sumamo sa kanilang huwag nang sundin pa ang mga seremonya ng pagtutuli o di pagtutuli, o tumingin man sa mga Gentil bilang marumi. Ibinalita niya ang utos na kanyang tinanggap upang magtungo sa mga Gentil, ang pagdating ng mga mensahero, ang kanyang paglalakbay tungo sa Cesarea, at ang pakikipagtagpo kay Cornelio. Isinalaysay niya ang pinakabuod ng pakikipanayam sa senturyon, na doon ay inilahad nito ang pangitaing nag-utos sa kanyang ipasundo si Pedro. {AGA 108.4}

"Nang ako'y magsimulang magsalita," wika niya sa paglalahad ng karanasan, "ang Banal na Espiritu ay lumukob sa kanila, tulad din nang sa atin sa pasimula. At naalaala ko ang mga salita ng Panginoon, nang Kanyang sabihing, si Juan nga ay nagbautismo sa tubig; datapuwat kayo ay babautismuhan ng Banal na Espiritu. At sapagkat ipinagkaloob sa kanila ng Panginoon ang katulad na kaloob sa atin, na nananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo; sino ako na lalaban sa Dios?" {AGA 108.5}

Sa pagkarinig nito, ang mga kapatid ay natahimik. Nakumbinsi na ang ginawa ni Pedro ay tiyak na katuparan ng panukala ng Dios, na ang kanilang mga maling akala at pagiging makasarili ay lubusang taliwas sa diwa ng ebanghelyo, sila ay lumuwalhati sa Dios, at nagwika, "Kung gayon ay ipinagkaloob din ng Dios sa mga Gentil ang pagsisisi ukol sa buhay." {AGA 109.1}

Sa ganito, walang paglalaban, na ang maling akala ay naibagsak, ang pagiging makasariling itinatag ng mga ugali ng mga panahong lumipas ay iniwan, at ang daan ay nabuksan upang ang ebanghelyo ay maipahayag sa mga Gentil. {AGA 109.2}

Kapitulo 16 – Iniligtas Mula sa Bilangguan

"Nang panahong iyon si Herodes na hari ay nag-unat ng kamay upang pahirapan ang ilan na nasa iglesia." {AGA 110.1}

Ang pamahalaan ng Judea noon ay nasa mga kamay ni Herodes Agrippa, na sakop ni Claudio, ang emperador ng Roma. Si Herodes naman ay siyang tetrarka ng Galilea. Nagpapanggap siyang hikayat sa pananampalatayang Judio, at sa tingin ay masigasig sa mga seremonya ng mga batas Judio. Sa pagnanais na makuha ang pagtingin ng mga Judio, at mapatatag ang sarili sa tungkulin at mga karangalan nito, isinagawa niya ang mga naisin ng mga ito sa pag-uusig sa iglesia ni Kristo, winasak niya ang mga bahay at kalakal ng mga mananampalataya, at ibinilanggo ang mga pangunahing kaanib ng iglesia. Ipinabilanggo niya si Santiago, na kapatid ni Juan, at nagsugo ng berdugo upang patayin ito sa tabak, kagaya ng isa pang Herodes na nagpapugot ng ulo sa propetang Juan. Sa pagkakita na natutuwa ang mga Judio sa mga pagsisikap na ito, pati si Pedro ay kanyang ipinabilanggo. {AGA 110.2}

Ang mga kalupitang ito ay naganap sa panahon ng Paskua. Habang ang mga Judio ay nagdiriwang ng kanilang pagkaligtas mula sa Egipto, at nagpapanggap ng dakilang sigasig sa kautusan ng Dios, kasabay naman nito ay nilalabag nila ang bawat simulain ng kautusang iyon sa pag-uusig at pagpatay sa mga nananampalataya kay Kristo. {AGA 110.3}

Ang kamatayan ni Santiago ay nagdulot ng malaking kapanglawan at sama ng loob sa mga mananampalataya. Nang si Pedro ay ibilanggo, ang buong iglesia ay nag-ayuno at nanalangin. {AGA 110.4}

Ang pagpapatay ni Herodes kay Santiago ay pinalakpakan ng mga Judio, bagama’t may nagreklamo sa paraang ito ay ginawang pribado, na kung ito ay naging hayagan, sana ay lalo pang nasindak ang mga mananampalataya at nagmamalasakit sa kanila. Kung kaya’t pinigil ni Herodes si Pedro, upang lalong bigyang kasiyahan ang mga Judio sa pamamagitan ng pampublikong pagpatay sa kanya. Datapuwat iminungkahi na hindi magiging panatag kung ang beteranong apostol ay ilalantad sa karamihang tao sa pagpatay dito, sapagkat baka ito’y makakuha ng habag ng maraming taong nagtitipon sa Jerusalem. {AGA 110.5}

Nangamba rin ang mga saserdote at matatanda na baka si Pedro ay gumawa ng makapangyarihang apila na madalas na gumising sa tao upang pag-aralan ang buhay at likas ni Jesus—mga apilang, sa kabila ng kanilang mga argumento, ay di nila malabanan. Sa sigasig ni Pedro para sa gawain ni Kristo marami ang naakay upang tumayo para sa ebanghelyo, at nangamba ang mga pinuno na kung mabibigyan pa ito ng pagkakataong ipagtanggol ang kanyang pananampalataya sa harapan ng karamihang naroroon sa siyudad upang sumamba, ang paglaya nito ay hihilingin sa hari. {AGA 111.1}

Habang ang kamatayan ni Pedro ay ipinagpapaliban sa iba’t ibang dahilan hanggang sa matapos ang Paskua, ang mga kaanib naman ng iglesia ay nagkaroon ng pagkakataong magsaliksik ng mga puso at manalanging maningas. Walang patid na sila ay dumalangin para kay Pedro, sapagkat ito ay malaking kawalan sa gawain. Nadama nilang sila ay nasa

kalagayang, kung wala ang tanging tulong ng Dios, ang iglesia ni Kristo ay mawawasak. {AGA 111.2}

Samantala ang mga galing sa bawat bansang nagtipon upang sumamba ay naroon sa templong itinalaga sa pagsamba sa Dios. Makislap sa ginto at mamahaling hiyas, ito ay tanawin ng kagandahan at kamahalan. Ngunit si Jehova ay wala na sa palasyong ito ng kagandahan. Ang Israel bilang isang bansa ay humiwalay na sa Dios. Si Kristo, sa huling yugto ng Kanyang ministri dito sa lupa ay tumanaw sa huling pagkakataon dito, at nagwika, "Narito, ang inyong bahay ay naiwan sa inyong tiwangwang." Mateo 23:38. Dati ang tawag Niya sa templo ay bahay ng Kanyang Ama; datapuwat nang ang Anak ng Dios ay lumabas na mula rito, ang presensya ng Dios ay binawi magpakailanman sa templong ito na itinayo sa Kanyang kaluwalhatian. {AGA 111.3}

Sa wakas ay naitakda ang araw ng pagpatay kay Pedro, ngunit patuloy pa ring ang mga dalangin ng mga mananampalataya ay pumapailanglang sa langit; at habang ang kanilang buong lakas at simpatiya ay naukol sa maningas na pagsamo, ang mga anghel ng Dios ay nagbabantay sa apostol na nakabilanggo. {AGA 111.4}

Sa pag-alaala ng naging pagtakas mula sa bilangguan ng mga ibang apostol noon, tiniyak ni Herodes sa pagkakataong ito na doblehin ang seguridad. Upang hadlangan ang pagtakas, si Pedro ay pinabantayan sa labing-anim na sundalo, na relyebong nagbantay dito araw at gabi. Sa loob ng piitan, siya ay nakapagitan sa dalawang kawal na may dalawang kadena, bawat isang kadena ay nakakabit sa kamay ng isang kawal. Hindi siya makakilos na hindi nila namamalayan. Ang pintuan ng piitan ay nakakandado, at may matipunong guwardiya dito, lahat ng pag-asang makatakas o mapatakas sa kapangyarihan ng tao ay nawala. Ngunit ang kagipitan ng tao ay pagkakataon para sa Dios. {AGA 111.5}

Si Pedro ay nakapiit sa silid na ibinutas sa bato, ang mga pintuan nito ay may matibay na kandado at harang; at ang mga sundalong nagbabantay ay mananagot ng kanilang buhay sa pagbabantay sa preso. Datapuwat ang mga kandado at harang at ang mga bantay Romano, na naging mabisang kasangkapan upang ang tulong ng tao ay hindi magtagumpay, ay lalo lamang nagpaganap sa tagumpay ng Dios sa pagliligtas kay Pedro. Si Herodes ay nagtataas ng kamay laban sa Makapangyarihan sa lahat, at siya ay lubusang magagapi. Sa pagpapahayag ng Kanyang kalakasan, ang Dios ay handa nang magligtas ng mahalagang buhay na pakana ng mga Judiong patayin. {AGA 112.1}

Bisperas ng takdang pagpatay. Isang makapangyarihang anghel ay isinugo mula sa langit upang iligtas si Pedro. Ang matibay na pintuang nagkulong sa banal ng Dios ay nabuksang walang tulong ng kamay ng tao. Ang anghel ng Kataastaasan ay pumasok na walang sagabal at ang pintuan ay nagsara na walang ingay sa likuran niya. Pumasok siya sa selda, na doon ay tulog si Pedro sa pagtulog ng sakdal na pagtitiwala. {AGA 112.2}

Ang liwanag sa palibot ng anghel ay pumuno sa buong selda, ngunit hindi nagpagising sa apostol, hanggang sa madama niya ang hipo ng kamay ng anghel at nadinig ang tinig na nagsasabing, “Bumangon kang madali,” at nakitang ang silid ay lubos na nagliliwanag sa tanglaw ng langit, at ang anghel ng dakilang luwalhati ay nakatayo sa harapan niya. Dagliang sinunod niya ang tinig na nagaatas sa kanya, at sa pagtayo at pagtaas ng kamay ay nadama niyang ang mga tanikala ay wala na sa kanyang mga kamay. {AGA 112.3}

Muli ang tinig ng mensahero ng langit ay nag-atas sa kanya, “Magbigkis ka sa sarili, at magsuot ng iyong sandalyas,” at muli si Pedro ay walang atubiling sumunod, na ang mata ay nakatuon sa panauhin, at sa akala ay nananaginip lamang o nasa pangitain. Muli ay nagutos ang anghel, “Iwanan mo ang iyong mga damit, at sumunod ka sa akin.” Kumilos ang anghel patungong pintuan, kasunod ang dati’y matabil na si Pedro, ngunit ngayon ay umid sa pagkamangha. Nilampasan nila ang guwardiya at nakarating sa pintuang may matitibay na kandado, na kusang bumukas at sumara agad, samantalang ang mga guwardiya sa loob at labas ay walang kilos sa kanilang lugar. {AGA 112.4}

Ang ikalawang pintuang guwardiyado din sa loob at labas, ay narating nila. Nabuksan itong tulad ng una, na walang ingit o kalansing ng bakal na tanikala. Dumaan sila, at sumara muli ito ng walang ingay. Sa ganoong ding paraan ay dumaan sila sa ikatlong pintuan at nakalabas sa lansangan. Walang salitang binigkas, walang yabag na narinig. Ang anghel ay parang nakalutang sa harapan niya, nababalutan ng nakabubulag na liwanag, at si Pedro, namamangha at parang nananaginip lamang, ay kasunod ng nagliligtas sa kanya. Sa ganito ay nagpatuloy sila sa mga kasunod na lansangan, at nang matapos na ng anghel ang kanyang misyon, ito ay biglang nawala. {AGA 113.1}

Ang makalangit na liwanag ay nawala, at natagpuan ni Pedro ang sarili sa pusikit na kadiliman; datapuwat ang kanyang mata ay nasanay sa dilim, ay unti-unti itong nabawasan, at nakita niyang siya’y nagiisa sa lansangang tahimik, na ang lamig ng hanging panggabi ay dumadampi sa kanyang mukha. Nadama niyang siya ay malaya na, nasa isang bahagi ng siyudad na alam na alam niya. Nakilala niyang ito ay lugar na madalas niyang puntahan at inasahang sa huling pagkakataon ay dadaanan niya sa kinaumagahan. {AGA 113.2}

Sinikap niyang alalahanin ang mga pangyayari sa mga nakaraang sandali lamang. Naalaala niya kung paanong siya’y nakatulog sa pagitan ng dalawang sundalo, na hubad ang panlabas na damit at sandalyas. Tiningnan niya ang sarili at nakitang husto ang kanyang kasuotan at may biglds. Ang kanyang mga pulso na namaga na sa kadenang nakatali, ay wala nang posas. Nadama niyang ang kanyang paglaya ay hindi imahinasyon, hindi panaginip o pangitain, kundi isang magalak na katunayan. Sa kinaumagahan ay papatayin na sana siya; ngunit isang anghel ang nagligtas sa kanya mula sa piitan at kamatayan. “At nang si Pedro ay pagsaulian ng isip ay kanyang sinabi, Ngayo’y nalalaman kong sa katotohanan ay isinugo ng Panginoon

ang kanyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes, at sa buong pag-asa ng bayan ng mga Judio." {AGA 113.3}

Nagmadaling ang apostol ay nagtungo sa bahay na pinagtitipunan ng kanyang mga kapatid at sa sandaling iyon ay nasa maningas na pananalangin para sa kanya. "At nang siya'y tumuktok sa pintuangdaan, ay lumabas upang sumagot ang isang dalagang nagngangalang Rode. Nang makilala nito ang tinig ni Pedro, sa tuwa'y hindi niya binuksan ang pintuan, kundi nagtakbo sa loob, at ipinagbigay alam na nakatayo si Pedro sa harap ng pintuan. At kanilang sinabi sa kanya, Nauulol ka. Datapuwat buong tiwala niyang. pinatunayang gayon nga. At kanilang sinabi, na yao'y kanyang anghel. {AGA 114.1}

"Datapuwat nanatili si Pedro ng pagtuktok: at nang kanilang buksan, ay nakita nila siya, at sila'y nangamangha. Datapuwat siya, nang mahudyatan sila ng kanyang kamay na sila'y tumahimik, ay isinaysay sa kanila kung paanong inilabas siya ng Panginoon sa bilangguan." At "umalis si Pedro at nagtungo sa ibang dako." Kagalakan at pagpupuri ay sumapuso ng mga mananampalataya, sapagkat dininig ng Dios ang kanilang mga dalangin, at iniligtas si Pedro mula sa mga kamay ni Herodes. {AGA 114.2}

Kinaumagahan, maraming tao ang nagtipon upang saksihan ang pagbitay sa apostol. Nagpasugo si Herodes ng mga opisyal sa bilangguan upang si Pedro ay kunin. Siya ay sasamahan ng mga nasasandatahang sundalo upang matiyak na ito'y hindi makatatakas, at upang sindakin ang lahat ng nagmamalasakit dito at magpamalas ng kapangyarihan ng hari. {AGA 114.3}

Nang malaman ng mga bantay sa pintuan na nakatakas si Pedro, napuspos sila ng matinding takot. Nasabing buhay nila ang magiging kapalit kung makatakas ang kanilang bilanggo, at dahilan dito ay naging higit silang alisto. Nang makarating doon ang mga opisyal upang kunin si Pedro, ang mga bantay ay naroroon pa sa pintuan ng kulungan, ang mga kandado at harang ay nakakabit pa, ang mga tanikala ay matibay pang nakakabit sa mga pulso ng dalawang sundalo; ngunit wala na ang bilanggo. {AGA 114.4}

Nang dalhin kay Herodes ang balita ng pagkatakas ni Pedro, siya ay nanlumo at nagalit. Pinaratangan ang mga bantay na nagkulang sa tungkulin, nag-utos itong sila ay patayin. Alam ni Herodes na hindi kapangyarihan ng tao ang nagpalaya kay Pedro, ngunit determinado siyang hindi kilalanin ang kapangyarihan ng langit ang pumigil sa kanyang balak, at tumayo itong matapang na lumalaban sa Dios. {AGA 114.5}

Di nagtagal matapos na si Pedro ay iligtas mula sa piitan, si Herodes ay nagtungo sa Cesarea. Habang naroroon ay nagkaroon ng malaking kapistahan upang gisingin ang paghanga at palakpak ng mga tao. Ang kapistahang ito ay dinaluhan ng mga taong mahilig sa kalayawan mula sa lahat ng dako, at nagkaroon ng malaking pagdiriwang at inuman. Sa dakilang seremonya at karangyaan si Herodes ay humarap sa bayan at nagsalita sa kanilang

parang nagtatalumpati. May suot na damit na kumikinang sa pilak at ginto, na kumikislap sa tama ng sikat ng araw at hinangaan ng matang nagmamasid, siya ay larawan ng kagandahan. Ang kamahalan ng kanyang anyo at ang puwersa ng kanyang mga piling salita ay gumayuma sa nagkakatipon nang gayon na lamang. Ang kanilang pandama na lango sa pagkain at alak ay lalo pang nahilo sa mga dekorasyon, kilos at salita ni Herodes; at lasing sa pagbubunyi ay pinag-ukulan siya ng parangal, sa pagsasabing walang taong higit ang kaanyuan o mas mahusay mangusap kaysa kanya. Idinagdag pa ng mga ito na kung noon ay iginagalang siya bilang pinuno, ngayon ay maaari na siyang sambahin bilang isang diyos. {AGA 114.6}

Ang ilan sa mga tinig na ngayon ay lumuluwalhati sa isang masamang makasalanan ang ilang taon lamang ang lumipas ay nagsigawan ng, Kunin si Jesus! Ipako Siya sa krus, ipako Siya sa krus! Tumanggi ang mga Judiong tanggapin si Jesus, na ang mga kasuotang magaspang at marumi sa paglalakbay, ay nagtakip ng pusong may banal na pag-ibig. Hindi makita ng kanilang mga mata, sa loob ng hamak na panlabas, ang Panginoon ng buhay at luwalhati, bagama't ang kapangyarihan ni Kristo ay nahayag sa kanila sa mga gawang hindi kaya ng sinumang tao. At ngayon ay handa silang sambahin bilang isang diyos ang isang mayabang at mapagmataas na hari na ang marangyang kasuotan ng pilak at ginto ay nagtatakip lamang ng isang masama at malupit na puso. {AGA 115.1}

Alam ni Herodes na hindi marapat sa kanya ang mga papuri at parangal na kaloob na ito, ngunit tinanggap niya ang pagsambang ito ng bayan bilang marapat. Ang kanyang puso ay tumibok sa tagumpay, at ang kislap ng nasisiyahang pagmamataas ay kumalat sa kanyang mukha habang narinig niya ang paglakas ng sigaw, "Ito ay tinig ng isang diyos, at hindi ng tao." {AGA 115.2}

Datapuwat biglang-bigla isang pagbabago ang naganap sa kanya. Ang kanyang mukha ay nagmistulang bangkay, at nangiwi sa sakit. Malalaking patak ng pawis ay lumabas sa kanyang balat. Tumayo siyang sumandali na parang pinahihirapan ng kirot at takot; at pagbaling ng kanyang mukhang mapuda sa mga kaibigang nahintakutan, sumigaw siya sa tinig na walang buhay at malumbay, Siya na itinaas nila bilang isang diyos ay biglang dinalaw ng kamatayan. {AGA 115.3}

Naghihirap sa pinakamatinding kirot, binuhat siya mula sa tanawing iyon ng pagdiriwang at karangyaan. Hang sandali lamang siya ay mayabang na tumanggap ng parangal at pagsamba ng maraming taong iyon; ngayon ay nadama niyang siya ay nasa mga kamay ng isang Pinunong higit na makapangyarihan sa kanya. Panghihilakbot ay dumating sa kanya; naalaala niya ang walang tigil na pag-uusig niya sa mga alagad ni Kristo; naalaala niya ang malupit na utos niyang patayin ang walang kasalanang si Santiago, at ang pakana niyang ipapatay din si Pedro; naalaala niya kung paanong sa kanyang takot at galit dahilan sa kabiguan ay naghiganti siyang walang patawad sa mga bantay sa piitan. Nadama niyang ngayon ang Dios ay nakikitungo sa kanya, ang walang tigil na mang-uusig. Walang

pahingang nadama niya ang kirot ng katawan at bagabag ng isip, at hindi siya umasang magkakaroon ng kapahingahan dito. {AGA 116.1}

Si Herodes ay nakakaalam sa utos ng Dios na nagsasabi, “Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harapan Ko;” (Exodo 20:3) at alam din niyang sa pagtanggap niya ng pagsamba ng bayan naabot niya ang sukat ng kanyang kasamaan at dinala niya sa sarili ang galit ni Jehova. {AGA 116.2}

Ang anghel din na nanggaling sa makaharing korte upang iligtas si Pedro, ang naging mensahero ng galit at hatol kay Herodes. Hinipo ng anghel si Pedro upang ito ay gisingin; kakaibang paghipo ang ginawa nito sa masamang hari, na isinadlak ang kanyang pagmamataas at inihatid sa kanya ang parusa ng Makapangyarihan sa lahat. Si Herodes ay namatay sa malaking paghihirap ng isipan at katawan, sa ilalim ng kabayarang parusa ng Dios. {AGA 116.3}

Ang paghahayag na ito ng katarungan ng langit ay nagdulot ng makapangyarihang impluwensya sa bayan. Ang balitang ang apostol ng Dios ay mahimalang naligtas mula sa bilangguan at kamatayan, samantalang ang mang-uusig nito ay pinutol ng sumpa ng Dios, ay nadala sa lahat ng lupain at naging paraan ng pag-akay sa marami upang manampalataya kay Kristo. {AGA 116.4}

Ang karanasan ni Felipe, na inakay ng isang anghel mula sa langit upang makatagpo ang isang taong naghahanap ng katotohanan; si Cornelio, na dinalaw ng anghel taglay ang pabalita mula sa Dios; si Pedrong nahatulan ng kamatayan at nakabilanggo, na inakay ng anghel sa kaligtasan—lahat ay naghahayag ng kalapitan ng ugnayan ng langit at lupa. {AGA 116.5}

Sa manggagawa ng Dios ang tala tungkol sa mga pagdalaw na ito ng anghel ay dapat maghatid ng tapang at kalakasan. Ngayon, sa panahon ng mga alagad, mga mensahero ng langit ay dumaraan sa kahabaan at kalawakan ng lupain, upang bigyang ginhawa ang nalulumbay, ipagtanggol ang nagsisisi, at umakit ng mga puso ng tao kay Kristo. Hindi natin sila makikitang personal; gayunman ay kasama natin sila, pumapatnubay, umaakay, nagsasanggalang. {AGA 117.1}

Ang langit ay inilalapit sa lupa sa pamamagitan ng kahanga-hangang hagdanang ito, na ang puno ay matatag na nasa lupa, samantalang ang pinakamataas na baitang ay umaabot sa trono ng Walang Katapusan. Mga anghel ay patuloy na nagmamanhik-manaog sa hagdanang itong nagniningning, naghahatid ng mga dalangin ng nangangailangan at nagdurusa sa Ama sa itaas, at nagdadala ng pagasa at pagpapala, lakas ng loob at tulong, sa mga anak ng tao. Ang mga anghel na ito ng kaliwanagan ay lumilikha ng makalarigit na kapaligiran sa kaluluwa, na itinataas tayo doon sa hindi nakildta at sa walang hanggan. Hindi natin nakikita ang kanilang mga anyo sa ating sariling paningin; sa pamamagitan lamang ng espirituwal na

paningin ay makikilala natin silang mga nilalang ng langit. Tanging ang pakinig na espirituwal ang makakapakinig ng himig ng mga tinig ng kalangitan. {AGA 117.2}

"Ang anghel ng Panginoon ay pumapalibot sa kanilang natatakot sa Kanya, at inililigtas sila." Awit 34:7. Isinusugo ng Dios ang Kanyang mga anghel upang iligtas silang nasa mga kalamidad, upang ipagsanggalang sila sa mga "pesteng nasa kadiliman," at "ang pagkawasak na namiminsala sa katanghaliang tapat." Awit 91:6. Muli at muli ang mga anghel ay nakikipag-usap sa mga tao tulad ng isang tao sa kanyang kaibigan, at inaakay sila sa mga panatag na dako. Muli at muli ay narinig natin ang mga tinig ng anghel na nagpapasigla at nag-aangat ng mga diwang nanlulumo ng mga tapat, at inihahatid ang kanilang mga isipan mula sa mga bagay ng lupa, upang makita sa pananampalataya ang mapuputing damit, ang mga korona, ang mga palaspas ng tagumpay, na tatanggapin ng mga mananagumpay kapag sila ay pumalibot na sa dakilang puting trono. {AGA 117.3}

Gawain ng mga anghel na lumapit sa mga sinubok, nagdurusa, at tinukso. Walang pagod silang gumagawa sa kapakanan ng mga taong para sa kanila ay namatay si Kristo. Kapag ang mga makasalanan ay naakay na magkaloob ng mga sarili sa Tagapagligtas, dinadala ng mga anghel ang mabuting balitang ito sa langit, at dakilang kagalakan ang sumasa kalangitan. "Magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kaysa siyamnapu't siyam na taong matutuwid na di nangagkakailangang magsipagsisi." Lucas 15:7. Isang ulat ang madadala sa langit sa bawat matagumpay na pagsisikap upang labanan ang kadiliman at ilaganap ang kaalaman tungkol kay Kristo. Habang ang mabuting gawa ay naipararating sa Ama, kagalakan ang magpupuno sa buong kalangitan. {AGA 117.4}

Ang mga kapangyarihan at kapamahalaan ng langit ay nagmamasid sa pagbabaka, na ipinagpapatuloy ng mga lingkod ng Dios kahit na sa mga pangyayaring nakakapanlumo. Mga bagong tagumpay at karangalan ay natatamo, habang ang mga Kristiano, ay nagsasanib sa palibot ng bandila ng kanilang Manunubos, humahayo upang makipagbaka ng mabuting paldldpagbaka ng pananampalataya. Lahat ng mga anghel ng langit ay naglilingkod sa mga hamak, na nananampalatayang bayan ng Dios; at habang ang hukbo ng Panginoon dito sa lupa ay inaawit ang kanilang mga awit ng papuri, ang koro sa itaas naman ay sumasanib sa kanila sa pag-uukol ng papuri sa Dios at sa Kanyang Anak. {AGA 118.1}

Dapat na higit nating maunawaan ang misyon ng mga anghel. Mabuting alalahaning ang bawat tunay na anak ng Dios ay taglay ang pakikipagtulungan ng mga nilalang ng kalangitan. Mga hukbo ng liwanag at kapangyarihang di nakikita ay naglilingkod sa maamo at abang nananampalataya at nag-aangkin ng mga pangako ng Dios. Mga kerubim at serapim, at mga anghel na taglay ang kalakasan, ay nakatayo sa kanang kamay ng Dios, "lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na isinusugo para sa kanilang magiging
tagapagmana ng kaligtasan." Hebreo 1:14. {AGA 118.2}

Kapitulo 17 – Ang Pabalita ng Ebanghelyo sa Antioquia

Matapos na ang mga alagad ay itaboy ng pag-uusig mula sa Jerusalem, ang pabalita ng ebanghelyo ay mabilis na kumalat sa mga dako sa kabila ng mga hangganan ng Palestina; at maraming maliliit na pulutong ng mananampalataya ang nabuo sa mga mahahalagang sentro. Ilan sa mga alagad ay "naglakbay hanggang sa Phoenicia, at Chipre, at Antioquia, na nangangaral ng salita." Ang kanilang mga paggawa ay karaniwang naukol sa mga Hebreo at Griyegong Judio, na ang malalaking koloniya sa panahong ito ay matatagpuan sa halos lahat ng mga siyudad ng sanlibutan. {AGA 119.1}

Kabilang sa lugar na nabanggit na ang ebanghelyo ay magalak na tinanggap ay sa Antioquia, na noon ay metropolis ng Syria. Ang malawakang komersyong nagaganap sa siyudad ay naghatid dito ng maraming tao ng iba't ibang nasyonalidad. Bukod dito, ang Antioquia ay kilala bilang sentro para sa mga mahilig sa ginhawa at kalayawan, dahilan sa mga pampalusog na pahingahan dito, ang naggagandahang kapaligiran, at ang kayamanan, kultura, at mga iba't ibang bagay na nasusumpungan dito. Sa panahon ng mga alagad ito ay nakilala bilang siyudad ng karangyaan at bisyo. {AGA 119.2}

Ang ebanghelyo ay hayagang ipinangaral sa Antioquia ng ilang mga alagad mula sa Chipre at Cyrene, na naparoong "ipinangangaral ang Panginoong Jesus." "Ang kamay ng Panginoon ay sumakanila," at ang kanilang taimtim na paggawa ay naging mabunga. "Isang malaking bilang ang nanampalataya, at nanumbalik sa Panginoon." {AGA 119.3}

"Ang balita tungkol sa mga bagay na ito ay nakarating sa mga mananampalataya sa Jerusalem: at kanilang ipinadala si Bernabe, upang ito ay magtungo hanggang Antioquia." Pagdating sa kanyang bagong bukirang gagawan nakita niya ang gawaing nagampanan na sa biyaya ng langit, at "siya ay nagalak at pinayuhan silang lahat, na sa adhikain ng puso ay manghawakan sila sa Panginoon." {AGA 119.4}

Ang mga paggawa ni Bernabe sa Antioquia ay mayamang pinagpala, at marami ang nadagdag sa bilang ng mananampalataya doon. Sa paglago ng gawain, nadama ni Bernabe ang pangangailangan ng angkop na tulong upang makapangaral sa mga lugar na inihanda ng Dios. Siya ay nagtungo sa Tarsus upang hanapin si Pablo, na matapos umalis sa Jerusalem ay gumagawa "sa mga rehiyon ng Syria at Cilicia," na nagpapahayag "ng pananampalatayang dati ay kanyang sinisira." Galacia 1:21, 23. Natagpuan naman ni Bernabe si Pablo, at nakumbinse itong sumama sa kanya upang maging kawaksi sa ministeryo. {AGA 119.5}

Sa mataong siyudad ng Antioquia, nakakita si Pablo ng mabuting buldran ng paggawa. Ang kanyang karunungan, pinag-aralan, at sigasig ay naging malakas na impluwensya sa mga naninirahan doon at mga madalas na nagtutungo sa siyudad na ito ng kultura; at siya ay napatunayang siyang katulong na kailangan ni Bernabe. Sa loob ng isang taon ay magkasamang gumawa ang dalawang alagad sa tapat na paglilingkod, sa paghahatid sa

marami ng kaalamang nagliligtas tungkol kay Jesus ng Nasaret, ang Manunubos ng sanlibutan. {AGA 120.1}

Dito sa Antioquia unang tinawag na Kristiano ang mga alagad. Ang bansag na ito ay kaloob sa kanila sapagkat si Kristo ang pangunahing paksa ng kanilang pangangaral, pagtuturo, at usapan. Patuloy na kanilang isinasaysay ang mga naganap sa mga araw ng Kanyang paglilingkod dito sa lupa, nang ang Kanyang mga alagad ay pinagpala ng Kanyang personal na presensya. Walang pagod na ibinahagi nila ang Kanyang mga turo at Kanyang mga milagro ng pagpapagaling. Sa labing nanginginig at mga matang nangingilid sa luha ay nagsalaysay sila tungkol sa paghihirap Niya sa halamanan, ang pagkakanulo sa Kanya, paglilitis, at pagkapako, ang kaamuan at pagpapahinuhod Niya sa pagtitiis sa mga paglibak at parusang ibinigay ng mga kaaway Niya, at ang maka-Dios na habag na dahil dito'y idinalangin Niya silang nag-uusig sa Kanya. Ang Kanyang pagkabuhay na muli at pagpanhik sa langit, at ang kanyang gawain bilang Tagapamagitan sa taong nagkasala, ay naging paksang kagalakan nilang saysayin. Angkop lamang na tawagin sila ng mga pagano bilang mga Kristiano, sapagkat ipinangaral nila si Kristo at dumalangin sa Dios sa pangalan Niya. {AGA 120.2}

Ang Dios ang nagkaloob sa kanila ng taguring Kristiano. Ito ay makaharing pangalan, na ibinibigay sa lahat ng sasanib kay Kristo. Tungkol sa pangalang ito na si Santiago ay sumulat pagkatapos, "Hindi baga kayo'y inuusig ng mga mayayaman, at dinadala kayo sa harapan ng mga hukuman? Hindi baga nilalapastangan nila yaong marangal na pangalan na sa inyo'y itinatawag?" Santiago 2:6, 7. At sinabi ni Pedro, "Kung ang sinuman ay magbata bilang isang Kristiano, di siya dapat mahiya; kundi kanyang luwalhatiin ang Dios ukol sa bagay na ito." "Kung kayo ay mapintasan dahil sa pangalan ni Kristo, ay mapapalad kayo; sapagkat ang espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo." 1 Pedro 4:16, 14. {AGA 120.3}

Nadama ng mananampalataya sa Antioquia na ang Dios ay laang gumawa sa kanilang mga buhay "maging sa pagnanasa at sa paggawa ayon sa Kanyang mabuting kalooban." Filipos 2:13. Nabubuhay sa gitna ng mga taong walang pagpapahalaga sa mga bagay na walang hanggan, sinikap nilang tawagin ang pansin ng mga taimtim ang puso, at magbigay ng mabuting patotoo tungkol sa Kanya na kanilang inibig at pinaglingkuran. Sa kanilang hamak na paglilingkod, natutuhan nilang umasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang gawing mabisa ang salita ng buhay. Kaya't sa iba't ibang antas ng buhay, sa bawat araw ay naghatid sila ng patotoo ng kanilang pananampalataya kay Kristo. {AGA 121.1}

Ang halimbawa ng mga alagad ni Kristo sa Antioquia ay dapat na maging inspirasyon sa bawat mananampalatayang nabubuhay sa mga malalaking lunsod ng sanlibutan ngayon. Bagama't panukala ng Dios na ang mga piling manggagawa na may pagtatalaga at talento ay madestino sa mga siyudad na ito upang manguna sa mga pulong pampubliko, adhikain din

Niya na ang mga kaanib ng iglesiang naninirahan sa mga siyudad na ito ay gagamitin ang kanilang mga talentong kaloob ng Dios sa paggawa para sa mga tao. May mga mayayamang pagpapalang nakalaan para sa kanilang magpapasakop nang lubusan sa panawagan ng Dios. Habang ang mga ganitong manggagawa ay nagsisikap na umakit ng mga kaluluwa kay Jesus, malalaman nilang marami sa hindi sana maaabot sa ibang paraan ay handang tumugon sa matalinong paggawang personal. {AGA 121.2}

Ang gawain ng Dios ngayon dito sa lupa ay nangangailangan ng mga buhay na kinatawan ng katotohanan ng Biblia. Ang mga ordinadong ministro ay hindi sapat sa gawaing bigyang babala ang mga dakilang siyudad. Ang Dios ay nananawagan hindi lamang sa mga ministro, kundi sa mga doktor, narses, kolportor, manggagawa sa Biblia, at mga natatalagang layko ng iba't ibang talento din naman na may kaalaman sa salita ng Dios at nakakikilala ng kapangyarihan ng Kanyang biyaya, upang bigyang pansin ang mga pangangailangan ng mga siyudad na hindi pa nabibigyan ng babala. Ang panahon ay mabilis na lumilipas, at malald pa ang dapat gampanan. Bawat ahensya ay dapat isangkot, upang mga mga pagkakataon sa kasalukuyan ay matalinong magamit. {AGA 121.3}

Ang mga paggawa ni Pablo sa Antioquia, kasama ni .Bernabe, ang nagpalakas sa kanyang paniniwala na siya'y tinawagan ng Panginoon upang gumawa ng tanging gawain sa sanlibutan ng mga Gentil. Sa panahon ng pagkahikayat ni Pablo, inihayag ng Panginoon na siya ay magiging ministro sa mga Gentil, "upang magbukas ng kanilang mga mata, at ibaling sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Dios, upang sila'y makatanggap ng pagpapatawad ng mga kasalanan, at ng pamana nilang pinabanal ng pananampalatayang nasa Akin." Gawa 26:18. Ang anghel na napakita kay Ananias ay nagwika kay Pablo, "Siya ay piling sisidlan sa Akin, upang dalhin ang Aking pangalan sa mga Gentil, at mga hari, at sa mga anak ng Israel." Gawa 9:15. At si Pablo na rin, di nagtagal sa kanyang karanasang Kristiano, habang nanalangin sa templo sa Jerusalem, ay dinalaw ng anghel mula sa langit, at siya'y sinabihan, "Humayo ka: sapagkat isusugo kita sa malayo sa mga Gentil." Gawa 22:21. {AGA 122.1}

Sa ganito ay ibinigay ng Panginoon kay Pablo ang kanyang gawaing pasukin ang malawak na bukiran ng ministeryo sa daigdig ng mga Gentil. Upang ihanda siya sa malawak at mahirap na gawain, dinala siya ng Dios sa malapit na kaugnayan sa Kanya at binuksan sa kanyang pananaw ang mga tanawin ng kagandahan at kaluwalhatian ng langit. Sa kanya ay nabigay ang gawain ng pagpapakilala ng mga "hiwaga," na "natago mula nang ang sanlibutan ay naging gayon" (Roma 16:25),—"ang hiwaga ng Kanyang kalooban" (Efeso 1:9), "na nang ibang panahon ay hindi ipinaldlala sa mga anak ng mga tao, na gaya ngayon na ipinahayag sa kanyang mga banal na apostol at propeta sa Espiritu; na ang mga Gentil ay mga tagapagmana, at mga kasangkap ng katawan, at mga may bahagi sa pangako ng na kay Kristo sa pamamagitan ng ebanghelyo: na dito'y," sinabi ni Pablo, "ginawa akong ministro.... Sa

akin, na ako ang pinakamababa sa lahat ng laiong mababa sa mga banal, ay ibinigay ang biyayang ito, upang ipangaral sa mga Gentil ang mga di malirip na mga kayamanan ni Kristo; at maipakita sa lahat ng mga tao kung ano ang pagiging katiwala sa hiwaga na sa lahat ng panahon ay inilihim ng Dios, na lumalang ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo: upang ngayo'y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakilala sa mga pamunuan at mga kapangyarihan sa sanlibutan ang kapuspusan ng karunungan ng Dios, ayon sa panukalang walang hanggan na ipinanukala kay Kristo Jesus na Panginoon natin." Efeso 3:5-11. {AGA 122.2}

Pinagpalang masagana ng Dios ang mga paggawa ni Pablo at Bernabe sa panahong sila ay kasama ng mga mananampalataya sa Antioquia. Ngunit sila kapwa ay di pa ordinado sa gawain ng ebanghelyo. Dumating sila sa punto ng kanilang karanasang Kristiano na panahon nang ipagkatiwala sa kanila ng Dios ang pagpapatuloy ng mahirap na gawaing misyonero, na ang gawaing ito ay mangangailangan ng bawat bentaheng makukuha sa pamamagitan ng iglesia. {AGA 123.1}

"Sa iglesia sa Antioquia ay mayroong mga propeta at guro; tulad nina Bernabe, at Simon na tinatawag na Niger, at Lucio ng Cirene, at Manaen,...at Saulo. Habang sila ay naglilingkod sa Panginoon, at nag-ayuno, sinabi sa kanila ng Banal na Espiritu, Ibukod ninyo sa Akin si Bernabe at Saulo para sa gawaing itinawag Ko sa kanila." Bago isugo bilang mga misyonero sa sanlibutan ng mga pagano, ang mga apostol na ito ay mapitagang itinalaga sa Dios sa pag-aayuno at pananalangin at pagpapatong ng mga kamay. Sa ganito ay binigyan sila ng pahintulot ng iglesia, hindi lamang upang magturo ng katotohanan, kundi magbautismo at magtatag ng mga iglesia, yamang pinagkalooban na ng kapamahalaang eklesiastiko. {AGA 123.2}

Ang iglesia Kristiana sa panahong ito ay pumapasok sa isang maha-lagang yugto. Ang gawain ng paghahayag ng ebanghelyo sa mga Gentil ay itataguyod na ngayong may kasiglahan; at bilang bunga nito ang iglesia ay mapapalakas ng malaking pag-aani ng mga kaluluwa. Ang mga apostol na hinirang upang manguna sa gawain ay malalantad sa hinala, maling akala, at inggit. Ang kanilang mga turo tungkol sa "pagbubuwag ng pader na nakapagitan" (Efeso 2:14) na matagal nang nagpahiwalay sa sanlibutan ng mga Judio at Gentil, ay likas lamang na maghahatid sa kanila sa paratang ng maling aral, at ang kanilang kapangyarihan bilang mga ministro ng ebanghelyo ay susubukin ng mga Judiong masigasig. Nakita ng Dios ang mga kahirapang daranasin ng Kanyang mga lingkod, at, upang ang kanilang paggawa ay maligtas sa anumang batikos, binigyan Niya ng tagubilin ang iglesia sa pamamagitan ng pahayag na ibukod silang hayagan sa gawain ng ministeryo. Ang kanilang ordinasyon ay pagkilalang publiko ng kanilang banal na pagkahirang upang magdala sa mga Gentil ng mabuting balita ng ebanghelyo. {AGA 123.3}

Si Pablo at Bernabe ay kapwa itinalaga na ng Dios sa gawain, at ang seremonya ng pagpapatong ng kamay ay hindi nagdagdag ng bagong biyaya o kakayahan. Ito ay tanda ng pagkilala ng pagkakatalaga sa isang tungkulin at pagkilala din ng otoridad ng isang nasa tungkuling iyon. Sa pamamagitan nito ang tatak ng iglesia ay inilalagay sa gawain ng Dios. {AGA 124.1}

Sa mga Judio ang anyong ito ay mahalaga. Kapag ang isang amang Judio ay nagpapala sa kanyang mga anak, magalang na ipinapatong niya ang kanyang mga kamay sa kanilang mga ulo. Kapag ang isang hayop ay itinalaga bilang sakripisyo, ang kamay ng isang saserdote ay ipinapatong sa ulo ng biktima. At nang ipatong ng mga ministro ng mga mananampalataya sa Antioquia ang kanilang mga kamay kina Pablo at Bernabe, sila sa ganitong kilos, hiniling nila sa Dios na ipagkaloob sa mga hirang na apostol ang Kanyang pagpapala sa kanilang pagtatalaga sa gawaing doon sila ay tinawagan. {AGA 124.2}

Sa mga sumunod na panahon, ang ritwal ng ordinasyon ay lubos na inabuso; hindi kailangang kahalagahan ay ikinabit sa gawaing ito, na parang ang isang kapangyarihan ay agad dumarating sa kanilang tumanggap ng pagpapatong ng kamay, at nagbigay kakayahan agad sa kanila sa anuman at lahat ng gawain ng ministeryo. Ngunit sa pagbubukod ng dalawang apostol na ito, walang tala na may nadagdag na kabutihang anuman sa pamamagitan lamang ng pagpapatong ng mga kamay at ng magiging kaugnayan nito sa kanilang paggawa sa hinaharap. {AGA 124.3}

Ang mga pangyayaring kaugnay ng pagbubukod ng Banal na Espiritu kay Pablo at Bernabe sa isang tiyak na gawain ay malinaw na nagpapakita na ang Panginoon ay gumagawa sa pamamagitan ng itinalagang ahensya ng Kanyang tatag na iglesia. Sa mga taong nakaraan, nang ang banal na adhikain para kay Pablo ay inihayag sa kanya ng Tagapagligtas mismo, agad-agad na si Pablo ay dinala sa dakong siya ay mauugnay sa bagong tatag na iglesia sa Damasco. Bukod dito, ang iglesia sa dakong iyon ay agad ding binigyang kaalaman tungkol sa karanasan ng nahikayat na Pariseong ito. At ngayon, nang ang banal na gawaing ibinigay noon ay lubusan nang isasagawa, ang Banal na Espiritu rin ang nagpatotoo tungkol kay Pablo bilang piling sisidlan na magdadala ng ebanghelyo sa mga Gentil, at nag-atas sa iglesia na gawin ang ordinasyon sa kanya at sa kasamang manggagawa. Habang ang mga lider ng iglesia sa Antioquia ay “naglilingkod sa Panginoon, at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu, Ibukod ninyo sa Akin sina Bernabe at Pablo para sa gawaing itinawag Ko sa kanila.” {AGA 124.4}

Ang Kanyang iglesia sa lupa ay ginawa ng Dios na daluyan ng liwanag, at sa pamamagitan nito ay ipinatatalastas ang mga adhikain at kalooban Niya. Hindi Siya nagkakaloob sa isa sa mga lingkod Niya ng karanasang hiwalay at kalaban sa karanasan ng buong iglesia. Hindi rin Siya nagkakaloob sa isang lingkod ng kaalaman ng Kanyang kalooban samantalang ang buong iglesia—ang katawan ni Kristo— ay naiiwan sa kadiliman ukol dito. Kalooban Niya

na ilagay ang Kanyang mga lingkod sa malapitang ugnayan sa Kanyang iglesia, upang hindi sila gaanong magtiwala sa sarili, kundi higit na magtiwala sa mga ibang inaakay Niya sa pagpapalago ng Kanyang gawain. {AGA 125.1}

Lagi na lamang mayroon sa iglesiang ang hilig ay sariling lakad. Hindi nila madamang ang pagiging independyente ng diwa ay aakay sa tao sa pagtitiwala sa sarili at sa sariling isipan sa halip na hanapin at igalang ang payo at pahalagahan ang isipan ng kanyang mga kapatid, lalo na silang nasa mga tungkulin ng pangunguna na pinaglagyan ng Dios sa kanila. Ibinigay ng Dios sa Kanyang iglesia ang tanging kakayahan at kapangyarihan na walang sinumang may karapatang ito ay hamakin at walaing kabuluhan; sapagkat ang gumagawa nito ay umaaglahi sa tinig ng Dios. {AGA 125.2}

Silang may hilig na pahalagahan ang sariling pagpapasya bilang pinakamataas ay nasa malaking panganib. Pinag-aralang pagsisikap ni Satanas na ihiwalay ang mga ito sa mga daluyan ng liwanag, na sa pamamagitan noon ay ginagamit ng Dios sa pagtatayo at pagpapalaganap ng Kanyang gawain dito sa lupa. Ang isantabi at aglahiin silang itinalaga ng Dios na magdala ng kapanagutan ng pangangasiwa sa pagpapalaganap ng katotohanan, ay pagtanggi sa paraang itinalaga Niya upang tumulong, magpasigla, at magpalakas sa Kanyang bayan. Para sa isang manggagawa ng Panginoon na magpawalang kabuluhan dito, at mag-isip na ang kanyang liwanag ay dapat na tuwirang manggaling sa Dios, ay paglalagay sa kanyang sarili sa dakong siya ay madadaya ng kaaway at maigugupo. Sa karunungan ng Panginoon isinaayos Niya ang paraan ng malapitang ugnayang dapat mamalagi sa lahat ng mananampalataya, ang Kristiano ay kaisa ng Kristiano at ang iglesia sa iglesia. Sa ganito ang tao bilang instrumento ay maaaring makipagtulungan sa banal. Bawat ahensya ay mapapasailalim sa Banal na Espiritu, at lahat ng mananampalataya ay magkakaisa sa isang maayos na pagsisikap na ibigay sa sanlibutan ang mga mabuting balita ng biyaya ng Dios. {AGA 125.3}

Itinuring ni Pablo ang pormal na ordinasyong ito bilang pasimula ng isang bago at mahalagang yugto sa kanyang buhay at paglilingkod. Mula rito ay pasisimulan ang petsa ng kanyang pagiging apostol sa iglesia Kristiana. {AGA 126.1}

Habang ang liwanag ng ebanghelyo ay nagniningning sa Antioquia, isang mahalagang gawain ay ipinagpapatuloy naman ng mga alagad na nanatili sa Jerusalem. Bawat taon, sa panahon ng mga kapistahan, maraming mga Judio ang nagtitipon sa Jerusalem mula sa lahat ng lupain upang sumamba sa templo. Ilan sa mga manlalakbay na ito ay mga banal na lalaki at taimtim na mag-aaral ng mga propesiya. Nakatingin sila at nananabik sa pagdating ng ipinangakong Mesias, ang pag-asa ng Israel. Habang ang Jerusalem ay siksikan sa mga tagaibang lupang ito, ang mga apostol ay ipinangaral si Kristo sa tapang na di makikilos, bagama’t alam nilang sa paggawa nila nito ang kanilang mga buhay ay laging nasa panganib. Ang Espiritu ng Dios ay nagbigay ng tatak sa kanilang mga paggawa; maraming

pagkahikayat ang nagawa; at ang mga ito, sa kanilang pagbabalik sa kanilang mga tahanan sa iba't ibang bahagi ng lupa, ay nagsabog ng mga binhi ng katotohanan sa lahat ng mga bansa at sa lahat ng uri ng tao sa lipunan. {AGA 126.2}

Pangunahin sa mga apostol na ito sa paggawa ay sina Pedro, Santiago, at Juan, na buo ang paniniwalang sila ay itinalaga ng Dios upang ipangaral ang Kristo sa kanilang mga kababayan. Matapat at matalinong sila ay gumawa, nagpapatotoo sa mga bagay na kanilang nakita at narinig, at nananawagan sa "isang lalong panatag na salita ng propesiya" (2 Pedro 1:19), sa pagsisikap na maakay ang "sambahayan ng Israel...na ginawa ng Dios na Panginoon at Kristo itong si Jesus na inyong ipinako sa krus" (Gawa 2:36). {AGA 126.3}

Kapitulo 18 – Mga Tagapagbalita ng Ebanghelyo

"Isinugo ng Banal na Espiritu," sina Pablo at Bernabe, matapos maordinahan ng mga kapatid sa Antioquia, ay "lumusong sa Seleucia; at mula roon ay naglayag hanggang sa Chipre." Sa ganito ay nagsimula ang mga apostol sa kanilang unang paglalakbay misyonero. Ang Chipre ay isa sa mga dakong tinakbuhan ng mga mananampalataya mula sa Jerusalem dahil sa pag-uusig matapos ang kamatayan ni Esteban. Mula sa Chipre ay naglakbay ang ilang lalaki patungong Antioquia, na "ipinangangaral ang Panginoong Jesus." Gawa 11:20. Si Bernabe na rin ay mula sa "lupain ng Chipre" (Gawa 4:36); at ngayon siya at si Pablo, kasama si Juan Marcos, isang kaanak ni Bernabe, ay dumalaw sa pulong ito. {AGA 127.1}

Ang ina ni Marcos ay nahikayat sa relihiyon ng mga Kristiano, at ang tahanan niya sa Jerusalem ay naging kanlungan para sa mga alagad. Dito ay lagi silang tinatanggap at nagkakaroon ng kapahingahan. Dito sa panahon ng isang pagdalaw ng mga alagad sa tahanan ng kanyang ina, na si Marcos ay nagmungkahi kina Pablo at Bernabe na siya ay sasama sa kanilang paglalakbay misyonero. Nadama niya ang kabutihan ng Dios sa kanyang puso, at nagnais na ipagkaloob ng buo ang kanyang sarili sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo. {AGA 127.2}

Pagdating sa Salamina, ang mga apostol ay "nangaral ng salita ng Dios sa mga sinagoga ng mga Judio.... At nang sila ay makabagtas sa pulo patungong Paphos, nakatagpo nila ang isang manggagaway, bulaang propeta, isang Judio, na ang kanyang pangalan ay Bar-jesus: na kasama ng proconsul Sergio Paulo, isang lalaking matalino; ito rin ang nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo, at minimithing mapakinggan ang salita ng Dios. Datapuwat si Elimas na manggagaway (sapagkat ganito ang pakahulugan sa kanyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya ang proconsul." {AGA 127.3}

Hindi basta na lamang pababayaan ni Satanas na ang kaharian ng Dios ay maitatag dito sa lupa. Ang mga puwersa ng kasamaan ay patuloy sa lumalaking pagsisikap na bakahin ang mga ahensyang itinalaga sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, at ang mga kapangyarihang ito ng kadiliman ay tanging aktibo kapag ang katotohanan ay ipinapahayag sa mga lalaking may pangalan at may natatanging katapatan. At gayon nga nang si Sergio Paulo, ang deputado ng Chipre, ay nakikinig sa pabalita ng ebanghelyo. Ipinasundo nito ang mga apostol, upang siya ay maturuan tungkol sa mga pabalitang taglay nila. At ngayon ang mga puwersa ng kasamaan ay gumagawa sa pamamagitan ng manggagaway na si Elimas, at may masamang mungkahing ihiwalay ito sa pananampalataya at hadlangan ang adhikain ng Dios. {AGA 128.1}

Sa ganitong paraan gumagawa ang talunang kaaway upang mapanatili sa panig niya ang mga lalaking, kung mahihikayat, ay makagagawang mabisa sa gawain ng Dios. Datapuwat ang tapat na manggagawa ng ebanghelyo ay di dapat mangamba na siya ay magagapi sa

kamay ng kaaway; sapagkat karapatan niyang tumanggap ng kapangyarihang lalaban sa bawat impluwensya ng kasamaan. {AGA 128.2}

Bagama't sinasalakay na mainam ni Satanas, si Pablo ay may katapangang sumansala sa ginagamit ng kaaway. "Puspos ng Banal na Espiritu," ang apostol ay "tumingin sa kanya, at nagsabi, O ikaw na anak ng diablo, na puno ng katusuhan at lahat ng kasamaan, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka ba titigil sa pagpapasama sa mga matuwid na daan ng Panginoon? At ngayon, narito, ang kamay ng Panginoon ay nasa iyo, at ikaw ay mabubulag, na hindi mo makikita ang araw sa isang panahon. Pagdaka ay lumambong sa kanya ang isang ulap at isang kadiliman; at naghanap siya ng isang aakay sa kanya sa kamay. At pagkakita ng proconsul sa nangyari, siya ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon." {AGA 128.3}

Ang manggagaway ay nagpinid ng kanyang mga mata sa mga katibayan ng katotohanan ng ebanghelyo; at ang Panginoon, sa galit na matuwid, ay binulag ang kanyang mga mata, na ipininid sa kanya ang liwanag ng araw. Ang pagkabulag na ito ay hindi permanente, kundi sa isang panahon lamang, upang siya ay mabigyang babala upang magsisi at hanapin ang pagpapatawad ng Dios na kanyang pinighad. Ang kaguluhang nasuotan niya, ay nagpawalang bisa sa matalinong pakana niya laban sa doktrina ni Kristo. Ang katunayang napilitan siyang mangapa sa dilim, ay nagpatunay sa lahat na ang mga milagrong isinagawa ng mga apostol at binansagan ni Elimas na sa bilis lamang ng kamay, ay isinagawa sa kapangyarihan ng Dios. Ang proconsul, na nahikayat ng katotohanan ng doktrinang iniaaral ng mga apostol, ay tumanggap ng ebanghelyo. {AGA 128.4}

Si Elimas ay hindi gaanong nag-aral, gayunman ay angkop na angkop siya sa gawain ni Satanas. Silang nangangaral ng katotohanan ng Dios ay makahaharap ng tusong kaaway sa maraming iba't ibang anyo. Kung minsan ito ay sa katauhan ng taong may pinag-aralan, ngunit higit na madalas ay sa hindi nag-aral na sinanay naman ni Satanas upang maging matagumpay na instrumento sa pandaraya ng mga kaluluwa. Tungkulin ng ministro ni Kristo na tumayong matatag sa kanyang lugar, sa pagkatakot sa Dios at sa kapangyarihan ng Kanyang lakas. Sa ganito ay itataboy niya sa kaguluhan ang mga kampon ni Satanas at magtatagumpay sa pangalan ng Panginoon. {AGA 129.1}

Si Pablo at mga kasama ay nagpatuloy sa paglalakbay at nakarating sa Perga ng Pampilia. Ang kanilang paglalakbay ay mahirap;' nakasagupa sila ng gutom at mga panganib sa bawat dako. Sa mga bayan at siyudad na kanilang dinaanan, at sa mapanglaw na mga lansangan, napapalibutan sila ng mga nakildta at di nakikitang panganib. Ngunit si Pablo at Bernabe ay natuto nang magtiwala sa kapangyarihan ng Dios na magligtas. Ang kanilang mga puso ay puspos ng maningas na pag-ibig sa mga kaluluwang napapahamak. Bilang mga tapat na pastol na naghahanap ng waglit na tupa, hindi nila inisip ang sariling ginhawa at kapahingahan. Sa

paglimot sa sarili hindi sila nanghina kapag pagod, gutom, at giniginaw. Nakatingin sila sa iisang bagay lamang—ang kaligtasan noong mga napalayo sa kulungan. {AGA 129.2}

Sa panahong iyon, si Marcos, na natakot at nanlupaypay, ay nanghina sa kanyang adhikaing ipagkaloob nang lubusan ang sarili sa gawain ng Panginoon. Hindi bihasa sa kahirapan, siya'y nanglupaypay sa mga panganib at kasalatan sa daan. Naging matagumpay siya sa mga panahon ng kaginhawahan; datapuwat ngayon, sa gitna ng oposisyon at panganib na madalas na nakakaharap ng manggagawang nagbubukas ng gawain, nagkulang siya at hindi nakatagal sa kahirapan tulad ng isang mabuting sundalo ng krus. Kailangan pa niyang matutuhan kung paano humarap sa panganib at pag-uusig at mga kahirapan na may pusong matatag. Habang patuloy ang mga apostol sa paglalakbay, at higit pang mga kahirapan ang natatanaw, si Marcos ay lubusang nanghina ang loob, at tumangging magpatuloy pa at nagbalik sa Jerusalem. {AGA 129.3}

Ang pag-alis na ito ni Marcos ay naging dahilan upang siya ay hatulan ni Pablo ng hindi maganda, bagaman sa isang panahon lamang. Si Bernabe sa isang banda, ay nakalaang patawarin siya dahil sa kanyang kawalang karanasan. May pasanin siyang si Marcos ay huwag umalis sa gawain, sapagkat nakita niya rito ang mga kakayahang mag-aangkop sa kanya sa pagiging mabisang manggagawa ni Kristo. Sa mga darating na taon, ang pasanin at malasakit niya kay Marcos ay magbubungang mainam, sapagkat ang kabataan ay nagkaloob nang lubusan sa sarili sa paggawa sa mga mahihirap na bukiran. Sa ilalim ng pagpapala ng Dios, at sa matalinong pagsasanay ni Bernabe, siya ay naging kapaki-pakinabang na manggagawa. {AGA 130.1}

Matapos ito ay nagkalapit muli si Pablo at Marcos, at tinanggap itong muli bilang kamanggagawa. Inirekomenda rin ni Pablo si Marcos sa mga taga Colosas bilang isang kamanggagawa "sa kaharian ng Dios," at "isang kaginhawahan sa akin." Colosas 4:11. Muli, bago siya mamatay, nagsalita siya tungkol kay Marcos bilang "kapakipakinabang sa kanya sa ministeryo." 2 Timoteo 4:11. {AGA 130.2}

Nang makaalis si Marcos, si Pablo at Bernabe ay dumalaw sa Antioquia sa Pisidia, at nang araw ng Sabbath ay nagtungo sa sinagoga ng mga Judio at naupo roon. "Matapos ang pagbasa ng kautusan at ng mga propeta ang mga pinuno ng sinagoga ay nagpatawag sa kanila, at nagsabi, Kayong mga kapatid, kung mayroon kayong anumang iaaral sa bayan, ay magsalita kayo." Sapagkat naanyayahang magsalita, "Nagtindig si Pablo at nagsabi, Mga lalaking taga Israel, at kayong natatakot sa Dios, magsipakinig kayo." At sinundan ito ng kahanga-hangang pagsasalita. Inihayag niya ang tala kung paanong ang Panginoon ay nakitungo sa mga Judio mula sa kanilang pagkaligtas sa pagkaalipin sa Egipto, at kung paanong ang isang Tagapagligtas ay ipinangako, mula sa binhi ni David, at matapang na ipinahayag niyang "mula sa binhi ng lalaking ito ay itinayo ng Dios ayon sa Kanyang pangako ang isang Tagapagligtas, si Jesus: nang si Juan ay unang mangaral bago Siya dumating ukol sa bautismo

ng pagsisisi sa lahat ng bayan ng Israel. At sa pagtupad ni Juan sa kanyang gawain, nagtanong siya, Sino ba ako sa akala ninyo? Ako ay hindi Siya. Ngunit may darating sa likuran ko, ang Isa, na kahit tali ng Kanyang panyapak ay di ako karapatdapat na magkalag." Makapangyarihang ipinangaral niya si Jesus bilang Tagapagligtas ng tao, ang Mesias ayon sa propesiya. {AGA 130.3}

Matapos mailahad ang mga bagay na ito, sinabi ni Pablo, "Mga kapatid, mga anak ng lahi ni Abraham, at ang mga sa inyo'y natatakot sa Dios, sa atin ipinadadala ang salita ng kaligtasang ito. Sapagkat silang naninirahan sa Jerusalem, at ang mga pinuno nila, dahil sa hindi nila pagkilala sa Kanya, ni sa mga tinig ng mga propeta na sa tuwing Sabbath ay binabasa, ay kanilang tinupad ang hatol sa kanila." Si Pablo ay hindi nag-atubiling magsalita nang malinaw na katotohanan tungkol sa pagtanggi sa Tagapagligtas ng mga pinuno ng mga Judio. "Bagama't wala silang natagpuang dahilan upang Siya'y patayin," wika ng apostol, "gayunma'y kanilang hiningi kay Pilato na Siya'y patayin. Nang maganap na nila ang lahat na bagay na nasusulat tungkol sa Kanya, ay kanilang ibinaba Siya sa punong kahoy, at inilagay Siya sa isang libingan. Datapuwat Siya'y binuhay na muli sa mga patay: at Siya'y nakitang maraming araw ng mga kasama Niyang nagsiahon buhat sa Galilea hanggang sa Jerusalem, na siyang mga saksi Niya ngayon sa bayan." {AGA 131.1}

"At dinadalhan namin kayo ng mabubuting balita," dagdag na sabi ng apostol, "ng pangakong ipinangako sa mga magulang, na tinupad din ng Dios sa ating mga anak nang muling buhayin Niya si Jesus; gaya naman ng nasusulat sa ikalawang awit, Ikaw ay Aking Anak, sa araw na ito ay naging Anak Kita. At tungkol sa muling binuhay Niya, upang ngayon at kailanma'y huwag nang magbalik sa kabulukan, ay nagsalita Siya ng ganito, Ibibigay Ko sa iyo ang banal at tunay na mga pagpapala ni David; sapagkat sinabi rin naman Niya sa ibang awit, Hindi mo ipagkakaloob na ang Iyong Banal ay makakita ng kabulukan. Sapagkat si David, nang maipaglingkod na niya sa sariling lahi ang pasiya ng Dios, ay natulog, at isinama sa kanyang mga magulang, at nakakita ng kabulukan: datapuwat Yaong binuhay na mag-uli ng Dios ay hindi nakakita ng kabulukan." {AGA 131.2}

At ngayon, pagkatapos na maliwanag na ipangaral sa kanila ang katuparan ng mga tanyag na propesiya tungkol sa Mesias, nangaral naman si Pablo sa kanila tungkol sa pagsisisi at pagpapatawad ng kasalanan sa pamamagitan ng mga kabutihan ni Jesus na kanilang Tagapagligtas. "Kaya maging hayag nawa sa inyo" kanyang sinabi, "na sa pamamagitan ng Taong ito'y ibinabalita sa inyo ang ng mga banal, at ng sambahayan ng Dios." Efeso 2:12, 13, 19. {AGA 131.3}

Habang lumalago sa pananampalataya, si Pablo ay walang kapagurang gumawa sa pagtatatag ng kaharian ng Dios sa kanilang napabayaan ng mga guro sa Israel. Palaging itinataas niya si JesuCristo bilang "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon" (1

Timoteo 6:15), at nagpayo sa mga mananampalataya na "magugat at lumago sa Kanya, at matatag sa pananampalataya." Colosas 2:7. {AGA 134.1}

Sa mga sumasampalataya, si Kristo ay tiyak na pundasyon. Sa batong buhay na ito, ang Judio at Gentil man ay makapagtatayo. Ito ay malawak para sa lahat at matibay upang dalhin ang bigat at pasanin ng buong sanlibutan. Ito ay katunayang malinaw na nakita ni Pablo na rin. Sa mga huling araw ng kanyang pangangaral, sa pagsasalita sa mga mananampalatayang Gentil na nanatiling matatag sa kanilang pag-ibig sa katotohanan ng ebanghelyo, sumulat ang apostol, "Kayo...ay natayo sa saligan ng mga apostol at propeta, na si JesuCristo ang pinakapanulok na bato." Efeso 2:19, 20. {AGA 134.2}

Sa paglago ng pabalita ng ebanghelyo sa Pisidia, ang mga hindi nananampalatayang Judio sa Antioquia, na taglay pa rin ang bulag na maling akala ay "nagbunsod sa mga banal at mararangal na kababaihan, at sa mga pangunahing kalalakihan ng siyudad, at nagbangon ng pag-uusig laban kay Pablo at Bernabe, at pinalayas sila" mula sa distrito. {AGA 134.3}

Ang mga apostol ay di nanlupaypay sa pakikitungong ito; naalaala nila ang mga salita ng kanilang Panginoon: "Mapalad kayo, kapag kayo ay inaalipusta ng tao, at magsasalita ng lahat ng kasamaang kasinungalingan laban sa inyo, alang-alang sa Alan. Magalak kayo, at magdiwang: sapagkat dakila ang inyong gantimpala sa langit: sapagkat ganito rin na kanilang pinag-usig ang mga propetang nauna sa inyo." Mateo 5:11, 12. {AGA 134.4}

Ang pabalita ng ebanghelyo ay sumusulong, at ang mga apostol ay may dahilang magdiwang. Ang kanilang mga paggawa ay saganang pinagpala sa mga taga Pisidia at Antioquia, at ang mga mananampalatayang iniwanan nila upang siyang magpatuloy ng gawain sa isang panahon ay, "napuspos ng kagalakan, at ng Banal na Espiritu." {AGA 134.5}

Kapitulo 19 – Pangangaral sa mga Pagano

Mula sa Antioquia ng Pisidia, si Pablo at Bernabe ay nagtungo sa Iconio. Sa dakong ito, tulad din sa Antioquia, nagsimula sila ng mga paggawa sa sinagoga ng kanilang mga kababayan. Naranasan nila ang dakilang tagumpay; "isang malaking karamihan ng mga Judio at Griyego ay nanampalataya." Datapuwat sa Iconio, tulad din sa ibang mga lugar na ginawan ng mga apostol, "ang mga Judiong hindi nananampalataya ay nagpainit sa mga Gentil, at pinasama ang kanilang mga pag-iisip laban sa mga kapatid." {AGA 135.1}

Gayunman, ang mga apostol, ay hindi naibaling sa kanilang misyon, sapagkat marami ang tumatanggap ng ebanghelyo ni Kristo. Sa harap ng pagsalungat, inggit, at maling akala nagpatuloy sila sa kanilang gawain, "nagsasalitang may tapang sa Panginoon;" at ang Dios ay "nagbigay patotoo sa salita ng Kanyang biyaya, at nagkaloob ng mga tanda at kababalaghang gagampanan ng kanilang mga kamay." Ang mga katibayang ito ng

pagsangayon ng langit ay nagkaroon ng makapangyarihang impluwensya sa isipan ng mga bukas sa pagkahikayat, at ang mga nahikayat sa ebanghelyo ay dumami. {AGA 135.2}

Ang lumalagong popularidad ng pabalitang taglay ng mga apostol ay nagbigay sa mga Judio na di nananampalataya ng inggit at muhi, at nagpasya silang pigilan agad ang paggawa ni Pablo at Bernabe. Sa pamamagitan ng huwad at pinalaking mga ulat naakay nila ang mga pinuno na matakot na ang buong siyudad ay mabunsod sa insureksyon. Inihayag nilang malaking bilang ang sumasama sa mga apostol at nagmungkahing ito ay ukol sa lihim at mapanganib na panukala. {AGA 135.3}

Bunga ng mga paratang na ito, ang mga apostol ay palaging inihaharap sa mga may kapangyarihan; ngunit ang kanilang depensa ay napakaliwanag at makatuwiran, at ang paglalahad nila ng kanilang mga aral ay panatag at malawakan, anupa't isang malakas na impluwensya ang nabuo para sa kanila. Bagama't ang mga mahistrado ay may maling akala laban sa kanila dahilan sa maling ulat na kanilang nadinig, hindi nila sila mahatulan. Hindi nila matanggap na ang mga aral ni Pablo at Bernabe ay aakay sa mga tao sa kabutihan, sa pagiging mabuting mamamayan, at ang mga moral at kaayusan sa siyudad ay bubuti pa kung ang mga katotohanang itinuturo ng mga apostol ay tatanggapin. {AGA 135.4}

Dahil sa pagsalungat na naharap sa mga alagad, ang pabalita ng katotohanan ay nagkaroon ng malaking publisidad; at nakita ng mga Judio na ang kanilang pagsisikap upang hadlangan ang mga bagong guro ay nagbunga lamang ng pagdami ng bilang ng kaanib ng bagong pananampalataya. "Ang karamihan sa siyudad ay nahati: ang isang bahagi ay sa mga Judio, at isang bahagi ay sa Inga apostol." {AGA 136.1}

Nagalit nang gayon ang mga pinuno ng Judio sa takbo ng pangyayari, na nagpasya silang daanin na ito sa dahas. Pinainit nila ang mga damdamin ng mga taong maingay at walang nalalaman, at nagtagumpay silang lumikha ng kaguluhan, na wika nila ay bunga ng pagtuturo ng mga apostol. Sa maling paratang na ito umasa silang makukuha ang tulong ng mga mahistrado upang maisakatuparan ang kanilang adhikain. Naipasya nilang ang mga apostol ay di dapat bigyang pagkakataon upang ipagtanggol ang sarili at ang magugulong taong ito ang dapat makialam upang batuhin si Pablo at Bernabe, upang matapos ang kanilang paggawa. {AGA 136.2}

Ang mga kaibigan ng apostol, bagama't hindi nananampalataya, ay nagbabala sa kanila ng malisyosong pakana ng mga Judio at nagpayo sa kanilang huwag gaanong maglantad ng kanilang mga sarili sa galit ng karamihan kung hindi naman kailangan, kundi tumakas para sa kanilang mga buhay. Si Pablo at Bernabe kung gayon ay umalis na palihim mula sa Iconio, na iniwang pansamantala ang mga mananampalataya upang sila muna ang magpatuloy ng gawain. Ngunit ang pag-alis nilang ito ay hindi pinakahuli; nagpasya silang muling babalik kapag ang kaguluhan ay nabawasan na, at tapusin ang gawaing nasimulan. {AGA 136.3}

Sa bawat panahon at bawat dako, ang mga mensahero ng Dios ay laging nakasasagupa ng mapait na oposisyon sa mga tumatangging tanggapin ang liwanag ng langit. Madalas, sa maling paratang at kasinungalingan, ang mga kaaway ng ebanghelyo ay parang nagtagumpay, na isinasara ang mga pintuan sa mga lingkod ng Dios upang di sila makapasok sa mga tao. Ngunit ang mga pintuang ito ay di laging masasara; at madalas, na ang mga lingkod ng Dios ay nakababalik matapos ang ilang panahon upang ipagpatuloy ang kanilang mga paggawa, na ang Panginoon naman ay gumagawang makapangyarihan para sa kanila, upang sila'y makapagtatag ng mga bantayog sa ikaluluwalhati ng Kanyang pangalan. {AGA 136.4}

Itinaboy ng pag-uusig mula sa Iconio, ang mga apostol ay nagtungo sa Listra at Derbe, sa Licaonia. Ang mga bayang ito ay pinaninirahan ng mga paganong mapamahiin, datapuwat sa kanila ay mayroong handa upang makinig at tumanggap ng pabalita ng ebanghelyo. Sa mga lugar na ito at mga palibot ng lupain, ang mga apostol ay nagpasyang gumawa, sa pagasang dito ay maiiwasan nila ang maling akala at pag-uusig ng mga Judio. {AGA 137.1}

Walang sinagoga ng mga Judio sa Listra, bagama't may ilang Judiong naninirahan doon. Marami sa nakatira sa Listra ay sumasamba sa templong itinalaga para kay Jupiter. Nang si Pablo at Bernabe ay napakita sa bayan, at ang mga taga Listra ay nagtipon sa palibot nila, kanilang ipinaliwanag ang mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo, at marami ang nagisip na iugnay ang mga doktrinang ito sa kanilang mga paniniwalang pamahiin sa pagsamba nila kay Jupiter. {AGA 137.2}

Sinikap ng mga apostol na ibahagi sa kanila ang pagkakilala sa Dios na Manlalalang, at sa kanyang Anak, ang Tagapagligtas ng lahi ng tao. Una ay itinuon nila ang pansin sa mga kahanga-hangang gawa ng Dios—ang araw, buwan, at mga bituin, at magandang kaayusan ng mga panahon, ang mga makapangyarihang bundok na natatakpan ng niebe, ang matatayog na punong kahoy, at iba't ibang bagay ng kalikasan, na naghahayag ng galing na labas sa pang-unawa ng tao. Sa pamamagitan ng mga gawang ito ng Makapangyarihan sa lahat, inakay ng mga apostol ang isipan ng mga walang pagkakilala sa Dios na ito sa pagbubulay-bulay sa dakilang Hari ng sansinukob. {AGA 137.3}

Matapos gawing malinaw ang mga katotohanang ito tungkol sa Manlalalang, itinuro ng mga apostol sa mga taga Listra ang tungkol sa Anak ng Dios, na bumabang mula sa langit sapagkat mahal Niya ang mga anak ng tao. Nagsalita sila tungkol sa Kanyang naging buhay at paglilingkod, ang pagtanggi sa Kanya ng mga taong ninais Niyang iligtas, ang Kanyang paglilitis at pagkapako, ang Kanyang pagkabuhay na muli, at ang Kanyang pagpanhik sa langit, upang doon ay maging tagapagtanggol ng tao. Kaya't sa Espiritu at kapangyarihan ng Dios, sina Pablo at Bernabe ay nangaral ng ebanghelyo sa Listra. {AGA 137.4}

Minsan, habang si Pablo ay nagsasalaysay sa mga tao tungkol sa gawain ni Kristo bilang tagapagpagaling ng mga may sakit at nababagabag, nakita niyang kasama sa mga nakikinig

ang isang lumpo, na ang mga mata ay nakatitig sa kanya, at nakinig at nanampalataya. Ang puso ni Pablo ay nahabag sa taong lumpong ito, na nakita niya bilang isang "may pananampalatayang mapagaling." Sa harapan ng karamihang iyon na mananamba sa mga diyus-diyosan, inutusan ni Pablo ang taong lumpo na tumayong matuwid. Hanggang noon ang lumpong ito ay nakakaupo lamang, datapuwat ngayon ay agad-agad na sumunod sa utos ni Pablo at sa unang pagkakataon sa kanyang buhay ay tumayo sa kanyang mga paa. Ang lakas ay sumama sa pagsisikap na ito ng pananampalataya, at siya na lumpo ay "lumundag at lumakad." {AGA 138.1}

"Nang makita ng mga tao ang naganap, sumigaw sila nang malakas, at sa wikang Licaonia ay nagsabi, Ang mga diyos ay bumaba sa atin sa anyo ng tao." Ang mga salitang ito ay katugma ng kanilang mga tradisyon na ang mga diyos paminsan-minsan ay dumadalaw sa lupa. Si Bernabe ay tinawag nilang Jupiter, ang ama ng mga diyos, dahilan sa kanyang kagalang-galang at maginoong anyo, at ng hinahon at kagandahang-loob na nakikita sa kanyang mukha. Si Pablo sa paniniwala nila ay si Mercurio, "sapagkat siya ang punong tagapagsalita," taimtim at masigasig, at mahusay bumigkas ng mga salita ng babala at payo. {AGA 138.2}

Ang mga taga Listra, sa kagustuhang magpakita ng pagpapasalamat, hinikayat ng mga taga Listra ang saserdote ni Jupiter na bigyang parangal ang mga apostol, at ito naman ay "nagdala ng mga baka at mga bulaklak sa pintuan, at maghahandog sana ng sakripisyo kasama ng bayan." Si Pablo at Bernabe na ibig ng magpahinga, ay hindi alam ang nagaganap na mga paghahandang ito. Ngunit di nagtagal, ang kanilang pansin ay natawag ng tugtog ng musika at ng masiglang sigawan ng mga taong nagtungo sa bahay na kanilang tinutuluyan. {AGA 138.3}

Nang malaman ng mga apostol ang dahilan ng pagdalaw na ito at ang kasamang pagdiriwang, "hinapak nila ang kanilang mga damit, at tumakbong pasalubong sa mga tao," sa adhikaing pigilan ang mga pangyayari. Sa tinig na malakas, tumataginting, na nangibabaw sa sigawan ng mga tao, hiningi ni Pablo ang kanilang palanig; at sa pagtahimik ng kaguluhang iyon, sinabi niya: "Mga ginoo, bakit ninyo ginagawa ang mga bagay na ito? Kami ay mga tao ding may damdaming tulad ninyo, at nangaral sa inyo upang mula sa mga bagay na walang kabuluhan ay magsibalik kayo sa Dios na buhay, na gumawa ng langit, at lupa, at ng dagat, at ng lahat ng nasa mga iyon: na nang mga panahong nakaraan ay pinabayaan Niya ang lahat ng mga bansa ay magsilakad sa kanilang mga sariling daan. At gayon man ay di nagpabayang di nagbigay ng patotoo, tungkol sa Kanyang sarili, na gumawa nang mabuti at nagbigay sa inyo ng ulang galing sa langit at ng mga panahong sagana, na pinupuno ang inyong mga puso ng pagkain at ng katuwaan." {AGA 138.4}

Sa kabila ng pagtanggi ng mga apostol na sila ay diyos, at sa kabila ng pagsisikap ni Pablo na ituro ang isipan ng mga tao sa tunay na Dios bilang tanging dapat sambahin, halos

imposibleng ituwid ang mga paganong ito sa kanilang hangaring maghandog ng sakripisyo. Naging gayon katibay ang kanilang paniniwala na ang mga taong ito ay mga diyos, at gayon kalaki ang kanilang sigasig na ayaw nilang tanggapin ang kanilang pagkakamali. Ayon sa tala ay "hindi sila napigilan." {AGA 139.1}

Nangatuwiran ang mga taga Listra na nakita ng kanilang mga mata ang milagrong ipinamalas ng mga apostol. Nakita nilang lumakad ang lumpong kailanman ay hindi nakagagawa nito, at nagalak sa sakdal na kalusugan at kalakasan. Tanging sa maraming pagpapaliwanag ni Pablo, at maingat na paglalahad ng kanilang misyon bilang mga kinatawan ng Dios ng langit at ng Kanyang Anak, ang dakilang Manggagamot, na ang bayan ay napasang-ayong isuko ang kanilang adhikain. {AGA 139.2}

Ang mga paggawa ni Pablo at Bernabe sa Listra ay biglang napigil ng masamang nasa ng "ilang mga Judio mula sa Antioquia at Iconio," na, matapos maalaman ang tagumpay ng mga apostol sa paggawa sa Licaonia, ay nagpasyang sundan ang mga ito at usigin. Pagdating ng mga ito sa Listra, ang mga Judiong ito ay nagtagumpay sa pagmungkahi sa bayan ng katulad na muhing taglay nila. Sa mga salitang sinungaling at paninira, ng nagakalang si Pablo at Bernabe ay mga diyos, ay nahila sa isipang sa katunayan ang mga apostol na ito ay mas masama pa sa mga mamamatay-tao at marapat lamang na mamatay. {AGA 139.3}

Ang kabiguan ng mga taga Listra na magkaroon ng karapatang maghandog ng sakripisyo sa mga apostol, ang naghanda sa kanila upang ngayon ay balikan sina Pablo at Bernabe sa isang sigasig na halos katulad ng pagnanais nilang itaas ang mga ito bilang diyos. Pinainit ng mga Judio, nagpanukala silang daluhungin ang mga apostol sa pamamagitan ng lakas.

Binantaan ng mga Judio ang bayan na huwag nang bigyan pa ng pagkakataon si Pablo upang magsalita, sa pagsasabing kung bibigyan siya ng pagkakataon, ay magagayuma niya ang bayan. {AGA 139.4}

Di nagtagal ang mga panukalang pagpatay ay isinagawa ng mga kaaway ng ebanghelyo. Hinuli si Pablo ng mga taga Listra na napailalim sa impluwensya ng kasamaan at galit na makasatanas at walang awang siya ay binato. Akala ng apostol ay iyon na ang kanyang wakas. Ang pagkamartir ni Esteban, at ang malupit na bahaging ginampanan niya dito, ay malinaw na nagbalik sa kanyang alaala. Puno ng pasa at nanghihina sa kirot, siya ay nalugmok sa lupa, at ang galit na karamihan ay "inilabas siya sa siyudad, sa pag-aakalang siya ay patay na." {AGA 140.1}

Sa oras na ito ng kadiliman at pagsubok, ang pulutong ng mana-nampalataya sa Listra na nahikayat sa pananampalataya ni Jesus sa ministri ni Pablo at Bernabe, ay nanatiling tunay at tapat. Ang walang katuwirang pagsalungat at malupit na pag-uusig ng mga kaaway ay nagsilbi lamang upang patatagin ang pananampalataya ng mga natatalagang mga kapatid na

ito, at ngayon, sa harap ng panganib at paglibak, naghayag sila ng katapatan sa pamamagitan ng malungkot na pagtayo sa palibot niyang sa akala nila ay patay na. {AGA 140.2}

Ano ang kanilang gulat nang, sa gitna ng kanilang pananangis ay biglang nag-angat ng kanyang ulo ang apostol, at tumayong may pagpupuri sa Dios sa kanyang mga labi. Sa mga mananampalataya ang hindi inaasahang pananauli ng lakas ng lingkod ng Dios ay ipinalagay na isang milagro ng kapangyarihan ng langit, at nagtatak pa ng tanda ng Langit sa kanilang bagong paniniwala. Nagdiwang silang may di matingkalang kagalakan at nagpuri sa Dios sa pananampalatayang pinatatag pa. {AGA 140.3}

Kabilang sa mga nahikayat sa Listra, at naging saksi sa mga pagdurusa ni Pablo, ay isang taong di nagtagal ay magiging isang pangunahing manggagawa ni Kristo, at magiging kabahagi ng apostol sa mga pagsubok at kagalakan ng pagbubukas ng gawain sa mahihirap na mga bukiran. Ang kabataang ito ay si Timoteo. Nang si Pablo ay kaladkaring palabas sa siyudad, ang kabataang apostol ay isa sa ilan na tumayong nakipaglaban sa tabi ng kanyang parang wala ng buhay na katawan at nakakita sa kanya na bumangon, sugatan at naliligo sa dugo, ngunit may pagpupuri sa mga labi sapagkat pinahintulutan siyang magdusa para kay Kristo. {AGA 140.4}

Kinabukasan ng pagbato kay Pablo, ang mga apostol ay tumulak patungong Derbe, na doo'y pinagpala ang kanilang paggawa, at maraming tao ang naakay sa pagtanggap kay Kristo bilang Tagapagligtas. Datapuwat "nang maipangaral na nila ang ebanghelyo sa siyudad, at nakapagturo sa marami," si Pablo at Bernabe man ay di masiyahan hangga't hindi nila napapatibay sa pananampalataya ang mga nahikayat, at tulad din sa ibang dako na kinailangang iwan nila agad. Kung kaya't, sa kabila ng panganib, "nagbalik sila sa Listra at sa Iconio, at Antioquia, na pinatibay ang pananampalataya ng mga alagad, at sa pagpapayo sa kanilang manatili sa pananampalataya." Maraming tumanggap sa mabuting balita ng ebanghelyo, at nalantad sa paglibak at oposisyon. Ang mga ito ay sinikap ng mga apostol na patatagin sa pananampalataya, upang ang gawaing nasimulan ay manatiii. {AGA 141.1}

Bilang mahalagang sangkap sa paglagong espirituwal ng mga bagong hikayat, ang mga apostol ay maingat na nagbigay sa kanila ng mga bagay ng kaayusan ng ebanghelyo. Mga iglesia ay itinatag sa lahat ng dako sa Licaonia at Pisidia na mayroong mga mananampalataya. Mga namumuno ay hinirang sa bawat iglesia, at ang wastong kaayusan at pamamaraan ay itinatag sa pagpapatakbo ng lahat ng bagay kaugnay sa kapakanang espirituwal ng mga mananampalataya. {AGA 141.2}

Ito ay katugma ng panukala ng ebanghelyo sa pagkakaisa sa iisang katawan ng lahat ng mananampalataya kay Kristo, at ang panukalang ito ay maingat na sinunod ni Pablo sa buong panahon ng kanyang gawain. Silang nasa ibang dako na naakay din ng kanyang paggawa upang tanggapin si Kristo bilang Tagapagligtas, ay itinatag din bilang iglesia sa angkop na

panahon. Kahit na ang mga mananampalataya ay iilan lamang sa bilang, ito ay isinagawa. Sa ganito ang mga Kristiano ay naturuang magtulungan sa isa't isa, na inaalaala ang pangakong, "Kung saan nagtitipon ang dalawa o tatlo sa Aking pangalan, Ako ay nasa gitna nila." Mateo 18:20. {AGA 141.3}

Hindi kinalimutan ni Pablo ang mga iglesiang ito na natatag. Ang pangangalaga sa mga iglesiang ito ay laging nasa isipan niya bilang lumalaking pasanin. Gaano man kaliit ang pulutong, ito ay tampulan pa rin ng kanyang palagiang malasakit. Mairog na binantayan niya ang maliliit na iglesia, sa pagkadamang sila ay nangangailangan ng tanging kalinga upang ang mga kaanib nito ay lubusang matatag sa katotohanan, at maturuang gumawang masikap at di makasarili para sa mga taong nasa paligid nila. {AGA 141.4}

Sa lahat ng kanilang paggawa sa pangangaral, si Pablo at Bernabe ay nagsikap na sundin ang halimbawa ni Kristo sa laging laang pagsasakripisyo at tapat, taimtim na paggawa para sa mga kaluluwa. Laging gising, masigasig, walang pagod, hindi nila sinunod ang hilig o personal na ginhawa, kundi sa panalangin at walang tigil na paggawa ay naghasik sila ng binhi ng katotohanan. At kasabay ng paghahasik ng binhi, ang mga apostol ay maingat sa pagkakaloob sa mga bagong nahikayat ng mga praktikal na turo na mayroong di masukat na halaga. Ang ganitong diwa ng Sigasig at maka-Dios na takot na nalagak sa mga isipan ng mga bagong hikayat ay nagbigay ng matagalang impresyon ukol sa kahalagahan ng pabalita ng ebanghelyo. {AGA 142.1}

Kapag may nahikayat na mga lalaking may kakayahan at may magandang hinaharap, tulad ng sa karanasan ni Timoteo, sinikap ni Pablo at Bernabeng ipakita sa kanila ang pangangailangan ng paggawa sa ubasan. At kapag ang mga alagad ay umalis patungong ibang lugar, ang pananampalataya ng mga lalaking ito ay hindi nagkulang, kundi nadagdagan pa. Sila ay matapat na naturuan sa daan ng Panginoon, di makasarili, kung paano gumawang masikap, mapagpatuloy, para sa ikaliligtas ng kanilang kapwa tao. Ang ganitong maingat na pagsasanay ng bagong hikayat ay naging mahalagang sangkap sa katangi-tanging tagumpay nina Pablo at Bernabe sa kanilang pangangaral sa mga lupain ng di nakakakilala sa Dios. {AGA 142.2}

Ang unang paglalakbay misyonero ay malapit nang magwakas. Matapos ipagtagubilin sa Panginoon ang mga bagong tatag na iglesia, ang mga apostol ay nagtungo sa Pamfilia, "at matapos ipangaral ang salita sa Perga, lumusong sila sa Atalia, at matapos ay naglayag patungong Antioquia." {AGA 142.3}

Kapitulo 20 – Judio at Gentil

Pagdating sa Antioquia ng Siria, na mula doon ay isinugo sila sa kanilang misyon, kinuha nina Pablo at Bernabe ang pagkakataong agad matipon ang mga mananampalataya at sariwain "ang lahat ng ginawa ng Dios para sa kanila, at kung paanong binuksan Niya ang pintuan ng pananampalataya para sa mga Gentil." Gawa 14:27. Ang iglesia sa Antioquia ay malaki at lumalago pa. Isang sentro ng paggawang misyonero, ito ay isa sa pinakamahalaga sa mga grupo ng mga mananampalatayang Kristiano. Ang mga kaanib nito ay binubuo ng maraming uri ng tao sa mga Judio at Gentil. {AGA 143.1}

Habang ang mga apostol ay nakipagkaisa sa mga ministro at layko sa Antioquia sa maningas na pagsisikap na makahikayat ng maraming tao kay Kristo, ilang mananampalatayang Judio mula sa Judea "sa sekta ng mga Pariseo," ay nagtagumpay na magpasok ng katanungang nagdulot ng malawakang kontrobersiya sa iglesia, at naghatid ng pagkabagot sa mga Gentil na nanampalataya. May malaking katiyakan na ang mga gurong ito ng Judaismo ay nagwikang upang maligtas, kailangang tuliin muna at ingatan ang buong kautusang seremonyal. {AGA 143.2}

Sinagupa ni Pablo at Bernabe ang maling aral na ito ng madalian at nilabanan ang pagtuturo nito sa mga Gentil. Sa kabilang dako, marami sa mga mananampalatayang Judio sa Antioquia ay sumangayon sa turong ito na bago pa lang dala ng mga kapatid mula sa Judea. {AGA 143.3}

Ang mga nahikayat na Judio sa pangkalahatan ay hindi mabilis sa pagkilos sa mga paglalaan ng Dios sa pagbubukas ng daan. Mula sa bunga ng mga paggawa ng mga apostol sa mga Gentil malinaw na nakitang ang mga hikayat na ito ay hihigit ang bilang kaysa mga hikayat na Judio. Nangamba ang mga Judiong kung hindi gagawing limitasyon sa mga Gentil ang mga pagbabawal at seremonya ng kanilang kautusan bilang subukan ng pagiging kaanib ng iglesia, ang pambansang pagkakaiba ng mga Judio, na hanggang noon ay nagbigay kaibahan sa kanila sa lahat ng mga tao, ito sa wakas ay mawawala sa mga tatanggap ng pabalita ng ebanghelyo. {AGA 143.4}

Ipinagmamalaki ng mga Judio ang kanilang mga serbisyong itinakda ng langit, at marami sa mga nahikayat sa pananampalataya ni Kristo ay nadadama pa ring sapagkat ang Dios ang naghanay nang malinaw sa paraan ng pagsambang Hebreo, hindi maaaring Kanyang babaguhin ang alin mang sangkap nito. Ipinilit nilang ang mga batas at seremonyang Judio ay dapat maisama sa mga ritwal ng Kristianong relihiyon. Mabagal nilang maunawaan na ang lahat ng mga handog sakripisyo na mga anino ng kamatayan ng Anak ng Dios ay nalapatan na ng katawan nito, at ang mga ritwal at seremonya ng mga batas ni Moises ay wala nang bisa pa. {AGA 144.1}

Bago siya nahikayat, ang palagay ni Pablo sa sarili ay walang kapintasan “tungkol sa mga bagay ng katuwiran na nasa kautusan.” Filipos 3:6. Ngunit mula nang mabago ang kanyang puso, nagkaroon siya ng malinaw na pananaw ng misyon ng Tagapagligtas bilang Manunubos ng buong lahi, maging Gentil o Judio man, at natutuhan niya ang pagkakaiba ng buhay na pananampalataya at patay na pormalismo. Sa liwanag ng ebanghelyo ang sinaunang mga ritwal at seremonyang ibinigay sa Israel ay nagkaroon ng bago at lalong malalim na kahalagahan. Ang mga bagay na inaninuhan nito ay naganap na, at silang nabubuhay sa panahon ng ebanghelyo ay napalaya sa pagsunod dito. Gayunman, ang Sampung Utos ng Dios na hindi nababago gayunman, ay tinupad pa rin ni Pablo sa diwa at letra nito. {AGA 144.2}

Sa iglesia ng Antioquia ang pagpapahalaga tungkol sa pagtutuli ay nagkaroon ng maraming pagtatalo at alitan. Sa wakas, ang mga kaanib ng iglesia, sa pangambang magkaroon ng pagkakabahagi ay nagpasyang isugo si Pablo at Bernabe, kasama ng ilang may kapanagutang kaanib ng iglesia, sa Jerusalem upang ilahad ang bagay na ito sa mga apostol at matatanda. Doon ay makakatagpo nila ang mga delegado mula sa iba’t ibang iglesia at silang magtutungo sa Jerusalem upang dumalo sa mga kapistahang darating. Samantala ang lahat ng usapan ay pinatigil muna hanggang ang kapasyahan ay maibigay sa pangkalahatang konsilyo. Ang desisyon ay tatanggapin ng lahat ng mga iglesia sa buong bansa kung magkagayon. {AGA 144.3}

Patungo sa Jerusalem dinalaw ng mga apostol ang mga mananampalataya sa mga siyudad na kanilang nadaanan, at pinalakas sila sa pagsasalaysay ng mga karanasan nila sa gawain ng Dios at ng pagkahikayat ng mga Gentil. {AGA 145.1}

Sa Jerusalem ang mga delegado mula sa Antioquia ay nakatagpo ang mga kapatid mula sa iba’t-ibang iglesia, na nagkatipon sa pangkalahatang pulong, at sa kanila ay isinaysay ang tagumpay na natamo sa kanilang ministri sa mga Gentil. Pagkatapos ay inihanay nila sa kanila ang kaguluhang naging bunga ng pagdalaw sa Antioquia ng ilang nahikayat na Judio, na nagsabing upang maligtas, ang mga nahikayat ay dapat tuliin at sumunod sa kautusan ni Moises. {AGA 145.2}

Ang katanungang ito ay mainit na pinag-usapan sa pagkakatipong ito. Kaugnay ng paguusap na ito sa katanungan tungkol sa pagtutuli ay may ilang bagay pang nangangailangan ng masinop na pag-aaral. Isa rito ay ang dapat na isipan tungkol sa mga pagkaing inihandog sa mga diyus-diyusan. Marami sa mga nahikayat na Gentil ay naninirahan sa gitna ng mga taong walang kaalaman at mapamahiin na madalas na naghahandog at nagsasakripisyo sa mga diyus-diyusan. Ang mga saserdote ng pagsambang paganong ito ay kasangkot sa malawakang negosyo ng mga handog na dinadala sa kanila, at nangangamba ang mga Judio na ang mga nahikayat na Gentil ay maghahatid ng kahihiyan sa Kristianismo sa pagbili ng

mga bagay na inihandog sa mga diyus-diyusan, at sa ganitong paraan, ay mabigyang patibay ang mga gawaing ito ng idolatriya. {AGA 145.3}

Muli, ang mga Gentil ay sanay na sa pagkain ng mga laman ng hayop na sinakal, samantalang ang mga Judio ay may utos ng Dios na kapag ang hayop ay pinatay bilang pagkain, dapat na maging maingat na ang dugo nito ay mapadaloy mula sa katawan; kung hindi ang pagkaing iyon ay ituturing na marumi. Ibinigay ng Dios ang tagubiling ito sa mga Judio sa adhikaing maingatan ang kanilang kalusugan. Itinuturing ng mga Judio na kasalanan ang pagkain ng dugo. Pinanghahawakan nilang nasa dugo ang buhay, at ang pagpapadanak ng dugo ay bunga ng kasalanan. {AGA 145.4}

Ang mga Gentil naman, sa kabilang dako, ay tinitipon ang dugo mula sa hayop na inihandog, at ginagamit ito sa paghahanda ng pagkain. Hindi mapaniwalaan ng mga Judio na dapat silang magbago mula sa turong tanging galing na rin sa Dios. Kung kaya't, ayon sa kalagayan ng mga bagay na ito, kung ang Judio at Gentil ay kakaing magkasama sa dulang, ang una ay manghihilakbot sa gagawin ng ikalawa. {AGA 145.5}

Ang mga Gentil, lalo na ang mga Griyego, ay lubhang maluwag. ang pamumuhay, at may panganib na ang ilang hindi hikayat sa puso, ay magpapanggap' ng pananampalataya gayong hindi naman nagbabago ng mga masamang gawa. Hindi matagalan ng mga Kristianong Judio ang imoralidad na sa mga pagano ay hindi kasalanan. Kaya't itinuturing ng mga Judio na ang pagtutuli ay naangkop at ang pagganap ng mga batas seremonyal ay dapat na ipairal sa mga nahikayat na Gentil bilang subukan ng kanilang katapatan at debosyon. Sa kanilang paniniwala, ito ay hahadlang sa pagpasok sa iglesia nilang magpapanggap ng pananampalataya gayong walang tunay na pagkahikayat ng puso, at maaaring magdala ng kahihiyan sa iglesia dahilan sa imoralidad at pagmamalabis. {AGA 146.1}

Ang iba't ibang puntong kaugnay ng pagsasaayos ng pangunahing katanungan ay parang nagbigay ng kahirapan sa konsilyo. Ngunit ang Banal na Espiritu, sa katunayan, ay nagbigay na ng desisyon sa isyung ito, at dito nakasalig ang kasaganaan, pati na ng pagpapatuloy ng iglesia Kristiana. {AGA 146.2}

"At pagkatapos ng maraming pagtatalo, ay nagtindig si Pedro, at sinabi sa kanila, Mga kapatid, nalalaman ninyo na nang unang panahong nakaraan ay humirang ang Dios sa inyo, upang sa pamamagitan ng aking bibig ay mapakinggan ng mga Gentil ang salita ng ebanghelyo, at sila'y magsisampalataya." Nagpaliwanag siya na ang Banal na Espiritu ang nagpasya ng bagay na pinagtatalunan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng magkatulad na kapangyarihan sa di tuling mga Gentil at mga tuling Judio. Isinaysay niya ang kanyang pangitain, kung paano ipinakita ng Dios sa kanya ang isang kumot na puno ng lahat ng uri ng hayop na may apat na paa at inatasan siyang kumain. Nang siya ay tumanggi, at nagsabing kailanman ay hindi siya kumain ng pangkaraniwan o marumi, ang naging tugon ay, "Ang

nilinis ng Dios, ay huwag mong tawaging karaniwan." Gawa 10:15. {AGA 146.3} Isinaysay din ni Pedro ang simpleng kahulugan ng mga salitang ito, na ibinigay sa kanya agad kaugnay ng utos sa kanyang tumungo sa senturyon at turuan ito tungkol sa pananampalataya kay Kristo. Ang pabalitang ito ay naghahayag na ang Dios ay hindi nagtatangi ng tao, kundi tumatanggap at kumikilala sa lahat ng natatakot sa Kanya. Sinabi ni Pedro ang kanyang pagkamangha nang habang siya ay nagsasalita sa mga taong nagkatipon sa bahay ni Cornelio, namasdan niya ang Banal na Espiritu na lumulukob sa kanyang mga tagapakinig, mga Gentil at Judio man. Ang magkatulad na liwanag at kaluwalhatian ay nahayag sa mga mukha ng mga Judio na tuli ay sumang-ayon din sa mga Gentil na hindi tuli. Ito ay babala ng Dios kay Pedro na di niya dapat ipalagay na ang isa ay mas mababa sa isa; sapagkat ang dugo ni Kristo ay makapaglilinis sa lahat ng karumihan. {AGA 146.4}

Minsan sa nakaraan, si Pedro ay nakipagkatuwiranan na sa mga kapatid tungkol sa pagkahikayat ni Cornelio at mga kaibigan nito, at sa pakikisama niya sa kanila. Sa pagsasalaysay niya kung paanong sa pangyayaring iyon ang Banal na Espiritu ay lumapag sa mga Gentil, sinabi niya, "Sapagkat ibinigay ng Dios sa kanila ang kaloob na katulad sa atin, na nanampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo; sino ako na lalaban sa Dios?" Gawa 11:17. Ngayon, sa katulad na puwersa at ningas, ay sinabi niya: "Ang Dios, na nakakaalam ng mga puso, ay nagbigay sa kanila ng patotoo, sa pagkakaloob sa kanila ng Banal na Espiritu, katulad ng sa atin; at hindi naglagay ng pagkakaiba sa pagitan nila at sa atin, na dinalisay ang kanilang mga puso sa pananampalataya. Kung gayon bakit tinutukso ninyo ang Dios, sa paglalagay ng pamatok sa leeg ng mga apostol, na kahit na ang ating mga magulang at tayo ay hindi mabata?" Ang pamatok na ito ay hindi ang batas ng Sampung Utos, katulad ng sinasabi ng mga lumalaban sa pag-aangkin ng kautusan sa kanila; ang tinutukoy ni Pedro dito ay ang mga batas ng mga seremonya, na pinawalang bisa ng pagkapako ni Kristo. {AGA 147.1}

Ang pagsasalita ni Pedro ay naghatid sa nagkakatipon sa puntong maaari na silang makinig na may pagpapahinuhod sa sasabihin ni Pablo at Bernabe, na nagsalaysay ng kanilang karanasan sa paggawa sa mga Gentil. "Ang buong karamihan ay tumahimik, at nakinig kay Bernabe at Pablo, na naghahayag ng mga milagro at kahanga-hangang bagay na ginawa ng Dios sa mga Gentil sa pamamagitan nila." {AGA 147.2}

Si Santiago man ay nagbigay patotoo sa kanyang desisyon, at naghayag na adhikain ng Dios na ipagkaloob sa mga Gentil ang mga katulad na karapatan at pagpapalang naipagkaloob na sa mga Judio. {AGA 147.3}

Nakita ng Banal na Espiritu na makabubuting hindi ipairal sa mga nahikayat na Gentil ang mga batas seremonyal, at ang isipan ng mga apostol tungkol dito ay kaayon ng isipan ng Espiritu ng Dios. Si Santiago ang nangulo sa konsilyo, at ang huling desisyon niya ay, "Ganito ang aking pasya, na huwag na nating bagabagin pa silang mga Gentil na nanumbalik sa Dios." {AGA 147.4}

Ito ang nagtapos sa pag-uusap. Sa pagkakataong ito ay mayroon tayong panlaban sa doktrinang pinanghahawakan ng Iglesia Katolika Romana na si Pedro ang puno ng iglesia. Silang mga papa, na nagaanglang pumalit sa kanya, ay walang saligan sa mga sulat tungkol sa kanilang mga pagpapanggap. Walang anuman sa buhay ni Pedro ang nagbibigay patibay sa pag-aangkin na siya ay itinaas na higit sa kanyang mga kapatid bilang kahalili ng Kataastaasan. Kung sila na inihayag na mga kahalili ni Pedro ay sumunod sa Kanyang halimbawa, sana ay lagi silang nasisiyahang manatiii sa pagiging kapantay ng kanilang mga kapatid. {AGA 148.1}

Sa pagkakataong ito si Santiago ang napiling maghayag ng desisyon ng konsilyo. Kapasyahan niyang ang batas seremonyal, lalo na ang ordinansa ng pagtutuli, ay di dapat ipilit sa mga Gentil, o irekomenda man lamang sa kanila. Sinikap ni Santiago na idiin sa mga isipan ng kanyang mga kapatid ang katotohanan, na sa panunumbalik ng mga Gentil sa Dios, sila ay nagkaroon ng malaking pagbabago sa kabuhayan, at dapat na maging maingat upang sila ay hindi mabagabag ng mga katanungang walang gaanong halaga, upang sila ay di manghina sa pagsunod kay Kristo. {AGA 148.2}

Gayunman, ang mga nahikayat na Gentil ay dapat magwaksi ng mga ugaling hindi katugma ng mga simulaing Kristiano. Ang mga apostol at matatanda ay nagkaisa upang ang mga Gentil ay maturuan sa pamamagitan ng liham na iwanan ang mga pagkaing inihandog sa mga diyus-diyusan, ang pakikiapid, mga bagay na namatay sa bigti, at ang dugo. Sila ay papayuhang sumunod sa mga kautusan at mabuhay na may kabanalan. Tiniyak din sa kanilang ang mga taong naghayag sa kanila na dapat silang pasailalim sa pagtutuli ay hindi pinahihintulutan ng mga apostol. {AGA 148.3}

Si Pablo at Bernabe ay inirekomenda sa kanila bilang mga lalaking nagtaya ng kanilang mga buhay para sa Panginoon. Si Judas at Silas ay isinugong kasama ng mga apostol na ito upang maghayag sa mga Gentil kung ano ang naging pasiya ng konsilyo: “Minabuti ng Banal na Espiritu, at namin din naman, na huwag ipataw sa inyo ang higit na pasan kaysa mga kailangang bagay na ito; na kayo ay lumayo sa mga pagkaing inihandog sa mga diyos, sa dugo, sa mga bagay na binigti, at sa pakikiapid: na kung inyong gagawin, ay sa ikabubuti ninyo.” Ang apat na lingkod ng Dios ay isinugo sa Antioquia taglay ang liham at pabalitang magwawakas sa pagtatalo; sapagkat ito ay tinig ng pinakamataas na otoridad sa lupa. {AGA 148.4}

Ang konsilyong nagpasya nito ay binuo ng mga apostol at mga guro na pangunahin sa pagtatayo ng mga iglesiang Judio at Gentil na naging Kristiano, pati ng mga piling delegado mula sa iba’t ibang dako. Mga matatanda buhat sa Jerusalem at mga deputado mula sa Antioquia ay naroroon, at ang mga iglesiang pinakamaimpluwensya ay may mga delegado rin. Ang konsilyo ay tumakbo ayon sa mga dikta ng pagpapasyang naliwanagan, at sa dignidad ng isang iglesiang itinatag sa kaloobang banal. Bilang bunga ng mga pag-uusap,

nakita nilang lahat na ang Dios na rin ang tumugon sa kanilang katanungang naging isyu sa pagkakaloob sa mga Gentil ng Banal na Espiritu; at nadama nilang ang kanilang bahagi ay sundin ang patnubay ng Espiritu. {AGA 149.1}

Hindi kinailangang ito ay pagbotohan ng buong kapulungan. Ang mga "apostol at matatanda," mga taong may impluwensya at mabuting pasiya, ang nagbalangkas at nagpalabas ng patakaran, at pangkalahatang tinanggap ng mga iglesia Kristiana. Gayunman, hindi lahat ay nasiyahan sa desisyong ito; may pulutong ng mga ambisyoso at mapagkatiwala sa sariling mga kapatid na tumuligsa dito. Ang mga taong ito ay nag-aangkin ng pansariling kapanagutan. Mahilig sila sa bulung-bulungan at paghanap ng kapintasan, nagpapasok ng mga bagong panukala, at nagsisikap na hilahing pababa ang mga taong itinalaga ng Dios upang magturo ng pabalita ng ebanghelyo. Sa pasimula pa ang iglesia ay mayroon nang ganitong mga hadlang na hinarap, at laging mayroon nito hanggang sa katapusan ng panahon. {AGA 149.2}

Ang Jerusalem ang punong lunsod ng mga Judio, at dito makikita ang pinakamatinding pagkamakasarili at panatisismo. Ang mga Kristianong Judio na naninirahan sa abot-tanaw ng templo ay likas lamang na ang isipan ay madadala sa pagtingin sa mga kaka-ibang karapatan ng mga Judio bilang isang bansa. Nang makita nilang ang iglesia Kristiana ay lumalayo sa mga seremonya at tradisyon ng Judaismo, at nag-akala na ang mga ugali ng mga Judio ay di matatagalang mawawala sa liwanag ng bagong pananampalataya, marami ang nagalit kay Pablo na sa malaking bahagi, ay naging dahilan ng pagbabagong ito. Hindi lahat ng mga apostol ay handang tanggapin ang kapasyahan ng konsilyo. Ang ilan ay masigasig sa mga batas seremonyal, at ang tingin nila kay Pablo ay kakaiba sapagkat sa kanilang isipan ang mga simulain nito tungkol sa mga kapanagutan sa batas ng Judio ay maluwag. {AGA 149.3}

Ang malawak at malayuang epekto ng mga desisyon ng konsilyo ay naghatid ng lakasloob sa mga mananampalatayang Gentil, at ang gawain ng Dios ay sumagana. Ang iglesia sa Antioquia ay biniyayaan ng presensya ni Judas at Silas, ang mga tanging mensaherong nakasama ng mga apostol pagbalik nila mula sa Jerusalem. "Bilang mga propeta rin," si Judas at Silas ay "nagpayo sa mga kapatid sa maraming bagay at pinatibay sila." Ang mga maka-Dios na lalaking ito ay nanatili sa Antioquia sa isang panahon. "Si Pablo at Bernabe ay nagpatuloy din na nagturo at nangaral ng salita ng Panginoon sa Antioquia, at kasama pa ng maraming iba." {AGA 150.1}

Nang si Pedro ay dumalaw din sa Antioquia, nakuha niya ang pagtitiwala ng marami dahilan sa kanyang maingat na pakikitungo sa mga nahikayat na Gentil. Sa ilang panahon kumilos siya ayon sa liwanag na kaloob ng langit. Napagtagumpayan na niya ang kanyang likas na maling akala at siya'y naupong kasama ng mga nahikayat na Gentil. Datapuwat nang may dumating na ilang Judio mula sa Jerusalem na masigasig ukol sa mga batas seremonyal, si Pedro ay nagbago ng pakikitungo sa mga nahikayat na ito mula sa paganismo. At ang ibang

mga Judio ay “nagkunwari ding kasama niya, anupa’t pati si Bernabe ay nabuyo sa kanilang pagkukunwari.” Galacia 2:13, 14. Ang ganitong kahinaan sa bahagi ng mga lider na minamahal at iginagalang, ay nag-iwan ng masakit na impresyon sa isipan ng mga mananampalatayang Gentil. Ang iglesia ay may bantang mahati. Ngunit nakita ni Pablo ang masamang impluwensya ng maling ginawa ni Pedro, at hayagang sinansala ito sa ginawang pagtatakip ng tunay niyang mga damdamin. Sa harapan ng iglesia, si Pablo ay nagtanong kay Pedro, “Kung ikaw na isang Judio ay namumuhay na gaya ng Gentil, at di gaya ng mga Judio, bakit mo pinipilit ang mga Gentil na mamuhay na gaya ng mga Judio?” Galacia 2:13, 14. {AGA 150.2}

Nakita ni Pedro ang pagkakamaling kanyang kinahulugan, at pagdaka ay kumilos upang kumpunihin ang kasamaang nagawa sa maaabot ng kanyang kapangyarihan. Ang Dios na nakakaalam ng wakas sa pasimula, ay nagpahintulot na si Pedro ay maghayag ng kahinaan ng likas upang ang apostol na sinubok ay makakitang wala siyang anuman sa sarili na maipagmamalaki. Kahit na ang mga pinakamabuti sa mga tao, kung sa kanilang sarili lamang, ay magkakamali sa paghatol. Nakita rin ng Dios na sa mga panahong darating ang ilan ay madadaya upang angkinin para kay Pedro at sa mga nagpapanggap na kahalili niya ang mga karapatang tanging sa Dios lamang. Ang talang ito ng kahinaan ng apostol ay mananatiling katibayan ng kanyang pagiging mapagkamali at ng katunayang siya ay hindi mataas sa ibang mga apostol. {AGA 150.3}

Ang talang ito ng paglayo sa mga matuwid na simulain ay nakatayo bilang matigas na babala sa mga taong nasa tungkulin ng pagtitiwala sa gawain ng Dios, na sila ay di dapat mahulog mula sa pagtatapat, kundi dapat na matibay na manghawakan sa prinsipyo. Habang mas mabigat ang kapanagutang nababaw sa tao, at habang lumalald ang pagkakataong magdikta at magkontrol, lalong malaki ang pinsalang kanyang magagawa kung hindi siya maingat na susunod sa paraan ng Panginoon at gagawang katugma ng mga desisyong nabuo ng pangkalahatang kapisanan ng mga mananampalataya sa nagkakaisang konsilyo. {AGA 151.1}

Pagkatapos ng lahat ng mga pagkakamali ni Pedro; matapos ang kanyang pagkahulog at pananauli, ang mahabang panahon ng kanyang paglilingkod, ang kanyang malapit na ugnayan kay Kristo, ang kanyang kaalaman sa tuwirang pag-aangkop ng Tagapagligtas sa mga matuwid na simulain; matapos ang lahat ng turong tinanggap niya, lahat ng kaloob at kaalaman at impluwensyang natamo sa pangangaral at pagtuturo ng salita—hindi ba kakatuwa na siya ay magkubli at iwasan ang mga simulain ng ebanghelyo dahilan sa takot sa tao, o kaya ay upang magtamong karangalan? Hindi ba kakatuwa na siya ay manghina sa kanyang pananayuan sa matuwid? Nawa ay ipagkaloob ng Dios sa bawat tao ang pagkadama ng kanyang kawalang lakas, ang kawalang kakayahang patakbuhin ang sariling sasakyan na tuwid at ligtas tungo sa pampang. {AGA 151.2}

Sa kanyang pangangaral, si Pablo ay madalas na kinailangang tumayong nag-iisa. Tanging dnuruan siya ng Dios upang huwag magbigay ng luwag kung ang kasangkot ay simulain. Kung minsan ang pasanin ay mabigat, ngunit si Pablo ay naging matatag sa pagtayo sa matuwid. Nadama niyang ang iglesia ay di dapat madala kailanman sa kontrol ng kapangyarihan ng tao. Ang mga tradisyon at salawikain ng mga tao ay di dapat pumalit sa hayag na katotohanan. Ang Itinalaga ni Pablo ang sarili at lahat ng kanyang kapangyarihan sa paglilingkod sa Dios. Tinanggap niya ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa langit, at sa buong paglilingkod niya ay pinanatili niya ang buhay na ugnayan sa mga ahensya ng langit. Tinuruan siya ng Dios tungkol sa pagtatali sa mga Kristianong Gentil ng hindi kinakailangang pasan; anupa't nang ang mga mananampalatayang Judiong nang-aakit sa iglesia sa Antioquia tungkol sa pagtutuli, alam ni Pablo ang isipan ng Espiritu ng Dios tungkol sa mga turo nito at siya ay tumayong matatag laban dito na siyang naghatid sa mga iglesia ng kalayaan mula sa mga ritos at seremonya ng mga Judio. {AGA 151.3}

Sa kabila ng katotohanang si Pablo ay personal na tinuruan ng Dios, wala siyang isipan tungkol sa isahang kapanagutan. Habang nakatingin sa tuwirang patnubay ng Dios, lagi siyang handang kilalanin ang kapangyarihang napataw sa kalipunan ng mga mananampalataya na sama-samang sumasamba. Nadama niya ang pangangailangan ng pagpapayo; at kapag bumabangon ang mahahalagang bagay, nagagalak siyang ilahad ang mga ito sa harapan ng iglesia, at makipagkaisa sa mga kapatid sa paghahanap ng karunungan ng Dios upang makagawa ng matuwid na mga pagpapasya. Kahit na "ang mga diwa ng mga propeta," wika niya, "ay napasasailalim ng mga propeta. Sapagkat ang Dios ay hindi may-akda ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan, tulad ng sa mga iglesia ng mga banal." 1 Corinto 14:32, 33. Kasama ni Pedro, nagturo siyang lahat ng nagkakaisa sa iglesia ay dapat na "pasailalim sa isa't isa." 1 Pedro 5:5. {AGA 152.1}

Kapitulo 21 – Itinataasang Krus

Matapos ang ilang panahong pangangaral sa Antioquia, nagmungkahi si Pablo sa mga kapwa manggagawa na sila ay magsagawa ng isa pang paglalakbay misyonero. "Balikan natin," sinabi niya kay Barnabas, "at dalawin ang mga kapatid sa bawat bayang pinangaralan natin ng salita ng Panginoon, at tingnan natin kung ano ang lagay nila." {AGA 153.1}

Si Pablo at Bernabe ay kapwa may malasakit sa mga taong katatanggap lamang ng pabalita ng ebangleyo nang sila ang mangaral, at nananabik silang muli silang makita. Ang ganitong pagmamalasakit ay di kailanman nawala kay Pablo. Kahit na nasa malalayong bukiran, malayo sa mga lugar ng unang paggawa, lagi niyang taglay sa' puso ang pasanin na ang mga nahikayat na ito ay mapanatiling nagtatapat, "nagpapasakdal ng kabanalan sa takot sa Dios." 2 Corinto 7:1. Palaging sinikap niyang sila ay maturuang tumayo sa sarili, mga Krisdanong

lumalago, malakas sa pananampalataya, masigasig, at buong puso ang pagtatalaga sa Dios at sa gawain ng pagpapalaganap ng Kanyang kaharian. {AGA 153.2}

Si Bernabe ay handang sumama kay Pablo, ngunit nais niyang maisama si Marcos, na muli ay nagpasyang magtalaga ng sarili sa paglilingkod. Dito ay tumanggi si Pablo. “Hindi niya minabuti na isama...sa kanila” ang isang sa panahon ng unang paglalakbay ay umalis sa panahon ng pangangailangan. Wala siyang isipang palagpasin ang kahinaan ni Marcos sa pag-alis upang hanapin ang kapanatagan at kaginhawahan ng tahanan. Sinabi niyang ang isang katulad nitong mahina ay hindi angkop sa gawaing ang kailangan ay tiyaga, pagtanggi sa sarili, tapang, pagtatalaga, pananampalataya, at pagiging laang magsakripisyo. Naging mahigpitan ang pag-uusap ni Pablo at Bernabe, anupa’t sila ay naghiwalay, sinunod ni Bernabe ang kanyang kombiksyon at isinama si Marcos. “At isinama ni Bernabe si Marcos, at naglayag patungong Chipre; at pinili ni Pablo si Silas, at umalis, na ipinagtagubilin ng mga kapatid sa biyaya ng Dios.” {AGA 153.3}

Sa paglalakbay patungong Siria at Cilicia, na doo’y pinalakas nila ang iglesia, si Pablo at Silas ay nakarating sa Derbe at Listra sa probinsya ng Licaonia. Sa Listra si Pablo ay binato, ngunit ngayon ay masusumpungan natin siyang muli sa dakong ito na naging panganib sa kanya. Nananabik siyang makita silang sa pamamagitan ng kanyang paggawa ay tumanggap sa ebanghelyo at nagtitiis ng pagsubok. Hindi siya nabigo; sapagkat nakita niya na ang mga mananampalataya sa Listra ay naging matatag sa harap ng marahas na pagsalungat. {AGA 154.1}

Dito ay muling nakatagpo ni Pablo si Timoteo, na nakamalas ng mga pagdurusa niya sa unang pagdalaw sa Listra, at sa isipan nito ay nadiin ang mga nakitang pangyayari hanggang mabuo ang kapasiyahang tungkulin niyang ipagkalo’ob ang sarili ng lubusan sa gawain ng ministeryo. Ang kanyang puso ay natali sa puso ni Pablo, at nanabik na makabahagi ng apostol sa paggawa bilang kawaksi kung ang pagkakataon ay mabubuksan. {AGA 154.2}

Si Silas, na kasama ni Pablo sa paggawa ay isang subok na mangga-gawa, may kaloob ng propesiya; datapuwat ang gawain ay napakalaki at kailangang magsanay ng marami pa para sa aktibong paggawa. Nakita ni Pablo kay Timoteo ang isang nakadadama ng kabanalan ng gawain ng ministri; ang isang hindi nangangamba sa mga paghihirap at pag-uusig; at laang maturuan. Gayunman ay hindi naglakas loob si Pablo sa kapanagutang sanayin ang isang hindi pa subok na kabataan, 1 ngga’t hindi siya nasisiyahan sa likas nito at dating karanasan ng buhay. {AGA 154.3}

Ang ama ni Timoteo ay isang Griyego at ang ina ay Judio. Mula pagkabata ay alam na nito ang Kasulatan. Ang kabanalang nakita niya sa tahanan nito ay mainam. Ang pananampalataya ng kanyang ina at lola sa mga banal na bagay para sa kanya ay palagiang paalaala ng mga pagpapala sa pagganap ng kalooban ng Dios. Ang salita ng Dios na naging patakaran ng

buhay ng dalawang banal na babaeng ito ay pumatnubay din kay Timoteo. Ang kapangyarihang espirituwal na natanggap niya mula sa kanila ang nag-ingat sa kanya sa dalisay na pagsasalita at hindi narumihan ng mga masasamang impluwensyang nakapalibot sa kanya. Gayon nakipagtulungan sa Dios ang mga tagapagturo niya sa tahanan sa paghahanda sa kanya sa pagdadala ng mga pasanin. {AGA 154.4}

Nakita ni Pablo na si Timoteo ay tapat, matatag, at tunay, at pinili niya itong makasama sa paggawa at paglalakbay. Silang nagturo kay Timoteo mula sa pagkabata nito ay nagantimpalaan na makitang ang kanilang anak ay kaugnay na malapit ng isang dakilang apostol. Si Timoteo ay kabataan pa lamang nang piliin ng Dios na maging isang guro, ngunit ang mga simulain niya ay naitatag na ng kanyang maagang edukasyong magaangkop sa kanya bilang kawaksi ni Pablo. Bagama't kabataan pa, pinasan niya ang mga kapanagutang may kaamuang Kristiano. {AGA 155.1}

Bilang pag-iingat, matalinong pinayuhan ni Pablo si Timoteo upang magpatuli—hindi sapagkat kahilingan ito ng Dios, kundi upang alisin sa isipan ng mga Judio ang magiging hadlang nila sa paglilingkod ni Timoteo. Sa paggawa ni Pablo, siya ay tutungo sa mga bayan sa maraming lupain, at madalas na ipapangaral niya si Kristo sa mga sinagoga ng mga Judio, gayon din sa mga ibang dakong pagpupulungan. Kung malalamang ang isa niyang kasama ay hindi tuli, ang kanyang gawain ay maaaring mahadlangan ng maling akala at panatisismo ng mga Judio. Sa bawat dako ang apostol ay nakasagupa ng malakas na pagsalungat at mahigpit na pag-uusig. Nais niyang ang mga kapatid niyang Judio, gayon din ang mga Gentil, ay kapwa makakilala ng ebanghelyo, at sinikap niyang hangga't maaari ay maging matapat sa pananampalataya, upang alisin ang anumang dahilan ng oposisyon. Bagama't pinagbigyan niya ang bahaging ito ng maling akala ng mga Judio, naniniwala siya at nagturong ang pagtutuli o hindi pagtutuli ay walang kabuluhan at ang ebanghelyo ni Kristo ang lahat at lahat. {AGA 155.2}

Minahal ni Pablo si Timoteo bilang "sariling anak sa pananam-palataya." 1 Timoteo 1:2. Sinubok niya ang kabataang alagad sa pagtatanong dito tungkol sa kasaysayan ng Kasulatan, at sa kanilang paglalakbay sa iba't ibang dako, maingat niya itong tinuruan ukol sa matagumpay na paggawa. Si Pablo at Silas man, sa kanilang pakikisama kay Timoteo, ay nagsikap na mapalalim pa ang mga impresyong nabigay sa kanyang isipan, sa kabanalan, sa kaselanan ng paggawa bilang ministro ng ebanghelyo. {AGA 155.3}

Sa kanya namang paggawa, palagiang hinanap ni Timoteo ang payo at turo ni Pablo. Hindi siya kumilos sa bugso ng damdamin, kundi naging maingat sa pagsasaalang-alang at pag-iisip, laging nagtatanong sa bawat hakbang, Ito ba ang paraan ng Panginoon? Nakita ng Banal na Espiritu sa kanya ang isang maaaring mahubog at malilok bilang isang templong mapananahanan ng banal na Presensya. {AGA 155.4}

Kapag ang mga liksyon ng Biblia ay iniugnay sa pang-araw-araw na kabuhayan, nagkakaroon sila ng malalim at nananatiling impluwensya sa likas. Ang mga liksyong ito ay natutuhan at isinagawa ni Timoteo. Wala siyang natatanging talento, ngunit naging mahalaga ang kanyang naging gawain sapagkat ginamit niya ang mga kaloob ng Dios sa paglilingkod sa Panginoon. Ang kaalaman niya sa isinasakabuhayang kabanalan ay nagpabukod sa kanya sa ibang mga mananampalataya at nagbigay sa kanya ng impluwensya. {AGA 156.1}

Silang gumagawa para sa mga tao ay dapat magkaroon ng mas malalim, mas ganap, mas maliwanag na kaalaman sa Dios kavsa maaaring matamo ng karaniwang pagsisikap lamang. Dapat na isangkot nila ang lahat ng kalakasan sa paggawa para sa Panginoon. Sila ay nasa isang banal at mataas na pagkakatawag, at kung sila ay nagnanasang makaakay ng mga tao sa kanilang mga paggawa, dapat silang matibay na manghawakan sa Dios, sa bawat araw ay tumatanggap ng biyaya at kapangyarihan mula sa Bukal ng lahat ng pagpapala. “Sapagkat napakita ang biyaya ng Dios na may dalang kaligtasan sa lahat ng mga tao, na nagtuturo sa adn, upang tumanggi sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanlibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil, at matuwid, at banal sa panahong kasalukuyan ng sanlibutang ito; na hintayin yaong mapalad na pag-asa, at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo; na Siyang nagbigay ng Kanyang sarili sa atin, upang tayo’y matubos Niya sa lahat ng mga kasamaan, at malinis Niya sa Kanyang sarili ang bayang masikap sa mababuting gawa, upang maging Kanyang sariling pag-aari.” Tito 2:11-14. {AGA 156.2}

Bago magpatuloy sa bagong teritoryo, si Pablo at mga kasama ay dumalaw muna sa mga iglesia na naitatag na sa Pisidia at kalapit rehiyon. “Sa pagdaan nila sa mga bayan, ay ibinigay nila ang mga kautusang binuo ng mga apostol at matatanda sa Jerusalem. At sa ganito ay napatibay ang mga iglesia sa pananampalataya, at ang kanilang bilang ay dumami sa bawat araw.” {AGA 156.3}

Ang apostol ay nakadama ng malalim na kapanagutan para sa kanilang nahikayat sa kanyang paggawa. Higit sa lahat, ay nais niyang sila ay maging tapat, “upang ako’y magalak sa araw ni Kristo,” wika niya, “na ako’y tumakbong hindi walang kabuluhan, o gumawa mang walang kabuluhan.” Filipos 2:16. Siya ay nanginig sa bunga ng kanyang ministri. Nadama niyang kahit na ang sariling kaligtasan ay nalalagay sa panganib kung siya ay magkukulang sa pagtupad sa kanyang tungkulin at ang iglesia ay magkulang naman sa pakikipagtulungan sa kanya sa gawain ng pagliligtas ng kaluluwa. Alam niyang ang pangangaral ay hindi sapat upang maturuan ang mga mananampalataya na manghawakan sa salita ng buhay. Alam niyang linya por linya, utos sa utos, kaunti dito at kaunti doon, sila ay dapat maturuang lumago sa gawain ni Kristo. {AGA 156.4}

Isang pansansinukob na simulaing kapag ang mga kapangyarihang kaloob ng Dios ay tinanggihang gamidn, ang mga ito ay mababulok at mawawala. Ang katotohanang hindi

isinasakabuhayan, hindi ibinabahagi, ay nawawalan ng kapangyarihang magbigay buhay at magpagaling. Kung kaya't gayon na lamang ang pangamba ng apostol na hindi niya maiharap ang sinuman na hindi sakdal kay Kristo. Ang pag-asa ni Pablo sa langit ay lumalabo kapag iniisip niya ang pagkukulang niya na magbubunga sa iglesia ng huwarang makatao sa halip na makalangit. Ang kanyang kaalaman, ang galing sa pagsasalita, ang mga milagro, ang mga pananaw niya tungkol sa ikadong langit— lahat ay mawawalang kabuluhan kung sa kawalang katapatan sa kanyang paggawa para sa kanila ay hindi makaabot sa biyaya ng Dios. Kung kaya't, sa salita at sa liham, sumamo siya sa kanilang tumanggap na kay Kristo, na magpatuloy sa landas na sila ay magiging "walang kapintasan at walang malay, mga anak ng Dios, na walang dungis, sa gitna ng isang lahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag na nagpapahayag ng salita ng buhay." Filipos 2:15, 16. {AGA 157.1}

Bawat tunay na ministro ay nakadadama ng pasanin ng paglagong espirituwal ng mga mananampalatayang ipinagkatiwala sa kanyang pag-iingat, isang pananabik na sila ay maging kamanggagawa ng Dios. Nadadama niya na sa matapat na pagganap niya ng kanyang gawaing kaloob ng Dios ay nakababaw sa kalakhang bahagi ang ikabubuti ng iglesia. Mataimtim at walang pagod na sisikapin niyang mapasigla ang mga mananampalataya na humikayat ng kaluluwa kay Kristo, na inaalaalang ang bawat nadaragdag sa iglesia ay dapat na maging ahensya sa pagsasagawa ng panukala ng pagtubos. {AGA 157.2}

Matapos madalaw ang mga iglesia sa Pisidia at mga kalapit rehiyon, si Pablo at Silas, kasama si Timoteo, ay nagpatuloy sa "Frigia at mga rehiyon ng Galacia," na sa kapangyarihan ay ipinahayag nila ang mabuting balita ng kaligtasan. Ang mga taga Galacia ay mananamba sa diyus-diyusan; ngunit, sa pangangaral sa kanila ng mga apostol, sila ay nagalak sa pabalita ng pangakong kalayaan mula sa gayuma ng kasalanan. Si Pablo at mga kasama ay nangaral ng doktrina ng pagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya sa tumutubos na sakripisyo ni Kristo. Iniharap nila si Kristo bilang Siya na naparito upang tubusin ang tao sa pamamagitan ng kabuhayang may pagsunod sa utos ng Dios at nagbayad ng kabayaran ng paglabag. At sa liwanag ng krus marami sa mga kailanman ay hindi nakakilala sa tunay na Dios, ang nagpasimulang makaunawa ng kadakilaan ng pag-ibig ng Ama. {AGA 157.3}

Gayon naturuan ang mga taga Galacia ng saligang katotohanan tungkol sa "Dios Ama," at "ating Panginoong Jesu-Cristo, na nagkaloob ng Sarili para sa ating mga kasalanan, upang mailigtas Niya tayo mula sa kasalukuyang sanlibutang ito ng kasamaan, ayon sa kalooban ng Dios at ng ating Ama." "Sa pamamagitan ng pakikinig ng tungkol sa pananampalataya" tinanggap nila ang Espiritu ng Dios at naging mga "anak ng Dios sa pananampalataya kay Kristo." Galacia 1:3, 4; 3:2, 26. {AGA 158.1}

Ang kabuhayan ni Pablo kasama ng mga taga Galacia ay gayon upang masabi niya pagkatapos, "Ipinamamanhik ko sa inyo, tumulad kayo sa akin." Galacia 4:12. Ang kanyang mga labi ay nadampian ng nagniningas na baga mula sa altar, at siya ay nagtagumpay laban

sa mga kapansanan ng katawan at naiharap si Jesus bilang tanging pagasa ng makasalanan. Nalaman ng mga nakinig sa kanya na siya ay nakasama ni Jesus. Taglay ang kapangyarihang galing sa itaas, naihambing niya ang mga bagay na espirituwal sa espirituwal at nawasak ang mga tanggulan ni Satanas. Mga puso ay nabagbag sa kanyang mga pagpapahayag ng pag-ibig ng Dios, tulad ng makikita sa sakripisyo ng Kanyang bugtong na Anak, at marami ang naakay na magtanong, Ano ang dapat kong gawin upang maligtas? {AGA 158.2}

Ang ganitong paglalahad ng ebanghelyo ang naging paraan ng paggawa ng apostol sa buong pangangaral niya sa mga Gentil. Lagi ay iniharap niya sa kanila ang krus ng Kalbaryo. “Hindi ang aming sarili ang aming ipinangangaral,” pahayag niya sa mga sumunod na taon ng kanyang karanasan, “kundi si Jesu-Cristong Panginoon; at kami ay mga lingkod ninyo para kay Jesus. Sapagkat ang Dios, na nag-utos na ang liwanag ay sumikat sa kadiliman, ay sumikat sa ating mga puso, upang magkaloob ng liwanag ng pagkaalam ng kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesu-Cristo.” 2 Corinto 4:5, 6. {AGA 158.3}

Ang mga natatalagang mensahero na sa mga unang araw ng Kristianismo ay nagdala ng mabuting balita sa sanlibutang napapahamak, ay hindi nagpahintulot na anumang isipan ng pagmamapuri sa sarili ay makasira ng kanilang paglalahad kay Kristo at Siyang ipinako sa krus. Hindi nila inimbot ang anumang kapangyarihan o katanyagan. Sa pagtatago ng kanilang mga sarili sa Tagapagligtas, itinaas nila ang dakilang panukala ng kaligtasan, at ang buhay ni Kristo, ang May-akda at Tagapagtapos ng panukalang ito. Si Kristo, na katulad kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang naging pasanin ng kanilang pagtuturo. {AGA 159.1}

Kung silang nagtuturo ngayon ng salita ng Dios, ay magtataas ng krus ni Kristo na higit na mataas at mataas pa, ang kanilang paglilingkod ay higit na magtatagumpay. Kung ang mga makasalanan ay maaakay sa pagtingin sa krus, kung makapagtatamo sila ng lubos na pagtanaw sa ipinakong Tagapagligtas, madadama nila ang lalim ng kahabagan ng Dios at ang kasamaan ng kasalanan. {AGA 159.2}

Ang kamatayan ni Kristo ay katibayan ng dakilang pag-ibig ng Dios sa tao. Ito ang ating panata ng kaligtasan. Ang pag-aalis ng krus sa Kristiano ay matutulad ng pag-aalis ng araw sa langit. Ang krus ay naglaiapit sa atin sa Dios, ipinagkakasundo tayo sa Kanya. Taglay ang kahabagan ng pag-ibig ng isang Ama, si Jehova ay nakatingin sa pagdurusang tiniis ng Kanyang Anak upang iligtas ang lahi ng tao sa walang hanggang kamatayan, at tinatanggap tayo sa Minamahal. {AGA 159.3}

Kung wala ang krus, ang tao ay di maaaring makisanib sa Ama. Dito nakasalig ang bawat pag-asa natin. Mula rito ay sumisikat ang liwanag ng pag-ibig ng Tagapagligtas, at sa paanan ng krus kapag ang makasalanan ay titingin sa Kanya na namatay upang siya’y maligtas, maaari siyang magdiwang sa ganap na kagalakan, sapagkat ang kanyang mga kasalanan ay

pinatawad. Sa pagluhod sa pananampalataya sa krus, naaabot niya ang pinakamataas na dakong maaaring marating ng tao. {AGA 159.4}

Sa pamamagitan ng krus ay nalalaman nating ang Ama sa langit ay nagmamahal sa ating walang hangganan. Magtataka ba tayo kung sabihin ni Pablo, “Huwag nawang tulutan ng Dios na ako ay magmapuri, liban na sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo?” Galacia 6:14. Karapatan nating tayo man ay magluwalhati sa krus, karapatan natin na ipagkaloob ang ating sarili na lubusan sa Kanya na nagkaloob ng Sarili para sa atin. At, mula sa liwanag na nagmumula sa Kalbaryo, tayo ay makahahayong naghahayag ng liwanag na ito sa mga nasa kadiliman. {AGA 159.5}

Kapitulo 22 – Mga Rehiyon so Dako pa Roon

Ang panahon ay dumating na upang ang ebanghelyo ay maipangaral sa labas ng Asia Minor. Ang landas ay inihahanda para kay Pablo at mga kasamang manggagawa upang tumawid patungong Europa. Sa Troas, sa mga hangganan ng Dagat Mediteranea, “isang pangitain ang dumating kay Pablo sa gabi: Isang lalaki ng Macedonia ang tumayo, at nakiusap sa kanya, Pumarito ka sa Macedonia, at tulungan mo kami.” {AGA 161.1}

Ang panawagan ay mahigpit, di kailangang maantala. “Matapos ang pangitaing ito,” wika ni Lucas, na kasama ni Pablo at Silas at Timoteo sa paglalakbay patungong Europa, “agad ay nagsikap kaming makarating sa Macedonia, sa kasiguruhang ang Panginoon ang tumawag sa amin upang ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. Pag-alis sa Troas, ay tumuloy kami sa Samothracia, at lanabukasan ay sa Neapolis; at mula doon ay sa Filipos, na siyang pangunahing siyudad sa bahagi ng Macedonia, at nasasakupan ng Roma.” {AGA 161.2}

“At nang araw ng Sabbath,” wika pa ni Lucas, “ay nagsilabas kami ng siyudad sa tabing ilog, na doo’y may mapapanalanginan; at kami’y nagsiupo, at nakipag-usap sa mga babaeng nagkakatipon. At isang babaeng ang pangalan, ay Lydia, isang mangangalakal ng kayong kulay ube, mula sa bayan ng Tiatira, na sumasamba sa Dios ay binuksan ng Panginoon ang puso upang makinig sa amin.” Tinanggap na magalak ni Lydia ang katotohanan. Siya at ang kanyang sambahayan ay nahikayat at nabautismuhan, at nakiusap siya sa mga apostol na sa kanyang bahay na magsitira ang mga ito. {AGA 161.3}

Sa pagpapatuloy ng mga mensahero ng krus sa kanilang gawain ng pagtuturo, isang babaeng inaalihan ng karumaldumal na espiritu ng panghuhula ay sumunod sa kanila, na nagsisigaw, “Ang mga lalaking ito ay mga lingkod ng kataastaasang Dios, na naghahayag sa atin ng daan ng kaligtasan. At maraming araw na ginawa niya ito.” {AGA 161.4}

Ang babaeng ito ay tanging kasangkapan ni Satanas at nagdadala sa kanyang panginoon ng malaking pakinabang dahilan sa kanyang panghuhula. Ang kanyang impluwensya ay

nagpalakas sa idolatriya. Alam ni Satanas na ang kanyang kaharian ay nalulusob, at ginawa niya ang paraang ito upang labanan ang gawain ng Dios, sa pagasang maihalo ang pandaraya sa mga katotohanang itinuturo nilang naghahayag ng pabalita ng ebanghelyo. Ang mga salita ng rekomendasyon ng babaeng ito ay pinsala sa gawain ng katotohanan, na inaalis ang isipan ng mga tao sa mga turo ng mga apostol at binibigyang upasala ang ebanghelyo, at dahilan dito ay marami ang naakay sa paniniwalang ang mga lalaking ito na nagsasalita sa Espiritu at kapangyarihan ng Dios ay pinakikilos ng katulad na espiritung gumagawa sa kinatawang ito ni Satanas. {AGA 161.5}

Sa ilang panahon ay pinagtiisan ng mga apostol ang kalabang ito; at sa wakas sa inspirasyon ng Banal na Espiritu si Pablo ay nag-utos sa masamang espiritu na lumayas sa babae. Ang kanyang biglang pananahimik ay patotoo na ang mga apostol ay tunay ngang mga lingkod ng Dios at kinilala din silang ganoon ng demonyo sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang utos. {AGA 162.1}

Tinakasan ng masamang espiritu at naisauli sa wastong isipan, ang babae ay nagpasyang maging alagad ni Kristo. Sa ganito ay nabahala ang kanyang mga panginoon dahilan sa mawawalan sila ng pakinabang. Nadama nilang nawakasan na ang kanilang kita sa panghuhula ng babaeng ito, at lubusang mawawala sa pagpapatuloy ng mga apostol sa kanilang gawain. {AGA 162.2}

Marami pang iba sa siyudad ang interesado sa salaping kikitain sa pamamagitan ng mga pandaraya ng demonyo, at ang mga ito, sa pangamba sa kapangyarihang puputol sa kanilang gawain, ay gumawa ng malaking paratang laban sa mga lingkod ng Dios. Iniharap nila ang mga apostol sa mga mahistrado sa paratang na: “Ang mga lalaking ito, bilang mga Judio, ay tunay na nanggugulo sa bayan, at nagtuturo ng mga kaugaliang labag sa adng mga batas, at di natin dapat sundin, tayo bilang mga Romano.” {AGA 162.3}

Nakilos ng maigting na simbuyo ng damdamin, ang mga tao ay dumaluhong sa mga apostol. Nanaig ang espiritu ng mga nagkakagulong tao at sinang-ayunan ng may kapangyarihan, hinuli nila ang mga apostol, pinunit ang kanilang mga panlabas na kasuotan at humiling na sila ay paluin. “At nang mapalo na sila ng marami ay ipinasok sa pinakaloob ng bilangguan, at inatasan ang mga sundalo na bantayan silang mabuti: at nang matanggap na ang gayong tagubilin, ay ipiniit sila, at ang mga paa nila ay inilagay sa pangawan.” {AGA 162.4}

Nagdanas ang mga apostol ng matinding kirot dahilan sa ayos nilang ito, ngunit hindi sila nagreklamo. Sa halip, sa pusilat na kadiliman at kapanglawan ng bilangguan, pinalakas nila ang isa’t isa sa panalangin at awit ng papuri sa Dios sapagkat sila ay natagpuang marapat na magdanas ng kahihiyan alang-alang sa Kanya. Ang kanilang mga puso ay pinasigla ng malalim at taimtim na pag-ibig sa gawain ng Manunubos. Naalaala ni Pablo ang mga

paguusig sa mga alagad ni Kristo noon na siya ang may kagagawan, at siya'y nagalak na ang kanyang paningin ay nabuksan upang makita, at ang puso upang madama, ang kapangyarihan ng maluwalhating katotohanang dati ay kanyang kinamuhian. {AGA 163.1}

May pagtatakang nadinig ng ibang mga bilanggo ang panalangin at awit muia sa kaloobloobban ng piitan. Nasanay sila sa sigawan at daing, pagmumura at panunumpa, na bumabasag sa katahimikan ng gabi; datapuwat kailanman ay di pa sila nakarinig ng mga salita ng panalangin at pagpupuring pumapaitaas mula sa mga seldang mapanglaw. Mga bantay at bilanggo ay namangha, at nagtanungan sa sarili kung sino ang mga lalaking ito, na, bagama't nagiginaw, gutom, at pinahirapan, ay nakakapagdiwang pa. {AGA 163.2}

Samantala ang mga mahistrado ay nagsisibalik na sa kanilang mga tahanan, na masiglang nagbabatian at nagtatapikan ng mga sarili sa madalian at tiyakang hakbang nila sa pagpapatahimik sa karamihan. Ngunit habang nasa daan ay nakarinig sila uli ng mga detalye tungkol sa likas at gawain ng mga lalaking itong sinentensyahan nila ng paghampas at pagkabilanggo. Nakita nila ang babaeng napalaya sa masamang espiritu at nagulat sila sa pagbabago ng kanyang anyo at kilos. Sa nakaraan ay naging malaking bagabag siya sa bayan; ngunit ngayon ay tahimik at mapayapa. Habang nag-iisip na baka napatawan nila ng mabigat na parusa ng batas ng Roma ang dalawang taong walang kasalanan, sila ay nagalit sa sarili at nagpasyang sa kinaumagahan ay mag-uutos silang palihim na ang mga apostol ay pawalan at samahan sa labas ng bayan, na doon ay hindi na sila maaabot pa ng karahasan ng mga taong nagkakagulo. {AGA 163.3}

Ngunit ang mga tao, bagama't mapagmalupit at mapaghiganti, o may pagpapabayang kriminal sa tungkuling nakababaw sa kanya, ang Dios naman ay di nakalilimot na maging mabiyaya sa Kanyang mga lingkod. Ang buong langit ay may interes sa mga lalaking nagdurusa para kay Kristo, at ang mga anghel ay isinugo upang dalawin ang piitan. Sa kanilang yapak ang lupa ay nayanig. Ang mga pintuang nakakandadong mainam ay nabuksan; ang mga tanikala at kadena sa kamay at paa ng mga apostol ay nangatanggal; at isang nakasisilaw na liwanag ay kumalat sa bilangguan. {AGA 163.4}

Ang bantay ng piitan ay nakarinig na may pagkamangha sa mga panalangin at awit ng mga nakabilanggong apostol. Nang ang mga ito ay ipasok, nakita niya ang mga nagdudugo at namamagang sugat, at siya rin ang nagtali ng kanilang mga paa sa pangawan. Inasahan niyang makakarinig ng mga mapapait na daing at tungayaw, ngunit sa halip ay mga awit ng kagalakan at papuri ang kanyang napakinggan. Sa ganito habang nakikinig ay nakatulog ang bantay at biglang napukaw sa pagtulog dahilan sa lindol at pag-uga ng mga pader ng bilangguan. {AGA 164.1}

Ibinigay ang babala, nanghilakbot siyang makita na ang lahat ng pintuan ay bukas, at ang takot ay biglang sumagi sa kanyang isipan na baka ang mga bilanggo ay nakatakas. Naalaala

niya ang mahigpit na utos na bantayan sina Pablo at Silas, at natitiyak niyang kamatayan ang magiging kabayaran dahilan sa kanyang pagpapabaya. Sa mapait na isipang ito ay naisip niyang mabuti pang mamatay sa sariling kamay kaysa mapasailalim sa nakakahiyang pagbitay. Inilabas ang espada, at handa na sanang magpakamatay sa sarili, nang marinig niya ang masiglang tinig ni Pablo, “Huwag mong saktan ang iyong sarili: sapagkat narito kaming lahat.” Bawat bilanggo ay nasa kanyang lugar, napigilan ng kapangyarihan ng Dios na inihayag sa isang kapwa bilanggo. {AGA 164.2}

Ang bagsik na ipinamalas ng bantay sa mga apostol ay hindi nagpagalit sa kanila. Ang espiritu ni Kristo ang nasa kay Pablo at Silas, at hindi ang espiritu ng paghihiganti. Ang kanilang mga puso na puno ng pag-ibig sa Tagapagligtas, ay walang lugar ng masamang nasa laban sa kanilang tagapag-usig. {AGA 164.3}

Binitiwan ng bantay ang kanyang espada, at pagkahingi ng ilawan, ay nagmadaling pumasok sa pinakaloob ng piitan. Titingnan niya kung anong uri ng mga lalaki itong nagpapamalas ng kagandahang loob kapalit ng kalupitang tinanggap nila. Nang nakaharap ang mga apostol, at nagpatirapa ito, ay humingi ng patawad sa kanila. At matapos na sila ay mailabas sa bakuran, siya ay nagtanong, “Mga ginoo, ano ang dapat kong gawin upang ako ay maligtas?” {AGA 164.4}

Ang bantay ay natakot sa nakita niyang galit ng Dios sa pagpapadala ng lindol; nang inakalang nakatakas ang mga bilanggo ay handa na sanang magpatiwakal; ngunit ngayon ang mga ito ay walang halaga kung ihahambing sa isang bago, kakatuwang pangambang bumabagabag sa kanyang isipan, at sa naisin niyang magkaroon ng kapayapaan at kagalakang ipinamalas ng mga apostol sa harap ng mga pahirap at abuso. Nakita niya sa kanilang mga mukha ang liwanag ng langit; nadama niyang ang Dios ang nakialam sa milagrong pagkakaligtas ng kanilang buhay; at may kakaibang puwersang dumating sa kanya ang mga salita ng babaeng inalihan ng masamang espiritu: “Ang mga lalaking ito ay mga lingkod ng kataastaasang Dios, na naghahayag sa adn ng daan ng kaligtasan.” {AGA 165.1}

May malalim na pagpapakuimbabang hiniling niya sa mga apostol na ituro sa kanya ang daan ng buhay. “Manampalataya ka sa Panginoong Jesu-Cristo, at ikaw ay maliligtas, pati ang iyong sambahayan,” sila y sumagot; at “sa kanya’y sinalita nila ang salita ng Panginoon, pati sa lahat ng nangasa bahay.” Nang magkagayo’y hinugasan ng bantay ang sugat ng mga apostol at pinaglingkuran sila, pagkatapos ay nabautismuhan ito kasama ng kanyang pamilya. Isang impluwensyang nagpapabanal ang lumaganap sa mga nakabilanggo, at ang kanilang mga isipan ay nabuksan upang makinig sa mga salita ng katotohanan mula sa mga apostol. Natiyak nilang ang Dios na pinaglilingkuran ng mga lalaking ito ang mahimalang nagligtas sa kanila sa pagkapiit. {AGA 165.2}

Ang mga mamamayan sa Filipos ay natakot na gayon sa lindol, at kinaumagahan, nang ang mga pinuno ng piitan ay nagbalita sa mga mahistrado ng bagay na naganap noong gabi, ang mga ito ay nahintakutan, inutusan ang mga sarhento upang palayain ang mga apostol. Ngunit sinabi ni Pablo, “Pinalo nila kami na hayag gayong hindi nangahatulan, bagama’t mga lalaking Romano, at ibinilanggo; at ngayo’y lihim na pawawalan nila? tunay na hindi nga; kundi sila rin ang magsiparito at kami’y pawalan nila.” {AGA 165.3}

Ang mga apostol ay mamamayang Romano, at labag sa batas na paluin ang isang Romano, liban na sa pinakamasamang krimen, o kaya ay alisan siya ng karapatan sa makatarungang paglilitis. Si Pablo at Silas ay hayag na ipinabilanggo, at ngayon ay tumatanggi silang palihim na pakawalan na walang angkop na paliwanag sa bahagi ng mga mahistrado. {AGA 165.4}

Nang makarating sa maykapangyarihan ang mga salitang ito, sila ay nangatakot na baka ang mga apostol ay magsumbong sa emperador, at pagdaka’y nagtungo sila sa piitan, at humingi ng paumanhin kay Pablo at Silas sa naganap na kawalang katarungan at kalupitan sa kanila at personal pang inilabas sila sa piitan, na nakikiusap na kung maaari’y umalis na sila sa siyudad. Nangamba ang mga mahistrado sa impluwensya ng mga apostol sa bayan, at natakot din sila sa Kapangyarihang namagitan para sa mga walang kasalanang lalaking ito. {AGA 166.1}

Sa pagkilos sa tagubiling ibinigay ni Kristo, ang mga apostol ay hindi dapat magpumilit sa lugar na hindi sila nais. “Ang mga apostol ay lumabas ng piitan, at pumasok sa tahanan ni Lydia: at nang kanilang makita ang mga kapatid, ay kanilang inaliw sila, at nagsialis.” {AGA 166.2}

Hindi itinuring ng mga apostol na naging walang kabuluhan ang naging paggawa nila sa Filipos. Nakasagupa sila ng hadlang at paguusig; ngunit ang pagkilos ng Dios, at ang pagkahiyat ng bantay preso at kanyang pamilya, ay higit na pambawi sa kahihiyan at paghihirap na naranasan nila. Ang balita ng kanilang walang katuwirang pagkabilanggo at mahimalang pagkaligtas ay kumalat sa buong rehiyon, at ito ang nagdala sa gawain ng mga apostol sa pansin ng malaking bilang ng mga tao na sa ibang paraan ay maaring hindi narating. {AGA 166.3}

Ang paggawa ni Pablo sa Filipos ay nagbunga ng pagkakatatag ng isang iglesia na ang bilang ay patuloy na nadagdagan. Ang kanyang sigasig at pagtatalaga, at higit sa lahat, ay ang kanyang pagiging laang magdusa para kay Kristo, ay nagbigay ng malalim at nananatiling impluwensya sa mga nahikayat. Minahal nila ang mga mahahalagang katotohanang ipinagsakripisyo ng mga apostol, at ipinagkaloob nila ang mga sariling may buong pagtatalaga sa gawain ng Manunubos. {AGA 166.4}

Na ang iglesiang ito ay hindi naligtas sa pag-uusig, ay nahayag sa liham ni Pablo sa kanila. Wika niya, “Sapagkat sa inyo’y ipinagkaloob alang-alang kay Kristo, hindi lamang upang

manampalataya sa Kanya, kundi upang magtiis din naman alang-alang sa Kanya; yamang taglay ninyo ang pakikipagbuno na inyo ring nakita sa akin." Ngunit gayon ang kanilang katatagan sa pananampalataya na kanyang inihayag, "Ako'y nagpapasalamat sa aking Dios, sa tuwing kayo'y aking maalaala, na parating sa bawat daing ko, ay masayang dumadaing ako na patungkol sa inyong lahat; dahil sa inyong pakikisama sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, mula ng unang araw hangggang ngayon." Filipos 1:29, 30, 3-5. {AGA 166.5}

Kakila-kilabot ang tunggalian ng puwersa ng kasamaan at kabutihan sa mga mahahalagang sentro na doon ay inihahayag ang katotohanan. "Ang ating pakikipagbuno ay hindi laban sa laman at dugo," wika ni Pablo, "kundi laban sa mga pamahalaan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga pamunuan ng kadiliman ng sanlibutang ito." Efeso 6:12. Hanggang sa pagtatapos ng panahon ay magpapatuloy ang tunggalian ng iglesia ng Dios laban sa kanilang nasa ilalim ng kontrol ng mga anghel ng kasamaan. {AGA 167.1}

Ang mga unang Kristiano ay tinawagang harapin ang mga puwersa ng kasamaan. Sa panlilinlang at pag-uusig ay sinikap ng kaaway na ilayo sila sa tunay na pananampalataya. Ngayon, habang mabilis na nagwawakas ang lahat ng bagay, si Satanas ay gumagawa ng lahat ng pagsisikap upang masilo ang sanlibutan. Nagsasagawa siya ng lahat ng panukala upang gawing abala ang isipan ng tao at ilayo ang pansin mula sa katotohanang mahalaga sa kaligtasan. Sa bawat lunsod ang mga ahensya niya ay abala sa pagtatatag ng mga kilusang laban sa utos ng Dios. Ang punong mandaraya ay gumagawa upang magpasok ng mga elemento ng kaguluhan at paghihimagsik, at ang mga tao ay ginigising sa isang kasiglahang hindi ayon sa karunungan. {AGA 167.2}

Ang kasamaan ay nasa tugatog na kailanman ay di pa naabot, gayong maraming ministro ang sumisigaw ng, "Kapayaan at kapanatagan." Ngunit ang mga tapat na mensahero ng Dios ay matatag na magpapatuloy sa kanilang gawain. Nabibihisan ng panakip ng langit, sila ay walang takot na hahayo at magtatagumpay, kailanma'y hindi titigil sa pakikibaka hanggang ang bawat taong maaabot nila ay makatanggap ng katotohanan sa panahong ito. {AGA 167.3}

Kapitulo 23 – Tesalonica

Paglisan sa Filipos, sina Pablo at Silas ay naglakbay tungo sa Tesalonica. Dito ay nagkaroon sila ng karapatang magsalita sa malalaking pagtitipon sa mga sinagoga ng Judio. Sa kanilang anyo ay taglay pa rin ang mga tanda ng kahihiyan at pahirap na kanilang dinanas, at kinailangang ipaliwanag nila ang lahat. Ginawa nila ito na hindi itinataas ang sarili, kundi Siyang nagligtas sa kanila. {AGA 168.1}

Sa pangangaral sa mga taga Tesalonica, si Pablo ay nanawagan sa mga propesiyang nagtuturo sa Mesias. Si Kristo at ang Kanyang paglilingkod ang nagbukas sa isipan ng mga alagad tungkol sa mga propesiyang ito; "pasimula kay Moises at lahat ng mga propeta, binuksan Niya sa kanila ang mga bagay na isinasaad tungkol sa Kanya ng mga Kasulatan." Lucas 24:27. Sa pangangaral ni Pedro tungkol kay Kristo, nagbigay ito ng mga ebidensya mula sa Lumang Tipan. Si Esteban ay sinundan ang katulad na paraan. At si Pablo sa kanyang paglilingkod ay nanawagan tungkol sa mga propesiya ng pagsilang, pagdurusa, kamatayan, pagkabuhay na muli, at pagpanhik ni Kristo sa langit. Sa kinasihang patotoo ni Moises at mga propeta, malinaw na pinatunayan niya na si Jesus ng Nasaret ang Mesias, at ipinalata ring mula kay Adan ang tinig ni Kristo ang nagsasalita sa mga patriarka at propeta. {AGA 168.2}

Malinaw at tiyakang propesiya ang ibinigay tungkol sa pagdating ng ipinangakong Manunubos. Ibinigay kay Adan ang tiyak na pagdating ng Manunubos. Ang hatol na iginawad kay Satanas, "Pagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at kanyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong" (Genesis 3:15), ay naging pangako sa ating mga unang magulang ng pagtubos na isasagawa sa pamamagitan ni Kristo. {AGA 168.3}

Kay Abraham ay ibinigay din ang pangako na sa kanyang hanay ay darating ang Tagapagligtas ng sanlibutan: "Sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa." "Hindi sinasabi ng Dios, At sa mga binhi, na gaya baga sa marami; kundi gaya sa iisa lamang, At sa iyong binhi, na si Kristo." Genesis 22:18; Galacia 3:16. {AGA 168.4}

Sa pagwawakas ng gawain ni Moises bilang isang lider at guro sa Israel, siya ay malinaw na nagpropesiya ng pagdating ng Mesias. "Palilitawin sa iyo ng Panginoong Dios ang isang Propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa Kanya kayo makikinig," kanyang sinabi sa mga natipong karamihan ng Israel. At tiniyak ni Moises sa Israel na ang Dios mismo ang naghayag nito sa kanya habang nasa bundok ng Horeb, na nagsasabi, "Aking palilitawin sa kanila ang isang Propeta sa gitna ng kanyang mga kapatid, na gaya mo; at Aking ilalagay ang Aking mga salita sa bibig Niya; at Kanyang sasalitain sa kanila ang lahat ng Aking iniuutos sa Kanya." Deuteronomio 18:15, 18. {AGA 169.1}

Ang Mesias ay dapat sa angkang makahari, sapagkat sa propesiya ni Jacob ay sinalita ng Panginoon, "Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, ni ang tungkod ng pagkapuno sa

pagitan ng kanyang mga paa, hanggang sa ang Shiloh ay dumating; at sa Kanya tatalima ang mga bansa.” Genesis 49:10. {AGA 169.2}

Nagpropesiya si Isaias: “At may lalabas na usbong sa puno ni Isai, at isang sanga mula sa kanyang mga ugat ay magbubunga.” “Inyong ikiling ang inyong tainga, at magsiparito kayo sa Akin: kayo’y magsipakinig, at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay; at Ako’y makikipagtipan sa inyo ng walang hanggan, samakatuwid baga’y ng tunay na mga kaawan ni David. Narito, ibinigay Ko Siya na pinakasaksi sa mga bayan, na patnubay at tagapagutos sa mga bayan. Narito, ikaw ay tatawag ng bansa na hindi mo nakikilala at bansa na hindi ka nakildlala ay tatakbo sa iyo dahil sa Panginoon mong Dios, at dahil sa Banal ng Israel; sapagkat Kanyang niluwalhati ka.” Isaias 11:1; 55:3-5. {AGA 169.3}

Si Jeremias man ay sumaksi sa pagdating ng Manunubos bilang isang Prinsipe sa bahay ni David: “Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na Ako’y magbabangon kay David ng matuwid na Sanga, at Siya’y maghahari na gaya ng hari, at gagawang may kapantasan, at magsasagawa ng kahatulan at kaganapan sa lupain. Sa Kanyang mga kaarawan ay maliligtas ang Juda, at ang Israel ay tatahang tiwasay: at ito ang Kanyang pangalan na itatawag sa Kanya, Ang Panginoon ay Ating Katuwiran.” At muli pa: “Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon: Si David ay hindi kukulangin kailanman ng lalaki na mauupo sa luklukan ng bahay ng Israel; ni hindi kukulangin ang mga saserdote na mga Levita ng lalaki sa harap Ko na maghahandog ng mga handog na susunugin, at upang magsunog sa mga alay, at upang maghaing palagi.” Jeremias 23:5, 6; 33:17, 18. {AGA 169.4}

Kahit na ang dakong sisilangan ng Mesias ay sinabi sa propesiya: “Ngunit ikaw, Bethlehem Ephrata, na maliit upang lumagay sa libulibo sa Juda, mula sa iyo ay lalabas sa Akin ang isa na Magpupuno sa Israel; na ang mga pinagbuhatan Niya ay mula ng una, mula sa walang hanggan.” Mikas 5:2. {AGA 170.1}

Ang gawaing gagampanan ng Tagapagligtas dito sa lupa ay malinaw na naibalangkas: “At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa-Kanya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon; at ang Kanyang kaluguran ay magiging sa pagkatakot sa Panginoon.” Ang Siyang sa ganito ay pinahiran “upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo;...upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng bilangguan sa nangabibilanggo; upang magtanyag ng kalugod-lugod na taon ng Panginoon, at ng kaarawan ng paghihiganti ng ating Dios; upang aliwin yaong lahat na nagsisitangis; upang iukol sila na nagsisitangis sa Sion, upang bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili sa pagtangis, ng damit na kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob; upang sila’y matawag na mga punong kahoy ng katuwiran, na pananim ng Panginoon, upang Siya’y luwalhatiin.” Isaias 11:2, 3; 61:1-3. {AGA 170.2}

"Narito, ang Aking lingkod na Aking inaalalayan; ang Aking hinirang na kinalulugdan ng Aking kaluluwa; isina Kanya Ko ang Aking Espiritu: Siya'y maglalapat ng kahatulan sa mga bansa. Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng tinig, o iparirinig man ang Kanyang tinig sa lansangan. Ang gapok na tambo ay hindi Niya babaliin, ni ang timsim na umuusok ay hindi Niya papatayin; Siya'y maglalapat ng kahatulan sa katotohanan. Siya'y hindi manlulupaypay o maduduwag man, hanggang sa maitatag Niya ang kahatulan sa lupa, at ang mga pulo ay maghihintay sa Kanyang kautusan." Isaias 42:1-4. {AGA 170.3}

Taglay ang kapangyarihan nangatuwiran si Pablo mula sa Lumang Tipan na "si Kristo ay kailangang magdusa, at muling mabuhay sa mga patay." Hindi ba ayon sa propesiya ni Mikas, "Kanilang hahampasin sa pisngi ang Hukom ng Israel ng isang tungkod?" Mikas 5:1. At hindi ba Siya na ring Ipinangako ang nagpropesiya tungkol sa Kanyang sarili? "Aking ipinain ang Aking likod sa mga mananakit, at ang Aking mga pisngi sa mga bumabaltak ng balbas: hindi Ko ikinubli ang Aking mukha sa mga kahihiyan at sa paglura"? Isaias 50:6. Sa pamamagitan ng mang-aawit si Kristo ay nagpropesiya sa pakikitungo sa Kanya na tatanggapin mula sa tao: Ako ay...duwahagi sa mga tao, at hinamak ng bayan. Silang lahat na nangakita sa Akin ay tinatawanang mainam Ako: inilalawit nila ang labi, iginagalaw nila ang ulo, na sinasabi, Magpakatiwala Ka sa Panginoon; iligtas Niya Siya; iligtas Niya Siya yamang kinaluluguran Niya Siya." "Aking maisasaysay ang lahat ng Aking mga buto: kanilang minamasdan at pinapansin Ako. Hinapak nila ang Aking mga kasuotan sa gitna nila, at kanilang pinagsapalaran ang Aking kasuotan." "Ako'y naging iba sa Aking mga kapatid, at taga-ibang lupa sa mga anak ng Aking ina. Sapagkat napuspos Ako ng sikap sa Iyong bahay; at ang mga pagduwahagi nila na nagsisiduwahagi sa Iyo ay nangahulog sa Akin." "Kaduwahagihan ay sumira ng Aking puso; at Ako'y lipos ng kabigatan ng loob: at Ako'y naghintay na may maawa sa Akin, ngunit wala; at mga mangaaliw, ngunit wala Akong nasumpungan." Awit 22:6-8, 17, 18; 69:8, 9,20. {AGA 170.4}

Gaano nga kalinaw ang mga propesiya ni Isaias tungkol sa paghihirap at kamatayan ni Kristo! "Sinong naniwala sa aming balita?" tanong ng propeta, "at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Sapagkat Siya'y tumubo sa harap Niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan Siya, ay walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya. Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao; isang taong kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na Siya'y hinamak, at hindi natin hinahalagahan Siya. {AGA 171.1}

"Tunay na Kanyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan: gayon ma'y ating pinalagay Siya ng hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati. Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil

sa ating mga kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. {AGA 171.2}

"Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawat isa sa kanyang sariling daan; at ipinasan sa Kanya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat. Siya'y napighad, gayon man nang Siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng Kanyang bibig, gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kanya ay pipi, gayon ma'y hindi Niya binuka ang Kanyang bibig. Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala Siya; at tungkol sa Kanyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na Siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan Siya." Isaias 53:1-8. {AGA 171.3}

Kahit na ang paraan ng Kanyang kamatayan ay binigyang anino. Kung paanong ang tansong ahas ay nataas sa ilang, gayon din ay matataas ang darating na Manunubos, "upang sinumang manampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16. {AGA 172.1}

"At sasabihin ng isa sa Kanya, Ano ang mga sugat na ito sa pagitan ng Iyong mga bisig? Kung magkagayo'y Siya'y sasagot, Iyan ang mga naging sugat Ko sa bahay ng Aking mga kaibigan." Zacarias 13:6. {AGA 172.2}

"At ginawa Niya ang Kanyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa Kanyang kamatayan; bagaman hindi Siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anumang karayaan sa Kanyang bibig. Gayunma'y ldnalugdan ng Panginoon na mabugbog Siya; inilagay Niya Siya sa pagdaramdam." Isaias 53:9, 10. {AGA 172.3}

Datapuwat Siyang dadanas ng kamatayan sa kamay ng masamang tao ay muling babangon bilang mananagumpay sa kasalanan at libingan. Sa ilalim ng inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat, ang Matamis na Mang-aawit ng Israel ay nagpatotoo ng kaluwalhatian ng umaga ng pagkabuhay na mag-uli. "Ang Akin namang katawan," kanyang ipinahayag na may kagalakan, "ay tatahang tiwasay. Sapagkat hindi Mo iiwan ang Aking kaluluwa sa Sheol; ni hindi Mo titiisin ang Iyong Banal na makakita ng kabulukan." Awit 16:9, 10. {AGA 172.4}

Ipinakita ni Pablo kung gaano kalapit na iniugnay ng Dios ang mga serbisyo ng paghahandog sa mga propesiya tungkol sa Isa na "parang tupang dinadala sa patayan." Ang Mesias ay magkakaloob ng buhay bilang "handog sa kasalanan." Sa pagtingin sa mga daantaon tungo sa tanawin ng pagtubos ng Tagapagligtas, nagpatotoo ang propeta Isaias na ang Kordero ng Dios "ay nagdulot ng Kanyang kaluluwa sa kamatayan: at ibinilang na kasama ng mananalangsang; gayunma'y dinala Niya ang mga kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang." Isaias 53:7, 10, 12. {AGA 172.5}

Ang Tagapagligtas ayon sa propesiya ay darating, hindi bilang haring pansamantala, na magliligtas sa bansang Judio mula sa mga mang-uusig, kundi bilang isang tao sa gitna ng mga tao, upang mabuhay sa kahirapan at kababaan, at sa wakas ay libakin, tanggihan, at patayin. Ang Tagapagligtas na sinabi sa propesiya sa Lumang Tipan ay maghahandog ng Sarili bilang sakripisyo sa taong nagkasala, at tutuparin ang kahilingan ng kautusang nalabag. Sa Kanya ang mga anino ng pagsasakripisyo at handog ay makasusumpong ng katawan at ang Kanyang kamatayan sa krus ay magbibigay kahalagahan sa buong kabuhayan ng mga Judio. {AGA 173.1}

Sinabi ni Pablo sa mga Judio sa Tesalonica ang tungkol sa kanyang dating sigasig sa mga batas seremonyal at kahanga-hangang karanasan niya sa daang patungo sa Damasco. Bago siya nahikayat ay may tiwala siya sa namanang kabanalan, isang maling pag-asa. Ang kanyang pananampalataya ay hindi kay Kristo; kundi sa mga porma at seremonya. Ang sigasig niya sa kautusan ay hiwalay sa pananampalataya kay Kristo at sa gayon ay walang kabuluhan. Sa kabila ng pagmamalaking siya ay walang kapintasan sa pagganap ng mga gawa ng kautusan, tinatanggihan naman niya Siyang nagbibigay katumran sa kautusan. {AGA 173.2}

Datapuwat sa oras ng kanyang pagkahikayat lahat ay nabago. Si Jesus ng Nasaret na kanyang inuusig sa katauhan ng mga banal, ay napakita sa kanya bilang ipinangakong Mesias. Nakita ng manguusig Siya na Anak ng Dios, ang nanaog dito sa lupa upang tuparin ang mga propesiya, at sa Kanyang buhay ay sinapatan ang bawat kahilingan ng Banal na Sulat. {AGA 173.3}

Habang sa banal na tapang ay ipinahayag ni Pablo ang ebanghelyo sa sinagoga sa Tesalonica, isang baha ng kaliwanagan ay ipinagkaloob upang ibigay ang tunay na kahulugan ng mga ritwal at seremonyang kaugnay ng mga serbisyo sa tabernakulo. Dinala niya ang isipan ng mga nakikinig sa kabila ng mga serbisyo sa lupa tungo sa ministri ni Kristo sa santuwaryo sa langit at sa oras ng pagtatapos ng pamamagitan ni Kristo, Siya ay muling babalik sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian, upang magtatag ng Kanyang kaharian dito sa lupa. Si Pablo ay nanampalataya sa ikalawang pagparito ni Kristo; maliwanag at may puwersang ipinangaral niya ang mga katotohanang kaugnay ng pangyayari, anupa’t ang katotohanang ito ay hindi naalis sa isipan ng mga nakinig. {AGA 173.4}

Sa loob ng tatlong magkakasunod na Sabbath si Pablo ay nangaral sa Tesalonica tungkol sa salita ng Kasulatan tungkol sa buhay, kamatayan, pagkabuhay na mag-uli, gawain, at panghinaharap na kaluwalhatian ni Kristo, ang “Korderong pinaslang mula sa pagkakatatag ng sanlibutan.” Apocalipsis 13:8. Itinaas niya si Kristo, ang matuwid na pagkaunawa sa kanyang ministri na siyang magbubukas ng Lumang Tipan, na magbibigay daan sa mga kayamanan nito. {AGA 174.1}

Sa pamamahayag ng katotohanan ng ebanghelyo sa Tesalonica na may malakas na kapangyarihan, ang pansin ng malaking bilang ay natawag. “Ilan sa kanila ay nanampalataya, at sumama kay Pablo at Silas; at isang malaking bilang na mga banal na Griyego, at marami sa mga pangunahing kababaihan.” {AGA 174.2}

Tulad din sa mga unang dakong pinasok nila, ang mga apostol ay nakasagupa ng mahigpit na pagsalungat. “Ang mga Judiong hindi nanampalataya” ay “kinilos ng inggit.” Ang mga Judiong ito ay hindi kaayon ng kapangyarihan ng Roma, at di natatagalan, ay naghimagsik laban sa Roma. May hinala sa kanila, at ang kanilang kalayaang kumilos ay pigil. Ngayon ay nakakita sila ng pagkakataong makabawi at muling maging kaibigan ng pamahalaan, habang kanilang inilalagay sa kahihiyan ang mga apostol at mga nahikayat sa Kristianismo. {AGA 174.3}

Isinagawa nila ito sa pamamagitan ng pagsanib sa “ilang mga taong masama” at sila’y nagtagumpay na “gisingin ang bayan.” Sa pagasang matagpuan ang mga apostol, ay “nilusob nila ang bahay ni Jason;” datapuwat hindi nila natagpuan si Pablo o si Silas man. At “nang hindi sila nasumpungan,” sa galit ng karamihang ito ay “dinala nila si Jason at ilang mga kapatid sa mga pinuno ng bayan, sa pagsigaw ng, Ang mga taong itong naparito upang baligtarin ang sanlibutan ay tinanggap ni Jason: at ang bagay na ito ay laban sa mga utos ni Ceasar, sa pagsasabing may isa pang ibang hari, si Jesus.” {AGA 174.4}

Sapagkat wala si Pablo at Silas, ipiniit ang mga pinagbibintangang mananampalataya upang ang katahimikan ay mapangalagaan. Sa pangambang magkaroon pa ng karahasan, “agad ay pinaalis ng mga kapatid sina Pablo at Silas patungong Berea.” {AGA 174.5}

Ang mga iyon sa ngayon ay nagtuturo ng mga katotohanang hindi popular ay di dapat manlupaypay kung sila ay nakakatagpo ng mga hadlang tulad ng naranasan ni Pablo at mga kasamang manggagawa, kahit na sa kamay ng mga nag-aangkin na sila’y Kristiano. Ang mga mensahero ng krus ay dapat na magtaglay ng pagbabantay at pananalangin, at humayong may pananampalataya at tapang, na laging gumagawa sa pangalan ni Jesus. Dapat na itaas nila si Kristo bilang tagapamagitan ng tao sa santuwaryo sa langit, sa Kanya na ang lahat ng mga sakripisyo sa Lumang Tipan ay nakasentro, at sa tumutubos na sakripisyo ay makatagpo ang lumabag sa kautusan ng Dios ng kapayapaan at pagpapatawad. {AGA 174.6}

Kapitulo 24 – Berea at Atenas

Sa Berea ay nakatagpo si Pablo ng mga Judio na laang magsaliksik ng katotohanang kanyang itinuturo. Ang tala ni Lucas ay nagsasaad: “Ngayon lalong naging mararangal ang mga ito kaysa mga taga Tesalonica, sapagkat tinanggap nila ang salita ng buong pagsisikap, at sinisiyasat sa araw-araw ang mga Kasulatan, kung tunay nga ang mga bagay na ito. Kaya

nga marami sa kanila ang mga nagsisampalataya; gayon din sa mga babaeng Griyego, na may mga kalagayang mahal, at sa mga lalaki, ay hindi kakaunti.” {AGA 176.1}

Ang mga pag-iisip ng mga taga Berea ay hindi pinakitid ng maling akala. Handa silang magsiyasat sa katotohanan ng mga doktrinang iniaaral ng mga apostol. Kanilang pinagaralan ang Biblia, hindi sa pag-usyoso lamang, kundi upang maalaman kung ano ang nasusulat tungkol sa ipinangakong Mesias. Sa bawat araw ay nagsaliksik sila ng kinasihang tala; at habang inihahambing ang kasulatan sa kasulatan, ang mga anghel ng langit ay katabi nila, nagpapaliwanag ng kanilang isipan at nagdidiin sa kanilang mga puso. {AGA 176.2}

Saan mang dako inihahayag ang mga katotohanan ng ebanghelyo, silang taimtim na nagnanais na gumanap ng matuwid ay inaakay sa masikap na pagsasaliksik ng Kasulatan. Kung sa pagtatapos ng kasaysayan ng lupa, silang maaaralan ng katotohahan ay susunod sa halimbawa ng mga taga Berea, na nagsaliksik ng Kasulatan sa bawat araw, at inihahambing sa salita ng Dios ang mga pabalitang dinadala sa kanila, magkakaroon ng malaking bilang na magiging tapat sa kautusan ng Dios, kaysa ngayon na iilan lamang sila. Datapuwat kapag ang hindi popular na katotohanan ng Biblia ay inihayag, marami ang tatangging siyasatin ang mga ito. Bagama’t hindi malabanan ang malinaw na katotohanan ng Biblia, gayunman ay atubili silang pag-aralan ang mga katibayang nakalaan. May nag-iisip na kahit na totoo ang mga doktrinang ito, walang halaga kung tanggapin man nila o hindi ang bagong liwanag; at nananatili silang nanghahawakan sa mga nakalulugod na bungang isip na inihaharap ng kaaway upang iligaw ang kaluluwa. Sa ganito ay nabubulag ng kamalian ang isipan, at ang tao’y nahihiwalay sa Dios. {AGA 176.3}

Ang lahat ay hahatulan sang-ayon sa liwanag na nabigay sa kanila. Ang Panginoon ay nagsusugo ng mga embahador taglay ang pabalita ng kaligtasan, at silang maldldnig ay mananagot sa paraang kanilang pinakitunguhan ang mga salita ng Kanyang mga lingkod. Silang taimtim na naghahanap ng katotohanan ay maingat na gagawa ng pagsisiyasat ng mga doktrina, sa liwanag ng salita ng Dios. {AGA 177.1}

Ang mga Judiong hindi nanampalataya sa Tesalonica, na puno ng inggit at muhi sa mga apostol, ay hindi pa nasiyahang mapalayas ang mga ito mula sa sariling siyudad, at sinundan pa sila sa Berea at ginising nila ang damdamin ng mga taong mababa ang uri. Sa pangambang ang karahasan ay gawin kay Pablo kung mananatili ito sa siyudad, ipinadala sila ng mga kapatid sa Atenas, kasama ng ilang mga nahikayat sa Berea. {AGA 177.2}

Sa ganito sumunod ang pag-uusig sa mga guro ng katotohanan sa mga siyudad na kanilang tinungo. Ang mga kaaway ni Kristo ay di papayag na ang ebanghelyo ay lumaganap, ngunit nagtagumpay silang pahirapang mainam ang paggawa ng mga apostol. Gayunman, sa harap ng hadlang at tunggalian, si Pablo ay matatag na nagpatuloy, may pasyang isagawa ang

adhikain ng Dios tulad ng inihayag sa kanya sa pangitain sa Jerusalem: “Isusugo kita sa malayo sa mga Gentil.” Gawa 22:21. {AGA 177.3}

Ang madaliang pag-alis ni Pablo sa Berea ay umagaw ng pagkakataon sa kanya upang muling madalaw ang mga kapatid sa Tesalonica. {AGA 177.4}

Pagdating sa Atenas, pinauwi ni Pablo ang mga kapatid mula sa Berea taglay ang pabalita kay Silas at Timoteo upang sumama sa kanya agad. Si Timoteo ay dumating sa Berea bago siya umalis doon, at kasama ni Silas ay nagpatuloy sa gawaing napasimulan na doon, at sa pagtuturo sa mga bagong hikayat ng mga simulain ng pananampalataya. {AGA 177.5}

Ang siyudad ng Atenas ay malaking siyudad ng paganismo. Dito ang nakaharap ni Pablo ay di tulad sa Listra na mga walang pinagaralan, kundi mga taong tanyag sa kanilang katalinuhan at kultura. Sa bawat dako ay mga estatwa ng kanilang mga diyos at dini-diyos na bayani ng kasaysayan at panulat, at ang mga naggagandahang gusali at mga ipinintang larawan ay kumatawan sa pambansang kaluwalhatian at popular na pagsamba sa mga diyosa na pagano. Ang mga pandama ng bayan ay nasa gayuma ng kagandahan at kamahalan ng sining. Sa bawat dako ay mayroong santuwaryo at templo na ginugulan ng malaking halaga. Mga tagumpay at gawa ng mga kilalang tao ay ibinabandila sa painamagitan ng mga estatwa, groto, at batong parangal. Lahat na ito ay nagbigay larawan sa Atenas bilang dakilang galerya ng sining. {AGA 177.6}

Sa pagtingin ni Pablo sa kagandahan at dangal ng palibot, at sa pagsamba sa diyusdiyusang laganap, ang kanyang diwa ay nagkaroon ng inggit para sa Dios, na nakikita niyang niwawalang karangalan sa bawat panig. Ang kanyang puso ay nahabag sa bayan ng Atenas, na, sa kabila ng talino at kultura, ay walang pagkakilala sa tunay na Dios. {AGA 178.1}

Ang apostol ay hindi nadaya ng mga namalas niya sa sentrong ito ng karunungan. Ang kanyang espirituwal na likas ay buhay na buhay sa pang-akit ng makalangit na bagay, anupa’t ang kagalakan at kaluwalhatian ng mga kayamanang hindi lumilipas ang nagpawalang halaga sa kanyang paningin sa karangyaang nakapalibot sa kanya. Sa pagmalas niya sa kagandahan ng Atenas, nadama niya ang gayumang kapangyarihan nito sa mga mahilig sa sining at kultura, at ang kanyang isipan ay tunay na nakilos sa kahalagahan ng gawaing nasa harapan niya. {AGA 178.2}

Sa dakilang siyudad na ito, kung saan ang Dios ay hindi sinamba, si Pablo ay nahihirapan sa pagkadama na siya’y nag-iisa, at nanabik siya sa malasakit at tulong ng mga kamanggagawa. Malayo sa kapwa tao, nadama niyang tunay siyang nag-iisa. Sa pagsulat niya sa mga taga Tesalonica, inihayag niya ang damdaming ito, “Naiwang nagiisa sa Atenas.” 1 Tesalonica 3:1. Mga sagabal na halos di matatagpusan ay nasa harapan niya, anupa’t halos wala siyang lakas loob na magsimulang mangusap sa mga tao. {AGA 178.3}

Habang naghihintay kay Silas at Timoteo, si Pablo naman ay naging abala. “Nakipagtalo siya sa mga Judio sa sinagoga, at sa mga banal na tao, at sa bawat araw ay sa mga taong nakasalamuha niya sa pamilihan.” Ngunit ang pangunahing gawain niya sa Atenas ay ihayag ang pabalita ng kaligtasan sa kanilang walang matalinong unawa tungkol sa Dios at sa Kanyang adhikain para sa taong makasalanan. Di magtatagal ay makakaharap ng apostol ang paganismo sa kanyang pinakamatalino at mapang-akit na anyo. {AGA 178.4}

Di nagtagal ay nalaman ng mga dakilang tao sa Atenas ang tungkol sa gurong ito, na naghaharap sa bayan ng kakaiba at bagong turo. Ilan sa mga ito ay hinanap si Pablo, at nakipag-usap sa kanya. Di nagtagal ay maraming tao na ang nakapalibot sa kanila. Ang ilan ay handang hiyain ang apostol bilang isang mababa lamang ang kalagayan sa buhay at kalagayan sa pag-iisip, at ang mga ito ay ang tanungan sa isa’t isa, “Ano kaya ang sasabihin ng daldalerong ito?” Ang iba naman, “sapagkat ipinangaral niya si Jesus, at ang pagkabuhay na muli,” ay nagwika, “Parang naghaharap siya ng kakatuwang mga diyos.” {AGA 179.1}

Kabilang sa humarap kay Pablo sa pamilihang bayan ay “ilang pilosopong Epicurio, at ng mga Stoico;” ngunit sila, at lahat pa ng nakipagtagpo sa kanya, agad ay nakita ang higit na kaalamang taglay niya kaysa sa kanila. Ang kapangyarihan ng kanyang pag-iisip ay kumuha ng paggalang ng matatalino; samantalang ang kanyang taimtim at lohikal na pagpapaliwanag at kapangyarihan ng pagsasalita ay kumuha ng pansin ng nakikinig. Ang mga ito ay nakaalam na siya’y hindi isang baguhan, kundi may kakayahang harapin ang lahat ng uri ng tao ng mga argumentong maliwanag at kapani-paniwala bilang taguyod sa mga doktrinang kanyang itinuturo. Sa ganito ay tumayong buong tapang ang apostol, na hinarap ang bawat sumasalungat sa kanilang sariling punto, tinapatan ang kanilang lohika ng lohika rin, pilosopiya ng pilosopiya, galing ng pananalita ng katumbas na kagalingan. {AGA 179.2}

Tinawag ng mga katunggaling paganong ito ang kanyang pansin sa nangyari kay Socrates, na, sapagkat ito ay nagpakilala ng kakaibang mga diyos, ay hinatulan ng kamatayan; at pinayuhan nila si Pablo na huwag ilagay sa panganib ang kanyang buhay sa katulad na paraan. Ngunit ang pagsasalita ng apostol ay nagpako sa pansin ng bayan, at ang kanyang karunungang hindi mapasubalian ay kumuha ng paggalang at paghanga. Hindi siya napatahimik ng siyensya o panunuya ng mga pilosopo; at ang mga ito sa pagkadamang buo ang pasiya ng apostol na isagawa ang pakay nito sa kanila, at, anuman ang panganib ay magbalita sa kanila, nagpasiya silang bigyan ito ng panahong magsalita. {AGA 179.3} Kanilang dinala siya sa burol ni Marte. Ito ay isa sa pinakabanal na lugar sa buong Atenas, at ang mga tala ng naganap dito ay sapat upang iturin nila ito na may mapamahiing paggalang na sa isipan ng marami ay tulad na rin ng hilakbot. Sa dakong ito, madalas na ang mga bagay ng relihiyon ay tinatalakay ng mga taong nagsisilbing hukom sa lahat ng mahahalagang katanungang moral at sibil. {AGA 179.4}

Dito, malayo sa ingay at galaw ng masikip na lansangan, at ng mga halu-halong usapan, ang apostol ay mapapakinggang walang sagabal. Sa palibot niya ay nagtipon ang mga makata, mga alagad ng sining, at pilosopo—ang mga iskolar at pantas na lalaki ng Atenas, na nagsaad sa kanya: "Maaari ba naming malaman kung ano ang bagong doktrinang ito, na iyong sinasabi? sapagkat nagdadala ka ng mga kakaibang bagay sa aming pakinig: nais naming malaman kung ano ang kahulugan ng mga bagay na ito." {AGA 180.1}

Sa sandaling ito ng maselang kapanagutan, ang apostol ay payapa at panatag. Ang kanyang puso ay mabigat sa mahalagang pabalita, at ang mga pangungusap na namutawi sa kanyang bibig ay nagpaniwala sa mga nakikinig na ito ay hindi walang katuturang daldalero lamang. "Kayong mga lalaki ng Atenas," wika niya, "Nakikita ko na sa lahat ng mga bagay kayo ay mapamahiin. Sapagkat sa aking paglalakad, at pagkamalas ng inyong mga debosyon, nakita ko ang isang altar na may nakasulat, Sa Dios na Hindi Nakikilala. Siyang inyong sinasambang walang kaalaman, Siya ang nais kong ihayag sa inyo." Sa kabila ng lahat ng karunungan nila, hindi nila kilala ang Dios na lumalang ng sansinukob. Gayunman ay mayroong ilang nananabik sa dagdag pang liwanag. Nais nilang umabot sa Walang Hanggan. {AGA 180.2}

Nakaturo ang kamay sa templong puno ng mga estatwa, ibinuhos ni Pablo ang buong malasakit ng kanyang pagkatao, at inilantad ang mga kamalian ng relihiyon ng mga taga Atenas. Ang pinakapantas sa mga nakikinig ay namangha sa kanyang mga paliwanag. Nakita nilang ito ay bihasa sa kanilang mga gawa ng sining, ng literatura, at ng kanilang relihiyon. Sa pagturo sa mga estatwa at rebulto, inihayag niyang ang Dios ay di maaaring maitulad sa mga anyong likha ng tao. Ang mga nililok na imaheng ito sa pinakamaliit na paraan ay di maaaring maging kinatawan ng kaluwalhatian ng Jehova. Ipinaalaala niya sa kanila na ang mga imaheng ito ay walang buhay, at kontrolado lamang ng kapangyarihan ng tao, na gagalaw lamang kung pagagalawin ng tao; at kung magkagayon, silang sasamba sa mga ito ay higit na mataas sa lahat ng paraan sa kanilang sinasamba. {AGA 180.3}

Inakay ni Pablo ang isipan ng mga tagapakinig na sumasamba sa mga diyos sa kabila ng hangganan ng kanilang huwad na relihiyon sa isang tunay na pagkakilala sa Dios, na kanilang tinatawag na "Dios na Hindi Nakikilala." Ang Dios na ito, na ngayon ay ipinakikilala niya sa kanila, ay di umaasa sa tao, ni hindi nangangailangan ng anumang bagay mula sa kamay ng tao upang madagdagan ang Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian. {AGA 180.4}

Ang bayan ay nadala sa paghanga sa taimtim at lohikal na paglalahad ni Pablo ng katangian ng tunay na Dios—ng Kanyang kapangyarihang lumalang at Kanyang nakapangyayaring pasya. Sa kanyang masigasig at mainit na pagsasalita ay inihayag ng apostol, "Ang Dios na lumalang ng sanlibutan at lahat ng naroroon, sa pagkakitang Siya ang Panginoon ng langit at lupa, at tumatahan hindi sa mga templong gawa ng kamay ng tao; o sinasamba man ng kamay ng tao tulad ng isang nangangailangan ng anumang bagay, sa pagkamalas na Siya ang nagbibigay ng lahat ng buhay, at hininga, at ng lahat ng bagay." Ang mga kalangitan ay

napakaliit upang maglulan ng Dios, gaano pa kaya ang mga templong gawa ng kamay ng tao! {AGA 181.1}

Sa panahong iyon ng maraming antas ng lipunan, na ang mga karapatan ng tao ay madalas na nayuyurakan, inilahad ni Pablo ang mga dakilang katotohanan ng pagiging magkakapatid ng tao, sa paghahayag na ang Dios "ay ginawang isang dugo ang lahat ng mga bansa upang manahan sa ibabaw ng lupa." Sa paningin ng Dios, ang lahat ay magkakapantay; at sa Manlalalang ay marapat na iukol ng bawat nilalang ang lubos na pagtatapat. Ipinakita rin ng apostol kung paano sa pamamagitan ng pakikitungo ng Dios sa tao, ang Kanyang adhikaing biyaya at kahabagan ay parang gintong sinulid na nakahabi. At "itinakda ang kanilang talagang ayos ng kapanahunan, at mga hangganan ng kanilang mga tahanan; upang kanilang hanapin ang Panginoon, baka sakaling maapuhap nila Siya, at Siya'y masumpungan nila, bagaman Siya'y hindi malayo sa bawat isa sa atin." {AGA 181.2}

Habang nakaturo sa mga lalaking nakapaligid sa kanya, inilarawan niya ang Dios bilang isang Ama, at sila ay mga anak sa mga salitang hiram sa kanilang isang makata. "Sa Kanya tayo ay nabubuhay," kanyang sinabi; "at nagsisikilos at mayroon tayong pagkatao; na gaya naman ng sinabi ng isa sa inyong manunula, Sapagkat tayo nama'y sa Kanyang lahi. Yamang tayo nga'y lahi ng Dios, ay hindi natin dapat isiping ang pagka Dios ay katulad ng ginto, o pilak, o ng bato, na inukit ng kabihasnan at katalinuhan ng tao. {AGA 181.3}

"Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalipas nga ng Dios; datapuwat ngayo'y ipinaguutos sa mga tao na magsisi silang lahat sa lahat ng dako." Sa kapanahunan ng kadiliman bago ang pagparito ni Kristo, ang banal na Tagapamahala ay kaunting nagpabaya sa mga diyus-diyusan ng mga pagano; ngunit ngayon, sa pamamagitan ng Kanyang Anak, Kanyang ipinadala sa tao ang mga liwanag ng katotohanan; at Kanyang inaasahan sa lahat ang pagsisisi para sa kaligtasan, hindi lamang mula sa mahihirap at mapagpakumbaba, kundi mula sa mga mapagmataas na pilosopo at prinsipe ng sanlibutan "Sapagkat Siya'y nagtakda ng isang araw, na Kanyang ipaghuhukom sa sanlibutan ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng Lalaldng Kanyang itinalaga; na ito'y pinatunayan Niya sa lahat ng mga tao, nang Siya'y buhayin Niyang mag-uli sa mga patay." Nang magsalita na si Pablo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, "ang ilan ay nanlibak sa kanya: at nagsabi, Pakikinggan ka na naming muli tungkol dito." {AGA 181.4}

Sa ganito ay nagwakas ang paggawa ng apostol sa Atenas, ang sentro ng karunungang pagano sapagkat ang mga taga Atenas ay nagpatuloy sa kanilang panghahawakan sa idolatriya, at iniwan ang liwanag ng tunay na relihiyon. Kapag ang isang bayan ay tunay na nasisiyahan sa kanilang mga sariling naabot na, kaunti na lamang ang maaasahan pa sa kanila. Bagama't nagmamalaki sa kanilang karunungan at kultura, ang mga taga Atenas naman ay pabulusok sa kasamaan, at kasiyahan sa mga malalabong misteryo ng idolatriya. {AGA 182.1}

May mga nakinig kay Pablo na ang katotohanan ay nakasumpong ng pagtanggap; ngunit ayaw nilang magpasakop sa Dios, at tanggapin ang kaligtasan. Walang galing na pananalita, walang puwersa ng argumento, ang makakahikayat sa makasalanan. Tanging ang kapangyarihan ng Dios ang makapag-aangkop ng katotohanan sa puso. Ang taong palaging tatalikod sa kapangyarihang ito ay di na maaabot pa. Ang mga Griyego ay naghanap ng karunungan, datapuwat ang pabalita ng krus ay kahangalan sa kanila, sapagkat pinahalagahan nila ang sariling karunungan higit sa karunungang galing sa itaas. {AGA 182.2}

Sa pagmamataas nila sa katalinuhan at karunungan ng tao ang ebanghelyo ay hindi gaanong nagtagumpay sa mga taga Atenas. Ang taong bihasa sa mundo ngunit lalapit kay Kristo bilang hamak na makasalanang waglit, ay makakatagpo ng karunungang magliligtas; ngunit silang lalapit na nagmamalald sa sariling karunungan, ay mabibigong makatanggap ng liwanag at kaalamang tanging Siya ang makapagbibigay. {AGA 182.3}

Sa ganito ay hinarap ni Pablo ang paganismo sa kanyang panahon. Ang paggawa niya sa Atenas ay di lubusang bigo. Si Dionisio, na isang pangunahing mamamayan sa siyudad, at ang ilan pa, ay tumanggap sa pabalita ng ebanghelyo, at lubusang nakisanib sa mga mananampalataya. {AGA 182.4}

Ang Inspirasyon ang nagbigay sa atin ng ganitong pananaw sa buhay ng taga Atenas, na, sa kabila ng lahat na karunungan, sining, at kaginhawahan ay lulong naman sa bisyo, at dito ay maaaring makita kung paanong ang Dios, sa pamamagitan ng Kanyang lingkod, ay maaaring sumansanla sa idolatriya, at mga kasalanan ng isang bayang mapagmataas, at nagaaring ganap sa sarili. Ang mga salita ng apostol, at ang paglalarawan ng kanyang ugali at kapaligiran, ay dnugaygayan ng inspirasyon, at napasalin sa mga lahi, bilang saksi sa di matitinag niyang pagtitiwala, tapang sa kabila ng kalungkutan at kahirapan, at ng tagumpay na natamo niya para sa Kristianismo sa dakong ito na pinakapuso ng paganismo. {AGA 183.1}

Ang mga salita ni Pablo ay may taglay na kayamanan ng kaalaman para sa iglesia. Nasa kalagayan siyang madali niyang masabi ang mga bagay na magpapagalit sa mayayabang na nakikinig, at nagdulot naman sana ng kahirapan sa kanya. Kung ang pagsasalita niya ay naging tuwirang atake sa kanilang mga diyos at mga dakilang lalaki ng siyudad, nalagay sana siya sa malaking panganib tulad ng naging kapalaran ni Socrates. Datapuwat sa talinong dulot ng banal na pagibig, maingat na inakay niya ang isipan ng nakikinig mula sa kanilang mga diyos na pagano, at inilahad ang tungkol sa tunay na Dios, na hindi nila kilala. {AGA 183.2}

Ngayon ang mga katotohanan ng Kasulatan ay dapat madala sa mga dakilang tao ng lupa, upang sila ay makapamili sa pagsunod sa kautusan ng Dios o pagsunod sa prinsipe ng kasamaan. Ang Dios ay naglalahad sa kanila ng mga walang hanggang katotohanan,—katotohanang magpapapantas sa kanila sa kaligtasan, ngunit hindi Siya namimilit sa kanila

na tanggapin ito. Kung ang tao ay tatalikod dito, iiwanan Niya sila sa magiging bunga ng sariling gawa. {AGA 183.3}

"Sapagkat ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; ngunit ito'y kapangyarihan ng Dios sa atin na nangaliligtas. Sapagkat nasusulat, Iwawalat Ko ang karunungan ng mararunong, at isasawala Ko ang kabaitan ng mararunong." "Kundi pinili ng Dios ang mga bagay na kamangmangan ng sanlibutang ito, upang hiyain Niya ang mga mararunong; at pinili ng Dios ang mga bagay na mahihina ng sanlibutan, upang hiyain Niya ang mga bagay na malalakas, at ang mga bagay na mababa ng sanlibutan, at ang mga bagay na hinamak ang pinili ng Dios, upang mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga." 1 Corinto 1:18, 19, 27, 28. Marami sa pinakadakilang iskolar at mambabatas, ang pinakatanyag na mga tao sa lupa, ang sa mga huling araw ay tatalikod sa liwanag, sapagkat ang karunungan ng sanlibutan ay di nakikilala ang Dios. Gayunman, dapat pasulungin ng mga lingkod ng Dios ang mga pagkakataon upang maghayag ng katotohanan sa mga taong ito. Ang ilan ay kikilala sa kanilang kawalang kaalaman tungkol sa Dios at lalagay sa paanan ni Jesus bilang mga maamong mag-aaral sa Punong-guro. {AGA 183.4}

Sa bawat pagsisikap na maabot silang nasa mas mataas na lipunan, ang manggagawa ng Dios ay nangangailangan ng malakas na pananampalataya. Ang mga bagay ay maaaring mahirap sa tingin; ngunit sa pinakamadilim na oras ay may tanglaw mula sa itaas. Ang kalakasan nilang umiibig at naglilingkod sa Dios ay mananariwa bawat araw. Ang pagkaunawa tungkol sa Walang Hanggan ay nasa kanilang paglilingkod, upang sa pagsasagawa ng adhikain ng Dios ay di sila magkamali. Ang mga manggagawang ito ay dapat manghawakan ng kanilang tiwala sa Dios mula sa pasimula hanggang katapusan, alalahaning palagi na ang liwanag ng katotohanan ng Dios ay dapat maglagos sa nakapalibot na kadiliman sa lupa. Walang panlulupaypay sa paglilingkod sa Dios. Ang pananampalataya ng bawat natatalagang manggagawa ay dapat makatayo sa bawat pagsubok na haharapin. Ang Dios ay laan at may kakayahang magkaloob sa Kanyang mga lingkod ng lahat ng kalakasang kailangan nila at ng karunungang sapat sa lahat ng pangangailangan. Higit pa na sasapatan Niya ang pinakamataas na inaasahan ng mga maglalagak ng pagtitiwala sa Kanya. {AGA 184.1}

Kapitulo 25 – Corinto

Sa unang daantaon ng Kristianismo, ang Corinto ay isa sa pangunahing siyudad hindi lamang ng Grecia, kundi ng sanlibutan. Mga Griyego, Judio, at Romano, kasama ng mga manlalakbay mula sa bawat lupain, ay siksikan sa mga lansangan nito, sa pagnenegosyo at kalayawan. Isang dakilang sentro ng kalakalan, na madaling puntahan mula sa lahat ng bahagi ng imperyo ng Roma, ito ay mahalagang lugar na mapagtatayuan ng memoryal para sa Dios at Kanyang katotohanan. {AGA 185.1}

Kabilang sa mga Judio na nanirahan sa Corinto ay sina Aquila at Priscila, na di naglaon ay nakilalang masugid na manggagawa para kay Kristo. Nang makilala sila ni Pablo, ito ay "tumahang kasama nila." {AGA 185.2}

Sa pasimula ng kanyang paggawa sa abalang siyudad na ito, nakita ni Pablo ang mga maselang balakid sa pagsulong ng gawain. Ang buong siyudad halos ay gupo sa pagsamba sa mga diyos. Si Venus ang paboritong diyosa, at ang pagsamba sa kanya ay kaugnay ng maraming ritwal at seremonyang nagpapababa ng moral. Ang mga taga Corinto ay nakilala sa lipunan ng mga pagano sa pagiging palasak na imoral. Wala halos silang isipan sa kabila ng kalayawan at kalugurang pangkasalukuyan. {AGA 185.3}

Sa pangangaral ng ebanghelyo sa Corinto, iniba ni Pablo ang paraang ginamit niya sa Atenas. Doon ay iniangkop niya ang estilo sa likas ng nakikinig; hinarap ang lohika ng lohika rin, siyensya ng siyensya, pilosopiya ng pilosopiya rin. Habang iniisip niya ang panahong ginugol niya roon at nadamang ang paraan ng pagtuturo niya sa Atenas ay naging maliit lamang ang bunga, ipinasiya niyang ibahin naman ang paraan ng paggawa sa Corinto, sa pagsisikap niyang makuha ang pansin ng karamihang walang pakialam at walang ingat. Inisip niyang iwasan ang mga argumento at usapan, at "walang ibang maalaman" sa gitna ng mga taga Corinto "maliban si Jesu-Cristo, at Siyang ipinako." Mangangaral siya sa kanila "hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan." 1 Corinto 2:2, 4. {AGA 185.4}

Si Jesus, na ihaharap ni Pablo sa mga taga Corinto bilang Kristo, ay isang Judio na mababa ang pinagmulan, at lumaki sa isang bayang kilala sa kasamaan. Tinanggihan Siya ng sariling Kanya at sa wakas ay ipinako sa krus bilang karaniwang kriminal. Ang mga Griyego ay naniniwalang dapat itaas ang kalagayan ng tao; ngunit itinuring nila ang pagaaral ng pilosopiya at siyensya bilang tanging paraan ukol sa tunay na pagtaas at karangalan. Maaari kaya silang maakay ni Pablo upang maniwalang ang pananampalataya sa kapangyarihan ng Judiong itong hindi kilala ang magtataas at magpaparangal ng bawat kapangyarihan ng tao? {AGA 186.1}

Sa isipan ngayon ng karamihan, ang krus ng Kalbaryo ay napapalibutan ng mga banal na alaala. Mga binanal na ugnayan ay kadugtong ng pagkapako. Ngunit sa panahon ni Pablo, ang krus ay may kakaibang pananaw ng pag-aglahi at hilakbot. Ang itaas bilang Tagapagligtas ng tao Siyang ipinako sa krus ay likas lamang na tatanggap ng paglibak at oposisyon. {AGA 186.2}

Alam ni Pablo kung ano ang magiging pakikitungo ng Judio at Griyego sa Corinto sa kanyang pabalita. "Ipinangangaral namin si Kristo na ipinako," kanyang sinabi, "na sa mga Judio ay katitisuran, at sa mga Griyego ay kahangalan." 1 Corinto 1:23. Sa kanyang mga Judio na tagapakinig marami ang magagalit sa pabalitang kanyang ipangangaral. Sa isipan ng

mga Griyego, ang mga salita niya ay magiging kahangalan. Titingnan siya bilang isang mahina ang utak sa pagsisikap na ipakita kung paanong ang krus ay maaaring magkaroon ng kaugnayan sa pagtataas sa lahi ng tao o pagliligtas sa kanya. {AGA 186.3}

Ngunit kay Pablo ang krus ay obheto ng pinakamataas na isipan. Mula pa nang siya ay pigilin sa gawain ng pag-uusig laban sa ipinakong Nazareno, hindi siya tumitigil na luwalhatiin ang krus. Sa panahong nabigay sa kanya ang pagpapahayag ng walang sukat na pag-ibig ng Dios, tulad ng nahayag sa kamatayan ni Kristo; at isang kahangahangang pagbabago ay naganap sa kanyang buhay, lahat ng kanyang mga adhikain at panukala ay naitugma sa kalangitan. Mula sa oras na iyon ay naging bagong tao siya kay Kristo. Nalaman niya sa personal na karanasan na kapag ang isang makasalanan ay nakamalas ng pagibig ng Ama, na hayag sa sakripisyo ng Kanyang Anak, at sumuko sa banal na impluwensya, isang pagbabago ng puso ay nagaganap, at mula noon si Kristo ay nagiging lahat at lahat sa kanya. {AGA 186.4}

Sa panahon ng kanyang pagkahikayat, si Pablo ay kinasihan ng naising tumulong sa kanyang kapwa na makita si Jesus ng Nasaret bilang Anak ng Dios na buhay, makapangyarihang makapagpabago at magligtas. Mula noon ang buhay niya ay lubusang natalaga sa pagsisikap na ilarawan ang pag-ibig at kapangyarihan ng Ipinako sa krus. Ang dakilang malasakit na ito ng puso ay saklaw ang lahat ng uri ng tao. “Ako ay may utang,” wika niya, “sa mga Griyego, at mga barbaro; sa mga pantas at sa mangmang.” Roma 1:14. Ang pag-ibig sa Panginoon ng kaluwalhatian, na dati’y walang tigil na kanyang pinag-usig sa katauhan ng Kanyang mga banal, ang naging simulaing pampakilos sa kanya at kapangyarihan ng motibo. Kapag ang sigasig niya sa landas ng tungkulin ay nanghihina, isang sulyap sa krus at sa kamangha-manghang pag-ibig na nahayag dito, ay sapat upang biglasan niya ang baywang ng kanyang pag-iisip, at magpatuloy sa landas ng pagtanggi sa sarili. {AGA 187.1}

Masdan ang apostol na nangangaral sa sinagoga sa Corinto, nakikipagkatuwiranan mula sa mga sulat ni Moises at mga propeta, at dinadala ang mga nakikianig hanggang sa pagdating ng ipinangakong Mesias. Pakinggan siyang nagpapaliwanag ng gawain ng Manunubos bilang dakilang punong saserdote ng tao—Siyang sa pamamagitan ng sakripisyo ng Kanyang sariling buhay ay gagawa ng pagtubos minsanan at panglahatan, at magsasagawa ng ministeryo sa santuwaryo sa langit. Ang mga nakikinig kay Pablo ay pinaniwalang ang hinihintay nilang Mesias sa katunayan ay dumating na; na ang Kanyang kamatayan ang katawan ng lahat ng anino ng mga paghahandog ng sakripisyo, at ang Kanyang ministri sa santuwaryo sa langit ang dakilang bagay na naglahad ng anino pabalik, at nagpaliwanag ng ministri ng mga saserdoteng Judio. {AGA 187.2}

Si Pablo ay “nagpatotoo sa mga Judio na si Jesus ang Kristo.” Mula sa mga Sulat ng Lumang Tipan, ipinaldta niya na ayon sa mga propesiya at pangkalahatang pag-asa ng mga

Judio, ang Mesias ay magmumula sa linya ni Abraham at David; at tinugaygayan niya ang linya ni Jesus sa patriarkang Abraham sa pamamagitan ngmakaharing mang-aawit. Binasa niya ang patotoo ng mga propeta tungkol sa likas ng gawain ng ipinangakong Mesias, at ang magiging pagtanggap at pakikitungo sa Kanya sa lupa; at ipinakita niyang ang lahat ng mga propesiyang ito ay natupad sa buhay, ministri, at kamatayan ni Jesus ng Nasaret. {AGA 187.3}

Ipinakita rin ni Pablo na ang Kristo ay naparito upang mag-alok ng kaligtasan una muna sa bayang naghihintay sa pagdating ng Mesias bilang katuparan at kaluwalhatian ng kanilang pagiging isang bansa. Ngunit ang bansang iyon ay tumanggi sa Kanyang makapagbibigay sana sa kanila ng buhay, at pinili ang ibang lider, na ang paghahari ay magwawakas sa kamatayan. Sinikap niyang dalhin sa pakinig nila na tanging ang pagsisisi ang makapagliligtas sa bansang Judio sa darating na pagkawasak. Inilantad niya ang kanilang kawalang muwang sa kahulugan ng mga Kasulatan na kanilang ipinagmamalaki at niluluwalhati bilang kanilang nauunawaan. Sinansala niya ang kanilang kamunduhan, ang pag-ibig sa tungkulin, titulo, at displey, at di mapigil na pagkamakasarili. {AGA 188.1}

Sa kapangyarihan ng Espiritu, isinaysay ni Pablo ang kanyang kahanga-hangang pagkahikayat at pagtitiwala sa Lumang Tipan, na lubusang natupad kay Jesus ng Nasaret. Ang pagsasalita niya ay may banal na kataimtiman, at ang mga nakikinig sa kanya ay namalas ang kanyang buong pusong pagmamahal sa Tagapagligtas na ipinako at muling nabuhay. Nakita nila kung paanong ang kanyang isipan ay nakasentro kay Kristo, na ang buong buhay niya ay nakatali sa kanyang Panginoon. Gayon kabigat ang kanyang mga salita, na tanging silang may pinakamapait na muhi sa relihiyong Kristiano ang maaaring tumayong hindi nakikilos. {AGA 188.2}

Ngunit ang mga Judio sa Corinto ay nagpinid ng kanilang mga mata sa katibayang malinaw na ipinakita ng apostol, at tumangging makinig sa kanyang pagsamo. Ang diwang umakay sa kanilang tanggihan si Kristo, ang nagpuno ng galit laban sa Kanyang lingkod; at kung hindi siya tanging iningatan ng Dios upang makapagpatuloy sa pagdadala ng pabalita ng ebanghelyo sa mga Gentil, sana ay napatay nila siya. {AGA 188.3}

“At nang sila’y magsitutol at magsipamusong, ay ipinagpag niya ang kanyang kasuotan, at sa kanila’y sinabi, Ang inyong dugo’y sumainyong sariling mga ulo: ako’y malinis, buhat ngayo’y paroroon ako sa mga Gentil. At siya’y umalis doon, at pumasok sa bahay ng isang lalaking nagngangalang Tito Justo, na isang sumasamba sa Dios, na ang bahay niya’y karugtong ng sinagoga.” {AGA 188.4}

Si Silas at Timoteo ay “dumating mula sa Macedonia” upang tumulong kay Pablo, at magkakasamang gumawa para sa mga Gentil. Sa mga Gentil at mga Judio, ipinangaral ni Pablo at kanyang mga kasama si Kristo bilang Tagapagligtas ng taong nagkasala. Iniwasan

ang mga masalimuot, at wala sa paksang pangangatuwiran, ang mga mensahero ng krus ay nagsalita tungkol sa mga katangian ng Manlalalang ng sanlibutan, ang Hari ng sansinukob. Sa pusong nagniningas sa pag-ibig sa Dios at sa Kanyang Anak, nananawagan sila sa mga Gendl na masdan ang walang sukat na sakripisyong ginawa para sa tao. Alam nila kung silang matagal nang kakapa-kapa sa dilim ng paganismo, ay makakakita ng liwanag mula sa krus ng Kalbaryo, sila ay maaakit sa Manunubos. “Ako, kung Ako’y mataas na,” pahayag ng Tagapagligtas, “ay aakit ng lahat ng tao sa Alan.” Juan 12:32. {AGA 189.1}

Ang mga manggagawa ng ebanghelyo sa Corinto ay nakadama ng kalunos-lunos na panganib na nakabanta sa kanilang pinaglilingkuran; at may pagkadama ng kapanagutang iniharap nila sa kanila ang katotohanang na kay Jesus. Maliwanag, payak, at tiyak ang kanilang pabalita—may lasa ng buhay sa buhay, o kamatayan sa kamatayan. At hindi lamang sa kanilang mga pagsasalita, kundi sa kanilang buhay sa bawat araw, na ang ebanghelyo ay ipinangaral. Mga anghel ay nakipagtulungan sa kanila, at ang biyaya at kapangyarihan ng Dios ay nahayag sa pagkahikayat ng marami. “At si Crispo, na pinuno sa sinagoga, ay nanampalataya sa Panginoon pati ng buong sambahayan niya; at marami sa taga Corinto na sa pakikinig ay nagsisampalataya, at pawang nangabautismuhan.” {AGA 189.2}

Ang muhi ng mga Judio sa mga apostol ay lalo pang nag-init. Ang pagkahikayat at bautismo ni Crispo ay nakainis sa halip na nagpaniwala sa mga lumalabang ito na matitigas ang ulo. Wala silang maiharap na argumento laban sa pangangaral ni Pablo; at sa kakulangan ng katibayan, sila ay gumawa ng panlilinlang at matinding pag-atake. Namusong sila laban sa ebanghelyo at sa pangalan ni Jesus. Sa bulag nilang pagkagalit, walang salitang napakapait, walang pakanang napakababa ang di nila gagamitin. Hindi nila matanggihang si Kristo ay nagsagawa ng mga milagro; ngunit sinabi nilang ang mga ito ay sa kapangyarihan ni Satanas; at may katapangang sinabi nilang ang mga kahanga-hangang ginawa ni Pablo ay mula din sa gayong kapangyarihan. {AGA 189.3}

Bagama’t si Pablo ay nagtagumpay sa Corinto, ang nakita at nadinig niyang kasamaan sa masamang siyudad na ito ay halos nagpahina ng kanyang loob. Ang mababang kabuhayan ng mga Gentil, ang paglibak at aglahing tinanggap niya sa mga Judio, ay nagbigay sa kanya ng dakilang bagabag ng diwa. Nag-alinlangan siya sa karunungan ng pagtatayo ng iglesia mula sa mga materyales na nasumpungan niya roon. {AGA 190.1}

Sa pagpapanukala niyang umalis upang tumungo sa isang bukirang may mas magandang pangako, at sa pagsisikap na maunawaan pa ang kanyang tungkulin, ang Panginoon ay napakita sa kanya sa pangitain at nagwika, “Huwag kang matakot, kundi mangusap ka, huwag kang manahimik: sapagkat Ako’y kasama mo, at walang sinumang taong sasakit sa iyo: sapagkat marami Akong bayan sa siyudad na ito.” Naunawaan ito ni Pablo bilang isang utos upang manatili sa Corinto, at isang garantiya na ang Panginoon ang magkakaloob ng

pakinabang sa binhing naitanim. Napalakas at napasigla, nagpatuloy siya sa paggawang may sigasig at pagtitiyaga. {AGA 190.2}

Ang mga pagsisikap ng mga apostol ay hindi lamang sa pagsasalita sa publiko; marami ang hindi maaabot sa pamamagitan nito. Malaking panahon ang ginugol niya sa paggawang bahay-bahay, at sa ganito ay ginamit ang pagkakataong makikilala ang mga tao sa kanilang sambahayan. Dinalaw niya ang mga maysakit at nalulumbay, pinaginhawa ang nagdurusa, at itinaas ang mga duhagi. At sa lahat ng kanyang sinabi at ginawa, pinarangalan niya ang pangalan ni Jesus. Sa ganito ay gumawa siya, "sa kahinaan, at sa takot, at panginginig." 1 Corinto 2:3. Nanginig siyang ang kanyang pagtuturo ay magkaroon ng anyo ng tao sa halip ng sa Dios. {AGA 190.3}

"Gayunman ay nagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang," pinahayag pagkatapos ni Pablo; "bagaman hindi ng karunungan ng sanlibutang ito, o ng mga may kapangyarihan sa sanlibutang ito, na ang mga ito ay nangauuwi sa wala: kundi sinasalita namin ang karunungan ng Dios sa hiwaga, yaong karunungan na itinalaga ng Dios, bago nilalang ang mga sanlibutan sa ikaluluwalhati natin: na hindi napagkilala ng sinumang pinuno sa sanlibutang ito: sapagkat kung nakikilala sana nila, hindi sana nila ipinako ang Panginoon ng kaluwalhadan. Datapuwat gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na di nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anumang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nagsisiibig sa Kanya. Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu: sapagkat nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios. Sapagkat sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao na nasa kanya? gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinuman, maliban na ng Espiritu ng Dios. {AGA 190.4}

"Ngunit ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanlibutan, kundi ang espiritung mula sa Dios; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios. Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios." 1 Corinto 2:6-13. {AGA 191.1}

Nadama ni Pablo na ang kasapatan niya ay wala sa sarili, kundi sa presensya ng Banal na Espiritu, na ang mabiyayang impluwensya ay pumupuspos sa puso, na ang lahat ay ipinapasakop kay Kristo. Lagi niyang sinasabing "taglay niya sa kanyang katawan ang kamatayan ng Panginoong Jesus, upang ang buhay naman ni Jesus ay mahayag sa ating mga katawan." 2 Corinto 4:10. Sa mga turo ng apostol, si Kristo ang sentrong tauhan. "Ako'y nabubuhay," kanyang sinabi, "ngunit hindi ako, kundi si Kristo ang nabubuhay sa loob ko." Galacia 2:20. Ang sarili ay natago; si Kristo ang nalantad at nataas. {AGA 191.2}

Si Pablo ay mahusay na tagapagsalita. Bago siya nahikayat, madalas na sinikap niyang kunin ang paghanga ng nakikinig sa pamamagitan ng talumpati. Ngunit ngayon ay inilagay niya ito sa isang tabi. Sa halip na matulaing pagsasalita at mga kathang isip na magpapasaya at magpapasikat sa isipan ngunit walang bisa sa kabuhayan, sinikap ni Pablo na gumamit ng mga simpleng pananalita upang dalhin sa puso ang mga katotohanang may malaking halaga. Ang nakahahalinang interpretasyon ay maaring gumayuma sa damdamin; ngunit kadalasang ang katotohanang inihaharap sa pamamagitan nito ay hindi nagkakaloob ng pagkaing kailangan upang mapalakas ang mananampalataya sa mga pakikibaka sa buhay. Ang mga madaliang pangangailangan, ang mga kasalukuyang pagsubok, ng kaluluwang nakikipagpunyagi— ang mga ito ay dapat harapin, sa pamamagitan ng mga simulaing maliwanag, at praktikal ukol sa buhay Kristiano. {AGA 191.3}

Ang mga pagsisikap ni Pablo sa Corinto ay nagbunga. Marami ang bumalikwas mula sa pagsamba sa mga diyos upang maglingkod sa buhay na Dios, at isang malaking iglesia ang natala sa ilalim ng bandila ni Kristo. Ang ilan ay sinagip mula sa pinakasalantang Gentil at naging mga bantayog ng kahabagan ng Dios at ng bisa ng dugo ni Kristo upang maglinis ng kasalanan. {AGA 191.4}

Ang dagdag na tagumpay ni Pablo sa pangangaral tungkol kay Kristo, ay lalong nagpainit sa mga Judio na ayaw manampalataya upang usigin siya. Nagkakaisang bumangon sila, at “inusig si Pablo at dinala ito sa harapan ng hukuman ni Galio na prokonsul ng Achaia. Inasahan nilang tulad sa nakaraan ang maykapangyarihan ay papanig sa kanila; at sa malakas at galit na tinig ay nagbintang sila laban sa apostol, na nagsasabi, “Ang taong ito ay nag-aakit sa mga bayang sumamba sa Dios na labag sa kautusan.” {AGA 192.1}

Ang relihiyong Judio ay nasa ilalim ng pag-iingat ng kapangyarihan ng Roma, at inakala ng mga nagbibintang kay Pablo na malakas ang kanilang paratang na ito’y lumalabag sa mga batas ng kanilang relihiyon, at sa gayon ay ipagkakatiwala sa kanila upang kanilang litisin at hatulan. Sa ganito ay inakala nilang ito ay kanilang maipapapatay. Ngunit si Galio ay lalaking may integridad, at tumangging padala sa katusuhan ng mga Judio na naiinggit, at nag-iintriga. Sa pagkarimarim sa kanilang pagkapanatiko at pag-aaring ganap, hindi niya pinansin ang paratang. Nang magsasalita na si Pablo bilang pagtatanggol niya, sinabi ni Galio na hindi na ito kailangan. Pagbaling sa mga galit na nagpaparatang, sinabi niya, “Kung ito’y tunay na masamang gawa o mabigat na kasalanan, O mga Judio, may matuwid na tiisin ko kayo: datapuwat kung mga pagtatalo sa mga salita at mga pangalan, at sa inyong sariling kautusan, kayo sa inyong sarili na ang bahala noon; ayaw kong maging hukom sa mga bagay na ito. At sila’y pinalayas niya sa hukuman.” {AGA 192.2}

Ang mga Judio at Griyego ay kapwa sabik na naghintay sa magiging pasya ni Galio; at ang agad na pagwawalang bahala sa kaso, bilang walang kabuluhan sa interes ng madia, ay naging tanda para sa mga Judio na umatras, nagugulumihanan at nagagalit. Ang pasiya ng

prokonsul ang nagbukas sa paningin ng karamihan na sumusuporta sa mga Judio. Sa kaunaunahang pagkakataon sa paggawa ni Pablo sa Europa, ang karamihan ay pumanig sa kanya; sa pagmasid ng prokonsul, at walang hadlang mula sa kanya, kanilang marahas na hinarap ang mga pangunahing nagbintang sa apostol. “At hinawakan nila si Sosthenes na pinuno ng sinagoga, at siya’y hinampas sa harapan ng hukuman. At hindi man lamang pinansin ni Galio ang mga bagay na ito.” Sa ganito ay nagtamo ang Kristianismo ng natatanging tagumpay. {AGA 192.3}

“Pagkatapos nito, si Pablo ay nanatili pa roong maraming araw.” Kung ang apostol ay napilitang umalis sa Corinto sa panahong ito, ang mga nahikayat sa pananampalataya ay nalagay sana sa mapanganib na posisyon. Ang mga Judio ay nakagawa sana ng pagsisikap na samantalahin ang biglang paglisan ni Pablo, at marahil ay nalipol ang mga Kristiano sa rehiyong iyon. {AGA 193.1}

Kapitulo 26 – Mga Sulat sa Tesalonica

Ang pagdating ni Silas at Timoteo mula sa Macedonia, sa panahon ng pamamalagi ni Pablo sa Corinto, ay tunay na nagpasigla sa apostol. Taglay nila ang “mabuting balita” ng “pananampalataya at kagandahang loob” nilang tumanggap sa katotohanan sa panahon ng unang pagdalaw ng mga mensahero ng ebanghelyo sa Tesalonica. Ang puso ni Pablo ay tunay na naluha sa mga mananampalatayang ito na sa harap ng mga pagsubok at kahirapan, ay nanatiling tapat sa Dios. Nanabik siyang muli silang madalaw na personal, at sapagkat ito ay hindi magagawa, ay sinulatan na lamang niya. {AGA 194.1}

Sa liham na ito sa iglesia sa Tesalonica ang apostol ay nagpahayag ng pasasalamat sa Dios sa masiglang balita ng paglago ng kanilang pananampalataya. “Mga kapatid,” kanyang sinulat, “dahil dito’y nangaaliw kami tungkol sa inyo sa pamamagitan ng inyong pananampalataya sa lahat naming kagipitan at kapighatian: sapagkat ngayo’y nangabubuhay kami, kung kayo’y nangamamalaging matibay sa Panginoon. Sapagkat ano ngang pagpapasalamat ang aming muling maibibigay sa Dios dahil sa inyo, dahil sa buong kagalakan na aming ikinagalak dahil sa inyo sa harapan ng aming Dios; gabi at araw ay idinadalangin naming buong ningas na aming makita ang inyong mukha, at aming malubos ang inyong pananampalataya?” “Nangagpapasalamat kaming lagi sa Dios dahil sa inyong lahat, na aming binabanggit kayo sa aming mga dalangin; na aming inaalalang walang patid sa harapan ng ating Dios at Ama, ang inyong mga gawa sa pananampalataya at pagpapagal sa pag-ibig, at pagtitiis sa pag-asa sa ating Panginoongjesu-Cristo, sa paningin ng Dios at ating Ama.” Maraming mananampalataya sa Tesalonica ang “umalis sa mga diyus-diyusan upang maglingkod sa buhay at tunay na Dios.” “Tinanggap nila ang salita na may malaking kapighatian;” at ang kanilang mga puso ay napuspos ng “kagalakan ng Banal na Espiritu.” Inihayag ng apostol na sa kanilang pagtatapat sa pagsunod sa Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Sulat sa Mga Taga Tesalonica. Panginoon, sila ay naging “halimbawa sa lahat ng mananampalataya sa Macedonia at Achaia.” Ang mga salitang ito ng papuri ay marapat lamang; “sapagkat mula sa inyo,” kanyang sinulat, “ay nadinig ang salita ng Panginoon hindi lamang sa Macedonia at Achaia, kundi sa bawat dakong ang inyong pananampalataya sa Dios ay naikalat.” {AGA 194.2}

Ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay tunay na mga misyonero. Ang kanilang mga puso ay nag-alab sa sigasig para sa kanilang Tagapagligtas, na nag-alis sa kanila sa pagkatakot sa “galit na darating.” Sa biyaya ni Kristo, isang kahanga-hangang pagbabago ang naganap sa kanilang mga buhay; at ang salita ng Panginoon na kanilang inihayag ay naging makapangyarihan. Mga puso ay naakit sa mga katotohanang inilahad, at mga tao ay nadagdag sa bilang ng mananampalataya. {AGA 195.1}

Sa unang sulat, binanggit ni Pablo ang ganitong paggawa ng mga taga Tesalonica. Sinabi niya kung paanong hindi siya umakit ng tao sa pamamagitan ng daya o linlang. “Kundi kung paanong kami’y minarapat ng Dios upang pagkatiwalaan kami ng ebanghelyo, ay gayon din namin sinasalita; hindi gaya ng nangagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa Dios, na sumusubok ng aming mga puso. Sapagkat hindi kami nasusumpungang nagsisigamit kailanman ng mga salitang paimbabaw, gaya ng nalalaman ninyo, ni ng balabal man ng kasakiman; saksi ang Dios: ni nagsihanap man sa mga tao ng kapurihan, ni sa inyo man, ni sa mga iba man, nang maaaring magsigamit kami ng kapamahalaan gaya ng mga apostol ni Kristo. Kundi kami ay nangagpapakalumanay sa gitna ninyo, na gaya ng isang sisiwa pagka inaamo-amo ang kanyang sariling anak: gayon din kami, palibhasa’y may magiliw na pagibig sa inyo, ay kinalugdan naming kayo’y bahaginan, hindi lamang ng ebanghelyo ng Dios, kundi naman ng aming sariling mga kaluluwa, sapagkat kayo’y naging lalong mahal sa amin.” {AGA 195.2}

“Kayo’y mga saksi, at ang Dios man,” ang apostol ay nagpatuloy, “kung gaanong pagkabanal at pagkamatuwid at pagkawalang kapintasan ang inugali namin sa inyong nagsisampalataya: gaya ng inyong nalalaman na inugali namin sa bawat isa sa inyo, na gaya ng isang ama sa kanyang sariling mga anak, na kayo’y inaaralan at pinalalakas ang loob ninyo, at nagpapatotoo, upang kayo’y magsilakad ng nararapat sa Dios, na siyang tumawag sa inyo sa Kanyang sariling kaharian at kaluwalhatian. {AGA 195.3}

“At dahil naman dito kami ay nangagpapasalamat na walang patid sa Dios, na nang inyong tanggapin sa amin ang salita na ipinangaral, samakatuwid haga’y ang salita ng Dios, ay inyong tinanggap na hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na gumagawa naman sa inyo na nagsisisampalataya.” “Sapagkat ano ang aming pag-asa, o katuwaan, o putong na ipinagmamapuri? Hindi baga kayo rin sa harapan ng ating Panginoong Jesu-Cristo sa Kanyang pagparito? Sapagkat kayo ang aming kaluwalhatian at aming katuwaan.” {AGA 196.1}

Sa kanyang unang sulat sa mananampalataya sa Tesalonica, sinikap ni Pablo na turuan sila tungkol sa tunay na kalagayan ng mga patay. Sinabi niya ang tungkol sa namamatay bilang natutulog—sa isang kalagayang walang malay: “Hindi ko nais na kayo ay hindi makaalam, mga kapatid, tungkol sa kanilang nangatutulog, tulad ng iba na walang pag-asa, upang huwag kayong mangalumbay, katulad ng iba na walang pag-asa. Sapagkat kung tayo’y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay mag-uli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama Niya.... Sapagkat ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, may tinig ng Arkanghel, at may trumpeta ng Dios: at ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli: kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap,

upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailanman." {AGA 196.2}

Masiglang tinanggap ng mga taga Tesalonica ang katotohanang si Kristo ay darating upang baguhin ang mga tapat na matitirang buhay, upang isama sa Kanya. Masinop na iningatan nila ang buhay ng kanilang mga kaibigan, upang di ito mangamatay, at mawalan ng pagpapalang inaasahang tatanggapin sa pagdating ng Panginoon. Ngunit isa-isa na ang mga mahal na ito ay nangamatay; at may kapaitang sa huling pagkakataon ay minamasdan ng mga taga Tesalonica ang mga mukha ng kanilang namamatay na mga kaibigan, na sa akala ay wala nang pag-asa pang makitang muli sa hinaharap na buhay. {AGA 196.3}

Nang buksan at basahin nila ang sulat ni Pablo, malaking kaga-lakan at kaaliwan ang dumating sa iglesia sa mga salitang naghahayag ng tunay na kalagayan ng mga patay. Ipinakita ni Pablo na silang aabutang buhay sa pagdating ni Kristo ay hindi mauunang sasalubong sa Panginoon sa mga natulog na kay Jesus. Ang tinig ng Arkanghel at ang trumpeta ng Dios ang gigising sa mga natutulog na ito, at ang nangamatay kay Kristo ay unang mabubuhay, bago ipagkaloob ang imortalidad sa kanilang buhay na aabutan. "Sa gayon tayong nangabubuhay na natitira ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at tayo ay sasa Panginoon magpakailanman. Magaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." {AGA 196.4}

Ang pag-asa at kagalakang idinulot ng mga salitang ito sa batang iglesia sa Tesalonica ay halos di natin maunawaan. Sila ay nanampalataya at nagmahal sa sulat na ito mula sa ama ng ebanghelyo, at labis nila siyang minahal. Dati ay nasabi na ito sa kanila; ngunit sa panahong iyon ang kanilang mga puso at isipan ay nagsisikap na manghawakan sa mga bago at kakaiba; at di nakapagtatakang may mga puntong ang puwersa ay hindi nila lubos na nakita. Ngunit sila ay gutom sa katotohanan, at ang liham ni Pablo ay nagbigay sa kanila ng bagong pag-asa at lakas, at lalong matatag na pananampalataya, at lalong malalim na pag-ibig sa Kanya na sa kamatayan ay naghatid ng liwanag sa buhay at imortalidad. {AGA 197.1}

Ngayon ay nagdiwang sila sa pagkaalam na ang mga kaibigang kapanampalataya na nangamatay na ay ibabangong muli sa libingan upang mabuhay na kasama nila sa walang hanggan sa kaharian ng Dios. Ang kadilimang lumambong sa pahingahan ng mga patay ay naitaboy. Isang bagong kagandahan ang naging putong ng pananampalatayang Kristiano, at nakita nila ang isang bagong luwalhati sa buhay, kamatayan, at pagkabuhay mag-uli ni Kristo. {AGA 197.2}

"At gayon din naman silang natutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama Niya," sulat ni Pablo. Marami ang nag-isip na ang talatang ito ay nangangahulugan na ang mga natutulog ay isasama ni Kristo sa langit; ngunit ang kahulugan ng salita ni Pablo ay kung paanong si Kristo ay bumangon sa mga patay, gayon din ay tatawagan ng Dios ang mga

natutulog na banal mula sa mga libingan, at dadalhing kasama Niya sa langit. Anong mahal na pampalubag loob! maluwalhating pag-asa! hindi lamang sa iglesia sa Tesalonica, kundi sa lahat ng Kristiano saan man sila naroroon. {AGA 197.3}

Samantalang gumagawa sa Tesalonica, lubusang tinalakay ni Pablo ang paksa ng mga tanda ng kapanahunan, at ipinakita ang mga pangyayaring magaganap bago ang pagpapakita ng Anak ng tao sa mga alapaap ng langit, anupa't hindi na niya inisip na kailangang pang habaan ang pagsulat tungkol sa bagay na ito. Gayon pa man, kanyang tinukoy ang mga dating turo, "Tungkol sa mga panahon," kanyang sinabi, "ay hindi na kailangang isulat ko pa sa inyo. Sapagkat alain ninyong lahat na ang pagdating ng araw ng Panginoon ay tulad sa magnanakaw sa _gabi. Sapagkat kapag kanilang sasabihin, Kapayapaan at kapanatagan; ay darating ang biglang pagkawasak sa kanila." {AGA 197.4}

Sa sanlibutan ngayon ay marami ang nagpipikit ng mga mata sa mga katibayang kaloob ni Kristo upang babalaan ang tao sa Kanyang pagdating. Sinisikap nilang patahimikin ang lahat ng pangamba, kasabay ng mga tandang mabilis na natutupad, at ang mundo ay mabilis na lumalapit sa panahong ang Anak ng tao ay mahahayag sa mga alapaap ng langit. Itinuturo ni Pablo na kasalanan ang magtakwil sa mga tandang ito na magaganap bago dumating sa ikalawa si Kristo. Silang magpapabaya dito ay tinatawag niyang mga anak ng kadiliman at ng gabi. Pinasisigla niya tayo na magbantay at maging gising: "Datapuwat, kayo mga kapatid, ay wala sa kadiliman, anupa't ang araw ay dumating sa inyo tulad ng isang magnanakaw. Kayo ay mga anak ng kaliwanagan at ng araw: hindi tayo ng gabi, o ng kadiliman man. Kung magkagayon ay di tayo dapat mangatulog, gaya ng iba; kundi maging mapagbantay at mapagpigil." {AGA 198.1}

Lalong mahalaga sa iglesia sa ating kapanahunan ang mga turo ng apostol sa puntong ito. Sa kanilang nabubuhay na napakalapit sa dakilang katuparan, ang mga salita ni Pablo ay dapat dumating na may kakaibang puwersa: "Datapuwat, palibhasa'y mga anak tayo ng araw, mangagpigil tayo, na isuot ang baluti ng pananampalataya at ng pag-ibig; at ang maging turbante ay ang pag-asa ng kaligtasan. Sapagkat tayo'y hindi tinalaga ng Dios sa galit, kundi sa pagtatamo ng pagkaligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na namatay dahil sa atin, upang tayo, sa gising o tulog man, ay mangabuhay tayong kasama Niya." {AGA 198.2}

Ang nagbabantay na Kristiano ay Kristianong gumagawa, maningas na sinisikap na gawin ang lahat sa kanyang kapangyarihan na pasulungin ang ebanghelyo. Sa paglago ng pag-ibig sa Manunubos, gayon din ang pag-ibig sa kapwa. Magkakaroon siya ng mahigpit na pagsubok, tulad ng kanyang Panginoon; ngunit hindi niya tutulutang ang mga kapighatian ay magpaasim ng kanyang ugali o magwasak ng kapayapaan ng isip. Alam niyang kung ang mga pagsubok ay haharaping mainam, ang mga ito ay dadalisay at pipino sa kanya, at maghahatid sa kanya sa lalong malapit na pakikisama kay Kristo. Silang kabahagi ng mga

pagdurusa ni Kristo ay magiging kabahagi rin sa Kanyang kaginhawahan at sa wakas sa Kanyang kaluwalhatian. {AGA 198.3}

“Datapuwat ipinamamanhik namin sa inyo mga kapatid,” pinagpatuloy ni Pablo ang kanyang sulat sa mga taga Tesanolica, “na inyong kilalanin ang mga nangagpapagal sa inyo, at nangamumuno sa inyo sa Panginoon, at nangagpapaalaala sa inyo; at inyong lubos na pakamahalin sila sa pag-ibig, dahil sa kanilang gawa. Magkaroon kayo-kayo ng kapayapaan.” {AGA 199.1}

Ang mga mananampalatayang taga Tesalonica ay lubos na nabagabag ng mga lalaking may mga isipan at doktrinang panatiko. Ang ilan ay “manggugulo, na wala namang ginagawa...kundi nagsasabog ng tsismis.” Ang iglesia ay naitatag na mainam, mga namumuno ay nahirang bilang mga ministro at diakono. Ngunit mayroong ilan na may sariling isip at mapusok, na tumatangging pasailalim sa kanilang nasa katungkulan sa iglesia. Hindi lamang nila inaangkin ang pansariling paghatol, kundi hayagan pang ipinipilit nila ang kanilang isipan sa iglesia. Dahil dito, tinawag ni Pablo ang pansin ng taga Tesalonica na igalang at pahalagahan silang napili upang humawak ng mga tungkulin ng otoridad sa iglesia. {AGA 199.2}

Sa kanyang marubdob na hangaring ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay makalakad sa pagkatakot sa Dios, si Pablo ay nanawagan sa kanila na mabuhay na may kabanalan. “Kayo’y aming pinamamanhikan,” kanyang sinulat, “at inaaralan sa Panginoong Jesus, na ayon sa tinanggap ninyo sa amin, na kung paanong kayo’y dapat magsilakad at mangagbigay lugod sa Dios, na gaya ng inyong paglakad, upang kayo’y magsipanaganang higit at higit. Sapagkat talastas ninyo kung anong mga tagubilin ang ibinigay namin sa inyo sa pamamagitan ng Panginoong Jesus. Sapagkat ito ang kalooban ng Dios, samakatuwid baga’y ang inyong pagpapakabanal; na kayo’y magsiilag sa pakikiapid.” “Sapagkat tayo’y tinawag ng Dios hindi sa ikarurumi, kundi sa pagpapakabanal.” {AGA 199.3}

Nadama ng apostol na sa kalakhang bahagi siya ay may kapanagutan sa kapanutuhang espirituwal ng mga nahikayat sa kanyang paggawa. Ang naisin niya para sa kanila ay magsilago sila sa pagkakilala sa tanging tunay na Dios, at kay Jesu-Cristo, na Kanyang isinugo. Madalas sa kanyang gawain, naldldpagtagpo siya sa maliliit na pulutong ng mga lalaki at babaeng nagmamahal kay Jesus, at nananalanging kasama nila, na hinihiling sa Dios na turuan silang magkaroon ng buhay na may kaugnayan sa Kanya. Madalas na nagpayo siya sa kanila sa pinakamabuting paraan ng pagbibigay sa iba ng liwanag ng katotohanan ng ebanghelyo. At madalas din, kung hiwalay sa mga kasama sa gawain, ay sumasamo siya sa Dios na ingatan sila sa kasamaan, at tulungan silang maging masikap at masiglang mga misyonero. {AGA 199.4}

Isa sa matibay na katibayan ng tunay na pagkahikayat ay ang pagibig sa Dios at sa kapwa tao. Silang tatanggap kay Jesus bilang kanilang Manunubos ay mayroong malalim at taimtim na pagmamahal sa iba tulad ng mahalagang pananampalataya. At ganito nga sa mga mananampalataya sa Tesalonica. “Datapuwat tungkol sa pag-iibigang kapatid,” sinulat ni Pablo, “ay hindi ninyo kailangan na kayo’y sulatan ng sinuman: sapagkat kayo rin ay tinuruan ng Dios na mangagibigan sa isa’t isa, sapagkat katotohanang ginagawa ninyo ang gayon sa lahat ng kapatid na nangasa Macedonia: ngunit aming iniaaral sa inyo, mga kapatid, na kayo’y lalo’t lalong magsipanagana; at pagaralan ninyong maging matahimik, at gawin ang inyong sariling gawain, at kayo’y mangagpagal ng inyong sariling mga kamay, na gaya ng aming ipinagbilin sa inyo; upang kayo’y magsilakad ng nararapat sa nangasa labas, at huwag kayong maging mapagkailangan.” {AGA 200.1}

“At kayo’y palaguin at pasaganain ng Panginoon sa pag-ibig sa isa’t isa, at sa lahat ng mga tao, na gaya naman ng amin sa inyo: upang patibayin Niya ang inyong mga puso, na walang maipipintas sa kabanalan sa harapan ng ating Dios at Ama, sa pagparito ng ating Panginoong Jesus na kasama ng Kanyang lahat na mga banal.” {AGA 200.2}

“Aming ipinamamanhik sa inyo mga kapatid, na inyong paalalahanan ang mga manggugulo, palakasin ang mahihinang loob, alalayan ang mahihina, at maging mapagpahinuhod kayo sa lahat. Tingnan nga ninyo na huwag gumanti ang sinuman ng masama sa masama; ngunit sundin ninyong lagi ang mabuti, ang isa’y sa iba, at sa lahat. Mangagalak kayong lagi. Magsipanalangin kayong walang patid. Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo: sapagkat ito ang kalooban ng Dios kay Kristo tungkol sa inyo.” {AGA 200.3}

Pinayuhan ni Pablo ang mga taga Tesalonica na huwag aglahiin ang kaloob ng propesiya, at sa mga salitang, “Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu; huwag ninyong hamakin ang pagpropropesiya; subukin ninyo ang lahat ng mga bagay; ingatan ninyo ang mabuti,” nagpayo siya ng maingat na pagsusuri upang makita ang pagkakaiba ng huwad sa tunay. Nagpayo siya sa kanila, “Layuan ninyo ang bawat anyo ng masama;” at tinapos ang kanyang liham sa panalanging ang Dios ang magpapabanal sa kanila nang lubusan, upang sa “espiritu, at kaluluwa at katawan” ay “ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Tapat yaong sa inyo ay tumatawag, na gagawa rin naman nito.” {AGA 200.4}

Ang turong ipinadala ni Pablo sa Tesalonica sa unang pagliham tungkol sa ikalawang pagparito ni Kristo ay katugma ng kanyang mga unang aral. Ngunit ang kanyang mga salita ay maling naunawaan ng ilang mga kapatid sa Tesalonica. Akala nila ay nagpapahayag si Pablo ng sariling pag-asang makikita niyang buhay ang pagdating ng Tagapagligtas. Ang paniniwalang ‘ ito ay nagpadagdag ng kanilang sigla at sigasig. Silang dati ay naging pabaya

sa mga kapanagutan, ngayon ay naging maigting sa paglalahad ng kanilang maling paniniwala. {AGA 201.1}

Sa ikalawang pagliham, sinikap ni Pablo na ituwid ang maling pagkaunawang ito ng kanyang aral, at iniharap sa kanila ang tunay na kalagayan. Muli ay ipinahayag niya ang kanyang pagtitiwala sa kanilang katapatan, at ang kanyang pagpapasalamat sa malakas nilang pananampalataya, at ang pananagana ng kanilang pag-ibig sa isa't isa para sa gawain ng kanilang Panginoon. Sinabi niya sa kanila ang pagbibigay niya ng kanilang halimbawa sa ibang mga iglesia, ang kanilang pagtitiis, pananampalatayang tumatayong matapang sa mga pag-uusig at kahirapan; at inakay niya ang kanilang mga isipan sa panahong si Kristo ay darating sa ikalawa, na ang bayan ng Dios ay mamamahinga sa lahat ng kanilang kaabalahan at bagabag. {AGA 201.2}

"Anupa't kami sa aming sarili," kanyang sinulat, "ay nangagkakapuri sa inyo sa mga iglesia ng Dios dahil sa inyong pagtitiis at pananampalataya sa lahat ng mga pag-uusig sa inyo at sa mga kapighatiang inyong tinitiis:...at kayong mga pinighati ay bigyang kasama namin ng kapahingahan sa pagpapahayag ng Panginoong Jesus mula sa langit na kasama ang mga anghel ng kanyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy, na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Dios, at sa kanila na hindi nagsisitalima sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesus: na siyang tatanggap ng kaparusahan na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon, at mula sa kaluwalhatian ng Kanyang kapangyarihan.... Dahil dito ay lagi naming idinadalangin kayo, upang kayo'y ariing karapat-dapat ng ating Dios sa pagkatawag sa inyo, at ganaping may kapangyarihan ang bawat nais sa kabutihan at gawa ng pananampalataya; upang ang pangalan ng ating Panginoong Jesus ay luwalhatiin sa inyo, at kayo'y sa Kanya, ayon sa biyaya ng ating Dios at ng Panginoong JesuCristo." {AGA 201.3}

Datapuwat bago dumating si Kristo, magaganap sa daigdig ng relihiyon ang mahalagang pangyayaring sinabi sa propesiya. Inihayag ng apostol: "Huwag kayong madaling makilos sa inyong pag-iisip, at huwag din naman kayong mabagabag, maging sa pamamagitan man ng espiritu, o sa pamamagitan ng salita, o sa pamamagitan ng sulat na waring galing sa amin, na wari bagang nalalapit na ang kaarawan ng Panginoon. Huwag kayong padaya kaninuman sa anumang paraan: sapagkat ito'y hindi darating, maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas; at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan, na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios, o sinasamba; anupa't siya'y nauupo sa templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag sa kanyang sarili na tulad sa Dios." {AGA 202.1}

Ang mga salita ni Pablo ay di dapat bigyan ng maling kahulugan. Hindi ito dapat iturong siya, sa tanging pagpapahayag ng Dios, ay nagbabala sa mga taga Tesalonica ng madaliang pagbabalik ni Kristo. Ang ganitong turo ay magbibigay kaguluhan sa pananampalataya; sapagkat ang pagkabigo ay madalas na nagdadala ng kawalang pananampalataya. Ang

apostol kung gayon ay nagbigay babala sa kapatiran na huwag tanggapin ang ganitong balita na galing sa kanya; at nagpatuloy siyang idiin ang katunayan na ang kapangyarihan ng kapapahan, na malinaw na inilahad ni propeta Daniel, ay babangon, at makikipagbaka sa bayan ng Dios. Hanggang ang kapangyarihang ito ay makagawa ng nakamamatay at namumusong na gawain, walang kabuluhang ang iglesia ay tatanaw sa pagdating ng Panginoon. “Hindi ba ninyo naaalaala, na nang ako ay kasama pa ninyo ay sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito?” {AGA 202.2}

Kalunos-lunos ang mga pagsubok na dadaanan ng tunay na iglesia. Kahit na sa panahong ang propeta ay sumusulat, ang “hiwaga ng kasamaan” ay nagsisimula nang gumawa. Ang mga magaganap sa hinaharap ay magiging “gawain ni Satanas na buong kapangyarihan taglay ang mga tanda at kasinungalingan, at pandaraya ng kawalang katuwiran sa kanilang napapahamak.” {AGA 202.3}

Higit na maselan ay ang salita ng apostol tungkol sa kanilang tatangging tumanggap ng “pag-ibig sa katotohanan.” “Dahilan dito,” pahayag niya sa sadyang tatanggi sa mga pabalita ng katotohanan, “Ang Dios ay magsusugo sa kanila ng malakas na delusyon, na kanilang paniniwalaan ang kasinungalingan: upang silang lahat na ayaw maniwala sa katotohanan at nalulugod sa kasamaan ay mahatulan.” Hindi maaaring ang tao ay walang pakundangang tatanggi sa mga babala ng habag na padala sa kanila. Sa kanilang patuloy na magwawalang bahala sa mga babala ng Dios, aalisin ang Espiritu mula sa kanila, at sila’y maiiwan sa mga dayang kanilang minamahal. {AGA 203.1}

Sa ganito ay inihanay ni Pablo ang kalunos-lunos na paggawa ng kapangyarihan ng kasamaan na magpapatuloy sa mga daantaon ng kadiliman at pag-uusig, bago ang ikalawang pagdating ni Kristo. Ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay umasa sa madaliang kaligtasan; ngayon sila ay pinapayuhang matapang at may pagkatakot sa Dios na harapin ang gawain. Nagtagubilin ang apostol na huwag nilang pabayaan ang mga kapanagutan o maghintay na walang ginagawa. Matapos ang maningas na pag-asam ng madaliang kaligtasan, ang magiging gawain nila sa bawat araw ay doble ang hirap sa paningin. Kung kaya’t nagpayo siya tungkol sa katatagan sa pananampalataya: {AGA 203.2}

“Kaya nga mga kapatid, kayo’y mangagpakatibay, at inyong panghawakan ang mga aral na sa inyo’y itinuro, maging sa pamamagitan ng salita, o ng aming sulat. Ngayon ang ating Panginoong JesuCristo, at ang ating Dios na Ama, na sa amin ay umibig, at sa amin ay nagbigay ng walang hanggang kaaliwan at mabuting pag-asa sa pamamagitan ng biyaya, aliwin nawa ang inyong puso, at patibayin kayo sa bawat mabuting gawa at salita.” “At may pagtitiwala kami sa Panginoon tungkol sa inyo, na inyong ginagawa at gagawin naman ang mga bagay na aming iniuutos. At patnubayan nawa ng Panginoon ang inyong mga puso sa pag-ibig ng Dios, at sa pagtitiis ni Kristo.” {AGA 203.3}

Ang gawain ng mga mananampalataya ay kaloob ng Dios sa kanila. Sa kanilang tapat na pananatili sa katotohanan ay ibabahagi nila ang liwanag sa iba. Nagtagubilin ang apostol na huwag silang manghina sa paggawa ng mabuti, at ibinigay ang sariling halimbawa ng kasipagan sa hanapbuhay at walang pagod na sigasig sa gawain ni Kristo. Sinansala niya ang mga tamad at may siglang walang direksyon, at nagatas na "gumawang matahimik, at kumain ng sariling tinapay." Tinagubilinan din ang iglesia na ihiwalay sa samahan ang sinumang magpapatuloy na magwalang bahala sa mga tagubilin ng mga ministro ng Dios. "Gayunman," dagdag niya, "huwag siyang ituring na kaaway, kundi payuhang tulad sa isang kapatid." {AGA 203.4}

Ang sulat na ito ay winakasan ni Pablo sa isang dalangin upang sa gitna ng mga paggawa at pagsubok ang kapayapaan ng Dios at ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo ang maging kaaliwan at lakas. {AGA 204.1}

Kapitulo 27 – Si Apolos sq Corinto

Pag-alis sa Corinto, ang sumunod na bularan ni Pablo ay sa Efeso. Patungo siya sa Jerusalem, upang dumalo sa darating na pista; at ang kanyang pagtigil sa Efeso ay naging madali dahil sa pangangailangan. Naldpagkatuwiranan siya sa mga Judio sa sinagoga, at naging maganda ang impresyon sa kanila anupa't sumamo silang magpatuloy pang gumawa itong kasama nila. Ang panukalang pagtungo sa Jerusalem ang humadlang upang magtagal siya doon, ngunit nangakong magbabalik sa kanila, "kung loloobin ng Dios." Sumama sa kanya patungong Efeso si Aquila at Priscila, at ang mga ito ay iniwan doon upang ipagpatuloy ang gawaing sinimulan niya. {AGA 205.1}

Sa panahong ito, ang "isang Judio na nagngangalang Apolos, isinilang sa Alexandria, isang lalaking mahusay magsalita, at makapangyarihan sa Kasulatan, ang dumating sa Efeso." Napakinggan niya ang pangangaral ni Juan na Magbabautismo, tumanggap ng bautismo ng pagsisisi, at isang buhay na saksi na ang gawain ng propeta ay nagbunga. Ang tala ng Kasulatan ukol kay Apolos ay, "ang taong ito'y tinuruan sa daan ng Panginoon; at palibhasa'y may maningas na espiritu ay kanyang sinalita at itinurong maingat ang mga bagay na tungkol sa Panginoon, na ang naalaman lamang ay ang bautismo ni Juan." {AGA 205.2}

Samantalang nasa Efeso, si Apolos ay "nagpasimulang magsalita ng buong tapang sa sinagoga." Datapuwat nang siya'y marinig ni Priscila at Aquila, ay "kanilang isinama siya, at isinaysay sa kanya ang daan ng Dios ng lalong maingat." Sa pamamagitan ng kanilang mga aral kanyang nakamit ang mas malinaw na pagkaunawa ng mga Kasulatan, at naging isa sa mga tagapagtanggol ng pananampalatayang Kristiano. {AGA 205.3}

Nagnais si Apolos na magtungo sa Achaia, at ang kapatiran sa Efeso ay "sumulat, nagpapayo sa mga alagad na tanggapin siya" bilang isang gurong katugmang lubusan ng iglesia ni Kristo. Nagtungo siya sa Corinto, at sa paggawa sa publiko at sa pagbabahaybahay, ay "makapangyarihang kinumbinse ang mga Judio,...na ipinakikita sa pamamagitan ng Kasulatan na si Jesus ang Kristo." Naitanim ni Pablo ang binhi ng katotohanan; ngayon naman ay dinidiligan ni Apolos. Ang tagumpay na natanggap ni Apolos sa pangangaral ng ebanghelyo ay naging dahilan upang pahalagahan ang kanyang paggawa nang higit kaysa kay Pablo. Ang paghahambing na ito ay naghatid sa iglesia ng diwa ng pagkakabahagi at nagbantang maging hadlang sa pagsulong ng ebanghelyo. {AGA 205.4}

Sa isa at kalahating taon na ginugol ni Pablo sa Corinto, sinadya niyang iharap ang ebanghelyo sa simpleng paraan. "Hindi sa kagalingan sa pananalita o sa karunungan" ang dahilan ng pagpunta niya sa Corinto; kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan," kanyang ipinahayag "ang patotoo ng Dios," upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios." 1 Corinto 2:1,4, 5. {AGA 206.1}

Sa pangangailangan ay iniangkop ni Pablo ang ganitong pagtuturo sa kalagayan ng iglesia. “Ako, mga kapatid, ay hindi makapangusap sa inyo na ayon sa espirituwal,” matapos ay ipinaliwanag niya sa kanila, “kundi sa laman, tulad ng mga sanggol na pinasususo ng gatas, at hindi ng lamang kati; sapagkat kayo’y wala pang kaya noon: wala, na ngayon pa man ay wala kayong kaya.” 1 Corinto 3:1, 2. Marami sa mananampalataya sa Corinto ay mabagal na maalaman ang mga turong nais niyang iaral sa kanila. Ang kanilang paglago sa kaalamang espirituwal ay hindi katumbas ng mga pagkakataon at karapatang kaloob sa kanila. Nang dapat sanang sila ay malago na sa karanasang Kristiano, at maaaring makaunawa at magsakabuhayan ng lalong malalim na katotohanan ng Salita, sila ay nakatayo pa rin sa kalagayan ng mga alagad nang sabihin sa kanila ni Kristo, “Marami pa Akong dapat na sabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo kayang dalhin ngayon.” Juan 16:12. Inggit, masamang haka, at pagbibintang ang nagpinid ng puso ng mga mananampalataya sa Corinto sa lubusang paggawa ng Banal na Espiritu, na “nagsisiyasat ng lahat ng bagay, oo, ng malalalim na bagay ng Dios.” 1 Corinto 2:10. Gaano man sila karunong sa mga bagay ng lupa, sila naman ay mga sanggol pa sa pagkakilala kay Kristo. {AGA 206.2}

Naging gawain ni Pablo na turuan ang mga hikayat sa Corinto sa mga saligan, mga abakada ng pananampalatayang Kristiano. Napilitan siyang turuan sila na parang walang muwang sa paggawa sa puso ng kapangyarihan ng langit. Sa panahong iyon ay di nila maunawaan ang mga misteryo ng kaligtasan; sapagkat “ang taong laman ay tinatanggap hindi ang mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagkat ang mga ito ay kahangalan sa kanya: at hindi rin nila maaaring makilala, sapagkat ang mga ito ay nauunawaan sa espiritu.” 1 Corinto 2:14. Nagsikap si Pablo na maghasik ng binhi, na dapat namang diligin ng iba. Silang sumunod sa kanya ay dapat ipagpatuloy ang gawain kung saan siya nagtapos, sa pagbibigay ng liwanag na espirituwal at kaalaman sa tamang panahon, ayon sa kakayahan ng iglesia. {AGA 206.3}

Nang magpasimula ang apostol ng paggawa sa Corinto, nadama niyang kailangang maging napakaingat sa pagpapakilala ng mga katotohanang nais niyang ituro. Alam niyang kabilang sa mga tagapakinig ang mga mayayabang na naniniwala sa mga teoriya ng tao, at mga tagapagtaguyod ng huwad na sistema ng pagsamba, na kakapa-kapang parang bulag, na umaasang makasumpong sa aklat ng kalikasan ng mga teoriyang lalaban sa katunayan ng espirituwal at walang hanggang buhay na nahahayag sa Kasulatan. Alam din niya na ang mga kritiko ay magsisikap na pabulaanan ang mga pagpapakahulugang Kristiano sa hayag na Salita, at pagtawanan at kutyain ng mga walang paniniwala ang ebanghelyo ni Kristo. {AGA 207.1}

Sa pagsisikap niyang mag-akay ng mga tao sa paanan ng krus, si Pablo ay hindi sumansalang tuwiran sa kanilang mababaha ang kabuhayan, o ipakita sa kanila ang sama ng kanilang kasalanan sa paningin ng banal na Dios. Sa halip ay inilahad niya sa kanila ang tunay na adhikain ng buhay, at sinikap na idiin sa kanilang mga isipan ang mga liksyon ng banal na

Guro, na kung matatanggap, ay magtataas ng kanilang buhay mula sa kamunduhan at kasalanan tungo sa kadalisayan at katuwiran. Naglumagi siya sa praktikal na kabanalang dapat maging karanasan nilang magiging karapat-dapat sa kaharian ng Dios. Nanabik siyang makitang ang liwanag ng ebanghelyo ni Kristo ay naglalagos sa kadiliman ng kanilang mga pag-iisip, upang makita nila kung gaano kasama sa paningin ng Dios ang kanilang imoral na gawa. Kung kaya't ang naging pasanin ng pagtuturo sa kanila ay si Kristo at Siyang ipinako. Sinikap niyang ipakita sa kanila na ang kanilang pinakamasikap na pag-aaral at pinakadakilang kagalakan ay dapat na ang kahanga-hangang katotohanan ng kaligtasan sa pagsisi sa Dios at pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo. {AGA 207.2}

Ang pilosopo ay tumatalikod sa liwanag ng kaligtasan, sapagkat isinasadlak nito ang kanyang mga mapagmataas na teoriya sa kahihiyan; ang makasanlibutan ay tumatangging tanggapin ito, sapagkat ito'y maghihiwalay sa kanya sa mga diyus-diyusan. Nakita ni Pablo na kailangang mahayag ang likas ni Kristo bago Siya maibig ng tao o matingnan ang krus sa mata ng pananampalataya. Dito ay dapat magsimula ang pag-aaral na magiging agham at awit ng mga tinubos sa buong walang hanggan. Tanging sa tanglaw.ng krus makikita ang tunay na halaga ng tao. {AGA 208.1}

Ang nagpapadalisay na impluwensya ng biyaya ng Dios ay nagpapabago ng likas ng tao. Ang langit ay hindi kaibig-ibig sa isipang laman; ang kanilang mga pusong hindi banal ay walang hilig sa dalisay at banal na dako; at kung sila ay makapapasok nga, wala silang matatagpuan ditong nakahahalina. Ang mga hilig ng pusong laman ay dapat masupil ng biyaya ni Kristo, bago maangkop sa langit ang taong makasalanan at makasama ng mga banal at dalisay na mga anghel. Kapag ang tao ay namatay sa kasalanan, at nabuhay sa isang bagong buhay kay Kristo, ang banal na pag-ibig ang lumululan sa puso. Ang kanyang pangunawa ay napapabanal; siya ay nakakainom sa bukal ng kagalakan at kaalamang hindi natutuyo, at ang liwanag ng walang hanggang araw ay nagniningning sa kanyang landas, sapagkat sa kanya ay palagian ang Liwanag ng buhay. {AGA 208.2}

Sinikap ni Pablo na idiin sa mga kapatid sa Corinto na siya at ang mga kasamahang manggagawa ay mga tao lamang na inatasan ng Dios upang magturo ng katotohanan. Silang lahat ay kasangkot sa iisang gawain, at silang lahat ay umaasa sa Dios ukol sa tagumpay sa paggawa. Ang usapang bumangon sa iglesia tungkol sa paghahambing ng kabutihan ng iba't ibang ministro ay hindi naaayon sa kaayusan ng Dios, kundi bunga ng pag-iingat ng mga isipang iyon sa pusong laman. "Sapagkat kung sinasabi ng isa, Ako'y kay Pablo; at ng iba, Ako'y kay Apolos; hindi baga kayo'y mga tao? Ano nga at ano si Apolos, si Pablo? mga ministro na sa pamamagitan nila ay nagsisampalataya kayo, at sa bawat isa ayon sa ipinagkaloob ng Panginoon sa kanya? Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig; ngunit ang Dios ang siyang nagpalago. Anupa't walang anuman ang nagtatanim, ni ang nagdidilig; kundi ang Dios na nagpapalago." 1 Corinto 3:4-7. {AGA 208.3}

Si Pablo ang unang nangaral ng ebanghelyo sa Corinto, at siya ring nagtatag ng iglesia roon. Ito ang gawaing itinalaga ng Panginoon sa kanya. Nang malaon, ayon na rin sa direksyon ng Dios, ibang manggagawa ay dumating doon upang tumayo sa kanilang lugar at gawain. Ang binhi ay dapat madiligan, at ito ang ginawa ni Apolos. Sinundan niya ang paggawa ni Pablo upang magbigay ng karagdagang turo at tumulong sa pagpalalago ng binhing naitanim. Nakuha niya ang pagmamahal ng bayan; datapuwat ang Dios ang nagpalago. Hindi kapangyarihan ng tao, kundi ng Dios, ang gumagawa ng pagbabago sa likas. Silang nagtatanim, at silang nagdidilig ay hindi siyang nagpapatubo sa binhi. Sila ay gumagawa sa ilalim ng Dios, bilang itinalagang ahensya, nakikipagtulungan sa Kanya sa Kanyang gawain. Sa Punong Manggagawa marapat ang karangalan at kaluwalhatiang dulot ng tagumpay. {AGA 208.4}

Ang mga lingkod ng Dios ay hindi nagtataglay ng magkakatulad na kaloob, ngunit lahat sila ay Kanyang manggagawa. Bawat isa ay dapat matuto mula sa Dakilang Guro, at magbabahagi sa iba ng kanyang natutuhan. Ipinagkaloob ng Dios sa bawat isa ang isahang gawain. May iba't ibang kaloob, ngunit lahat ay manggagawang magkakatugma sa ilalim ng kontrol ng impluwensya ng nagpapabanal na Banal na Espiritu. Sa kanilang paghahayag ng ebanghelyo ng kaligtasan, marami ang mahihikayat sa kapangyarihan ng Dios. Ang kasangkapang tao ay natatago kay Kristo sa Dios, at si Kristo ang nahahayag na pangunahin sa sampung libo, Siyang kabuuan ng kagandahan. {AGA 209.1}

"Ngayon ang nagtatanim, at ang nagdidilig ay iisa: ngunit ang bawat isa ay tatanggap ng kanyang sariling kagantihan ayon sa kanyang sariling pagpapagal. Sapagkat tayo ay mga kamanggagawa ng Dios: kayo ang bukid ng Dios, ang gusali ng Dios." 1 Corinto 3:8, 9. Sa sulat na ito inihambing ng apostol ang iglesia sa isang binungkal na lupa, na doon ay gumagawa ang tagapag-alaga, nag-iingat ng mga halamang ang Panginoon ang nagtanim; at gayon din sa isang gusali, na lalago sa isang banal na templo para sa Panginoon. Ang Dios ang punong manggagawa, at Siya ay nagtalaga ng bawat tao sa kanyang gawain. Lahat ay gagawa sa ilalim ng Kanyang pangangasiwa, na babayaang Siya ang gumawa sa pamamagitan ng Kanyang manggagawa. Nagkakaloob Siya sa kanila ng talino at kakayahan, at kung susundin nila ang Kanyang turo, puputungan ng tagumpay ang kanilang pagsisikap. {AGA 209.2}

Ang mga lingkod ng Dios ay dapat gumawang magkakasama, magkatugma sa magalang at magandang loob na kaayusan, "sa karangalan ay iniaangat ang isa't isa." Roma 12:10. Hindi dapat magkaroon ng punang magaspang, walang pagwawasak ng gawain ng iba; at di dapat magkaroon ng mga partidong magkakahiwalay. Bawat pinagkatiwalaan ng Panginoon ng isang pabalita ay may tiyak na gawain. Bawat isa ay may sariling pagkatao, at ito ay hindi upang ilubog ang kanyang kapwa. Gayunman, ang bawat isa ay dapat gumawang katugma ng mga kapatid. Sa kanilang paglilingkod, ang mga manggagawa ng Dios ay dapat na

nagkakaisa. Walang sinumang dapat maglagay ng sarili bilang huwaran, at walang galang sa kapwa lingkod o ipinapalagay na ang iba ay mas mababa sa kanya. Sa ilalim ng Dios, bawat isa ay gaganap ng itinalagang gawain, ginagalang, minamahal, at pinasisigla ng kapwa manggagawa. Magkasama sila ay magpapatuloy sa pagpapalago ng gawain hanggang ito ay matapos. {AGA 209.3}

Ang mga simulaing ito ay matagal na tinalakay ni Pablo sa unang pagsulat sa iglesia sa Corinto. Binanggit ni Pablo ang "mga ministro ni Kristo" bilang "mga katiwala ng mga misteryo ng Dios," at tungkol sa kanilang gawain ay inihayag: "Bukod dito'y kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawat isa ay maging tapat. Datapuwat sa ganang akin ay isang bagay na totoong maliit ang ako'y siyasatin ninyo, o ng pagsisiyasat ng tao: oo, ako'y hindi nagsisiyasat sa aking sarili. Sapagkat wala akong nalalamang anuman laban sa aking sarili; bagaman hindi dahil dito'y inaaring ganap ako: sapagkat ang nagsisiyasat sa akin ay ang Panginoon." Kaya nga huwag muna kayong magsihatol ng anuman, hanggang sa dumating ang Panginoon, na Siya ang maghahayag ng mga bagay na nalilihim sa kadiliman, at ipahahayag naman ang mga haka ng mga puso: at kung magkagayon ang bawat isa ay magkakaroon ng kapurihan sa Dios." 1 Corinto 4:1-5. {AGA 210.1}

Hindi para sa sinumang tao na maging hukom sa pagitan ng magkakaibang lingkod ng Dios. Tanging ang Panginoon lamang ang hukom ng paggawa ng tao, at ang bawat isa ay magsusulit sa Kanya. {AGA 210.2}

Sa pagpapatuloy ng apostol, binanggit niya ang ginawang paghahambing sa paggawa niya at ni Apolos: "Ang mga bagay ngang ito, mga kapatid, ay inianyo ko sa halimbawa sa aking sarili at kay Apolos dahil sa inyo; upang sa amin ay mangatuto kayo na huwag magsihigit sa mga bagay na nangasusulat, upang ang sinuman sa inyo ay huwag magpalalo ang isa laban sa iba. Sapagkat sino ang gumawa na ikaw ay matangi? at anong nasa iyo na hindi mo tinanggap? ngunit kung tinanggap mo, ay bakit mo ipinagmamapuri, na tulad sa hindi mo tinanggap?" 1 Corinto 4:6, 7. {AGA 210.3}

Maliwanag na iniharap ni Pablo sa iglesia ang mga panganib at hirap na dinanas niya at ng mga kasama niya sa paglilingkod kay Kristo. "Hanggang sa oras na ito," kanyang sinabi, "ay nangagugutom kami, at nangauuhaw, at mga hubad, at mga tinampal, at wala kaming tiyak na tahanan; at kami'y nangagpagal, na nangagsigawa ng aming sariling mga kamay: bagaman inuupasala, at kami'y nangagpapala; bagama't mga pinag-uusig, ay nangagtitiis kami: bagama't mga sinisiraang puri, ay aming pinamamanhikan: kami'y naging tulad ng yagit sa sanlibutan, sulcal ng lahat ng mga bagay hanggang ngayon. Hindi ko isinusulat ang mga bagay na ito upang kayo'y hiyain, kundi upang paalalahanan kayong tulad sa aking mga minamahal na anak. Sapagkat bagaman nangagkaroon kayo ng sampung libong mga guro kay Kristo, ay wala nga kayong maraming ama: sapagkat kay KristoJesus ipinanganak ko kayo sa pamamagitan ng ebanghelyo." Talatang 11-15. {AGA 211.1}

Ang Dios na nagpapadala ng mga manggagawa ng ebanghelyo bilang Kanyang mga embahador ay inaalisan ng karangalan kapag nakikita sa mga tagapakinig ang malakas na kaugnayan sa isang paboritong ministro anupa't ayaw nang tanggapin pa ang paggawa ng ibang mga guro. Ang Panginoon ay nagpapadala ng tulong sa Kanyang bayan, hindi lagi sa kagustuhan nila, kundi sa pangangailangan nila; sapagkat ang pananaw ng tao ay malapitan lamang at hindi nakikita ang pinakamabuti. Bihira na ang isang ministro ay nagtataglay ng lahat ng katangiang kailangan upang mapasakdal ang isang iglesia sa mga kahilingan ng Kristianismo. Kung kaya't ang Dios ay laging nagsusugo ng ibang ministro, bawat isa ay nagtataglay ng ilang katangiang wala sa iba. {AGA 211.2}

Dapat na magalak na tanggapin ng iglesia ang mga lingkod na ito ni Kristo, katulad ng pagtanggap nila sa Panginoon na rin. Dapat nilang sikaping makuha ang lahat ng pakinabang sa turong kaloob ng bawat ministro mula sa salita ng Dios. Ang mga katotohanang taglay ng mga lingkod ng Dios ay dapat tanggapin at mahalin sa kaamuan at kababaan, ngunit walang ministrong dapat na gawing idolo. {AGA 211.3}

Sa biyaya ni Kristo, ang mga ministro ay nagiging mensahero ng liwanag at pagpapala. Habang tinatanggap nila ang mga kaloob ng Banal na Espiritu sa maningas at matiyagang pananalangin at humahayo silang taglay ang pasanin ng paghikayat ng tao, ang kanilang mga puso ay puspos ng sigasig sa pagpapalaganap ng mga tagumpay ng krus, at nakikita nila ang bunga ng kanilang paggawa. Matatag na tumatangging maghayag ng karununga ng tao o magtaas ng sarili, magagampanan nila ang isang gawaing makatatayo sa pagsalakay ni Satanas. Maraming kaluluwa ang maibabaling mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at maraming mga iglesia ang maitatatag. Mga tao ay mahihikayat, hindi sa instrumentong tao, kundi kay Kristo. Ang sarili ay matatago sa likuran; tanging si Jesus, ang Tao ng Kalbaryo, ang makikita. {AGA 211.4}

Silang gumagawa para kay Kristo ngayon ay maaaring maghayag ng katulad na kagalingang inihayag nilang sa panahon ng mga apostol ay nagbalita ng ebanghelyo. Ang Dios ay handa ngayon na magkaloob ng kapangyarihan sa Kanyang mga lingkod tulad din noon na nagkaloob ng kapangyarihan kay Pablo at Apolos, kay Silas at Timoteo, kay Pedro, Santiago, at Juan. {AGA 212.1}

Sa panahon ng mga apostol ay mayroong mga taong ligaw na nagpapanggap na nanampalataya kay Kristo, ngunit tumatangging maghayag ng paggalang sa Kanyang mga embahador. Inihayag nilang sila ay hindi sumusunod sa gurong tao, kundi tuwirang tinuturuan ni Kristo na walang tulong ng mga ministro ng ebanghelyo. Sila ay mga independyente sa isipan at hindi laang pasakop sa tinig ng iglesia. Ang ganitong mga tao ay nasa malaking panganib na madaya. {AGA 212.2}

Inilagay ng Dios sa iglesia, bilang Kanyang mga hinirang na katulong, ang mga taong may iba't ibang talento, upang sa kanilang magkakasamang karununga, ang isipan ng Espiritu ay masapatan. Ang mga lalaking kumikilos ayon sa sariling malakas na likas, na tumatangging makipamatok sa ibang may mahabang karanasan sa gawain ng Dios, ay mabubulag ng tiwala sa sarili, at hindi makikita ang pagkakaiba ng mali at tunay. Hindi ligtas ang ganitong mga tao ay piliing mga lider ng iglesia; sapagkat susundin nila ang sariling isipan at panukala, anuman ang payo ng kapatiran. Madali para sa kaaway na gumawa sa pamamagitan nila gayong, sila mismo ay nangangailangan ng payo sa bawat hakbang, ay siyang tagapag-ingat ng sariling kalakasan, na hindi natutuhan ang kababaan ni Kristo. {AGA 212.3}

Ang mga damdamin ay hindi panatag na patnubay sa tungkulin. Madalas na ang kaaway ay umaakay sa mga taong maniwala na ang Dios ang pumapatnubay sa kanila, gayong sa katunayan ay sumusunod lamang sa mga sariling bugso ng damdamin. Ngunit kung tayo ay maingat na magbabantay, at kukuha ng payo ng mga kapatid, pagkakalooban tayo ng pagkaunawa sa kalooban ng Panginoon; sapagkat ang pangako ay, "Papatnubayan Niya sa kahatulan ang mga maamo: at ang maamo ay tuturuan Niya ng Kanyang daan." Awit 25:9. {AGA 212.4}

Sa naunang iglesia Kristiana, ay mayroong mga taong ayaw kilalanin si Pablo o si Apolos, kundi nanghawakan na si Pedro ang kanilang lider. Tiniyak nilang si Pedro ang naging pinakamalapit kay Kristo nang Siya ay narito pa sa lupa, samantalang si Pablo ay naging tagapagusig ng mga mananampalataya. Ang kanilang isipan at damdamin ay natatalian ng maling akala. Wala sa kanila ang kagandahang loob, ang pagmamahal at biyayang patunay na si Kristo ay naninirahan sa puso. {AGA 213.1}

May panganib na ang ganitong diwa ng pagkakabahagi ay magbunga ng malaking kasamaan sa iglesia; at tinagubilinan ng Panginoon si Pablo na magbigay ng maningas na payo at maselan na batikos. Sa kanilang nagsasabi, "Ako'y kay Pablo; at ako'y kay Apolos; at ako'y kay Cefas; at ako'y kay Kristo," ang tanong ng apostol, "Nabahagi baga si Kristo? ipinako baga sa krus si Pablo dahil sa inyo? o binautismuhan baga kayo sa pangalan ni Pablo?" "Kayat huwag ipagmamapuri ninuman sa mga tao," kanyang pakiusap. "Sapagkat ang lahat ng mga bagay ay sa inyo; kahit si Pablo, kahit si Apolos, kahit si Cefas, kahit ang sanlibutan, kahit ang buhay, kahit ang kamatayan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating; lahat ay sa inyo; at kayo'y kay Kristo; at si Kristo ay sa Dios." 1 Corinto 1:12, 13; 3:21-23. {AGA 213.2}

Si Pablo at Apolos ay lubos na magkaayon. Ang huli ay lubos na nalungkot at nabigo dahilan sa alitan sa iglesia sa Corinto; hindi niya sinamantala ang pagpapahalagang higit na nabigay sa kanya, o ginatungan man niya ito, kundi dagliang nilisan ang dakong ito ng alitan. Nang himukin siya ni Pablo na muling dumalaw sa Corinto, tumanggi siya, at di na muling gumawa pa roon, kahit na ang iglesia ay nakaabot na sa lalong mainam na

kalagayang espirituwal. {AGA 213.3}

Kapitulo 28 – Efeso

Samantalang si Apolos ay nangangaral sa Corinto, tinupad ni Pablo ang pangakong magbalik sa Efeso. Madalian siyang dumalaw sa Jerusalem, at gumugol ng ilang panahon sa Antioquia, ang bukiran ng mga unang paggawa niya. Matapos ay naglakbay siya sa Asia Minor, "sa buong lupain ng Galacia at Frigia" (Gawa 18:23), na dinalaw ang mga iglesia na siya na rin ang nagtatag, at pinalakas ang pananampalataya ng mga mananampalataya. {AGA 214.1}

Sa panahon ng mga apostol, ang kanlurang bahagi ng Asia Minor ay kilala bilang probinsya ng Asia. Ang Efeso, ang kapitolyo, at pinakamalaking sentro ng komersyo. Ang pantalan nito ay nagsisikip sa mga sasakyang pandagat, ang mga lansangan ay siksikan sa mga taong buhat sa iba't ibang lupain. Tulad ng Corinto, ito ay bukirang may magandang pangako sa paggawang misyonero. {AGA 214.2}

Ang mga Judio, na ngayon ay malawakang nangalat sa mga sibilisadong lupain, ay pangkalahatang naghihintay sa pagdating ng Mesias. Nang si Juan na Tagapagbautismo ay nangangaral sa pagdalaw sa Jerusalem sa taunang pista, marami ang nagtungo sa ilog Jordan upang makinig sa kanya. Doon ay nadinig nilang inihayag na si Jesus ang Ipinangako, at dinala nila ang balita sa lahat ng bahagi ng lupa. Sa ganito ay inihanda ng Dios ang daan sa paglilingkod ng mga apostol. {AGA 214.3}

Sa pagdating sa Efeso, natagpuan ni Pablo ang labindalawang mga kapatid, na tulad ni Apolos, ay naging mga alagad ni Juan na Tagapagbautismo, at tulad din niya ay nakaalam kahit paano ng naging misyon ni Kristo. Wala silang kakayahang tulad ni Apolos, ngunit may katulad na kataimtiman at pananampalatayang nagsisikap na ikalat ang kaalamang kanilang tinanggap. {AGA 214.4}

Ang mga kapatid na ito ay wala pang pagkakilala sa misyon ng Banal na Espiritu. Nang tanungin sila ni Pablo kung natanggap na nila ang Banal na Espiritu, tumugon sila, "Ni hindi namin nadinig na mayroong Banal na Espiritu." "Saan kayo nabautismuhan kung gayon?" tanong ni Pablo, at sinabi nila, "Sa bautismo ni Juan." {AGA 214.5}

Iniharap ng apostol sa kanila ang mga dakilang katotohanan na siyang pundasyon ng pagasa ng Kristiano. Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa buhay ni Kristo dito sa lupa, at ng Kanyang malupit na kamatayan sa kahihiyan. Sinabi niya kung paanong ang Panginoon ng buhay ay nagwasak ng hadlang ng kamatayan, at kung paanong Siya'y bumangong matagumpay mula sa kamatayan. Inulit niya ang gawaing ibinigay ng Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad: "Lahat ng kapangyarihan ay nabigay sa Akin sa langit at sa lupa. Magsihayo kayo kung magkagayon, at turuan ang lahat ng mga bansa, na bautismuhan sila

sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Banal na Espiritu.” Mateo 28:18, 19. Sinabi din niya sa kanila ang tungkol sa pangako ni Kristo na pagsusugo ng Mang-aaliw, na sa kapangyarihan Niya ay magaganap ang mga dakilang tanda, at inilarawan niya kung paanong ang pangakong ito ay maluwalhating natupad sa Araw ng Pentecostes. {AGA 215.1}

May malalim na interes at kagalakang may pagpapasalamat at paghanga, nakinig ang mga kapatid sa mga salita ni Pablo. Sa pananampalataya ay pinanghawakan nila ang kahanga-hangang katotohanan ng tumutubos na sakripisiyo ni Kristo, at tinanggap Siya bilang kanilang Manunubos. At sila ay nabautismuhan sa pangalan ni Jesus; at “ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila,” at tinanggap din nila ang bautismo ng Banal na Espiritu, na sa pamamagitan nito ay nakapagsalita sila ng mga wika ng ibang mga bansa, at nakapagpropesiya. Sa ganito ay naging marapat silang humayo bilang mga misyonero sa Efeso at mga karatig bayan, at nakahayo din sa paghahayag ng ebanghelyo sa Asia Minor. {AGA 215.2}

Sa pamamagitan ng diwang maamo at natuturuang espiritu, ang mga lalaking ito ay nagkaroon ng karanasang maging angkop bilang mga manggagawa sa bukirang aanihin. Ang kanilang halimbawa ay malaking halaga sa mga Kristiano. Marami ang mabagal ang paglago sa kabuhayang banal, sapagkat sila ay nag-aaring ganap sa sarili upang lumagay sa dako ng mga mag-aaral. Nasisiyahan sila sa mababaw na kaalaman sa salita ng Dios. Hindi nila nais na magbago sa pananampalataya at kabuhayan anupa’t hindi nagsisikap na magkaroon ng higit na liwanag. {AGA 215.3}

Kung ang mga tagasunod ni Kristo lamang ay magiging masikap na tagapagsaliksik ng karunungan, sila sana ay maaakay sa mayayamang bukiran ng katotohanan, na kailanman ay di nila naalaman. Siya na lubusang magkakaloob ng sarili sa Dios, ay papatnubayan ng banal na kamay. Maaaring siya ay mababa at sa tingin ay walang talento; ngunit sa pusong mapagmahal, nagtitiwala at sumusunod sa bawat sangkap ng kalooban ng Dios, ang kanyang mga kapangyarihan ay madadalisay,. mapaparangal, mabubuhay, at ang mga kakayahan niya ay madadagdagan. Sa pagmamahal niya sa mga liksyon ng karunungan ng Dios, isang banal na komisyon ay ipagkakatiwala sa kanya; siya ay magkakaroon ng kakayahang ang buhay ay maging karangalan sa Dios at pagpapala sa sanlibutan. “Ang pagpasok ng iyong mga salita ay nagbibigay liwanag; ito ay nagkakaloob ng unawa sa walang muwang.” Awit 119:130. {AGA 215.4}

Marami ngayon tulad sa Efeso ay walang nalalaman sa paggawa ng Banal na Espiritu sa puso; gayunman ay walang katotohanang higit na maliwanag sa salita ng Dios kaysa dito. Itinuro ito ng mga propeta at apostol. Si Kristo na rin ang tumatawag ng ating pansin tungkol sa pagtubo ng mga halaman bilang halimbawa ng paggawa ng Kanyang Espiritu sa pagpapanatili at pagtangkilik ng buhay espirituwal. Ang dagta ng halaman, na tumataas mula sa ugat, ay kumakalat sa mga sanga, at nagtataguyod ng paglago at pamumulaklak at

pagbubunga. Gayon din naman ang nagbibigay buhay na kapangyarihan ng Banal na Espiritu, na mula sa Panginoon, ay lumalaganap sa kaluluwa, nagpapanibago ng mga motibo at pagmamahal, at dinadala kahit na ang isipan sa pagsunod sa kalooban ng Dios, upang ang tumatanggap nito ay magbunga ng mahahalagang bunga ng mga banal na gawa. {AGA 216.1}

Ang May-akda ng buhay espirituwal ay di nakikita, at ang tiyak na paraan upang ang buhay na ito ay maibahagi at maitaguyod, ay labas sa kapangyarihan ng pilosopiya ng tao na ipaliwanag. Gayunman ang paggawa ng Espiritu ay laging katugma ng nasusulat na Salita. Kung paano sa kalikasan, gayon din sa espirituwal. Ang pisikal na buhay ay iniingatan sa bawat sandali ng kapangyarihan ng langit; ngunit hindi sa isang tuwirang milagro, kundi sa paggamit ng mga pagpapalang inilagay sa abot kamay ng tao. Kung kaya't ang espirituwal na buhay ay mapapanatili sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay na ibinigay ng Dios. Kung ang alagad ni Kristo ay "magiging ganap na tao, ayon sa ganap na sukat ni Kristo" (Efeso 4:13), dapat na kumain siya ng tinapay ng buhay at uminom sa tubig ng kaligtasan. Dapat na siya'y manalangin at magbantay, at sa lahat ng bagay ay sinusunod ang mga turo ng Dios na nasa Kanyang salita. {AGA 216.2}

May isa pang liksyon tayong dapat matutuhan mula sa mga Judiong ito na nahikayat. Nang tinanggap nila ang bautismo kay Juan, di nila lubos na naunawaan ang bautismo ni Jesus bilang tagapagdala ng kasalanan. Malala ang mga kamaliang pinanghawakan nila. Ngunit sa dagdag na liwanag, magalak na tinanggap nila si Kristo bilang Manunubos, at kasabay ng hakbang na ito sa pagsulong ay may katumbas na pagbabago sa kanilang mga tungkulin. Habang tumatanggap sila ng dalisay na pananampalataya, ay may katumbas na pagbabago sa kanilang mga buhay. Bilang tanda ng pagbabagong ito, at bilang patunay ng kanilang pananampalataya kay Kristo, sila ay muling nabautismuhan sa pangalan ni Jesus. {AGA 217.1}

Tulad ng kaugalian niya, si Pablo ay nagsimula ng gawain sa Efeso sa pangangaral sa sinagoga ng mga Judio. Nagpatuloy siya sa paggawa sa tatlong buwan, "nakikipagtalo at nanghihikayat sa mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios." Sa pasimula ay naging maganda ang pagtanggap; datapuwat katulad sa ibang bukiran, di nagtagal ay marahas na siya ay kinalaban. "Nagmatigas ang ilan at ayaw magsipaniwala, at pinagsalitaan ng masama ang daan sa harapan ng karamihan." Sa kanilang patuloy na pagtanggi sa ebanghelyo, ang apostol ay tumigil nang mangaral pa sa sinagoga. {AGA 217.2}

Ang Espiritu ng Dios ay gumawang kasama at sa pamamagitan ni Pablo sa kanyang paggawa sa kanyang mga kababayan. Sapat na katibayan ay naiharap upang ang lahat ay tapat na magnais na makaalam ng katotohanan. Ngunit marami ang nagpabaya na ang kanilang sarili ay mapigil ng maling akala at kawalang paniniwala, at tumangging pasakop kahit na sa pinakamalinaw na katibayan. Sa pangambang ang pananampalataya ng mga nahikayat ay

maimpluwensyahan ng mga lumalabang ito sa katotohanan, humiwalay si Pablo sa kanila, at nagpasiyang tipunin ang mga alagad sa isang bukod na grupo, at nagpatuloy na turuan sila sa paaralan ni Tirano, isang kilalang guro. {AGA 217.3}

Nakita ni Pablo na "isang dakila at mabisang pintuan" ay nabubuksan sa kanya, bagama't "maraming kaaway." 1 Corinto 16:9. Ang Efeso ay hindi lamang pinakamaganda, kundi pinakamasama ding siyudad sa Asia. Mga pamahiin at kalayawan ay laganap sa karamihan. Sa kanyang mga templo, ay nanganganlong ang mga kriminal at ang pinakanagpapababang mga bisyo ay laganap. {AGA 217.4}

Ang Efeso ay tanyag na sentro ng pagsamba kay Diana. Ang katanyagan ng templo ni "Diana ng mga taga Efeso," ay laganap sa buong Asia at sanlibutan. Ang pambihirang kagandahan nito ay ipinagmamalaki hindi lamang ng siyudad kundi ng buong bansa. Ang rebultong sinasamba sa loob nito ayon sa tradisyon ay galing sa langit. Nakasulat dito ang mga simbulo na pinaniniwalaang may dakilang kapangyarihan. Mga aklat ay isinulat ng mga taga Efeso upang ipaliwanag ang mga kahulugan at paggamit ng mga simbulong ito. {AGA 218.1}

Kabilang sa mga nag-aral sa mga mamahaling aklat na ito, ay mga mahiko, na may gayumang kapangyarihan sa mga isipan ng mapamahiing mananamba sa mga imahen sa loob ng templo. {AGA 218.2}

Ang paggawa ni apostol Pablo sa Efeso, ay pinagkalooban ng tanging pagsang-ayon ng langit. Ang kapangyarihan ng langit ay sumama sa kanyang pagsisikap, at marami ang napagaling sa mga sakit na pisikal. "Ang Dios ay gumawa ng tanging kababalaghan sa pamamagitan ng kamay ni Pablo: anupa't mga panyolitong nadikit sa kanyang katawan ay nagpagaling ng mga maysakit, at nagpalayas ng mga masasamang espiritu." Ang paghahayag na ito ng hindi karaniwang kapangyarihan ay higit na makapangyarihan sa anumang nakita ng mga taga Efeso, at hindi maaaring magaya ng mga kakayahan ng mga mahiko at manggagaway. Habang ang mga milagrong ito ay nagaganap sa pangalan ni Jesus ng Nasaret, ang bayan ay nagkaroon ng pagkakataong makita na ang Dios ng langit ay higit na makapangyarihan kaysa mga mahikong sumasamba kay Diana. Sa ganito ay itinaas ng Panginoon ang Kanyang lingkod, sa harapan ng mga mananamba sa mga diyos, na higit na mataas sa pinakamakapangyarihan at may kakayahang mahiko. {AGA 218.3}

Datapuwat Siyang kinatatakutan ng lahat ng masamang espiritu, at nagkaloob ng kapangyarihan sa Kanyang mga lingkod, ay gagawa pa ng higit na kahihiyan at pagkalupig sa mga umaglahi at nagpahiya sa Kanyang banal na pangalan. Ang panggagaway ay ipinagbabawal sa batas ni Moises, sa parusang kamatayan, ngunit paminsan-minsan ay palihim na isinasagawa ng mga tumalikod na Judio. Sa panahon ng pagdalaw ni Pablo sa Efeso ay "naroroon ang ilan sa mga gumagalang Judio, mga manggagaway," na, pagkakita

ng mga kababalaghang ginawa niya ay ginamit ang pangalan ng Panginoong Jesus sa kanilang may masasamang espiritu.” Isang tangka ang ginawa ng “pitong anak na lalaki ni Esceba, isang Judio, at punong saserdote.” Pagkakita sa isang inaalihan ng demonyo ay pinagsalitaan ito, “Ipinamamanhik ko sa inyo sa pangalan ni Jesus na ipinangangaral ni Pablo.” Datapuwat “sumagot ang masamang espiritu at sinabi, Kilala ko si Jesus, at gayon din si Pablo; ngunit sino kayo? At ang taong kinaroroonan ng masamang espiritu ay lumukso sa kanila, at sila’y kanyang natalo, at nadaig sila anupa’t nagsitakas sila sa bahay na iyon na mga hubo’t hubad at mga sugatan.” {AGA 218.4}

Nahayag ang di mapapasubaliang katibayang ito ng kabanalan ng pangalan ni Kristo, at ang panganib sa kanilang gagamit nito na walang pananampalataya sa kabanalan ng misyon ng Tagapagligtas. “At sinidlan silang lahat ng takot, at pinadakila ang pangalan ng Panginoong Jesus.” {AGA 219.1}

Mga katunayang dati ay nakatago ang nahayag ngayon. Sa pagtanggap sa Kristianismo, ilan sa mga mananampalataya ay di lubusang nagwaksi ng kanilang mga pamahiin. Patuloy pa rin sila sa mga pagggawa ng mahiko. Ngayon, sa nakitang kamalian, “marami ang lumapit na mga mananampalataya, at nagkumpisal, at nagpahayag ng kanilang mga gawain.” Ang mabuting bagay na ito ay sumaklaw kahit na sa ilang mga manggagaway; at “hindi kakaunti sa mga nagsisigamit ng mga kabihasnang mahika ay nagsipagtipon ng kanilang mga aklat, at pinagsusunog sa paningin ng lahat: at kanilang binilang ang halaga niyaon at nasumpungang may limampung libong putol ng pilak. Sa gayo’y lumagong totoo ang salita ng Panginoon at nanaig.” {AGA 219.2}

Sa pagsunog sa kanilang mga aklat ng mahika, ipinakita ng mga nahikayat sa Efeso na ang mga bagay na dati nilang kinaluguran ngayon ay kanilang kinamuhian. Sa pamamagitan ng mga mahikang ito ay kanilang sinaktan ang Dios at naglagay sa panganib sa kanilang sarili; at laban din sa mahika na ipinahayag nila ang kanilang galit. Sa ganito ay nagpahayag sila ng katibayan ng kanilang pagkahikayat. {AGA 219.3}

Ang mga aklat na ito ay nagtaglay ng mga patakaran at paraan ng pakikipagtalastasan sa masasamang espiritu. Ito ang mga batas ng pagsamba kay Satanas—mga direksyon sa paghingi ng tulong at impormasyon mula sa kanya. Sa pag-iingat ng mga aklat na ito ang mga bagong alagad ay patuloy pa sanang naging lantad sa mga tukso nito; sa pagbibili naman nito ay ilalagay nila ang iba sa tukso. Itinakwil nila ang kaharian ng kadiliman, at hindi sila nag-atubiling wasakin ang kapangyarihan nito. Sa ganito ay nagtagumpay ang katotohanan laban sa maling akala at pag-ibig ng tao sa salapi. {AGA 219.4}

Sa pagpapahayag na ito ng kapangyarihan ni Kristo, isang makapangyarihang tagumpay ng Kristianismo ay natamo sa pinakadakong ito ng pamahiin. Ang impluwensya ng naganap ay higit pa sa inasahan ni Pablo. Mula sa Efeso ay mabilis na kumalat ang balita, at isang

malakas na pasimulang puwersa ay nabigay sa gawain ni Kristo. Matagal na panahon pagkaraan ng gawain ng apostol, ang mga tanawing ito ay nanatili sa isipan ng tao, at naging paraan ng higit pang pagkahikayat sa ebanghelyo. {AGA 220.1}

Inaakala na ang mga pamahiing pagano ay wala na bago pumasok ang ika-dalawampung daantaon. Ngunit ang salita ng Dios at ang matigas na patotoo laban dito ay nagsasaad na ang panggagaway ay patuloy pa rin sa ating kapanahunan. Ang sinaunang sistema ng mahika ay tinatawag ngayong makabagong espirituwalismo. Si Satanas ay nakapapasok sa libong isipan sa paghaharap ng sarili sa anyo ng mga namatay na kaibigan. Sinasabi ng Kasulatan na "ang mga patay ay walang nalalamang anumang bagay." Eclesiastes 9:5. Ang kanilang mga pag-iisip, pag-ibig, at pagkamuhi, ay wala nang lahat. Ang patay ay di nakakausap ng mga buhay. Ngunit tulad sa unang katusuhan niya, si Satanas ay gumagamit ng mga kasangkapan upang makuha ang isipan ng tao. {AGA 220.2}

Sa pamamagitan ng espirituwalismo maraming maysakit, namimighati, mga usyoso, ang nakikipagsanggunian sa masasamang espiritu. Silang sumusubok nito ay pumapasok sa dakong mapanganib. Ang salita ng katotohanan ay naghahayag kung ano ang isipan ng Dios tungkol dito. Sa mga panahong sinauna ay naghayag Siya ng matigas na hatol sa isang haring nakipagsanggunian sa isang paganong orakulo: "Dahil ba sa walang Dios sa Israel, na kaya kayo nagsisiyaon upang makipag-usisa kay Baalzebub na diyos sa Ekron? Ngayon nga'y ganito ang sabi ng Panginoon, Ikaw ay hindi bababa sa higaan na iyong sinampahan, kundi walang pagsalang ikaw ay mamamatay." 2 Hari 1:3,4. {AGA 220.3}

Ang mga mahiko noong unang panahon ay may katumbas ngayon sa mga paraan ng espirituwalismo, at mga manghuhula. Ang mga mahimalang tinig na nadinig sa Endor at Efeso ang nandadaya pa rin ngayon sa mga anak ng tao. Kung maitataas lamang ang lambong sa ating mga mata, ay makikita natin ang mga anghel ng kasamaan na gumagamit ng lahat ng kanilang kasangkapan sa pandaraya at pagwasak. Saan mang dakong ang impluwensya ay ginagamit upang ang tao ay makalimot sa Dios, si Satanas ay naroon na gumagamit ng kapangyarihan ng gayuma. Kapag ang tao ay napadaig sa kanyang impluwensya, madadama nilang ang isipan ay bagabag at ang sarili ay napasama. Ang payo ng apostol sa iglesia sa Efeso ay dapat dinggin ng bayan ng Dios ngayon: "Huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman, kundi bagkus inyong sawatain." Efeso 5:11. {AGA 220.4}

Kapitulo 29 – Mga Araw ng Paggawa at Pagsubok

Sa loob ng mahigit sa tatlong taon ang Efeso ang naging sentro ng paggawa ni Pablo. Isang malagong iglesia ang natatag doon, at mula sa siyudad na ito ay lumaganap ang ebanghelyo sa buong probinsya ng Asia, sa mga Judio at Gentil man. {AGA 222.1}

Sa panahong ito ay iniisip na ng apostol ang magsagawa ng bagong paglalakbay misyonero. “Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, ay ipinasiya ni Pablo sa espiritu, nang matahak na niya ang Macedonia at ang Acaya, na pumaroon sa Jerusalem, na sinasabi, Pagkapanggaling ko roon, ay kinakailangang makita ko naman ang Roma.” “At nang maisugo ang dalawa na nagsisipaglingkod sa kanya, na si Timoteo at si Erastom;” ngunit sa pagkadama na kailangan pa rin siya sa Efeso, pinanukala niyang manatili doon hanggang matapos ang Pentecostes. Ngunit isang pangyayari ang naganap na nagpadali sa kanyang pagalis. {AGA 222.2}

Minsan sa isang taon, mga tanging seremonya sa karangalan ni diyosa Diana ay ginaganap sa Efeso. Ito ay umaakit ng maraming tao mula sa lahat ng bahagi ng probinsya. Sa buong panahong ito, ang mga pagdiriwang ay buong karangyaan at kagandahan. {AGA 222.3}

Ang tanging panahong ito ay tunay na pagsubok sa mga bagong hikayat. Ang pulutong ng mananampalatayang nagtitipon sa paaralan ni Tirano ay kakaibang nota sa tugtugin ng pagdiriwang, at malayang tuya, paglibak, at alimura ang ipinukol sa kanila. Ang mga paggawa ni Pablo ay nagbigay ng matinding dagok sa pagsambang pagano, at bilang bunga ay napansin na nababawasan ng mga dumadalo sa mga pagdiriwang, at sa sigasig ng mga sumasamba. Ang impluwensya ng kanyang pagtuturo ay naglagos sa kabila ng mga nahikayat na. Maraming palihim na tumanggap sa mga doktrina ay naliwanagan upang mawalan ng tiwala sa kanilang mga diyos na pagano. {AGA 222.4}

Mayroon pang isang dahilan ng kawalang kasiyahan. Isang malawakan at pagkakakitaang negosyo ay naitatag sa Efeso mula sa paggawa at pagbibili ng maliliit na imahen at groto, na modelo ng templo at larawan ni Diana. Silang kasangkot sa industriyang ito ay nakasumpong ng pagliit ng kanilang kita, at lahat ay nagkakaisa sa isipang ang dahilan nito ay ang paggawa ni Pablo. {AGA 222.5}

Si Demetrio, tagagawa ng mga pilak na groto, ay tumawag ng lahat ng mga katulad niya, at nagwika: “Mga ginoo, alam ninyo kung paanong sa pamamagitan ng ating gawain ay kumikita tayo. Gayundin ay inyong napakinggan at nakita na hindi lamang dito sa Efeso kundi halos sa buong Asia, na ang Pablong ito ay humikayat at naglayo ng maraming tao, sa pagsasabing sa katutubo ay hindi diyos ang mga gawa ng kamay. Hindi lamang nanganganib ang hanapbuhay na ito, kundi ang templo ng dakilang diyosang Diana ay mawawalan ng halaga, hanggang mailugso ang kadakilaan niya na sinasamba ng buong Asia at ng sanlibutan.” Ang mga salitang ito ay nagpasiklab sa bayan. “At nangapuno sila ng galit, at nangagsigawan, na nagsipagsabi, Dakila ang Diana ng mga taga Efeso.” {AGA 223.1}

Ang ulat ng pagsasalitang ito ay mabilis na kumalat. “Ang buong bayan ay nagkagulo.” Hinanap si Pablo, ngunit hindi ito matagpuan. Ang kapatiran, sa pagkadama ng panganib ay

mabilis siyang pinaalis. Mga anghel ng Dios ay isinugo upang magbantay sa apostol; ang kanyang oras upang maging martir ay hindi pa dumarating. {AGA 223.2}

Nang hindi matagpuan ang kanilang kinagagalitan, ang karamihan ay "sinunggaban si Gaio at Aristarco, mga lalaki ng Macedonia, mga kasama ni Pablo sa paglalakbay," at kasama ang mga ito ay "nagmadali silang nagtungo sa dulaan." {AGA 223.3}

Ang pinagtaguan ni Pablo ay hindi kalayuan, at naalaman niya ang panganib ng kanyang mga mahal na kapatid. Hindi inalintana ang sariling panganib, ninais niyang agad magtungo sa dulaan upang magsalita sa mga karamihang nagkakagulo. Ngunit "hindi siya pinahintulutan ng mga alagad." Si Gaio at Aristarco ay hindi siyang nais dakpin ng mga tao; walang iniisip na pinsala sa kanila. Ngunit kapag nakita ang maputla at bagabag na mukha ng apostol, ito ay magbabangon ng pinakamasamang damdamin at walang posibilidad na maililigtas ang kanyang buhay. {AGA 223.4}

Si Pablo ay masigasig pa ring ipagtanggol ang katotohanan sa karamihan; ngunit sa wakas ay napahinuhod ng isang balitang babala mula sa dulaan. "At ang ilan din naman sa mga puno sa Asia, palibhasa'y kanyang mga kaibigan, ay nagpasugo sa kanya at siya'y pinakiusapang huwag siyang pumaroon sa dulaan." {AGA 223.5}

Ang kaguluhan sa dulaan ay lumalala. "At ang iba nga'y sumisigaw ng isang bagay, at ang iba'y iba naman: sapagkat ang pulong ay nasa kaguluhan; at hindi maalaman ng karamihan kung bakit sila nagkakatipon." Ang katunayang si Pablo at mga kasama ay mga Hebreo, ang mga Judio ay masigasig na ipakilalang hindi sila kaayon nila at ng kanilang gawain. Kung kaya't pinaharap nila ang isa sa kanila upang maglahad ng bagay na ito sa bayan. Pinili nila si Alejandro, isang panday-tanso, na binanggit ni Pablo na gumawa sa kanya ng malaking kasamaan. 2 Timoteo 4:14. Si Alejandro ay lalaking may kakayahan, at ginamit niya ang buong lakas upang itulak ang galit ng bayan laban kay Pablo at mga kasama niya. Ngunit nang maalaman ng bayang ito na si Alejandro ay isa ring Judio ay hindi ito pinansin; at sa "loob ng dalawang oras ay nagsigawan ang bayan, Dakila si Diana ng mga taga Efeso." {AGA 224.1}

Sa wakas, dala ng pagod, sila ay tumigil, at pansamantalang nagkaroon ng katahimikan. At ang kalihim-bayan, sa bisa ng kanyang tungkulin ay nangasiwa sa isang pag-uusapan. Hinarap niya ang'bayan at sinabing walang dahilan upang magkagulo. Nanawagan siya sa kanilang katinuan. "Kayong mga lalaking taga Efeso," kanyang sinabi, "sino sa mga tao ang hindi nakaaalam na ang bayan ng mga Efeso ay tagapag-ingat ng templo ng dakilang Diana, at ng larawang nahulog mula kay Jupiter? Yamang hindi nga inaikakaila ang bagay na ito, ay dapat kayong magsitahimik, at huwag magsigawa ng anumang bagay na madalian. Sapagkat dinala ninyo rito ang mga taong ito, na hindi mga manloloob sa templo, ni mga mamumusong man sa ating diyosa. Kung si Demetrio nga, at ang mga panday na kasama niya, ay mayroong

anumang sakdal laban sa kaninuman, ay bukas ang mga hukuman, at may mga prokonsul: bayaan ninyong mangagsakdal ang isa't isa. Datapuwat kung may inuusig kayo sa ano pa mang ibang bagay, ay mahahatulan sa karaniwang kapulungan. Sapagkat totoong nanganganib tayo na mangasakdal tungkol sa pagkakagulo sa araw na ito, palibhasa'y walang anumang kadahilanan, at tungkol dito ay hindi tayo makapagbibigay sulit tungkol sa pagkakatipong ito. At nang siya'y makapagsalitang gayon, ay pinaalis niya ang kapulungan." Sa kanyang pagsasalita ay binanggit ni Demetrio na "Ang ating hanapbuhay ay nanganganib." Ito ang naglantad ng tunay na dahilan ng kaguluhan sa Efeso, at dahilan din ng pag-uusig na sumunod sa paggawa ng mga apostol. Nakita ni Demetrio at mga kasama na sa pagtuturo at paglaganap ng pabalita ng ebanghelyo ang negosyo ng paggawa ng mga rebulto at imahen ay nanganganib. Ang kita ng mga paganong saserdote at mga pintor ay nanganganib; at dahilan dito ay ibinangon nila ang pinakamahigpit na pagsalungat laban kay Pablo. {AGA 224.2}

Ang pasiya ng kalihim-bayan at ng iba pang may tungkulin sa siyudad ay nagpakita sa bayang si Pablo ay walang nilalabag na batas. Ito ay isa pang tagumpay ng Kristianismo sa kamalian at pamahiin. Ang Dios ay nagbangon ng isang dakilang mahistrado upang ibangon ang puri ng apostol at pigilan ang karamihan sa walang katarungang kaguluhan. Ang puso ni Pablo ay napuno ng pagpapasalamat sa Dios na ang kanyang buhay ay naingatan, at ang Kristianismo ay di nalagay sa kahihiyan sa Efeso. {AGA 225.1}

"At pagkatapos na mapatigil ang kaguluhan, nang maipatawag na ni Pablo ang mga alagad, at sila'y mapangaralan, ay nagpaalam sa kanila, at umalis upang pumaroon sa Macedonia." Sa paglalakbay na ito ay sinamahan sila ng dalawang matapat na kaanib sa Efeso, si Tiquico at Trofimo. {AGA 225.2}

Ang paggawa ni Pablo sa Efeso ay nagwakas. Ang paglilingkod niya roon ay panahon ng walang patid na paggawa, ng maraming pagsubok, ng malalim na bagabag. Tinuruan niya ang mga tao sa publiko at sa mga bahay, at kasama ng maraming luha ay nagturo siya at nagbigay babala. Patuloy na siya ay kinalaban ng mga Judio, na hindi nagpalagpas ng pagkakataong gumawa ng kaguluhan laban sa kanila. {AGA 225.3}

Habang nakikipaglaban, nagpapatuloy sa walang pagod na sigasig sa gawain ng ebanghelyo, at nagbabantay sa kapakanan ng batang iglesia sa pananampalataya, si Pablo ay nagtaglay sa kanyang puso ng mabigat na pasanin para sa lahat ng iglesia. {AGA 225.4}

Mga balita ng pagtalikod sa ilang iglesiang itinatag niya ay nagbigay ng matinding kapanglawan. Nangamba siyang ang mga pagsisikap niya ay mawalang kabuluhan.

Maraming gabing hindi mapagkatulog ay ginugol niya sa pananalangin at masikap na pagiisip ng mga paraang ginagamit upang labanan ang kanyang paggawa. Sa pagkakataong kaloob sa kanya at ayon sa pangangailangan, sumulat siya sa mga iglesia, nagbigay sansala, payo,

pakiusap, at pampasigla. Sa mga liham na ito ang apostol ay hindi naglumagi sa kanyang mga sariling paghihirap, gayunman ay mga paminsan-minsang pagbanggit tungkol sa pagdurusa niya sa gawain ni Kristo. Mga latay at pagkabilanggo, lamig at uhaw at gutom, panganib sa lupa at dagat, sa siyudad at sa ilang, mula sa sariling kababayan, mula sa mga Gentil, at mga huwad na kapatid—lahat ng ito ay tiniis niya alang-alang sa ebanghelyo. Siya ay "pinahiya," "inalisan ng karangalan," "nilibak at itinatwa," "nagulumihanan," "pinagusig," "binagabag sa lahat ng dako," "nasa lahat ng uri ng panganib sa bawat oras," "laging nasa banta ng kamatayan alang-alang kay Jesus." {AGA 225.5}

Sa gitna ng patuloy na bagyo ng pagsalungat, ng mga ligalig ng mga kaaway, at paglayo ng mga kaibigan ang apostol na hindi kayang sindakin ay halos mabagbag ang puso. Ngunit sa pagbalik tingin sa Kalbaryo ay may bagong siglang nagpatuloy siya upang ikalat ang pagkakilala sa Ipinako sa krus. Dinadaanan lamang niya ang landas na inagusan ng dugo ni Kristo na nauna sa kanya. Hindi niya hinangad ang makaalis sa pakikidigma hanggang sa maialay niya ang kanyang baluti sa paanan ng kanyang Manunubos. {AGA 226.1}

Kapitulo 30 – Isang Pabalita ng Babala at Pakiusap

Ang unang liham sa iglesia sa Corinto ay isinulat ni Pablo sa huling bahagi ng kanyang pananatili sa Efeso. Wala nang higit pang malalim na malasakit at walang pagod na pagsisikap para sa mga mananampalataya na ginawa si Pablo liban sa mga taga Corinto. Sa loob ng isang taon at kalahati ay gumawa siyang kasama nila, na itinuro sila sa isang Tagapagligtas na ipinako at nabuhay na muli bilang tanging paraan ng kaligtasan, at pinasigla silang lubusan at tiyakang umasa sa kapangyarihan ng Kanyang biyayang nagpapabago. Bago tanggapin sa kapadran ng iglesia silang nag-aangkin ng pagiging Kristiano, naging maingat siyang bigyan sila ng tanging instruksyon tungkol sa mga karapatan at kapanagutan ng mananampalatayang Kristiano; at masikap na gumawa siya upang tulungan silang maging tapat sa panata ng bautismo. {AGA 227.1}

Si Pablo ay may matalas na pagkaalam sa mga pakikibakang kakaharapin ng mananampalataya laban sa mga ahensya ng kasamaan na patuloy na gagawa upang mandaya at magpatibong, at walang pagod siyang gumawa upang mapalakas at mapagtibay silang mga bata pa sa pananampalataya. Nagsumamo siya sa lubusang pagpapasakop ng sarili sa Dios; sapagkat alam niyang kapag ang tao ay hindi nakaranas nito, ang kasalanan ay di tunay na naiwawaksi, ang mga panlasa at mga damdamin ay mangingibabaw pa rin, at mga tukso ay babagabag sa konsiyensya. {AGA 227.2}

Ang pagpapasakop ay dapat na maging ganap. Bawat mahina, nagaalinlangan, at nakikipagpunyaging kaluluwang lubusang susuko sa Panginoon, ay nalalagay sa tuwirang kaugnayan sa mga ahensyang magbibigay kakayahan sa kanya upang managumpay. Ang langit ay malapit sa kanya, at nasa kanya ang suporta at tulong ng mga anghel ng kahabagan sa bawat pagsubok at pangangailangan. {AGA 227.3}

Ang mga kaanib ng iglesia sa Corinto ay napapalibutan ng idolatriya at kalaswaan sa pinakakaakit-akit na porma. Nang ang apostol ay kasama pa nila, ang mga impluwensyang ito ay halos walang kapangyarihan sa kanila. Ang matatag na pananampalataya ni Pablo, ang kanyang maningas na panalangin at masikap na mga salita ng turo, at higit sa lahat, ang banal na kabuhayan ang tumulong sa kanila na tanggihan ang sarili para kay Kristo, sa halip na magtamasa ng mga kalayawan ng kasalanan. {AGA 227.4}

Ngunit nang makaalis na si Pablo, bumangon ang mga kalagayang hindi mainam; ang mga panirang damong itinanim ng kaaway ay lumagong kasama ng trigo, at di nagtagal ay nagkaroon ito ng mga bunga. Ito ay naging panahon ng mahigpit na pagsubok sa iglesia sa Corinto. Ang apostol ay hindi na nila kasama upang magbigay buhay sa kanilang sigasig at tumulong sa kanilang mabuhay katugma ng Dios, at unti-unti na marami ang naging walang ingat at walang bahala, at pinabayaang ang mga katutubong panlasa at hilig ang makapangyari sa kanila. Siya na madalas magpayo sa kanila ukol sa mataas na pamantayan

ng kadalisayan at pagiging matuwid, ay hindi na nila kasama. Hindi kakaunti ang sa panahon ng pagkahiyat ay nagwaksi ng kanilang mga masasamang ugali ang nagbalik sa mga nagpapababang gawa ng paganismo. {AGA 228.1}

Si Pablo ay lumiham sa iglesia, sa pagpapayong "huwag makisama" sa kanilang magpapatuloy sa masamang kabuhayan; ngunit marami sa mananampalataya ang nagpasama sa payo ng apostol, pinilipit ang kanyang mga salita, at nagdahilan sa sarili sa hindi pagpansin sa turo. {AGA 228.2}

Isang liham ang ipinadala ng iglesia kay Pablo na humihingi ng payo tungkol sa iba't ibang bagay, ngunit hindi nagbanggit ng mga malalang kasalanang natatagpuan sa gitna nila. Ngunit ang apostol ay malakas na inudyukan ng Banal na Espiritu tungkol sa tunay na kalagayan ng iglesia na kanilang inilihim, at ang liham nila ay pagsisikap upang makakuha sa kanya ng mga pangungusap na magagamit nila sa sariling adhikain. {AGA 228.3}

Sa panahong ito ay dumating sa Efeso ang sambahayan ni Cloe, isang pamilyang mataas ang karangalan sa Corinto. Nagtanong si Pablo sa kanila tungkol sa kalagayan ng mga bagay-bagay, at dito ay nalaman ni Pablo ang pagkakabahagi ng iglesia. Ang mga alitang namayani sa panahon ni Apolos ay lumala. Mga bulaang guro ang nangunguna sa mga kaanib na aglahiin ang mga turo ni Pablo. Ang mga doktrina at ordinansa ng ebanghelyo ay pinasama. Pagmamataas, idolatriya, at kalaswaan ay patuloy na lumalaganap sa gitna nilang dati ay masigasig sa buhay Kristiano. {AGA 228.4}

Sa paglalarawan kay Pablo ng mga bagay na ito, ang pinakamasaklap na pangamba niya ay napatotohanan. Ngunit hindi niya inisip na naging bigo na ang kanyang gawain dahilan dito. "May paghihirap ng puso" at "maraming luha" na humingi siya ng payo mula sa Dios. Sana ay magalak na nais niyang dalawing muli ang Corinto, kung ito ang pinakamabuting gawin. Ngunit alam niyang ang kasalukuyang kalagayan ng mga kapatid ay hindi magpapahintulot nito, at sa halip ay isinugo niya si Tito upang ihanda ang daan sa muling pagdalaw niya dito. At sa paglalagay sa isang tabi ng kanyang mga personal na damdamin sa mga masamang pangyayaring naganap, at sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa Dios, ang apostol ay nagpadala sa iglesia ng Corinto ng isa sa pinakamayaman, puno ng aral, pinakamakapangyarihang liham na kanyang naisulat. {AGA 229.1}

May kahanga-hangang linaw na kanyang tinugon ang mga katanungang galing sa iglesia, at inilahad ang mga pangkalahatang simulaing, kung, susundin, ay aakay sa lalong mataas na kalagayang espirituwal. Sila ay nasa panganib, at hindi niya matagalan ang isipang siya ay magkulang sa maselan na panahong ito na maabot ang kanilang mga puso. Matapat na nagbabala siya sa kanila sa mga panganib at nagsansala sa kanilang mga kasalanan. Muli ay itinuro niya sila kay Kristo at sinikap na muling sindihan ang ningas ng kanilang unang pagtatalaga. {AGA 229.2}

Ang dakilang pag-ibig ni Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto ay nahayag sa kanyang mairuging pagbati sa iglesia. Binanggit niya ang kanilang karanasan ng pagtalikod sa mga diyus-diyusan upang sumamba at maglingkod sa tunay na Dios. Pinaalalahanan niya sila tungkol sa mga kaloob ng Banal na Espiritu na kanilang tinanggap, at ipinakita ang karapatan nila upang patuloy na magpalago sa karanasang Kristiano hanggang sa makamtan nila ang kadalisayan at kabanalan ni Kristo. “Sa lahat ng bagay ay pinayaman kayo sa Kanya,” kanyang sinulat, “sa pananalita, at kaalaman; upang ang patotoo ni Kristo ay mapatibay sa inyo: upang kayo ay di magkulang sa anumang kaloob; sa paghihintay sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo: na Siyang magpapatibay sa inyo hanggang sa wakas, upang kayo ay maging walang kapintasan sa araw ng ating Panginoong Jesu-
Cristo.” {AGA 229.3}

Malinaw na binanggit ni Pablo ang alitang bumangon sa iglesia sa Corinto, at nakiusap sa mga kaanib na tumigil na sa pag-aaway. “Ipinamamanhik ko sa inyo,” kanyang sinulat, “sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na magsalita kayong lahat ng iisang bagay lamang, upang maalis ang pagkakabahagi sa gitna ninyo; kundi kayo ay maging sakdal na magkakasama sa isang isipan at sa isang paghatol.” Naisip ng apostol na banggitin kung paano at kanino niya naalaman ang mga alitan sa iglesia. “Naipahayag sa akin mga kapatid, nilang sambahayan ni Cloe, na mayroong pagkakabahagi sa gitna ninyo.” {AGA 229.4}

Si Pablo ay kinasihang apostol. Ang mga katotohanang itinuro niya sa iba ay kanyang tinanggap sa pamamagitan ng “pagpapahayag;” datapuwat hindi laging inihahayag sa kanya ng Dios ang kalagayan ng Kanyang bayan. Sa pagkakataong ito, silang may malasakit sa kasaganaan ng iglesia sa Corinto, at nakakita ng kasamaang pagapang na pumapasok, ang naghayag nito sa apostol, at mula sa mga banal na pagpapahayag na kanya nang tinanggap noong una ay handa siyang makitungo sa kalagayan ng ganitong mga pangyayari. Bagama’t hindi siya binigyan ng Panginoon ng bagong pagpapahayag sa tanging panahong iyon, silang tunay na naghahanap ng liwanag ay tumanggap ng kanyang pabalita bilang pagpapahayag ng isipan ni Kristo. Ipinakita sa kanya ng Panginoon ang mga kahirapan at panganib na babangon sa mga iglesia, at sa paglagong ito ng kasamaan, nakita ng apostol ang kahalagahan ng mga iyon. Nagpasiya siyang ipagtanggol ang kapakanan ng iglesia. Magbabantay siya sa mga tao katulad ng isang magsusulit sa Dios, at hindi baga marapat lamang na bigyan niyang pansin ang mga hidwaan at anarkiyang nasa gitna nila? Tunay; at ang mga sansalang ipinadala niya sa inspirasyon ng Espiritu ng Dios ay tulad ng iba niyang mga sulat. {AGA 230.1}

Hindi binanggit ni Pablo ang mga bulaang guro na naghahangad na wasakin ang bunga ng kanyang paggawa. Dahilan sa kadiliman at pagkakabahagi sa iglesia, matalinong iniwasan niyang huwag silang pagalitin, upang ang ilan ay di lubos na maitaboy sa katotohanan. Binigyan niyang pansin ang sariling gawain bilang katulad ng isang “matalinong tagapagtayo,” na naglagay ng pundasyong pinagtayuan naman ng iba. Ngunit hindi niya

itinaas ang sarili dahilan dito; sapagkat kanyang sinabi, “Tayo ay mga kamanggagawa ng Dios.” Hindi niya inangkin ang karunungang pansarili, kundi kinilala niyang ang karunungan ng Dios lamang ang nagbigay sa kanya ng kakayahang maituro ang katotohanan sa paraang nakalulugod sa Dios. Kaisa ni Kristo, ang pinakadakila sa lahat ng guro, si Pablo ay nakapagharap ng mga liksyong angkop sa lahat ng uri ng tao, sa lahat ng panahon, sa lahat ng dako, at lahat ng mga kondisyon. {AGA 230.2}

Kabilang sa lalong malalang kasamaang lumaganap sa mga mananampalatayang taga Corinto, ay ang pagbalik nila sa nagpapababang gawa ng paganismo. May isang nahikayat na lubhang nagbalik sa malaswang buhay anupa’t kahit na sa sanlibutan ng mga Gentil ay hindi ito marapat. Namanhik ang apostol sa iglesia na ihiwalay sa gitna nila ang “masamang taong ito.” “Hindi baga ninyo alam,” wika niya, “na ang kaunting lebadura ay nagpapamaga sa buong limpak? Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo’y maging bagong limpak, na tulad sa kayo’y walang lebadura.” {AGA 231.1}

Isa pang kasamaang bumangon sa iglesia ay ang paghahabla ng kapatid sa kapatid sa mga hukuman. May sapat na pamamaraang nailaan upang mag-ayos ng sigalutan ng magkakapatid. Si Kristo na rin ang nag-iwan ng maliwanag na tagubilin kung paanong ang mga ganitong bagay ay dapat ayusin. “Kung ang iyong kapatid ay magkasala laban sa iyo,” ang Tagapagligtas ay nagpayo, “lapitan mo siya at sabihin mo sa kanya ang kanyang pagkakasala: kung pakikinggan ka niya, nailigtas mo ang iyong kapatid. Ngunit kung hindi siya makikinig sa iyo, magsama ka ng isa o dalawa pa, upang sa labi ng dalawa o tatlong saksi ang bawat salita ay matatag. At kung hindi siya makikinig sa kanila, dalhin ito sa iglesia: at kung hindi niya pakikinggan ang iglesia, ituring siyang isang Gentil at isang Publicano. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Anuman ang inyong talian dito sa lupa ay tatalian din naman sa langit: at anuman ang inyong pawalan dito sa lupa ay pawawalan din sa langit.” Mateo 18:15-18. {AGA 231.2}

Sa mga mananampalataya sa Corinto na nakalimot sa payak na payong ito, si Pablo ay sumulat na tiyakan sa pagsansala at payo. “Nangangahas baga ang sinuman sa inyo,” kanyang sinabi, “kung mayroong anumang bagay laban sa iba, na siya’y magsakdal sa harapan ng mga liko, at hindi sa harapan ng mga banal? O hindi baga ninyo nalalamang ang mga banal ay magsisihatol sa sanlibutan? at kung ang sanlibutan ay hahatulan ninyo, hindi kaya dapat magsihatol kayo sa mga bagay na maliliit? Hindi baga ninyo nalalamang hahatulan natin ang mga anghel? gaano pa kaya ang mga bagay na nauukol sa buhay na ito? Kung kayo’y mayroong usapin sa mga bagay na nauukol sa buhay na ito, ilalagay baga ninyo upang magsihatol ang mga taong walang halaga sa iglesia? Sinasabi ko ito upang mangahiya kayo.

Ano, diyata’t wala baga sa inyo na isa mang marunong na makapagpapayo sa kanyang mga kapatid? Kundi ang kapatid ay nakikipag-usapin laban sa kapatid, at ito’y sa harapan ng mga hindi nagsisisampalataya? Ngayon nga tunay na isang pagkukulang sa inyo ang kayokayo’y,

magkaroon ng mga usapin. Bakit hindi bagkus ninyong tiisin ang mga kalikuan?.... Ngunit kayo rin ang nagsisigawa ng kalikuan, at nangagdaraya, at ito'y sa mga kapatid ninyo. Hindi baga ninyo nalalaman na ang liko ay hindi magmamana ng kaharian ng Dios?" {AGA 232.3}

Si Satanas ay patuloy na nagpapasok ng kawalang tiwala, paglayo, at masamang hangad sa gitna ng bayan ng Dios. Madalas na tayo'y matutuksong ang ating mga karapatan ay pinanghihimasukan, bagama't wala namang tunay na dahilan ukol dito. Silang ang pagibig sa sarili ay higit sa pag-ibig kay Kristo at sa Kanyang gawain, ay naglalagay ng mga sariling interes sa unahan at gagawa ng anumang kailangan upang ang mga ito ay mapangalagaan at mapanatili. Maging sa marami sa tingin ay matinong Kristiano ang nahahadlangan ng pagmamataas at pagpapahalaga sa sarili upang lapitan ang kapatid na nagkakamali, upang makausap sila sa diwa ni Kristo, at makapanalanging kasama nila. Kung mayroong kapatid na nasasaktan, sa halip na sundin ang patakaran ni Kristo, ang ilan ay nagtutungo sa mga hukuman. {AGA 232.1}

Ang mga Kristiano ay di dapat humarap sa mga hukumang sibil upang mag-ayos ng hidwaan ng magkakapatid sa iglesia. Ang mga alitang ito ay maaaring sila na rin ang magayos, o ang iglesia, ayon sa mga tagubilin ni Kristo. Kahit na iisiping may nagawang walang katarungan, ang tagasunod ng maamo at mababang Jesus ay magtitiis na "siya'y nadaya" sa halip na buksan sa sanlibutan ang mga kasalanan ng kapatid sa iglesia. {AGA 232.2}

Ang demandahan sa pagitan ng magkakapatid ay kahihiyan sa gawain ng katotohanan. Ang mga Kristiano na tutungo sa mga hukuman laban sa kapatid ay naglalantad sa iglesia sa pagtuya ng mga kaaway at nagbibigay tagumpay sa kapangyarihan ng kadiliman. Panibagong sinusugatan nila si Kristo, at inilalantad Siya sa kahihiyan. Sa pagwawalang bahala sa otoridad ng iglesia, kanilang iniismiran ang Dios, na Siyang nagbigay ng otoridad sa iglesia. {AGA 232.3}

Sa kanyang pagsulat sa Corinto, sinikap ni Pablo na ipakita sa kanila ang kapangyarihan ni Kristo na mag-ingat sa kanila sa kasamaan. Alam niyang kung sila lamang ay susunod sa mga kondisyong nailahad, sila ay magiging malakas sa Makapangyarihan. Bilang paraan ng pagpapalaya sa kanila sa pagkaalipin ng kasalanan at tungo sa kasak-dalan ng kabanalan sa pagkatakot sa Panginoon, si Pablo ay nagmungkahi sa kanila ng pag-aangkin Niya sa kanilang mga buhay na natatalaga sa panahon ng kanilang pagkahikayat. "Kayo ay kay Kristo.... Kayo ay binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ang Dios sa inyong katawan, at sa inyong espiritu, na pag-aari ng Dios." Malinaw na inihanay ng apostol ang bunga ng pagtalikod sa buhay ng kadalisayan at kabanalan tungo sa masasamang gawa ng paganismo. "Huwag kayong padaya," kanyang sinulat; "kahit ang mga mapakiapid, ni ang mga mananamba sa diyus-diyusan, ni ang mga mangangalunya,...ni ang mga magnanakaw, ni ang mga masasakim, ni ang mga manlalasing, ni ang mga mapagtungayaw, ni ang mga manlulupig, ay hindi

mangagmamana ng kaharian ng Dios.” Nakiusap siya na kanilang supilin ang mababababang damdamin at panlasa. “Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo, at ito’y sa Dios?” {AGA 232.4} Bagama’t si Pablo ay nagtataglay ng mataas na katalinuhan, ang kanyang buhay ay naghayag ng lalong mataas na karunungan, na nagbigay sa kanya ng bilis ng pagkaunawa at simpatiya ng puso, at naglapit sa kanya sa iba, upang makilos ang kanilang mas mainam na likas at mapasigla silang hangarin ang lalong mataas na pamumuhay. Ang kanyang puso ay puspos ng maningas na pag-ibig sa mga mananampalataya sa Corinto. Nanabik siyang makita silang naghahayag ng kabanalang panloob na magpapalakas sa kanila laban sa tukso. Alam niyang sa bawat hakbang sa landas Kristiano sila ay kakalabanin ng sinagoga ni Satanas at sa bawat araw ay makikipagbaka sila. Dapat na sila’y maging listo sa palihim na paglapit ng kaaway, magtaboy ng mga dating gawa at likas na hilig, at laging nagbabantay sa pananalangin. Alam ni Pablo ang higit na matataas na maaabot ng Kristiano sa pamamagitan ng maraming dalangin at laging pagbabantay, at ito ay lagi niyang idinidiin sa kanilang mga isipan. At alam din niyang kay Kristo na ipinako sila ay may sapat na kapangyarihan na ang tao ay mahikayat at maiangkop na banal upang malabanan ang lahat ng tukso ng kasamaan. May pananampalataya sa Dios na kanilang baluti, at ang Kanyang salita bilang sandata sa pakikipagbaka, sila ay pagkakalooban ng panloob na kapangyarihang gapiin ang pagsalakay ng kaaway. {AGA 233.1}

Ang mga mananampalataya sa Corinto ay nangailangan ng lalong malalim na karanasan sa mga bagay ng Dios. Hindi nila lubos na nalalaman ang kahulugan ng masdan ang Kanyang kaluwalhatian, at mabago sa likas. Ang nakita lamang nila ay ang mga unang sinag ng bukang liwayway ng kaluwalhatiang iyon. Ang hangarin ni Pablo ay mapuspos sila ng kaganapan ng Dios, at sumusunod sa Kanyang ang pagsikat ay tulad ng sa umaga at patuloy na mag-aral sa Kanya hanggang sa marating nila ang katanghaliang tapat ng sakdal na pananampalataya ng ebanghelyo. {AGA 234.1}

Kapitulo 31 – Tinawag sa Lalong Mataas na Pamantayan

Sa pag-asang maidiin sa isipan ng mga mananampalataya sa Corinto ang kahalagahan ng matatag na pagpipigil sa sarili, mahigpit na pagtitimpi, at di nagbabagong sigasig sa paglilingkod kay Kristo, ibinigay ni Pablo sa sulat sa kanila ang malinaw na paghahambing ng pakikibakang Kristiano sa mga karera sa takbuhang ginaganap paminsanminsan sa Corinto. Sa lahat ng mga palaro ng mga Griyego at Romano, ang takbuhan ang pinakamatanda at higit na pinahahalagahan. Pinanonood ito ng mga hari, mga mararangal at mga opisyal ng estado. Mga kabataang lalaki na may antas sa lipunan at mayayaman ay

lumalahok, at nagsasagawa ng mga pagsisikap at disiplina upang matamo ang gantimpala. {AGA 235.1}

Ang paligsahan ay nasa ilalim ng mahihigpit na patakaran, at walang pakiusap dito. Ang nagnanais na magpasok ng pangalan bilang kalahok para sa gantimpala, ay dapat munang pasailalim sa paghahandang pagsasanay. Mga nakapipinsalang panlasa, o anumang hilig na makapagpapababa ng mental o pisikal na lakas, ay ipinagbabawal na mahigpit. Para ang sinuman ay magkaroon ng pag-asang magwagi sa subukang ito ng lakas at bilis, ang mga kalamnan ay dapat na malakas at malambot, at ang mga nerbiyos ay nasa kundisyon. Bawat kilos ay dapat na tiyakan, bawat hakbang ay mabilis at tiyak; ang kapangyarihang pisikal ay dapat na nasa pinakamataas na antas. {AGA 235.2}

Sa pagharap ng mga kalahok sa naghihintay na mga tao, ang kanilang mga pangalan ay binabanggit, at ang mga patakaran ng takbuhan ay malinaw na inihahayag. At sila ay magpapasimulang magkakasama, ang buong pansin ng mga nanonood ang nagpapasigla sa kanila upang maghangad na magwagi. Ang mga tagahatol ay nakaupo malapit sa katapusan, upang makita nilang malinaw ang takbuhan mula pasimula hanggang katapusan at maipagkaloob ang gantimplala sa tunay na magwawagi. Kapag ang sinuman ay mauna sa katapusan ngunit lumabag sa anumang patakaran, siya ay hindi pinagkakalooban ng gantimpala. {AGA 235.3}

Sa takbuhang ito ay malaking panganib ang kaugnay. Mayroong hindi na nakakabawi pa sa kahirapang pisikal. Pangkaraniwan lamang na mayroong nadadapa sa takbuhan, duguan sa bibig at ilong, at kung minsan ay may kalahok na patay na natitimbuwang sa puntong halos nakamit na niya ang tagumpay. Ngunit ang pagkakaroon ng sugat o pinsalang habang buhay ay minamaliit para sa karangalang ipagkakaloob sa matagumpay na mananakbo. {AGA 236.1}

Sa pag-abot ng nagtagumpay sa kanyang mithiin, ang palakpakan ng karamihan ang madidinig at aalingawngaw sa mga karatig na burol at kabundukan. Sa buong pangmasid ng karamihan, ipagka-kaloob ng hukom ang sagisag ng tagumpay—isang koronang laurel, at isang sanga ng palma sa kanyang kanang kamay. Ang kapurihan niya ay aawitin sa buong lupain; ang mga magulang niya ay kabahagi sa parangal na ito; at kahit na ang siyudad na kanyang tinitirhan ay pinagpapahalagahan sa pagkakaloob ng isang dakilang adetang katulad niya. {AGA 236.2}

Sa pagbanggit sa mga takbuhang ito bilang sagisag ng pakikibakang Kristiano, idiniin ni Pablo ang paghahandang kailangan sa tagumpay ng mga kalahok sa karera—ang pangunang disiplina, ang pagkaing may pagtitimpi, ang pagpipigil sa sarili. “Ang bawat tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay.” Ang mga mananakbo ay isinasaisantabi ang bawat pagmamalabis na magpapahina ng pisikal na lakas, at sa

mahigpit at patuloy na disiplina ay sinasanay ang mga kalamnan upang lumakas at makatagal, upang sa araw ng takbuhan ay magamit nilang sukdulan. Gaano pang higit na mahalaga para sa Kristiano, na mga walang hanggang interes ang kasangkot, na ang bawat panlasa at damdamin ay masupil ng katuwiran at kalooban ng Dios! Kailanman ay di niya dapat pahintulutang ang buong pansin ay manakaw ng mga libangan, luho, o ginhawa. Lahat ng kanyang ugali at damdamin ay dapat mapasailalim sa pinakamahigpit na disiplina. Ang pangangatuwirang nagliwanag sa mga turo ng salita ng Dios at pinapatnubayan ng Kanyang Espiritu ang dapat humawak ng renda. {AGA 236.3}

Matapos magawa ito, ang Kristiano ay dapat magsikap na lubos upang makamtan ang tagumpay. Sa mga palaro sa Corinto, ang mga huling hakbang ay katumbas ng pinakabuhos na pagsisikap upang mapanatili ang bilis. Gayon din ang Kristiano, habang nalalapit sa mithiin, ay dapat magpatuloy sa higit na sigasig at tatag kaysa nang siya ay nagsimula. {AGA 236.4}

Inihambing ni Pablo ang kumukupas na laurel ng nagtagumpay sa takbuhan, sa korona ng walang hanggang kaluwalhatian na ibibigay sa kanyang magtatagumpay sa takbuhang Kristiano. “Ginagawa nila ito upang magtamo ng koranang nasisira; ngunit tayo ay ng hindi nasisira.” Upang magtamo ng gantimpalang lumilipas, ang mga mananakbong Griyego ay hindi inalintana ang paggawa at disiplina. Datapuwat tayo ay nagsisikap para sa isang gantimpalang higit at higit na mahalaga, ang putong ng walang hanggang buhay. Gaano nga higit na tayo ay dapat maging maingat sa ating mga pagsisikap, gaano nga higit na maging laang magsakripisyo at tumanggi sa sarili! {AGA 237.1}

Sa mga sulat sa Hebreo ay tinutukoy ang adhikain ng pusong dapat maging likas ng KristianOng tumatakbo ukol sa walang hanggang buhay: “Itabi nating walang liwag ang bawat pasan at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal sa ating pananampalataya.” Hebreo 12:1, 2. Ang inggit, masamang isipan, malisya, masamang salita, kasakiman— ang mga ito ay pabigat na kailangang iwaksi ng Kristiano kung nais niyang takbuhing matagumpay ang karera na ukol sa imortalidad. Bawat ugali at gawang umaakay sa kasalanan at nagbibigay kahihiyan kay Kristo, ay dapat itakwil, anuman ang kailangang sakripisyo. Ang pagpapala ng langit ay hindi ukol sa taong lalabag sa mga walang hanggang simulain ng katuwiran. Isang kasalanang minamahal ay sapat upang gumawa ng pagpapasama sa likas, at aakay sa iba sa kapahamakan. {AGA 237.2}

“Kung ang kamay mo ay magpapatisod sa iyo,” sabi ng Tagapagligtas, “putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kaysa may dalawang kamay kang mapasa impiyerno, sa apoy na hindi mapapatay. At kung ang paa mo’y makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pang pumasok kang pilay sa buhay kaysa may dalawang paa kang mabulid sa impiyerno.” Marcos 9:4345. Kung kailangang putulin ang kamay o paa, o dukitin

ang mata upang makapasok sa buhay, gaano nga kasikap na ang Kristiano ay dapat magtakwil ng kasalanan, na naghahatid ng kamatayan sa kaluluwa! {AGA 237.3}

Ang mga kalahok sa sinaunang mga palarong ito, matapos pasailalim sa pagtanggi sa sarili at mahigpit na disiplina, ay hindi pa rin nakatitiyak ng tagumpay. “Hindi baga ninyo nalalaman,” wika ni Pablo, “na silang kalahok sa takbuhan ay tumatakbong lahat, datapuwat iisa ang nagtatagumpay?” Gaano man kasikap at kasigasig ang lahat ng mananakbo, ang gantimpala ay ukol lamang sa isa. Isang kamay ang makahahawak ng minimithing korona. May magsisikap nang lubusan upang makamit ang tagumpay, ngunit sa sandaling mahahawakan na ang gantimpala, biglang may ibang kamay ang maaaring umagaw nito. {AGA 237.4}

Ngunit kaiba sa pakikibakang Kristiano. Walang sinumang tutupad sa mga kahilingan ang mabibigo sa katapusan ng takbuhan. Walang sinumang masikap at nagpunyagi ang mabibigo. Ang karera ay hindi sa mabilis, o ang pagbabaka ay ukol sa malakas. Ang pinakamahinang banal, gayon din ang pinakamalakas, ay maaaring magsuot ng korona ng walang hanggang kaluwalhatian. Lahat ay maaaring magwagi, na sa kapangyarihan ng biyaya ng Dios, ay magpapasakop ng kanilang mga buhay sa kalooban ni Kristo. Ang pagsasanay, ang mga detalye ng buhay, ang mga simulaing inilahad sa salita ng Dios, ay madalas na niwawalang kabuluhan—isang bagay na napakawalang kwenta upang pansinin. Ngunit sa harapan ng dakilang isyung nakataya, walang bagay na napakaliit upang makatulong o makahadlang. Bawat gawa ay may bigat sa timbangang nagpapasiya ukol sa tagumpay o kabiguan sa buhay. Ang gantimpalang kaloob sa kanilang magwawagi ay magiging kasukat ng lakas at sigasig sa pagsisikap. {AGA 238.1}

Inihambing ng apostol ang sarili sa isang mananakbo na ang buong pagsisikap ay ginagawa upang magwagi. “Ako nga’y tumatakbo sa ganitong paraan,” kanyang sinabi, “hindi gaya ng nagsasapalaran; sa ganito rin ako’y sumusuntok, na hindi gayang sumusuntok sa hangin: ngunit hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: baka sakaling sa anumang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay itakwil.” Upang hindi siya tumakbong walang kasiguruhan o sa alasuwerteng takbukhan ng mga Kristiano, itinalaga ni Pablo ang sarili sa dibdibang pag-eensayo. Ang mga salita, “Ngunit hinahampas ko ang aking katawan,” ang literal na kahulugan nito ay labanan na may mahigpit na disiplina ang mga bugso ng damdamin, at mga masidhing nais. {AGA 238.2}

May pangamba si Pablo na matapos siyang makapangaral sa iba, siya na rin ay maitakwil. Nadama niyang kung hindi niya maisakabuhayan ang mga simulaing pinaniniwalaan at ipinangangaral, ang paggawa niya para sa iba ay mawawalang kabuluhan. Ang kanyang pagkahikayat, impluwensya, pagtanggi sa pagmamalabis sa sarili, ay dapat maghayag na ang kanyang relihiyon ay hindi lamang isang pagpapanggap, kundi isang buhay na kaugnayan sa

Dios sa bawat araw. Iisang mithiin ang laging nasa harapan niya at taimtim na nagsikap upang abutin—"ang katuwiran ng Dios sa pananampalataya." Filipos 3:9. {AGA 238.3}

Alam ni Pablo na ang kanyang pakikibaka ay panghabang buhay. Lagi niyang nadadama ang pangangailangan ng mahigpit na pagbabantay sa sarili, upang ang makalamang naisin ay hindi mangibabaw sa espirituwal na sigasig. Buong kapangyarihang nakipagpunyagi siya sa mga natural na hilig. Laging nakalagay sa kanyang harapan ang pamantayang dapat abutin, at ito ay lagi niyang pinagsikapang abutin sa pagiging laang sumunod sa kautusan ng Dios. Ang kanyang mga salita, gawa, at damdamin—ang lahat ay ipinasakop sa kontrol ng Espiritu ng Dios. {AGA 239.1}

Ang nag-iisang adhikaing ito na magtagumpay sa takbuhan ng walang hanggang buhay ang nais ni Pablo na makita sa kabuhayan ng mga mananampalataya sa Corinto. Alam niyang upang maabot ang kahilingan ng Dios para sa kanila, kailangang harapin nilang walang pahinga ang pakikipagbaka sa buhay. Sumamo siya sa kanilang sa bawat araw ay magsikap na magpakabanal at magtamong kagalingang moral. Sumamo siyang alisin ang anumang pasan at magpatuloy sa mithiin ng kasakdalan kay Kristo. {AGA 239.2}

Itinuro ni Pablo ang mga taga Corinto sa mga karanasan ng sinaunang Israel, sa mga pagpapalang naging pabuya ng kanilang pagsunod, at sa mga hatol na kasunod ng kanilang pagsalangsang. Ipinaalaala niya sa kanila ang mga milagro ng Dios sa pag-akay sa mga Hebreo mula sa Egipto, sa proteksyon ng ulap sa araw at haliging apoy kung gabi. Mapanatag na sila ay nakatawid sa Dagat na Pula, samantalang ang mga Egipsyong nagsisikap makatawid ay nangalunod na lahat. Sa mga gawang ito ay kinilala ng Dios ang Israel bilang Kanyang iglesia. Sila'y "nagsikain ng espirituwal na pagkain; at nagsiinom ng espirituwal na inumin: sapagkat uminom sila sa espirituwal na Batong sumunod sa kanila: at ang Batong yaon ay si Kristo." Sa lahat ng paglalakbay ng mga Hebreo, si Kristo ang kanilang lider. Ang batong pinalo ay anino ni Kristo, na masusugatan para sa pagkakasala ng tao, upang ang daloy ng kaligtasan ay umagos sa lahat. {AGA 239.3}

Sa kabila ng pagtinging ipinakita ng Dios sa mga Hebreo, gayunman, dahilan sa pag-ibig nila sa mga karangyaang naiwan sa Egipto, at dahilan sa kanilang pagkakasala at paghihimagsik, ang mga hatol ng Dios ay dumating sa kanila. Nanawagan ang apostol sa mga mananampalataya sa Corinto na sundin ang mga liksyong napapaloob sa karanasan ng Israel. "Ang mga bagay na ito ay halimbawa," kanyang pinahayag, "upang tayo ay hindi magnasa ng mga masasamang bagay, na kanilang ninasa." Ipinakita niya kung paanong ang pag-ibig sa kaginhawahan at kalayawan ang naghanda ng daan sa mga kasalanang nagpagalit sa Dios. Nang ang Israel ay naupo upang kumain at uminom, at tumayo upang maglaro, kanilang itinakwil ang pagkatakot sa Dios, na kanilang nadama habang nakikinig sa pagbibigay ng kautusan; at sa paggawa ng guyang ginto upang sambahin ito. Matapos ang isang maluhong kapistahan kaugnay ng pagsamba kay Baalpeor, marami sa mga Hebreo ang nahulog sa

kamunduhan. Ang galit ng Dios ay napukaw, at sa Kanyang utos “tatlo at dalawampung libo” ay pinaslang ng peste sa araw na iyon. {AGA 240.1}

Nagbabala ang apostol sa mga taga Corinto, “Siyang nag-aakalang siya’y nakatayo ay mag-ingat na baka siya ay mahulog.” Kung sila ay magiging mayabang at kompiyansa sa sarili, na magpapabaya sa pagbabantay at pananalangin, sila ay mahuhulog sa mga malalang kasalanan, at hihilahin ang galit ng Dios. Gayunman hindi nais ni Pablo na sila ay manlupaypay o magmukmok. Ibinigay niya sa kanila ang kasiguruhan: “Ang Dios ay tapat, na hindi niya tutulutang ang sinuman ay matukso na higit sa kanyang makakayanan; kundi magkakaloob ng paraan ng pagtakas sa tukso, upang inyong makayanan ito.” {AGA 240.2}

Pinasigla ni Pablo ang mga kapatid na magtanong sa sarili kung ano ang mga nagawa nila para sa iba, at huwag gagawa ng anumang bagay na magpapahintulot sa pasamba sa diyus-diyusan, o magbibigay katitisuran sa mga mahihina pa sa pananampalataya. “Maging kayo man ay nagsisikain, o nagsisiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyong lahat sa ikaluluwalhati ng Dios. Huwag magbigay ng anumang katitisuran, sa mga Judio o sa Gentil man, o sa iglesia ng Dios.” {AGA 240.3}

Ang mga babala ng apostol sa iglesia sa Corinto ay angkop sa lahat ng panahon, at lalong angkop sa ating panahon ngayon. Ang idolatriya ay hindi lamang pagsamba sa mga diyusdiyusan, kundi paglilingkod din sa sarili, pag-ibig sa kaginhawahan, pagsunod sa layaw ng panlasa at damdamin. Ang karaniwang pagpapanggap ng pananampalataya kay Kristo, ang mayabang na kaalaman ng katotohanan, ay hindi ginagawang Kristiano ang isang tao. Ang isang relihiyong nagsisikap na bigyang kasiyahan ang mata, ang tainga, at ang panlasa, o sumusunod sa pagpapasasa sa sarili, ay hindi siyang relihiyon ni Kristo. {AGA 240.4}

Sa paghahambing ng iglesia sa katawan ng tao, angkop na inilarawan ng apostol ang malapit at katugmang kaugnayang dapat makita sa mga kaanib ng iglesia ni Kristo. “Sapagkat sa isang Espiritu,” kanyang sinulat, “ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo’y Judio o Gentil, maging mga alipin o laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu. Sapagkat ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami. Kung sasabihin ng paa, sapagkat hindi ako kamay, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito’y hindi sa katawan? At kung sasabihin ng tainga, Sapagkat hindi ako mata, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito’y hindi sa katawan? Kung ang buong katawan ay pawang mata, saan naroroon ang pakinig? Kung ang lahat ay pawang pakinig, saan naroroon ang pang-amoy? Datapuwat ngayo’y inilagay ng Dios ang bawat isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa Kanyang minagaling. At kung ang lahat nga’y pawang isang sangkap, saan naroroon ang katawan? Datapuwat maraming mga sangkap nga, ngunit iisa ang katawan. At hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan.... Hinusay ng Dios ang katawan, na binigyan ng lalong saganang puri yaong sangkap na may kakulangan: upang huwag magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa

katawan; kundi ang mga sangkap ay mangagkaroon ng magkakatulad na pag-iingat sa isa't isa. At kung ang isang sangkap ay nagdaramdam, ang lahat ng mga sangkap ay nangagdaramdam na kasama niya; o kung ang isang sangkap ay nagkakapuri, ang lahat ng mga sangkap ay nangagagalak na kasama niya. Kayo nga ang katawan ni Kristo, at bawat isa'y sasamang sangkap niya." {AGA 241.1}

Matapos ito, at mula noon hanggang ngayon sa mga salitang nagbibigay sigla at inspirasyon sa lahat ng tao, ibinigay ni Pablo ang kahalagahan ng pag-ibig na dapat pakamahalin ng mga alagad ni Kristo: "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at mga anghel, datapuwat wala akong pag-ibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. At kung magkaroon ako ng kaloob ng propesiya, at maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga, at ang lahat ng kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na anupa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwat wala akong pag-ibig, ay wala akong kabuluhan. At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwat wala akong pag-ibig, ay walang pakikinabangin sa akin." {AGA 241.2}

Gaano man kataas ang pag-aangkin, siyang ang puso ay hindi puspos ng pag-ibig sa Dios at sa kapwa, ay hindi tunay na alagad ni Kristo. Bagama't magtaglay siya ng dakilang pananampalataya at may kapangyarihang gumawa ng mga milagro, gayunman ay walang pag-ibig ay wala ring kabuluhan ang kanyang pananampalataya. Maaaring sagana siyang magbigay ng tulong; ngunit kung ang pagbibigay niya, ang motibo ay iba kaysa pag-ibig, at kung ibigay niyang lahat ang kayamanan niya sa mga dukha, ang gawang ito ay hindi rin makalulugod sa Dios. Sa kanyang sigasig ay maaari pa siyang mamatay na isang martir, ngunit kung hindi bunsod ng pagibig, ang magiging turing sa kanya ng Dios ay isang tagasunod na sira ang tuktok o ambisyosong ipokrito. {AGA 242.1}

"Ang pag-ibig ay mapagpahinuhod, at magandang loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo." Ang pinakadalisay na kagalakan ay bumubukal mula sa pinakamalalim na pagkaaba. Ang pinakamalakas at pinakamarangal na likas ay nakatatag sa pundasyon ng pagtitiis, pag-ibig, at pagpapasakop sa kalooban ng Dios. {AGA 242.2}

Ang pag-ibig "ay hindi nag-uugaling mahalay, hindi hinahanap ang kanyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama." Ang pag-ibig na katulad kay Kristo ay nagbibigay ng pinakamagandang haka sa mga motibo at gawa ng iba. Hindi ito naglalantad ng kamalian kung hindi marapat; hindi ito sabik makinig sa mga ulat na hindi maganda, sa halip ay nagsisikap na ibangon ang magagandang katangian ng iba. {AGA 242.3}

Ang pag-ibig ay "hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan; lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis." Ang pag-ibig "ay

hindi nagkukulang kailanman.” Hindi ito mawawalan ng halaga; sa kanyang makalangit na katangian. Bilang mahalagang kayamanan, ito ay madadala ng sinuman hanggang sa pintuan ng siyudad ng Dios. {AGA 242.4}

“Datapuwat ngayo’y nanatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pag-asa, at ang pag-ibig; ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.” {AGA 243.1}

Sa pagbaba sa pamantayan ng mga mananampalataya sa Corinto, mayroong bumitaw sa mga pangunahing pagkakakilanlan ng kanilang pananampalataya. Mayroong umabot sa puntong ikaila ang doktrina ng pagkabuhay na muli. Hinarap ni Pablo ang erehe ng payak at malinaw na patotoo ng pagkabuhay na muli ni Kristo. Inihayag niyang matapos mamatay si Kristo, “Siya ay bumangong muli nang ikatlong araw ayon sa Kasulatan,” at matapos ito ay “nakita ni Cefas, at ng Labindalawa: at nakita pa ng mga limang daang kapatid na minsanan; na ang kalakhang bahagi ng mga ito ay buhay pa ngayon, ngunit ang ilan ay nangatulog na. Matapos ito, ay nakita Siya ni Santiago; at ng lahat ng mga apostol. At sa wakas ay nakita ko rin.” {AGA 243.2}

Taglay ang kapangyarihan, inilahad ng apostol ang dakilang katotohanan ng pagkabuhay na mag-uli. “Sapagkat kung hindi muling binubuhay ang mga patay,” kanyang sinabi, “ay hindi rin nga muling binuhay si Kristo: at kung si Kristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan, kayo’y nasa inyong mga kasalanan pa. Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman kay Kristo ay pawang nangapahamak. Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Kristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabag-habag. Datapuwat si Kristo nga’y muling binuhay sa mga patay na Siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog.” {AGA 243.3}

Dinala ng apostol ang mga isipan ng mga kapatid sa Corinto sa mga tagumpay ng umaga ng pagkabuhay na muli tungo sa hinaharap, kapag ang lahat ng mga banal na natutulog ay ibabangon na upang mabuhay sa walang hanggan kasama ng kanilang Panginoon: “Narito,” pahayag ng apostol, “isinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: Hindi tayong lahat ay mangatutulog, ngunit tayong lahat ay babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagkat tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na mag-uli na walang kasiraan, at tayo’y babaguhin. Sapagkat kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan. Saan naroon, O kamatayan ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon O kamatayan ang iyong tibo?... Datapuwat salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong JesuCristo.” {AGA 243.4}

Alaluwalhati ang tagumpay na naghihintay sa mga tapat. Sa pagkadama ng apostol sa mga maaaring maganap sa mga mananampalataya sa Corinto, sinikap niyang ilahad sa kanila ang

mga bagay na magaangat mula sa makasarili at senswal, at luluwalhad sa buhay na may pag-asa ng kawalang kamatayan. Maningas na nagpayo siya upang sila'y maging tapat sa mataas na pagkakatawag sa kanila kay Kristo. "Mga kapatid kong minamahal," ang kanyang pakiusap, "kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon." {AGA 244.1}

Sa ganito ay sinikap ng apostol na sa tiyakan at madiing paraan ay maituwid ang mga mali at mapanganib na isipan at gawang namamayani sa iglesia sa Corinto. Maliwanag, ngunit may pag-ibig na nagsalita siya sa tao. Sa mga babala at sansala, ang liwanag mula sa trono ng Dios ay nagningning sa kanila, upang maghayag ng mga kasalanang lihim na nagpapasama ng kanilang kabuhayan. Paano kaya ito tatanggapin? {AGA 244.2}

Matapos ipadala ang liham, nangamba si Pablo na ang isinulat niya ay lubhang makasugat sa kanila na nais niyang makinabang dito. Nangamba rin siyang ang mga ito ay lumayong lubusan, at kung minsan ay ninais niyang bawiin ang liham. Sila, na katulad ng apostol, ay may nadadamang kapanagutan sa mga minamahal na iglesia at institusyon, ay higit na makauunawa sa kalungkutan ng kanyang diwa. Ang mga lingkod ng Dios ngayon na nagpapasan ng kanyang gawain ay alam ang katulad na karanasan ng paggawa, bagabag at pagkabahalang nadama ng dakilang apostol. Pinabibigat pa ang damdamin ng mga pagkakabahagi sa iglesia, nakatatagpo ng kawalang pasasalamat at pagkakanulo ng ilang inaasahan sa simpatiya at tangkilik, nakadadama ng panganib sa mga iglesiang nagmamahal sa kalikuan, napipilitang magtaglay ng tuwiran at nananaliksik na patotoong sansala sa nagkakasala, siya ay nabibigatan din ng pangamba na baka lubhang malupit ang kanyang pakikitungo sa kanila. May panginginig at bagabag na naghintay siya ng balita tungkol sa naging pagtanggap sa kanyang liham. {AGA 244.3}

Kapitulo 32 – Dininig ang Pabalita

Mula sa Efeso ay naglunsad si Pablo ng isa pang paglalakbay misyonero, at inisip niyang muling dalawin ang mga unang bukirang kanyang ginawan sa Europa. Sandali siyang namalagi sa Troas, "upang ipangaral ang ebanghelyo ni Kristo," at natagpuan niya ang ilan na handang makinig ng kanyang pabalita. "Isang pintuan ang binuksan sa akin ng Panginoon," wika niya matapos ang kanyang paggawa sa lugar na ito. Bagama't matagumpay ang kanyang paggawa sa Troas, hindi siya makapagtagal na manatili doon. "Ang pangangalaga ng lahat ng mga iglesia," at higit sa lahat ng Corinto, ay mabigat sa kanyang puso. Inasahan niyang makatagpo si Tito sa Troas, upang maalaman mula dito ang tungkol sa naging pagtanggap ng iglesia ng Corinto sa kanyang liham, ngunit siya ay nabigo. "Wala akong kapanatagan ng diwa," sulat niya tungkol sa karanasang ito, "sapagkat hindi ko

natagpuan si Tito na aking kapatid.” Iniwan niya ang Troas at tumawid tungo sa Macedonia at sa Filipos ay natagpuan niya si Timoteo. {AGA 245.1}

Sa pagkabahala niya sa iglesia sa Corinto, umasa si Pablo sa pinakamabuti; gayunman kung minsan ay dumarating sa kanya ang kalungkutan na baka naging mali ang pagkaunawa sa kanyang mga payo at turo. “Ang aming laman ay walang pahinga,” sinulat niya pagkatapos, “at kami ay bagabag sa lahat ng dako; sa labas ay pakikipagtunggali, sa loob ay takot. Gayunman ang Dios, na nagpapaginhawa sa mga nalulumbay ang nagpaginhawa sa amin sa pagdating ni Tito.” {AGA 245.2}

Ang tapat na manggagawang ito ay naghatid ng magandang balita tungkol sa kahangahangang pagbabagong naganap sa mga mananampalataya sa Corinto. Marami ang tumanggap sa turong nilalaman ng liham ni Pablo, at nagsisi sa kanilang mga kasalanan. Ang mga kabuhayan nila ay hindi na kahihiyan sa Kristianismo, kundi nagbigay ng impluwensya sa panig ng praktikal na kabanalan. {AGA 245.3}

Puspos ng kagalakan, ang apostol ay nagpadalang muli ng isa pang liham sa mga mananampalataya sa Corinto, na naghahayag ng kanyang kagalakan ng puso dahilan sa mabuting bagay na nangyari sa kanila: “Sapagkat bagaman ako’y nakapagpalumbay sa inyo sa aking sulat, ay hindi ko dinaramdam, bagama’t aking dinamdam.” Nang pahirapan ng pagkatakot na ang kanyang mga salita ay hamakin, kanya minsang pinagsisihan na siya’y sumulat ng walang alinlangan at lubhaan. “Ngayo’y nagagalak ako,” siya’y nagpatuloy, “hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong pagkalumbay sa ikapagsisisi: sapagkat kayo’y pinalumbay sa paraang ukol sa Dios, upang sa anuman ay huwag kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin. Sapagkat ang kalumbayang mula sa Dios ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas na hindi ikalulungkot.” Ang gayong pagsisisi na bunga ng banal na biyaya sa puso ay aakay sa pagkukumpisal at pagtatakwil sa kasalanan. Ganito ang mga naging bungang nahayag sa mga buhay ng mananampalataya sa Corinto ayon kay Pablo. “Gaanong sikap na pag-iingat ang sa inyo’y ginawa, oo, gaanong pagtatanggol ng inyong sarili, oo, gaanong pagkagalit, oo, gaanong katakutan, oo gaanong pananabik, oo, gaanong pagmamalasakit.” {AGA 246.1}

Sa ilang panahon ay taglay ni Pablo ang pasanin para sa mga iglesia—isang mabigat na pasang halos ay hindi niya makaya. Mga bulaang guro ay nagsikap na wasakin ang kanyang impluwensya sa mga mananampalataya, at nag-aalok ng mga sariling doktrina kapalit ng katotohanan ng ebanghelyo. Ang mga bagabag at kagulumihanang nakapalibot kay Pablo ay nahayag sa mga pangungusap na ito: “Kami ay nabibigatang lubha, higit sa aming kalakasan, anupa’t kami ay nalulungkot kahit na sa buhay.” {AGA 246.2}

Ngunit ngayon ay naalis na ang isang dahilan ng bagabag. Sa balita ng pagtanggap ng Corinto sa kanyang liham, si Pablo ay nakapagsalita ng pagdiriwang: “Purihin nawa ang Dios,

at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng ating kaawaan, at Dios ng buong kaaliwan; na siyang umaaliw sa atin sa lahat ng kapighatian, upang ating maaliw ang nangasa anumang kapighatian, sa pamamagitan ng pag-aliw na inialiw din sa atin ng Dios. Sapagkat kung paanong sumasagana sa atin ang mga sakit ni Kristo, gayon din naman ang aming kaaliwan sa pamamagitan ni Kristo. Datapuwat maging kami man ay mapighati, ay para sa inyong kaaliwan at kaligtasan, o maging kami man ay maaliw ay para sa inyong kaaliwan, na siyang gumagawa sa pagdadalitang may pagtitiis ng mga gayon ding pagbabata sa aming binabata. At ang aming pag-asa tungkol sa inyo ay matibay, yamang nalalaman, na kung paanong kayo ay karamay sa mga sakit, ay gayon din naman kayo ay sa kaaliwan." {AGA 246.3}

Sa paghahayag ng kanyang kagalakan sa kanilang muling pagkahikayat at paglago sa biyaya, iniukol ni Pablo sa Dios ang lahat ng papuri sa pagbabagong ito ng puso at kabuhayan. "Salamat sa Dios," kanyang pinahayag, "na laging pinapagtatagumpay tayo kay Kristo, at sa pamamagitan natin ay ipinahahayag ang samyo ng pagkakilala sa Kanya sa bawat dako. Sapagkat tayo ay matamis na samyo ni Kristo sa Dios, sa mga inililigtas at sa mga napapahamak." Kaugalian nang panahong iyon para sa isang heneral na nagtagumpay sa digmaan na sa pagbabalik ay isama ang isang parada ng mga bihag. Sa panahong iyon ang mga tagapagdala ng insenso ay hinihirang, at habang nagmamartsang pauwi ang nagtagumpay na hukbo, ang mabangong samyo ay samyo ng kamatayan para sa mga bihag, na nagbabadyang malapit na sila sa dako ng patayan; ngunit sa mga bihag na nakakita ng pagtingin sa mga bumihag sa kanila at ang buhay ay ililigtas, ito ay samyo ukol sa buhay, nagbabadyang ang kanilang paglaya ay malapit na. {AGA 247.1}

Si Pablo ay puspos ngayon ng pananampalataya at pag-asa. Nadama niyang si Satanas ay hindi magtatagumpay sa gawain ng Dios sa Corinto, at sa mga salita ng papuri sa Dios ay ibinuhos niya ang pagpapasalamat ng puso. Siya at mga kasama ay magdiriwang sa tagumpay na ito sa paghayong may lalong sigasig sa pagpapalaganap ng pagkakilala sa Tagapagligtas. Tulad ng insenso ang halimuyak ng ebanghelyo ay pangangalatin sa sanlibutan. Sa kanilang tatanggap kay Kristo ang pabalita ay magiging mabangong samyo ng buhay; ngunit sa kanilang mananatili sa kawalang pananampalataya, isang samyo ng kamatayan. {AGA 247.2}

Sa pagkadama ng lawak ng gawain, naibulalas ni Pablo, "Sino ang sapat para sa mga bagay na ito?" Sino ang makapapangaral tungkol kay Kristo sa paraang ang Kanyang mga kaaway ay di magkakaroon ng katuwirang hamakin ang mga mensahero o ang mensaheng taglay nila? Nais ni Pablo na idiin sa mga mananampalataya ang banal na kapanagutan ng pangangaral ng ebanghelyo. Katapatan sa pangangaral ng salita, kasanib ng dalisay na buhay ang tanging magbibigay kaluguran sa Dios at kapaki-pakinabang sa mga kaluluwa. Mga ministro natin

ngayon, na nakadadama ng pasanin ng kadakilaan ng gawain, ay mainam na ibulalas kasama ng apostol, “Sino ang makatatayo o makasasapat sa mga bagay na ito?” {AGA 247.3}

Mayroong nagbintang kay Pablo ng pagmamapuri sa sarili sa pagsulat niya ng unang liham. Binanggit ng apostol ang bagay na ito sa pagtatanong sa mga kaanib ng iglesia kung ganoon nga ang kanilang iniisip. “Pinasisimulan baga naming muli na ipagkapuri ang aming sarili?” kanyang tinanong; “o kami baga ay nangangailangan gaya ng iba, ng mga sulat na papuri sa inyo, o mula sa inyo?” Mga mananampalataya na lumilipat sa ibang lugar ay nagdadala ng mga liham ng papuri mula sa iglesia na dati nilang inaniban; ngunit ang mga pangunahing manggagawa, ang mga nagtatag ng mga iglesia, ay hindi nangailangan ng gayong papuri. Ang mga mananampalataya sa Corinto, na naakay mula sa pagsamba sa mga diyus-diyusan tungo sa pananampalataya ng ebanghelyo, ay siyang lahat ng pagtatagubiling kailangan ni Pablo. Ang pagtanggap nila ng katotohanan, at ang pagbabagong naganap sa kanilang mga buhay, ay mabisang patotoo ng katapatan sa kanyang paggawa, at sa kanyang kakayahang magpayo, magsansala, at makiusap bilang ministro ni Kristo. {AGA 248.1}

Itinuring ni Pablo ang mga kapatid sa Corinto bilang kanyang patotoo. “Kayo ang aming sulat,” kanyang sinabi, “na nasusulat sa aming mga puso, nakikilala at nababasa ng lahat ng mga tao: yamang nahahayag na kayo’y sulat ni Kristo na pinangasiwaan namin, hindi isinulat ng tinta, kundi ng Espiritu ng Dios na buhay, hindi sa mga tapyas na bato, kundi sa mga tapyas ng pusong laman.” {AGA 248.2}

Ang pagkahikayat ng mga makasalanan at ang kanilang pagpapabanal sa katotohanan ang pinakamatibay na katibayan na ang isang ministro ay tinawagan ng Dios. Ang katibayan ng kanyang pagiging apostol ay nasusulat sa mga puso ng nahikayat, at sinasaksihan ng kanilang mga buhay na nabago. Si Kristo ay nahahayag sa loob, ang pag-asa ng kaluwalhatian. Ang isang ministro ay tunay na napapalakas ng mga tatak na ito ng kanyang gawain. {AGA 248.3}

Ang mga ministro ngayon ay dapat magtaglay ng katulad na patotoong tinaglay ng iglesia ng Corinto sa paggawa ni Pablo. Ngunit sa kabila ng maraming mangangaral ngayon, kakaunti naman ang mga ministrong may kakayahan at banal—-mga lalaking puspos ng pag-ibig na nananahan sa puso ni Kristo. Pagmamataas, pagtitiwala sa sarili, pag-ibig sa sanlibutan, paghahanap ng kasiraan, kapaitan, inggit, ay ang mga bungang taglay ng mga nagpapanggap ng relihiyon ni Kristo. Ang kanilang mga buhay ay malaking kaibahan sa naging buhay ng Tagapagligtas, at nagbibigay ng malungkot na saksi sa likas ng gawain ng ministrong sa kanyang paggawa sila ay nahikayat. {AGA 248.4}

Wala nang dadakila pang karangalang matatanggap ang tao liban sa siya ay tanggapin bilang may kakayahang ministro ng Dios. Ngunit silang pinagpapala ng Panginoon ng kapangyarihan at tagumpay sa kanyang gawain ay hindi nagmamayabang. Kinikilala. nila ang lubusang pagsandig sa Kanya, na nadadamang sa sarili ay wala silang kapangyarihan.

Kasama ni Pablo ay sinasabi nilang, “Hindi sa kami ay sapat na sa aming sarili, upang isiping ang anuman ay mula sa ganang aming sarili; kundi ang aming kasapatan ay mula sa Dios; na sa amin ay nagpapaging sapat na mga ministro ng bagong tipan.” {AGA 249.1}

Ang isang tunay na ministro ‘ ay gumaganap ng gawain ng Panginoon. Nadadama niya ang kahalagahan ng gawain, na siya ay nagpapanatili ng kaugnayan sa iglesia at sa sanlibutan ng ugnayan ni Kristo. Gumagawa siyang walang pagod upang ang makasalanan ay maakay sa lalong mataas at marangal na kabuhayan, upang matamo nila ang tagumpay ng isang mananagumpay. Ang kanyang mga labi ay may dampi ng buhay na baga mula sa altar, at itinataas niya si Jesus bilang tanging pag-asa ng makasalanan. Ang sinumang makikinig sa kanya ay makaaalam na siya ay malapit sa Dios sa maningas at mabisang panalangin. Ang Banal na Espiritu ay nasa kanyang buhay, at nadama nito ang buhay at maningas na apoy ng langit, at naihahambing niya ang mga espirituwal na bagay sa espirituwal. Ang kapangyarihan ay naipagkaloob sa kanya upang wasakin ang mga tanggulan ni Satanas. Mga puso ay nakikilos sa kanyang paglalahad ng pag-ibig ng Dios, at marami ang naaakay na mag-usisa, “Ano ang marapat kong gawin upang maligtas?” {AGA 249.2}

“Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeryong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina. Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiya-hiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man ng may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawat budhi ng mga tao sa harapan ng Dios. At kung ang aming ebanghelyo ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa nangapapahamak: na binulag ng diyos ng sanlibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila’y huwag sumilang ang kaliwanagan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, na siyang larawan ng Dios. Sapagkat hindi namin ipinangaral ang aming sarili, kundi si Kristo-Jesus na Panginoon; at kami ay gaya ng inyong mga alipin dahil kay Jesus. Yamang ang Dios ang nagsabi, Magniningning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesu-Cristo.” {AGA 249.3}

Sa ganito ay itinaas ng apostol ang biyaya at kaawaan ng Dios, na nahayag sa banal na pagkakatiwalang nabigay sa kanya bilang ministro ni Kristo. Sa masaganang kahabagan ng Dios, siya at mga kapatid ay naingatan sa mga kahirapan, sakit at panganib. Hindi nila isinakabuhayan ang kanilang pananampalataya upang iangkop sa naisin ng mga nakikinig, o ikinait man ang katotohanang mahalaga sa kaligtasan upang lalong maging kaakit-akit ang kanilang pagtuturo. Inihayag nila ang katotohanan sa simple at malinaw na paraan, na idinadalangin ang pagkahikayat ng mga kaluluwa. At sinikap nilang iangkop ang kanilang mga kilos na katugma ng kanilang mga turo, upang ang katotohanang inihaharap ay maging mabisa sa konsyensya ng bawat tao. {AGA 250.1}

"Taglay namin ang kayamanang ito," ipinagpatuloy ng apostol, "sa mga sisidlang lupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa Dios, at huwag mula sa aming sarili." Maaari sanang ihayag ng Dios ang Kanyang katotohanan sa pamamagitan ng mga anghel na di nagkasala, ngunit hindi ganito ang Kanyang panukala. Pinipili Niya ang tao, taglay ang mga kahinaan, bilang mga instrumento sa pagsasagawa ng Kanyang mga panukala. Ang kayamanang hindi masusukat ang halaga ay inilalagay sa sisidlang putik. Sa pamamagitan ng tao ang Kanyang mga pagpapala ay ipinadadala sa sanlibutan. Sa pamamagitan nila ang Kanyang luwalhati ay magniningning sa kadiliman ng kasalanan. Sa mapagmahal na paglilingkod ay haharapin nila ang makasalanan at nangangailangan, at aakayin sila sa krus. At sa lahat ng kanilang paggawa ay iuukol nila ang kaluwalhatian, karangalan, at papuri sa Kanya na mas mataas at nakapangyayari sa lahat. {AGA 250.2}

Tungkol sa sariling karanasan, ipinakita ni Pablo na sa pagpili niya ng paglilingkod kay Kristo, hindi makasariling motibo ang kanyang layunin sapagkat ang kanyang landas ay naging puno ng pagsubok at tukso. "Sa magkabi-kabila ay nangagigipit kami," kanyang sinulat, "gayunma'y hindi nangaghihinagpis; nangatidlihan, gayunma'y hindi nangawawalan ng pag-asa; pinag-uusig, gayunma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayunma'y hindi nangasisira; laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Jesus, upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming katawan." {AGA 250.3}

Ipinaalaala ni Pablo sa mga kapatid na bilang mga mensahero ni Kristo, siya at mga kasama ay laging lantad sa panganib. Ang mga kahirapang nakakaharap nila ay umuubos ng kanilang lakas. "Sapagkat nangabubuhay," kanyang sinulat, "ay laging ibinibigay sa kamatayan dahil kay Jesus, upang ang buhay naman ni Jesus ay mahayag sa amin lamang may kamatayan. Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa amin, datapuwat ang buhay ay sa inyo." Naghihirap sa pisikal sa pamamagitan ng kasalatan at mabigat na trabaho, ang mga ministrong ito ni Kristo ay nagiging kahawig sa Kanyang kamatayan. Ngunit ang mga gumagawa ng kamatayan sa kanila ay nagdadala ng espirituwal na buhay at kalusugan sa mga taga Corinto, na sa paniniwala sa katotohanan ay nagiging tagapagmana ng walang hanggang buhay. Dahil dito, ang mga tagasunod ni Kristo ay dapat na maging maingat na huwag dagdagan, sa pamamagitan ng pagpapabaya at kawalang-kasiyahan, ang mga pasanin at pagsubok ng mga manggagawa. {AGA 251.1}

"Ngunit yamang mayroong gayon ding espiritu ng pananam-palataya," ipinagpatuloy ni Pablo, "na gaya ng nasusulat, Sumasampalataya ako, at kaya't nagsasalita ako; kami naman ay nagsisisampalataya, at kaya't kami naman ay nagsasalita." Lubos na naniwala sa katotohanang ipinagkatiwala sa kanya, walang sinuman na makapag-alok kay Pablo na dayain ang Salita ng Dios, o kaya'y upang itago ang mga pananalig ng kanyang puso. Hindi siya maghahangad ng kayamanan, karangalan, o kaluguran sa pag-ayon sa sanlibutan. Bagama't laging nanganganib ang kanyang buhay dahil sa pananampalatayang kanyang

ipinapangaral sa mga taga Corinto, siya'y hindi natakot sapagkat nalalaman niyang Siya na namatay at muling nabuhay na mag-uli ay ibabangon siya mula sa libingan, at ihaharap siya sa ama. {AGA 251.2}

"Sapagkat lahat ng mga bagay ay dahil sa inyo," kanyang sinabi, "upang ang biyaya na pinarami sa pamamagitan ng marami, ay siyang magpasagana ng pagpapasalamat sa ikaluluwalhad ng Dios." Ipinangaral ng mga apostol ang ebanghelyo hindi sa kanilang sariling kapakanan. Itinalaga nila ang kanilang buhay sa gawain dahil sa pagasa ng pagliligtas ng mga kaluluwa. At sa pag-asang ito ay hindi sila tumigil sa paggawa bagama't maraming mga banta o parusa ang nakaumang sa kanila. {AGA 252.3}

"Kaya nga hindi kami nanghihimagod," pahayag ni Pablo, "bagama't ang aming pagkataong labas ay mahina, ngunit ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw. Sapagkat ang aming maagang kapighatian na sa isang sandali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalu't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan; samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagkat ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwat ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan." {AGA 252.1}

Maningas at nakapagpapakilos ang panawagan ng apostol sa mga kapatid sa Corinto upang muling isaalang-alang ang hindi mapapantayang pag-ibig ng kanilang Manunubos. "Nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo," kanyang sinulat, "na, bagaman siya'y mayaman, gayunman'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng Kanyang karukhaan, ay magsiyaman kayo." Alam ninyo ang laki ng pagpapakababa Niya sa kahihiyan. Matapos pasukin ang landas ng pagtanggi sa sarili at pagsasakripisyo, Hindi Siya tumigil hanggang ang buhay ay maipagkaloob. Walang kapahingahan sa Kanya sa pagitan ng luklukan at ng krus. {AGA 252.2}

Lahat ng punto ay idiniin ni Pablo, upang silang makababasa ng kanyang sulat ay lubusang makaunawa sa kahanga-hangang pagpa-pakababa ng Tagapagligtas para sa kanila. Sa paghaharap kay Kristo sa kalagayang Siya ay kapantay ng Dios at kasama Niya ay tumatanggap ng pagsamba ng mga anghel, tinugaygayan ng apostol ang naging landas Niya hanggang sa maabot ang pinakamababang antas ng kahihiyan. Naniniwala si Pablo na kung mauunawaan lamang nila ang kamangha-manghang sakripisyong ginawa ng Kamahalan ng langit, lahat ng pagkamakasarili ay mapapalayas sa kanilang mga buhay. Ipinakita niya kung paanong inalis ng Anak ng Dios ang Kanyang kaluwalhatian, kusang loob na ipinailalim ang Sarili sa mga kalagayan ng likas ng tao, at nagpakababa bilang isang alipin, naging masunurin hanggang sa krus, "kahit na ang kamatayan sa krus" (Filipos 2:8), upang maiangat Niya ang taong nagkasala mula sa pagkaaba tungo sa pag-asa at kagalakan at kalangitan. {AGA 252.3}

Kapag pinag-aralan natin ang banal na likas sa liwanag ng krus, makikita natin ang habag, pagmamahal, at pagpapatawad na kahalo ng katarungan at pagkakapantay-pantay. Makikita natin sa gitna ng trono ang Isa na nagdala sa kamay at paa ng mga tanda ng mga pagdurusang dinanas upang maipagkasundo lamang ang tao sa Dios. Makikita natin ang isang Ama, walang hanggan, naninirahan sa liwanag na hindi matatagalan, gayunman ay tumatanggap sa atin alang-alang sa mga kabutihan ng Kanyang Anak. Ang ulap ng paghihiganti na nagbanta ng lumbay at kawalan ng pag-asa, sa liwanag na nasinag mula sa krus ay naghayag ng sulat ng Dios: Mabuhay ka, makasalanan, mabuhay ka! ikaw na nagsisisi, at nananampalatayang makasalanan, mabuhay ka! Binayaran Ko na ang iyong katubusan. {AGA 253.1}

Sa pagbubulay-bulay kay Kristo, tayo ay mamamalagi sa dalampasigan ng pag-ibig na hindi masusukat. Magsisikap tayong sabihin ang pag-ibig na ito sa iba, at ang pananalita ay hindi makasasapat. Isasaalang-alang natin ang naging buhay Niya sa lupa, ang sakripisyo Niya para sa atin, ang Kanyang gawain sa langit bilang ating Tagapamagitan, at mga mansiyong inihahanda Niya para sa mga nagmamahal sa Kanya; at maibubulalas natin, O anong taas at lalim ng pag-ibig ni Kristo! “Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo’y umibig sa Dios, kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kanyang Anak na pampalubag loob sa ating mga kasalanan.” “Masdan ninyo kung gaanong pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo’y mangatawag na mga anak ng Dios, at tayo’y gayon nga.” {AGA 253.2}

1 Juan 4:10; 3:1. {AGA 253.3}

Sa bawat tunay na alagad, ang pag-ibig na ito, tulad ng banal na apoy, ay nagniningas sa dambana ng puso. Dito sa lupa nahayag ang pag-ibig ng Dios sa pamamagitan ni Kristo. Dito rin sa lupa ang Kanyang mga anak ay maghahayag ng pag-ibig na ito sa pamamagitan ng mga buhay na walang kapintasan. Sa ganito ay maaakay ang mga makasalanan sa krus upang masdan ang Kordero ng Dios. {AGA 253.4}

Kapitulo 33 – Isang Iglesiang Mapagkaloob

Sa unang liham ni Pablo sa iglesia sa Corinto, nagbigay siya ng mga tagubilin tungkol sa mga pangkalahatang simulain sa pagtataguyod ng gawain ng Dios sa lupa. Sa pagsulat tungkol sa kanyang paggawa para sa kanila, nagtanong ang apostol: {AGA 254.1}

“Sinong kawal ang magpakailanman ay naglilingkod sa kanyang sariling gugol? sino ang nagtatanim ng isang ubasan, at hindi kumakain ng bunga niyaon? o sino ang nagpapakain sa kawan, at hindi kumakain ng gatas ng kawan? Ang mga ito baga’y sinasalita ko ayon sa kaugalian lamang ng mga tao? o di baga sinasabi rin naman ang gayon ng kautusan? Sapagkat nasusulat sa kautusan ni Moises, Huwag mong lalagyan ng busal ang baka pagka gumigiik. Ang mga baka baga ay iniingatan ng Dios? o sinasabi kayang tunay ito dahil sa atin? Oo,

dahil sa atin sinasabi ito: sapagkat ang nagsasaka ay dapat magsaka sa pag-asa; at ang gumigiik ay sa pag-asa na makababahagi. {AGA 254.2}

"Kung ipinaghasik namin kayo ng mga bagay ayon sa espiritu," patuloy na tanong ng apostol, "malaking bagay baga na aming anihin ang inyong mga bagay na ayon sa laman? Kung ang iba ay mayroon sa inyong matuwid, hindi baga lalo pa kami? Gayunman ay hindi namin ginamit ang matuwid na ito; kundi aming tinitiis ang lahat ng mga bagay, upang huwag kaming makahadlang sa ebanghelyo ni Kristo. Hindi baga ninyo nalalaman na ang mga nagsisipangasiwa sa mga bagay na banal, ay magsisikain ng mga bagay na ukol sa templo, at ang mga nagsisipaglingkod sa dambana ay mga kabahagi ng dambana? Gayon din ay ipinag-utos ng Panginoon na ang mga nagsisipangaral ng ebanghelyo ay dapat mangabuhay sa pamamagitan ng ebanghelyo." 1 Corinto 9:7-14. {AGA 254.3}

Ang tinutukoy ng apostol ay ang panukala ng Panginoon sa ikabubuhay ng mga saserdoteng naglilingkod sa templo. Sila ang mga ibinukod sa banal na tungkulin at tinangkilik ng mga kapatid na pinaglilingkuran nila ng mga pagpapalang espirituwal. "At katotohanan na ang mga anak ni Levi, na nagsisitanggap ng katungkulang saserdote, ay mayroong utos na kumuha ng ikasampung bahagi sa bayan ayon sa kautusan." Hebreo 7:5. Ang angkan ni Levi ay pinili ng Panginoon ukol sa mga banal na tungkulin sa templo at sa pagkasaserdote. Tungkol sa mga saserdote ay sinabi, "Ang Panginoong Dios ang pumili sa kanya...upang tumayong naglilingkod sa pangalan ng Panginoon." (Deuteronomio 18:5.) Ang ikasampung bahagi ng lahat ng pakinabang ay inaangkin ng Panginoon bilang Kanya, at ang pag-iilit ng ikapu ay itinuturing Niyang pagnanakaw. {AGA 254.4}

Ang ganitong pagtataguyod ng gawain ang tinutukoy ni Pablo nang sabihin niya, "Gayon din ay idnalaga ng Panginoon, na silang nangangaral ng ebanghelyo ay mabubuhay sa ebanghelyo." Sa pagsulat kay Timoteo, sinabi ng apostol, "Ang nagpapagal ay karapat-dapat sa kaupahan sa kanya." 1 Timoteo 5:18. {AGA 255.1}

Ang pagbabayad ng ikapu ay bahagi ng panukala ng Dios upang matustusan ang Kanyang gawain. Mga iba't ibang kaloob at handog ay binanggit din ng langit. Sa sistemang Judio ang bayan ay tinuruang magmahal sa diwa ng kagandahang-loob sa pagtataguyod ng gawain ng Dios at pagbibigay para sa pangangailangan ng mga dukha. Sa mga tanging okasyon, may mga kusang-loob na handog. Sa pag-aani ng trigo at ng ubasan, ang mga unang bunga ng bukid—mais, alak, at langis—ay itinatalaga bilang handog sa Panginoon. Ang mga naiwan ng mag-aani at mga sulok ng bukid ay iniuukol sa mga dukha. Ang mga unang bunga ng lana kapag ang mga tupa ay binabalatan, at ang butil ng trigo kapag ginigiik ay ibinubukod sa Dios. Gayon din ang mga panganay na anak ng lahat ng hayop; at isa namang pangtubos ay ibinabayad sa mga panganay na anak na lalaki. Ang mga unang bunga ay inihaharap sa Panginoon sa santuwaryo at itinatalaga upang magamit ng mga saserdote. {AGA 255.2}

Sa sistemang ito ng kagandahang-loob sinikap ng Panginoon na ituro sa Israel na sa lahat ng bagay ay dapat na Siya ang mauna. Sa ganito ay napaalalahanan sila na ang Dios ang may-ari ng mga bukid nila, mga hayop at mga kawan; na Siya ang nagpapadala ng ulan at sikat ng araw na nagpapatubo at nagpapahinog sa aanihin. Lahat ng kanilang tinatangkilik ay sa Kanya; sila ay mga katiwala lamang ng Kanyang mga kayamanan. {AGA 255.3}

Hindi adhikain ng Dios na ang mga Kristianong higit ang mga karapatang tinanggap kaysa bansang Judio, ay mas maliit ang ipagkakaloob kaysa kanila. “At sa sinumang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya.” Lucas 12:48. Ang pagkamapagbigay na hiniling sa mga Hebreo ay sa kabutihan na rin ng kanilang bansa. Ngayon ang gawain ng Dios ay laganap sa lupa. Sa kamay ng mga alagad ay inilagay ni Kristo ang mga kayamanan ng ebanghelyo, at sa kanila rin ay ibinigay ang kapanagutan ng pagkakaloob ng mabuting balita ng kaligtasan sa sanlibutan. Tunay na ang mga katungkulan natin ay higit kaysa sinaunang Israel. {AGA 255.4}

Sa paglaganap ng gawain ng Dios, higit na panawagan ang darating. Upang matugunan ang mga pangangailangang ito, ang mga Kristiano ay dapat sumunod sa utos, “Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa aking bahay.” Malakias 3:10. Kung ang mga nag-aangking Kristiano ay tapat lamang na magdadala ng kanilang ikapu at handog, ang Kanyang kabangyaman ay mapupuno. Hindi na kailangan pa ang mga loterya, karnabal, mga kasayahan upang magtipon ng salapi para sa pagtangkilik ng ebanghelyo. {AGA 256.1}

Mga tao ay natutuksong gamitin ang kayamanan sa pagpapasasa sa sarili, sa pagsunod sa panlasa, sa personal na gayak, o sa pagpapaganda ng bahay. Sa mga bagay na ito ay hindi nag-aatubili ang kaanib ng iglesia upang gumastos na maluho. Ngunit kung hihingan ukol sa kabang-yaman ng Panginoon upang maipagpatuloy ang gawain sa lupa, sila ay bantulot. Sapagkat napipilitan lamang, nagbibigay sila ng handog na higit na maliit sa kanilang ginagastos sa sariling layaw. Wala silang tunay na pag-ibig sa gawain ni Kristo, walang maningas na interes sa kaligtasan ng kaluluwa. Hindi nakapagtataka na ang kabuhayang Kristiano ng mga ganito ay bansot at may karamdaman! {AGA 256.2}

Siyang ang puso ay nagniningning sa pag-ibig ni Kristo ay ituturing na hindi lamang tungkulin, kundi isang kaluguran, ang tumulong sa pagpapasulong ng pinakamataas, pinakabanal na gawaing itinalaga sa tao—ang gawain ng paghaharap sa sanlibutan ng kayamanan ng kabutihan, kahabagan, at katotohanan. {AGA 256.3}

Ang diwa ng pag-iimbot ang umaakay sa tao na gamitin para sa sariling kalayawan ang mga kayamanang ang Dios ang tunay na may-ari, at ang diwang ito ay kasuklam-suklam sa Kanya tulad din nang matigas na nagsansala ang propeta sa Kanyang bayan noon, “Ninakawan baga ng tao ang Dios? Gayunman ay ninakawan ninyo ako. Ngunit sinasabi ninyo, Saan ka namin ninakawan? Sa ikapu at mga handog. Kayo’y nangasumpa ng sumpa:

sapagkat inyo akong ninakawan, samakatuwid baga'y nitong buong bansa." Malakias 3:8, 9. {AGA 256.4}

Ang diwa ng kagandahang-loob ang siyang diwa ng langit. Ang diwang ito ay higit na nahayag sa sakripisyo ni Kristo sa krus. Para sa atin, ibinigay ng Ama ang Kanyang Bugtong na Anak; at si Kristo, matapos ipagkaloob ang lahat na sa Kanya, ay ibinigay ang Sarili, upang ang tao ay maligtas. Ang krus ng Kalbaryo ay dapat manawagan sa kagandahang-loob ng bawat alagad ng Tagapagligtas. Ang simulaing inilalarawan dito ay magbigay, magbigay. "Siyang nagsasabing nananahan sa kanya ay dapat namang lumakad, tulad ng paglakad niya." 1 Juan 2:6. {AGA 257.1}

Sa kabilang dako, ang diwa ng kasakiman ang siyang diwa ni Satanas. Ang simulaing nahahayag sa mga makasanlibutan ay kumuha, kumuha. Sa ganito ay umaasa silang magtamong kaligayahan at kaginhawahan, ngunit ang bunga ng kanilang pagtatanim ay pagkaaba at kamatayan. {AGA 257.2}

Kung titigil na ang Dios sa pagkakaloob ng pagpapala sa Kanyang mga anak, ay saka lamang sila titigil sa pagbabalik ng Kanyang bahagi. Hindi lamang nila ibabalik ang bahaging hinihingi sa kanila, kundi magdadala din sila sa Kanyang kabang-yaman, ng isang handog ng pagpapasalamat, isang malayang parangal. May kagalakan ang puso, sila ay magtatalaga sa Manlalalang ng mga unang bunga ng kanilang kayamanan,—pinakapiling tinatangkilik, pinakamabuti, at pinakabanal na paglilingkod. Sa ganito ay magtatamo sila ng pinakamayamang pagpapala. Sila ay gagawin ng Dios na tulad ng harding nadidiligan na hindi magkukulang sa tubig. At kapag ang huling dakilang pagaani ay naisagawa na, ang mga uhay na kanilang dadalhin sa Panginoon ang magiging kabayaran sa kanilang hindi makasariling paggamit ng mga talentong pahiram sa kanila. {AGA 257.3}

Ang mga piniling mensahero ng Dios, na abala sa masikap na paggawa, ay hindi dapat humayo sa pakikibaka sa sariling gastos, na walang mairugin at mapagmalasakit na tulong ng mga kapatid. Bahagi ng mga kaanib ng iglesia na magkaloob nang sagana sa kanilang mag-iiwan ng sekular na paggawa upang lubusang magkaloob ng sarili sa ministri. Kapag ang mga ministro ng Dios ay napasigla, ang Kanyang gawain ay lalagong mainam. Ngunit, kung dahilan sa kasakiman ng tao, ang matuwid nilang suporta ay hindi ibinibigay, ang kanilang mga kamay ay manghihina, at kadalasang napipilay ang kanilang bisa. {AGA 257.4}

Ang gaiit ng Dios ay naroroon sa mga nagpapanggap na mga alagad Niya, ngunit pinababayaang ang mga natatalagang mang-gagawa ay magdusa sa mga pangangailangan ng buhay habang masiglang gumagawa. Ang mga sakim na ito ay tatawagan upang magsulit, hindi lamang sa maling paggamit ng salapi ng Panginoon, kundi gayon din sa kalungkutan at kirot ng pusong idinulot nila sa Kanyang mga tapat na lingkod. Silang tinawagan sa gawain

ng ministeryo, at sa panawagang ito ay iiwanan ang lahat upang tumugon sa paglilingkod sa Dios, ay marapat tumanggap ng sahod sa kanilang makasakripisyong paglilingkod upang tangkilikin ang sarili at sambahayan nila. {AGA 258.1}

Sa iba't ibang sangay ng sekular na paggawa, mental at pisikal, ang mga tapat na manggagawa ay kumikita ng mabuting sahod. Hindi baga ang gawain ng pagpapalaganap ng katotohanan, at pag-akay ng tao kay Kristo, ay higit na mahalagang gawain kaysa karaniwang paggawa? At hindi ba silang kasangkot sa gawaing ito ay marapat na tumanggap ng wastong kaupahan? Sa ating paghahambing ng halaga ng paggawang ukol sa moral at pisikal, makikita ang ating pagpapahalaga sa makalangit at makalupa. {AGA 258.2}

Upang magkaroon ng pondo sa kabang-yaman sa pagtatangkilik ng ministeryo, at upang masapatan ang mga panawagan sa pagtangkilik ng mga gawaing misyonero, kailangang ang bayan ng Dios ay magkaloob na masaya at masagana. Isang banal na kapanagutan ang nakababaw sa mga ministro upang ang bagay na ito ay iharap sa mga kapatid sa iglesia at turuan silang malayang magbigay. Kapag ito ay napabayaan, at ang mga iglesia ay magkulang sa pagkakaloob ukol sa pangangailangan ng iba, hindi lamang nagdurusa ang gawain ng Panginoon, kundi nahahadlangan din ang pagpapalang dapat maibahagi sa mga mananampalataya. {AGA 258.3}

Kahit na ang mga dukha ay dapat magdala ng handog sa Dios. Sila man ay dapat makibahagi sa biyaya ni Kristo sa pamamagitan ng pagtanggi sa sarili upang matulungan silang higit na nangangailangan. Ang kaloob ng taong maralita, ang bunga ng pagtanggi sa sarili, ay pumapaitaas sa Dios bilang mabangong samyo ng insenso. At bawat gawa ng pagsasakripisyo sa sarili ay nagpapalakas sa diwa ng kagandahang-loob sa puso ng nagbibigay, upang siya ay lalong mapalapit sa Kanya na mayaman, gayunman sa kapakanan ng mga dukha ay naging dukha, upang sa Kanyang karukhaan tayo naman ay maging mayaman. {AGA 258.4}

Ang pagbibigay ng babaeng balo ng dalawang beles—lahat ng kanyang tinatangkilik—sa kabang-yaman, ay natala upang mapasigla silang, gayong nakikipagpunyagi sa karalitaan, ay may naisin pa ring makatulong sa gawain ng Dios. Tinawagan ng Panginoon ng pansin ang mga alagad tungkol sa babaeng ito, na nagkaloob ng "lahat ng kanyang kabuhayan" Marcos 12:44. Pinahalagahan Niya ang kaloob ng babae higit sa malalaking handog nilang ang pagbibigay ay hindi nangailangan ng pagtanggi sa sarili. Sa kanilang kasaganaan ay nagbigay sila ng maliit na bahagi. Upang makapaghandog lamang, ang babaeng balo ay kinailangang agawin sa sarili ang mga pangangailangan ng buhay, na nagtiwala sa Dios na Siyang magkakaloob ng kakailanganin sa kinabukasan. Tungkol sa kanya ay sinabi ng Tagapagligtas, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na ang kawawang babaeng ito ay nagbigay ng higit, kaysa sa kanilang lahat na nagkaloob sa kabang-yaman." Talatang 43. Sa ganito ay itinuro

Niya na ang halaga ng kaloob ay sinusukat hindi sa halaga, kundi sa bahagi nito sa buong tinatangkilik, at sa motibong nagpapakilos sa nagbibigay. {AGA 259.1}

Si apostol Pablo sa kanyang paglilingkod sa mga iglesia ay walang pagod sa pagsisikap na pasiglahin ang mga puso ng bagong nahikayat sa paggawa ng lalong dakilang bagay sa gawain ng Panginoon. Madalas na nagpayo siya ukol sa pagbibigay nang sagana. Sa mga matanda sa Efeso ay sinabi niya, "Ipinakita ko sa inyo ang lahat ng bagay, upang sa inyong paggawa ay matangkilik ninyo ang mga mahihina, at upang maalaala ang mga salita ng Panginoong Jesus, kung paanong Kanyang sinabi, Lalong mapalad ang magkaloob kaysa tumanggap." "Siyang naghahasik ng kakaunti, ay mag-aani ng kakaunti; at siyang naghahasik ng marami, ay mag-aani ng marami. Bawat tao ayon sa adhikain ng puso, ay magkaloob na hindi mabigat sa kalooban, o ayon sa kailangan; sapagkat ang Dios ay nagmamahal sa nagkakaloob nang masaya." Gawa 20:35; 2 Corinto 9:6, 7. {AGA 259.2}

Halos lahat ng mananampalataya sa Macedonia ay mahihirap sa mga bagay ng sanlibutan, ngunit ang kanilang mga puso ay umaapaw sa pag-ibig sa Dios at sa katotohanan, at masayang sila ay nagkaloob upang tangkilikin ang ebanghelyo. Nang magkaroon ng pangkalahatang paglikom ng mga handog sa mga iglesia ng dating mga Gentil upang tumulong sa mga Judio na mananampalataya, ang kagandahang-loob ng mga taga Macedonia ay ginawang halimbawa sa ibang mga iglesia. Sa pagsulat sa mga mananampalataya sa Corinto, tinawagan ng apostol ang kanilang pansin sa "biyayang kaloob ng Dios sa mga iglesia sa Macedonia; kung paanong sa maraming pagsubok sa kapighatian ang kasaganaan ng kanilang katuwaan at ang kanilang malabis na karukhaan ay sumagana sa kayamanan ng kanilang kagandahang-loob. Sapagkat ayon sa kanilang kaya, ay nagpapatotoo ako at higit pa sa kanilang kaya, ay nagsiabuloy sila sa sariling kalooban; na lubhang ipinamamanhik sa amin ang tungkol sa biyayang ito, at sa pakikisama sa pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal." 2 Corinto 8:1-4. {AGA 259.3}

Ang pagiging handang magsakripisyo ng mga taga Macedonia ay bunga ng buong pusong pagtatalaga. Kinilos ng Espiritu ng Dios, "una muna ay ipinagkaloob nila ang mga sarili sa Panginoon;" (2 Corinto 8:5), at matapos ay naging laan silang magkaloob na sagana sa pagtangkilik ng ebanghelyo. Hindi na kinailangang pasiglahin pa silang magkaloob, sapagkat nagagalak silang tanggihan ang sarili upang matangkilik ang pangangailangan ng iba. Nang pinipigilan na sila ng apostol, nakiusap pa silang tanggapin nito ang kanilang mga kaloob. Sa kanilang simpleng isipan at katapatan, at pag-ibig sa mga kapatid, magalak na tinanggihan nila ang mga sarili, at nanagana sa bunga ng kagandahang-loob. {AGA 260.1}

Nang isugo ni Pablo si Tito sa Corinto upang palakasin ang mga mananampalataya doon, nagbigay siya ng tagubilin na palakasin ang iglesia doon sa biyaya ng pagkakaloob; at sa isang personal na liham ay nanawagan siya. "Yamang kayo'y nagsisisagana sa lahat ng mga bagay," kanyang pakiusap, "sa pananampalataya, at pananalita, at kaalaman, at sa buong

kasipagan, at sa inyong pag-ibig sa amin ay magsisagana naman kayo sa biyayang ito.” “Datapuwat ngayo’y tapusin din naman ninyo ang paggawa upang kung paanong nagkaroon ng sikap ng pagnanais ay gayon din namang magkaroon ng pagkatapos ayon sa inyong kaya, sapagkat kung may sikap, ay tinatanggap ayon sa tinataglay, hindi ayon sa di tinataglay.” “At maaaring gawin ng Dios na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawat mabuting gawa:...yamang kayo’y pinayaman sa lahat ng mga bagay na ukol sa lahat ng kagandahangloob, na nagsisigawa sa pamamagitan namin ng pagpapasalamat sa Dios.” 2 Corinto 8:7, 11, 12; 9:8-11. {AGA 260.2}

Ang hindi makasariling kagandahang-loob ang nagbigay kagalakan sa naunang iglesia; sapagkat nakilala ng mga mananampalataya na ang kanilang mga pagsisikap ay pantulong upang maihatid ang ebanghelyo sa mga nasa kadiliman pa. Ang kanilang kagandahangloob ay patotoo na tinanggap nila ang biyaya ng Dios. Ano ang magbubunga ng gayong kagandahang-loob liban na sa pagpapabanal ng Espiritu? Sa paningin ng mga mananampalataya at sa hindi mananampalataya, ito ay kababalaghan ng biyaya. {AGA 260.3}

Ang kasaganaang espirituwal ay kayakap ng kagandahang-loob ng Kristiano. Ang mga alagad ni Kristo ay dapat magalak sa karapatang ang kanilang buhay ay naghahayag ng kagandahang-loob ng Manunubos. Habang sila ay nagkakaloob sa Panginoon, may kasiguruhan silang ang kanilang mga kayamanan ay naiimpok sa langit. Nais ba ng taong maingatan ang kanilang kayamanan? Ilagak nila ito sa kamay na taglay ang mga marka ng pagkapako. Nais ba nilang maranasan ang kasiyahan dito? Gamitin nila ang kayamanang ito upang pagpalain ang mga nangangailangan at naghihirap. Nais ba nilang mapalawak ito? Dinggin ang panawagan ng Dios, “Parangalan mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: sa gayo’y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong alilisan ay aapawan ng bagong alak.” Kawikaan 3:9, 10. Ang magiingat ng kayamanan sa makasariling adhikain ay magiging sa walang hanggang pagkalugi. Ngunit kung ipagkakaloob sa Dios ang mga kayamanang ito, mula sa sandaling iyon ay magtataglay ito ng tatak ng langit. Ito ay natatatakan ng Kanyang pagiging hindi mababago. {AGA 261.1}

Inihahayag ng Dios, “Mapalad kayong naghahasik sa tabi ng tubig.” Isaias 32:20. Ang patuluyang pagkakaloob ng mga biyaya ng Dios para sa gawain o kung saan mang nangangailangan ng tulong ang tao, ay hindi mauuwi sa paghihirap. “May nagsasabog, at tumutubo pa, at may humahawak naman ng higit kaysa karampatan, ngunit nauuwi lamang sa pangangailangan.” Kawikaan 11:24. Ang manghahasik ay nagpaparami ng kanyang binhi sa pamamagitan ng pagsasabog nito. Gayon din sa kanilang tapat na nagbabahagi ng kanilang mga tinatangkilik na kaloob ng Dios. Sa pagbibigay ay nagpaparami sila ng pagpapala.

“Mangagbigay kayo at kayo’y bibigyan; takal na mabuti, pikpik, liglig at umaapaw, ay ibibigay nila sa inyong kandungan. Lucas 6:38. {AGA 261.2}

Kapitulo 34 – Paggawa sa Ilalim ng Kahirapan

Bagama't maingat si Pablo sa pagtuturo sa mga nahikayat niya ng malinaw na turo ng Kasulatan tungkol sa wastong tangkilik ng gawain ng Dios, at bagama't bilang isang ministro ng ebanghelyo ay inangkin niya sa sarili ang "matuwid sa pagtigil sa paggawa" (1 Corinto 9:6) ng sekular na gawain upang matustusan ang sarili, gayunman sa ilang pagkakataon sa kanyang paglilingkod, siya ay nagtrabaho upang matustusan ang sarili. {AGA 262.1}

Sa mga Judio ang paggawang pisikal ay hindi nagpapababa o kakatwa. Sa pamamagitan ni Moises ang mga Hebreo ay naturuang magsanay ng mga anak sa kasipagan; at itinuring na kasalanan ang pabayaang ang mga kabataan ay lumaking walang alam sa pisikal na paggawa. Bagama't ang anak ay sasanayin sa banal na paglilingkod, ang kaalaman sa praktikal na buhay ay mahalaga. Bawat kabataan, mayaman o mahirap man ang magulang, ay tuturuan ng isang gawain. Ang mga magulang na magpabaya dito ay itinuturing na lumalabag sa turo ng Panginoon. Ayon sa kaugalian, maaga pa ay natutuhan na ni Pablo ang paggawa ng tolda. {AGA 262.2}

Bago siya naging alagad ni Kristo, si Pablo ay may mataas na tungkulin, at hindi kinailangang magtrabaho ng mabigat upang mabuhay. Ngunit matapos na maubos na ang kanyang kayamanan para sa gawain ni Kristo, kinailangang maghanapbuhay siya upang mabuhay. Lalong totoo ito sa mga dakong ang kanyang mga motibo ay maaaring di maunawaan. {AGA 262.3}

Sa Tesalonica natin unang nadinig na si Pablo ay gumamit ng kamay sa paghahanapbuhay kasabay ng pangangaral ng Salita. Sa pagsulat sa mga mananampalataya doon, ipinaalaala niyang "baka naging pabigat siya" sa kanila, at idinagdag pa: "Sapagkat inaalaala ninyo mga kapatid, ang aming pagpapagal at pagdaramdam: amin ngang ipinangaral ang ebanghelyo ng Dios na kami'y gumagawa gabi't araw, upang huwag kaming maging isang pasanin sa kaninuman sa inyo." 1 Tesalonica 2:6, 9. Muli, sa ikalawang pagsulat sa kanila, inihayag niyang siya at mga kasamang manggagawa habang kasama nila ay hindi "kumain ng tinapay ninuman na walang kabuluhan." Araw at gabi ay gumawa siya, kanyang sinulat, "upang kami ay huwag maging pasanin sa kaninuman sa inyo: hindi dahil sa kami ay walang karapatan, kundi upang kami ay mangakapagbigay sa inyo ng isang uliran, upang kami ay inyong tularan." 2 Tesalonica 3:8, 9. {AGA 262.4}

Sa Tesalonica si Pablo ay nakatagpo ng mga ayaw gumamit ng kamay. Tungkol sa uri ng mga taong ito na siya ay sumulat: "Ang ilan sa inyo na nagsisilakad ng walang kaayusan, na hindi man lamang nagsisigawa, kundi mapakialam sa mga bagay ng iba. Sa mga gayon nga ay aming iniuutos at ipinamamanhik sa Panginoong Jesu-Cristo, na sila'y magsigawang may katahimikan, at magsikain ng kanilang sariling tinapay." Habang gumagawa si Pablo sa Tesalonica, siya ay naging maingat sa pagbibigay ng halimbawa. "Sapagkat noong pa man

kami ay kasama ninyo," kanyang sinulat, "ay aming iniutos ito sa inyo, kung ang sinuman ay ayaw gumawa, ay huwag din namang kumain." Talatang 11, 12, 10. {AGA 263.1}

Sa bawat panahon si Satanas ay nagsikap na sirain ang pagsisikap ng mga lingkod ng Dios sa pamamagitan ng pagpapasok sa iglesia ng diwa ng panatisismo. Gayon din sa panahon ni Pablo, at sa mga kasunod na daantaon sa panahon ng Repormasyon. Sina Wycliffe, Luther, at iba pang nagpala sa sanlibutan sa kanilang impluwensya at pananampalataya, ay sumagupa sa katusuhan ng kaaway na nagsikap na akayin sa panatisismo ang mga isipang sobra sa sigasig, ngunit kulang sa kabanalan. Mga kaluluwang naligaw ay nagsikap magturong ang pagtatamo ng tunay na kabanalan ay naghahatid sa isipan sa ibabaw ng mga bagay sa lupa, at inaakay silang tumigil sa anumang paggawa. Ang iba na may kakatwang isipan sa Kasulatan, ay nagturong kasalanan ang maghanapbuhay— na ang mga Kristiano ay di dapat mabahala sa kanilang kalagayang temporal, kundi dapat na magtalaga ng buong buhay sa mga bagay na espirituwal. Ang halimbawa at turo ni apostol Pablo ay tuwirang tuligsa sa ganitong kakatwang isipan. {AGA 263.2}

Si Pablo ay hindi lubusang umasa sa kanyang hanapbuhay habang nasa Tesalonica. Sa pagsulat niya sa Filipos, kinilala niya ang mga kaloob na bigay sa kanya habang naglilingkod sa Tesalonica, "Sapagkat sa Tesalonica ay nagpadala kayong minsan at muli para sa aking kailangan." Filipos 4:16. Sa kabila ng katotohanang tumanggap siya ng ganitong tulong, naging maingat naman siya na ibigay sa Tesalonica ang halimbawa ng sipag, upang walang sinumang makasumbat sa kanya ng kasakiman, at upang silang may isipang panatiko tungkol sa paggawang manwal ay mabigyang praktikal na sumbat. {AGA 263.3}

Nang unang dumalaw si Pablo sa Corinto, napagitna siya sa mga taong may hinala sa mga taga-ibang bayan. Ang mga Griyego sa mga dalampasigan ay mga mangangalakal. Sila ay sanay sa tusong negosyo, na nananampalatayang ang kanilang pagtutubo ay kabanalan, at ang pagkamal ng salapi, sa mabuti o masamang paraan man, ay kapuri-puri. Alam ni Pablo ang mga katangiang ito, at hindi siya magbibigay ng pagkakataon sa kanilang masabing nangangaral siya ng ebanghelyo upang magpayaman. Matuwid sanang humingi siya ng tangkilik sa mga nahikayat sa Corinto; ngunit hindi niya ginamit ang karapatang ito, upang ang bisa at kapakinabangan niya bilang isang ministro ay hindi masugatan ng walang katarungang paratang na siya'y nangangaral upang magpayaman. Aalisin niya ang lahat ng pagkakataong magbubunga ng maling isipan, upang ang puwersa ng kanyang pabalita ay hindi mawala. {AGA 264.1}

Pagdating niya sa Corinto, agad natagpuan ni Pablo ang "isang Judio na ang pangalan ay Aquila, isinilang sa Pontus, dumating galing sa Italia, kasama ang asawang si Priscila." Sila ay kapareho ng kanyang hanapbuhay. Dahilan sa utos ni Claudio, na ang lahat ng Judio ay pinalayas sa Roma, si Aquila at Priscila ay nakarating sa Corinto, at doon ay nagtatag ng hanapbuhay na paggawa ng mga tolda. Nagtanong si Pablo tungkol sa kanila, at nang

malamang ang mga ito ay may takot sa Dios at nagsisikap umiwas sa mga impluwensyang nagpapasama, “siya ay nakipanirahan sa kanila, at gumawa.... At nakipagsanggunian tuwing Sabbath sa sinagoga, at humikayat sa mga Griyego at Judio.” Gawa 18:2-4. {AGA 264.2}

Di nagtagal si Silas at Timoteo ay dumating sa Corinto upang makasama ni Pablo sa paggawa. Ang mga ito ay may dalang pondo mula sa mga iglesia sa Macedonia bilang tangkilik sa gawain. {AGA 264.3}

Sa ikalawang pagliham sa mananampalataya sa Corinto, nang ang iglesia dito ay napalakas na, nirepaso ni Pablo ang kanyang naging pakikipamayan sa kanila. “Ako nga baga’y nagkasala sa pagpapakababa ko sa aking sarili, upang kayo’y mangataas dahil sa ipinangaral ko sa inyo na walang bayad ang ebanghelyo ng Dios? Aking sinamsaman ang ibang mga iglesia, sa pagtangap ko ng upa sa kanila, upang ipangasiwa ko sa inyo. At pagka ako’y kaharap ninyo at nagkukulang ng ikabuhuhay, ako’y hindi naging pasan sa kaninuman: sapagkat mga kapatid nang sila’y manggaling sa Macedonia ay tumakip ng aming pangangailangan; at sa lahat ng mga bagay ay pinag-ingatan kong huwag maging pasanin sa inyo, at mag-iingat nga ako. Kung paanong nasa akin ang katotohanan ni Kristo, sinuman ay hindi makapipigil sa akin sa pagmamapuring ito sa mga dako ng Acaya.” 2 Corinto 11:7-10. {AGA 264.4}

Sinabi ni Pablo kung bakit sinunod niya ang ganitong bagay sa Corinto. Upang hindi siya makapagbigay ng anumang dahilan sa “kanilang nagnanasa ng kadahilanan.” 2 Corinto 11:12. Kasabay ng kanyang hanapbuhay na paggawa ng tolda, matapat siyang gumawa sa pangangaral ng ebanghelyo. Siya na rin ang naghayag tungkol sa kanyang paggawa, “Tunay na ang mga tanda ng apostol ay pawang nangyari sa inyo sa buong pagtitiis, sa pamamagitan ng mga tanda, at mga kababalaghan, at ng mga gawang makapangyarihan.” At kanyang idinagdag, “Sapagkat ano nga ang inyong ikinahuli sa ibang mga iglesia, kundi ang ako’y hindi naging pasanin sa inyo? Ipatawad ninyo sa akin ang kamaliang ito. Narito, ito ang ikatlo na ako’y handang pumariyan sa inyo; at ako’y hindi magiging pasanin ninyo: sapagkat hindi ko hinahanap ang inyo, kundi kayo.... At ako’y gugugol ng may malaking kagalakan at pagugugol dahil sa inyong mga kaluluwa.” 2 Corinto 12:12-15. {AGA 265.1}

Sa mahabang panahon ng kanyang paglilingkod sa Efeso, na sa loob ng tatlong taon ay nagsagawa siya ng agresibong pangangaral sa buong rehiyon, si Pablo ay naghanapbuhay din. Sa Efeso tulad sa Corinto si Pablo ay napasigla ng presensya ni Aquila at Priscila, na sumama sa kanyang pagbabalik sa Asia sa pagtatapos ng ikalawang paglalakbay misyonero. {AGA 265.2}

Mayroong nagsalita laban sa paghahanapbuhay ni Pablo, na nagsabing ito ay hindi kaayon ng kanyang pagiging ministro ng ebanghelyo. Bakit si Pablo na ministrong pinakamataas ang ranggo, ay kailangang isama ang paghahanapbuhay sa pangangaral ng Salita? Hindi baga

marapat ang manggagawa sa kanyang upa? Bakit kailangang gumugol siya ng panahon sa paggawa ng tolda na dapat sanang maiukol ang panahon sa lalong mabuting paggawa? {AGA 265.3}

Ngunit hindi ipinalagay ni Pablo na kalugihan ang panahong iniukol sa hanapbuhay. Habang kasama sina Aquila at Priscila sa paggawa hindi nalagot ang kanyang kaugnayan sa Punong Guro, hindi nagpabaya sa anumang pagkakataong sumaksi para sa Tagapagligtas, sa pagtulong sa mga nangangailangan ng tulong. Ang kanyang isipan ay laging umaabot sa mga kaalamang espirituwal. Nagbigay siya sa mga kamanggagawa ng mga aral sa mga espirituwal na bagay, at nagbigay ng halimbawa sa kasipagan at pagka masinop. Siya ay manggagawang mabilis, mahusay, matiyaga, "maningas sa espiritu, naglilingkod sa Panginoon." Roma 12:11. Kasabay ng hanapbuhay, naabot ng apostol ang isang uri ng mga taong hindi sana maaabot sa ibang paraan. Ipinakita niya sa mga kasamahan niyang ang husay sa mga karaniwang bagay ay isang kaloob mula sa Dios, na nagkakaloob ng kakayahan at karunungang matuwid. Itinuro niyang kahit na sa mga pang-araw-araw na paggawa, ang Dios ay dapat parangalan. Ang mga kamay niyang pinatigas ng paggawa ay hindi nagbawas ng anuman sa puwersa ng kanyang pagsamo bilang isang ministrong Kristiano. {AGA 265.4}

Kung minsan ay gumawa si Pablo sa gabi at araw, hindi lamang sa sariling tustos kundi upang makatulong din sa ibang kamanggagawa. Ibinahagi niya ang kanyang kita kay Lucas, at tumulong din kay Timoteo. Kung minsan ay nagtiis siya ng gutom upang makatulong lamang sa iba. Ang buhay niya ay hindi makasarili. Sa pagtatapos ng kanyang ministri, sa pamamaalam sa mga matatanda sa Efeso, sa Miletus, maaari niyang itaas sa kanila ang kanyang mga kamay na pagal sa paggawa, at masabing, "hindi ko hinangad ang pilak, o ginto, o kasuotan ng sinumang tao. Oo, kayo na rin ang nakaaalam nito, na sa paggawa ay marapat ninyong tangkilikin ang mga mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, kung paanong sinabi Niya, Lalong mapalad ang magbigay kaysa tumanggap." Gawa 20:3335. {AGA 266.1}

Kung nararamdaman ng mga ministro na sila ay naghihirap at nagkukulang sa pangangailangan dahil sa gawain ni Kristo, dalawin nila sa pamamagitan ng imahinasyon ng pag-iisip ang lugar na doon ay gumawa si Pablo. Dapat nilang isipin na habang ang piniling lalaking ito ng Dios ay gumagawa, siya'y nagtratrabaho dahil sa tinapay na matuwid niyang kinita dahil sa kanyang paggawa bilang alagad. {AGA 266.2}

Ang paggawa ay isang pagpapala at hindi isang sumpa. Ang diwa ng katamaran ang sumisira ng kabanalan, at pumipighati sa Espiritu ng Dios. Ang isang lawang hindi umaagos ay mabaho, ngunit ang dalisay, at umaagos na ilog ay nagsasabog ng kalusugan at kagalakan sa buong lupain. Alam ni Pablo na silang hindi gumagawang pisikal di magtatagal ay manghihina. Hinangad niya na maturuan ang mga kabataang ministro na sa paggamit ng kanilang mga kamay, sa pagsasanay ng kanilang mga kalamnan at litid, sila ay magiging

lalong malakas na makatagal sa mga paggawa at kahirapan na nakaantabay sa mga bukiran ng ebanghelyo. Nadama niyang ang mga sariling turo ay magkukulang sa puwersa at buhay kung hindi niya wastong sinasanay ang lahat ng mga sangkap. {AGA 266.3}

Ang tamad ay nagpapalampas ng di mababayarang karanasang nakukuha sa matatag na pagsasagawa ng mga karaniwang tungkulin ng buhay. Libu-libo ang nabubuhay na inuubos lamang ang mga biyayang kaloob ng Dios sa kanila. Nakakaligtaan nilang magbalik sa Panginoon ng mga handog ng pasasalamat para sa mga kayamanang ipinagkatiwala sa kanila. Nakakalimutan nilang sa matalinong pangangalakal ng mga talentong pahiram sa kanila, sila ay hindi lamang taga-ubos kundi tagagawa din. Kung nauunawaan nila ang gawaing nais ng Panginoong kanilang gampanan bilang mga pantulong na mga kamay ng Dios, hindi sila iiwas sa kapanagutan. {AGA 267.1}

Ang kapakinabangan ng mga kabataang nakadadamang sila ay tinawagan ng Dios upang mangaral, ay nakasalig sa paraan ng kanilang paggawa. Silang pinili ng Dios para sa ministeryo ay marapat maghayag ng kadbayan ng kanilang mataas na pagkatawag, at sa bawat posibleng paraan ay magsisikap na maging mahusay na manggagawa. Magsisikap silang makakuha ng karanasan na magaangkop sa kanila na magplano, magsaayos, at magsagawa. Sa pagkadama ng kabanalan ng kanilang pagkatawag, sisikapin nilang, sa pagdisiplina sa sarili ay higit at higit na makatulad ng kanilang Panginoon, na naghahayag ng Ivanyang kabutihan, pag-ibig, at katotohanan. Habang naghahayag sila ng sikap sa pagpapalago ng mga talentong ipinagkadwala sa kanila, ang iglesia naman ay marapat na matalinong tumulong sa kanila. {AGA 267.2}

Hindi lahat ng nakadadamang sila ay dnawagan upang mangaral, ang dapat payuhang agad ay umasa sa iglesia sa tangkilik na salapi para sa sarili at sa kanilang pamilya. May panganib na ang ilan na limitado ang karanasan ay mapasama ng papuri, at ng di matalinong pampasigla na agad ay tumanggap ng lubos na suporta na wala namang pagsisikap sa sariling kayod. Ang kayamanang ukol sa pagpapalaganap ng gawain ng Dios ay di dapat maubos ng mga lalaking nagnanais lamang na mangaral upang sila ay makatanggap ng tangkilik, at sa gayon ay mabigyang kasiyahan ang makasariling ambisyong guminhawa sa buhay. {AGA 267.3}

Ang mga kabataang nagnanais ipaglingkod ang kanilang mga kaloob sa gawain ay makasusumpong ng mahalagang liksyon sa halimbawa ni Pablo sa Tesalonica, Corinto, Efeso, at iba pang dako. Bagama't mahusay na tagapagsalita, at pinili ng Dios ukol sa isang tanging gawain, hindi niya ikinahiya ang paggawa, o nanghimagod man sa pagsasakripisyo para sa gawaing minamahal niya. "Kahit na hanggang sa oras na ito," liham niya sa Corinto, "kami ay nagugutom, at nauuhaw at hubad, at sinusubok, at walang tiyak na tirahan; at sa paggawa sa aming sariling mga kamay: bagama't tinutuya kami'y nagpapala; bagama't pinag-uusig, ay tinitiis namin." 1 Corinto 4:11, 12. {AGA 268.1}

Isa sa pinakadakilang guro, tinupad ni Pablo ang pinakamababa at pinakamataas na tungkulin. Sa mga pagkakataong kailangan ang panustos habang naglilingkod sa Panginoon, magaan sa kaloobang naghanapbuhay siya. Gayunman, handa siya na anumang sandali ay iwan ang paggawang sekular upang harapin ang mga kalaban ng ebanghelyo, o samantalahin ang pagkakataon upang makahikayat ng mga kaluluwa kay Jesus. Ang kanyang sigasig at sipag ay isang batikos sa katamaran at hilig sa ginhawa. {AGA 268.2}

Si Pablo ay nagbigay halimbawa laban sa isipang lumalaganap sa iglesia noon, na ang ebanghelyo ay matagumpay lamang na maisasabalikat ng mga taong lubusang hiwalay sa paghahanapbuhay. Ipinakita niya sa praktikal na paraan kung ano ang magagawa ng laykong natatalaga sa mga dakong ang mga tao ay di pa nakaaalam ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Ang landas niya ay naging inspirasyon sa mga maraming hamak na manggagawa na may pagnanais na gawin ang bahagi upang mapalago ang gawain ng Dios habang sila ay naghahanapbuhay. Sina Aquila at Priscila ay hindi tinawagang magkaloob ng buong panahon sa ministri ng ebanghelyo; gayunman ang mga hamak na manggagawang ito ay ginamit ng Dios upang ipakita kay Apolo ang lalong sakdal na daan ng kaligtasan. Ang Panginoon ay gumagamit ng iba't ibang kasangkapan sa pagsasagawa ng Kanyang adhikain; at bagama't ang ilang may natatanging kakayahan ay pinipili upang mag-ukol ng buong kalakasan sa gawain ng pagtuturo at pangangaral ng ebanghelyo, marami pang iba, na hindi napatungan ng kamay sa ordinasyon, ay tinatawagan upang gumanap ng mahalagang papel sa pagliligtas ng kaluluwa. {AGA 268.3}

May isang malawak na bukirang bukas para sa mga sariling sikap na misyonero. Marami ang makakakuha ng mahahalagang karanasan sa paglilingkod habang kaugnay sa isang gawaing manwal; at sa pamamagitan nito ay makapagpapalago ng malalakas na manggagawa para sa mahalagang paglilingkod sa nangangailangang bukiran. {AGA 269.1}

Ang lingkod ng Dios na nagsasakripisyo at walang pagod na gumagawa sa salita at doktrina, ay may pasaning mabigat sa kanyang puso. Hindi niya sinusukat ang paggawa sa bilang ng oras. Ang kanyang upa ay hindi impluwensya sa kanyang paggawa, o naililigaw man sa kanyang paggawa dahilan sa hindi mainam na mga kalagayan. Tinanggap niya ang gawain mula sa langit, at sa langit siya nakatanaw para sa ganti sa gawaing ipinagkatiwala sa kanya. {AGA 269.2}

Panukala ng Dios na ang mga ganitong manggagawa ay mapalaya sa hindi kailangang bagabag, upang maging buo ang kanilang pagkakataong sundin ang payo ni Pablo kay Timoteo, "Bulay-bulayin mo ang mga bagay na ito; ipagkaloob mong lubusan ang iyong sarili sa kanila." 1 Timoteo 4:15. Bagama't kailangang sila'y maging maingat na magehersisyong sapat upang ang isipan at katawan ay maging malakas, hindi naman panukala ng Dios na sila'y mapilitang gumugol ng malaking panahon sa sekular na paggawa. {AGA 269.3}

Ang mga tapat na manggagawang ito, bagama't laang gumugol at magugol para sa ebanghelyo, ay hindi ligtas sa mga tukso. Kung nabibigatan ng bagabag sapagkat ang iglesia ay nagkukulang na ipagkaloob sa kanila ang angkop na panustos na salapi, ang ilan ay masugid na sinasalakay ng manunukso. Kapag nakikita nilang ang kanilang paggawa ay hindi ldnaluluguran, sila ay nanlulupaypay. Totoo, nakatanaw sila sa huling tanawin ng paghuhukom para sa kanilang angkop na ganti, at ito ang nagpapasigla sa kanila; ngunit ang kanilang mga pamilya ay nangangailangan ng pagkain at damit. Kung sila lamang ay mapapawalan sa kanilang banal na komisyon, magalak silang maghahanapbuhay. Ngunit nadadama nilang ang kanilang panahon ay ukol sa Dios, sa kabila ng pagiging kulang sa sapat na pananaw sa hinaharap ng mga taong dapat magkaloob ng kanilang panustos. Babangon sila at pagtatagumpayan ang mga tukso upang gumawa hanggang sila ay di na maaabot pa ng mga pangangailangan; at patuloy silang gagawa sa pagpapalago ng gawaing higit na mahal sa kanila kaysa sariling buhay. Upang magawa ito, sila kung minsan ay mapipilitang tulad ni Pablo na sa ilang panahon ay maghanapbuhay habang patuloy sa gawain ng ebanghelyo. Ito ay gagawin nila hindi para sa sariling kapakanan, kundi ukol sa gawain ng Dios dito sa lupa. {AGA 269.4}

May mga panahong sa tingin ng mga lingkod ng Dios, imposibleng magampanan nila ang gawain, dahilan sa kakulangan ng pananalaping panustos sa isang gawaing malakas at matatag. May nangangambang sa mga pasilidad na kanilang hawak ay di nila magagawa ang kanilang buong tungkulin. Ngunit kung magpapatuloy lamang sa pananampalataya, ang pagliligtas ng Dios ay mahahayag, at ang kasaganaan ang mahahayag sa kanilang mga pagsisikap. Siyang nagutos sa Kanyang mga alagad na humayo sa lahat ng bahagi ng lupa ang magtatangkilik sa bawat manggagawang susunod sa Kanyang utos na maghayag ng Kanyang pabalita. {AGA 270.1}

Sa pagtatayo ng Kanyang gawain, hindi laging malinaw na inihaharap ng Panginoon sa mga lingkod Niya ang lahat ng bagay. Kung minsan ay sinusubok Niya ang pagtitiwala ng bayan sa pagdadala ng mga pangyayaring tutulak sa kanila na humayo sa pananampalataya. Madalas na inihahatid Niya sila sa kagipitan at dako ng pagsubok, at inaatasan silang magpatuloy gayong ang kanilang mga paa ay nakatapak na sa tubig ng Jordan. Sa mga ganitong pagkakataon, na ang maningas na panalangin ng Kanyang mga lingkod ay pumapaitaas sa Kanya sa taimtim na pananampalataya, ang Dios ay nagbubukas ng daan sa harapan nila at inaakay sila sa lalong malawak na dako. {AGA 270.2}

Kapag nadama ng mga mensahero ng Dios ang kanilang mga kapanagutan sa isang nangangailangang bahagi ng ubasan ng Panginoon, at sa diwa ng Punong Manggagawa ay walang pagod na gagawa sa ikahihikayat ng kaluluwa, ang mga anghel ng Dios ang maghahanda ng landas nila at ng panustos na salapi sa pagsasakatuparan ng gawain. Silang naliwanagan ay malayang magkakaloob ng tangkilik sa gawain. Tutugon silang masagana sa

bawat panawagan ng tulong, at ang Espiritu ng Dios ang kikilos sa kanilang mga puso upang matangkilik ang gawain ng Panginoon hindi lamang sa sariling bayan, kundi sa mga rehiyon sa dako pa roon. Sa ganito ay mapalalakas ang mga manggagawa sa ibang mga dako, at ang gawain ng Panginoon ay susulong sa Kanyang itinalagang paraan. {AGA 270.3}

Kapitulo 35 – Isang Natatalagang Paglilingkod

Sa Kanyang buhay at mga aral si Kristo ay nagbigay ng isang sakdal na halimbawa ng hindi makasariling paglilingkod na Dios ang pinagmulan. Ang Dios ay hindi nabubuhay sa Sarili. Sa paglikha sa sanlibutan at sa pagpapanatili ng mga bagay, palagian Siyang naglilingkod sa iba. “Sapagkat pinasisikat niya ang Kanyang araw sa masasama at sa mababuti.” Mateo 5:45. Ang pamantayang ito ng paglilingkod ay ipinagtagubilin Niya sa Anak. Si Jesus ay nabigay upang tumayo sa unahan ng sangkatauhan, sa Kanyang halimbawa ay ituro kung ano ang kahulugan ng paglilingkod. Ang buong buhay Niya ay nasa ilalim ng batas ng serbisyo. Siya ay naglingkod sa lahat. {AGA 271.1}

Muli at muli ay itinatag ni Jesus ang simulaing ito sa Kanyang mga alagad. Nang si Santiago at Juan ay nagnais na maging una, sinabi Niya, “Ang sinuman sa inyong nais maging dakila sa inyo, siya ang maglingkod sa inyo; at sinumang nais mangulo sa inyo, siya ang maging alipin ninyo: kung paanong ang Anak ng tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi maglingkod, at ibigay ang Kanyang buhay bilang pantubos sa marami.” Mateo 20:26-28. {AGA 271.2}

Mula ng pagpanhik Niya sa langit ipinagpatuloy ni Kristo ang Kanyang gawain dito sa lupa sa pamamagitan ng mga piling embahador, na sa pamamagitan nila Siya ay nagsasalita, at naglilingkod sa tao. Ang dakilang Puno ng iglesia ang nangangasiwa ng Kanyang gawain sa paggamit sa mga taong itinalaga ng Dios bilang Kanyang mga kinatawan. {AGA 271.3}

Ang kalagayan ng mga taong tinawagan ng Dios upang gumawa sa salita at doktrina sa pagtatayo ng Kanyang iglesia, ay isang maselang kapanagutan. Sa lugar ni Kristo sila ay mananawagan sa tao upang makipagkasundo sa Dios; at magaganap nila ang tungkuling ito habang tumatanggap sila ng karunungan at kapangyarihan mula sa itaas. {AGA 271.4}

Ang mga ministro ni Kristo ay mga tagapangalaga ng bayang ipinagkatiwala sa kanila. Ang gawain nila ay katulad ng mga bantay. Noong unang panahon ang mga bantay ay inilalagay sa mga pader ng siyudad, na doon, ay makikita nilang malawakan ang lupain, at makapagbibigay ng babala sa pagdating ng kaaway. Sa kanilang katapatan nakasalalay ang kapanatagan ng buong siyudad. Sa takdang mga oras ay nagtatawagan sila sa isa’t isa, upang matiyak na ang lahat ay gising at walang kasamaang nagaganap sa sinuman. Ang sigaw ng mabuting balita o babala ay palipat-lipat, at inuulit ng bawat isa hanggang ang sigaw na ito ay marinig sa buong siyudad. {AGA 271.5}

Sa bawat ministro ay inihayag ng Panginoon: “Ikaw, anak ng tao, ay inilagay ko na bantay sa sambahayan ng Israel; kaya’t dinggin mo ang salita sa Aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang Akin. Pagka Aking sinabi sa masama, O masamang tao, ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kanyang lakad; ang masamang iyon ay mamamatay sa kanyang kasamaan; ngunit ang kanyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong

kamay. Gayunma'y kung iyong bigyang alam ang masama ng kanyang lakad upang humiwalay, ...ngunit iniligtas mo ang iyong kaluluwa." Ezekiel 33:7-9. {AGA 272.1}

Ang mga salita ng propeta ay naghahayag ng maselang kapanagutan nilang hinirang bilang mga bantay sa iglesia ng Dios, mga katiwala ng mga misteryo ng Dios. Sila ay tatayong mga bantay sa mga pader ng Sion, upang magbigay babala sa paglapit ng kaaway. Mga kaluluwa ay nanganganib na mahulog sa tukso, at sila ay mamamatay malibang ang mga ministro ay maging tapat sa kanilang pagkakatiwala. Kung sa anumang dahilan ay mamanhid ang kanilang mga pandamang espirituwal upang hindi nila makita ang panganib, at sa kanilang di pagkilos ay mamatay ang bayan, hahanapin ng Dios sa kanilang mga kamay ang dugo ng mga mawawaglit. {AGA 272.2}

Karapatan ng mga bantay sa pader ng Sion na mabuhay na malapit sa Dios, at maging bukas sa impresyon ng Kanyang Espiritu, upang Siya ay makagawa sa kanila upang magbibigay babala sa mga lalaki at babae tungkol sa panganib ng kanilang mga kaluluwa at maituro sila sa dakong panatag. Matapat na sila ay dapat magbigay babala sa bunga ng pagsalangsang, at matapat na dapat silang magbantay sa mga interes ng iglesia. Sa anumang sandali ay di sila dapat maging pabaya. Ang gawain nila ay ang paggamit ng bawat kakayahan ng kanilang pagkatao. Sa tinig na animo'y trumpeta ay dapat marinig ang kanilang mga pagbibigay babala. Hindi dahilan sa upa na sila ay maglilingkod, kundi sapagkat wala silang ibang magagawa, sapagkat nadadama nilang kahabag-habag kung sila ay magkulang sa pangangaral ng ebanghelyo. Hinirang ng Dios, tinatakan ng dugo ng pagtatalaga, sila ay magliligtas sa mga lalaki at babae sa namimintong pagkawasak. {AGA 272.3}

Ang ministrong kamanggagawa ni Kristo ay magtataglay ng malalim na pagkadama ng kabanalan ng gawain at ng paggawa, at sakripisyong kailangan upang matagumpay na ito ay maganap. Hindi niya binibigyang pansin ang sariling kaginhawahan. Kinakalimutan niya ang sarili. Sa paghahanap niya ng tupang waglit hindi niya nararamdaman ang pagod, lamig at gutoin. Iisa lamang ang kanyang adhikain—ang pagliligtas ng waglit. {AGA 273.1}

Siyang naglilingkod sa ilalim ng duguang bandila ni Immanuel ay gaganap ng gawaing may pagtitiis at pagsisikap ng isang bayani. At ang sundalo ng krus ay tumatayortg matatag sa unahan ng digmaan. Habang ang kaaway ay sumasalakay, lumalapit siya sa tanggulan para sa tulong, at sa mga pangako ng Panginoon sa Salita, siya ay napapalakas para sa tungkuling ginagampanan. Ang mga tagumpay na natatamo niya ay hindi umaakay sa pagmamapuri sa sarili, kundi umaakay siyang lalong umasa sa Makapangyarihan. Sa pagsandig sa Kapangyarihang iyon, siya ay nabibigyang kakayahang maghayag ng pabalita ng kaligtasang may kapangyarihan anupa't ito ay nagpapakilos ng ibang mga isipan. {AGA 273.2}

Siyang nagtuturo ng salita ay dapat munang mabuhay na gising at sa bawat oras ay kaugnay ng Dios sa pananalangin at pag-aaral ng Kanyang salita; sapagkat narito ang bukal

ng kapangyarihan. Ang pagiging kasama ng Dios ay magkakaloob sa ministro ng kapangyarihang higit sa bisa ng kanyang pangangaral. Ito ang kapangyarihang dapat niyang matanggap. May tanging sigasig, dapat siyang sumamo sa Dios na siya'y palakasin at bigyang sanggalang para sa tungkulin at pagsubok, at hipuin ang kanyang labi ng buhay na baga. Madalas na ang hawak ng mga embahador ni Kristo sa mga walang hanggang bagay ay maluwag lamang. Kung ang mga lalaki ay lalakad na kasama ng Dios, ikukubli Niya sila sa siwang ng Bato. Sa ganito ay natatago, makikita nila ang Dios, na tulad ni Moises na nakita mula rito ang kaluwalhatian ng Dios. Sa kapangyarihan at liwanag na kaloob Niya, higit silang makauunawa at makagaganap kaysa ngayon ay nakikita ng kanilang isipang laman. {AGA 273.3}

Ang katusuhan ni Satanas ay higit na mabisa sa mga taong lupaypay. Kapag ang panlulupaypay ay nagbabantang manaig sa ministro, hayaang ilahad niya sa Dios ang kanyang mga pangangailangan. Sa panahong ang kalangitan ay parang naging tanso kay Pablo, higit siyang nagtiwala sa Dios. Higit sa sinumang lalaki, ay naalaman niya ang kahulugan ng kapighatian; ngunit pakinggan ang kanyang sigaw ng tagumpay, na habang dinagsaan ng tukso at sigalot, ang kanyang mga paa ay patuloy tungo sa langit: "Ang ating maliit na kapighatian, na sumandali lamang, ay gumagawa para sa atin ng higit na dakila; at pangwalang hanggang kaluwalhatian; habang tayo ay nakatanaw hindi sa mga bagay na nakikita, kundi sa mga hindi nakikita." 2 Corinto 4:17, 18. Ang mga mata ni Pablo ay laging nakatuon sa mga hindi nakikita at pangwalang hanggan. Sa pagkadama na siya'y nakikipagbaka sa mga kapangyarihang hindi pangkaraniwan, inilagak niya ang pagtitiwala sa Dios, at ito ang naging saligan ng kanyang kalakasan. Sa pamamagitan ng pagmalas sa Kanyang hindi nakikita, ang kalakasan ng kaluluwa ay natatamo, at ang kapangyarihan ng lupang ito sa isipan at likas ay nawawasak. {AGA 273.4}

Ang isang pastor ay dapat na makihalubilong malaya sa mga taong kanyang pinaglilingkuran, upang sa pagkakilala sa kanila ay malalaman niya kung paano iaangkop ang mga turo sa kanilang mga pangangailangan. Matapos ang pagsesermon ng isang ministro, nagpapasimula pa lamang ang kanyang gawain. May gawaing personal na dapat niyang isagawa. Dapat dalawin ang mga tao sa kanilang mga tahanan, kinakausap at nakikipanalanging kasama nila sa kataimtiman at kaamuan. May mga pamilyang hindi maaabot ng mga katotohanan ng salita ng Dios malibang ang mga katiwala ng mga biyaya ng Dios ay pumasok sa kanilang mga tahanan at ituro sila sa lalong mataas na landas. Ngunit ang mga puso ng mga ministrong gagawa nito ay dapat na maging katugma ng puso ni Kristo. {AGA 274.1}

Malawak ang saklaw ng utos na ito, "Humayo kayo sa mga lansangan at mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang Aking bahay." Lucas 14:23. Sikapin ng mga ministrong magturo ng mga katotohanan sa mga pamilya, maging malapit sa kanilang

pinaglilingkuran, at sa kanilang pakikipagtulungan sa Dios, bibihisan Niya sila ng kapangyarihang espirituwal. Si Kristo ang papatnubay sa kanilang paggawa, magkakaloob ng mga salitang titimo nang malalim sa puso ng nakikinig. Karapatan ng bawat ministrong sabihin tulad ni Pablo, "Sapagkat hindi ko ikinait ang pagsasalaysay sa inyo ng buong kapasyahan ng Dios." "Kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag sa inyo ang anumang bagay na pakikinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay,...pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesu-Cristo." Gawa 20:27, 20, 21. {AGA 274.2}

Ang Panginoon ay nagbahay-bahay, nagpagaling ng maysakit, umaliw sa mga napipighati, nangusap ng kapayapaan sa nalulumbay. Kinalong Niya ang maliliit na bata sa Kanyang kandungan at pinagpala sila, nagsalita Siya ng kaaliwan at pag-asa sa mga pagal na ina. Sa di nagkukulang na pagmamahal at lumanay ay hinarap Niya ang bawat anyo ng kaabahan ng tao. Hindi para sa sarili kundi para sa iba na Siya'y naglingkod. Siya ang lingkod ng lahat. Naging pagkain at inumin Niya ang maghatid ng pag-asa at kalakasan sa lahat ng Kanyang nakatagpo. At habang ang mga lalaki at babae ay nakikinig sa Kanyang mga salita, na kakaiba sa mga tradisyon at aral ng mga rabi, ang pag-asa ay sumilang sa kanilang mga puso. Sa Kanyang pagtuturo ay nakita ang sigasig at kataimtimang naglagak ng mga pangungusap na may kapangyarihang humihikayat. {AGA 275.1}

Dapat matutuhan ng mga ministro ng Dios ang paraan ng paggawa ni Kristo, upang mailabas nila mula sa kamalig ng Kanyang salita ang bagay na sasapat sa pangangailangan ng kanilang pinaglilingkuran. Sa ganito lamang sila makagaganap sa kanilang pagkakatiwala. Ang Espiritung nanahan kay Kristo habang Siya ay nagtuturo, ay Siya ring bukal ng kaalaman at lihim ng kapangyarihang magpapatuloy ng gawain ng Tagapagligtas dito sa lupa. {AGA 275.2}

Mayroong gumawa sa ministeryo na hindi nakasumpong ng tagumpay sapagkat hindi nila naiukol ang buong interes sa gawain ng Panginoon. Ang mga ministro ay hindi dapat magtaglay ng ibang interes liban na sa dakilang gawain ng paghahatid ng mga tao sa Tagapagligtas. Ang mga mangingisdang tinawagan ni Kristo, ay agadagad iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya. Ang mga ministro ay hindi makagaganap ng katanggap-tanggap na paglilingkod kung kasabay nito ay may pasanin sa personal na kalakal. Ang ganitong hating interes ay nagpapalabo ng pananaw na espirituwal, Ang isipan at puso ay abala sa mga bagay ng lupa, at ang paglilingkod kay Kristo ay pangalawa lamang. Sisikapin nilang hubugin ang kanilang paglilingkod ayon sa mga pangyayari sa halip na hubugin ang mga pangyayari upang sapatan ang mga kahilingan ng Dios. {AGA 275.3}

Ang lahat ng kalakasan ng isang ministro ay kailangan para sa mataas na pagkakatawag sa kanya. Ang pinakamabuting kapangyarihan niya ay ukol sa Dios. Hindi siya dapat masangkot sa mga kalakal na magpapabaling ng kanyang interes mula sa kanyang dakilang gawain.

“Sinumang kawal na nakikipagbaka,” pahayag ni Pablo, “ay hindi nakikihalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya’y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal.” 2 Timoteo 2:4. Sa ganito ay idiniin ng apostol na ang ministro ay dapat na lubusang natatalaga sa paglilingkod sa Panginoon. Ang ministrong lubusang natatalaga sa Dios ay tatangging mangalakal na hahadlang sa kanyang lubusang magkaloob ng sarili sa banal na pagkatawag. Hindi siya nakikipagpunyagi para sa karangalan o kayamanan ng lupa; ang tanging adhikain niya ay ibalita sa iba ang Tagapagligtas, na nagkaloob ng Sarili upang ipagkaloob sa tao ang mga kayamanan ng walang hanggang buhay. Ang pinakamataas niyang hangarin ay hindi upang magtipon ng kayamanan sa lupang ito, kundi ang tawagan ng pansin ang mga walang pakialam at hindi tapat sa mga katunayan ng walang hanggan. Maaaring siya ay akiting pumasok sa mga gawaing may malaking pakinabang, ngunit ang mga tuksong ito ay tutugunin niya ng, “Ano nga ang pakikinabangin ng tao, kung kamtan niya ang buong sanlibutan, at mawala naman ang kanyang kaluluwa?” Marcos 8:36. {AGA 276.1}

Iniharap ni Satanas kay Kristo ang tuksong ito, sa pagkaalam na kapag ito ay tinanggap, ang mundo kailanman ay di na inatutubos pa. At sa iba’t ibang anyo ay inihaharap niya ang tuksong ito sa mga ministro ng Dios ngayon, sa pagkaalam na silang mararahuyo ay magiging hindi tapat sa kanilang pagkakatiwala. {AGA 276.2}

Hindi kalooban ng Dios na ang Kanyang mga ministro ay maghangad ng kayamanan. Tungkol dito ay sumulat si Pablo kay Timoteo: “Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan: na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili na maraming mga kalumbayan. Datapuwat, ikaw o tao ng Dios, tumakas ka sa mga bagay na ito; at sumunod ka sa katuwiran, sa kabanalan, sa pananampalataya, sa pag-ibig, sa pagtitiis, sa kaamuan.” Sa pamamagitan ng halimbawa gano’n din sa pamamagitan ng panuntunan, ang embahador ni Kristo ay “ang mayayaman sa sanlibutang ito ay pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pag-iisip, at huwag umasa sa mga kayamanang hindi nananatili, kundi sa Dios na siyang nagbigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak; na sila’y magsigawa ng mabuti, na sila’y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila’y maging handa sa pamimigay, maibigin sa painamahagi; na mangagtipon sa kanilang sarili ng isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating, upang sila’y makapanangan sa buhay na tunay na buhay.” {AGA 276.3}

1Timoteo 6:17-19. {AGA 277.1}

Ang mga karanasan at turo ni apostol Pablo tungkol sa kabanalan ng gawain ng ministro ay isang tulong at inspirasyon para sa mga nasa gawain ng ebanghelyo. Ang puso ni Pablo ay nag-alab sa pagibig sa makasalanan, at iniukol niya ang buong kalakasan sa gawain ng paghikayat ng kaluluwa. Wala nang manggagawang nabuhay na katulad niya sa pagtanggi sa sarili at pagsisikap sa paggawa. Ang mga pagpapalang tinanggap niya ay itinuring niyang kayamanang dapat ipaglingkod sa pagpapala sa iba. Hindi niya sinayang ang alinmang

pagkakataon na magsalita tungkol sa Tagapagligtas o tumulong sa kanilang nasa bagabag. Sa bawat dako siya ay nangaral ng ebanghelyo ni Krisyo at nagtatag ng mga iglesia. Saan mang dako mayroong makikinig, sinikap niyang labanan ang kamalian, at ituwid ang paa ng mga tao sa landas ng katuwiran. {AGA 277.2}

Hindi kinalimutan ni Pablo ang mga iglesiang itinatag niya. Matapos ang paglalakbay misyonero, kasama ni Bernabe ay binalikan nila at dinalaw ang mga iglesiang naitatag, at pumili ng mga lalaking masasanay upang sumama sa kanila sa paghahayag ng ebanghelyo. {AGA 277.3}

Ang ganitong sangkap ng paggawa ni Pablo ay may mahalagang liksyon para sa mga ministro ngayon. Naging bahagi ng paglilingkod ni Pablo ang pagsasanay sa mga kabataan sa tungkulin ng pagiging ministro. Isinama sila sa kanyang paglalakbay misyonero, at sa ganito ay tumanggap ng mga karanasan sa bandang huli ay magagamit sa kanilang pagkuha ng mga tungkulin ng kapanagutan. Matapos mahiwalay sa kanila, patuloy na nakipagugnayan pa rin sa kanila at ang mga liham kay Timoteo at kay Tito ay mga katibayan ng malalim na hangarin niya para sa kanilang tagumpay. {AGA 277.4}

Ang mga may karanasang ministro ngayon ay gaganap ng marangal na gawain, kung sa halip na sila lamang ang gagawa, ay magsasanay sila ng mga kabataang manggagawa, at ipapataw sa kanilang mga balikat ang kapanagutan. {AGA 277.5}

Kailanman ay hindi nakalimutan ni Pablo ang kapanagutang nakababaw sa kanya bilang isang ministro ni Kristo; o kung sakaling may kaluluwang mawawaglit dahilan sa kanyang kapabayaan, na ito ay hahanapin sa kanya ng Dios. “Na ako ay ginawang ministro nito,” kanyang pinahayag, “ayon sa pamamahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang maihayag ang salita ng Dios; maging ang hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi, datapuwat ngayo’y ipinahayag sa Kanyang niga banal, na sa kanila’y minagaling ng Dios na ipakklala kung anoang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil; na ito’y si Kristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian: na siya namang inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawat tao, at tinuturuan ang bawat tao sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Kristo Jesus ang bawat tao: na dahil dito’y nagpapagal din naman ako, na nagpipilit ayon sa kanyang paggawa, na siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan.” Colosas 1:25-29. {AGA 278.1}

Ang mga salitang ito ay naglalagay sa bawat manggagawa ni Kristo ng isang mataas na pamantayan, at ito ay maaabot sa ilalim ng kontrol ng dakilang guro, at sa bawat araw ay mag-aaral sa paaralan ni Kristo. Ang kapangyarihan ng utos ng Dios ay walang limitasyon, at ang ministrong sa kanyang dakilang pangangailangan ay pipiling sa Panginoon ay makatitiyak ng pagtanggap ng bagay na magbibigay buhay sa kanyang mga tagapakinig. {AGA 278.2}

Ang mga sulat ni Pablo ay naghahayag na ang ministro ay dapat na maging halimbawa ng mga dakilang katotohanang kanyang itinuturo, “na hindi magbibigay ng katitisuran sa anumang bagay, upang ang ministri ay di masisi.” Sa pagliham niya sa Corinto ay nagbigay si Pablo ng larawan ng kanyang gawain: “Datapuwat sa lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming sarili gaya ng mga ministro ng Dios, sa maraming pagtitiis, sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga paghihinagpis, sa mga latay, sa mga pagkabilanggo, sa mga kaguluhan, sa mga gawa, sa mga pagpupuyat, sa mga pagaayuno; sa kalinisan, sa kaalaman, sa pagpapahinuhod, sa kagandahang-loob, sa Banal na Espiritu, sa pag-ibig na hindi pakunwari, sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng Dios, sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa, sa pamamagitan ng karangalan at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat: gaya ng mga magdaraya, gayunma’y mga mapagtapat; waring hindi mga kilala, gayunma’y mga kilalang mabuti; tulad sa nangahihingalo, at, narito, kami ay nangabubuhay; gaya ng mga pinarurusahan, at hindi pinapatay; tulad sa nangalulungkot, gayunma’y laging nagagalak; tulad sa mga dukha, gayunma’y nangagpapayaman sa marami.” 2 Corinto 6:3, 4-10. {AGA 278.3}

Kay Tito ay sumulat siya: “Iaral mo rin naman sa mga bagong tao na sila’y magpakahinahon ng pag-iisip. Sa lahat ng mga bagay ay magpakilala kung ikaw ay isang uliran sa mababuting gawa: at sa iyong aral ay ipakilala mo ang walang kamalian, ang kahusayan, pangungusap na magaling, na di mahahatulan; upang sila na nasa kabilang panig ay mahiya, nang walang anumang masamang masabi tungkol sa atin.” Tito 2:6-8. {AGA 279.1}

Wala nang higit pang mahalaga sa paningin ng Dios kaysa ang Kanyang mga ministro, na humahayo sa mga ilang na dako ng lupa upang maghasik ng binhi ng katotohanan, na nakatanaw sa pag-aani. Tanging si Kristo ang makasusukat ng malasakit sa Kanyang mga lingkod sa paghahanap nila ng waglit. Ibinabahagi Niya ang Espiritu sa kanila, at sa kanilang pagsisikap ay naituturo ang makasalanan sa katuwiran. {AGA 279.2}

Ang Dios ay tumatawag sa mga lalaking laang iwanan ang bukid, ang negosyo, at kung kailangan, ang pamilya, upang maging misyonero Niya. At ang panawagan ay tutugunin. Sa nakaraan ay nagkaroon ng mga lalaking nakilos ng pag-ibig ni Kristo at ng pangangailangan ng mga waglit, ay nag-iwan ng ginhawa ng tahanan at mga kaibigan, kahit na ng asawa at mga anak, upang humayo sa ibang lupain, kasama ng mga mananamba sa diyus-diyusan at mga mababangis, upang ihayag ang pabalita ng habag. Marami sa kanila ang nawalan ng buhay, ngunit mayroong ibang kumuha ng kanilang lugar. Sa ganito ay sumulong ang gawain ni Kristo sa bawat hakbang, at ang binhing natanim sa kalumbayan ay namunga ng masaganang ani. Ang pagkakilala sa Dios ay napalawak, at ang bandila ng krus ay natanim sa mga lupaing pagano. {AGA 279.3}

Sa ikahihikayat ng isang kaluluwa, dapat gamitin ng isang ministro ang lahat ng kasangkapang kanyang magagamit. Ang kaluluwang nilikha ng Dios at tinubos ni Kristo, ay may malaking halaga, dahilan sa mga posibilidad na nasa kanyang harapan, ang mga pakinabang na espirituwal na matatanggap, ang mga kakayanang matatanggap kapag pinalakas ng salita ng Dios, at ang walang kamatayang buhay na matatamo sa pag-asang inihaharap ng ebanghelyo. At kung iniwan ni Kristo ang siyamnapu't siyam upang hanapin at iligtas ang isang tupang waglit, tayo ba ay magiging marapat kung kulang dito ang ating gagampanan? Hindi ba pagpapabaya ang hindi gumawa ng tulad ng paggawa ni Kristo, ang magsakripisyong gaya ng Kanyang sakripisyo, na ito'y isang pagtataksil sa mga banal na pagkakatiwala, at isang insulto sa Dios? {AGA 279.4}

Ang puso ng tunay na ministro ay puspos ng marubdob na pananabik na magligtas ng kaluluwa. Panahon at kalakasan ay ginugugol, paggawang nakakapagod ay hindi inuurungan; sapagkat ang iba ay dapat makadinig ng mga katotohanang naghatid sa sariling kaluluwa ng kagalakan at kapayapaan. Ang Espiritu ni Kristo ay nasa kanya. Nakatanaw siya sa isang kaluluwang parang ito'y kanyang ipagsusulit. May matang nakatuon sa krus ng Kalbaryo, nakatanaw sa Tagapagligtas na doo'y nataas, umaasa sa Kanyang biyaya, nananampalatayang Siya ay kasama niya hanggang sa wakas, bilang kanyang sanggalang, kalakasan at kagalingan, siya ay gagawa para sa Dios. Taglay ang mga paanyaya, pagsamong kaugnay ng mga kasiguruhan ng pag-ibig ng Dios, sinisikap niyang akitin ang kaluluwa kay Jesus, at sa langit siya ay nabibilang na kasama nilang "tinawag, hinirang, at tapat." Apocalipsis 17:14. {AGA 280.1}

Kapitulo 36 – Kaligtasan sa mga Judio

Matapos ang hindi maiiwasang antala, sa wakas ay dumating si Pablo sa Corinto, ang dako ng maraming bagabag na paggawa sa nakaraan, at sa isang panahon ay pinagmulan ng malalim na pangungulila. Nasumpungan niyang ang marami sa mga unang mananampalataya ay mahal pa rin siya at pinahahalagahan bilang siyang unang nagdala sa kanila ng liwanag ng ebanghelyo. Sa pagbati niya sa mga alagad na ito ay nakita ang katibayan ng kanilang katapatan at sigasig at nagalak siyang ang kanyang unang paggawa sa Corinto ay hindi nawalang kabuluhan. {AGA 281.1}

Ang mga mananampalataya sa Corinto, na dati ay madaling mailayo sa mataas na pagkatawag kay Kristo, ay lumago sa kalakasan ng likas Kristiano. Ang kanilang mga salita at gawa ay naghayag ng nagpapabagong kapangyarihan ng biyaya ng Dios, at ngayon sila ay isang puwersa ukol sa kabutihan sa sentrong iyon ng paganismo at pamahiin. Sa palibot ng mga kasama sa gawain at mga tapat na nahikayat na ito, nakasumpong ng kapanatagan ang bagabag at pagod na diwa ng apostol. {AGA 281.2}

Sa panahon ng pananatili sa Corinto, nakatagpo si Pablo ng pagkakataong tumanaw sa lalong malawak at bagong bukiran ng paglilingkod. Ang naising maglakbay patungong Roma ang higit na pumuno sa kanyang isipan. Ang makitang ang pananampalatayang Kristiano ay matatag sa dakilang sentrong ito ng kilalang sanlibutan ang pinakamamahal niyang lunggati at panukala. May iglesia nang natatag sa Roma, at hangarin ng apostol na makipagtulungan sa mananampalataya doon ukol sa gawaing dapat magampanan sa Italia at iba pang lupain. Upang ihanda ang daan sa paggawa niyang kasama ang mga kapatid doon, na ang karamihan ay hindi niya kilala, nagpadala siya ng liham na nagbabalita ng kanyang adhikain sa pagdalaw sa Roma, at ng pag-asa niyang makapagtanim ng pamanatayan ng krus sa Espanya. {AGA 281.3}

Sa liham niya sa mga taga Roma, inilahad ni Pablo ang mga dakilang simulain ng ebanghelyo. Isinaad niya ang kanyang pananayuan sa mga katanungang nagpapagulo sa mga Judio at Gentil na iglesia, at ipinakitang ang pag-asang dati ay para sa mga Judio lamang ngayon ay iniaalok na rin sa mga Gentil. {AGA 282.1}

May dakilang linaw' at kapangyarihang inilahad ng apostol ang doktrina ng pag-aaring ganap sa pananampalataya kay Kristo. Umasa siyang ang ibang mga iglesia ay matulungan din ng aral na ipadadala niya sa mga Kristiano sa Roma; ngunit gaano nga kalabo na nakita niya ang magiging malayuang impluwensya ng kanyang mga salita! Sa buong kapanahunan, ang dakilang katotohanan ng pag-aaring ganap sa pananampalataya ay tumayong isang malakas na tanglaw upang patnubayan ang mga nagsisising makasalanan sa landas ng buhay. Ang liwanag ding ito ang nagpalayas ng dilim na lumagom sa isipan ni Luther, at naghayag sa kanya ng kapangyarihan ng dugo ni Kristo na maglinis sa kasalanan. Ang liwanag ding ito ang pumatnubay sa libu-libong makasalanan sa tunay na Bukal ng pagpapatawad at kapayapaan. Dahilan sa liham sa mga taga Roma, ang bawat Kristiano ay may dahilang magpasalamat sa Dios. {AGA 282.2}

Sa kanyang liham si Pablo ay malayang naghayag ng kanyang pasanin para sa mga Judio. Mula sa kanyang pagkahikayat, nanabik na siyang makatulong sa mga kapatid na Judio upang sila'y magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa pabalita ng ebanghelyo. "Ang naisin ng aking puso at panalangin sa Dios para sa Israel ay," kanyang pinahayag, "upang sila ay mangaligtas." {AGA 282.3}

Hindi pangkaraniwang naisin ito ng apostol. Palagiang sumasamo siya sa Dios na gumawa sa kapakanan ng mga Israelitang hindi nakilala si Jesus ng Nasaret bilang ipinangakong Mesias. "Sinasabi ko ang katotohanan kay Kristo," tiniyak niya sa mga mananampalataya sa Roma, "ang aking konsiyensya din naman ay nagpapatotoo sa Banal na Espiritu, na ako'y may kabigatan ang kapanglawan ng puso. Sapagkat ako'y makapapagnasa na ako man ay itakwil mula kay Kristo dahil sa aking mga kapatid, na aking mga kamag-anak dahil sa laman: na pawang mga Israelita; na sa kanila ang pagkukupkop, at ang kaluwalhatian, at ang mga

tipan, at ang pagbibigay ng kautusan, at ang paglilingkod sa Dios, at ang mga kapangakuan; na sa kanila ang mga magulang, at sa kanila mula ang Kristo ayon sa laman, na siyang lalo sa lahat, Dios na maluwalhati magpakailanman." {AGA 282.4}

Ang mga Judio ang piling bayan ng Dios, at sa kanila ay pinanukalang ang buong lahi ng tao ay pagpapalain. Mula sa kanila ay ibinangon ng Dios ang maraming propeta. Ang mga ito ay nagbigay ng propesiya sa pagdating ng Manunubos na tatanggihan at papatayin nilang dapat sana'y sila muna ang makakilala sa Kanya bilang Siyang Ipinangako. {AGA 283.1}

Ang propeta Isaias, sa pagtingin sa mga daantaong nasa harapan at pagsaksi sa pagtanggi sa mga propeta at sa wakas ay sa Anak ng Dios, ay kinasihang sumulat sa pagtanggap naman sa Manunubos nilang kailanman ay di napabilang sa mga anak ng Israel. Tungkol sa propesiya, ay sinabi ni Pablo: "At si Isaias ay buong tapang na nagsasabi, Ako'y nasumpungan nilang mga hindi nagsisihanap sa Akin; nahayag Ako sa kanilang mga hindi nagsisipagtanong tungkol sa Akin. Datapuwat tungkol sa Israel ay sinasabi Niya, Sa buong araw ay iniunat Ko ang Aking mga kamay sa isang bayang suwail at matutol." {AGA 283.2}

Bagama't tinanggihan ng Israel ang Kanyang Anak, hindi naman sila itinanggi ng Dios. Patuloy si Pablo sa kanyang argumento: "Sinasabi ko nga, itinakwil baga ng Dios ang Kanyang bayan? Huwag nawang mangyari. Sapagkat ako man ay Israelita, sa binhi ni Abraham, sa angkan ni Benjamin. Hindi itinakwil ng Dios ang Kanyang bayan na nang una pa'y kinilala Niya. O hindi baga ninyo nalalaman ang sinasabi ng kasulatan tungkol kay Elias? kung paanong namamagitan siya sa Dios laban sa Israel, na sinabi, Panginoon, pinatay nila ang Iyong mga propeta, giniba nila ang Iyong mga dambana; at ako'y naiwang nag-iisa, at hinahanap nila ang aking bahay. Datapuwat ano ang sinasabi ng kasagutan ng Dios sa kanya? Nagtira Ako sa Akin ng pitong libong lalaki 11a hindi nangagsiluhod kay Baal. Gayundin nga sa panahong itong kasalukuyan ay may isang nalalabi ayon sa pagkahirang ng biyaya." {AGA 283.3}

Ang Israel ay nadapa at nahulog, ngunit hindi naging imposible para sa kanilang muling makabangon. Sa tanong na, "Sila ba ay nadapa upang di na makapabangon pa?" ang apostol ay tumugon: "Huwag nawang mangyari: datapuwat sa pagkahulog nila'y dumating ang pagkaligtas sa mga Gentil, upang ipamungkahi sila sa paninibugho. Ngayon kung ang pagkahulog nga nila ay siyang kayamanan ng sanlibutan, at ang pagkalugi nila ay siyang kayamanan ng mga Gentil; gaano pa ang kapunuan nila? Datapuwat nagsasalita ako sa inyong mga Gentil. Palibhasa'y ako nga'y apostol sa mga Gentil, ay niluluwalhati ko ang aking ministeryo; baka sa anumang paraan ay maipamungkahi ko sa paninibugho yaong aking mga kaalaman, at maligtas ang ilan sa kanila. Sapagkat kung ang pagkatakwil sa kanila ay siyang palakipagkasundo ng sanlibutan, ano kaya ang pagtanggap sa kanila, kundi buhay mula sa mga patay?" {AGA 283.4}

Adhikain ng Dios na ang Kanyang biyaya ay mahayag sa mga Gentil gayundin sa mga Israelita. Ito ay malinaw na inihanay ng mga propesiya sa Lumang Tipan. Ang apostol ay gumamit ng ilan sa mga propesiyang ito sa kanyang argumento. “O wala bagang kapangyarihan sa putik ang magpapalyok,” kanyang sinabi, “upang gawin sa isang limpak ang isang sisidlan sa ikapupuri, at ang isa’y sa ikahihiya? Ano kung ang Dios ay inibig na ihayag ang Kanyang kagalitan, at ipakilala ang Kanyang kapangyarihan, ay nagtiis ng malaking pagpapahinuhod sa mga sisidlan ng galit na nangahahanda na sa pagkasira: at upang maipaldlala ang kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng awa, na Kanyang inihanda nang una pa sa kaluwalhatian, maging sa atin, na Kanya namang tinawag, hindi lamang mula sa mga Judio, kundi naman mula sa mga Gentil? Gaya naman ng sinasabi Niya sa aklat ng Oseas, Tatawagin Kong Aking bayan ang hindi Ko dating bayan; at iniibig, na hindi dating iniibig. At mangyayari, na sa dakong pinagsabihan sa kanila, Kayo’y hindi Ko bayan, ay diyan sila tatawaging mga anak ng Dios na buhay.” Tingnan ang Oseas 1:10. {AGA 284.1}

Sa kabila ng kabiguan ng Israel bilang isang bansa, may natira pa ring mabuting nalabi na maliligtas. Sa panahon ng pagparito ng Tagapagligtas, mayroong mga tapat na lalaki at babaeng tumanggap sa kagalakan ng pabalita ni Juan na Tagapagbautismo, at naakay na muling pag-aralan ang mga propesiya tungkol sa Mesias. Nang itatag ang unang iglesia Kristiana, ito ay binuo ng mga tapat na Judiong ito na kumilala kay Jesus ng Nasaret bilang siyang pinananabikan nilang dumating. Ito ang nalabing tinutukoy ni Pablo sa kanyang pagsulat, “At kung ang pangunahing bunga ay banal, ay gayundin ang lahat: at kung ang ugat ay banal, ay gayundin ang mga sanga.” {AGA 284.2}

Inihalintulad ni Pablo ang nalabi sa Israel sa isang marangal na puno ng olibo, na ang ilang sanga nito ay pinutol. Inihambing niya ang mga Gentil sa mga sanga ng ligaw na puno ng olibo, na idinugtong sa puno. “Datapuwat kung ang ilang mga sanga’y nangabali,” kanyang sinulat sa mga mananampalatayang Gentil, “at ikaw, na isang olibong ligaw ay isinanib ka sa kanila, at ikaw ay naging kabahagi nila sa ugat ng katabaan ng punong olibo; huwag kang magpalalo sa mga sanga. Datapuwat kung magpalalo ka, ay hindi ikaw ang nagkakandili sa ugat, kundi ang ugat ang nagkakandili sa iyo. Sasabihin m0 nga, Ang mga sanga ay nangabali upang ako ay makasanib. Mabuti; sa kawalan nila ng pananampalataya ay nangabali sila, at sa iyong pananampalataya’y nakatayo ka. Huwag kang magpalalo, kundi matakot ka: sapagkat kung hindi nga pinatawad ng Dios ang mga talagang sanga, ikaw man ay hindi patatawarin. Masdan mo nga ang kabutihan at ang kabagsikan ng Dios: ang kabagsikan ay sa nangahulog, datapuwat ang kabutihan ng Dios ay sa iyo, kung mamamalagi ka sa Kanyang kabutihan: at sa ibang paraan ay ikaw man av puputulin.” {AGA 284.3}

Sa kawalang pananampalataya at pagtanggi sa adhikain ng Langit sa kanya, ang Israel bilang bansa ay nawalan ng kaugnayan sa Dios. Ngunit ang mga sangang naputol sa puno ay

muling naikabit ng Dios sa tunay na puno ng Israel—ang nalabing nanatiling tapat sa Dios ng kanilang mga magulang. “At sila naman,” pahayag ng apostol tungkol sa mga sangang ito na nabali, “kung di magsisilagi sa di pananampalataya, ay mangasasanib: sapagkat makapangyarihan ang Dios upang sila’y isanib na muli.” “Sapagkat kung ikaw,” kanyang sinulat sa mga Gentil, “ay pinutol doon sa talagang olibong ligaw, at laban sa kaugalian ay isinanib ka sa mabuting punong olibo: gaano pa nga ang mga ito, na mga talagang sanga, na mangasasanib sa kanilang sariling punong olibo? Sapagkat hindi ko ibig, mga kapatid, na hindi ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo’y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka, na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil. {AGA 285.1}

“At sa ganito’y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas, Siya ang maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan: at ito ang Aking tipan sa kanila, pagka aalisin Ko ang kanilang mga kasalanan. Tungkol sa ebanghelyo, ay mga kaaway sila dahil sa inyo: datapuwat tungkol sa pagkahirang, ay mga pinakaiibig dahil sa mga magulang. Sapagkat ang mga kaloob at ang pagtawag ng Dios ay hindi nagbabago. Sapagkat kung paanong kayo nang nakaraang panahon ay mga masuwayin sa Dios, datapuwat ngayon kayo’y nangagkamit ng habag sa pamamagitan ng kanilang pagsuway: gayundin naman ang mga ito ay naging mga masuwayin ngayon, upang sa pamamagitan ng habag na ipinagkaloob sa inyo, sila nama’y magkamit ng habag. Sapagkat ang lahat ay kinulong ng Dios sa kasuwayan, upang Siya’y mahabag sa lahat. {AGA 285.2}

“O kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Dios! O di matingkalang mga hatol Niya, at hindi malirip na Kanyang mga daan! Sapagkat sino ang nakaalam ng pag-iisip ng Panginoon? o sino ang Kanyang naging kasangguni? o sino ang nagbigay na una sa Kanya, at Siya’y babayarang muli? Sapagkat Kanya, at sa pamamagitan Niya, at sa Kanya, ang lahat ng mga bagay. Sumakanya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman.” {AGA 286.1}

Sa ganito ay ipinakita ni Pablo na ang Dios ay masaganang nagpapabago ng puso ng mga Judio at Gentil man, at nagkakaloob sa bawat mananampalataya kay Kristo ng mga pagpapalang pangako sa Israel. Inulit niya ang paghahayag ni Isaias tungkol sa bayan ng Dios: “Kung ang bilang man ng mga anak ng Israel ay maging tulad sa buhangin sa dagat, ay ang nalalabi lamang ang maliligtas: sapagkat isasagawa ng Panginoon ang Kanyang salita sa lupa, na tatapusin at paiikliin. At gaya ng sinabi nang una ni Isaias, Kung hindi nagiwan sa atin ng isang binhi ang Panginoon ng mga hukbo, tayo’y naging katulad sana ng Sodoma at naging gaya ng Gomorra.” {AGA 286.2}

Sa panahong ang Jerusalem ay mawasak at ang templo ay naging guho, libu-libo sa mga Judio ang ipinagbiling mga alipin sa mga lupaing pagano. Sila ay naging tulad ng wasak na bayang nangalat sa mga bansa. Sa loob ng isanlibo at walong daang taon ang mga Judio ay

naglagalag sa mga lupain ng mundo, at walang dakong ibinigay sa kanila upang doon ay muling maitatag ang kanilang karangalan bilang isang bansa. Kinamuhian, inalimura, pinagusig sa paglakad ng mga daantaon, ang kanilang pamana ay pagdurusa. {AGA 286.3}

Sa kabila ng kalunos-lunos na hatol sa mga Judio bilang isang bansa sa panahon ng kanilang pagtanggi kay Jesus ng Nasaret, mayroon namang nabuhay sa bawat panahon na mga mararangal na Judiong lalaki at babae na nagdusang tahimik. Ang Dios ang nagbigay sa kanila ng kaaliwan sa harap ng malaking kapighatian. Dininig Niya ang mga dalanging naghihirap ng mga humanap sa Kanya sa taimtim na puso at matuwid na pagkaunawa sa Kanyang salita. Mayroong natutong makita sa abang Nazarenong tinanggihan at ipinako ng kanilang mga magulang, ang tunay na Mesiyas ng Israel. Sa pagtanggap ng kanilang isipan sa mga propesiyang matagal na natago at mali ang naging pakahulugan, ang kanilang mga puso ay napuspos ng pagpapasalamat sa Dios sa hindi mapapantayang kaloob sa bawat tao na pipiliing tanggapin ang Kristo bilang personal na Tagapagligtas niya. {AGA 286.4}

Ang uri ding ito ang tinukoy ni Isaias sa propesiya na, “Isang nalabi ay maliligtas.” Mula sa kaarawan ni Pablo hanggang ngayon, ang Dios sa Kanyang Banal na Espiritu ay nananawagan sa bawat Judio o Gentil man. “Sapagkat ang Dios ay hindi magtatangi ng tao,” pahayag ni Pablo. Ipinalagay ng apostol ang sarili na may utang sa mga Griyego, at gayundin naman sa mga barbaro,” gano’n din sa mga Judio; ngunit hindi niya nakalimutan ang mga katangian ng mga Judio na higit sa iba, “mga natatangi, sapagkat sa kanila naitalaga ang mga orakulo ng Dios.” “Ang ebanghelyo,” kanyang pinahayag, ” ang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya: una’y sa Judio, at gayundin sa Griyego. Sapagkat dito ang katuwiran ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Ngunit ang ganap ay mabubuhay sa papamagitan ng pananampalataya.” Ang ebanghelyong ito ni Kristo na may bisa sa Judio at Gentil, ang inihayag ni Pablo sa mga taga Roma na hindi niya ikinahihiya. {AGA 287.1}

Kapag ang ebanghelyong ito ay mailalahad sa kanyang kaganapan sa mga Judio, marami ang tatanggap kay Kristo bilang Mesiyas. Sa mga Kristianong ministro iilan lamang ang nakadadamang sila’y tinawagan upang gumawa para sa mga Judio, datapuwat sa kanila na madalas na nilalagpasan at sa iba pa, ang pabalita ng pag-asa at habag kay Kristo ay darating. {AGA 287.2}

Sa pagtatapos ng pagpapahayag ng ebanghelyo, kapag ang tanging pagsisikap ay gagawin sa mga uri ng taong dati’y nakaligtaan, inaasahan ng Dios na ang Kanyang mga mensahero ay mag-uukol ng tanging interes sa mga Judio na nakakalat sa lahat ng bahagi ng lupa. Sa pagsasanib ng Luma at Bagong Tipan sa pagpapaliwanag ng walang hanggang adhikain ni Jehova, sa maraming mga Judio ay matutulad ito sa bukang liwayway ng bagong paglalang, ang muling pagkabuhay ng kaluluwa. Sa pagmalas nila sa Kristo ng ebanghelyo na inilalarawan sa mga pahina ng Lumang Tipan, at makitang malinaw kung paanong ang

Bagong Tipan ay nagpapaliwanag ng Luma, ang kanilang mga tulog na katalinuhan ay magigising, at makikilala nila ang Kristo bilang Tagapagligtas ng sanlibutan. Marami sa pamamagitan ng pananampalataya ang tatanggap kay Kristo bilang Manunubos. Sa kanila ay matutupad ang mga salitang, "Datapuwat ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng kapangyarihang maging mga anak ng Dios, samakatuwid baga'y sa mga nagsisampalataya sa Kanyang pangalan." Juan 1:12. {AGA 287.3}

Kabilang sa mga Judio ay ilang tulad ni Saulo ng Tarsus, makapangyarihan sa Kasulatan, at ang mga ito ang maghahayag sa kahanga-hangang kapangyarihan sa hindi nagbabagong kautusan ng Dios. Ang Dios ng Israel ang magsasagawa nito sa ating kapanahunan. Ang Kanyang bisig ay hindi napakaigsi upang hindi ito makapagligtas. Sa paggawa sa pananampalataya ng Kanyang mga lingkod para sa kanilang napabayaan at kinamuhian, ang Kanyang pagliligtas ay mahahayag. {AGA 288.1}

"Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, na siyang tumubos kay Abraham, tungkol sa sambahayan ni Jacob, si Jacob nga ay hindi mapapahiya, o mamumula pa man ang kanyang mukha. Ngunit pagka kanyang nakikita ang kanyang mga anak, ang gawa ng Aking mga kamay, sa gitna niya, ay kanilang aariing banal ang Aking pangalan; oo, kanilang aariing banal ang Banal ni Jacob, at magsisitayong may takot sa Dios ng Israel. Sila namang nangamamali sa diwa ay darating sa pagkaunawa, at silang mga mapag-upasala ay mangatututo ng aral." Isaias 29:22-24. {AGA 288.2}

Kapitulo 37 – Pagtalikod sa Galacia

Habang nagtatagal sa Corinto, si Pablo ay may dahilang magkaroon ng maselang pasanin para sa mga iglesiang naitatag na. Sa impluwensya ng mga bulaang gurong nagmumula sa mga mananampalataya sa Jerusalem, nagkaroon ng pagkakabahagi, erehe, at kalaswaan na mabilis na kumakalat sa mga mananampalataya sa Galacia. Inihahalo ng mga bulaang gurong ito ang mga tradisyong Judio sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Hindi pinansin ang mga desisyon ng pangkalahatang konsilyo sa Jerusalem, kanilang ipinipilit sa mga nahikayat na Gentil ang pagsunod sa mga batas na seremonyal. {AGA 289.1}

Ang kalagayan ay maselan. Ang mga kasamaang ipinasok ay mabilis na nagbabantang magwasak sa mga iglesia sa Galacia. {AGA 289.2}

Nagdurugo ang puso ni Pablo at ang kanyang sarili ay nakilos ng hayagang pagtalikod ng mga matapat na naturuan ng mga simulain ng ebanghelyo. Agad-agad ay sumulat siya sa mga nadadayang mananampalatayang ito, na inilantad ang mga maling teoriya na kanilang tinanggap, at mabigat na sinansala silang tumalikod sa pananampalataya. Matapos batiin ang mga taga Galacia sa mga pangungusap na ito, "Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang

mula sa Dios na Ama, at sa ating Panginoong Jesu-Cristo," ibinigay niya sa kanila ang ganitong matalas na sansala: {AGA 289.3}

"Ako'y namamangha na kay dali ninyong nagsilipat sa ibang ebanghelyo buhat sa tumawag sa inyo sa biyaya ni Kristo; na ito'y hindi ibang ebanghelyo; kundi mayroong ilan sa inyo'y nagsisiligalig, na nangag-iibig na pasamain ang ebanghelyo ni Kristo. Datapuwat kahit na kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anumang ebanghelyo na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakwil." Ang mga turo ni Pablo ay katugma ng mga Kasulatan, at ang Banal na Espiritu ang sumaksi sa kanyang mga paggawa; kung kaya't nagbabala siya sa mga kapatid na huwag makinig sa anumang bagay na taliwas sa mga katotohanang naituro na sa kanila Nag-anyaya ang apostol na suriing maingat ang kanilang karanasan sa buhay Kristiano. "O mga mangmang na taga Galacia," kanyang pahayag, "sino ang nagsigayuma sa inyo, na sa harapan ng inyong mga mata'y si JesuCristo, na napako sa krus, ay maliwanag na inihayag? Ito lamang ang nais kong maalaman sa inyo, Tinanggap baga ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga gawang ayon sa kautusan, o sa pamamagitan ng pakikinig ng tungkol sa pananampalataya? Napakamangmang na baga kayo? kayong nagpasimula sa Espiritu, ngayo'y nangagpapakasakdal kayo sa laman? Tiniis baga ninyong walang kabuluhan ang lubhang maraming mga bagay? kung tunay na walang kabuluhan? Siya na nagbibigay sa inyo ng Espiritu, at gumagawa ng mga himala sa gitna ninyo, ginagawa baga sa pamamagitan ng mga gawang ayon sa kautusan, o sa pakikinig ng tungkol sa pananampalataya?" {AGA
289.4}

Sa ganito ay dinala ni Pablo ang mga mananampalataya sa tribunal ng sariling konsiyensya, at sinikap na pigilin sila sa kanilang landas. Sa pag-asa sa kapangyarihan ng Dios upang magligtas, at sa pagtangging kilalanin ang mga doktrina ng mga tumalikod na mga guro, sinikap ng apostol na akayin ang mga hikayat na maldtang sila ay lubos na nadaya, at sa kanilang panunumbalik sa dating pananampalataya sa ebanghelyo ay maaari pa nilang gapiin ang adhikain ni Satanas. Tumayo siyang matatag sa panig ng katotohanan at katuwiran; at ang kanyang lubos na pananampalataya at pagtitiwala sa pabalitang taglay ang tumulong sa maraming ang pananampalataya ay nagkulang upang magbalik-loob sa pagtatapat sa Tagapagligtas. {AGA 290.1}

Gaano kaiba ang naging pakikitungo ni Pablo sa mga taga Corinto sa kanyang pagsulat sa mga taga Galacia! Sa una ay naging maingat at malumanay sa pagsansala; sa ikalawa ay matigas at walang pasubaling salita. Ang mga taga Corinto ay nadala ng tukso. Sila ay nadaya sa tusong pagpapanggap ng nagharap ng mga kamalian sa ilalim ng kunwaring katotohanan, at sila ay naguluhan at nagulumihanan. Upang maturuan silang makita ang mali sa totoo, kinailangan ang ingat at pagtitiis. Ang marahas o walang ingat na hatol sa bahagi ni Pablo ay

nagwasak sana ng kanyang impluwensya sa maraming nais niyang matulungan. {AGA 290.2}

Sa mga iglesia sa Galacia, ang lantad at hayagang kamalian ang pumalit sa ebanghelyo. Si Kristo na tunay na pundasyon ng katotohanan ay halos itinakwil ng mga lumipas na mga seremonya ng Judaismo. Nakita ng apostol na kung ang mga mananampalataya sa Galacia ay maililigtas sa mapanganib na impluwensyang nagbabanta sa kanila, ang pinakatiyak na hakbang ang dapat kunin, ang pinakamatalas na babala ay dapat ibigay. {AGA 290.3}

Isang mahalagang liksyong marapat matutuhan ng isang ministro ni Kristo ay ang pagaangkop ng kanyang paggawa sa kalagayan ng mga ninanais niyang makinabang. Ang kagandahang-loob, pagtitiis, pasiya, at katatagan ay kailangang lahat; ngunit ang mga ito ay iaangkop sa wastong pagkakataon. Ang makitungong matalino sa iba't ibang isipan, sa ilalim ng iba't ibang pangyayari at kondisyon, ay isang gawaing nangangailangan ng karunungan at pagpapasyang tinanglawan at pinabanal ng Espiritu ng Dios. {AGA 291.1}

Sa kanyang liham sa mga mananampalataya sa Galacia, maikling nirepaso ni Pablo ang mga pangyayaring kaugnay ng kanyang sariling pagkahikayat at maagang karanasang Kristiano. Sa pamamagitan nito ay sinikap niyang ipakita na sa tanging pagpapahayag ng banal na kapangyarihan, siya ay naakay na makita at mahawakan ang mga dakilang katotohanan ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng tagubiling ang Dios ang nagkaloob, si Pablo ay inakay na magbabala at magpayo sa mga taga Galacia sa paraang maselan at positibo. Sumulat siya, hindi sa pag-aatubili o alinlangan, kundi sa isang tiyak na paniniwala at lubos na kaalaman. Malinaw na inihanay niya ang pagkakaiba ng itinuturo ng tao at ng pagtanggap ng tiyak na tagubilin mula kay Kristo. {AGA 291.2}

Pinasigla ng apostol ang mga taga Galacia na iwanan ang mga bulaang guro na umakay sa kanila sa kamalian, at manumbalik sa pananampalatayang sinamahan ng pagsang-ayon ng langit. Ang mga lalaking umakay sa kanilang palayo sa paniniwala ay mga mapagpaimbabaw, walang kabanalan sa puso at masama ang kabuhayan. Ang kanilang relihiyon ay binubuo ng mga seremonya, sa paggawa ng mga bagay sa pag-asang tumanggap ng pagtingin ng Dios. Wala silang naisin sa isang ebanghelyong nananawagan sa pagsunod sa salitang, "Malibang ang tao ay ipanganak na muli, hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios." Juan 3:3. Sa akala nila ang ganitong uri ng relihiyon ay naghahanap ng mabibigat na sakripisyo, at sila ay nanghawakan sa kanilang mga kamalian, at nandaya pa sa sarili at sa iba. {AGA 291.3}

Ang ipalit ang mga panlabas na anyo ng relihiyon sa kabanalan ng puso at buhay, ay kaakit-akit pa rin sa likas na hindi nabago tulad ng sa mga araw ng mga gurong Judio. Ngayon, tulad noon, may mga gurong bulaan pa rin na nais pakinggan ng mga tao. Pinagaralang paraan ni Satanas na ilayo ang isipan mula sa pag-asa ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo at pagsunod sa kautusan ng Dios. Sa bawat panahon ang kaaway

ay iniaangkop ang mga tukso sa mga maling akala at hilig ng mga nais niyang dayain. Sa panahon ng mga apostol, inakay niya ang mga Judio na itaas ang mga batas seremonyal at tanggihan si Kristo; sa panahon natin ngayon ay inaakay niya ang maraming nagpapanggap na Kristiano, sa pagkukunwaring pinararangalan si Kristo, upang aglahiin ang kautusang moral at sa pagtuturong maaring labaging walang pakundangan ang mga bahagi nito. Tungkulin ng bawat lingkod ng Dios na labanang matatag at tiyak ang mga nagpapasamang ito ng pananampalataya at sa salita ng katotohanan ay walang takot na ilantad ang mga kamaliang ito. {AGA 291.4}

Sa pagsisikap na muling makuha ang pagtitiwala ng kanyang mga kapatid sa Galacia, ipinagtanggol ni Pablo ang kanyang katayuan bilang apostol ni Kristo. Inihayag niya ang sarili bilang isang apostol, “hindi mula sa tao, ni sa pamamagitan ng tao, kundi sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at ng Dios Ama, na Siyang sa Kanya’y muling bumuhay.” Hindi mula sa tao, kundi mula sa pinakamataas na Kapangyarihan ng kalangitan tinanggap niya ang kanyang pagiging apostol. Ang kanyang kalagayang ito ay kinilala ng pangkalahatang konsilyo sa Jerusalem, na ang mga pasiyang nabuo doon ay tinupad ni Pablo sa kanyang mga paggawa sa mga Gentil. {AGA 292.1}

Hindi upang itaas ang sarili, kundi upang dakilain ang biyaya ng Dios, na iniharap ni Pablo ang bagay na ito sa kanilang ayaw kumilala sa kanyang pagiging apostol, katibayang siya “ay hindi huli sa mga dakilang apostol.” 2 Corinto 11:5. Silang nagsikap na maliitin ang kanyang pagkatawag at paggawa ay lumalaban kay Kristo, na ang biyaya at kapangyarihan ay nahayag kay Pablo. Ang apostol ay napilitang tumayong matatag sa kanyang paniniwala at kapangyarihan laban sa kanyang mga kaaway. {AGA 292.2}

Si Pablo ay nagsumamo sa mga nakakilala sa kanilang mga buhay ng kapangyarihan ng Dios na magbalik-loob sa kanilang unang pagibig sa ebanghelyo ng katotohanan. Sa mga argumentong hindi mapapasubalian ay inilahad niya sa kanila ang karapatan ng pagiging malaya kay Kristo, na sa Kanyang biyayang tumutubos lahat ng lubusang magpapasakop ay mabibihisan ng damit ng Kanyang kabanalan. Idiniin niyang ang magnanais maligtas ay mararapat lamang na magtaglay ng tunay at personal na karanasan sa mga bagay ng Dios. Ang taimtim at maningas na salita ng apostol ay nagbunga. Ang Banal na Espiritu ay gumawang makapangyarihan, at maraming ang mga paa ay naligaw sa mga ibang landas ang nagbalik sa kanilang dating pananampalataya sa ebanghelyo. Mula noon ay naging matatag sila sa kalayaang na kay Kristo. Sa kanilang mga buhay ay nahayag ang mga bunga ng Espiritu—“pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahangloob, kabutihan, pananampalataya, kaamuan, pagpipigil.” Ang pangalan ng Dios ay naluwalhati, at malaking bilang ang naparagdag sa mga mananampalataya sa buong rehiyon. {AGA 292.3}

Kapitulo 38 – Huling Paglalakbay ni Pablo sa Jerusalem

Hinangad na malabis ni Pablo na makarating sa Jerusalem bago dumating ang Paskua, upang magkaroon siya ng pagkakataong makatagpo ang lahat ng magtitipon mula sa iba't ibang bahagi ng lupa para sa kapistahan. Matagal na niyang inaasam na maging instrumento siya sa pag-aalis ng maling akala ng mga hindi nananampalatayang mga kababayan, upang sila ay maakay na tanggapin ang mahalagang liwanag ng ebanghelyo. Nais din niyang makatagpo ang iglesia sa Jerusalem at maibigay sa kanila ang mga kaloob ng mga iglesiang Gentil sa mga dukhang kapatid sa Judea. Sa pagdalaw na ito ay umaasa siyang maghatid ng lalong matibay na pagkakaisa ng mga Judio at Gentil na nahikayat sa pananampalataya. {AGA 294.1}

Matapos ang paggawa sa Corinto, nagpasya siyang maglayag na tuwiran tungo sa isang pantalan sa dalampasigan ng Palestina. Lahat ay isinaayos, at handa na sanang pumanhik ng barko, nang sabihin sa kanya ang isang pakana ng mga Judio na siya ay patayin. Sa nakaraan ang mga kalabang ito ay napigilan sa kanilang mga tangkang patigilin ang paggawa ng apostol. {AGA 294.2}

Ang tagumpay ng kanyang gawain ang muling bumuhay sa galit ng mga Judio. Mula sa lahat ng dako ay dumating ang mga balita kung paanong ang bagong doktrina ay nagpalaya sa mga Judio mula sa pagtupad sa mga seremonya at ang mga Gentil ay nabigyan ng mga kapantay na mga karapatan tulad ng mga Judiong mga anak ni Abraham. Si Pablo, sa kanyang pangangaral sa Corinto, ay nagharap ng ganitong mga argumentong makapangyarihang inilahad niya sa kanyang mga liham. Ang kanyang mariing salita, "Walang Griyego o Judio, walang pagtutuli o di pagtutuli" (Colosas 3:11), ay itinuring ng kanyang mga kaaway bilang isang matapang na paglapastangan, at nagpasya silang patahimikin ang kanyang tinig. {AGA 294.3}

Nang matanggap ang babala sa pakanang ito, si Pablo ay nagpasyang umikot sa daan ng Macedonia. Ang planong makarating sa Jerusalem para sa Paskua ay kinailangang isantabi, ngunit umasa siyang makakarating doon sa Pentecostes. {AGA 294.4}

Kasama ni Pablo at Lucas sina "Sopater ng Berea; at mga taga Tesalonica, sina Aristarco at Segundo; at si Gaio ng Derbe, at Timoteo; at mula sa Asia, si Tichico at Trofimo." Taglay ni Pablo ang malaking halaga ng salapi mula sa mga iglesia ng mga Gentil, na panukala niyang ibigay sa mga kapatid na nangangasiwa ng gawain sa Judea; at dahilan dito ay isinaayos niyang ang mga kapatid na itong kasama niya ay maging kinatawan ng mga iglesiang nagkaloob. {AGA 295.1}

Sa Filipos ay tumigil sila Pablo upang makibahagi sa Paskua. Si Lucas ay naiwang kasama niya, at ang iba ay nagtuloy sa Troas upang doon na siya hintayin. Ang mga taga Filipos ang pinakamapagmahal at tunay sa pusong mga nahikayat ng apostol, at sa loob ng walong araw

na pamamalagi niya roon ay naranasan ng apostol ang mapayapa at maligayang pakikisama nila. {AGA 295.2}

Mula sa Filipos ay naglayag si Pablo at Lucas sa loob ng limang araw, at nakasapit sa Troas at nakatagpo ang mga kasamahan. Nanatili sila roon ng pitong araw. {AGA 295.3}

Sa huling gabi ng pamamalagi nila doon ang mga kapatid ay "dumating upang sila'y maghati ng tinapay na magkakasama." Sapagkat aalis na ang kanilang mahal na guro, nagkatipon ang higit na malaking bilang. Nagtipon sila sa isang "silid sa itaas" sa ikatlong palapag ng bahay. Doon, sa init ng pag-ibig at malasakit sa kanila, ang apostol ay nangaral hanggang hatinggabi. {AGA 295.4}

Sa isang bintanang nakabukas ay nakaupo ang isang kabataang may pangalang Euticho. Sa mapanganib na pagkakaupong ito ay nakatulog siya, at nahulog sa bakuran sa ibaba. Agad ay nagkaroon ng kaguluhan. Ang kabataan ay patay na nang buhatin, at marami ang pumalibot sa kanya na tumatangis at nagluluksa. Ngunit sa pagdaan ni Pablo sa pulutong na nahintakutan, niyakap niya ang kabataang ito, at nag-ukol sa Dios ng maningas na panalangin upang isauli ang buhay ng kabataan. Tinugon ang kanyang kahilingan. Sa ibabaw ng lumbay at kalungkutan ang tinig ng apostol ay narinig, "Huwag kayong mabagabag; sapagkat ang kanyang buhay ay nasa kanya." May pagdiriwang na muling nagtipon ang mga mananampalataya sa mataas na silid. Nakibahagi sila sa komunyon, at si Pablo ay "patuloy na nagsalita hanggang sa pagbubukang liwayway." {AGA 295.5}

Ang barkong sasakyan ni Pablo at mga kasama ay paalis na, at ang mga ito ay nagmadaling sumampa. Ngunit pinili ni Pablo na magdaan sa lupa sa pagitan ng Troas at Assos, at katagpuin na lamang ang mga kasamahan dito. Nagkaloob ito sa kanya ng maikling panahon upang magbulay-bulay at manalangin. Ang mga kahirapan at panganib kaugnay ng kanilang pagdalaw sa Jerusalem, ang isipan ng iglesia tungkol sa kanya at sa kanyang paggawa, gayundin ang kalagayan ng mga iglesia at ang interes ng gawain ng ebanghelyo sa ibang bukiran, ay laging pinag-uukulan ng kanyang taimtim at maningas na pagiisip, at sinamantala niya ang tanging pagkakataong ito upang tumanggap ng kalakasan arpatnubay mula sa Dios. {AGA 295.6}

Habang naglalakbay sila mula sa Assos, dumaan sila sa siyudad ng Efeso na doon ay matagal na gumawa ang apostol. Malaki ang pagnanais ni Pablo na madalaw muli ang iglesia doon, sapagkat mayroon siyang mahalagang tagubilin at payong ibibigay sa kanila. Datapuwat naisip niya na mabuting magpatuloy na lamang, sapagkat naisin niyang "kung maaari ay makarating sa Jerusalem sa araw ng Pentecostes." Pagsapit sa Miletus, mga tatlumpong milya mula sa Efeso, naalaman niyang mula roon ay maaaring magpasabi sa iglesia bago muling tumulak ang barko. Agad-agad ay nagpadala siya ng pabalita sa mga

matatanda upang ang mga ito ay makatagpo niya bago magpatuloy sa paglalakbay. {AGA 296.1}

Bilang tugon ay nagdatingan sila, at si Pablo ay makapangyarihang nagsalita sa kanila, sa pagpapayo at pamamaalam. “Nalalaman ninyo na mula nang unang araw na ako’y tumungtong sa Asia, kung paano ang pakikisama ko sa inyo sa buong panahon, na ako’y naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba ng isip, at ng mga luha, at ng mga pagsubok na dumating sa akin, dahil sa mga pagbakay ng mga Judio: kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag sa inyo ang anumang bagay na palakinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay, na sinaksihan ko sa mga Judio, at gayundin sa mga Griyego, ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoongjesu-Cristo.” {AGA 296.2}

Lagi na lamang na itinaas ni Pablo ang banal na utos. Naipakita niyang ang kautusan ay walang kapangyarihang makapagligtas sa tao mula sa kabayaran ng pagsuway. Ang gumagawa ng kamalian ay dapat magsisi at magpakababa sa harapan ng Dios, na kanilang pinagalit sa pagsalangsang nila sa Kanyang kautusan; at dapat ding sila ay manampalataya sa dugo ni Kristo bilang tanging paraan ng pagpapatawad. Ang Anak ng Dios ay namatay bilang kanilang sakripisyo at pumanhik sa langit upang tumayo sa harapan ng Ama bilang kanilang tagapagtanggol. Sa pagsisisi at pananampalataya ay maaari silang mapalaya sa paghatol ng kasalanan, at sa biyaya ni Kristo ay maaaring makasunod sa batas ng Dios. {AGA 296.3}

“At ngayon, narito,” ipinagpatuloy ni Pablo, “ako na natatali sa espiritu ay pasasa Jerusalem, na hindi nalalaman ang mga bagay na mangyayari sa akin doon: maliban na pinatotohanan sa akin ng Banal na Espiritu sa bawat bayan, na sinasabing ang mga tanikala at mga kapighatian ay nagsisipag-antay sa akin. Datapuwat hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang aking katungkulan, at ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo ng ebanghelyo ng biyaya ng Dios. At ngayon, narito, nalalaman ko na kayong lahat, na aking nilibot na pinarangalan ng kaharian, ay hindi na ninyo muling makikita pa ang aking mukha.” {AGA 297.1}

Hindi pinanukala ni Pablo na ibigay ang ganitong patotoo, ngunit habang siya ay nagsasalita, ang Espiritu ng inspirasyon ay dumating sa kanya, nagpatibay ng kanyang mga takot na ito na nga ang huling pakikipagkita niya sa mga kapatid sa Efeso. {AGA 297.2}

“Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako’y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao. Sapagkat hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasyahan ng Dios.” Walang takot na magpatisod, walang naisin sa pakikipagkaibigan o papuri, ang makakapigil kay Pablo na ibahagi sa kanila ang tagubilin, babala, at pagtutuwid na galing sa Dios. Ang Dios ay naghahanap sa Kanyang mga lingkod ngayon ng kawalang takot sa pangangaral ng salita at sa pagsasagawa ng Kanyang mga kahatulan. Ang ministro ni Kristo ay hindi lamang

maghaharap sa mga tao ng mga katotohanang kahalihalina sa kanila, at hindi ipagkakait ang ibang maaaring magbigay sa kanila ng kirot. Dapat na masdan niyang mabuti ang paglago ng likas. Kapag nakikita niyang mayroong tupang nagmamahal sa kasalanan, bilang tapat na pastor ay dapat siyang magbigay ng payo mula sa salita ng Dios na angkop sa pangangailangan. Kung pababayaan niya sila sa kanilang sariling gawa na hindi nababababalaan, siya ay mananagot para sa kanilang mga kaluluwa. Ang pastor na tumutupad ng mataas na gawain ay dapat magbigay sa bayan ng tapat na turo tungkol sa bawat sangkap ng pananampalatayang Kristiano, ipapakita sa kanila ang marapat nilang gawin at marapat na maging kalagayan nila upang kasama ni Pablo ay kanilang masabi, "Ako ay malinis sa dugo ng lahat ng tao." {AGA 297.3}

"Ingatan ninyo ang inyong sarili," ang payo ni Pablo sa kanyang mga kapatid, "at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Banal na Espiritu na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon, na binili Niya ng Kanyang sariling dugo." Kung ang mga ministro ng Dios ay patuloy na magtataglay sa isipan na sila ay nakikitungo sa mga tinubos ng dugo ni Kristo, magkakaroon sila ng lalong malalim na pagkadama ng kahalagahan ng kanilang gawain. Dapat silang mag-ingat sa sarili at sa kanilang kawan. Ang kanilang sariling halimbawa ang maglalarawan at magsasakatuparan ng kanilang mga tagubilin. Bilang mga guro ng daan ng buhay, hindi sila dapat magbukas ng pagkakataon upang ang katotohanan ay masiraang puri. Bilang mga kinatawan ni Kristo sila ay dapat magpanarili ng karangalan ng Kanyang pangalan. Sa kanilang katapatan, kadalisayan ng buhay, maka-Dios na pagsasalita, patutunayan nilang sila ay marapat nga sa mataas na pagkatawag. {AGA 298.1}

Ang mga panganib na sasalakay sa iglesia sa Efeso ay inihayag sa apostol. "Aking talastas," kanyang sinabi, "na pag-alis ko ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagp'apatawad sa kawan. At sa inyo ay magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan." Si Pablo ay nanginig para sa iglesia, sa pagtingin sa hinaharap, nakikita niya ang mga atake na dadanasin ng iglesia kapwa mula sa loob at labas na mga kaaway. Sa solemne at maalab na pakikiusap, kanyang pinayuhan ang mga kapatid na kanilang bantayang mabuti ang kanilang banal na pagtitiwala. Bilang halimbawa kanyang itinuro sa kanila ang kanyang walang kapagurang paggawa: "Kaya nga kayo'y mangagpuyat, na alalahaning sa loob ng tatlong taon ay hindi ako naglikat sa gabi at araw ng paalaala sa bawat isa na may pagluha." {AGA 298.2}

"At ngayo'y, mga kapatid," kanyang itinuloy, "ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa salita ng Kanyang biyaya, na makapagpapatibay, at makapagbibigay sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging banal. Hindi ko inimbot ang pilak ninuman, o ang ginto, o ang pananamit." Ang ibang mga kapatid sa Efeso ay mayayaman; datapuwat si Pablo ay hindi humiling ng personal na tulong mula sa kanila. Hindi bahagi ng kanyang mensahe

na manawagan para sa kanyang sariling kapakanan. “Nalalaman din ninyo na ang mga kamay na ito,” kanyang pinahayag, “ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa aking mga kasamahan.” Sa gitna ng kanyang mga puspusang paggawa at patuloy na paglalakbay para sa gawain ni Kristo, hindi lamang nasasapatan ang kanyang mga sariling pangangailangan, kundi naglalaan din ng ilan bilang suporta sa kanyang kapwa manggagawa at tulong sa mga mahihirap. Nakamit niya ang mga ito dahil sa pagiging masikap at pagtitipid. Kanyang ipinakita ang kanyang sariling halimbawa, sa kanyang pagsabi, “na nagbigay halimbawa ako sa inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, na Siya rin ang may sabi, Lalo pang mapalad ang magbigay kaysa tumanggap.” {AGA 298.3}

“At nang makapagsalita na siya ng gayon, ay nanikluhod siya at nanalanging kasama silang lahat. At silang lahat ay nagsipanangis nang di kawasa, at nagsiyakap sa leeg ni Pablo at siya’y hinagkan nila, na ikinahapis ng lalo sa lahat ang salitang sinabi niya, na hindi na nila makikitang muli pa ang kanyang mukha. At kanilang inihatid siya sa kanyang paglalakbay hanggang sa daong.” {AGA 299.1}

Mula sa Miletus ang mga manlalakbay ay “tuwid na patungo sa Coos, at sa kasunod na araw ay sa Roda, at mula doon ay sa Patara,” sa timog-kanlurang baybayin ng Asia Minor, na doon ay “nakatagpo sila ng barkong maglalayag hanggang Fenicia,” “sumakay sila at naglakbay.” Sa Tiro, na doo’y nagdiskarga ang barko, nakatagpo nila ang ilang alagad, at namalagi sila ng pitong araw. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay binabalaan sila sa mga panganib na naghihintay kay Pablo sa Jerusalem, at nagmungkahi ang mga itong “huwag siyang tutungtong ng Jerusalem.” Ngunit hindi pinabayaan ng apostol na ang pangambang ito sa kahirapan at pagkabilanggo ang magtaboy sa kanya mula sa kanyang adhikain. {AGA 299.2}

Sa katapusan ng linggong ginugol sa Tiro, lahat ng mga kapatid, kasama ang mga asawa at mga anak, ay sumama kay Pablo hanggang sa barko, at bago pumanhik ang apostol, sila ay lumuhod sa dalampasigan at nanalangin, siya para sa kanila, at sila para sa kanya. {AGA 299.3}

Sa pagpapatuloy ng paglalakbay patungong timog, nakarating ang mga manlalakbay sa Cesarea, at “pumasok sa bahay ni Felipe na mangangaral, na isa sa pito; at nagsitahang kasama niya.” Dito ay ginugol ni Pablo ang ilang araw ng kapayapaan at kagalakan—ang pinakahuling lubos na kalayaang kanyang mararanasan sa mahabang panahon. {AGA 299.4}

Habang nanatili si Pablo sa Cesarea, “ay dumating na galing sa Judea ang isang propeta, na nagngangalang Agabo. At sa paglapit sa amin,” sabi ni Lucas, “at pagkakuha ng pamigkis ni Pablo, ay ginapos niya ang kanyang sariling mga paa’t kamay, at sinabi, Ganito ang sabi

ng Banal na Espiritu, Ganitong gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang lalaking may-ari ng pamigkis na ito, at siya'y kanilang ibibigay sa mga kamay ng mga Gentil." {AGA 300.1}

"At nang marinig namin ang mga bagay na ito," nagpatuloy si Lucas, "kami, at gayon din ang nangaroroon doon, ay nagsipamanhik sa kanya na huwag umahon sa Jerusalem." Ngunit si Pablo ay hindi lumihis sa landas ng tungkulin. Susundan niya si Kristo kung kinakailangan sa bilangguan at sa kamatayan. "Anong ginagawa ninyo, na nagsisitangis at dinudurog ang aking puso?" kanyang naibulalas; "sapagkat ako'y nahahanda na hindi lamang gapusin, kundi mamatay rin naman sa Jerusalem dahil sa pangalan ng Panginoong Jesus." Nakikitang sila ay nagpasakit sa damdamin na hindi nagpapabago sa kanyang layunin, ang kapatiran ay huminto sa kanilang kahilingan, sinasabi lamang na, "Mangyari ang kalooban ng Panginoon." {AGA 300.2}

Ang maikling panahon ng pamamalagi sa Cesarea ay nagwakas, at kasama ng ilang mga kapatid, si Pablo at mga kasamahan ay naglakbay patungong Jerusalem, na ang mga puso ay sakbibi ng madilim na ulap ng dumarating na kasamaan. {AGA 300.3}

Kailanman ay di naglakbay ang apostol tungong Jerusalem na ganito kalungkot. Alain niyang makasusumpong siya ng mga bagong kaibigan at maraming kaaway. Papalapit siya sa siyudad na tumanggi at nagpapatay sa Anak ng Dios, at ngayon ay may nakabantang galit ng Dios. Naalaala niya ang sariling dating mapait ang damdamin laban sa mga alagad ni Kristo, at nakadama siya ng pinakamalalim na habag sa kanyang mga nadadayang kababayan. At gaano kaliit ang kanyang pag-asang matulungan sila! Ang katulad na bulag na galit na nagpainit ng kanyang puso noon, ay siya ring di maipaliwanag na kapangyarihang nagpapasiklab ng puso ng buong bansa laban sa kanya. {AGA 300.4}

Hindi siya maaaring umasa sa pakikiramay at tulong ng kahit na mga kapatid sa pananampalataya. Ang mga Judio na hindi hikayat na masinop na sinundan ang kanyang mga landas, ay hindi naging mabagal sa pagkakalat ng mga hindi mainam na balita sa Jerusalem, kapwa personal at sa pamamagitan ng liham, tungkol sa kanya at sa kanyang paggawa; at ang ilan, kahit na mga apostol at matatanda, ay tumanggap ng mga balitang ito bilang siyang katotohanan, na hindi nagsikap na tuligsain ang mga ito, at hindi rin naghayag na naising makipagkasundo sa kanya. {AGA 300.5}

Gayunman, sa gitna ng mga panlulupaypay na ito, ang apostol ay hindi nalumbay. Nagtiwala siyang ang Tinig na nangusap sa kanyang puso ay siya ring mangungusap sa kanyang mga kababayan, at ang Panginoong minamahal at pinaglilingkuran ng kanyang kapwa mga alagad ang siyang magsasanib ng kanilang mga puso sa gawain ng ebanghelyo. {AGA 301.1}

Kapitulo 39 – Si Pablo na Bilanggo

“Nang dumating kami sa Jerusalem, tinanggap kaming masaya ng mga kapatid. Kinabukasan, si Pablo ay nakipagkita kay Santiago; at ang lahat ng matatanda ay naroroon. {AGA 302.1}

Sa pagkakataong ito, pormal na iniharap ni Pablo at mga kasama sa mga lider ng gawain sa Jerusalem ang mga tulong na padala ng mga iglesia ng mga Gentil para sa mga mahihirap na kapatid na Judio. Sa pagtitipon ng mga kaloob na ito, malaking panahon, pagiisip, at pagsisikap ang ginugol ng apostol at mga kasama. Ang halagang kanilang natipon ay higit sa inaasahan ng mga matatanda sa Jerusalem, at kumakatawan sa maraming sakripisyo at kahit na sa pagtanggi sa sarili ng mga mananampalatayang Gentil. {AGA 302.2}

Ang mga kusang-loob na handog na ito ay naging sagisag ng katapatan ng mga nahikayat na Gentil sa natatag na gawain ng Dios sa buong lupa, at dapat sanang tinanggap ng lahat na may pagpapasalamat; ngunit malinaw kay Pablo at sa mga kasama, na kahit na sa mga taong kaharap nila ngayon ay mayroong mga hindi makakita ng diwa ng pag-ibig sa kapatid na nagbunsod sa mga kaloob na ito. {AGA 302.3}

Sa mga unang taon ng paggawa sa mga Gentil, ang ilan sa mga pangunahing lider sa Jerusalem, na nanghahawakan pa rin sa mga dating maling akala at ugali at isipan, ay hindi lubos na nakipagtulungan kay Pablo at mga kasama niya. Sa kanilang malasakit na mapanatili ang ilang walang kahulugang porma at seremonya, nawala sa kanilang paningin ang pagpapalang sasa-kanila at sa gawaing kanilang minamahal, sa pamamagitan ng pakikipagkaisa sa lahat ng sangkap ng gawain ng Panginoon. Bagama’t may naising pangalagaan ang pinakamabuting interes ng iglesia Kristiana, nagkulang silang sumabay sa pasulong na paglalaan ng Dios, at sa kanilang sariling isipang tao ay nagsikap silang bigkisan ang mga manggagawa ng mga hindi kailangang pagbabawal. Sa ganito ay bumangon ang isang pulutong ng mga lalaking walang kaalamang personal sa mga nagbabagong pangyayari at kakaibang pangangailangang nakakasagupa ng mga manggagawa sa malalayong lupain, gayunman ay nagpilit na sila ay may kapangyarihang pangunahan ang mga kapatid sa mga bukirang ito at pasunurin sa ilang takdang paraan ng paggawa. Inisip nilang ang gawain ng pangangaral ay dapat lamang magpatuloy ayon sa kanilang mga iniisip. {AGA 302.4}

Ilang taon ang nakalipas matapos na ang mga kapatid sa Jerusalem, at mga kinatawan mula sa iba’t ibang dako ay nagbigay ng maingat na pag-iisip ang mga nakagugulong katanungang bumangon sa mga paraan ng paggawa nilang naldkitungo sa mga Gentil. Bunga ng konsilyong ito, ang mga kapatid ay nagkaisang magbigay ng mga tiyakang rekomendasyon sa mga iglesia tungkol sa mga ritwal at kaugalian, kasama na ang pagtutuli. Sa pangkalahatang konsilyong ito nagkaisa rin ang mga kapatid na itagubilin sina Bernabe at

Pablo bilang mga manggagawang marapat tumanggap ng buong pagtitiwala ng bawat mananampalataya. {AGA 303.1}

Kabilang sa mga nagtipon ay ilan sa mga mahigpit na bumatikos sa mga paraan ng paggawang sinunod ng mga apostol na sila namang may pangunahing pasanin sa gawain ng ebanghelyo sa sanlibutan ng mga Gentil. Ngunit sa panahon ng konsilyo, ang kanilang mga pananaw sa adhikain ng Dios ay napalawak, at sila ay nakisanib sa mga kapatid sa pagbuo ng matatalinong pasya upang mapagkaisa ang buong katawan ng mananampalataya. {AGA 303.2}

Matapos ito, nang makitang mabilis ang paglago ng mga kapatid na Gentil, mayroong mga ilang pangunahing kapatid sa Jerusalem na muling nagbangon at nagmahal sa mga dating maling akala laban sa mga paggawa ni Pablo at mga kasama. Lalong lumakas ang mga maling akalang ito sa pagdaan ng mga taon, hanggang magpasya ang mga ilang lider na ito na ang pangangaral ng ebanghelyo ay dapat lamang na ayon sa kanilang sariling mga isipan. Kung si Pablo ay mag-aangkop ng kanyang mga pamamaraan sa ilang patakarang kanilang inilalahad, kikilalanin at tatangkilikin nila ang kanyang paggawa; kung hindi, hindi na nila siya kikilalanin o tatangkilikin man. {AGA 303.3}

Ang mga lalaking ito ay nawalan ng pananaw na ang Dios ang guro sa Kanyang bayan; at ang bawat manggagawa sa Kanyang gawain av dapat magtamo ng pansariling karanasan sa pagsunod sa banal na Lider, at hindi sa tao titingin sa tuwirang patnubay; na ang Kanyang mga manggagawa ay dapat mahubog, hindi sa mga isipan ng tao, kundi sa larawan ng Dios. {AGA 303.4}

Sa kanyang ministeryo si Pablo ay nagturo sa bayan “hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng katotohanan.” Ang mga katotohanang kanyang naipahayag ay ipinaalam sa kanya ng Banal na Espiritu, “sapagkat nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios. Sapagkat sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kanya? gayundin naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinuman, maliban na ng Espiritu ng Dios.... Na ang mga bagay na ito,” pahayag ni Pablo, “atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Banal na Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu.” 1 Corinto 2:4, 10-13. {AGA 304.1}

Sa buong ministri niya, si Pablo ay laging nakatingin sa Dios para sa tuwirang patnubay. Kasabay nito, lagi siyang maingat na gumawang katugma ng mga pasiya ng pangkalahatang konsilyo sa Jerusalem; at bilang bunga, ang mga iglesia ay “natatag sa pananampalataya,’ at ang bilang ay dumarami sa bawat araw.” Gawa 16:5. At ngayon, sa kabila ng kawalang simpatiyang ipinapakita ng ilan, nakasumpong siya ng kaginhawahan sa pagkaalam na

nagampanan niya ang kanyang tungkulin sa pagpapasigla sa mga nahikayat sa diwa ng pagiging matapat, mapagbigay, at may pag-ibig sa kapatid na nahayag sa malaya at saganang kontribusyong nadala niya sa harapan ng mga matatandang Judio. {AGA 304.2}

Matapos maibigay ang mga kaloob, “inihayag ni Pablo ang mga tiyakang bagay na ginawa ng Dios sa mga Gentil sa pamamagitan ng kanyang ministri.” Ang paglalahad ng mga katunayang ito ay naghatid sa puso ng lahat, pati na ng mga nag-aalinlangan, ng paniniwalang ang pagpapala ng langit ang sumama sa kanyang mga paggawa. “Nang madinig nila ito, ay niluwalhati nila ang Panginoon.” Nadama nilang ang paraan ng paggawa ng apostol ay nagtaglay ng tatak ng Langit. Ang saganang handog na nasa kanilang paanan ay nagdagdag ng bigat sa patotoo ng apostol tungkol sa katapatan ng mga bagong tatag na iglesia ng mga Gentil. Ang mga lalaking kabilang sa mga tagapangasiwa ng gawain sa Jerusalem, ngunit may mungkahing ibang uri ng pagsupil sa kanyang gawain, ngayon ay naliwanagan at nakita ang paglilingkod ni Pablo sa ibang liwanag, at napaniwalang ang kanilang mga iniisip ay mali, at sila ay nabihag ng mga tradisyon at kaugalian ng mga Judio, at ang gawain ng ebanghelyo ay nahadlangang malaki ng kanilang hindi pagkilalang ang pader na nakapagitan sa Judio at Gentil ay nabuwag na sa kamatayan ni Kristo. Ito ang ginintuang pagkakataon para sa lahat ng pangunahing kapatid na ikumpisal na ang. Dios ay tunay ngang gumawa sa pamamagitan ni Pablo, at kung minsan sila ay nagkamali sa pagpapahintulot na ang mga ulat ng mga kaaway ay gumising ng kanilang inggit at maling akala. Ngunit sa halip na makisanib sa pagsisikap na bigyang katarungan ang isang nasugatan, ang ibinigay nila ay payo na naghahayag pa rin ng kanilang damdaming si Pablo ay dapat panagutin para sa kasalukuyang maling akala. Hindi sila tumayong marangal upang siya ay ipagtanggol, upang ipakita sa hindi nasisiyahan na sila ay namamali, kundi nagsikap na gumawa ng isang kompromiso sa pamamagitan ng pagpapayo sa kanya na gumawa ng hakbang upang maalis ang anumang maling isipan. {AGA 304.3}

“Nakikita mo na, kapatid,” sabi nila, bilang tugon sa kanilang patotoo, “libu-libo ang mga Judio na nagsisisampalataya; at silang lahat ay pawang masisikap sa kautusan. At nabalitaan nila tungkol sa iyo, na itinuturo mo sa lahat ng mga Judio na nangasa mga Gentil na magsihiwalay kay Moises, na sinasabi mo sa kanila na huwag tuliin ang kanilang mga anak, ni mangagsilakad ng ayon sa mga kaugalian. Ano nga baga ito? tunay na kanilang mababalitaang dumating ka. Gawin mo nga itong sinasabi namin sa iyo: Mayroon kaming apat na katao na may panata sa kanilang sarili; isama mo sila, maglinis kang kasama nila, at pagbayaran mo ang kanilang magugugol, upang sila’y magpaahit ng kanilang mga ulo: at maalaman ng lahat na walang katotohanan ang mga bagay na kanilang nabalitaan tungkol sa iyo; kundi ikaw na rin naman ang lumalakad ng maayos na tumutupad ng kautusan. Ngunit tungkol sa mga Gentil na nagsisisampalataya, ay sinulatan namin, na pinagpayuhang sila’y

magsiilag sa mga inihain sa mga diyus-diyusan, at sa dugo, at sa binigti, at sa pakikiapid." {AGA 305.1}

Umasa ang mga kapatid na sa pagsunod ni Pablo sa payong ito, na malalabanan niya ang mga maling ulat tungkol sa kanya. Tiniyak nila sa kanya na ang mga pasiya ng naunang konsilyo tungkol sa mga Gentil at sa mga batas seremonyal ay matibay pa rin. Ngunit ang payong ibinigay nila ngayon ay hindi katugma sa pasiyang iyon. Hindi ang Espiritu ng Dios ang nagbunsod ng gayong payo; ito ay bunga ng pagkaduwag. Alam ng mga lider sa Jerusalem na ang hindi pagsunod sa batas seremonyal ay maghahatid sa mga Kristiano ng galit ng mga Judio, at maglalantad sa kanila sa pag-uusig. Ang Sanhedrin ay gumagawa ng makakaya upang hadlangan ang paglago ng ebanghelyo. Mga lalaki ay pinili upang tugaygayan ang mga apostol, lalo na si Pablo at gumawa ng bawat paraan upang labanan ang kanilang paggawa. Kapag ang mga mananampalataya kay Kristo ay mahatulan sa harapan ng Sanhedrin, daglian ang magiging parusa sa kanila bilang mga tumalikod sa pananampalatayang Judio. {AGA 305.2}

Marami sa mga Judiong tumanggap ng ebanghelyo ang nagmamahal pa rin sa mga batas seremonyal at handang makipagkompromiso, sa pag-asang makuha ang pagtitiwala ng mga kababayan, upang maalis ang maling pagkakilala, at maakit sila sa pananampalataya kay Kristo bilang Manunubos ng sanlibutan. Alam ni Pablo na habang ang mga lider ng relihiyon sa Jerusalem ay nananatili sa maling akala laban sa kanya, ang mga ito ay patuloy na gagawa upang labanan ang kanyang impluwensya. Nadama niyang sa isang makatuwirang pagbibigay ay maaakit niya sila sa katotohanan at maaalis ang isang malaking sagabal sa tagumpay ng ebanghelyo sa ibang mga dako. Ngunit hindi siya pinagkalooban ng Dios ng kapangyarihang magbigay ng anumang pahintulot. {AGA 306.1}

Kapag naiisip natin ang dakilang naisin ni Pablo na maging kaisa ng mga kapatid, ang kanyang pagmamahal sa mga mahihina sa pananampalataya, ang paggalang niya sa mga apostol na nakasama ni Kristo, at kay Santiago na kapatid ng Panginoon, at ang kanyang adhikaing maging kaibigan ng lahat na hindi naman nagsasakripisyo ng simulain—kapag naiisip natin ang lahat ng ito, hindi tayo magtataka kung siya ay mailihis nang kaunti sa matatag na landas na kanyang tinatahak. Ngunit sa halip na matupad ang kanyang hangarin, ang kanyang mga pagsisikap sa pakikipagkasundo ay lalo lamang humila sa krisis, nag-akit ng kanyang inaasahang pagdurusa, at nagbunga ng pagkakahiwalay niya sa mga kapatid, upang mawala sa iglesia ang isa sa pinakamatibay na haligi, at naghatid ng kalumbayan sa mga Kristiano sa bawat lupain. {AGA 306.2}

Kinabukasan ay sinimulan ni Pablo na isagawa ang payo ng mga matatanda. Ang apat na lalaking nasa ilalim ng panatang Nazareno (Bilang 6), na matatapos na halos ang panahong palugit, ay isinama ni Pablo sa templo, "na isinasaysay ang katuparan ng mga araw ng

paglilinis, hanggang sa ialay ang handog patungkol sa bawat isa sa kanila.” Ang ilang tiyak na mamahaling alay para sa paglilinis ay ihahandog pa. {AGA 306.3}

Di nakita ng mga nagbigay ng payo kay Pablo tungkol sa ganitong hakbang ang malaking panganib nito para sa kanya. Sa panahong ito, ang Jerusalem ay siksikan sa mga taong galing sa maraming lupain upang sumamba. Bilang pagtupad sa itinagubilin sa kanya ng Dios, si Pablo ay nagdala ng ebanghelyo sa mga Gentil, sa mga malalaking siyudad ng sanlibutan. Siya ay nakilala ng libu-libong taong ngayon ay nagtipon sa Jerusalem upang dumalo sa kapistahan. Kabilang sa mga ito ang mga malaki ang muhi kay Pablo, at ang pagpasok nito sa templo sa ganitong publikong pagtitipon ay isang panganib sa kanyang buhay. Sa ilang mga araw ay labas-pasok siya sa templo na halos hindi napapansin ng mga tao; datapuwat bago magtapos ang takdang panahon, samantalang siya ay nakikipag-usap sa isang saserdote tungkol sa mga sakripisyong ihahandog, nakilala siya ng mga Judiong mula sa Asia. {AGA 307.1}

Taglay ang galit ng mga demonyo, dinaluhong siya ng mga lalaking ito, at nagsisisigaw, “Mga lalaki ng Israel, tulungan ninyo kami! Narito ang taong nagtuturo sa lahat ng tao sa bawat dako laban sa tao, laban sa kautusan, at sa dakong ito.” Sa pagtugon ng mga tao sa hibik ng tulong, isa pang paratang ang idinagdag,—“at nagdala pa siya ng mga Griyego sa templo, at pinadumi ang templo.” {AGA 307.2}

Sa batas ng mga Judio isang krimeng may hatol na kamatayan para sa isang taong hindi tuli ang pumasok sa looban ng banal na gusali. Si Pablo ay nakita sa siyudad na kasama si Trofimo, isang taga Efeso, at sinapantahang isinama rin ito sa templo. Ito ay hindi niya ginawa; at bilang isang Judio, ang pagpasok niya sa templo ay hindi paglabag sa kautusan. Bagama’t ang paratang ay lubusang mali, ito ay sapat upang magbangon ng maling akala. Habang ang sigawang ito ay kumalat sa bakuran ng templo, ang mga nagkatipon ay nagkagulo. Ang balita ay madaliang kumalat sa buong siyudad, “at ang mga tao sa buong Jerusalem ay nagtakbuhan.” {AGA 307.3}

Na ang isang tumalikod na Israelita ay magtangkang dumihan ang templo sa panahon na ang libu-libo ay nagkakatipon mula sa iba’t ibang bahagi ng lupa upang sumamba, ang gumising ng pinakamarahas na damdamin ng karamihan. “Hinuli nila si Pablo, at inilabas sa templo: at ang mga pintuan ay inilapat.” {AGA 307.4}

“At samantalang pinagpipilitan nilang siya’y patayin, dumating ang balita sa pangulong kapitan ng pulutong, na ang buong Jerusalem ay nasa kaguluhan.” Kilalang-kilala ni Claudio Lysia ang mga magugulong elemento na kanyang pakikitunguhan, at “pagdaka’y kumuha siya ng mga kawal at mga senturyon, at sumagasa sa kanila: at sila nang kanilang makita ang pangulong kapitan at ang mga kawal ay nagsitigil sa paghampas kay Pablo.” Bagama’t hindi alam ang dahilan ng kaguluhan, ngunit sa pagkakitang kay Pablo nakatuon ang galit ng

karamihan, naisip ng kapitang Romano na maaring ito ay isang Egipsyong rebelde na kanyang napakinggan, na nakatakas. “Nang magkagayo’y lumapit ang pangulong kapitan, at tinangnan siya, at siya’y ipinagapos ng dalawang tanikala; at itinanong kung sino siya, at kung ano ang ginawa niya.” Maraming tinig ang pasigaw at pagalit na nagparatang; ang ilan ay ganitong bagay, ang ilan naman ay ganoon naman. Nang hindi niya maunawaan ang katotohanan dahil sa kaguluhan, ay ipinadala siya sa kuta. Nang siya’y dumating sa hagdanan, ay nangyari na siya’y binuhat ng mga kawal dahil sa pag-agaw ng karamihan. Sapagkat siya’y sinusundan ng karamihan ng mga tao na nangagsisigawan, Alisin siya.” {AGA 308.1}

Sa gitna ng kaguluhan ang apostol ay payapa at tahimik lamang. Ang kanyang diwa ay nakalagak sa Dios, at alam niyang ang mga anghel ng langit ay nakapalibot sa kanya. Hindi niya maiwanan ang templo na hindi nagtatangkang ilahad ang katotohanan sa kanyang mga kababayan. Nang siya ay ipapasok na sa kuta, sinabi niya sa pangulong kapitan, “Mangyayari bagang magsabi ako sa iyo ng anuman?” Tumugon si Lysias, “Marunong ka baga ng Griyego? Hindi baga ikaw yaong Egipsyo, na nang mga nakaraang araw ay naghihikayat sa kaguluhan at nagdala sa ilang ng apat na libong katao na mga mamamataytao?” Datapuwat sinabi ni Pablo, “Ako’y Judio, na taga Tarso sa Cilicia, isang mamamayan ng bayang hindi kakaunti ang kahalagahan: at, ipinamamanhik ko sa iyo, na ipahintulot mo sa aking magsalita sa bayan.” {AGA 308.2}

Nang siya’y mapahintulutan niya, “si Pablo, na nakatayo sa hagdanan, inihudyat ang kamay sa bayan.” Ang pagkumpas ay nakatawag ng pansin, habang ang kanyang tindig ay nag-uutos ng paggalang. “At nang tumahimik nang totoo, siya’y nagsalita sa kanila sa wikang Hebreo, na sinasabi, “Mga kapatid na lalaki at babae at mga magulang, pakinggan ninyo ang pagsasanggalang ng gagawin ko ngayon sa harapan ninyo.” At nang marinig nilang siya’y kinakausap niya sa wikang Hebreo, “ay lalo pang tumahimik sila at sa pangkalahatang pagtahimik siya’y nagpatuloy: {AGA 308.3}

“Ako’y Judio, na ipinanganak sa Tarso ng Cilicia, datapuwat pinapag-aral sa bayang ito, sa paanan ni Gamaliel, na tinuruan alinsunod sa mahigpit na kaparaanan ng kautusan ng ating mga magulang, palibhasa’y masikap tungkol sa Dios, na gaya ninyong lahat ngayon.” Walang sinumang makapagbubulaan sa mga salita ng apostol, sapagkat ang mga katunayang sinabi niya ay alam ng lahat na nakatira sa Jerusalem. Isinaysay niya ang dating sigasig sa pag-uusig sa mga alagad ni Kristo, hanggang sa kamatayan; at inilahad niya ang mga tagpo ng kanyang pagkahikayat, na sinabi sa nakikinig kung paanong ang kanyang mapagmataas na puso ay naakay na yumukod sa napakong Nazareno. Kung sinikap niyang makipagargumento sa mga nakikinig, sila sana ay matigas na tumangging makinig sa kanya; datapuwat ang pagsasalaysay ng kanyang karanasan ay may taglay na kapangyarihang humikayat at sa sandaling iyon ay parang nagpalambot sa mga puso. {AGA 309.1}

Sinikap niyang ipakita na ang paggawa niya sa mga Gentil ay hindi niya kagustuhan. Ninais niyang maglingkod sa sariling mga kababayan; datapuwat sa templo ding yaon ay nangusap ang tinig ng Dios sa kanya sa banal na pangitain, na nag-atas sa kanya "sa landas na patungo sa mga Gentil." {AGA 309.2}

Ang bayan ay matamang nakikinig, ngunit sa puntong si Pablo ay hinirang upang maging embahador sa mga Gentil, ang kanilang galit ay muling sumiklab. Nasanay sa pagtingin sa sarili bilang tanging bayan ng Dios, hindi sila handang bayaang ang kinamumuhiang mga Gentil ay makabahagi ng mga karapatang kanilang tinatamasa na parang sa kanila lamang. Nagtaas sila ng tinig at nagsigawan, "Alisin sa lupa ang isang gayong tao: sapagkat hindi marapat na siya'y mabuhay." {AGA 309.3}

"At samantalang sila'y nagsisigawan, at ipinaghahagisan ang kanilang mga damit, at nangagsasabog ng alabok sa hangin, ay ipinag-utos ng pangulong kapitan na siya'y ipasok sa kuta, na ipinag-uutos na siya'y sulitin sa pamamagitan ng paghampas; upang maalaman niya kung sa anong kadahilanan sila'y nangagsisigawan ng gayong laban sa kanya. {AGA 309.4}

"At nang siya'y magapos na ng mga panaling katad, ay sinabi ni Pablo sa senturyong nakatayo sa malapit, Matuwid baga sa iyong hampasin ang isang taong taga Roma na hindi pa nahahatulan? At nang ito'y marinig ng senturyon, ay naparoon siya sa pangulong kapitan, at sa kanya'y ipinagbigay alam, na sinasabi, Ano baga ang gagawin ko? sapagkat ang taong ito ay taga Roma. At lumapit ang pangulong kapitan at sinabi sa kanya, Sabihin mo sa akin, ikaw baga'y taga Roma? At sinabi niya, Oo. At sumagot ang pangulong kapitan, Binili ko ng totoong mahal ang pagkamamamayang ito. At sinabi ni Pablo, ngunit ako'y katutubong taga Roma. Pagkaraka nga'y nagsilayo sa kanya ang mga sa kanya sana'y magsusulit: at ang pangulong kapitan din naman ay natakot nang maalamang siya'y taga Roma, at dahil sa pagkagapos niya sa kanya. {AGA 309.5}

"Sa kinabukasan, sa pagkaibig na matanto ang katunayan kung bakit siya'y isinakdal ng mga Judio, ay kanyang pinawalan siya, at pinagpulong ang mga pangulong saserdote at ang buong Sanhedrin, at ipinapanaog si Pablo at iniharap sa kanila." {AGA 310.1}

Ang apostol ngayon ay lilitisin ng tribunal na doon ay naging kaanib siya sa nakaraan bago siya nahikayat. Sa pagtayo niya sa harapan ng mga pinuno ng mga Judio, siya ay payapa at sa kanyang mukha ay taglay ang kapayapaan ni Kristo. "At si Pablo na tumititig na mabuti sa Sanhedrin," ay nagsabi, "Mga kapatid na lalaki, ako'y nabuhay sa harapan ng Dios sa buong kabutihan ng budhi hanggang sa mga araw na ito." Pagkarinig ng mga salitang ito, ay muling nagningas ang kanilang galit; "at ang mataas na saserdote na si Ananias ay inutusan silang malapit sa kanya na siya'y saktan sa bibig." Nang magkagayo'y sinabi sa kanya ni Pablo, "sasaktan ka ng Dios, ikaw na pinaputing pader, at nakaupo ka baga upang ako'y hatulan mo ayon sa kautusan, at ako'y sinasaktan mo ng laban sa kautusan?" "At sinabi ng

nangakatayo sa malapit, Nilalait mo ang dakilang saserdote ng Dios?" At sinabi ni Pablo, "Hindi ko nalalaman mga kapatid na lalaki, na siya'y dakilang saserdote: sapagkat nasusulat, Huwag kang magsasalita ng masama sa isang pinuno ng iyong bayan. {AGA 310.2}

"Datapuwat nang matalastas ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduceo, at ang iba'y mga Fariseo, ay sumigaw siya sa Sanhedrin, Mga kapatid na lalaki, ako'y Fariseo, anak ng mga Fariseo; ako'y sinisiyasat tungkol sa pag-asa at pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. {AGA 310.3}

"At nang masabi na niya, nangyari ang isang pagtatalo sa mga Fariseo at Saduceo: at nagkabaha-bahagi ang kapulungan. Sapagkat sinasabi ng mga Saduceo na walang pagkabuhay na mag-uli, ni anghel, ni espiritu: datapuwat kapwa pinaniniwalaan ng mga Fariseo." "At nagkaroon ng malaking sigawan, at nagsitindig ang ilan sa mga eskriba na kakampi ng mga Fariseo, at nakikipagtalo, na nagsipagsabi, Wala kaming masumpungang anumang kasalanan sa taong ito: at ano kung siya'y kinausap man ng isang espiritu, o ng isang anghel?" {AGA 310.4}

Sa sumunod na kaguluhan, ang mga Saduceo ay nagsikap na agawin ang apostol, upang siya ay maipapatay; at ang mga Fariseo ay gayon ang pagsisikap upang siya naman ay isanggalang. "Sa takot ng pangulong kapitan na baka pagwaray-warayin nila si Pablo, pinapanaog ang mga kawal at ipinaagaw siya sa gitna nila, at siya'y ipinasok sa kuta." {AGA 311.1}

Habang iniisip ni Pablo ang mga pangyayari ng araw na iyon, nangamba si Pablo na ang ginawa niya ay maaaring hindi naging kalugod-lugod sa Dios. Maaari kayang nagkamali siya sa ginawang pagdalaw sa Jerusalem? Ang malaking naisin kaya niyang makasama ng mga kapatid ang nagtulak sa ganitong mapangwasak na bunga? {AGA 311.2}

Ang paniniwala ng mga Judio bilang bayang pinili ng Dios sa isang sanlibutang walang pananampalataya ay nagbigay sa apostol ng matinding bagabag ng diwa. Ano na lamang ang sasabihin ng mga paganong opisyal sa kanila?—silang nag-aangkin ng pagsamba kay Jehova, at may banal na tungkulin, gayunman ay napadadala sa bulag at walang katarungang galit, nagsisikap na wasakin kahit na ang mga kapatid na naglakas-loob na maging kakaiba sa kanilang pananampalataya, at ang kanilang konsilyo ay maging dako ng sigalot at kaguluhan? Nadama ni Pablo na ang pangalan ng Dios ay naging kahihiyan sa mga mata ng mga pagano. {AGA 311.3}

Ngayon ay nasa bilangguan siya, at alam niyang ang kanyang mga kaaway ay gagawa ng lahat ng paraan upang siya ay mapatay. Maaari kayang ang paggawa niya sa mga iglesia ay nagwakas na, at ang mga lobong maninila ay papasok na ngayon? Ang gawain ni Kristo ay napakalapit sa puso ni Pablo, at sa malalim na pagkabahala ay naisip niya ang mga panganib

ng mga iglesiang lantad sa pag-uusig ng mga katulad na lalaking nakasagupa niya sa Sanhedrin. Sa panlulupaypay at bagabag siya ay tumangis at dumalangin. {AGA 311.4}

Sa madilim na oras na ito ang Panginoon ay hindi nagpabaya sa Kanyang lingkod. Binantayan Niya ito sa mga taong may banta ng pagpatay sa bakuran ng templo; kasama rin Siya sa konsilyo ng Sanhedrin; pati doon sa kuta; at Siya ay naghayag sa tapat na saksing ito bilang tugon sa maningas na panalangin ng apostol ukol sa patnubay. “At nang sumunod na gabi ay lumapit sa kanya ang Panginoon, at sinabi, Lakasan mo ang iyong loob: sapagkat kung paano ang pagkapatotoo mo tungkol sa Akin sa Jerusalem, ay kailangang patotohanan mo ring gayon sa Roma.” {AGA 311.5}

Matagal nang nais ni Pablo na makadalaw sa Roma; ninais niyang makasaksi para kay Kristo doon, ngunit nadama niyang ang kanyang adhikain ay napipigilan ng galit ng mga Judio. Hindi naisip kahit na ngayon, na ang pagdalaw niya roon ay magiging bilang isang bilanggo. {AGA 312.1}

Samantalang pinasisigla ng Panginoon ang Kanyang lingkod, ang mga kaaway naman ni Pablo ay abalang nagpaplano ng kanyang kamatayan. “At nang araw na, ay nangagkatipon ang mga Judio, at sila’y nangagpanata sa ilalim ng sumpa, na nagsisipagsabi na hindi sila kakain ni iinom man hanggang sa kanilang mapatay si Pablo. At mahigit sa apatnapu ang nagsipanumpa ng ganito.” Narito ang uri ng ayuno na hinatulan ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias,— isang ayuno “para sa pakikipag-alit at pakikipagbaka, at upang ma’nakit ng suntok ng kasamaan.” Isaias 58:4. {AGA 312.2}

Ang mga nagpakana “ay nagtungo sa punong saserdote at mga matanda at nagwika, Kami ay nagkasundo sa ilalim ng isang sumpa, na kami ay hindi kakain o iinom man hanggang sa aming maipapatay si Pablo. Ngayon ay nais naming sa pamamagitan ng konsilyong ito ay ipaalam sa punong kapitan na siya’y ibaba sa iyo sa kinabukasan, na nais mong magtanong pang higit sa kanya; at kami naman kung siya ay malapit sa amin, ay handa namin siyang patayin.” {AGA 312.3}

Sa halip na sansalain ang malupit na pakanang ito, ang mga saserdote at pinuno ay masiglang sumang-ayon. Nagsalita si Pablo ng katotohanan nang sabihin niyang si Ananias ay tulad sa pinaputing libingan. {AGA 312.4}

Ngunit ang Panginoon ay namagitan para sa buhay ng Kanyang lingkod. Ang anak na lalaki ng kapatid na babae ni Pablo, nang maalamang ang mga mamamatay-tao ay nakaabang sa kanya, “ay pumasok sa kuta at sinabi ito kay Pablo. Sa gayon ay tinawag ni Pablo ang isa sa mga senturyon at sinabi, Dalhin ninyo ito sa pangulong kapitan: sapagkat mayroon siyang sasabihin sa kanya. Kaya’t dinala nila ang kabataan sa pangulong kapitan, at nagsabi ang senturyon, si Pablo na bilanggo ay nakiusap sa akin na dalhin ko sa iyo ang kabataang ito, at mayroon siyang nais na sabihin sa iyo.” Magalak na tinanggap ni Claudio Lysia ang binata,

at tinanong, “Ano yaong sasabihin mo sa akin?” Sumagot ang kabataan: “Pinagkasunduan ng mga Judio na sa iyo’y ipamanhik na iyong ipapanaog bukas si Pablo sa Sanhedrin, na waring ikaw ay may sisiyasating lalong ganap tungkol sa kanya.Huwag ka ngang palamuyot sa kanila: sapagkat binabakayan siya ng mahigit sa apatnapung katao sa kanila, na nangagsipanata sa ilalim ng sumpa, na hindi kakain at iinom man hanggang sa siya’y kanilang mapatay: at ngayo’y nangaghahanda sila, na nangaghihintay ng pangako mo.” {AGA 312.5}

“Kaya’t pinaalis ng pangulong kapitan ang binata, na ipinagbilin sa kanya, Huwag mong sasabihin sa kaninuman na ipinahiwatig mo sa akin ang mga bagay na ito.” {AGA 313.1}

Agad ay ipinasya ni Lysia na ilipat si Pablo sa pangangasiwa ni Felix na prokurador. Bilang isang bayan, ang mga Judio ay nasa kalagayan ng pananabik, at malimit ang kaguluhan. Ang patuloy na pananatili ng apostol sa Jerusalem ay maaaring magbunga ng panganib sa siyudad at kahit na rin sa kumandante. Sa ganito ay “tinawag niya ang dalawang senturyon, at pinahanda ng dalawang daang kawal upang magtungo sa Cesarea, at pitumpong mangangabayo, at dalawang daang may sibat, sa ikatlong oras ng gabi; at ipinaghanda sila ng mga hayop, upang maisakay doon si Pablo, at dalhin kay Felix na gobernador.” {AGA 313.2}

Walang panahong dapat sayangin sa paglilipat kay Pablo. “At ayon sa tagubilin sa kanila ay dinala ng mga kawal si Pablo nang gabing iyon sa Antipatris.” Mula roon ang mga mangangabayo ay kasama ni Pablo na nagpatuloy sa Cesarea, samantalang ang apatnaraang kawal ay nagbalik sa Jerusalem. {AGA 313.3}

Dinala si Pablo ng nangangasiwang opisyal kay Felix, taglay ang isang liham na ipinagkatiwala ng pangulong kapitan: {AGA 313.4}

“Mula kay Claudio Lysia sa kagalagang-galang na gobernador Felix, isang pagbati. Ang lalaking ito ay inagaw sa mga Judio sapagkat papatayin na sana nila; ngunit dumating ako kasama ang aking hukbo at iniligtas siya, sa pagkaalam kong siya ay isang Romano. At upang maalaman ko ang dahilan ng paratang sa kanya, ay dinala ko siya sa konsilyo: at naalaman kong ang paratang ay tungkol sa kanilang kautusan, at walang anumang bagay na marapat sa kamatayan o tanikala. Nang iparating sa aking binabalak ng mga Judio na siya ay pataksil na papatayin, ay agad kong ipinadala siya sa iyo, at nagbigay ako ng utos sa mga nagpaparatang sa kanya na sa iyo iharap ang mga bagay na paratang nila sa kanya. Paalam.” {AGA 313.5}

Matapos mabasa ang liham, si Felix ay nagtariong kung saang probinsya nagmula ang bilanggo, at nang maalamang ito ay buhat sa Cilicia, ay nagsabi: “Diringgin kita...kapag dumating na ang nagpaparatang sa iyo. At siya’y nag-utos na ingatan ang bilanggo sa bulwagan ni Herodes.” {AGA 314.1}

Ang kaso ni Pablo ay hindi kauna-unahan na ang isang lingkod ng Dios ay nakasumpong ng kanlungan sa gitna ng mga Gentil mula sa masamang tangka ng mga nagpapanggap na

bayan ni Jehova. Sa kanilang galit kay Pablo, ang mga Judio ay nagdagdag pa ng isang krimen sa maidm na talaang naging larawan ng kasaysayan ng bayang ito. Higit pang pinatigas nila ang kanilang mga puso laban sa katotohanan at lalo pang tinatakan ang kanilang pagkawasak. {AGA 314.2}

lilan ang nakadadama ng buong kahulugan ng mga salita ni Kristo, sa sinagoga sa Nasaret, nang ihayag Niya ang sarili bilang Siyang Pinahiran. Inihayag Niya ang Kanyang misyong umaliw, magpala, at magligtas sa mga nalulumbay at makasalanan; at pagkakita sa pagmamataas at kawalang pananampalatayang nasa puso ng mga nakikinig sa Kanya, ipinaalaala Niyang sa mga nakaraang panahon ang Dios ay lumayo sa bayang pinili dahilan sa kanilang paghihimagsik at kawalang pananampalataya, at nagpahayag ng Sarili sa mga lupaing pagano na hindi tumanggi sa liwanag ng langit. Ang babaeng balo ng Sarepta at si Naamang Syriano ay nabuhay ayon sa liwanag na kanilang tinanggap; at sila ay nabilang na higit na matuwid kaysa bayang pinili ng Dios na tumalikod naman sa Kanya at nagsakripisyo ng simulain para sa ginhawa at karangalang panglupa. {AGA 314.3}

Sinabi ni Kristo sa mga Judio sa Nasaret ang nakagigimbal na katotohanang walang kanlungan sa tumalikod na Israel para sa tapat na mensahero ng Dios. Hindi nila makikilala ang kanyang paggawa o kapakinabangan man. Habang ang mga lider ng Judio ay nagpapanggap ng dakilang sigasig para sa karangalan ng Dios at kabutihan ng Israel, sila sa katunayan ang mga kaaway ng mga bagay na ito. Sa utos at halimbawa ay papalayong inaakay nila ang bayan sa pagsunod sa Dios—na inaakay sila sa dakong hindi sila maisasanggalang ng Dios sa araw ng bagabag. {AGA 314.4}

Ang mga pangungusap ng Tagapagligtas sa mga lalaki ng Nasaret ay angkop sa kaso ni Pablo, hindi lamang sa mga Judio na hindi nananampalataya, kundi gayon din sa kanyang mga kapatid sa pananampalataya. Kung ang mga lider ng iglesia ay lubos na nagpasakop lamang ng kanilang mga damdamin ng kapaitan sa apostol, at tinanggap siya bilang isang tanging tinawagan ng Dios upang magdala ng ebanghelyo sa mga Gentil, sana ay ipinagkaloob din si Pablo sa kanila. Ngunit hindi panukala ng Dios na ang paggawa ni Pablo ay magwakas agad; ngunit hindi naman Siya gumawa ng milagro upang labanan ang mga magkakasunod na pangyayari na ibinangon ng mga lider ng iglesia sa Jerusalem. {AGA 314.5}

Ang katulad na diwa ay siya pa ring umaakay sa katulad na bunga. Ang pagpapabayang pasalamatan at mapasulong ang mga paglalaan ng biyaya ng Dios ang umaagaw sa iglesia ng maraming pagpapala. Gaano kadalas na napahaba sana ng Panginoon ang paggawa ng isang tapat na ministro, kung ang kanyang mga paggawa lamang ay kinalugdan. Ngunit pinahihintulutan ng iglesia na ang mga kaaway ng kaluluwa ang magpasama ng unawa, upang kanilang bigyang maling kahulugan ang mga salita at gawa ng lingkod ni Kristo; kung

pababayaan nilang sila'y maging hadlang sa kanyang kagamitan, ang Panginoon ang mag-aalis kung minsan ng mga pagpapalang Kanyang kaloob. {AGA 315.1}

Si Satanas ay patuloy na gumagawa sa kanyang mga ahensya upang pahinain ang loob at wasakin ang mga pinili ng Dios na gumanap ng isang dakilang gawain. Ang mga ito ay handa sanang maglaan pati na ng buhay sa ikasusulong ng gawain ni Kristo, ngunit ang dakilang mandaraya ay magmumungkahi sa mga kapatid ng alinlangan tungkol sa kanila na kung tatanggapin ay magpapasama ng larawan ng kanilang mga likas at magpapagupo ng kanilang kagamitan. Madalas na siya'y nagtatagumpay na magdala sa mga kapatid ng kapanglawan ng puso, ngunit ang Dios ay magiliw na namamagitan upang ang pinag-uusig na lingkod ay makapagpahinga. Matapos na ang mga palad ay maitiklop na sa dibdib na walang hininga, kapag ang tinig ng babala at pampasigla ay natahimik na, ay saka nila makikita ang kahalagahan ng mga pagpapalang nawala sa kanila. Ang kamatayan ng mga tapat na lingkod ng Dios ay makagaganap ng mga bagay na hindi nila nagampanan nang sila ay buhay pa. {AGA 315.2}

Kapitulo 40 – Paglilitis sa Cesarea

Limang araw matapos na makarating si Pablo sa Cesarea, duma-ting naman ang mga nagpaparatang sa kanya. Ang kaso ay binigyan ng madaliang pandinig. Si Pablo ay iniharap sa kapulungan, at "pasimulang siya ay pinaratangan" ni Tertulo. Sa isipang ang pagbibigay papuri ay gagawa ng malaking impluwensya sa Romanong gobernador kaysa mga payak na salita ng katotohanan at katarungan, ang tusong orador ay nagsimula ng pagsasalita sa pagpuri muna kay Felix: "Yamang dahil sa iyo'y nangagtamo kami ng malaking kapayapaan, at sa iyong kalinga ay napawi sa bansang ito ang mga kasamaan, ay tinatanggap namin ito sa lahat ng mga paraan, at sa lahat ng mga dako, kagalang-galang na
Felix, ng buong pagpapasalamat." {AGA 316.1}

Pinalamutian ni Tertulo ang kamalian; sapagkat ang likas ni Felix ay masama at kamuhimuhi. Tungkol sa kanya ay nasabi, "na sa pagsasagawa ng lahat ng pita at pagmamalupit, tinaglay niya ang kapangyarihan ng isang hari sa ugali ng isang alipin."—Tacitus: History, ch. 5, par. 9. Ang mga nakapakinig kay Tertulo ay alam ang maling papuring ito, ngunit sa hangaring maibigay ang hatol kay Pablo ay higit nilang inibig ang kasinungalingan kaysa pag-ibig sa katotohanan. {AGA 316.2}

Sa pagsasalita ni Tertulo, pinaratangan niya si Pablo ng mga krimeng kung mapatutunayan ay magbubunga ng paghatol sa kanya ng pagtataksil laban sa pamahalaan. "Sapagkat nasumpungan naming ang taong ito'y isang taong mapanggulo at mapagbangon ng mga paghihimagsik sa gitna ng lahat ng mga Judio sa buong sanlibutan, at namumuno sa sekta ng mga Nazareno: na pinagsisikapan din namang lapastanganin ang templo." At sinabi ni Tertulo na si Lysia na pinuno ng garison sa Jerusalem ang marahas na umagaw kay Pablo sa mga Judio nang handa nang ito ay hatulan sa batas ng iglesia, at napilitan ngang dalhin ang bagay na ito kay Felix. Ang mga salitang ito ay may adhikaing isalin ni Felix ang pangangasiwa sa kaso sa korte ng mga Judio. Lahat ng mga paratang ay masigasig na pinatibayan ng mga Judio na nagkakatipon, na hindi man lamang naglihim ng kanilang muhi sa bilanggo. {AGA 316.3}

Ngunit si Felix ay may sapat namang unawa upang makita ang takbo ng isipan at likas ng mga nagpaparatang kay Pablo. Alam niya kung ano ang kanilang motibo sa pagpuri sa kanya, at nakita din niyang hindi nila natayuan ang mga paratang kay Pablo. Binalingan niya ang akusado, at siya ang pinasagot sa mga paratang sa kanya. Si Pablo ay hindi nagsayang ng mga salita sa mga papuri, kundi sinabing higit siyang makapagtatanggol sa harapan ni Felix, sapagkat ito ay matagal nang prokurador, at sa gayon ay may mabuting unawa sa mga batas at kaugalian ng mga Judio. Tungkol sa mga paratang sa kanya, malinaw niyang ipinakita na walang isa man sa mga ito ang totoo. Inihayag niyang hindi siya nanggulo saan mang bahagi ng Jerusalem, o kaya ay nagparumi sa santuwaryo. "Hindi nila ako nasumpungan sa templong nakikipagtalo sa kaninuman," kanyang sinabi, "o kaya'y nagmumungkahi sa mga tao, o sa

sinagoga, o sa siyudad man; at hindi rin nila mapatutunayan ang mga bagay na kanilang ipinaparatang sa akin." {AGA 317.1}

Bagama't kanyang ikinumpisal na "ayon sa iniisip nilang erehe," siya ay sumamba sa Dios ng kanyang mga magulang, ngunit siya'y laging naniniwala "sa mga bagay na nasusulat sa kautusan at sa mga propeta;" at ayon sa maliwanag na turo ng mga Kasulatan, ay pinanghahawakan niya ang pananampalataya sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Idinagdag pa niyang adhikain ng kanyang buhay na "magkaroon ng konsyensyang walang pagkakasala sa Dios at sa tao." Sa isang tuwirang pagsasalita, inilahad niya ang adhikain ng pagdalaw sa Jerusalem, at ang mga pangyayari sa kanyang aresto at paglilitis: "At nang makaraan nga ang ilang mga taon ay naparito ako upang magdala ng limos sa aking bansa, at ng mga hain: na ganito nila ako nasumpungang pinalinis sa templo, na walang kasamang karamihan, ni wala ring kaguluhan: datapuwat mayroon akong ilang mga Judio na galing sa Asia, na dapat magsiparito sa harapan mo, at mangagsakdal, kung may anumang laban sa akin. O kaya'y ang mga tao ring ito ang mangagsabi kung anong masamang gawa ang nasumpungan nila nang ako'y nakatayo sa harapan ng Sanhedrin, maliban na sa isang tinig na ito'y aking isinigaw ng nakatayo sa gitna nila, Tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay ako'y pinaghahatulan sa harapan ninyo sa araw na ito." {AGA 317.2}

Ang apostol ay nagsalitang may hayag na kataimtiman, at ang mga salita niya ay taglay ang bigat ng paniniwala. Si Claudio Lysia sa liham nito kay Felix, ay naghayag din ng katulad na patotoo sa mga kilos ni Pablo. Bukod dito, si Felix ay may higit na kaalaman sa relihiyon ng mga Judio kaysa iniisip ng marami. Ang simpleng paglalahad ni Pablo ng mga pangyayari ay lalong nagbigay linaw kay Felix ng motibo ng mga Judio sa pagsisikap na ipataw sa apostol ang paratang ng panunulsol laban sa pamahalaan at pagtataksil sa bayan. Ngunit ang gobernador ay hindi magpapahintulot na ang isang mamamayan ng Roma ay walang katarungang hatulan o kaya ay ipagkakaloob ito sa kanila upang kanilang mapatay ayon sa kanilang batas. Ngunit si Felix ay pigil ng pag-ibig sa papuri at ng hangaring tumaas pa sa tungkulin. Ang takot sa mga Judio ang pumigil sa kanyang ibigay ang lubos na katarungan sa isang taong alam niyang walang sala. Sa gayon ay ipinasya niyang itigil ang paglilitis hanggang si Lysia na pangulong kapitan ay dumating upang higit pang maunawaan ang tungkol sa bagay na ito." {AGA 318.1}

Si Pablo ay nanatiling bilanggo, ngunit nag-utos si Felix sa senturyong natalaga upang mangalaga kay Pablo, "na siya'y bigyang kalayaan," o "huwag pagbawalan ang kanyang mga kasamahang maglingkod sa kanya." {AGA 318.2}

Hindi nagtagal matapos ito, ipinatawag ni Felix at asawa nitong si Drusila si Pablo sa isang pribadong pag-uusap upang madinig mula sa kanya ang "tungkol sa pananampalataya kay Kristo." Masigasig silang nakinig tungkol sa mga bagong katotohanang ito—mga

katotohanang maaaring hindi na nila madinig pa, at kung matatanggihan ay magiging mabilis na saksi laban sa kanila sa kaarawan ng Dios. {AGA 318.3}

Itinuring ito ni Pablo na pagkakataong kaloob ng Dios, at matapat na kanyang sinamantala ito. Alam niyang siya ay tatayo sa harapan ng may kapangyarihang siya ay ipapatay o palayain; gayunman ay hindi niya hinarap si Felix at Drusila ng papuri. Alam niyang ang kanyang mga salita sa kanila ay magkakaroon ng lasa ng buhay o kamatayan, at sa pag-iisantabi ng lahat ng makasariling bagay, sinikap niyang gisingin ang mga ito sa pagkadama ng panganib. {AGA 318.4}

Nadama ng apostol na ang ebanghelyo ay may pag-aangkin sa sinumang makaririnig nito; at balang araw sila ay tatayo sa harapan ng dakilang luklukan ng Dios na kabilang sa mga dalisay at banal, o sa mga sasabihan ni Kristo ng, "Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng kasamaan." Mateo 7:23. Alam niyang siya ay mahaharap sa bawat isang nakinig sa kanya sa tribunal ng langit, hindi lamang dahilan sa kanyang sinalita o ginawa, kundi gayundin sa motibo at diwa ng kanyang pagsasalita at paggawa. {AGA 318.5}

Gayon karahas at kalupit ang naging landas ni Felix anupa't walang sinumang naglakas loob na magsalita sa kanya ng tungkol sa kanyang likas at ugali. Ngunit si Pablo ay walang takot sa sinumang tao. Maliwanag na inilahad niya ang kanyang pananampalataya kay Kristo, at ang mga dahilan ng kanyang pananampalataya, at hindi maiiwasang magsalita tungkol sa mga katangian ng Kristianong mahalaga sa likas, ngunit hindi masumpungan sa mayabang na mag-asawa na nasa kanyang harapan ngayon. {AGA 319.1}

Itinaas niya kay Felix at Drusila ang likas ng Dios—ang Kanyang katuwiran, katarungan, pantay na pagtingin, at katangian ng Kanyang kautusan. Maliwanag na ipinakita niyang katungkulan ng taong mabuhay ayon sa katinuan at pagtitimpi, sinusupil ang mga damdamin sa ilalim ng pag-iisip, kaayon ng batas ng Dios, at nag-iingat ng mga kapangyarihang mental at pisikal sa malusog na kalagayan. Inihayag niyang tiyak na darating ang araw ng paghuhukom na ang lahat ay bibigyang ganti ayon sa mga gawa sa kanyang katawan, na doon ay maliwanag na mahahayag na ang kayamanan, posisyon, o titulo ay walang lakas na ipagkaloob sa tao ang pabor ng Dios, o iligtas man siya sa mga bunga ng kasalanan. Ipinakita niyang ang buhay na ito ay panahon para sa tao upang maghanda para sa darating na buhay. Kung magpapabaya siya sa mga kasalukuyang pagkakataon at mga karapatan, siya ay magdurusang pangwalang hanggan; walang panibagong palugit ang nakalaan sa kanya. {AGA 319.2}

Si Pablo ay nagsalita tungkol sa mga kahilingan ng kautusan ng Dios. Ipinakita niya kung paanong ito ay nakaaabot kahit na sa mga malalim na lihim ng likas ng tao, at tumatanglaw sa mga bagay na lihim sa paningin at kaalaman ng tao. Anumang gawin ng kamay at salitang lumabas sa bibig ay maaaring paglalahad lamang ng walang kasakdalang likas na moral. Ang

kautusan ay nagsasaliksik ng isipan, motibo, at adhikain. Ang maitim na damdaming nakatago sa paningin ng tao, ang inggit, muhi, pita, at ambisyon, ang mga masasamang gawang nabubuo sa madidilim na sulok ng kaluluwa, datapuwat hindi naisasagawa sa kawalan ng pagkakataon—lahat na ito ay hinahatulan ng batas ng Dios. {AGA 319.3}

Sinikap ni Pablo na akayin ang isipan ng nakikinig sa kanya sa isang dakilang Sakripisyo para sa kasalanan. Itinuro niya ang mga sakripisyo bilang anino lamang ng mga mababuting bagay na darating, at iniharap si Kristo bilang siyang kabuuan ng lahat ng mga seremonyang ito—ang itinuturo bilang tanging bukal ng buhay at pag-asa ng taong nagkasala. Mga banal na lalaki sa nakaraan ay iniligtas sa pananampalataya sa dugo ni Kristo. Sa pagmalas nila sa naghihingalong daing ng mga hayop na inihahain ay nakatingin sila sa pagitan ng mga panahon hanggang sa ang Kordero ng Dios na siyang mag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan ay dumating. {AGA 320.1}

Matuwid na ang Dios ay nag-aangkin sa pag-ibig at pagsunod ng lahat ng Kanyang nilalang. Sa kautusan ay ipinagkaloob sa kanila ang isang sakdal na pamantayan ng matuwid. Ngunit marami ang nakalimutan ang kanilang Manlalalang, at piniling lumaban pa sa kaloobang ito ng Dios sa pagsunod sa sariling isipan. Sinuklian nila ng pag-aaway ang pag-ibig na kasintaas ng langit at kasinlawak ng sansinukob. Hindi maibababa ng Dios ang Kanyang pamantayan upang matugunan ang pamantayan ng masasamang tao; ni hindi rin naman masasapatan ng tao ang pamantayan ng Dios sa kanyang sariling kapangyarihan. Tanging sa pananampalataya kay Kristo maaaring malinis ang makasalanan mula sa parusa, at mabigyang lakas na makasunod sa batas ng kanyang Manlalalang. {AGA 320.2}

Sa ganito, si Pablo na bilanggo ay nagharap sa Judio at Gentil ng mga pag-aangkin ng banal na utos, at nagpakilala kay Jesus na kinamuhiang Nazareno, bilang Anak ng Dios, ang Manunubos ng sanlibutan. {AGA 320.3}

Ganap na naunawaan ng babaeng Judio ang banal na likas ng kautusan na walang kahihiyang kanyang nilabag; ngunit ang kanyang maling akala sa Tao ng Kalbaryo ang nagpatigas ng kanyang puso laban sa salita ng buhay. Ngunit kailanman ay hindi nakarinig si Felix ng ganitong mga katotohanan; at habang ang Espiritu ng Dios ay naghahatid ng aral sa kanyang puso, siya ay tunay na natigatig. Ang konsyensyang ngayon ay nagising, ang naging tinig na makapangyarihan; at nadama ni Felix na ang mga salita ni Pablo ay tunay. Ang kanyang isipan ay bumalik sa mga nakaraang pagkakasala. Sa nakatitigatig na linaw ay nakita niya ang mga lihim ng kanyang buhay na palubog at puno ng dugo, at mga madilim na tala ng mga nakaraang taon. Nakita niya ang sarili sa lupit, kalayawan, at kawalang turing. Kailanman ay di niya nakitang ganito ang katotohanan. Kailanman ay di pa napuspos ang kanyang kaluluwa ng pagkatakot. Ang isipang ang mga lihim ng kanyang buhay ay pawang lantad sa Dios, at siya'y hahatulan sa kanyang mga gawa, ay nagpanginig sa kanya sa takot. {AGA 320.4}

Ngunit sa halip na maakay siya sa pagsisisi, sinikap niyang walaing kabuluhan ang ganitong hindi inaanyayahang .isipan. Ang pakikipanayam kay Pablo ay madaling tinapos. “Yumaon ka sa iyong landas sa panahong ito,” sabi niya; “at kung may pagkakataon ako, ay ipapatawag kita.” {AGA 321.1}

Gaano kalawak ang pagkakaiba ng landas ni Felix at ng nagbabantay ng piitan sa Filipos! Ang mga lingkod ng Panginoon ay dinalang natatanikalaan sa bantay na ito,’ tulad ni Pablo kay Felix. Ang katibayang nalahad na sila ay tinatangkilik ng kapangyarihan ng langit, ang kanilang pagdiriwang sa gitna ng pagdurusa at kahihiyan, ang kawalang takot kapag ang lupa ay niyayanig ng lindol, at ang diwa ng pagpapatawad tulad ni Kristo, ay naghatid ng paniniwala sa puso ng bantay-piitan, at may panginginig na ito ay nagkumpisal ng mga kasalanan at nakasumpong ng pagpapatawad. Si Felix man ay nanginig, ngunit hindi siya nagsisi. Ang bantay sa piitan ay magalak na tumanggap ng Espiritu ng Dios sa kanyang puso at sa kanyang tahanan; ngunit pinaalis ni Felix ang banal na mensahero. Ang isa ay piniling maging anak ng Dios at tagapagmana ng langit; ang ikalawa ay piniling makasama ng mga manggagawa ng kasamaan. {AGA 321.2}

Sa loob ng dalawang taon ay walang anumang pagkilos na ginawa laban kay Pablo, gayunman ay nanatili siyang bilanggo. Ilang beses siyang dinalaw ni Felix at matamang nakinig sa kanyang mga salita. Ngunit ang tunay na motibo sa ganitong pakikipagkaibigan sa wari ay ang hangarin ng pakinabang, at kanyang ibinadyang sa pagbabayad ng malaking halaga, si Pablo ay baka mapalaya. Ngunit ang apostol ay marangal upang hangaring mapalaya sa suhol. Hindi siya nagkasala ng anumang krimen, at hindi yuyukong gagawa ng bagay na masama upang mapalaya lamang. Bukod dito, siya ay mahirap lamang na makabayad sa kanyang pagpapalaya, at hindi rin siya hihingi ng tulong at simpatiya ng kanyang mga nahikayat. Nadama din niyang siya ay nasa kamay ng Dios, at hindi siya makikialam sa mga banal na adhikain tungkol sa kanya. {AGA 321.3}

Sa wakas ay ipinatawag si Felix sa Roma dahilan sa malawakang kasamaan laban sa mga Judio. Bago ito umalis ng Cesarea upang tugunin ang tawag, inisip niyang “paluguran ang mga Judio” sa pagpapahintulot na si Pablo ay manatili pa sa bilangguan. Ngunit hindi nagtagumpay si Felix na muling makuha ang pagtitiwala ng mga Judio. Siya ay inalis sa tungkulin sa kahihiyan, at si Porcio Festo ang itinalagang kapalit niya, na ang punong tanggapan ay sa Cesarea. {AGA 322.1}

Isang sinag ng liwanag ng langit ay ipinahintulot na sumikat kay Felix, nang si Pablo ay nakipagkatuwiranan sa kanya tungkol sa katuwiran, pagtitimpi, at dumarating na paghuhukom. Iyon ay pagkakataong kaloob ng langit sa kanya upang makita at iwaksi ang pagkakasala. Ngunit sinabi niya sa mensahero ng Dios, “Humayo ka sa iyong lakad sa panahong ito; at kapag may pagkakataon ako ay ipapatawag kita.” Binali wala niya ang huling

alok ng kahabagan. Kailanman ay di na siya makaririnig pang muli ng pagtawag mula sa Dios. {AGA 322.2}

Kapitulo 41 – Nag-apila si Pablo Kay Ceasar

"Nang makapasok na nga si Festo sa lalawigan, pagkaraan ng tatlong araw ay umahon sa Jerusalem mula sa Cesarea. At ang mga pangulong saserdote at ang mga maginoo sa mga Judio ay nangagbigay-alam sa kanya laban kay Pablo, at siya'y kanilang pinamanhikan na humihingi ng lingap sa kanya, na siya'y ipahatid sa Jerusalem." Sa paghiling ng bagay na ito, adhikain nilang tambangan si Pablo sa pagtungo sa Jerusalem, at patayin ito. Ngunit si Festo ay may mataas na uri ng pagkadama sa kapanagutan ng kanyang katungkulan, at magalang na tumangging ibigay si Pablo sa kanila. "Hindi ugali ng mga Romano na ibigay ang isang tao upang mamatay, bago siya makaharap sa mga nagpaparatang sa kanya, at mabigyang layang magtanggol sa sarili sa krimeng ipinaparatang sa kanya." Sinabi niyang siya ay tutulak patungong Cesarea, at "sinuman sa inyong nais na sumama sa akin, at kung may anumang pagkakasala ang taong ito, ay isakdal nila siya." {AGA 323.1}

Hindi ito ang nais ng mga Judio. Hindi pa nila nakakalimutan ang pagkatalo nila sa Cesarea. Taliwas sa payapang kalagayan at makapangyarihang argumento ng apostol, ang kanilang masamang espiritu at walang batayang paratang ay lalabas na napakasama. Muli ay hiniling nilang si Pablo ay madala sa Jerusalem upang litisin, ngunit si Festo ay matatag sa pagkakaloob kay Pablo ng makatarungang paglilitis sa Cesarea. Ang Dios sa Kanyang kapangyarihan ang humahawak sa mga desisyon ni Festo, upang ang buhay ng apostol ay mapahaba pa. {AGA 323.2}

Sa pagkatalo ng kanilang mga adhikain, ang mga pinuno ng Judio ay naghanda agad na sumaksi laban kay Pablo sa korte ng prokurador. Pagbalik sa Cesarea, matapos ang ilang araw na pananatili sa Jerusalem, si Festo "na nanguna sa paglilitis ay nag-utos na si Pablo ay iharap sa hukuman." "Ang mga Judiong nagmula sa Jerusalem ay nakapalibot at naglahad ng maraming mabibigat na paratang laban kay Pablo, na hindi naman nila mapatunayan." Sapagkat wala namang abogado sa pagkakataong ito, ang mga Judio na rin ang nagtaguyod ng kanilang mga paratang. Sa pagpapatuloy ng paglilitis, ang akusadong panatag at tapat ay malinaw na nagpabulaan sa kanilang mga paratang. {AGA 323.3}

Nakita ni Festo na ang pinag-uusapan ay lubos na nasa ilalim ng mga doktrina ng mga Judio, at kung matuwid na uunawain, ay wala naman anumang bahagi sa paratang kahit na mapatunayan, na marapat sa parusang kamatayan o pagkabilanggo man. Ngunit nakita niya ang parang bagyong galit na malilikha kung si Pablo ay di mahahatulan o maibibigay sa kanilang mga kamay. Kung kaya't, "upang mapaluguran ang mga Judio," si Festo ay bumaling at nagtanong kay Pablo kung ito ay laang magtungo sa Jerusalem sa ilalim ng kanyang pag-iingat, upang litisin sa Sanhendrin. {AGA 324.1}

Alam ng apostol na hindi siya makaaasa ng katarungan sa bayan dahil sa kanilang mga krimen ay hinahatak nila sa kanilang sarili ang galit ng Dios. Alam niyang, tulad ng propeta Elias, siya ay lalong panatag sa kamay ng mga pagano kaysa kanilang gayong naka'aalam ng katotohanan ay nagpatigas ng kanilang mga puso laban sa ebanghelyo. Pagal na sa sigalot na ito, ang kanyang masigla pang diwa ay di na makatatagal sa mga paulit-ulit na antala at nakakagupong paglilitis at pagkabilanggo. Sa ganito ay nagpasya siyang hilingin ang isang karapatan bilang mamamayan ng Roma, ang umapila sa Ceasar. {AGA 324.2}

Bilang tugon sa tanong ng gobernador, sinabi ni Pablo: "Ako ay nakatayo sa hukuman ni Ceasar, na doon ay dapat akong hatulan: sa mga Judio ay wala akong masamang nagawa, katulad ng iyong alam. Sapagkat kung ako ay nagkasala, at may nagawang anumang bagay na marapat sa kamatayan, hindi ako tatangging mamatay: datapuwat kung wala akong nagawang anuman sa mga paratang na ito sa akin, walang sinumang taong makahahatol sa akin. Ako ay umaapila kay Ceasar." {AGA 324.3}

Walang alam si Festo tungkol sa pakana ng mga Judio na patayin si Pablo, at siya ay nagulat sa apilang ito kay Ceasar. Gayunman, ang mga salita ng apostol ang nagpatigil sa usapan. "At si Festo, matapos na sumangguni sa konsilyo, ay sumagot, Umapila ka ba kay Ceasar? Sa gayon ay kay Ceasar ka tutungo." {AGA 324.4}

Kung kaya't muli pa, dahilan sa muhing dulot ng maling akala at pagmamatuwid sa sarili, ang lingkod ng Dios ay napilitang bumaling sa pag-iingat ng mga pagano. Ang katulad na muhi ang pumilit kay propeta Elias na tumakas upang hingin ang tulong ng babaeng balo ng Sarepta; at pumilit din sa mga tagapagbalita ng ebanghelyo upang iwanan ang mga Judio at magdala ng balita sa mga Gentil. Ang ganitong uri din ng muhi ang kailangang harapin ng bayan ng Dios. Marami sa mga nagpapanggap na mga alagad ni Kristo ang nagtataglay ng katulad na pagmamataas, pormalismo, at pagkamakasarili, ng katulad na diwa ng paniniil,. na nakitang malawakan sa mga Judio. Sa hinaharap, ang mga lalaking nagaangking mga kinatawan ni Kristo ay lalakad sa landas na tinahak ng mga saserdote at pinuno sa kanilang naging pakikitungo kay Kristo at Kanyang mga apostol. Sa dakilang krisis na kanilang haharapin, ang mga tapat na lingkod ng Dios ay makasasagupa ng katulad na katigasan ng puso, ng katulad na malupit na kapasyahan, at ng katulad na di matinag na muhi. {AGA 324.5}

Ang lahat na sa araw na iyon ay walang takot na maglilingkod sa Dios ayon sa dikta ng konsyensya, ay mangangailangan ng tapang, tatag, at pagkakilala sa Dios at Kanyang salita; sapagkat silang tapat sa Dios ay pag-uusigin, ang kanilang mga motibo ay pasasamain, ang pinakamabuting pagsisikap ay bibigyang maling kahulugan, at ang kanilang mga pangalan ay aaglahiin. Si Satanas ay gagawang lubos sa kasamaan upang maimpluwensyahan ang puso at mapaulap ang pagkaunawa, upang ang masama ay balutan ng kabutihan, at ang mabuti ng kasamaan. Habang lalong malakas at dalisay ang pananampalataya ng bayan ng Dios, at

lalong matatag ang kanilang pananayuang sumunod sa Kanya, ay lalo namang mahigpit ang pagsisikap ni Satanas na magbangon ng galit nilang gayong nagpapanggap na matuwid, ay yumuyurak naman sa kautusan ng Dios. Kakailanganin ang lalong matatag na pagtitiwala, ang pinakabayaning adhikain, upang makapanghawakang matibay sa pananampalatayang naipagkatiwala sa mga banal. {AGA 325.1}

Ninanais ng Dios na ang Kanyang bayan ay mahanda sa papalapit na krisis. Handa o hindi handa, lahat ay mapapaharap dito; at tanging sila lamang na nagtugma ng kanilang mga buhay sa banal na pamantayan, ang makatatayong matatag sa panahon ng pagsubok at subukan. Kapag ang mga pinunong sekular ay makipagsanib na sa mga ministro ng relihiyon upang magtakda ng mga bagay na may kinalaman sa konsyensya, dito ay makikita na kung sino ang tunay na natatakot at naglilingkod sa Dios. Kapag ang dilim ay pinakamalalim, ang ningning ng likas na makadiyos ay sisilang na pinakamaliwanag. Kapag ang iba pang pagtitiwala ay magkulang, makikita kung sino ang tunay na nananatili kay Jehova. At habang ang mga kaaway ng katotohanan ay nasa lahat ng dako, nagbabantay sa mga lingkod ng Panginoon sa kasamaan, ang Dios ang magbabantay sa kanila sa kabutihan. Siya ay magiging lilim ng malaking bato sa isang pagod na lupain. {AGA 325.2}

Kapitulo 42 – "Muntik Mo no Akong Noponiwola"

Si Pablo ay nag-apila kay Ceasar, at walang magawa si Festo kundi ipadala ito sa Roma. Datapuwat lumipas pa ang ilang panahon bago nakasumpong ng isang barko; at sapagkat may iba pang bilanggong isasabay sa pag-alis ni Pablo, ang pagbibigay-pansin sa kanilang mga kaso ay nangailangan din ng panahon. Ito ang nagbigay ng pagkakataon kay Pablo upang maglahad ng kanyang pananampalataya sa mga pangunahing tao sa Cesarea, at gayundin kay Haring Agrippa II, ang huli sa mga Herodes. {AGA 327.1}

"Nang makaraan nga ang ilang araw si Haring Agrippa at si Bernice ay nagsidating sa Cesarea at nagsibati kay Festo. At nang sila'y magsitira doong maraming araw, ay isinaysay ni Festo sa hari ang usapin ni Pablo, na sinasabi, May isang taong bilanggo na iniwan ni Felix: tungkol sa kanya nang ako'y nasa Jerusalem, ang mga pangulong saserdote at ang mga matatanda sa mga Judio, ay nangagbigay-alam sa akin, na hinihinging ako'y humatol laban sa kanya." Inihanay niya ang mga pangyayaring nagtulak sa apila ng bilanggo kay Ceasar, tungkol sa hindi kalaunang paglilitis kay Pablo sa harap niya, at sinabing ang mga Judio ay wala namang maiharap na tamang paratang laban kay Pablo, kundi "mga ilang katanungan tungkol sa kanilang mga pamahiin, at tungkol sa isang Jesus, na patay na, na pinatitibayan ni Pablo na buhay pa." {AGA 327.2}

Habang nagsasalaysay si Festo, nagkaroon ng interes si Agrippa at nagwika, "Nais kong mapakinggan ang taong ito." Sa pakikipagkasundo sa kanyang kagustuhan, isang pagtatagpo ang isinaayos kinabukasan. "Kaya't nang lanabukasan, nang dumating si Agrippa, at si Bernice, na may malaking karilagan, at nang mangakapasok na sila sa hukuman, na kasama ang mga pangulong kapitan, at mga maginoo sa bayan, sa utos ni Festo ay ipinasok si Pablo." {AGA 327.3}

Sa karangalan ng kanyang mga panauhin, sinikap ni Festo na ang pagtitipong ito ay magkaroon ng karangyaan. Ang mamahaling kasuotan ng prokurador at mga panauhin, ang mga sandata ng mga kawal, at ang mga makikintab na baluti ng mga kumander, ay nagbigay ng kinang sa tanawin. {AGA 327.4}

At ngayon, si Pablo na nakaposas ay tumayo sa pagkakatipon. Anong pagkakaiba ang nakita sa tanawin! Si Agrippa at Bernice ay nagtataglay ng kapangyarihan at katungkulan, at dahil dito ay taglay nila ang pagtingin ng sanlibutan. Ngunit dukha sila sa mga katangian ng likas na may malaking halaga sa Dios. Sila ay tagalabag ng kautusan ng Dios, masama ang puso at kabuhayan. Ang kanilang paggawa ay kinamumuhian ng langit. {AGA 328.1}

Ang matandang bilanggo na nakatanikala sa kanyang sundalong bantay ay walang taglay sa kaanyuan ng anumang bagay na pararangalan ng mundo. Gayunman sa lalaking ito, na sa tingin ay walang kaibigan o kayamanan o katungkulan, at isang bilanggo dahilan sa kanyang pananampalataya sa Anak ng Dios, ay pinagmamalasakitan ng buong langit. Ang mga anghel

ang maglilingkod sa kanya. Kung isa lamang sa mga anghel na ito ang magpapamalas ng kanyang kaluwalhatian, ang pagmamataas at karangyaan ng mga dugong bughaw na ito ay lalabo; ang hari at mga kawaksi sa korte ay malulugmok sa lupa, tulad ng mga kawal Romano sa libingan ni Kristo. {AGA 328.2}

Si Festo na rin ang nagpakilala kay Pablo sa nagkakatipon: “Haring Agrippa, at lahat ng mga lalaking nariritong kasama namin, nakikita ninyo ang taong ito, na tungkol sa kanya’y nagsasakdal sa akin sa Jerusalem at dito naman ang buong karamihan ng mga Judio, na nangagsisigawang hindi marapat na siya’y mabuhay pa. Datapuwat aking nasumpungan siyang walang anumang ginawang marapat sa kamatayan, at sapagkat siya rin ang naghabol sa emperador ay ipinasiya kong siya’y ipadala. Tungkol sa kanya’y wala akong alam na tiyak na bagay na maisusulat sa aking panginoon. Kaya dinala ko siya sa harapan ninyo, at lalong-lalo na sa harapan mo, Haring Agrippa, upang pagkatapos ng pagsisiyasat ay magkaroon ng sukat na maisulat. Sapagkat inaakala kong hindi katuwiran, na sa pagpapadala ng isang bilanggo, ay hindi magpahiwatig naman ng mga sakdal laban sa kanya.” {AGA 328.3}

Binigyan ni Haring Agrippa si Pablo ng kalayang magsalita para sa sarili. Ang apostol ay hindi nasilaw ng makikinang na palabas o ng mataas na ranggo ng kanyang mga kaharap; sapagkat alam niya kung gaano kaliit ang halaga ng kayamanan at kapangyarihan sa sanlibutan. Ang makalupang karangyaan at kapangyarihan ay hindi magpapasindak isang saglit man sa kanyang tapang o mag-aalis ng kanyang pagpigil sa sarili. {AGA 328.4}

“Ikinaliligaya kong lubha, Haring Agrippa,” kanyang sinabi, “na sa harapan mo’y gawin ko ang aking pagsasanggalang sa araw na ito tungkol sa lahat ng mga bagay na isinasakdal ng mga Judio laban sa akin: lalong lalo na sapagkat bihasa ka sa lahat ng mga kaugalian at mga suliranin na mayroon ang mga Judio: kaya nga ipinamamanhik ko sa iyo na pagdalitaan mong dinggin ako.” {AGA 329.1}

Isinaysay ni Pablo ang kanyang pagkahikayat mula sa matigas na kawalang pananampalataya kay Jesus ng Nasaret bilang Manunubos ng sanlibutan. Inilarawan niya ang pangitain ng langit na pumuno sa kanya ng hindi maibadyang takot, ngunit matapos ay naging bukal ng pinakadakilang kaginhawahan—isang pagpapahayag ng kaluwalhatian ng langit, na sa gitna noon ay nakaupo Siyang kanyang kinamumuhian, at ang mga alagad Niya ay kanyang sinisikap wasakin. Mula sa oras na iyon si Pablo ay naging bagong tao, taimtim at masigasig na mananampalataya ni Jesus, dahilan sa nagpapabagong kahabagan ng Dios. {AGA 329.2}

Malinaw at makapangyarihang inihanay ni Pablo kay Agrippa ang mga pangyayaring kaugnay ng buhay ni Kristo dito sa lupa. Nagpatotoo siyang ang Mesias ng propesiya ay napakita na sa katauhan ni Jesus ng Nasaret. Ipinakita niya kung paanong ang Lumang

Tipan ay naghayag na ang Mesias ay paririto bilang isang tao sa gitna ng mga tao; at kung paanong sa buhay ni Jesus ay natupad ang bawat sangkap ng propesiyang inihanay ni Moises at ng mga propeta. Upang matubos ang sanlibutang waglit, ang banal na Anak ng Dios ay nagtiis ng krus, inaglahi ang kahihiyan, at pumanhik sa langit na matagumpay sa kamatayan at sa libingan. {AGA 329.3}

Bakit nga ba, wika ni Pablo, magiging kagulat-gulat ang pagka-buhay na mag-uli ni Kristo? Minsan ay naging gayon ito sa kanya; ngunit paano niya matatanggihan ang isang bagay na kanya mismong nakita at narinig? Sa pintuan ng Damasco ay nakatagpo niya ang Kristo na namatay at muling nabuhay, na Siya ring lumakad sa mga lansangan ng Jerusalem, namatay sa Kalbaryo, nagkalag ng tanikala ng kamatayan at pumanhik sa langit. Kung paanong tunay na nakita at nakipag-usap sa Kanya sina Cefas, Santiago, Juan, o iba pang mga alagad, ay gayon din siya. Ang Tinig Niya ang nag-atas sa kanyang maghayag ng ebanghelyo ng Tagapagligtas na muling nabuhay, at paano nga siya susuway? Sa Damasco, sa Jerusalem, sa buong Judea, at sa mga rehiyong malalayo, siya'y sumaksi kay Jesus na Napako, na ipinakita sa lahat ng uri ng tao na sila ay dapat "magsisi at manumbalik sa Dios, at gumawa ng mga bagay na angkop sa pagsisisi." {AGA 329.4}

"Dahil dito'y," pahayag ng apostol, "hinuli ako ng mga Judio sa templo, at pinagsisikapang ako'y patayin. Nang aking tamuhin nga ang tulong mula sa Dios, nananatili ako hanggang sa araw na ito, na nagpapatotoo sa maliliit at gayundin sa malalaki, na wala akong sinasabing anuman kundi ang sinabi ng mga propeta at ni Moises na mangyayari: kung paano nga na ang Kristo ay kailangang maghirap, at kung paanong Siya muna sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay ay magtatanyag ng ilaw sa bayan, at gayundin sa mga Gentil." {AGA 330.1}

Ang buong kapulungan ay nakinig na tulala sa paglalahad ni Pablo ng mga kahangahangang karanasan. Ang apostol ay nagsasaysay ng kanyang paboritong paksa. Walang isa mang nakarinig ang nagalinlangan sa kanyang kataimtiman. Ngunit sa nakahihikayat na pagsasalitang ito ay pinigil siya ni Festo, "Pablo, ikaw ay ulol; ang masyadong dunong mo ay siyang nagpapaulol sa iyo." {AGA 330.2}

Datapuwat sinabi ni Pablo, "Hindi ako ulol, kagalang-galang na Festo; kundi nagsasalita ako ng mga salitang katotohanan at kahinahunan. Sapagkat nalalaman ng hari ang mga bagay na ito, na sa kanya'y nagsasalita naman ako ng buong laya: sapagkat naniniwala ako na sa kanya'y walang nalilingid sa mga bagay na ito; sapagkat ito'y hindi ginawa sa isang sulok." Pagkatapos, binalingan niya si Agrippa, at tuwirang nagtanong, "Haring Agrippa, naniniwala ka ba sa mga propeta? Alam ko na naniniwala ka." {AGA 330.3}

Malalim na naapektuhan, sa sandaling iyon si Agrippa ay parang nawala sa kanyang kapaligiran at sa dignidad ng kanyang katungkulan. Ang tanging nalalaman lamang niya ay

ang mga katotohanan ng kanyang nadinig, at ang tanging nakita ay ang hamak na bilanggong ito na nakatayo sa harapan niya bilang embahador ng Dios, tumugon siyang kusang-loob, “Sa kakaunting pagkahikayat ay ibig mo akong maging Kristiano.” {AGA 330.4}

At sinabi ni Pablo, “Loobin nawa ng Dios, na sa kakaunti o sa marami man, ay hindi lamang ikaw, kundi pati ng lahat ng mga nagsisipakinig sa akin ngayon, ay pawang maging katulad ko naman, tangi lamang sa mga tanikalang ito.” {AGA 330.5}

Sina Festo, Agrippa, at Bernice ayon sa katarungan ay dapat sanang siyang may tanikala. Lahat ay nagkasala ng mabibigat na krimen. Ang mga tagalabag na ito ay nakarinig sa araw na iyon ng alok ng kaligtasan sa pangalan ni Kristo. Mayroon sanang kahit iisa na nahikayat upang tanggapin ang alok na biyaya at pagpapatawad. Ngunit itinakwil ni Agrippa ang iniaalok na kahabagan, at tumangging tanggapin ang krus ng ipinakong Manunubos. {AGA 331.1}

Ang pag-uusisa ng hari ay nasapatan na, at tumayo ito sa pagkakaupo, at humudyat na tapos na ang panayam. Sa paghihiwalay ng nagkatipon, sila ay nag-uusapan, “Ang taong ito ay walang nagawang marapat sa kamatayan o tanikala man.” {AGA 331.2}

Bagama’t si Agrippa ay isang Judio, hindi siya kasama sa bulag na sigasig at maling akala ng mga Pariseo. “Ang lalaking ito,” wika niya kay Festo, “ay mapalalaya sana kung hindi naghabol kay Ceasar.” Ngunit ang kaso ay napaabot na sa mas mataas na tribunal, at labas na sa pamamahala ni Festo o Agrippa. {AGA 331.3}

Kapitulo 43 – Ang Paglalayag at Pagkawasak ng Sasakyang-dagat

Sa wakas ay patungo na si Pablo sa Roma. “At nang ipasya,” sinulat ni Lucas, “na kami ay lalayag na patungo sa Italia, ay ibinigay nila si Pablo at ang iba pang mga bilanggo sa isang senturyon na nagngangalang Julio, sa pulutong ni Augusto. At sa paglulan namin sa daong Adrameto, na palayag sa mga dakong nasa baybayin ng Asia; ay nagsitulak kami na kasama namin si Aristarco, na isang taga Macedonia mula sa Tesalonica.” {AGA 332.1}

Sa unang daantaon ng panahon ng Kristianismo, ang paglalayag sa dagat ay mahirap at mapanganib. Ang mga marino ay naglalayag ayon sa posisyon ng araw at mga bituin; at kung hindi makita ang mga ito, at may palatandaan ng bagyo, ang mga may-ari ng barko ay takot na pumalaot sa dagat. Sa isang bahagi ng taon, ang ligtas na paglalakbay sa dagat ay halos imposible. {AGA 332.2}

Ang apostol Pablo ngayon ay kailangang magdanas ng ganitong kahirapan bilang isang bilanggong may tanikala sa matagal at mahirap na paglalayag tungong Italia. Isang malaking

ginhawa sa kanyang pinahintulutan siyang makasama si Lucas at Aristarco. Sa pagliham niya sa mga taga Colosas, binanggit niya ang kanyang "mga kapwa bilanggo" (Colosas 4:10); datapuwat sa kahilingan ni Aristarco ang bagay na ito, upang siya ay makapaglingkod kay Pablo sa panahon ng kahirapan. {AGA 332.3}

Ang paglalakbay ay nagpasimulang maginhawa. Kinabukasan ay humimpil sila sa Sidon. Dito, si Julio na senturyon "ay nagpakita ng kagandahang-loob kay Pablo" at nang mabalitaang may mga Kristiano sa lugar na iyon, "ay binigyan siyang kalayaang pumaroon sa kanyang mga kaibigan, at siya'y magpaginhawa." Ang pahintulot na ito ay labis na pinasalamatan ng apostol na ang kalusugan ay mahina. {AGA 332.4}

Sa pag-alis nila sa Sidon, ang barko ay nakasagupa ng malakas na hangin, napalayo sa tunay na kurso, at naging mabagal ang paglalakbay. Sa Myra, sa probinsya ng Lycia, ay nakasumpong ang senturyon ng isang malaking barko buhat sa Alexandria na patungong Italia, at dito ay kanyang inilipat ang mga bilanggo. Ngunit ang hangin ay laban pa rin, at ang pagpapatuloy ng paglalayag ay napakahirap. Isinulat ni Lucas, "At nang makapaglayag na kaming marahan nang maraming araw, at may kahirapan kaming nakarating sa tapat ng Gnido, na hindi kami tinulutan ng hanging makagulong pa, at nagsilayag kaming nanganganlong sa Creta, sa tapat ng Salmon, at sa pamamaybay namin dito na may kahirapan ay nagsidating kami sa isang dako na tinatawag na Mabubuting Daongan." {AGA 332.5}

Sa Mabubuting Daungan, napilitan silang manganlong sa mahabang panahon, sa paghihintay ng mabuting hangin. Ang taglamig ay mabilis na papalapit; "ang paglalayag ay lubhang mapanganib na;" at silang nangangasiwa ng barko ay nawalan na ng pag-asang makarating sa patutunguhan bago matapos ang panahong ang paglalakbay sa dagat ay maaari pa sa taong iyon. Ang kailangang pagpasyahan ay kung mananatili sa Mabubuting Daongan, o sikaping makarating sa isang dakong higit na mainam manganlong sa panahon ng taglamig. {AGA 333.1}

Ang bagay na ito ay matamang pinag-usapan, at sa wakas ay inilahad ng senturyon kay Pablo na natutong igalang ng mga marino at sundalo. Walang liwag na nagpayo si Pablo na manatiii sila sa kinaroroonan. "Nakikita ko," sabi niya, "na ang paglalakbay na ito ay may masasaktan at mapipinsala, hindi lamang sa kargada o sa barko, kundi gayundin sa ating mga buhay." Ngunit ang "kapitan at may-ari ng barko," at karamihan sa mga sakay at marino ay ayaw tanggapin ang payong ito. Sapagkat ang pantalang kinalalagyan nila ay "hindi mainam pamalagian sa panahon ng taglamig, ang nakararami ay nagpayong maglayag na sa pag-asang makarating sa Fenix, at manatiii doon sa tagginaw; na isang kanlungan sa Creta, at nasa dakong timugangkanluran at hilagang-kanluran." {AGA 333.2}

Ipinasiya ng senturyong sundin ang payo ng nakararami. "At nang ang hanging timog ay humihip na banayad," sila ay umalis sa Mabubuting Daongan, sa pag-asang makararating sila

sa ninanais na pantalan. “Ngunit hindi nagtagal ay lumakas...ang hangin;” “ang barko ay napagitnaan, at hindi na nakasalunga pa sa hangin.” {AGA 333.3}

Napadpad ng hangin, ang barko ay nakasapit sa maliit na pulong Clauda, at sa kanlungan nito ang mga marino ay naghanda sa pinakamasaklap. Ang mga panligtas na bangka, ang tanging paraan upang sila’y maligtas kung sakaling sila ay masiraan, ay hinihila at maaaring madurog anumang sandali. Ang unang dapat gawin ay itaas ang mga bangkang ito. Lahat ng maaaring pag-iingat ay ginawa upang mapatibay ang barko at maihanda ito sa bagyo. Ang mahinang proteksyong kaloob ng maliit na pulo ay hindi nagtagal, at muli silang nalantad sa karahasan ng bagyo. {AGA 333.4}

Sa buong magdamag ay nagpatuloy ang bagyo, at sa kabila ng lahat ng pagsisikap na mapatibay ang barko, ito ay nagpasimulang tumanggap ng tubig. “Kinabukasan ay pinagaanan nila ang kargada.” Kinagabihan ay hindi pa rin nagsawa ang hangin. Ang barkong salanta na ng hangin at nabalian ng poste at ang mga layag ay nabutas, at sinasalpok na lamang ng galit ng mga alon. Sa bawat sandali ay parang magkakadurogdurog ang mga kahoy habang ang barko ay nanginginig at umiikot sa hampas ng bagyo. Lumaki pa ang butas, at ang mga pasahero at tripulante ay nagtulong na magtapon ng tubig. Walang isa mang sandaling pahinga sa sinuman. “Sa ikatlong araw,” sinulat ni Lucas, “ay aming ipinagtatapon ng aming sariling mga kamay ang mga kasangkapan ng daong. At nang hindi sumisikat sa amin ang araw ni ang mga bituin man nang maraming mga araw, at sumasaibabaw namin ang hindi munting bagyo, ay nawala ang buong pag-asa na kami’y maligtas.” {AGA 334.1}

Sa loob ng labing-apat na araw sila ay napadpad na walang araw o bituin mang masilayan. Bagama’t hirap ang katawan, ang apostol ay may mga salita ng pag-asa sa pinakamadilim na oras na iyon, may isang kamay na pantulong sa bawat kagipitan. Sa pananampalataya ay nakahawak siya sa kamay ng Walang Katapusang Kapangyarihan, at ang kanyang puso ay nakalagak sa Dios. Wala siyang takot para sa sarili; alam niyang iingatan siya ng Dios upang maging saksi para sa katotohanan ni Kristo sa Roma. Ngunit ang kanyang puso ay nahabag sa mga kawawang kaluluwa sa palibot niya, makasalanan, kawawa at hindi handa sa kamatayan. Sa kanyang maningas na dalangin sa Dios na iligtas ang kanilang mga buhay, ipinahayag sa kanya na ang kanyang kahilingan ay pinaunlakan. {AGA 334.2}

Sa ilang sandaling pahinga ng bagyo, si Pablo ay tumayo at nagsalita sa malakas na tinig: “Mga ginoo, dapat sana ay nakinig kayo sa akin, at hindi tayo umalis sa Creta, at di nasubo sa ganitong kapahamakan. Ngunit ipinamamanhik ko sa inyong laksan ninyo ang inyong mga loob, sapagkat walang buhay na masasawi sa inyo, kundi ang barko lamang ang mawawasak. Sapagkat sa gabi ay napakita sa akin ang isang anghel ng Dios na aking pinaglilingkuran, na nagsabi, Huwag kang matakot, Pablo; kailangang ikaw ay humarap kay Ceasar: at narito, ipinagkaloob ng Dios na ang lahat na naglalayag na kasama mo ay maligtas. Kung kaya’t,

mga ginoo, magalak kayo: sapagkat nananampalataya ako sa Dios, na magaganap ang ayon sa Kanyang salita. Gayunman ay mapapapadpad tayo sa isang maliit na pulo." {AGA 334.3}

Sa pangungusap na ito, ang kanilang pag-asa ay nabuhay. Ang mga pasahero at tripulante ay nagising sa kanilang pagwawalang bahala. Maraming dapat isagawa, at bawat pagsisikap sa kanilang lakas ay dapat gawin upang mahadlangan ang pagkawasak. {AGA 335.1}

Sa ikalabing-apat na gabi ng pagsalpok ng alon sa dilim ng gabi, na sa "hatinggabi" ay nakarinig ang mga marino ng pagsalpok ng alon, "at naisip nilang sila ay malapit sa isang pulo; kayat kanilang tinarok ang lalim at nasumpungan nilang isandaan at dalawampung talampakan; at pagkasulung-sulong ng kaunti, ay dnarok nilang muli at nasumpungang siyamnapung talampakan. Sa takot nang mapadpad sa batuhan," sinulat ni Lucas, "ay nangaghulog sila ng mga sinepete sa unahan, at naghintay na lamang ng kinaumagahan." {AGA 335.2}

Sa pagsikat ng araw ang baybayin ng pulo ay halos di makita, at walang makitang palatandaang kilala nila. Napakadilim ang tanawin anupa't ang mga paganong marino ay nawalan ng pag-asa, "at handa na sanang tumalon mula sa barko," at sa anyong maghuhulog pa ng sinepete, "ay naghulog ng bangka," nang madama ni Pablo ang kanilang masamang tangka ay sinabi sa senturyon at sa mga kawal, "Malibang magsipanatili kayo sa daong, kayo'y hindi maliligtas." Sa gayo'y "agad pinutol ng mga kawal ang mga lubid ng bangka at ito'y nahulog" sa dagat. {AGA 335.3}

Ang pinakamapanganib na oras ay nasa harapan pa nila. Muli ay nagsalita ang apostol ng pampalakas ng loob, at nakiusap sa mga pasahero at tripulante na kumain, na sinabi, "Ngayon ay ikalabingapat na araw na kayo ay hindi kumakain. Ipinapayo ko sa inyong kumain kayo para sa inyong kalusugan: sapagkat walang isa mang buhok na mababawas sa ulo ng sinuman sa inyo." {AGA 335.4}

"Matapos siyang makapagsalita, ay kumuha siya ng tinapay, at nagpasalamat sa Dios sa harapan ng lahat: at nang mapagputol-putol ito ay nagpasimulang kumain." Ang pulutong na ito na pagod at lupaypay na ang bilang ay dalawang daan at pitumpu't-lima, na kung hindi kay Pablo ay naging lupaypay na sana, ay sumama sa apostol sa pagkain ng tinapay. "Matapos makakain ng sapat, pinagaan nila ang barko, at itinapon ang trigo sa dagat." {AGA 335.5}

Sumikat na ang araw, ngunit wala pa rin silang makita upang maalaman kung saan "sila naroroon. Gayunman, ay "nakasumpong sila ng isang look ng dagat na may baybayin, na doon ay maaari nilang ipasok ang barko. Nang maitaas na muli ang mga sinepete, ay muli silang pumagitna sa dagat, pinawalan ang mga tali ng ugit, itinaas ang pangunahing layag tungo sa hangin, at tinungo ang baybayin. Sa dakong nagsasalubong ang dalawang dagat, isinadsad nila ang barko sa lupa, at ang unahan ng barko ay napabunggo at tumigil na hindi

kumildlos, ngunit ang hulihan ay nagkawasak-wasak dahilan sa lakas ng mga alon. {AGA 336.1}

Si Pablo at mga kasama ay nasa panganib ngayong higit sa pagkawasak ng sasakyangdagat. Nakita ng mga kawal na sa pagsisikap na makarating sa lupa ay imposible namang ang mga bilanggo ay kanila pang mapangasiwaan. Bawat isa ay kailangang gawin ang makakaya upang makaligtas. Ngunit kung ang sinuman sa bilanggo ay makatakas, ang buhay ng mga nagbabantay sa kanila ay magiging kabayaran. Kung kaya't ninais ng mga kawal na patayin ang lahat ng mga bilanggo. Ang batas ng Roma ay sang-ayon sa ganitong malupit na patakaran, at sana ay agad isasagawa ang piano. Ngunit si Julio na senturyon na nakakaalam na si Pablo ay naging kasangkapan sa pagliligtas ng lahat ng buhay na lulan ng barko, at bukod dito ay kumbinsidong ang Panginoon ay kasama niya, ay natakot na gawan ito ng masama. Sa gayon ay "nag-utos siyang ang maaaring makalangoy ang unang magpatihulog sa dagat, at magtungo sa baybayin: at ang mga natitira, ang ilan ay nasa malalaking kahoy at mga pirasong bahagi ng barko ang susunod." Nang magkaroon ng pagbibilang, walang sinumang nawawala. {AGA 336.2}

Ang pulutong na nawasak ang sasakyang-dagat ay magandangloob na tinanggap ng mga barbaro sa Melita. "Nagpaningas sila ng apoy," sinulat ni Lucas, "at tinanggap ang bawat isa, sa gitna ng ulan at lamig." Si Pablo ay kabilang sa mga naglilingkod para sa ikagiginhawa ng iba. Datapuwat pagkatipon ni Pablo ng "isang bigkis ng kahoy at mailagay sa apoy," ay lumabas ang isang ulupong "dahil sa init, at kumapit sa kanyang kamay." Nang maldta ng mga barbaro ang makamandag na hayop na nakabitin sa kanyang kamay, ay nagsabi ang isa sa iba. "Walang salang mamamatay-tao ang taong ito, na bagama't siya ay nakatakas sa dagat, gayunma'y hindi siya pinabayaang mabuhay ng katarungan." Gayunma'y ipinagpag niya ang ahas sa apoy, at siya'y hindi nasaktan. Ngunit kanilang hinihintay na siya'y mamaga, o biglang mabuwal na patay. "Datapuwat nang maluwat na silang makapaghintay, at makitang walang nangyaring anuman sa kanya, ay nangabago sila ng akala, at nangagsabing siya'y isang diyos." Sa loob ng tatlong buwang sila ay namalagi sa Melita, si Pablo at mga kapwa manggagawa ay sinamantala ang pagkakataon upang mangaral ng ebanghelyo. Sa kahanga-hangang paraan ang Panginoon ay gumawa sa pamamagitan nila. Alang-alang kay Pablo, ang buong pulutong ng barko ay pinakitunguhang may kagandahang-loob; lahat ng kanilang mga pangangailangan ay nasapatan, at sa kanilang pagalis, ang mga taga Melita ay nagpabaon pa sa kanila ang lahat ng kailangan sa patuloy na paglalakbay. Narito ang maikling paglalarawan ni Lucas sa kanilang maikling panahon doon: {AGA 336.3}

"At sa mga kalapit ng dakong yao'y may mga lupain ang pangulo sa pulong iyon na nagngangalang Publio; na tumanggap sa amin, at nagkupkop sa aming tatlong araw na may kagandahang-loob. At nangyari, nararatay ang ama ni Publio na may sakit na lagnat at iti: at pinasok siya ni Pablo, at nanalangin, at nang maipatong sa kanya ang kanyang mga kamay

ay siya'y pinagaling. At nang magawa na ito, ay nagsiparoon naman ang mga ibang maysakit sa pulo, at pawang pinagaling: Kami nama'y kanilang pinarangalan ng maraming pagpaparangal; at nang magsilayag kami, ay kanilang inilulan sa daong ang mga bagay na kinakailangan namin." {AGA 337.1}

Kapitulo 44 – Sa Roma

Nagpatuloy ang senturyon at mga bilanggo sa paglalakbay patungong Roma. Isang barkong Alexandria, na may pangalang "Castor at Pollux," ang namahinga sa Melita, sa patungo sa kanluran, at dito sila sumakay. Bagama't pinabagal ng hanging nasagupa, ang paglalakbay ay natapos, at ang barko ay dumaong sa magandang pantalan ng Puteoli, sa baybayin ng Italia. {AGA 338.1}

Sa dakong ito ay mayroong ilang Kristiano, at nakiusap sila sa apostol na mamalagi doon ng pitong araw man lamang, isang karapatang pinagbigyan naman ng senturyon. Mula nang tanggapin nila ang sulat ni Pablo sa mga taga Roma, ang mga Kristiano sa Italia ay nanabik na sa pagdalaw ng apostol. Hindi nila inisip na ito ay darating sa kanila na isang bilanggo, ngunit ang kanyang mga pagdurusa ay lalo lamang nagpamahal sa kanya sa kanila. Ang layo ng Puteoli sa Roma ay mga isandaan at apatnapung milya, at sapagkat may patalastasan mula sa pantalan at sa siyudad, ang mga Kristiano sa Roma ay madaling nakabalita ng kanyang pagdating, at ang ilan ay sumalubong sa kanya. {AGA 338.2}

Walong araw matapos na sila'y makadaong, ang senturyon at mga bilanggo ay naglakbay patungong Roma. Maginhawang ipinagkaloob ni Julio sa apostol ang anumang kahilingang kaya niyang ipagkaloob; datapuwat hindi niya mabago ang kalagayan nito bilang isang bilanggo, o pakawalan ito mula sa pagkakatanikala sa isang kawal. Mabigat ang pusong ang apostol ay nagpatuloy sa paglalakbay sa matagal nang naising makadalaw sa malaking siyudad na ito na ito. Gaano kaiba sa mga pangyayaring kanyang inaasahan! Paano niya maipangangaral ang ebanghelyo gayong nakatanikala at nasa kahihiyan? Ang pag-asa niyang makaakit ng maraming tao sa katotohanan sa Roma ay parang mabibigo. {AGA 338.3}

Sa wakas ay nakarating ang mga manlalakbay sa Appii Forum, apatnapung milya mula sa Roma. Sa pagdaan nila sa karamihang {AGA 338.4}

Ang kabanatang ito ay batay sa Gawa 28:11-31 at Sulat kav Filemon. taong nakahanay sa malaking lansangan, ang matandang apostol na abuhin ang kulay ng buhok, nakataling kasama ng mga matitigas na kriminal, ay nakatanggap ng libak at pag-alimura. {AGA 338.5}

Bigla ay may nadinig na sigaw ng kagalakan, isang lalaki ang paragasang lumapit at yumakap sa leeg ng bilanggo, niyakap itong may luha at nagdiriwang, tulad ng isang anak na nakita ang matagal nang pinananabikang ama. Muli at muli ay naulit ang tanawing ito habang

sa mga matang taglay ang mapagmahal na pag-asam ay nakilala nila sa nakatanikalang bilanggo siyang nangaral sa kanila ng salita ng buhay sa Corinto, sa Filipos, at Efeso. {AGA 339.1}

Nang palibutan ng mga nagmamahal na alagad na ito ang ama nila sa ebanghelyo, ang buong pulutong ay natigil. Ang mga sundalo ay nainip sa abala, ngunit hindi nila maatim na putulin ang masayang pagtatagpong ito; sapagkat sila man ay natutong magmahal at gumalang sa kanilang bilanggo. Sa pagal at naghihirap na mukha ng apostol ay nabanaag ng mga alagad ang larawan ni Kristo. Pinasigla nila si Pablo ng mga salitang hindi nila siya nakakalimutan o tumigil man sa pagmamahal sa kanya; na sila ay may pagkakautang sa kanya sa kagalakang nagbibigay buhay sa kanila at sa kapayapaang mayroon sila sa Dios. Sa init ng kanilang pagmamahal ay kakargahin sana nila siya kung maaari lamang. {AGA 339.2}

Ilan lamang ang nakadadama ng kahalagahan ng mga salita ni Lucas, na nang makita ni Pablo ang mga kapatid, “nagpasalamat siya sa Dios, at napalakas ang loob.” Sa gitna ng pagtangis at pagmamalasakit ng mga mananampalataya, na hindi ikinahiya ang kanyang mga tanikala, ang apostol ay nagpasalamat sa Dios sa malakas na tinig. Ang ulap ng kalungkutang nakalambong sa kanya ay napalis. Ang kanyang buhay Kristiano ay mga magkakasunod na pagsubok, pagdurusa, at kabiguan, ngunit sa oras na iyon ay nadama niya ang sapat at saganang kabayaran. May lalong matatag na hakbang na nagpatuloy siya sa paglakad. Hindi na siya makapagrereklamo sa nakaraan, o matatakot man sa hinaharap. Alam niyang naghihintay ang bilangguan at paghihirap; datapuwat alam din niyang sa kanya ang tungkuling iligtas ang mga kaluluwa sa pagkabilanggong higit na kalunos-lunos, at siya ay nagdiwang sa mga paghihirap na ito alangalang kay Kristo. {AGA 339.3}

Sa Roma ay inihatid ni Julio na senturyon ang mga bilanggo sa kapitan ng mga guwardiya ng emperador. Ang mabuting ulat na ibinigay niya tungkol kay Pablo, kasama ng liham ni Festo, ay naging dahilan ng mainam na pakikitungo ng punong kapitan, at sa halip na siya’y dalhin sa bilangguan, ay pinahintulutan siyang tumira sa isang bahay na inupahan. Bagama’t patuloy na nakatanikala sa isang kawal, may laya naman siyang tumanggap ng mga kaibigan at gumawa sa ikasusulong ng gawain ni Kristo. {AGA 339.4}

Maraming mga Judio na sa mga nakaraang panahon ay itinaboy mula sa Roma ang nakabalik na, at isang malaking bilang ang natagpuan doon. Sa kanila una sa lahat, ay ninais ni Pablo na maglahad ng mga katunayan ng kanyang sarili at paggawa, bago makagawa ang mga kaaway na siraan siya sa kanila. Tatlong araw pagkatapos na makarating sa Roma, tinawagan ni Pablo ang kanilang mga pangunahing lalaki, at sa isang simple at tuwirang paraan ay inilahad niya ang dahilan ng kanyang pagiging isang bilanggo sa Roma. {AGA 340.1}

“Mga kapatid,” sinabi niya, “wala akong nagawang anumang bagay laban sa bayan, o tradisyon ng ating mga magulang, gayunman ay dinala akong bihag mula sa sa Jerusalem sa kamay ng mga Romano. Nang ako ay siyasatin nila, ay wala silang masumpungan laban sa akin na marapat sa kamatayan at ako ay pinalaya. Datapuwat nang ang mga Judio ay nagsalita laban dito, ako’y napilitang maghabol kay Ceasar; hindi sapagkat mayroon akong laban sa bayan. Dahilan dito ay ipinatawag ko kayo upang kayo’y makita, at makausap: sapagkat alang-alang sa pag-asa ng Israel ako ay nakatanikala.” {AGA 340.2}

Wala siyang sinabi tungkol sa abusong kanyang naranasan sa kamay ng mga Judio, o ng paulit-ulit na pagtatangkang siya ay patayin. Ang kanyang mga salita ay, maingat at magandang-loob. Hindi siya nagnanais makakuha ng personal na pagtingin o simpatiya, kundi nais niyang ipagtanggol ang katotohanan at mapanatili ang karangalan ng ebanghelyo. {AGA 340.3}

Bilang tugon, ang mga tagapakinig ay nagsabing wala silang natatanggap na paratang laban sa kanya sa liham na publiko o palihim, at walang isa mang Judio na nakabalik sa Roma ang magpaparatang sa kanya ng anumang krimen. Naglahad din sila ng malakas na naising makarinig ng tungkol sa mga dahilan ng kanyang pananampalataya kay Kristo. “Tungkol sa sektang ito,” wika nila, “alam naming sa lahat ng dako ay mayroong sinasabi laban sa kanila.” {AGA 340.4}

Sapagkat sila na rin ang nagnanais nito, hiniling ni Pablo na magtakda ng isang araw upang mailahad niya sa kanila ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Sa araw na itinakda, marami ang nagkatipon, at sa “kanila ay inilahad niya at nagpatotoo tungkol sa kaharian ng Dios, na inaamuki sila tungkol kay Jesus, mula sa kautusan ni Moises at sa mga propeta, mula umaga hanggang sa gabi.” Isinaysay niya ang mga sariling karanasan, at nagharap ng mga argumento mula sa Lumang Tipan na simple, taimtim, at may kapangyarihan. {AGA 340.5}

Ipinakita ng apostol na ang relihiyon ay wala sa mga ritwal at seremonya, mga paniniwala at teoriya. Kung gayon, ang taong laman ay makakaunawa nito sa pamamagitan ng pagsasaliksik, tulad ng pag-unawa sa mga bagay ng sanlibutan. Itinuro ni Pablo na ang relihiyon ay isang praktikal, at nagliligtas na lakas, isang prinsipyong lubos na sa Dios, isang personal na karanasan sa nagpapabagong kapangyarihan ng Dios sa kaluluwa. {AGA 341.1}

Ipinakita rin niya kung paanong itinuro ni Moises ang Israel kay Kristo bilang Propetang kanilang diringgin; kung paanong ang lahat ng mga propeta ay nagpatotoo tungkol sa Kanya bilang gamot ng Dios para sa kasalanan, ang Walang Kasalanang magdadala ng mga kasalanan ng tao. Hindi niya tinuligsa ang kanilang mga ritwal at seremonya, ngunit ipinakitang habang sila ay mahigpit na sumusunod sa mga ito, ay tinatanggihan naman nila Siyang katawan ng mga anino ng lahat ng mga seremonya. {AGA 341.2}

Inihayag ni Pablo na sa kanyang kalagayang hindi hikayat ay hindi niya kilala si Kristo, sa personal, kundi sa isipan lamang tulad din ng maraming nagmamahal sa likas at gawain ng Mesiyas na darating. Tinanggihan niya si Jesus ng Nasaret bilang isang impostor, sapagkat hindi naman ito nakasasapat sa kanyang iniisip tungkol sa Mesiyas. Ngunit ngayon ang pananaw ni Pablo tungkol kay Kristo at sa Kanyang misyon ay higit na espirituwal at mataas, sapagkat siya ay nahikayat na. Tiniyak ni Pablo na hindi niya inihaharap sa kanila ang Kristo na laman. Nakita ni Herodes si Kristo bilang tao; gayundin ni Anas; ni Pilato at mga saserdote at mga pinuno; nakita rin Siya ng mga kawal Romano. Ngunit hindi nila Siya nakita bilang niluwalharing Manunubos. Ang makilala si Kristo sa pananampalataya, ang magkaroon ng espirimwal na kaalaman sa Kanya, ay higit na dapat naisin kaysa personal na pagkakilala sa Kanya nang Siya ay nabuhay sa lupa. Ang komunyon kay Kristo na ngayon ay nararanasan ng apostol ay higit na malapitan, higit na matatag sa alin mang makatao at makalupang pagsasamahan. {AGA 341.3}

Habang si Pablo ay nagsasalita tungkol sa lahat niyang nalalaman, at nagpatotoo tungkol sa kanyang nakita tungkol kay Jesus ng Nasaret bilang pag-asa ng Israel, silang taimtim na naghahanap ng katotohanan ay nahikayat. Sa ilang mga isipan naman, ang kanyang mga salita ay nadiing hindi na maaalis pa. Ngunit ang iba ay matigas na tumangging tanggapin ang malinaw na patotoo ng Kasulatan kahit na ito’y iniharap sa kanila ng isang may tanging liwanag ng Banal na Espiritu. Hindi nila malabanan ang mga argumento, ngunit tinanggihan naman nila ang kanyang paniniwala. {AGA 342.1}

Maraming buwan ang lumipas matapos na dumating si Pablo sa Roma, bago nakarating sa Roma ang mga Judio na galing sa Jerusalem upang iharap na personal ang kanilang mga paratang laban sa bilanggo. Paulit-ulit na nahadlangan sila sa kanilang mga pakana; at ngayon si Pablo ay lilitisin sa harap ng pinakamataas na tribunal ng emperyo ng Roma; at wala silang naising dito ay mabigo pa. Si Lysia, Felix, Festo, at Agrippa ay naghayag ng kanilang paniniwala sa kanyang kawalang sala. Ang pag-asa na lamang ng kanyang mga kaaway ay daanin sa intriga ang bagay na ito upang makuha ang pabor ng emperador. Ang antala ay pabor sa kanila, sapagkat may panahon silang pagbutihin at isagawa ang kanilang mga piano, kung kaya’t naghintay pa silang matagal bago maglahad ng mga paratang laban sa apostol. {AGA 342.2}

Sa paglalaan ng Dios, ang antala namang ito ay naging panahon ng pagpapasulong ng ebanghelyo. Sa pahintulot ng mga bantay ni Pablo, siya ay binigyang layang tumira sa isang malaking bahay, na doo’y malaya siyang madadalaw at makatatagpo ng mga kaibigan, at sa bawat araw ay mailalahad ang katotohanan sa sinumang tutungo roon. Sa loob ng dalawang taon ay nagpatuloy siya sa ganitong paggawa, “na nangangaral ng kaharian ng Dios, at nagtuturo ng mga bagay na tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo, na may buong pagtitiwala, at walang sinumang taong pumipigil sa kanya.” {AGA 342.3}

Sa panahong ito, ang mga iglesia na kanyang naitatag sa maraming lupain ay hindi nakalimutan. Sa pagkadama ng mga panganib na nakakaharap ng mga bagong hikayat sa pananampalataya, sinikap ng apostol na sa pamamagitan ng liham ay mabigyan silang babala at praktikal na turo. At mula sa Roma ay nagsugo siya ng mga natatalagang manggagawa upang maglingkod hindi lamang sa mga iglesiang ito, kundi gayundin sa mga bukirang hindi niya napuntahan. Ang mga manggagawang ito, bilang mga matalinong pastor, ay pinalakas na mainam ang gawaing pinasimulan ni Pablo; ang mga manggagawang ito ay lagi siyang binalitaan sa mga kalagayan ang mga panganib sa mga iglesia, at sa pamamagitan nito ay matalinong napangasiwaan niya sila. {AGA 342.4}

Kung kaya't, bagama't hiwalay sa aktibong paggawa para sa kanila, si Pablo ay nagkaroon ng lalong malawak at nagtatagal na impluwensya sa kanila kaysa kung siya ay malayang naglalakbay sa mga iglesiang ito na kanyang dating pinaglingkuran. Bilang isang bilanggo sa Panginoon, may mas mahigpit siyang hawak sa mga pagmamahal ng mga kapatid; at ang kanyang mga salita, na nasulat habang isang bilanggo para kay Kristo, ay tumanggap ng lalong pansin at paggalang kaysa kung siya ay personal na kasama nila. Nang si Pablo ay wala na sa kanila, saka lamang higit na nadama ng mga kapatid kung gaano kabigat ang pasaning tinaglay niya para sa kanila. Dati ay umiiwas sila sa mga kapanagutan at pasanin sapagkat wala silang karunungan, talino, at lakas; ngunit ngayong naiwang nagiisa sa kawalang karanasan, ay napilitan silang matutuhan ang mga liksyong kanilang iniwasan, at ngayon ay pinahalagahan nila ang kanyang mga babala, payo, kung paanong hindi nila pinahalagahan ang kanyang turo at personal na paggawa. At sa pagkadinig nila tungkol sa kanyang personal na tapang at pananampalataya sa panahon ng mahabang pagkabilanggo, sila ay napakilos sa lalong pagtatapat at sigasig sa gawain ni Kristo. {AGA 343.1}

Kabilang sa mga kawaksi ni Pablo sa Roma ay karamihan sa kanyang mga dating kasama at kamanggagawa. Si Lucas, "ang minamahal na manggagamot," na naglingkod sa kanya sa paglalakbay mula Jerusalem, sa dalawang taong pagkabilanggo sa Cesarea, at sa mapanganib na paglalakbay patungong Roma, ay kasama pa rin niya. Si Timoteo ay naglingkod din sa kanyang ikagiginhawa. Si Tichico, "isang tapat na kapatid, isang tapat na ministro at kapwa lingkod sa Panginoon," ay marangal na tumayo sa tabi ng apostol. Si Demas at Marcos ay kasama din. Si Aristarco at Epaphras ay "mga kapwa bilanggo." Colosas 4:7-14. {AGA 343.2}

Mula sa mga unang taon ng kanyang pananampalataya, si Marcos ay napalalim sa karanasang Kristiano. Sa lalong masinop na pagaaral ng buhay at kamatayan ni Kristo, ay nakatanggap siya ng mas malinaw na pananaw sa misyon ng Tagapagligtas, ang mga pagggawa at tunggalian nito. Si Marcos ay naging masunuring lingkod ng Panginoon sa landas ng pagsasakripisyo matapos na mabasa sa pilat ng Kanyang palad at paa ang mga marka ng paglilingkod sa sangkatauhan at ang maaabot ng pagtanggi sa sarili upang maakay

at mailigtas ang waglit. At ngayong kabahagi ng kalagayan ni Pablo na bilanggo, higit niyang naunawaan ang walang sukat na pakinabang sa pagtatamo kay Kristo, at ang walang sukat na kawalan ng pagtatamo ng sanlibutan ngunit mapahamak naman ang kaluluwang dahil dito ay dumanak ang dugo ni Kristo. Sa harap ng mahigpit na pag-uusig at kahirapan, si Marcos ay nagpatuloy na matatag, isang matalino at minamahal na katulong ng apostol. {AGA 343.3}

Si Demas, na sa isang panaho'y matatag, di nagtagal ay humiwalay sa gawain ni Kristo. Sa pagbanggit nito, sumulat si Pablo, "si Demas ay tumalikod sa akin, na higit na inibig ang sanlinbutang ito." 2 Timoteo 4:10. Sa pakinabang na materyal, ipinagpalit ni Demas ang bawat mataas at marangal na bagay. Gaano kailding pananaw! Sa pagtataglay ng mga materyal na bagay lamang ng sanlibutan, tunay na dukha, gaano man ang yamang maaari niyang maangkin; samantalang si Marcos, na piniling magdusa para kay Kristo, ay nagtataglay ng walang hanggang kayamanan, bilang isang tagapagmana ng Dios ay kasamang tagapagmana ng Anak ng Dios. {AGA 344.1}

Kabilang sa mga nagkaloob ng puso sa Dios sa paggawa ni Pablo sa Roma, ay si Onesimo, isang paganong alipin na nagkasala sa kanyang panginoong si Filemon, isang Kristianong mananampalataya sa Colosas, at ito'y tumakas sa Roma. Sa kagandahang-loob, sinikap ni Pablo na tulungan ang takas na ito sa kanyang paghihirap, at gayundin, ay bigyang liwanag ng katotohanan ang kanyang nadidimlang pag-iisip. Si Onesimo ay nakinig sa mga salita ng buhay, nagkumpisal ng mga kasalanan, at nahikayat sa pananampalataya ni Kristo. {AGA 344.2}

Si Onesimo ay napamahal kay Pablo dahilan sa kanyang kabanalan at kataimtiman, sa pagmamalasakit nito sa kaginhawahan ng apostol, at sa sigasig na pasulungin ang gawain ng ebanghelyo. Nakita ni Pablo sa kanya ang mga katangian ng likas na maaaring puhunan sa pagiging mahusay na katulong sa gawaing misyonero, at pinayuhan niya itong magbalik agad kay Filemon, humingi dito ng patawad at magpanukala para sa hinaharap. Nangako ang apostol na siyang sasagot sa halagang ninakaw niya kay Filemon. Sapagkat si Tichico ay kanyang isusugo sa mga iba't ibang iglesia sa Asia Minor taglay ang ilang mga liham, pinasama niya si Onesimo dito. Isang malaking pagsubok para sa aliping ito na humarap sa kanyang panginoong pinagkasalahan; ngunit siya ay tunay na nahikayat, at hindi siya tumalikod sa tungkulin. {AGA 344.3}

Ipinadala ni Pablo kay Onesimo ang isang liham para kay Filemon, na dito, sa katutubong talino at kagandahang-loob, ay nakiusap ang apostol para sa nagsising alipin, at naglahad ng hangaring ito ay mapakinabangan sa hinaharap. Ang liham ay binuksan ng mapagmahal na pagbati kay Filemon bilang isang kaibigan at kamanggagawa: {AGA 345.1}

"Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. Nagpapasalamat akong lagi sa aking Dios, na ikaw ay binabanggit ko sa aking

mga panalangin, sa pagkabalita ko ng iyong pag-ibig at ng pananampalataya mo sa Panginoong Jesus, at sa lahat ng mga banal; upang ang pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawat mabuting bagay na nasa iyo sa kay Kristo Jesus." Ipinaalaala ng apostol kay Filemon na ang bawat mabuting adhikain at mabuting likas ay dahilan sa biyaya ni Kristo; at ito ang nagbibigay pagkakaiba sa mga masama at makasalanan. Ang katulad na biyaya ay siya ring lilikha sa isang masamang kriminal na isang anak ng Dios at mabisang kamanggagawa sa ebanghelyo. {AGA 345.2}

Maaari sanang imungkahi ni Pablo kay Filemon na gampanan nito ang tungkulin bilang isang Kristiano; ngunit sa halip ay nakiusap siya: "Ipinamamanhik ko sa iyo ang aking anak, na aking ipinanganak sa aking mga tanikala, si Onesimo, na nang unang panahon ay hindi mo pinakinabangan, datapuwat ngayon ay may pakikinabangan ka at ako man." {AGA 345.3}

Hiniling ng apostol kay Filemon, dahilan sa pagkahikayat ni Onesimo, na tanggapin ang nagsising alipin bilang sariling anak, na ipakita dito ang pagmamahal anupa't nanaisin nitong manatiii sa kanya, "hindi bilang isang alipin, ngunit higit sa isang alipin, isang minamahal na kapatid." Ipinahayag niyang nais niyang si Onesimo ay makapaglingkod sa kanya sa pagkakabilanggo, tulad din naman ng nanaisin ni Filemon na magawa bagama't hindi niya ito hahangarin maliban munang sa kusang loob ay palayain muna niya ang alipin. {AGA 345.4}

Alam ng apostol ang kabagsikan ng mga panginoon sa kanilang alipin, at alam din niyang si Filemon ay tunay na galit sa ginawa ng kanyang alipin. Sinulatan niya ito sa paraang gigising ng pinakamalalim at pinakamapagmahal na damdamin bilang isang Kristiano. Ang pagkahikayat ni Onesimo ay nagpabago ng kanyang kalagayan upang ngayon ay maging kapatid sa pananampalataya, at anumang parusang igagawad sa bagong hikayat na ito ay ituturing ni Pablo na sa kanya na rin iginawad. {AGA 345.5}

Kusang iminungkahi ni Pablo na siya na ang sasagot sa pagkakautang ni Onesimo upang ang nagkasalang ito ay hindi na maparusahan, at muli ay makatanggap ng mga karapatang nawala sa kanya. "Kung ako nga ay inaari mong kasama," isinulat niya kay Filemon, "ay tangapin mo siyang tila ako rin." Ngunit kung siya'y nagkasala sa iyo ng anuman, ay ibilang mo sa akin; Akong si Pablo na sumusulat nito sa aking sariling kamay, ay siyang magbabayad sa iyo." {AGA 346.1}

Gaano nga kaangkop na ilustrasyon ng pag-ibig ni Kristo sa nagsisising makasalanan! Ang aliping nagnakaw sa kanyang panginoon ay walang magagawa upang makabayad. Ang makasalanang nagnakaw sa Dios ng mga taon ng paglilingkod ay walang magagawa upang mawala ang pagkakautang. Si Jesus ay namamagitan sa makasalanan at sa Dios, na nagsasabi,

Babayaran Ko ang pagkakautang. Palayain ang makasalanan; Ako ang magdurusa para sa kanya. {AGA 346.2}

Matapos mag-alok ng pag-ako sa utang ni Onesimo, ipinaalaala ni Pablo kay Filemon kung paano namang siya ay may malaking pagkakautang sa apostol. Ang sarili ay utang niya sa kanya, sapagkat ginawa ng Dios si Pablo na kasangkapan sa kanyang pagkahikayat.

At sa mapagmahal at maningas na pagsamo, hiniling niya kay Felimon na kung paanong siya ay naging mapagbigay sa mga banal, ay mapasasaya niya ang apostol sa pagkakaloob sa kanya ng dahilang magdiwang. Kita'y sinulatan sa pagkakatiwala sa iyong pagtalima, palibhasa'y aking nalalaman na gagawin mo ang higit pa kaysa aking sinasabi." {AGA 346.3}

Ang liham ni Pablo kay Filemon ay naghahayag ng impluwensya ng ebanghelyo sa ugnayan ng panginoon at alipin. Ang pagkakaroon ng mga alipin ay isang tatag na institusyon sa buong emperyo ng Roma, at ang mga panginoon at alipin ay kapwa natatagpuan sa karamihan ng mga iglesiang ginawan ni Pablo. Sa mga siyudad, na mas marami ang mga alipin kaysa mamamayang laya, ang mga mahihigpit na batas ay kailangan upang ang mga ito ay masupil. Ang isang mayamang Romano kadalasan ay nag-aari ng daan-daang alipin, sa bawat ranggo, mula sa maraming bansa, at sa maraming kakayahan. Maaari niyang saktan ang mga ito palibhasa'y lubos ang kontrol sa kanilang mga katawan at kaluluwa. Kung sinuman sa mga ito ay magtangkang magtaas ng kamay laban sa panginoon dahilan sa pagganti o pagtatanggol sa sarili, ang buong pamilya ng alipin ay maaaring isakripisyong hindi makatao. Ang pinakamaliit na pagkakamali, aksidente, o kawalang ingat ay madalas na pinarurusahang walang awa. {AGA 346.4}

Ang ilang panginoon, na mas makatao sa iba, ay mas mapagtiis sa kanilang mga alipin; datapuwat ang karamihan ng mga mayayaman at mararangal, na lango sa layaw, pita, at gana, ay madalas na ginagawa ang kanilang mga alipin bilang biktima ng kapritso at kalupitan. Ang takbo ng buong sistema ay walang pag-asang nagpapababa ng pagkatao. {AGA 347.1}

Hindi tungkulin ng apostol na baguhin ang sistemang ito ng lipunan. Ang subukin ito ay magiging hadlang sa tagumpay ng ebanghelyo. Ngunit nagturo siya ng mga simulaing nakatuon sa pinakapundasyon ng pagkaalipin na kung isasagawa ay tunay na magpapahina sa buong sistema. "Kung nasaan ang Espiritu ng Panginoon, mayroong kalayaan." 2 Corinto 3:17. Kapag nahikayat, ang alipin ay nagiging kaanib ng katawan ni Kristo, at sa ganito ay mamahalin at ituturing bilang isang kapatid, kapwa tagapagmana katulad ng kanyang panginoon sa mga pagpapala ng Dios at mga karapatan ng ebanghelyo. Sa kabilang dako, ang mga alipin ay dapat tumupad ng kanilang mga tungkulin, "hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao; kundi bagkus gaya ng mga alipin ni Kristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios." Efeso 6:6. {AGA 347.2}

Ang Kristianismo ay nagtatatag ng matibay na ugnayan ng pangi-noon at alipin, hari at mamamayan, ng ministro ng ebanghelyo at ng makasalanang nakasumpong ng paglilinis ng kasalanan kay Kristo. Sila ay nahugasan sa iisang dugo, binuhay ng iisang Espiritu; at sila ay pinagkaisa kay Jesu-Cristo. {AGA 347.3}

Kapitulo 45 – Ang Sambahayan ni Ceasar

Ang ebanghelyo ay higit na matagumpay sa mga mababang uri ng tao. “Hindi ang maraming marurunong ayon sa laman, hindi ang maraming may kapangyarihan, hindi ang maraming mahal na tao ang mga tinawag.” 1 Corinto 1:26. Hindi maaasahang si Pablo, isang hamak at walang kaibigang bilanggo, ang makakakuha ng pansin ng mayayaman at may titulong mga Romano. Sa kanila ang mga bisyo ay kaaldt-aldt at sila ay mga kusangloob na bihag. Ngunit marami sa mga pinighati at pinagmalupitang biktima, pati na sa mga alipin, ang magalak na nakinig sa mga salita ni Pablo, at nakasumpong sa pananampalataya ni Kristo ng isang pag-asa at kapayapaang nagpasigla sa kanila sa ilalim ng mga kahirapan. {AGA 348.1}

Gayunman, habang ang apostol ay nagsisimula ng gawain sa mababang uring ito, ang impluwensya nito ay lumawak hanggang sa makarating sa palasyo ng emperador. {AGA 348.2}

Sa panahong ito ang Roma ang pangunahing lunsod ng sanlibutan. Ang mayayabang na Ceasar ay nagbibigay ng mga batas sa halos bawat bansa sa lupa. Ang hari at tauhan sa korte ay walang nalalaman tungkol sa hamak na Nazareno, o pinakikitunguhan Siyang may muhi at aglahi. Gayunman, sa loob ng dalawang taon ang ebanghelyo ay nakarating sa palasyo ng hari mula sa abang tirahan ng bilanggo. Si Pablo ay nakatanikala bilang manggagawa ng kasamaan; ngunit “ang salita ng Dios ay hindi natatanikalaan.” 2 Timoteo 2:9. {AGA 348.3}

Sa mga nakaraang taon ang apostol ay naghayag sa publiko ng pananampalataya ni Kristo taglay ang kapangyarihang umakit; at sa mga tanda at kababalaghan ay nagbigay ng hindi mapagkakamaliang katibayan ng makalangit na likas nito. May katatagang siya ay tumayo sa harapan ng mga pantas ng Grecia, at sa kanyang kaalaman at husay sa pagsasalita ay pinatahimik ang mga argumento ng mayayabang na pilosopiya. Sa hindi natitinag na tapang siya ay tumayo sa harapan ng mga hari at gobernador, at nakipagkatuwiranan tungkol sa katuwiran, pagtitimpi, at paghuhukom na darating, hanggang sa ang mapagmataas na mga pinunong ito ay nanginig na parang namamasdan nila ang mga kakilakilabot na araw ng Dios. {AGA 348.4}

Wala nang ganitong mga pagkakataong nabigay pa sa apostol na nakakulong sa tinitirahan, at nakakapagbahagi na lamang siya ng katotohanan sa kanilang nakadadalaw sa kanyang

tirahan. Wala siyang utos mula sa langit, tulad ni Moises at Aaron, upang humarap sa masamang hari sa pangalan ng dakilang AKO NGA upang tuligsain ang kanyang kalupitan at pang-aapi. Gayunman, sa panahong ito na ang pinakadakilang tagapagtanggol ay parang hiwalay sa karamihan at publikong paggawa, na ang pinakadakilang tagumpay ay naganap para sa ebanghelyo; sapagkat mula sa sambahayan ng hari, ay may naparagdag sa iglesia. {AGA 349.1}

Wala nang kapaligirang makikita na walang malasakit sa Kristianismo liban sa korte sa Roma. Parang binura na ni Nero sa kanyang kaluluwa ang pinakahuling bahid ng langit, kahit na ng tao, upang malantad sa kanya ang larawan ni Satanas. Ang mga naglilingkod sa kanya at mga kawaksi sa pangkalahatan ay nagaya na sa kanya—mabangis, mababa, at masama. Sa paningin ng lahat ay parang imposible para sa Kristianong makatapak man lamang sa korte at palasyo ni Nero. {AGA 349.2}

Gayunman sa pangyayaring ito, tulad din sa marami pa, ay napatunayan ang sinabi ni Pablo na ang mga sandata ng kanyang pakikipagbaka ay "makapangyarihan sa pamanagitan ng Dios sa pagwawasak ng mga tanggulan." 2 Corinto 10:4. Kahit na sa sam-bahayan ni Nero, mga tropeo ng krus ay nakamtan. Mula sa masasamang tagapaglingkod ng lalong masamang hari ay nagkaroon ng mga nahikayat at naging mga anak ng Dios. Ang mga ito ay naging mga Kristiano hindi palihim, kundi hayagan. Hindi nila ikinahiya ang kanilang pananampalataya. {AGA 349.3}

Sa paanong paraan ang ebanghelyo ay nagkaroon ng matatag na pagpasok gayong parang imposible? Sa kanyang pagliham sa mga taga Filipos, itinuring ni Pablo ang kanyang pagkabilanggo bilang dahilan ng pagkahikayat ng marami mula sa sambahayan ni Nero. Sa pangambang baka isipin nilang ang pagkabilanggong ito ay hadlang sa pagsulong ng ebanghelyo, sumulat siya: "Nais kong maunawaan ninyo mga kapatid, na ang mga bagay na nangyari sa akin ay naganap sa ikasusulong ng ebanghelyo." Filipos 1:12. {AGA 349.4}

Nang unang mabalitaan ng mga iglesiang Kristiano ang pagdalaw ni Pablo sa Roma, tumingin silang may pananabik sa magiging tagumpay ng ebanghelyo sa siyudad. Nadala na ni Pablo ang katotohanan sa maraming lupain; inihayag niya ito sa malalaking siyudad. Hindi baga magtatagumpay din ang kampiyong ito ng pananampalataya sa pangunahing lunsod ng sanlibutan? Ngunit ang pag-asa nila ay napalis nang madinig ang balitang si Pablo ay nakarating sa Roma bilang isang bilanggo. May tiwala silang tumingin sa pagtatatag ng ebanghelyo sa dakilang sentrong ito, at kakalat sa lahat ng mga bansa at magiging namamayaning kapangyarihan sa buong lupa. Gaano nga ang kanilang kabiguan! Nabigo ang pag-asa ng tao, ngunit hindi ang adhikain ng Dios. {AGA 350.1}

Hindi sa mga sermon ni Pablo, kundi sa kanyang tanikala, nahikayat ang korte ng hari sa Kristianismo. Bilang isang bilanggo na kanyang nilagot ang kadena na nakagapos sa

maraming kaluluwang alipin ng kasalanan. At hindi lamang ganito. Inihayag niya: “Marami sa mga kapatid sa Panginoon, na nakasumpong ng kalakasan sa aking mga tanikala, ang higit na naging matapang sa paglalahad ng salita na walang takot.” Filipos 1:14. {AGA 350.2}

Ang pagtitiyaga at kasiglahan ni Pablo sa mahabang panahon ng walang katarungang pagkabilanggo, ang kanyang tapang at pana-nampalataya, ay palagiang sermon. Ang kanyang diwa, hindi katulad ng diwa ng sanlibutan, ay naging saksi sa isang kapangyarihang taglay niya na higit na mataas kaysa lahat sa lupa. At sa kanyang halimbawa, ang mga Kristiano ay naitulak taglay ang higit na lakas upang maging mga tagapagtanggol ng gawain sa publiko na hindi na magawa ni Pablo. Sa mga paraang ito ang mga tanikala ng apostol ay naging mabisa, anupa’t nang ang kanyang kapangyarihan at bisa sa paggawa ay parang naputol na, at sa tingin ng lahat siya ay wala nang magagawa pa, na sa panahong ito ay nakapagtipon siya ng maraming uhay sa bukiran para kay Kristo gayong sa tingin siya ay di na kabilang pa. {AGA 350.3}

Bago magwakas ang dalawang taong pagkabilanggo, nasabi ni Pablo, “Ang aking mga tanikala kay Kristo ay nahayag sa lahat sa palasyo, at sa lahat ng ibang dako;” at kabilang sa mga nagpadala ng pagbati sa mga taga Filipos ay binanggit niyang pangunahin silang “sa sambahayan ni Ceasar.” Filipos 1:13; 4:22. {AGA 350.4}

Ang pagtitiis at tapang ay may kanyang tagumpay. Sa kaamuan sa harap ng paglilitis, sa tapang sa paggawa, ang mga kaluluwa ay maaakit kay Kristo. Ang Kristianong maghahayag ng pagtitiis at kasiglahan sa gitna ng pighati at paghihirap, na hinaharap pati ang kamatayan na payapa at panatag sa isang pananampalatayang di natitinag, ay maaaring makagawang higit kaysa buong buhay niya ng tapat na paggawa. Madalas na kapag ang lingkod ng Dios ay nawawala sa aktibong paggawa, ang mahiwagang paglalaan ng Dios naman ang gumagawa upang tabunan ang ating kalumbayan sa gawaing hindi na magagampanan pa. {AGA 350.5}

Huwag isipin ng alagad ni Kristo, na kapag siya ay hindi na makagawang pampubliko at aktibo para sa Dios at sa Kanyang katotohanan, na wala na nga siyang paglilingkod pang maihahandog, wala nang gantimpala pang matatamo. Ang mga tunay na saksi ni Kristo kailanman ay hindi naisasantabi. Sa kalusugan o karamdaman, sa buhay o kamatayan, ginagamit pa rin sila ng Dios. Kung sa pamamagitan ng masamang pakana ni Satanas ang mga lingkod ni Kristo ay pinaguusig, ang kanilang aktibong paggawa ay nahahadlangan, kapag sila ay nabibilanggo, o kinakaladkad sa pahirapan o sunugan, ito ay upang ang katotohanan ay higit na magtagumpay. Habang ang mga tapat na ito ay tinatatakan ng sariling dugo ang kanilang katapatan, ang mga kaluluwang sana’y nag-aalinlangan pa ay nakukumbinse sa pana-nampalataya kay Kristo, at tatayong matapang para sa Kanya. Mula sa abo ng mga martir ay sisibol ang saganang ani para sa Dios. {AGA 351.1}

Ang sigasig at katapatan ni Pablo at mga kasama sa paggawa, gayundin ang pananampalataya at pagsunod ng mga nahikayat sa Kristianismo, sa ilalim ng mga pangyayaring napakahirap, ay tuligsa sa katamaran at kakulangan ng pananampalataya sa ministro ni Kristo. Ang apostol at mga kasama ay maaari sanang nagdahilang walang kabuluhan pang tawagan sa pagsisisi at pananampalataya kay Kristo ang mga alipin ni Nero, sapagkat sila ay nasa ilalim ng mahihigpit na tukso, napapalibutan ng mga malalaking sagabal at lantad sa matinding pagsalungat. Kahit na kung ang mga ito ay makumbinse sa katotohanan, paano naman sila makasusunod? Ngunit si Pablo ay hindi nagdahilan ng ganito; sa pananampalataya ay inihayag niya ang ebanghelyo sa mga kaluluwang ito, at sa mga nakapakinig ay may ilang sumunod anuman ang kabayaran nito. Sa kabila ng mga hadlang at panganib, tatanggapin nila ang liwanag, at magtitiwala sa Dios upang tumulong sa kanila na ang liwanag ay kanilang maibahagi sa iba {AGA 351.2}

Hindi lamang nakahikayat sa katotohanan sa sambahayan ni Ceasar, ang mga ito ay nanatili pa sa paglilingkod. Hindi nila inisip na malayang iwanan ang kanilang tungkulin sa kabila ng kapaligirang hindi na mainam para sa kanila. Doon sila nasumpungan ng katotohanan, at doon sila mananatili, at sa pamamagitan ng kanilang mga buhay na nabago at bagong likas ay magpapatotoo sila sa nagpapabagong kapangyarihan ng kanilang bagong pananampalataya. {AGA 352.1}

Mayroon bang natutuksong idahilan ang mga pangyayaring nakapalibot sa kanila upang hindi sumaksi para kay Kristo? Bigyang pansin ang kalagayan ng mga alagad sa sambahayan ni Ceasar—ang kasamaan ng emperador, ang kalaswaan ng korte. Wala na tayong maiisip pang mga pangyayaring higit na pangit para sa kabuhayang relihiyon, na higit na nangangailangan ng sakripisyo kaysa kapaligirang nasumpungan ng mga bagong hikayat na ito. Gayunman, sa gitna ng malaking kahirapan at panganib ay nanatili sila sa pagtatapat. Dahilan sa mga sagabal na parang hindi malalagpasan, ang Kristiano ay maaaring magdahilan sa pagsunod sa katotohanang na kay Jesus; ngunit wala siyang maidadahilan na papasa sa paghuhukom. ‘Kung mangyayari ito, mapatutunayan niyang ang Dios ay walang katarungan sa pagpapahintulot sa Kanyang mga anak ng mga kondisyong sa kaligtasang hindi nila masusunod. {AGA 352.2}

Siyang ang puso ay nakalagak sa paglilingkod sa Dios ay makasusumpong ng mga pagkakataong makasaksi para sa Kanya. Ang mga kahirapan ay walang kapangyarihang pigilin siyang ang kaharian ng Dios at ang Kanyang katuwiran muna ang iniisip. Sa kalakasang natatamo sa pananalangin at pag-aaral ng Salita, hahanapin niya ang kabutihan at itatakwil ang bisyo. Sa pagtingi:kay Jesus, na may-akda at tagapagtapos ng pananampalataya, na nagtiis ng pag-upasala ng mga makasalanan, ang mananampalataya ay magtitiis ng libak at pagtuya. Ang tulong at biyayang sapat sa bawat pangyayari ay ipinangako Niyang ang salita ay katotohanan. Ang Kanyang walang hanggang bisig ay nakayakap sa kaluluwang

lumalapit sa Kanya. Sa Kanyang kandili ay maaari tayong mapanatag, at magsabi, “Sa panahong ako ay natatakot, ako ay magtitiwala sa Kanya.” Awit 56:3. Sa lahat ng magtitiwala sa Kanya, ang Dios ay hindi magkukulang sa pagtupad sa mga pangako. {AGA 352.3}

Sa Kanyang sariling halimbawa ang Tagapagligtas ay nagpakitang ang Kanyang mga alagad ay maaaring nasa lupang ito, datapuwat hindi ukol sa lupang ito. Naparito Siya hindi upang makibahagi sa mga madayang kalayawan nito, upang mapaanod sa kanyang mga ugali, o sumunod sa kanyang mga gawi, kundi upang ganapin ang kalooban ng Kanyang Ama, upang hanapin at iligtas ang waglit. Taglay ang ganitong adhikain, ang Kristiano naman ay maaaring makatayong hindi nahahawahan ng kanyang kapaligiran. Anuman ang kanyang kalagayan, hamak man o mataas, ihahayag niya ang kapangyarihan ng tunay na relihiyon sa kanyang tapat na pagtupad ng tungkulin. {AGA 352.4}

Hindi malayo sa pagsubok, kundi sa gitna nito, na ang likas Kristiano ay napapalago. Ang pagiging lantad sa upasala at pagsalungat ang umaakay sa alagad ni Kristo sa lalong dakilang pagbabantay at lalong maningas na panalangin. Ang mahigpit na pagsubok ay natatagalan sa biyaya ng Dios na nagpapalago ng pagtitiis, pagbabantay, at katatagan, at ng isang malalim at nananatiling pagtitiwala sa Dios. Ang ganitong pagtatagumpay ng pananampalatayang Kristiano ang nagbibigay lakas sa alagad na magdusa at magpakalakas; magpasakop, at magtagumpay; ang harapin ang kamatayan, gayunman ay mabuhay; ang magbata ng krus, at sa ganito ay matamo ang putong ng kaluwalhatian. {AGA 353.1}

Kapitulo 46 – Isinulot Mula sa Roma

Maaga pa sa karanasang Kristiano ni Pablo ay nabigyan siya ng tanging pagkakataon upang malaman ang kalooban ng Dios tungkol sa mga alagad ni Jesus. Siya ay “inagaw sa ikatlong langit,” “sa paraiso, at nakarinig ng mga salitang di masayod, na hindi nararapat salitain ng tao.” Siya na rin ang kumilalang maraming “pangitain at pagpapahayag” ang ipinagkaloob sa kanya “ng Panginoon.” Ang kanyang unawa sa mga simulain ng katotohanan ng ebanghelyo ay katumbas ng “mga pangunahin sa mga apostol.” 2 Corinto 12:2, 4, 1, 11. Taglay niya ang malinaw at buong pagkaunawa sa “lawak, at haba, at lalim, at taas” ng “pag-ibig ni Kristo na di masayod ng kaalaman.” Efeso 3:18, 19 {AGA 354.1}

Hindi masabing lahat ni Pablo ang lahat ng nakita niya sa pangitain; sapagkat kabilang sa mga nakikinig sa kanya ay mga taong maaaring bigyang maling kahulugan ang mga ito. Ngunit ang mga bagay na inihayag sa kanya ay nagbigay kapangyarihan sa kanya upang gumawa bilang isang lider at matalinong guro, at siya ring naghubog ng mga pabalitang ipadadala niya sa mga iglesia sa darating na mga taon. Ang liwanag na tinanggap niya sa pangitain ay tinaglay niyang palagi, at nagbigay sa kanya ng wastong paglalarawan ng likas Kristiano. Sa salita ng bibig at sa liham ay nagtaglay siya ng pabalitang lagi na lamang naghatid ng tulong at kalakasan sa iglesia ng Dios. Sa mananampalataya ngayon ang pabalitang ito ay nangungusap na malinaw ng mga panganib na nakabanta sa iglesia, at ng mga huwad na doktrinang kailangang harapin. {AGA 354.2}

Ang naisin ng apostol para sa kanilang tatanggap ng mga liham ng pagpapayo at pagsamo, ay upang sila ay hindi na matulad pa “sa mga maliliit na bata, na kung saan hipan ng hangin ng bawat doktrina ay nadadala;” kundi sila ay makaabot sa “pagkakaisa ng pananampalataya, at sa pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa kasakdalan ng tao, hanggang sa sukat ng kahustuhan ni Kristo.” Sumamo siya sa mga Ang kabanatang ito ay batay sa mga Sulat sa Colosas at Filipos. alagad ni Kristo sa gitna ng mga Gentil na huwag lumakad tulad ng “ibang mga Gentil, sa kawalang kabuluhan ng kanilang pag-iisip, na ang mga pagkaunawa ay pinadilim, na napalayo sa buhay ng Dios... dahilan sa pagkabulag ng kanilang mga puso,” at “sa halip ay lumakad na tulad ng marurunong, at di tulad ng mga mangmang, na sinasamantala ang panahon.” Efeso 4:14, 13, 17, 18; 5:15, 16. Pinasigla niya ang mga mananampalatayang tumanaw sa hinaharap sa panahong si Kristo, na “umibig sa iglesia, at nagbigay ng Kanyang sarili para dito,” ay “haharap sa Kanyang sarili ng isang iglesiang maluwalhati, walang mantsa, o kulubot o anumang bagay”—isang iglesiang “banal at walang kapintasan.” Efeso 5:25, 27. {AGA 354.3}

Ang mga pabalitang ito, isinulat sa isang kapangyarihang hindi sa tao kundi sa Dios, ay nagtataglay ng mga liksyong dapat mapagaralan ng lahat, at ulit-ulitin upang makinabang

mula rito. Nakahanay dito ang praktikal na kabanalan, mga simulaing dapat sundin ng bawat iglesia, at ang landas na tungo sa walang hanggan ay nililinaw. {AGA 355.1}

Sa kanyang pagliham sa "mga banal at mga tapat na kapatid kay Kristo na nasa Colosas," na nasulat habang siya ay nakabilanggo sa Roma, binanggit ni Pablo ang kanyang kagalakan sa kanilang tatag sa pananampalataya, na ang balita nito ay dala sa kanya ni Epaphras, na naghayag sa amin "ng inyong pag-ibig sa Espiritu." Dahil dito, ipinagpatuloy niya, "kami naman matapos na aming marinig ito, ay hindi tumigil na manalangin para sa inyo, at naising kayo ay mapuspos ng kaalaman sa Kanyang kalooban sa buong karunungan at pagkaunawang espirituwal; upang kayo'y magsilakad na marapat sa ikalulugod ng Panginoon, na mabunga sa bawat mababuting gawa, at lumalago sa kaalaman sa Dios; pinalakas ng buong kapangyarihan, ayon sa Kanyang maluwalhating kapangyarihan, sa buong pagtitiis at pagpapahinuhod na may kagalakan." {AGA 355.2}

Sa ganito ay inilahad ni Pablo sa mga salita ang kanyang naisin para sa mga mananampalataya sa Colosas. Gaano nga kataas ang pamantayang nasa harapan ng alagad ni Kristo! Ipinakikita nito ang mga kahanga-hangang katunayan ng buhay Kristiano, at nililiwanag na walang hangganan sa mga pagpapalang nakalaan sa mga anak ng Dios. Sa patuloy na paglago sa kaalaman sa Dios, sila ay hahayo sa kalakasan, sa pag-angat sa karanasang Kristiano, hanggang sa "Kanyang maluwalhating kapangyarihan" sila ay maging "kabahagi ng pamana ng mga banal sa kaliwanagan." {AGA 355.3}

Itinaas ng apostol si Kristo sa mga kapatid bilang Siyang sa pamamagitan Niya ay nilalang ng Dios ang lahat ng bagay, at sa Kanya rin ay naisagawa ang kanilang pagtubos. Inihayag niyang ang kamay na nagpapanatili sa mga sanlibutan sa kalawakan, at humahawak sa maayos na paggalaw ang lahat ng bagay sa malawak na sansinukob ng Dios, ay ang mga kamay na napako sa krus. "Sapagkat sa Kanya ay nilalang ang lahat ng mga bagay," sinulat ni Pablo, "sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan, o mga pagsakop, o mga pamunuan, o mga kapangyarihan: lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya, at ukol sa Kanya: at Siya ay una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa Kanya." "At kayo, nang nakaraang panahon ay nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pag-iisip sa inyong mga' gawang masasama, gayunman'y ipinagkasundo Niya ngayon sa katawan ng Kanyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis at walang kapintasan sa harapan Niya." {AGA 356.1}

Ang Anak ng Dios ay nagpakababa upang itaas ang nalugmok. Dahil dito ay nilisan Niya ang sanlibutang hindi nagkasala, ang siyamnapu't-siyam na nagmamahal sa Kanya, at naparito sa lupa upang "masugatan dahilan sa ating mga pagsalangsang." Isaias 53:5. Sa lahat ng bagay Siya ay natulad sa Kanyang mga kapatid. Naging laman na katulad natin. Naalaman Niya ang magutom at mauhaw at mapagod. Pinalakas Siya ng pagkain at pinasigla ng

pagtulog. Siya ay naging manlalakbay at taga ibang lupa sa mundong ito—nasa sanlibutan, datapuwat hindi sa sanlibutan; tinukso gayunman ay nabuhay na hiwalay sa kasalanan. Mapagmahal, mairugin, mapagmalasakit, laging kapakanan ng iba ang nasa isip, kinatawanan Niya ang likas ng Dios. “Ang Verbo ay nagkatawang tao at tumahang kasama natin,...puspos ng biyaya at katotohanan.” Juan 1:14. {AGA 356.2}

Napapalibutan ng mga gawa at impluwensya ng paganismo, ang mga mananampalataya sa Colosas ay nasa panganib na mailayo sa kasimplihan ng ebanghelyo, at sa pagbibigay ni Pablo ng babala sa kanila, itinuro niya si Kristo bilang tanging panatag na patnubay. “Sapagkat ibig ko na inyong maalaman kung gaano kalaki ang aking pagpipilit dahil sa inyo, at sa nangasa Laodicea, at sa lahat na hindi nakakita ng mukha ko sa laman; upang mangaaliw ang kanilang mga puso, sa kanilang pagkakalakip sa pag-ibig, at sa lahat ng mga kayamanan ng lubos na katiwasayan ng pagkaunawa, upang makilala nila ang hiwaga ng Dios, samakatuwid baga’y si Kristo.” {AGA 356.3}

“Ito’y sinasabi ko, upang huwag kayong madaya ng sinuman sa mga pananalitang kaakitakit.... Kung paano nga na inyong tinanggap si Kristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa Kanya: na nangauugat at nangatatayo sa Kanya, at matibay sa inyong pananampalataya, gaya ng pagkaturo sa inyo, na sumasagana sa pagpapasalamat. Kayo’y magsipag-ingat, baka sa inyo’y may bumihag sa pamamagitan ng pilosopiya at walang kabuluhang pagdaraya, ayon sa sali’t saling sabi ng tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanlibutan, at di ayon kay Kristo: sapagkat sa Kanya’y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman. At sa Kanya kayo’y napuspos na siyang pangulo ng lahat na pamunuan at kapangyarihan.” {AGA 357.1}

Sa pamamagitan ng propesiya sinabi ni Kristo na ang mga mandaraya ay babangon, na sa kanilang impluwensya ay “sasagana” ang “kasamaan,” at “ang pag-ibig” ng marami ay “manlalamig.” Mateo 24:12. Nagbabala Siya sa mga alagad na ang iglesia ay higit na manganganib sa kasamaang ito kaysa mga pag-uusig ng kaaway. Muli at muli ay nagbabala si Pablo sa mga mananampalataya tungkol sa mga bulaang guro. Ang panganib na ito, higit sa lahat, ay dapat bantayan; sapagkat sa pagtanggap sa mga bulaang guro, mababuksan ang pintuah sa mga kamalian at sa pamamagitan nito ay mapadidilim ng kaaway ang pandama sa mga bagay na espirituwal at maliliglig ang pagtitiwala ng mga bagong hikayat sa pananampalataya sa ebanghelyo. Si Kristo ang pamantayang sa Kanya ay nakasalig ang lahat ng aral. Lahat ng hindi katugma ng Kanyang mga turo ay dapat tanggihan. Si Kristo na ipinako dahilan sa kasalanan, si Kristo na bumangon sa mga patay, si Kristo na pumanhik sa itaas—ito ang siyensya ng kaligtasang dapat nilang matutuhan at ituro. {AGA 357.2}

Ang mga babala ng salita ng Dios tungkol sa mga panganib na haharapin ng iglesia Kristiana ay para sa atin din ngayon. Tulad sa panahon ng mga apostol, sinikap ng mga taong wasakin ang pananampalataya sa Kasulatan sa pamamagitan ng mga tradisyon at pilosopiya,

gayundin ngayon na sa nakahahalinang isipan ng mas "mataas na kritisismo," ebolusyon, espirituwalismo, teosopiya at panteismo, ang kaaway ng katuwiran ay nagsisikap na umakay ng mga kaluluwa sa mga ipinagbabawal na landas. Sa marami, ang Biblia ay nagiging ilawang walang langis, sapagkat ibinaling nila ang kanilang mga pag-iisip sa mga daluyan ng haka-hakang paniniwala na naghahatid ng kaguluhan at maling pagkaunawa. Ang gawain ng "mas mataas na kritisismo," sa paghihimay, pagpapalagay, muling pagbabalangkas, ay nagwawasak ng pananampalataya sa Biblia bilang banal na paghahayag ng Dios. Ninanakaw nito sa Dios ang kapangyarihang magkontrol, mag-angat, at magpasigla sa buhay ng tao. Sa espirituwalismo, marami ang natuturuang maniwala na ang kagustuhan ang pinakamataas na batas, na ang lisensya ay kalayaan, na ang tao ay mananagot lamang sa sarili. {AGA 357.3}

Ang alagad ni Kristo ay makasasagupa ng mga ganitong "nakahahalinang mga salita" na binigyang babala ng apostol sa mga mananampalataya sa Colosas. Makakaharap niya ang mga pagpapaliwanag ng espirituwalismo sa Biblia, datapuwat hindi sa kanya upang tanggapin ang mga ito. Ang kanyang tinig ay dapat madinig sa matatag na pagpapatibay ng mga walang hanggang katotohanan ng Kasulatan. May matang nakatitig kay Kristo, siya ay patuloy na lalakad sa landas na inilahad sa kanya, na itinatakwil ang mga isipang hindi kaayon ng Kanyang turo. Ang katotohanan ng Dios ang siyang dapat na maging paksa ng kanyang pagbubulay-bulay. Ituturing niya ang Biblia bilang tinig ng Dios na tuwirang nagsasalita sa kanya. Sa ganito ay makasusumpong siya ng karunungang banal. {AGA 358.1}

Ang pagkakilala sa Dios tulad ng nahayag kay Kristo ang kaalamang dapat matamo ng lahat ng iniligtas. Ito ang gagawa sa pagpapabago ng likas. Kapag tinanggap sa buhay, ito ang muling lalalang sa kaluluwa sa wangis ni Kristo. Ito ang kaalamang ipinag-aanyaya ng Dios na tanggapin ng Kanyang mga anak, at bukod dito ay kahangalan at kawalan. {AGA 358.2}

Sa bawat lahi at sa bawat lupain ang tunay na pundasyon ng pagtatayo ng likas ay iisa—mga simulaing taglay ng salita ng Dios. Ang tanging ligtas at panatag na batas ay sundin ang sinasabi ng Dios. "Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid," at "siyang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi makikilos kailanman." Awit 19:8; 15:5. Sa pamamagitan ng salita ng Dios hinarap ng mga apostol ang mga huwad na teoriya sa kanilang kapanahunan, "Sapagkat sinuman ay hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan, kundi ang nalalagay na." 1 Corinto 3:11. {AGA 358.3}

Sa panahon ng kanilang pagkahikayat at bautismo ang mga mananampalataya sa Colosas ay nagpanatang iwawaksi ang mga gawi at paniniwalang dati'y naging bahagi ng kanilang mga buhay, at sila'y magiging tapat kay Kristo. Sa kanyang liham, si Pablo ay nagpaalaala sa kanila ng bagay na ito, at sumamo sa kanilang huwag kalilimutan upang makatupad sa kanilang pangako, dapat silang laging magsikap na labanan ang mga kasamaang nais mangibabaw sa kanila. "Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Kristo," kanyang

sinabi, “hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na doo’y nakaupo si Kristo sa kanang kamay ng Dios. Ilagak ninyo ang inyong mga pagmamahal sa mga bagay sa itaas, hindi ang nasa lupa. Sapagkat kayo ay nangamatay na, at ang inyong mga buhay ay natatago kay Kristo sa Dios.” {AGA 358.4}

“Kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya ay bagong nilalang: ang mga bagay na luma ay lumipas na; narito, lahat ng bagay ay bago na.” 2 Corinto 5:17. Sa kapangyarihan ni Kristo, mga lalaki at babae ay nakakalag sa mga tanikala ng makasalanang ugali. Iwinaksi nila ang kasakiman. Ang magaspang ay naging pino at banal, ang lasenggo ay naging matino, ang masama ay dumalisay. Ang mga kaluluwang dati’y sa wangis ni Satanas ay nabago sa wangis ng Dios. Ang pagbabagong ito ay isang kababalaghan. Isang milagrong naisagawa ng salita ng Dios, ito ang isa sa pinakamalalim na hiwaga ng Salita. Hindi natin ito mauunawaan; maaari lamang nating sampalatayanan, tulad ng mababasa natin sa mga Kasulatan, “si Kristo sa loob ninyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.” {AGA 359.1}

Kapag ang Espiritu ng Dios ang nagkokontrol sa puso at isipan, ang kaluluwang nahikayat ay aawit ng bagong awit; sapagkat nadadama niyang sa kanyang karanasan ay natupad ang pangako ng Dios, ang kanyang mga kasalanan ay napatawad at natakpan. Naranasan niya ang pagsisisi sa pagkalabag sa kautusan ng Dios, at pananampalataya kay Kristo na namatay sa ikaaaring ganap ng makasalanan. “Yamang inaaring ganap sa pananampalataya,” mayroon siyang “kapayapaan sa Dios sa Panginoong Jesu-Cristo.” Roma 5:1. {AGA 359.2}

At sapagkat ang karanasang ito ay sa kanya, ang Kristiano naman ay hindi dapat maghalukipkip ng mga kamay, na nasisiyahan sa nagawa na para sa kanya. Malalaman ng nagpasiyang pumasok sa kahariang espirituwal ang lahat ng mga kapangyarihan at damdamin ng likas na hindi pa nababago, at pinalalakas ng lahat ng puwersa ng kadiliman, ay nakahanay laban sa kanya. Sa bawat araw ay dapat siyang magpanibagong pagtatalaga, bawat araw ay sasagupa sa kasamaan. Ang mga dating ugali, mga hilig sa kasamaan na namana, ay magsisikap na mamayani, at laban sa mga ito ay dapat siyang maging listo, na nagsisikap sa pagtatagumpay sa lakas ni Kristo. {AGA 359.3}

“Patayin nga ninyo ang mga inyong sangkap na nasa lupa,” sinulat ni Pablo sa mga taga Colosas; “na dati’y inyong nilakaran noong una, nang kayo ay nabubuhay pa sa mga iyon. Ngunit ngayon ay itinakwil na ninyo ang mga ito: galit, poot, hinala, tungayaw, mga salitang mahalay na lumalabas sa inyong mga bibig.... At magbihis kayo, bilang mga hirang ng Dios, banal at minamahal, ng pusong mahabagin, magandang-loob, mababa, maamo, at mapagpahinuhod; magtiisan kayo sa isa’t isa, magpatawaran, kung sino man ay mayroong laban sa sinuman: kung paanong pinatawad kayo ni Kristo, ay gayundin ang inyong gawin. At sa ibabaw ng lahat ng bagay na ito ay magbihis kayo ng pag-ibig na siyang tali ng kasakdalan. At maghari sa inyong mga puso ang kapayapaan ng Dios, na dito ay tinawag kayo bilang isang katawan; at kayo’y maging mapagpasalamat.” {AGA 360.1}

Ang sulat sa mga taga Colosas ay puno ng mga liksyong' may pinakamataas na halaga sa lahat ng kasangkot sa paglilingkod kay Kristo, mga liksyong naghahayag ng iisang adhikain at mataas na hangaring makikita sa buhay ng isang matuwid na kumakatawan kay Kristo. Sa pagtatakwil ng lahat na hahadlang sa kanyang pagsulong sa landas na paitaas, o maglilihis ng paa ng ibang nasa makitid na landas, ang mananampalataya ay maghahayag sa arawaraw ng buhay ng kahabagan, kababaan, kaamuan, pagpapahinuhod, at pag-ibig ni Kristo. {AGA 360.2}

Ang kapangyarihan ng isang mas mataas, mas dalisay, at mas marangal na kabuhayan ang siyang dakilang pangangailangan natin. Ang sanlibutan ang halos laman ng ating mga pag-iisip, habang ang kaharian ng langit ay halos wala doon. {AGA 360.3}

Ang Kristiano ay hindi dapat manghimagod sa pagsisikap na maabot ang pamantayan ng Dios para sa kanya. Ang kasakdalang moral at espirituwal sa kapangyarihan at biyaya ni Kristo, ay ipinapangako sa lahat. Si Jesus ang bukal ng kapangyarihan, ang bukal ng buhay. Inilalapit Niya tayo sa Kanyang salita, at mula sa punong kahoy ng buhay ay nagkakaloob Siya ng mga dahong pampagaling sa kaluluwang maysakit. Inaakay Niya tayo sa trono ng Dios, at inilalagay sa ating mga labi ang isang dalanging sa pamamagitan nito ay iniuugnay Niya tayo sa Kanya. Sa ating kapakanan ay pinakikilos Niya ang makapangyarihan sa lahat na mga ahensya ng langit. Sa bawat hakbang ay nahahawakan natin ang Kanyang buhay na kapangyarihan. {AGA 360.4}

Ang Dios ay hindi nagtatakda ng hangganan sa pagsulong nilang nagnanais na "mapuno ng kaalaman sa Kanyang kalooban sa buong karunungan at espirituwal na pagkaunawa." Sa panalangin, sa pagbabantay, sa paglago sa kaalaman at unawa, sila ay "mapapalakas sa buong kapangyarihan sa Kanyang maluwalhating kapangyarihan." Sa ganito ay nahahanda sila upang gumawa para sa iba. Adhikain ng Tagapagligtas na ang taong dinalisay at binanal, ay maging kawaksi Niya. Sa dakilang karapatang ito ay dapat tayong magpasalamat sa Kanya na "nag-angkop sa atin upang makabahagi sa pamana ng mga banal sa kaliwanagan: na nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman at naglipat sa atin sa kaharian ng Kanyang mahal na Anak." Ang sulat ni Pablo sa mga taga Filipos, tulad ng sa mga taga Colosas, ay nasulat habang siya ay bilanggo sa Roma. Ang iglesia ng Filipos ay nagpadala ng mga kaloob kay Pablo sa pamamagitan ni Epafrodito, na tinatawag ni Pablo na "aking kapatid, at kamanggagawa, at kapwa kawal, ngunit inyong mensahero, at siya ay naglingkod sa aking mga pangangailangan." Habang nasa Roma, si Epafrodito ay nagkasakit na, "halos ikamatay: ngunit ang Panginoon ay nahabag sa kanya," sinulat ni Pablo, "at hindi lamang sa kanya kundi sa akin na rin, kung hindi ay kapanglawan at kapanglawan ang sumaakin." Nang madinig ng mga taga Filipos na si Epafrodito ay nagkasakit, sila ay tunay na nabahala, at ito ay nagnais na makabalik sa kanila. "Nananabik siyang labis sa inyong lahat," sinulat ni Pablo, "at siya ay bagabag, sapagkat nabalitaan ninyong siya ay nagkasakit.... Isinusugo ko siya sa

inyo, upang muli ninyong makita at kayo ay magalak, at upang mabawasan ang aking kapanglawan. Tanggapin ninyo siya sa Panginoon na may buong kagalakan; at inyo siyang pagpitaganan: sapagkat dahilan sa paggawa kay Kristo ay halos mamatay siya, na hindi niya inalintana ang buhay, upang paglingkuran niya ako para sa inyo." {AGA 361.1}

Ipinadala ni Pablo kay Epafrodito ang sulat sa mga mananam-palataya sa Filipos, na nagpasalamat siya sa mga kaloob nila. Sa lahat ng mga iglesia, ang Filipos ang pinakamapagkaloob sa mga pangangailangan ni Pablo. "At kayo mga taga Filipos," nalalaman naman ninyo na nang pasimulan ang ebanghelyo nang ako'y umalis sa Macedonia, alin mang iglesia ay walang nakipagkaisa sa akin sa pagkakaloob at pagtanggap kundi kayo lamang. Sapagkat sa Tesalonica ay nagpadala kayong minsan at muli para sa aking kailangan. Hindi sa ako'y naghahanap ng kaloob: kundi hinahanap ko ang bunga na dumadami sa ganang inyo. Datapuwat mayroon ako ng lahat ng bagay, at sumasagana: ako'y busog, palibhasa'y tumanggap kay Epafrodito ng mga bagay na galing sa inyo, na isang samyo ng masarap na amoy, isang handog na kaaya-aya, na lubhang nakalulugod sa Dios." {AGA 361.2}

"Sumainyo nawa ang biyaya at kayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. Ako'y nagpapasalamat sa aking Dios sa tuwing kayo'y aking naalaala, na parating sa bawat daing ko, ay masayang nananaing ako na patungkol sa inyong lahat, dahil sa inyong pakikisama sa pagpapalaganap ng ebanghelyo mula nang unang araw hanggang ngayon; na ako'y may lubos na pagkakatiwala sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesu-Cristo: gaya ng matuwid na aking isiping gayon tungkol sa inyong lahat, sapagkat kayo'y nasa aking puso; palibhasa'y sa aking mga tanikala at pagsasanggalang at sa pagpapatunay naman sa ebanghelyo, kayong lahat na kasama ko ay may bahagi sa biyaya. Sapagkat saksi ko ang Dios, kung paano ang pananabik ko sa inyong lahat.... At ito'y idadalangin ko, na ang inyong pag-ibig ay lalo't lalo pang sumagana nawa sa kaalaman at sa lahat ng pagkakilala; upang inyong kilalanin ang mga bagay na magagaling; upang kayo'y maging mga tapat at walang kapintasan hanggang sa kaarawan ni Kristo; na mangapuspos ng bunga ng kabanalan, na ito'y sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, sa ikaluluwalhati at ikapupuri ng Dios." {AGA 362.1}

Ang biyaya ng Dios ay nagtaguyod kay Pablo sa kanyang pagka-bilanggo, at nagbigay kagalakan sa paghihirap. Sa pananampalataya at katiyakan ay sumulat siya sa Filipos na ang kanyang pagkabilanggo ay nagpasulong pa sa ebanghelyo. "Ngayon ibig ko na inyong maalaman, mga kapatid," kanyang sinabi, "na ang mga bagay na nangyari sa akin ay nangyari sa lalong ikasusulong ng ebanghelyo; anupa't ang aking mga tanikala ang nagbukas ng gawain sa palasyo, at sa iba pang mga dako; at maraming mga kapatid sa Panginoon, ang nabigyang lakas loob ng kanyang mga tanikala, upang lalong maging matapang sa pagsasalita ng katotohanan. {AGA 362.2}

May liksyon para sa atin ang karanasang ito ni Pablo; sapagkat ito'y naghahayag ng paraan ng paggawa ng Dios. Ang Panginoon ay maaaring maghatid ng tagumpay mula sa pangyayaring sa tingin natin ay pagkatalo at kalugihan. May panganib na makalimutan natin ang Dios, sa pagtingin sa mga bagay na nakikita, sa halip na masdan ng mata ng pananampalataya ang mga bagay na hindi nakikita. Kapag dumating ang kalamidad o masamang karanasan, mabilis tayong magparatang sa Dios ng pagpapabaya at kalupitan. Kapag nais Niyang putulin ang ating bisa sa isang linya ng paggawa, nananangis tayo, na hindi muna iniisip na ito ay sa ating kabutihan. Dapat nating matutuhan na ang pamalo ay bahagi ng Kanyang dakilang panukala, at sa ilalim ng pamalo ng pagsubok ang Kristiano kung minsan ay higit na nakagagawa para sa Panginoon kaysa sa panahon ng aktibong paggawa. {AGA 363.1}

Bilang halimbawa sa kabuhayang Kristiano, itinuro ni Pablo ang mga taga Filipos kay Kristo, na "bagama't nasa anyong Dios, ay hindi Niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay Niya sa Dios: kundi bagkus hinubad Niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: at palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, Siya'y nagpakababa sa Kanyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus." {AGA 363.2}

"Kaya nga, mga minamahal ko," kanyang ipinagpatuloy, "kung paano ang inyong laging pagsunod, na hindi lamang sa harapan ko, kundi bagkus pa ngayong ako'y wala, ay lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig. Sapagkat Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa Kanyang mabuting kalooban. Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na walang mga bulung-bulong at pagtatalo: upang kayo'y maging walang sala at walang malay, mga anak ng Dios, na walang dungis, sa gitna ng isang lahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag kayong tulad sa mga ilaw sa sanlibutan; na nagpapahayag ng salita ng kabuhayan; upang may ipagkapuri ako sa kaarawan ni Kristo, na hindi ako tumakbo nang walang kabuluhan ni nagpagal man nang walang kabuluhan." {AGA 363.3}

Ang mga salitang ito ay nasulat upang tumulong sa bawat kaluluwang nagsisikap. Itinataas ni Pablo ang pamantayan ng kasakdalan at ipinapakita kung paano ito maaabot. "Magsikap kayo sa inyong sariling kaligtasan, sapagkat ang Dios ang gumagawa sa inyo." {AGA 363.4}

Ang pag-abot sa kaligtasan ay isang pagbabakas, isang magkatuwang na paggawa. Dapat na may pagkakaisa ang Dios at ang nagsisising makasalanan. Ito ay mahalaga sa pagbubuo ng mga matuwid na simulain ng likas. Ang tao ay dapat gumawang masikap upang pagtagumpayan ang mga nagiging hadlang sa kanyang pag-abot sa kasakdalan. Ang pagsisikap ng tao sa ganang sarili ay hindi sapat. Kung wala ang tulong ng langit, ito ay walang kabuluhan. Ang Dios at ang tao ay gumagawa. Ang paglaban sa tukso ay bahagi ng tao, na kumukuha ng lakas mula sa kapangyarihan ng Dios. Sa isang dako ay naroon ang

walang katapusang karunungan, kahabagan, at kapangyarihan; sa kabila naman, ay ang kahinaan, pagkamakasalanan, kawalang lakas. {AGA 364.1}

Nais ng Dios na tayo ay managumpay sa sarili. Ngunit hindi Siya makatutulong sa atin kung hindi naman natin nais na matulungan. Ang banal na Espiritu ay gumagawa sa pamamagitan ng mga kakayahan ng tao. Sa ating sarili, ay hindi natin maitutugma ang mga sariling naisin, adhikain at hilig sa kalooban ng Dios; datapuwat kung tayo ay "may pagnanasa," isasagawa ito ng Tagapagligtas sa atin, "na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Dios, at bumibihag sa lahat ng pag-iisip sa pagtalima kay Kristo." 2 Corinto 10:5. {AGA 364.2}

Siyang naghahangad na magbuo ng likas na pantay at malakas, siyang nagnanais maging Kristianong balanse, ay dapat maghandog ng sarili at gumawa ng lahat para kay Kristo; sapagkat hindi tatanggapin ng Manunubos ang hating paglilingkod. Sa bawat araw ay dapat niyang matutuhan ang kahulugan ng pagpapasakop ng sarili. Dapat niyang pag-aralan ang salita ng Dios, na natututuhan ang mga kahulugan nito at tinutupad ang mga utos. Sa ganito ay maaabot niya ang pamantayan ng kagalingang Kristiano. Sa bawat araw ay gumagawa sa kanya ang Dios, pinasasakdal ang likas na tatayong matatag sa huling subukan. At sa bawat araw ang mananampalataya ay naghahayag sa harapan ng mga anghel at mga tao ng isang banal na eksperimento na makikita dito kung paanong ang ebanghelyo ay gumagawa para sa nagkasalang tao. {AGA 364.3}

"Hindi ko pa inaaring inabot," sinulat ni Pablo, "datapuwat isang bagay ang ginagawa ko, na nililimot ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap, nagtutumulin ako sa hangganan ng gantimpala ng dakilang pagkatawag ng Dios na kay Kristo Jesus." {AGA 364.4}

Maraming ginawa si Pablo. Sa paglakad ng panahon ay naghayag siya ng katapatan kay Kristo, ang kanyang buhay ay puno ng walang kapagurang paggawa. Sa bawat siyudad, sa mga lupain, siya ay naglakbay, sa pagbabalita ng kasaysayan ng krus, nakahikayat ng mga kaluluwa para sa ebanghelyo, at nagtatag ng mga iglesia. Sa mga iglesiang ito ay mayroon siyang patuluyang malasakit, at sumulat siya ng mga liham sa mga ito. Kung minsan kinailangang siya ay maghanap-buhay, upang magkaroon ng tinapay sa araw-araw. Datapuwat sa lahat ng mga kaabalahang ito, hindi nawala kay Pablo ang pananaw sa iisang dakilang adhikain—magpatuloy tungo sa gantimpala ng kanyang mataas na pagkatawag. Iisang mithiin ang nasa harapan niya—ang maging tapat sa kanyang nagpahayag ng Sarili sa pintuan ng Damasco. Mula rito ay walang anumang kapangyarihang makapipigil sa kanya. Ang motibong nagpakilos ng kanyang mga salita at gawa ay ang pagtataas sa krus ng kalbaryo. {AGA 365.1}

Ang dakilang adhikaing nagtulak kay Pablo upang magpatuloy sa kabila ng dakilang kahirapan ang siya ring dapat umakay sa bawat Kristianong manggagawa upang lubusang magtalaga ng sarili sa paglilingkod sa Dios. Ang mga pang-akit ng mundo ay laging ihaharap sa kanya upang ilayo siya sa Tagapagligtas, ngunit siya ay dapat magpatuloy, at ihayag sa sanlibutan, sa mga anghel, at sa mga tao na ang pag-asang makita ang mukha ng Dios ay marapat sa lahat ng pagsisikap at sakripisyo. {AGA 365.2}

Bagaman isang bilanggo, si Pablo ay hindi nanlupaypay. Sa halip, isang awit ng tagumpay ang makikita sa kanyang bawat pagliham mula Roma patungo sa mga iglesia. “Magalak sa Panginoong palagi,” sinulat niya sa mga taga Filipos, at “muli Magalak kayo.... Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pag-iisip, ay mag-iingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pag-iisip kay Kristo Jesus. Katapus-tapusan, mga kapatid, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kaibigibig, anumang bagay na may mabuting ulat; kung may anumang kagalingan, at kung may anumang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito.” {AGA 365.3}

“At pupunan ng aking Dios ang bawat kahilingan ninyo ayon sa kanyang kayamanan sa kaluwalhatian kay Kristo Jesus.... Ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyo nawang lahat.” {AGA 366.1}

Kapitulo 47 – Pinalaya

Habang ang mga paggawa ni Pablo sa Roma ay pinagpapala at nakaaakit ng maraming kaluluwa, at nagpapalakas ng mga mana-nampalataya, ang mga ulap naman ay nagtitipon at nagbabanta hindi lamang sa sariling kaligtasan, kundi gayundin sa kasaganaan ng iglesia. Sa pagdating niya sa Roma, siya ay pinasailalim sa kapitan ng mga kawal ng hari, isang lalaking makatarungan at marangal ang pangalan, at sa kanyang kahabagan ay naging malaya siyang nakapangaral ng ebanghelyo. Ngunit bago magtapos ang dalawang taong pagkabilanggo, ang taong ito ay napalitan ng isang kapitan at ang apostol ay walang pabor na maaasahan. {AGA 367.1}

Ang mga Judio naman sa panahong ito ay lalong aktibo sa pagsisikap laban kay Pablo, at nakasumpong sila ng tulong sa masamang babaeng naging pangalawang asawa ni Nero, na isang nahikayat sa pagiging Judio. Ang kanyang impluwensya ay naging malaking tulong sa tangkang pagpatay sa kampiyong ito ng Kristianismo. {AGA 367.2}

Si Pablo ay umasa kahit paano sa Ceasar na dito siya umapila. Si Nero ay higit na masama at mababa ang moral, ang likas ay pabagubago at malupit sa alin mang haring nauna sa kanya. Ang gobyerno ay hindi pa nakasumpong ng ganitong uri ng hari sa pagmamalabis. Sa unang taon niya ay nilason ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki na siyang dapat na hari. Mula sa isang balong malalim ng bisyo at krimen siya ay nagpakalubog patungo sa pagpatay sa sariling ina, at sa unang asawa. Walang karahasang hindi niya nagawa, o kasamaang hindi niya gagawin. Sa mararangal na isipan ay wala siyang naimungkahi liban sa muhi at galit. {AGA 367.3}

Ang mga tala ng mga kasamaang naganap sa kanyang korte ay napakasama at kalunoslunos upang banggitin. Ang kanyang walang habas na kasamaan ay lumikha ng pagkamuhi at rimarim kahit na ng mga kasama niya sa mga kasamaang ito. Lagi silang bagabag sa kung ano ang kasunod na ipagagawa sa kanila. Ngunit sa kabila ng mga kasamaang ito, ang kanilang katapatan sa kanya ay hindi nagbago. Siya ay kinilalang lubos na hari ng sanlibutang sibilisado. Bukod dito, siya ay pinarangalan bilang diyos na sinasamba. {AGA 367.4}

Sa isipang tao, ang paghatol kay Pablo sa ganitong uri ng hukuman ay halos tiyak na. Ngunit alam ng apostol na hangga't siya ay tapat sa Dios, ay wala siyang sukat ikatakot. Siyang sa nakaraan ay naging tagapagtanggol Niya ay maisasanggalang siya sa masamang nasa ng mga Judio at sa kapangyarihan ng Ceasar. {AGA 368.1}

At siya nga ay isinanggalang ng Dios. Sa paglilitis kay Pablo ang mga paratang sa kanya ay hindi napatunayan; at taliwas sa inaasahan ng marami, at taliwas din sa katarungang maaaring asahan mula sa kilalang likas ni Nero, inihayag nito na si Pablo ay walang kasalanan. Kinalagan siya ng tanikala; at muli ay naging taong malaya. {AGA 368.2}

Kung ang paglilitis ay naantala, o kaya ay nanatiling nakabilanggo sa Roma ng isang taon pa, siya sana ay namatay sa pag-uusig na naganap doon. Sa panahon ng pagkabilanggo ni Pablo, ang mga nahikayat na Kristiano ay dumaming gayon anupa't naging bagabag ito sa mga maykapangyarihan. Ang galit ng emperador ay lalong nahila sa pagkahikayat ng ilan sa kanyang sariling sambahayan, at ginawa niya itong dahilan upang ang mga Kristiano ay pag-ukulan ng walang awang kalupitan. {AGA 368.3}

Sa panahong ito ay nagkaroon ng kakila-kilabot na sunog sa Roma na halos kalahati ng siyudad ay natupok. Ayon sa balita ay si Nero na rin ang sumunog, datapuwat upang maalis ang suspetsa sa kanya ay nagbigay siya ng malaking tulong sa mga nasunugan ng bahay at mga dukha. Gayunman, ay naparatangan siya sa krimeng ito. Ang taong bayan ay nagising at nagalit, at upang linisin ang sariling pangalan, at upang mawala sa siyudad ang kanyang mga kinamumuhian, ibinaling ni Nero ang paratang sa mga Kristiano. Ang pakanang ito ay nagtagumpay, at libu-libong mga tagasunod ni Kristo—lalaki, babae, at bata—ay malupit na pinatay. {AGA 368.4}

Si Pablo ay nakaligtas mula sa kalunos-lunos na pag-uusig na ito, sapagkat matapos na siya'y palayain ay agad siyang umalis sa Roma. Ang paglayang ito ay sinamantala niya upang gumawang masikap sa mga iglesia. Sinikap niyang mapalakas ang tali ng ugnayan ng mga iglesiang Griyego at mga nasa Silangan at mapalakas ang isipan ng mga mananampalataya laban sa mga maling doktrinang gumagapang na papasok upang pasamain ang pananampalataya. {AGA 368.5}

Ang mga pagsubok at bagabag na tiniis ni Pablo ay nagpahina sa kanyang lakas na pisikal. Ang pagtanda ay kasama. Nadama niyang nasa huling yugto na siya ng paggawa, at habang umiikli na ang panahong nalalabi, ay lalo namang umigting ang kanyang pagsisikap. Parang walang hangganan sa kanyang sigasig. Matatag sa adhikain, mabilis sa pagkilos, malakas sa pananampalataya, naglakbay siya sa mga iglesia, sa maraming lupain, at sinikap sa abot ng kapangyarihang taglay na mapalakas ang mga mananampalataya upang sila ay makagawa sa pagkahikayat ng mga kaluluwa kay Jesus, at sa panahon ng pagsubok na kanilang haharapin, sila ay manatiling matatag sa ebanghelyo, at magtataglay ng matapat na pagsaksi para kay Kristo. {AGA 369.1}

Kapitulo 48 – Ang Huling Aresto

Ang paggawa ni Pablo sa mga iglesia matapos na siya'y pawalang sala ay hindi nalingid sa kanyang mga kaaway. Mula nang usigin ang mga Kristiano sa ilalim ni Nero, ang mga ito ay naging sektang ipinagbabawal. Naisip ng mga Judio na bumuo ng paratang upang si Pablo ang mapagbintangang may kagagawan sa pagsunog sa Roma. Walang sinuman sa kanila ang naniniwalang si Pablo ay may kasalanan, ngunit alam nilang ang ganitong intriga, kahit na sa

kaunting hinala lamang, ang magtatatak ng kanyang pagkawasak. Sa kanilang mga pagsisikap, si Pablo ay muling naaresto, at mabilisang dinala sa huling pagkabilanggo. {AGA 370.1}

Sa ikalawang paglalakbay patungong Roma, si Pablo ay sinamahan ng ilang dating mga kasama; ang ilan ay kusang nagnais na makabahagi sa kanyang kapalaran, ngunit hindi niya ito ipinahintulot na sila man ay maglagay sa panganib ng kanilang mga buhay. Ang hinaharap ay lalong mahirap kaysa nakaraan. Sa pag-uusig ni Nero ay malaking bilang ng mga Kristiano ang nawala. Libu-libo ang namatay na martir, marami ang umalis na sa siyudad, at ang mga naiwan ay lubhang lupaypay at takot. {AGA 370.2}

Sa pagdating niya sa Roma, si Pablo ay inilagay sa isang madilim na piitan, at mananatili doon hanggang sa katapusan ng kanyang takbuhin. Pinaratangan ng isa sa pinakamasama at kalunos-lunos na krimen laban sa siyudad at sa bansa, siya ang tampulan ng malawakang pag-aglahi. {AGA 370.3}

Ang iilang kaibigang nakibahagi sa pasanin ng apostol ang ngayon ay nagsimulang humiwalay sa kanya, ang ilan ay umalis, at iba ay sa mga misyon sa iba't ibang iglesia. Si Figelo at Hermogenes ang unang umalis. At si Demas, na nangamba sa lumalaganap na ulap ng kahirapan at panganib, ay iniwan ang apostol na pinag-uusig. Si Crescente ay isinugo ni Pablo sa Galacia, si Tito ay sa Dalmacia, si Tichico ay sa Efeso. Sa pagsulat kay Timoteo tungkol sa karanasang ito, sinabi ni Pablo, "Tanging si Lucas ang kasama ko." 2 Timoteo 4:11. Kailanman ay di nangailangan ang apostol ng paglilingkod ng mga kapatid kaysa ngayong matanda na at pinahina ng paggawa at kapansanan, at nakakulong sa piitang madilim, basa at malamig. Ang paglilingkod ni Lucas, na mahal na alagad at tapat na kaibigan, ay malaking ginhawa kay Pablo, at sa pamamagitan nito ay nakipagtalastasan siya sa mga kapatid at sa sanlibutan. {AGA 370.4}

Sa panahong ito ng pagsubok, ang puso ni Pablo ay pinasigla ng madalas na pagdalaw ni Onesiforo. Ginawa ng taga Efesong ito ang lahat upang mapagaan ang pasan ng apostol. Ang kanyang mahal na guro ay nakapiit dahilan sa katotohanan, samantalang siya ay malaya; at sa gayon ay ginawa niya ang lahat upang ang kalagayan ni Pablo ay kanyang mapagaan. {AGA 371.1}

Sa kanyang huling pagliham, sinabi ng apostol, "Pagkalooban nawa ng Panginoon ng habag ang sambahayan ni Onesiforo; sapagkat madalas niya akong pinaginhawa, at hindi ikinahiya ang aking tanikala: kundi, nang siya ay nasa Roma, ay hinanap niya ako nang buong sikap, at ako'y nasumpungan niya. Pagkalooban nawa siya ng Panginoon na masumpungan niya ang kahabagan ng Panginoon sa araw na yaon." 2 Timoteo 1:16-
18. {AGA 371.2}

Ang naisin ukol sa pag-ibig at malasakit ay itinanim ng Dios sa puso. Si Kristo, sa Kanyang oras ng pagdurusa sa Getsemane, ay nanabik sa malasakit at pakikisama ng Kanyang mga alagad. Si Pablo, bagama't kapansin-pansin ang pagwawalang bahala niya sa kanyang mga paghihirap at pagsasakripisyo, ay nangangailanagn pa rin ng pagdamay at pakikisama. Ang pagdalaw ni Onesiforo, na patotoo ng kanyang katapatan sa panahon ng kalumbayan at paglisan ng marami, ay nagdala ng kagalakan at kasiglahan sa taong gumugol ng kanyang buhay sa paglilingkod sa iba. {AGA 371.3}

Kapitulo 49 – Si Pablo sa Harap ni Nero

Nang si Pablo ay paharapin kay Nero upang litisin, ito ay sa tanawin ng tiyak na kamatayan. Ang mabigat na paratang laban sa kanya, at ang kasalukuyang galit sa mga Kristiano, ay nagbibigay ng maliit na pag-asa na siya'y mapapalaya. {AGA 372.1}

Sa mga Griyego at Romano ay kaugaliang bigyang pagkakataon ang akusadong magtanggol sa sarili sa hukuman sa pamamagitan ng isang abogado. Sa puwersa ng argumento, sa galing ng pagsasalita, o sa mga pagsamo, panalangin, at luha, ang abogado ay madalas na nakakukuha ng pabor na desisyon para sa bilanggo, o kung hindi man, ay napapagaan ang sentensya. Ngunit nang si Pablo ay tawagan na sa harapan ni Nero, walang taong naglakas loob na maging tagapagtanggol niya o tagapayo man; at walang kaibigang naroroon upang magtala ng paratang na ihaharap sa kanya, o ng mga argumentong kanyang ilalahad sa sariling depensa. Sa mga Kristiano sa Roma, walang isa mang tumayo sa panig niya sa oras na ito ng pagsubok. {AGA 372.2}

Ang tanging maaasahang tala ng pagkakataong ito ay kaloob na rin ni Pablo, sa ikalawang pagsulat kay Timoteo. "Sa aking unang pagsasanggalang," wika ng apostol, "walang sinumang kumampi sa akin, bagkus pinabayaan ako ng lahat: huwag nawang ibilang sa kanila. Datapuwat ang Panginoon ay sumaakin, at ako'y pinalakas; upang sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay maitanyag nang ganap, at upang mapakinggan ng lahat ng mga Gentil: at ako'y iniligtas sa bibig ng leon." 2 Timoteo 4:16, 17. {AGA 372.3}

Sa harapan ni Nero—gaano nga ang pagkakaiba! Ang mayabang na hari na sa harapan niya ay magtatanggol ng pananampalataya ang anak ng Dios, ay nakaabot na sa taluktok ng kapangyarihan sa lupa, sa kapangyarihan, at kayamanan, gayundin sa pinakamababang dako ng kasamaan at katampalasanan. Sa kapangyarihan at kadakilaan siya ay walang kapantay.Walang naroroon upang mag-alinlangan sa kanyang kapangyarihan, walang tutuligsa sa kanyang kalooban. Mga hari ay nag-aalay ng mga korona sa kanyang paanan. Makapangyarihang hukbo ay nagmamartsa sa kanyang utos, at ang mga bandila ng kanyang mga hukbong pandagat ay pangako ng tagumpay. Ang kanyang mga estatwa ay nakalantad sa mga bulwagan ng katarungan, at ang mga batas na binuo ng mga senador at pagpapasiya ng mga hukom ay sinag lamang ng kanyang kalooban. Milyon ay yumuyukod sa kanyang mga utos. Ang pangalang Nero ay nagpapanginig sa lupa. Ang siya ay mapagalit ay nangangahulugan ng pagkawala ng pag-aari, kalayaan, buhay; at ang kanyang simangot ay kinatatakutang higit kaysa peste. {AGA 372.4}

Walang salapi, walang kaibigan, walang tagapayo, ang matandang bilanggo ay tumayo sa harapan ni Nero—ang mukha ng emperador ay nagbabadya ng nakahihiyang tala ng kanyang mga damdaming galit; ang mukha ng nasasakdal ay larawan ng isang pusong payapa sa Dios. Ang karanasan ni Pablo ay naging kahirapan, pagtanggi sa sarili, at pagdurusa. Sa kabila ng

mga maling paratang, abuso, at kahihiyang dulot ng mga kaaway, ang apostol ay walang takot na tumayo sa paglalahad ng bandila ng krus. Tulad ng kanyang Panginoon, siya ay manlalakbay na walang sariling tahanan, at tulad Niya ay nabuhay upang magpala sa sangkatauhan. Paano ngang si Nero, na isang malupit na hari, kapritsoso, at walang turing, ay makauunawa o magbibigay pagpapahalaga sa likas at motibo ng anak na ito ng Dios? {AGA 373.1}

Ang malawak na bulwagan ay puno ng karamihang nagsisiksikan sa harapan upang madinig ang lahat na pag-uusap. Ang mayaman at dukha ay naroroon, ang mapagmataas at mababa, ang nag-aral at walang pinag-aralan, ang lahat ay hungkag sa tunay na kaalaman sa daan ng buhay at kaligtasan. {AGA 373.2}

Iniharap ng mga Judio ang mga dating paratang laban kay Pablo na sedisyon at erehe, at ang pagsunog sa siyudad. Habang ang mga paratang na ito ay inilalahad, si Pablo ay panatag lamang. Ang bayan at mga hukom ay nakatingin sa kanyang may pagkamangha. Marami nang paglilitis ang dinaluhan nila, at namalas nila ang mga kriminal; datapuwat hindi pa sila nakakita ng ganitong nasasakdal na payapa at sa mukha ay may banal na kapanatagan. Ang mga matalas na paningin ng mga hukom, na nasanay sa pagtingin sa mga mukha ng mga akusado, ay nagsikap na makita kay Pablo ang anumang bahid ng pagiging nagkasala, ngunit wala silang makita. Nang siya ay pahintulutang magsalita, nakinig silang lahat na may malaking interes. {AGA 373.3}

Muli ay nagkaroon si Pablo ng pagkakataong itaas sa namamanghang karamihang ito ang bandila ng krus. Habang nakatingin siya sa napakaraming taong ito—-Judio, Griyego, Romano, at mga tagaibang lupa—ang kanyang puso ay nakilos ng marubdob na hangarin para sa kanilang kaligtasan. Nawala sa kanya ang anumang alalahanin sa panganib. Tanging si Jesus ang kanyang nakita, ang Tagapamagitan, na nagsusumamo sa kapakanan ng makasalanang mga taong ito. Higit sa galing ng tao sa pagsasalita, iniharap ni Pablo sa kanila ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Itinuro niya ang tao sa sakripisyong nagawa para sa lahi ng taong nagkasala. Inihayag niyang ang walang kapantay na halaga ay naibayad na para sa katubusan ng tao. Ang sakripisyo ay nagawa na para sa tao upang siya’y makibahagi sa luklukan ng Dios. Sa pamamagitan ng mga mensaherong anghel, ang lupa ay nakaugnay sa langit, at lahat ng mga gawang tao, masama man o mabuti, ay bukas sa mata ng Walang Hanggang Katarungan. {AGA 374.1}

Sa ganito ay nagtanggol ang tagapagtaguyod ng katotohanan. Matapat sa gitna ng walang katapatan, siya ay nakatayong kinatawan ng Dios, at ang tinig niya ay tulad ng tinig mula sa langit. Walang takot, walang lungkot, walang panlulupaypay sa salita o tingin. Matatag sa pagkaalam ng kawalang sala, bihis ng panakip ng katotohanan, siya ay nagdiriwang bilang anak ng Dios. Ang kanyang mga salita ay sigaw ng tagumpay sa ibabaw ng pakikibaka. Inihayag niya ang gawaing buong buhay niya ay nakatalaga, na siyang tanging gawaing

kailanman ay di mabibigo. Bagama't siya ay mamamatay, ang ebanghelyo ay hindi mapipigil. Ang Dios ay nabubuhay, at ang katotohanan Niya ay magtatagumpay. {AGA 374.2}

Marami sa nakatanaw sa kanya nang araw na iyon ay "nakita ang kanyang mukha na parang ito ay mukha ng isang anghel." Gawa 6:15. {AGA 374.3}

Kailanman ay di pa nakadinig ng gayong mga salita ang mga taong ito. Nakalabit nito ang isang kuwerdas na tumaginting kahit na sa mga pusong pinakamatigas. Ang katotohanan, maliwanag at nakakakumbinse, ay nagpalayas ng kamalian. Ang liwanag ay sumilang sa isipan ng marami na pagkaraan ay sumunod sa tanglaw nito. Ang mga katotohanang sinalita nang araw na iyon ay itinalagang maguga ng mga bansa at manatili sa buong panahon, nagbibigay impluwensya sa mga puso ng tao kahit na sa katahimikan sa libingan ng mga labing nangusap noon. {AGA 374.4}

Kailanman ay di narinig ni Nero ang gayong katotohanan. Kailanman ay di nahayag na gayon ang pagkakasala ng kanyang buhay. Ang liwanag ng langit ay naglagos sa mga silid ng kanyang pusong talamak sa kasalanan, at siya ay nanginig sa takot sa isipang sa tribunal na kanyang tatayuan bilang hari ng sanlibutan, ang kanyang mga gawa ay lalapatan ng matuwid na pasiya. Natakot siya sa Dios ng apostol, at hindi niya magawang sentensyahan si Pablo, na laban dito ay walang paratang na nanatili. Ang pagkadama ng paggalang at pitagan sa ilang sandali ay pumigil ng kanyang diwang uhaw sa dugo. {AGA 375.1}

Sa isang sandali, ang langit ay naging bukas sa makasalanan at pinatigas ang pusong Nero, at ang kapayapaan at kadalisayan nito ay nakahahalina. Sa sandaling iyon ang panawagan ng kahabagan ay nabuksan pad sa kanya. Ngunit sa isang sandali lamang nagtagal ang isipan ng pagpapatawad. At si Pablo ay pinag-utos na ibalik sa bilangguan; at sa paglalapat ng pintuan ng lingkod ng Dios, ang pintuan naman ng pagsisisi ay lumapat na walang hanggan sa emperador ng Roma. Walang sinag na mula sa langit ang minsan pang sisilay sa kadilimang nakapalibot sa kanya. Hindi magtatagal ay dadanasin niya ang paghatol ng Dios. {AGA 375.2}

Hindi nagtagal, si Nero ay naglakbay patungong Grecia, na doon ay inilagay niya sa kahihiyan ang sarili at ang kaharian sa kanyang malaswang kalayawan. Pagbabalik sa Roma sa karangyaan, pinalibutan niya ang sarili ng mga kawaksi sa korte at nagsagawa ng mga kalayawan at kalaswaang nakapanghihilakbot. Sa gitna ng mga pagdiriwang na ito, isang kaguluhan ang nadinig mula sa mga lansangan. Nagbalik ang mensahero taglay ang balitang si Galba, sa unahan ng isang hukbo, ay mabilis na papasok na sa Roma, may pag-aalsa nang nagaganap sa mga lansangan at ang galit na karamihan ay sumisigaw ng kamatayan para sa emperador, at lahat ng kanyang mga kasamahan ay papalapit sa palasyo. {AGA 375.3}

Sa panahong ito ng panganib, si Nero, di tulad ng tapat na si Pablo, ay walang makapangyarihan at mahabaging Dios na maaasahan. Sa takot sa pahirap na daranasin sa

kamay ng karamihan, inisip ng haring wakasan na ang sariling buhay, ngunit sa kridkal na sandali ay hindi niya magawa. Lubusang wala nang tauhan, siya ay may kahihiyang tumakas mula sa siyudad at nagtago sa isang bayang ilang milya ang layo, ngunit sa walang kabuluhan. Hindi nagtagal ay natuklasan ang kanyang taguan, at habang papalapit ang huhuli sa kanya, inatasan niya ang isang alipin upang siya ay patayin. Sa ganito ay namatay ang malupit na haring si Nero, sa batang edad na tadumpu't-dalawang taon. {AGA 375.4}

Kapitulo 50 – Huling Liham ni Pablo

Mula sa bulwagan ng katarungan ng Ceasar, si Pablo ay ibinalik sa kanyang selda, at nadama niyang ang tagumpay na natamo ay pansamantala lamang. Alam niyang hindi titigil ang kanyang mga kaaway hanggang siya ay hindi maipapatay. Ngunit alam din niyang sa oras na yaon ang katotohanan ay nagwagi. Ang ihayag ang Tagapagligtas na ipinako at muling nabuhay sa karamihang taong iyon ay isang tagumpay. Nang araw na iyon ay nasimulan ang isang gawaing lalago at lalakas, na kahit na ano pa ang gawin ni Nero at mga kaaway ay hindi nila mapipigil. {AGA 377.1}

Sa paglakad ng mga araw sa madilim niyang bilangguan, sa pagkaalam na isang salita o tango lamang ng ulo ni Nero ay magiging hudyat ng kanyang kamatayan, naisip ni Pablo si Timoteo, at nagpasiyang ipasundo ito. Ipinagkatiwala kay Timoteo ang pangangalaga ng iglesia sa Efeso, at hindi na ito nakasama pa sa huling pagtungo ni Pablo sa Roma. Si Pablo at Timoteo ay pinagtali ng pagmamahalang malalim at matibay. Mula nang siya'y mahikayat, si Timoteo ay nakabahagi sa paggawa at paghihirap, at ang pagkakaibigan nila ay lumagong malakas, malalim, at banal, hanggang si Timoteo ay naging lahat ng mananais ng isang ama sa isang anak, at si Pablo naman ay amang iginagalang at pinararangalan. Hindi nakapagtatakang sa oras ng kalungkutan at pag-iisa, ay nanabik si Pablo na makita ito. {AGA 377.2}

Sa ilalim ng pinakamabuting panahon, ilang buwan din ang lilipas bago makarating si Timoteo sa Roma mula sa Asia Minor. Alam ni Pablo na walang katiyakan ang kanyang buhay, at nangangamba siyang maging huli na ang pagdating ni Timoteo. May mahalagang payo at tagubilin siyang nais ipabatid sa kabataang ito, na pinagkatiwalaan ng mabigat na kapanagutan; at bagama't pinagmamadali itong makarating, kasabay ay idinikta niya ang mga huling pangungusap na maaaring hindi na niya masabi pang personal. May pusong puspos ng mapagmahal na malasakit sa kanyang anak sa ebanghelyo at sa iglesiang inaalagaan nito, sinikap ni Pablo na idiin kay Timoteo ang kahalagahan ng pagtatapat sa banal na pagkakatiwala. {AGA 377.3}

Sinimulan ni Pablo ang liham sa pagbati: "Kay Timoteo, na aking minamahal na anak: Biyaya, kaawaan, kapayapaan nawang mula sa Dios Ama at kay Kristo Jesus na Panginoon natin. Nagpapasalamat ako sa Dios, na mula sa aking kanununuan ay aking pinaglingkuran sa budhing malinis, na walang patid na inaalaala kita sa aking mga daing, gabi't araw." {AGA 378.1}

Ipinayo ng apostol kay Timoteo ang pangangailangan ng katatagan sa pananampalataya. "Dahil dito ay ipinaalaala ko sa iyo na paningasin mo ang kaloob ng Dios na nasa iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay. Sapagkat hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan, at ng pag-ibig, at ng kahusayan. Huwag

mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginon, ni ako na bilanggo Niya: kundi magtiis ka ng kahirapan dahil sa ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng Dios." Ipinaalaala ni Pablo kay Timoteo na ito ay tinawag ng "isang banal na pagkatawag" upang ipangaral ang kapangyarihan Niyang "nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng ebanghelyo: na sa bagay na ito," kanyang pinahayag, "ako'y itinalaga na tagapangaral, at apostol, at guro sa mga Gentil. Dahil dito'y nagtiis din ako ng mga bagay na ito: gayunma'y hindi ako nahihiya: sapagkat nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos na makapag-iingat ng aking ipinagkatiwala sa Kanya hanggang sa araw na yaon." {AGA 378.2}

Sa mahabang panahon ng kanyang paglilingkod, si Pablo ay hindi man lamang nanghina sa kanyang katapatan sa Tagapagligtas. Saan man siyang matungo—sa harapan man ng mga nakaismid na Pariseo, o mga pinuno ng Roma; sa galit na karamihan sa Lystra, o kasama ng mga salarin sa bilangguan ng Macedonia; nakikipagkatuwiranan sa mga takot na marino ng nabagbag na barko, o nakatayong nag-iisa sa harapan ni Nero para sa kanyang buhay—kailanman ay hindi siya nahiyang ipagtanggol ang gawain. Ang nag-iisang dakilang adhikain ng kanyang buhay ay maglingkod sa Kanyang ang pangalan ay dati niyang kinamuhian; at mula sa adhikaing ito ay walang pagsalungat o pag-uusig mang makapagpapahina sa kanya. Ang kanyang pananampalataya, na pinalakas ng pagsisikap at dinalisay ng sakripisyo, ang nagtaas at nagpalakas sa kanya. {AGA 378.3}

"Ikaw nga, anak ko," ipinagpatuloy ni Pablo, "magpakalakas ka sa biyayang nasa kay Kristo Jesus. At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa iba. Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng isang mabuting kawal ni Kristo Jesus." {AGA 378.4}

Ang tunay na ministro ng Dios ay hindi iiwas sa kapanagutan. Mula sa Bukal na hindi nagkukulang, siyang taimtim na naghahanap ng banal na kapangyarihan, ay makasasalok ng kalakasang magiging kapangyarihan laban sa mga tukso, at lakas sa pagganap ng mga tungkuling nakababaw sa kanya. Ang biyayang kanyang tatanggapin ay magpapalawak ng kanyang pagkakilala sa Dios at sa Kanyang Anak. Ang kanyang kaluluwa ay mananabik na gumawa ng angkop na paglilingkod sa Panginoon. Sa pagsulong niya sa landas-Kristiano, siya ay nagiging "malakas sa biyaya ni Jesu-Cristo." Ang biyayang ito ay magkakaloob ng tapat na pagsaksi sa mga bagay na kanyang narinig. Hindi niya itatakwil o pababayaan ang kaalamang tinanggap niya mula sa Dios, kundi ibabahagi ang kaalamang ito sa mga tao, na sila namang magbabahagi rin sa iba. {AGA 379.1}

Sa huling liham niya kay Timoteo, itinaas ni Pablo sa kabataang manggagawa ang isang mataas na pamantayan, at itinuro dito ang mga kapanagutan ng isang ministro ni Kristo. "Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios," isinulat ng apostol, "manggagawang walang anumang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan." "Layuan mo ang masasamang pita ng kabinataan, at sundin mo ang kabanalan, ang pananampalataya, ang pag-

ibig, ang kapayapaan, kasama ng mga nagsisitawag sa Panginoon mula sa pusong malinis. Ngunit tanggihan mo ang mga usapang walang kabuluhan at hangal, yamang nalalaman mo na namumunga ng mga pagtatalo. At ang alipin ng Panginoon ay hindi nararapat na makipagtalo; kundi maamo sa lahat, sapat na makapagturo, matiisin, na sawaying may kaamuan ang mga nagsisisalangsang; baka sakaling sila'y pagkalooban ng Dios ng pagsisisi, sa ikaaalam ng katotohanan." {AGA 379.2}

Nagbabala ang apostol tungkol sa mga bulaang guro na magsisikap makapasok sa iglesia. "Alamin mo ito," kanyang ipinahayag, "na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan,...na may anyo ng kabanalan, datapuwat tinanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito." {AGA 379.3}

"Datapuwat ang masasamang tao at mga magdaraya ay lalong sasama ng sasama," kanyang ipinagpatuloy, "na mangagdadaya, at sila rin ang mangadadaya. Datapuwat manatiii ka sa mga bagay na iyong pinag-aralan at sa pinagkaroonan mo ng katunayan, yamang nalalaman mo kung kanino mo nangatutuhan; at mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang inga Banal na Kasulatan, na makapag-padunong sa iyo sa ikaliligtas Lahat ng mga Kasulatan na lanasihan ng Dios, ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: upang ang tao ng Dios, ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti." Ang Dios ay naglaan ng saganang paraan sa matagumpay na pakikibaka sa kasamaang nasa sanlibutan. Ang Biblia ang pagkukunan ng mga sandata sa pakikibaka. Ang ating baywang ay dapat nabibigkisan ng katotohanan. Ang ating baluti ay katuwiran. Ang kalasag ng pananampalataya ay dapat na sa ating kamay; ang turbante ng kaligtasan sa ating ulo; at ang tabak ng Espiritu, na salita ng Dios, ang siyang hahalibas sa mga balakid at sagabal ng kasalanan. {AGA 380.1}

Alam ni Pablo ang panganib na haharapin ng iglesia. Alam niyang kailangan ang tapat, at maningas na paggawa nilang mga nangangasiwa sa iglesia; at isinulat niya kay Timoteo, "Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Dios, at ni Kristo Jesus, na siyang huhukom sa mga buhay at sa mga patay sa pamamagitan ng Kanyang pagpapalata at sa Kanyang kaharian: Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo." {AGA 380.2}

Ang banal na tagubiling ito sa isang tapat at masigasig na tulad ni Timoteo ay isang matibay na patotoo sa kahalagahan at kapanagutan ng gawain ng isang ministro ng ebanghelyo. Sa harapan ng Dios, tinawagan ni Pablo si Timoteo na ipangaral ang salita, hindi ang mga salawikain at kaugalian ng tao; na maging handang sumaksi para sa Dios saanman mayroong pagkakataon—sa harapan ng malalaking kongregasyon o pribadong usapan, sa tabi

ng painitan o sa lansangan, sa mga kaibigan, o kaaway man, sa kapanatagan o panganib at kahirapan, sa kahihiyan at kawalan. {AGA 380.3}

Sa pangambang ang likas ni Timoteo na maamo, banayad at mapagpahinuhod ay maging dahilan ng pag-iwas sa ilang mahahalagang sangkap ng gawain, nagpayo si Pablo ukol sa katapatan sa pagsansala sa kasalanan at pagbatikos na matalas sa kanilang hayagang nagkakasala. Gayunman ay dapat itong gawing "may pagpapahinuhod at pagtuturo." Siya ay dapat maghayag ng pagtitiis at pag-ibig ni Kristo, nagpapaliwanag at nagbibigay ng sansala ayon sa mga katotohanan ng salita. {AGA 380.4}

Ang mamuhi at magsansala sa kasalanan, at kasabay nito ay maghayag ng habag at pagmamahal sa makasalanan, ay mahirap gawin. Habang lalong masikap tayo sa pagtatamo ng kabanalan ng puso at buhay, lalo namang magiging matalas ang ating pandama sa kasalanan, at lalong maging pasiyahan ang ating pagbatikos sa anumang hiwalay sa matuwid. Dapat tayong magbantay laban sa hindi marapat na higpit sa nagkakamali, ngunit dapat tayong maging maingat na hindi naman mawala sa atin ang pananaw sa lubos na kasamaan ng kasalanan. Kailangang ihayag ang pagtitiis at pag-ibig ni Kristo sa nagkakasala, ngunit may panganib namang magkaroon ng pagpapabaya sa kanyang kasalanan anupa't maiisip ng nagkasalang hindi siya dapat parusahan at ituturing nitong ang parusa ay malupit at walang katarungan. {AGA 381.1}

Ang mga ministro ng ebanghelyo kung minsan ay nakagagawa ng malaking pinsala sa pagpapabayang ang makasalanan ay lalong malulong sa mga kasalanan, o kaya ay pakikibahagi dito. Sa ganito ay naaakay silang pabayaan at bigyang dahilan ang kasalanang kinamumuhian ng Dios; at pagkaraan ng ilang panahon sila ay nabubulagang bigyan pang parangal silang inuutos ng Dios na kanilang batikusin. Siyang nagpamanhid ng espirituwal na pananaw sa pagpapahintulot sa mga kasalanang kinamumuhian ng Dios, di magtatagal ay gagawa ng lalong dakilang kasalanan sa pagiging marahas at mahigpit sa mga taong sinasang-ayunan ng Dios. {AGA 381.2}

Sa pagmamataas ng karunungan ng tao, sa pag-aglahi sa impluwensya ng Banal na Espiritu, at sa kawalan ng interes sa mga katotohanan ng salita ng Dios, maraming nagpapanggap na mga Kristiano, at mga nag-aakalang may kakayahang magturo sa iba, ang maaakay palayo sa mga kahilingan ng Dios. Inihayag ni Pablo kay Timoteo, "Sapagkat darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang mga sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita, at ihihiwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at mga ibabaling sa katha." {AGA 381.3}

Hindi tinutukoy ng apostol dito ang mga hayagang hindi relihiyoso, kundi sa mga nagpapanggap na Kristiano na sumusunod sa sariling hilig, at nagiging alipin ng sarili. Ang

mga ito ay laang makinig sa mga doktrinang hindi sumasansala sa kanilang mga kasalanan o humahatol sa kanilang hilig sa kalayawan. Sila ay nasasaktan sa malinaw na salita ng mga tapat na lingkod ni Kristo, at pumipili ng mga gurong pupuri at mag-aangat sa kanila. At kabilang sa mga ministro ay mga nangangaral ng mga kuro-kuro ng tao sa halip ng salita ng Dios. Hindi tapat sa kanilang pagkakatiwala, inaakay nila sa kapahamakan ang mga nakatingin sa kanila sa espirituwal na patnubay. {AGA 382.1}

Sa banal na kautusan, ang Dios ay nagkaloob ng sakdal na patakaran ng buhay; at Kanyang inihayag na hanggang sa wakas ng panahon ang kautusang ito ay di magbabago isa mang tuldok o kudlit, at siyang pag-aangkin ng Dios sa tao. Naparito si Kristo upang palawakin at parangalan ang kautusan. Ipinakita Niyang ito ay nakasalig sa malawak na pundasyon ng pag-ibig ng Dios at pag-ibig sa tao, at ang pagsunod sa mga sangkap nito ang buong katungkulan ng tao. Sa Sermon sa Bundok, ipinakita Niya kung paanong ang mga kahilingan nito ay sumasaklaw sa kabila ng panlabas na gawa at tumutukoy sa mga pag-iisip at haka ng puso. {AGA 382.2}

Ang kautusan, kapag nasunod, ay aakay sa taong tanggihan ang “kawalang kabanalan at mga pita ng sanlibutan,” at “aakayin siyang mabuhay na mahinahon, matuwid, at banal sa sanlibutang ito.” Tito 2:12. Ngunit binihag ng kaaway ng lahat ng katuwiran ang mundo at inakay ang mga lalaki at babae upang lumabag sa kautusan. Tulad ng nakita ni Pablo, ang karamihan ay bumaling mula sa malinaw, at sumasaliksik na katotohanan ng salita ng Dios, at pumili ng mga gurong maghaharap sa kanila ng mga kathang isip na nakahahalina. Marami sa mga kaanib at ministro ang yumuyurak sa mga utos ng Dios. Sa ganito ay naiinsulto ang Manlalalang, at si Satanas ay humahalakhak sa tagumpay ng kanyang mga pakana. {AGA 382.3}

Sa patuloy na pag-aglahi sa utos ng Dios, may paglaganap naman ng kawalang hilig sa relihiyon, dagdag na pagmamataas, pag-ibig sa kalayawan, pagsuway sa magulang, at pagmamalabis sa sarili; at ang mga mapag-isip sa lahat ng dako ay nagtatanong, Ano ang magagawa upang mapigil ang nakababahalang kasamaang ito? Ang tugon ay nasa payo ni Pablo kay Timoteo, “Ipangaral mo ang salita.” Sa Biblia masusumpungan ang mga panatag na simulain ng pagkilos. Ito ang salin ng kalooban ng Dios, pagpapahayag ng banal na karunungan. Nagbubukas ito ng pagkaunawa sa mga dakilang problema ng buhay; at sa lahat ng susunod sa mga tagubilin nito, ito ay magiging hindi nagkakamaling patnubay, na mag-iingat sa kanila sa pagwawasak ng buhay sa paggawang walang direksyon. {AGA 382.4}

Ipinahayag ng Dios ang Kanyang kalooban, at kahangalan para sa taong mag-alinlangan sa mga lumabas sa Kanyang bibig. Matapos makapangusap ang Karunungang Walang Hanggan, wala nang alinlangan pang taglayin ang tao, walang pag-aatubili sa pagsunod. Lahat ng kahilingan ay nabubuo sa payak, at lubos na pagsunod sa Kanyang kalooban. Ang pagsunod ang pinakamataas na dikta ng isipan at ng konsyensya. {AGA 383.1}

Patuloy si Pablo sa tagubilin: “Ngunit ikaw ay magpigil sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gawin mo ang gawa ng ebanghelista, ganapin mo ang iyong ministeryo.” Malapit nang matapos ni Pablo ang kanyang takbuhin, at nais niyang si Timoteo ang kumuha ng kanyang lugar, sa pagsasanggalang sa iglesia sa mga katha at erehe na sa iba’t ibang paraan ay ipapasok ng kaaway upang ilayo ang tao sa simpleng ebanghelyo. Nagpayo siyang layuan ang lahat ng mga pagsisikap na temporal at mga balakid na hahadlang sa kanya upang di lubusang maihandog ang sarili sa paglilingkod sa Dios; na batahing may kagalakan ang pagsalungat, kahihiyan, at paguusig na masasagupa dahilan sa kanyang pagtatapat; na ganaping buo ang kanyang ministeryo sa paggamit ng mga paraang naaabot niya sa paggawa ng kabutihan sa mga kinamatayan ni Kristo. {AGA 383.2}

Ang buhay ni Pablo ay halimbawa ng mga katotohanang kanyang itinuro; at dito nasalig ang kanyang tagumpay. Ang kanyang puso ay puspos ng malalim, at nananatiling pagkadama ng kanyang kapanagutan; at siya’y gumawang may malapitang kaugnayan sa Kanya na Siyang bukal ng katarungan, habag, at katotohanan. Nanghawakan siya sa krus ni Kristo bilang tanging garantiya ng tagumpay. Ang pag-ibig ng Tagapagligtas ang di namamatay na motibong nagpanatili sa kanya sa mga pakikipagpunyagi sa sarili, at sa pakikibaka laban sa kasamaan habang patuloy siya sa paglilingkod kay Kristo sa sanlibutang itong hindi makipagkaibigan at sa pagsalungat ng kanyang mga kaaway. {AGA 383.3}

Ang kailangan ng iglesia sa mga panahon ng panganib ay mga manggagawang tulad ni Pablo, na naturuan sa pagiging kapakipakinabang, may malalim na karanasan sa mga bagay ng Dios, at puno ng sigasig at ningas. Mga lalaking pinabanal, at mapagsakripisyo; mga lalaking hindi iiwas sa pagsubok at kapanagutan; mga lalaking matapang at tunay; mga lalaking sa puso ay nakatanghal si Kristo bilang “pag-asa ng kaluwalhatian,” at may mga labing nadampian ng banal na apoy ay “mangangaral ng salita.” Sa kakulangan ng ganitong mga manggagawa ang gawain ay nagdurusa, habang ang mga kamaliang nakamamatay tulad ng lason, ay nakamantsa sa moral at nagpapadilim ng pag-asa ng kalakhang bahagi ng lahi ng tao. {AGA 383.4}

Habang ang mga tapat at pagal nang tagapagdala ng bandila ay nag-aalay ng kanilang mga buhay para sa katotohanan, sino naman kaya ang lalapit upang kumuha ng kanilang lugar? Ang mga kabataan ba natin ay tatanggap sa banal na pagkakatiwalang naibigay sa kanilang mga magulang? Naghahanda ba silang pumuno sa kawalang malilikha ng kamatayan ng mga banal? Diringgin kaya ang hamon ng apostol, ang panawagan sa tungkulin, sa gitna ng mga pang-akit sa kasakiman at ambisyong nakaaakit sa mga kabataan? {AGA 384.1}

Tinapos ni Pablo ang liham sa mga personal na pabalita, at muling inulit ang kahilingang si Timoteo ay pumaroon agad sa kanya, kung maaari ay bago dumating ang taglamig. Sinabi niya ang tungkol sa kanyang kalungkutan dahilan sa paglisan ng ilang mga kaibigan at kinailangang pag-alis ng iba; at baka sakaling si Timoteo ay magatubili pa dahilan sa

pangangailangan ng iglesia sa Efeso, sinabi niyang isinugo na si Tichico na papalit muna sa kanya habang siya ay wala roon. {AGA 384.2}

Matapos ibalita ang tanawin ng paglilitis sa harapan ni Nero, ang pagtalikod ng mga kapatid, at ang nagpapanatiling biyaya ng Dios na nag-iingat ng tipan, isinara ni Pablo ang liham sa pagtatalaga kay Timoteo sa pag-iingat ng Punong Pastor, na bagama't ang mga katulong na pastor Niya ay malugmok na, ay patuloy pa ring mangangalaga sa Kanyang kawan. {AGA 384.3}

Kapitulo 51 – Hinatulang Mamatay

Sa panahon ng paglilitis kay Pablo sa harapan ni Nero, ang emperador ay tunay na naldlos sa kapangyarihan ng mga salita ng apostol anupa't ipinagpaliban nito ang pagbibigay ng hatol, na hindi ito hinatulan ang lingkod ng Dios o pinawalang sala. Ngunit ang galit ng emperador kay Pablo ay bumalik. Bigo sa paghadlang sa pagdami ng mga Kristiano, kahit na sa sambahayan ng hari, ipinasya niyang humanap ng magiging' dahilan upang ang apostol ay maipapatay. Hindi nagtagal ay inilagda ni Nero ang hatol ng kamatayan ng martir. Sapagkat ang isang mamamayan ng Roma ay hindi sinasaktan, siya ay hinatulang maputulan ng ulo. {AGA 385.1}

Si Pablo ay dinalang pribado sa lugar ng bitayan. Iilan lamang ang pinahintulutang makakita nito; sapagkat ang mga nag-uusig sa kanya, sa lawak ng kanyang impluwensya, ay nangambang baka sa pagmamasid sa kanyang pagbitay, ay marami pa ang mahikayat. Ngunit kahit na ang mga tigasing kawal na nagbabantay sa kanya at nakadinig na may pagkamangha sa kanyang mga salita ay nakita kung paanong siya ay masaya at nagagalak pa kahit na sa harapan ng kamatayan. Sa ilang nakasaksi sa pagkamartir na ito, ang kanyang diwa ng pagpapatawad sa mga may kinalaman sa kanyang kamatayan at ang kanyang hindi nakikilos na pagtitiwala kay Kristo hanggang sa wakas, ay naging panlasa ukol sa buhay. Hindi lamang iisa ang tumanggap sa Tagapagligtas sa mga napangaralan ni Pablo, at di nagtagal ay walang takot na tinatakan ang kanilang pananampalataya ng sariling dugo. {AGA 385.2}

Hanggang sa huling oras niya si Pablo ay nagpatotoo sa katotohanan ng kanyang mga salita sa mga taga Corinto: "Yamang ang Dios ang nagsabi, magniningning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesu-Cristo. Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa Dios, at huwag mula sa aming sarili. Sa magkabi-kabila ay nangagigipit kami, gayunma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayunma'y hindi nangawawalan ng pag-asa; pinag-uusig, gayunma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayunma'y hindi nangasisira; laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ng Panginoong Jesus, upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming kamatayan." 2 Corinto 4:6-10. Ang kanyang kasapatan ay hindi sa sarili, kundi sa presensya at ahensya ng makalangit na Espiritu na pumuspos sa kaluluwa at naghatid dito sa pagpapasakop sa kalooban ni Kristo. Inihayag ng propeta, "Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasaiyo: sapagkat siya'y tumitiwala sa Iyo." Isaias 26:3. Ang kapayapaang dulot ng langit na nahayag sa mukha ni Pablo ay nakahikayat ng maraming tao sa ebanghelyo. {AGA 385.3}

Tinaglay ni Pablo ang kapaligiran ng langit. Lahat ng nakasama niya ay nakadama ng impluwensya ng kanyang pagkasanib kay Kristo. Ang katunayang ang kanyang sariling

buhay ay naghayag ng katotohanang kanyang ipinangaral, ay nagbigay sa kanyang pangangaral ng kapangyarihang humikayat. Narito ang kapangyarihan ng katotohanan. Ang hindi pinag-aralan at hindi namamalayang impluwensya ng isang banal na buhay ang pinakamakapangyarihang sermon na maibibigay pabor sa Kristianismo. Ang argumento, kahit na hindi ito masagot, ay maaaring magbangon ng pagsalungat; ngunit ang banal na halimbawa ay taglay ang kapangyarihang imposibleng labanan. {AGA 386.1}

Nawala sa pananaw ng apostol ang sariling dumarating na pagdurusa sa kanyang malasakit para sa kanyang iiwanan na haharap sa mga maling akala, muhi, at pag-uusig. Ang ilang Kristianong nakasama sa dako ng kanyang pagbitay ay sinikap niyang mapalakas at mapasigla sa pag-uulit ng mga pangakong kaloob sa kanilang pinag-uusig dahilan sa katuwiran. Tiniyak niya sa kanila na walang anumang pangakong hindi matutupad para sa kanilang mga pinag-uusig at tapat. Sa ilang panahon ay maaaring makaranas sila ng mabibigat na tukso; maaaring sila ay magkulang sa mga bagay na materyal; datapuwat mapapasigla sila ng mga salitang, “Sapagkat nakikilala ko ang aking sinasampalatayanan, at lubos akong nanmiwalang Siya’y makapag-iingat ng aking ipinagkatiwala sa Kanya hanggang sa araw na yaon.” 2 Timoteo 1:12. Di magtatagal ang gabi ng pagsubok at paghihirap ay magwawakas, at sisikat ang masayang umaga ng kapayapaan at sakdal na araw. {AGA 386.2}

Ang apostol ay nakatingin sa dakilang kabila pa roon, hindi sa kawalang katiyakan o pangamba, kundi sa masayang pag-asa at pananabik. Sa dako ng pagkamartir ay nakita niya hindi ang tabak ng berdugo o ang lupang hindi magtatagal ay tatanggap ng kanyang dugo; nakatingin siya sa kabila ng payapang bughaw na langit sa panahong iyon ng tag-init sa luklukan ng Walang Hanggan. {AGA 387.1}

Ang lalaking ito ng pananampalataya ay nakita niya ang hagdan ng pangitain ni Jacob, kumakatawan kay Kristo, na nagdugtong ng lupa sa langit, at ang taong may kamatayan sa Dios na walang kamatayan. Ang kanyang pananampalataya ay napalakas sa pag-aalaala kung paanong ang mga patriarka at propeta ay sumandig sa Kanya sa suporta at ginhawa, at ngayon ay paghahandugan niya ng buhay. Mula sa mga lalaking ito na sa paglakad ng mga daantaon ay lumakad sa pananampalataya, ay nadinig niya ang patotoo na ang Dios ay tunay. Ang mga kapwa apostol niya, na, upang ipangaral ang ebanghelyo ni Kristo, ay humayo upang harapin ang kitid ng isipang pangrelihiyon at mga pamahiin ng mga pagano, pag-uusig, at aglahi, na hindi minahal ang kanilang buhay upang maitanghal lamang ang liwanag ng krus sa gitna ng laganap na kadiliman ng kawalang pagtatapat—ang mga ito ay nadinig niyang nagbibigay patotoo kay Jesus na Anak ng Dios, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Mula sa tanikala, sa sunugan, sa selda, sa mga yungib at kuweba ng lupa, ay umalingawngaw ang mga tinig ng tagumpay ng mga martir. Nadinig niya ang pagsaksi ng mga matatag na kaluluwa, na bagama’t dukha, naghihirap, pinarurusahan, gayunman ay may banal na patotoo sa pananampalataya, na nagsasabi, “Kilala ko ang aking sinasampalatayanan.” Ang mga ito na

nagbuwis ng mga buhay para sa kanilang pananampalataya ay naghahayag sa mundo na Siyang kanilang pinagkatiwalaan ay makapagliligtas na sukdulan. {AGA 387.2}

Tinubos ng sakripisyo ni Kristo, hinugasan ng Kanyang dugo mula kasalanan, at binihisan ng Kanyang katuwiran, taglay din ni Pablo sa sarili ang pagsaksi na ang kanyang kaluluwa ay mahalaga sa paningin ng kanyang Manunubos. Ang kanyang buhay ay nakatago kay Kristo sa Dios, at siya ay naniniwalang lubos na Siyang nagtagumpay sa kamatayan ay makapag-iingat ng bagay na ipinagkatiwala niya sa Kanya. Ang kanyang isipan ay nakahawak sa pangako ng Tagapagligtas, "Ititindig ko siya sa huling araw." Juan 6:40. Ang kanyang mga pag-iisip at pag-asa ay nakasentro sa pagdating ng Panginoon. At habang ang tabak ng berdugo ay bumababa, at ang anino ng kamatayan ay lumalambong sa martir, ang pinakahuling isipan pati na ang pinakauna sa kanyang dakilang paggising sa katotohanan, ay upang masalubong ang Tagapagbigay-buhay na darating upang salubungin siya sa kagalakan ng mga pinagpala. {AGA 387.3}

Mga ilang daantaon na ang lumipas matapos na si Pablo ay magtigis ng kanyang dugo bilang saksi sa salita ng Dios at patotoo kay JesuCristo, walang kamay na nagtala ng mga huling tagpo ng buhay ng banal na lalaking ito, datapuwat ang Inspirasyon ang nagpanatili para sa atin ng kanyang naghihingalong patotoo. Tulad ng trumpeta ang kanyang tinig ay umalingawngaw sa mga kapanahunan, nagbibigay lakas sa mga libu-libong saksi para kay Kristo at nagbigay buhay sa mga pusong lugmok sa dusa: "Sapagkat ako'y iniaalay na, at ang panahon ng aking pagpanaw ay dumating na. Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong ng katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon, na tapat na Hukom, sa araw na yaon: at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita." 2 Timoteo 4:6-8. {AGA 388.1}

Kapitulo 52 – Isang Tapat na Katulong na Pastor

Kakaunti ang nabanggit sa aklat ng Mga Gawa tungkol sa huling bahagi ng paggawa ni apostol Pedro. Sa panahon ng mga abalang taon matapos ibuhos ang Banal na Espiritu sa Araw ng Pentecostes, siya ay kabilang sa mga walang pagod na nagsikap upang maabot ang mga Judio na pumaroon sa Jerusalem upang sumamba sa mga taunang pagdiriwang. {AGA 389.1}

Sa pagdami ng mananampalataya sa Jerusalem at sa ibang mga dakong nadalaw ng mga mensahero ng krus, ang mga talentong taglay ni Pedro ay naging malaking halaga sa naunang iglesia Kristiana. Ang impluwensya ng kanyang patotoo tungkol kay Jesus ng Nasaret ay lumaganap sa malapit at malayo. Napaatang sa kanya ang dobleng kapanagutan. Nagbigay siya ng positibong pagsaksi tungkol sa Mesias sa mga hindi nananampalataya, puspos na gumagawa para sa kanilang pagkahikayat; gayundin gumawa siya ng tanging paggawa sa mga mananampalataya, upang sila ay palakasin sa pananampalataya kay Kristo. {AGA 389.2}

Matapos na si Pedro ay maakay sa pagtanggi sa sarili at lubusang umasa sa kapangyarihan ng langit, siya ay tumanggap ng panawagan upang maging manggagawang pastor. Sinabi ni Kristo kay Pedro, bago nito itanggi Siya, “Kapag ikaw ay nahikayat, ay palalakasin mo ang iyong mga kapatid.” Lucas 22:32. Ang mga salitang ito ay mahalaga para sa malawak at mabisang paggawa ng apostol sa hinaharap para sa kanilang mananampalataya. Ukol sa gawaing ito, ang sariling karanasan ni Pedro sa kasalanan at pagdurusa at pagsisisi ang naghanda sa kanya. Hangga’t hindi niya naalaman ang sariling kahinaan, na kanya namang naalaman ang pangangailangan ng mananampalataya na umasa kay Kristo. Sa gitna ng mga tukso ay naunawaan niyang ang tao ay makalalakad na panatag kung lubusang magtitiwala at aasa sa Tagapagligtas. {AGA 389.3}

Sa huling pakikipagpulong ni Kristo sa mga alagad sa tabing dagat, si Pedro, sinubok ng tadong ulit na tanong, “Iniibig mo ba Ako?” (Juan 21:15-17), ay naibalik sa piling ng labindalawa. Ang kanyang gawain ay itinalaga: siya ay magpapakain ng kawan ng Panginoon. Ngayon, hikayat at tinanggap, hindi lamang niya hahanapin upang maligtas ang nasa labas ng kawan, kundi magiging pastor din ng tupa. {AGA 389.4}

Iisang kondisyon ng paglilingkod ang binanggit ni Kristo kay Pedro—“Iniibig mo ba Ako?” Ito ang mahalagang pangangailangan. Taglay man ni Pedro ang bawat iba pang katangian, kung wala ang pag-ibig kay Kristo, hindi siya maaaring maging tapat na pastor ng kawan ng Dios. Ang kaalaman, kagandahang-loob, galing sa pagsasalita, sigasig—lahat ay mahalaga sa mabuting paggawa; ngunit kung wala ang pag-ibig ni Kristo sa puso, ang gawain ng Kristianong ministro ay isang kabiguan. {AGA 390.1}

Ang pag-ibig kay Kristo ay hindi isang pakiramdam, kundi isang buhay na simulain, na dapat mahayag bilang kapangyarihang nananahan sa puso. Kung ang likas at kilos ng pastor ay paghahalimbawa ng mga katotohanang kanyang pinasusulong, sasangayunan ng Panginoon ang patibay sa Kanyang gawain. Ang pastor at kawan ay magiging isa, pinagkaisa ng pag-asa kay Kristo. {AGA 390.2}

Ang paraan ng pakikitungo ng Tagapagligtas kay Pedro ay liksyon para sa kanya at mga kapatid. Bagama’t ikinaila ni Pedro ang kanyang Panginoon, ang pag-ibig naman ni Kristo

para sa kanya ay hindi nagbago. At sa pagharap ng apostol sa paglilingkod ng salita sa iba, kanyang pakikitunguhan ang makasalanan na may pagtitiis, malasakit, at nagpapatawad na pag-ibig. Sa pag-alala sa sariling kahinaan at kabiguan, dapat niyang pakitunguhan ang mga tupa sa kanyang pangangalaga na malumanay tulad ng ginawa ni Kristo sa kanya. {AGA 390.3}

Ang taong makasalanan, ay walang tiyaga at pagmamahal sa mga nagkakasala at natutukso. Hindi niya nababasa ang puso; hindi niya alam ang mga pakikibaka at larot nito. Kailangan niyang matutuhan ang sansalang may pag-ibig, ang palong nagpapagaling, ang babalang may pag-asa. {AGA 390.4}

Sa buong gawain ni Pedro, siya ay matapat na nagbantay sa kawang ipinagkatiwala sa kanya, at pinatunayang karapat-dapat sa tagubilin at kapanagutang ibinigay sa kanya ng Tagapagligtas. Lagi na lamang na itinaas niya si Jesus ng Nasaret bilang Pag-asa ng Israel, ang Tagapagligtas ng tao. Isinuko niya ang sariling buhay sa disiplina ng Punong Manggagawa. Sa bawat kapangyarihang nasa kanya ay sinikap niyang maturuan ang mananampalataya sa aktibong paglilingkod. Ang banal niyang halimbawa at walang pagod na paggawa ay nagpasigla sa mga kabataang may mga kakayahan upang lubusang ipagkaloob ang sarili sa gawain ng ministri. Sa paglakad ng panahon, ang impluwensya ng apostol bilang tagapagturo at lider ay lumago; at bagama't hindi nawala sa kanya ang pasaning gumawa para sa mga Judio, gayunma'y tinaglay niya ang patotoo sa maraming lupain, at nagpalakas ng pananampalataya ng lubhang karamihan sa ebanghelyo. {AGA 390.5}

Sa mga huling taon ng kanyang paggawa, si Pedro ay kinasihang sumulat sa mga mananampalatayang nasa "Ponto, Galacia, Capadocia, Asia, at Bitinia." Ang mga liham niya ay naging paraan ng muling pagbuhay ng tapang at pagpapalakas ng pananampalataya ng mga nagdaranas ng kahirapan at pagsubok, at muling pagtatatag ng mabubuting gawa ng mga natutukso at may panganib na lumuwag ang kapit sa Dios. Ang mga liham na ito ay nagtataglay ng patotoo ng isang sa kanya ay nanagana ang mga pagdurusa ni Kristo at Kanyang kaginhawahan; isang nabago ng Kanyang biyaya, at ang pag-asa sa walang hanggang buhay ay tiyak at matatag. {AGA 391.1}

Sa pasimula ng kanyang unang liham, ang matandang lingkod ng Dios ay nag-ukol sa kanyang Panginoon ng papuri at pasasalamat. "Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo," kanyang sinabi, "na ayon sa Kanyang malaking awa ay ipinanganak na muli tayo sa isang buhay na pag-asa sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Jesu-Cristo sa mga patay, sa isang manang hindi nasisira, at walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo, na sa kapangyarihan ng Dios ay iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas na nahanda upang ihayag sa huling panahon." {AGA 391.2}

Sa pag-asang ito ng tiyak na pamana sa lupang binago, nagdiwang ang mga naunang Kristiano, kahit na sa pinakamahigpit na pagsubok at kahirapan. “Na ito ang inyong totoong ikinagagalak,” sinulat ni Pedro, “bagama’t ngayo’y sa sandaling panahon, kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa muli’t muling pagsubok: upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kaysa ginto na nasisira, bagama’t ito’y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal ni Jesu-Cristo: na hindi ninyo nakita ay inyong iniibig; na bagama’t ngayon ay hindi ninyo Siya nakikita,...na kayo’y nagagalak na totoo na may galak na di maipahayag at puspos ng kaluwalhatian: na inyong tinatanggap ang layunin ng inyong pananampalataya, ang kaligtasan ng inyong mga kaluluwa.” {AGA 391.3}

Ang mga salita ng apostol ay isinulat upang maituro sa mga mananampalataya sa bawat panahon, at ito ay may tanging kahalagahan sa mga mabubuhay sa panahong “ang wakas ng lahat ng bagay ay malapit na.” Ang kanyang mga payo at babala, mga salita ng pananampalataya at pampalakas-loob, ay kailangan ng bawat kaluluwa na nais magpanatili ng pananampalatayang “matatag hanggang sa wakas.” Hebreo 3:14. {AGA 392.1}

Sinikap ng apostol na ituro sa mga mananampalataya ang kaha-lagahan ng pag-iingat sa isipang hindi gumala sa mga paksang ipinagbabawal, o maglaan ng lakas sa mga walang kabuluhang paksa. Silang tatayo laban sa mga pakana ni Satanas, ay dapat bantayan ang mga daanan ng kaluluwa; dapat niyang iwasan ang pagbasa, pagtingin, o pagdinig sa mga magmumungkahi ng maraming isipan. Ang pagiisip ay hindi dapat maiwang naglalagalag sa bawat paksang ihaharap ng kaaway ng kaluluwa. Ang puso ay dapat na mabantayang masikap, kung hindi ang mga kasamaan sa labas ay gigising sa mga kasamaan sa loob, at ang kaluluwa ay maliligaw sa kadiliman. “Kaya’t inyong bigkisan ang mga baywang ng inyong pag-iisip,” sinulat ni Pedro, “na maging mapagpigil kayo, at inyong ilagak na lubos ang inyong pag-asa sa biyayang dadalhin sa inyo sa pagkahayag ni Jesu-Cristo;...na huwag kayong umasal na ayon sa inyong dating mga masasamang pita nang kayo’y nasa kawalang kaalaman: ngunit yamang banal ang sa inyo’y tumawag, ay magpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; sapagkat nasusulat, Kayo’y magpakabanal; sapagkat Ako’y banal.” {AGA 392.2}

“Gugulin ninyo sa takot ang panahon ng inyong pangingibang bayan: na inyong nalalamang kayo’y tinubos hindi ng mga bagay na nangasisira, ng pilak o ginto, mula sa inyong walang kabuluhang paraan ng pamumuhay, na ipinamana sa inyo ng inyong mga magulang; kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa Korderong walang kapintasan at walang dungis, samakatuwid baga’y ang dugo ni Kristo: na nakilala nga nang una bago itatag ang sanlibutan, ngunit inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo, na sa pamamagitan Niya ay nananampalataya kayo sa Dios, na sa Kanya’y bumuhay na muli sa mga patay, at sa Kanya’y

nagbigay ng kaluwalhatian; upang ang inyong pananampalataya at pag-asa ay mapasa Dios." {AGA 392.3}

Kung ang pilak o ginto ay sapat na pantubos sa kaligtasan ng tao, gaano nga kadaling ito ay magampanan ng Dios na nagsabing, "Ang pilak at ginto ay Akin." Haggai 2:8. Ngunit tanging sa dugo ng Anak ng Dios lamang maaaring matubos ang makasalanan. Ang panukala ng kaligtasan ay binalangkas sa sakripisyo. Isinulat ni apostol Pablo, "Sapagkat nalalaman ninyo ang biyaya ng adng Panginoong JesuCristo, na bagaman Siya'y mayaman, gayunma'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng Kanyang karukhaan ay magsiyaman kayo." 2 Corinto 8:9. Ibinigay ni Kristo ang sarili para sa atin upang matubos tayo sa lahat ng kasamaan. At bilang putong na pagpapala ng kaligtasan, "ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Jesu-Cristo na Panginoon natin." Roma 6:23. {AGA 393.1}

"Yamang nilinis ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pagtalima sa katotohanan, sa pagibig na hindi pakunwari sa mga kapatid," ipinagpatuloy ni Pedro, "mag-ibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't isa." Ang salita ng Dios—ang katotohanan—ang daluyan na dito ay naghahayag ang Panginoon ng Kanyang Espiritu at kapangyarihan. Ang pagsunod sa salita ay nagbubunga ng kailangang katangian—"walang pakunwaring pag-ibig sa kapatid." Ang pag-ibig na ito ay isinilang sa langit at umaakay sa mga matataas na motibo at paggawang hindi makasarili. {AGA 393.2}

Kapag ang katotohanan ay naging nananahang simulain sa buhay, ang tao ay "muling ipinanganganak, hindi ng binhing nasisira, kundi ng walang kasiraan, sa salita ng Dios, na nabubuhay at namamalagi magpakailanman." Ang pagkapanganak na muling ito ay bunga ng pagtanggap kay Kristo bilang Verbo ng Dios. Kapag ang banal na katotohanan ay nagugat sa puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, mga bagong isipan ay nagigising, at ang mga kalakasang dati'y tulog ay napakikilos upang makipagtulungan sa Dios. {AGA 393.3}

Ganito ang naganap kay Pedro at kapwa apostol. Si Kristo ang tagapagpahayag ng katotohanan sa sanlibutan. Sa Kanya ang binhing di nasisira—ang salita ng Dios—ay nahasik sa puso ng mga tao. Ngunit marami sa mahahalagang liksyong sinalita ng Dakilang Guro ay nadinig ng mga hindi nakaunawa ng mga ito. Nang, matapos na Siya ay pumanhik sa langit, ipinaalaala ng Banal na Espiritu ang mga turo Niya sa mga alagad, ang kanilang natutulog na pandama ay nagising. Ang kahulugan ng mga katotohanan ay sumilang sa kanilang mga isipan bilang bagong pagpapahayag, at ang katotohanan, dalisay at walang halo, ay nakasumpong ng sisidlan. Pagkatapos ang kahangahangang karanasan ng Kanyang buhay ay napasakanila. Ang Salita ay nagpatotoo sa pamamagitan nila bilang mga lalaking Siya ang nagtalaga, at sila ay nangaral ng makapangyarihang katotohanan, "Ang Verbo ay nagkatawang tao, at tumahang kasama natin,...puno ng biyaya at katotohanan." "Sapagkat sa Kanyang kapuspusan ay nagsitanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya." Juan 1:14, 16. {AGA 393.4}

Nagpayo ang apostol sa mananampalataya na pag-aralan ang mga Kasulatan, na ang matuwid na pagkaunawa nito ay gagawang tiyak ukol sa walang hanggan. Nadama ni Pedro na sa karanasan ng bawat tao na lubusang magtatagumpay ay magkakaroon ng mga tagpo ng kagulumihanan at pagsubok; ngunit alam din niyang ang pagkaunawa ng mga Kasulatan ay maghahatid sa isipan ng tinutuksong anak ng Dios ng mga pangakong magbibigay ginhawa sa puso at kalakasan sa pananampalataya. {AGA 394.1}

“Ang lahat ng laman ay gaya ng damo,” kanyang sinabi, “at lahat ng kanyang karangalan ay gaya ng bulaklak ng damo. Ang damo ay natutuyo at ang bulaklak ay nalalanta: datapuwat ang salita ng Panginoon ay namamalagi magpakailanman. At ito ang salita ng mabubuting balita na ipinangaral sa inyo. Kaya’t sa paghihiwalay ng lahat na kasamaan, at lahat ng pandaraya, at pagpapaimbabaw, at mga pananaghili, at ng lahat ng panlalait, gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang mga gatas na walang daya na para sa espiritu, upang sa pamamagitan nito’y magsilago kayo sa ikaliligtas; kung inyong mapagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya.” {AGA 394.2}

Marami sa mga mananampalatayang pinag-ukulan ni Pedro ng liham na ito ay namumuhay sa gitna ng mga pagano, at malaki ang nakasalig sa kanilang pananatiling tapat sa kanilang banal na pagkatawag. Iniharap ng apostol sa kanila ang mga karapatan ng pagiging mga alagad ni Kristo. “Kayo’y isang lahing hirang,” kanyang sinulat, “isang makaharing saserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios; upang inyong ihayag ang mga karangalan Niyang tumawag sa inyo mula sa kadiliman hanggang sa Kanyang kagilagilalas na kaliwanagan: na nang nakaraang panahon ay hindi bayan, datapuwat ngayo’y bayan ng Dios: na hindi nagkamit ng awa, datapuwat ngayo’y nagkamit ng awa. {AGA 394.3}

“Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na kayo’y magsipagpigil sa mga masasamang pita ng laman, na nakilapaglaban sa kaluluwa; na kayo’y magkaroon ng taimtim na ugali sa gitna ng mga Gentil; upang sa mga bagay na sinasabi nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa, na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw.” {AGA 395.1}

Malinaw na inihanay ng apostol ang isipang dapat iukol ng mananampalataya sa mga maykapangyarihang sibil: “Kayo’y pasakop sa bawat palatuntunan ng tao alang-alang sa Panginoon: maging sa hari, na kataastaasan; o sa mga gobernador, na sinugo niya sa paghihiganti sa nagsisigawa ng masama at sa kapurihan ng nagsisigawa ng mabuti. Sapagkat siyang kalooban ng Dios, na sa paggawa ng mabuti ay inyong mapatatahimik ang kamangmangan ng mga taong palalo: na gaya nang kayo’y malaya, at ang inyong kalayaan ay hindi ginagamit na balabal ng kasamaan, kundi gaya ng mga alipin ng Dios. Igalang ninyo ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang pagkakapatiran. Matakot kayo sa Dios. Igalang ninyo ang hari.” {AGA 395.2}

Ang mga alila ay pinayuhang manatiling nagpapasakop sa kanilang mga panginoon na "may buong takot; hindi lamang sa mababuti at mahinahon, kundi gayon din naman sa mababagsik, sapagkat ito'y kalugod-lugod," paliwanag ng apostol, "kung dahil sa budhing ukol sa Dios, ay magtiis ang sinuman ng mga kalumbayan, na magbata ng di matuwid. Sapagkat anong kapurihan nga, kung kayo'y nagkakasala, at kayo'y tinatampal ay inyong tanggaping may pagtitiis? ngunit, kung kayo'y gumagawa ng mabuti, at kayo'y nagbabata, ay inyong tanggapin na may pagtitiis, ito'y kalugod-lugod sa Dios. Sapagkat sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagkat si Kristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y magsisunod sa mga hakbang Niya: na Siya'y hindi nagkasala o kinasumpungan man ng daya ang Kanyang bibig: na, nang Siya'y alipustain, ay hindi gumanti ng pag-alipusta; nang Siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang Kanyang sarili doon sa humahatol na matuwid: na Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa ating mga kasalanan ay mabuhay tayo sa katuwiran: na dahil sa Kanyang mga sugat ay nagsigaling kayo. Sapagkat kayo'y gaya ng mga tupang naliligaw; datapuwat ngayon ay nangabalik kayo sa Pastor at Obispo ng inyong mga kaluluwa." {AGA 395.3}

Pinayuhan ng apostol ang kababaihan na maging mahinhin sa ugali, pananamit at pagkilos. Kanyang ipinayo, "Na huwag sa labas ang kanilang paggayak ng gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit; kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios." {AGA 396.1}

Ang liksyong ito ay angkop sa mga mananampalataya sa bawat panahon. "Sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila." Mateo 7:20. Ang panloob na kagayakan ng isang maamo at payapang diwa ay hindi mahahalagahan. Sa buhay ng tunay na Kristiano ang panlabas na gayak ay laging katugma ng panloob na kapayapaan at kabanalan. "Kung ang sinumang tao'y ibig sumunod sa Akin," sinabi ni Kristo, "ay tumanggi sa kanyang sarili,, at pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin." Mateo 16:24. Ang pagtanggi sa sarili at sakripisyo ang palatandaan ng buhay Kristiano. Ang katibayan ng hikayat na panlasa ay makikita sa pananamit ng lahat ng lumalakad sa landas na inihanda ng Panginoon para sa tinubos. {AGA 396.2}

Matuwid na magmahal sa kagandahan at naisin ito; ngunit nais ng Dios na tayo ay umibig at hanapin muna ang pinakamataas na kagandahan, na hindi lilipas. Walang panlabas na kagayakan ang maihahambing sa halaga o kagandahan ng "diwang maamo at payapa," "ang linong pino, maputi at malinis" (Apocalipsis 19:14), na isusuot ng lahat ng mga banal sa lupa. Ang damit na ito ang magpapaganda at magpapamahal sa kanila dito, at sa dako pa roon ay magiging tanda nila sa pagpasok sa palasyo ng Hari. Ang pangako Niya ay, "Sila'y kasama Kong magsisilakad na may mga damit na maputi: sapagkat sila'y karapat-dapat."

Apocalipsis 3:4. {AGA 396.3}

Sa pagtanaw sa hinaharap sa panahong mapanganib na haharapin ng iglesia ni Kristo, nagpayo ang apostol sa mananampalataya na maging matatag sa harap ng pagsubok at paghihirap. “Mga minamahal,” kanyang sinulat, “huwag kayong magtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo’y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo’y hindi karaniwang bagay.” {AGA 396.4}

Ang pagsubok ay bahagi ng edukasyong makukuha sa paaralan ni Kristo, upang dalisayin ang mga anak ng Dios mula sa dumi ng sanlibutan. Dahilan sa pag-akay ng Dios kung kaya’t dumarating ang mga pagsubok sa Kanyang mga anak. Ang pagsubok at balakid ay paraan ng Dios sa pagdidisiplina, at gayundin sa pagtatagumpay. Siyang nakababasa ng puso ng tao ay nakikita ang kanilang mga kahinaan na higit sa sarili nilang pangmasid. Nakikita Niyang ang ilan ay may mga katangiang, kung maaakay na matuwid, ay magagamit sa paglago ng Kanyang gawain. Sa Kanyang paglalaan ay inaakay Niya ang mga ito sa iba’t ibang kalagayan at pangyayari, upang kanilang matuklasan ang mga kahinaang lingid sa kanilang kaalaman. Binibigyan Niya sila ng mga pagkakataong mapagtagumpayan ang mga kahinaang ito, at maiangkop ang sarili sa paglilingkod. Madalas na ipinahihintulot Niya ang mga apoy ng pagsubok upang sila ay madalisay. {AGA 396.5}

Ang pangangalaga ng Dios sa Kanyang pamana ay walang katapusan. Hindi Niya ipahihintulot na dumating ang pagdurusa sa Kanyang mga anak na hindi mahalaga sa kanilang pangkasalukuyan at pangwalang hanggang kabutihan. Siya ang dadalisay sa iglesia, tulad ng pagdalisay ni Kristo sa iglesia nang Siya’y narito pa sa lupa. Lahat ng dinadala Niya sa Kanyang bayan sa mga pagsubok at paghihirap ay yaong magbibigay ng lalong malalim na kabanalan at dakilang kalakasan upang mapasulong ang mga tagumpay ng krus. {AGA 397.1}

May panahon sa karanasan ni Pedro na hindi siya laang makita ang krus sa gawain ni Kristo. Nang ipaalam ni Kristo sa mga alagad ang darating na paghihirap at kamatayan Niya, naipahayag ni Pedro, “Malayo nawa sa Iyo, Panginoon: hindi ito mangyayari sa Iyo.”
Mateo 16:22. Ang habag sa sarili na naalis nang makabahagi siya sa paghihirap ni Kristo, ang nagpanumbalik kay Pedro. Sa apostol ay naging mapait na liksyon itong mabagal niyang natutuhan, na ang landas ni Kristo sa lupa ay pagdurusa at kahihiyan. Ngunit sa init ng hurno ay natutuhan niya ang liksyon. At ngayon, ang dating masiglang paggawa at anyo ay pinayuko na ng pasanin at mga taon ng paggawa, ay maaari niyang maisulat, “Mga minamahal, huwag kayong magtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo’y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo’y di karaniwang bagay: kundi kayo’y magalak, sapagkat kayo’y karamay sa mga hirap ni Kristo; upang, sa pagkahayag ng Kanyang kaluwalhatian, ay mangagalak kayo ng malabis na galak.” {AGA 397.2}

Sa pagsulat sa mga matanda sa iglesia tungkol sa kanilang mga kapanagutan bilang katulong na pastor ng kawan ni Kristo, isinulat ng apostol: “Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na gumamit kayo ng pamumuno na hindi sapilitan, kundi may kasanayan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pag-iisip; ni hindi din naman ang gaya ng kayo’y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo’y mga maging uliran ng kawan. At pagkahayag ng Pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian.” {AGA 397.3}

Silang nasa tungkulin ng pagiging katulong na pastor ay dapat na matiyagang magbantay sa kawan ng Panginoon. Ito ay hindi pagbabantay na parang diktador, kundi sa paraang magpapalakas at magpapasigla at mag-aangat. Ang ministri ay higit pa sa pagsesermon; nangangahulugan ito ng maningas, at personal na paggawa. Ang iglesia sa lupa ay binubuo ng mga lalaki at babaeng nangangailangan ng matiyaga, at masikap na paggawa upang sila’y masanay at madisiplina upang matanggap nila sa buhay na ito, at sa hinaharap ang putong ng kaluwalhatian at imortalidad. Kailangan ang mga pastor—mga tapat na pastol— na hindi pupuring walang kabuluhan sa bayan ng Dios, o magiging marahas sa kanila, kundi mga magpapakain ng tinapay ng buhay—mga lalaking sa kanilang buhay sa bawat araw ay nakadadama ng nagpapabagong kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at nagtataglay ng malakas at hindi makasariling pag-ibig sa kanilang pinaglilingkuran. {AGA 398.1}

Kailangan ang matalinong paggawa ng katulong na pastor upang kanyang maharap ang paglayo, kapaitan, inggit, at selos sa loob ng iglesia, at kailangang siya ay gumawa sa diwa ni Kristo upang ang mga bagay ay maisaayos. Mga tapat na babala ay dapat ibigay, hindi lamang sa pagsasalita sa pulpito, kundi sa personal na paggawa. Ang pusong naliligaw ay maaaring hindi masiyahan dito, at ang lingkod ng Dios ay maaaring hatulang mali at batikusin. Ngunit alalahanin ng lingkod ng Dios na ang “karunungang mula sa itaas una muna ay dalisay, at mapayapa, maamo, madaling mapakiusapan, puno ng kahabagan at mabubuting bunga, walang pagtatangi, at walang pagpapaimbabaw. At ang bunga ng katuwiran ay inihahasik sa kapayapaan nilang mga mapagpayapa.” Santiago 3:17, 18. {AGA 398.2}

Ang gawain ng ministro ng ebanghelyo ay “maipakita sa lahat ng mga tao kung ano ang pagiging katiwala sa hiwaga, na sa lahat ng panahon ay inilihim ng Dios na lumalang ng lahat ng mga bagay.” Efeso 3:9. Kapag ang pumapasok sa gawaing ito ay pipiliin ang pinakamaliit na pagsasakripisyo, at masisiyahan na lamang sa pagsesermon, at pababayaan na ang gawain ng ministri para sa iba, ang kanyang mga paggawa ay hindi tinatanggap ng Dios. Mga tao na dahil sa kanila ay namatay si Kristo ay napapahamak dahilan sa kawalan ng personal at may direksyong paggawa; at ang ministro ay nagkakamali sa pagkatawag sa kanya kung hindi siya laang gumawa ng personal na pangangalaga sa kawan. {AGA 398.3}

Ang diwa ng tunay na pastor ay paglimot sa sarili. Inaalis niya ang paningin sa sarili upang magampanan ang mga gawa ng Dios. Sa pangangaral ng salita at personal na paggawa sa mga tahanan, nalalaman niya ang kanilang mga pangangailangan, ang kanilang mga kalumbayan, mga pagsubok; at sa pakikipagtulungan sa Dakilang Tagapasan, nakikibahagi siya sa kanilang mga kahirapan, nagbibigay ginhawa sa kanilang mga bagabag, nagpapagaan ng pagkauhaw ng kanilang mga kaluluwa, at hinihikayat ang kanilang mga puso sa Dios. Sa gawaing ito ang ministro ay pinaglilingkuran ng mga anghel ng Dios, at siya na rin ay natuturuan at naliliwanagan sa katotohanang nagpapapantas sa kaligtasan. {AGA 399.1}

Kaugnay ng mga tagubilin sa kanilang nasa mga tungkulin ng pagkakatiwala sa iglesia, inihanay ng apostol ang pangkalahatang simulaing dapat sundin ng lahat ng kaanib ng iglesia. Ang nakababatang mga kaanib ay pinapayuhang sundin ang halimbawa ng nakatatanda sa pagsasakabuhayan ng kababaan ni Kristo: “Gayundin naman kayong mga kabataan, ay magsisuko sa mga matatanda. Oo, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-kayo’y maglingkuran: sapagkat ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwat nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. Kaya’t kayo’y magpakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo’y Kanyang itaas sa kapanahunan; na inyong ilagak sa Kanya ang lahat ng inyong kabalisahan; sapagkat kayo’y ipinagmamalasakit Niya. Kayo’y maging mapagpigil, kayo’y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya, na siya’y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya.” {AGA 399.2}

Sa ganito ay sumulat si Pedro sa mga mananampalataya sa panahon ng natatanging pagsubok sa iglesia. Marami na ang nakadanas ng paghihirap na kasama ni Kristo, at di magtatagal ay haharap ang iglesia sa kalunos-lunos na pag-uusig. Sa loob ng ilang maikling taon silang nagsitayong mga guro at lider ng iglesia ay magbubuwis ng kanilang mga buhay para sa ebanghelyo. Hindi magtatagal ay papasok ang mga ganid na lobo na hindi magpapatawad sa kawan. Ngunit walang anuman sa mga ito ang magdadala ng panlulupaypay sa mga tao na ang pag-asa ay nakalagak kay Kristo. Sa mga salita ng pampasigla at pampalakas-loob, itinuro ni Pedro ang mga isipan ng mananampalataya mula sa mga kasalukuyan at hinaharap na pagsubok sa “isang pamanang hindi masisira, at hindi lilipas.” “Ang Dios ng biyaya, na tumawag sa atin sa walang hanggang kaluwalhatian kay Kristo Jesus, pagkatapos na kayo’y makapagbata sa sandaling panahon, ay Siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo. Suma-Kanya nawa ang paghahari magpakailanman. Siya nawa.” {AGA 399.3}

Kapitulo 153– Matatag Hanggang Wakas

Sa ikalawang liham na ipinadala ni Pedro sa kanilang nagtamo ng “katulad na mahalagang pananampalataya” na kasama niya, inilahad ng apostol ang panukala ng Dios sa pagpapalago ng likas Kristiano. Kanyang isinulat: {AGA 401.1}

“Biyaya at kapayapaan ang sa inyo’y dumami sa pagkakilala sa Dios, at kay Jesus na Panginoon natin, yamang ipinagkaloob sa atin ng Kanyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa Kanya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng Kanyang sariling kaluwalhatian at kagalingan: na dahil dito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang Kanyang mahahalaga at napakadakilang mga pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi tayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pita. {AGA 401.2}

“Sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; at sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; at sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pag-ibig. Sapagkat kung nasa inyo ang mga bagay na ito at sumasagana, ay hindi kayo pababayaang maging tamad o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesu-Cristo.” {AGA 401.3}

Ang mga salitang ito ay puno ng tagubilin, at nagbibigay ng susi ng tagumpay. Inihaharap ng apostol sa mga mananampalataya ang hagdanan ng pagsulong Kristiano, na ang bawat baitang nito ay kumakatawan sa paglago sa pagkakilala sa Dios, at sa pag-akyat dito ay hindi dapat matigil. Pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagtitimpi, pagtitiis, kabanalan, pag-ibig sa kapatid, at mapagbigay ay mga baitang ng hagdanan. Tayo ay naliligtas sa pag-akyat sa bawat baitang hanggang maabot ang pamantayan ni Kristo para sa atin. Sa ganito ay ginagawa tayong pantas sa karunungan, at katuwiran, at kabanalan, at pagtubos. {AGA 401.4}

Tinawag ng Dios ang Kanyang bayan sa kaluwalhatian at kabutihan, at ito ay mahahayag sa kabuhayan ng lahat ng lubusang nakaugnay sa Kanya. Sa pagkakaroon ng kaloob ng langit, sila ay lalago sa kasakdalan, na “iniingatan ng kapangyarihan ng Dios sa pananampalataya.” 1 Pedro 1:5. Kaluwalhatian ng Dios na ipagkaloob ang Kanyang kagalingan sa mga anak Niya. Hangarin Niyang makita ang mga lalaki at babaeng umaabot sa pinakamataas na pamantayan; at kung sa pananampalataya sila ay nanghahawakan sa kapangyarihan ni Kristo, kapag sila ay namanhik sa Kanyang hindi nagkukulang na mga pangako, at inaangkin ang mga ito, kapag sila ay naghahanap sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, sila ay magiging ganap sa Kanya. {AGA 402.1}

Matapos matanggap ang pananampalataya ng ebanghelyo, ang kasunod na gawain ng mananampalataya ay idagdag sa likas ang kabudhan, at sa ganito ay malinis ang puso at mahanda ang isipan sa pagtanggap ng kaalaman ng Dios. Ang kaalamang ito ang saligan ng lahat ng tunay na edukasyon at lahat ng tunay na paglilingkod. Ito ang tanging sanggalang sa tukso; at ito lamang ang huhubog sa tao sa likas na katulad ng sa Dios. Sa pagkakilala sa Dios at sa Kanyang Anak na si Jesu-Cristo ay ibinibigay sa mananampalataya ang "lahat ng bagay na patungkol sa buhay at kabanalan." Walang mabuting kaloob na ipinagkakait sa kanyang taimtim na nagnanais na matamo ang katuwiran ng Dios. {AGA 402.2}

"Ito ang buhay na walang hanggan," sabi ni Kristo, "na Ikaw ay makilala nila na iisang Dios, at Siyang Iyong sinugo, samakatuwid baga'y si Jesu-Cristo." Juan 17:3. At inihayag ng propeta Jeremias: "Huwag magmapuri ang pantas sa kanyang karunungan, o magmapuri man ang makapangyarihan sa kanyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman sa kanyang kayamanan: kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati, na kanyang nauunawaan at kanyang nakikilala Ako, na Ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan, at katuwiran: sapagkat sa mga bagay na ito ay nalulugod Ako, sabi ng Panginoon." Jeremias 9:23, 24. Ang taong magtatamo ng ganitong karunungan ay makauunawa ng lawak at lalim at taas ng maaabot niya sa espirituwal. {AGA 402.3}

Walang sinumang dapat mabigo sa pag-abot sa kanyang kalagayan ng kasakdalan ng likas Kristiano. Sa sakripisyo ni Kristo ay inilaan ang paghahanda para sa mananampalataya upang makatanggap ng mga bagay na ukol sa buhay at kabanalan. Nananawagan ang Dios sa atin na ating abutin ang pamantayan ng kasakdalan at inihaharap sa atin ang halimbawa ng likas ni Kristo. Sa Kanyang pagkatao, pinasakdal ng buhay na patuluyang paglaban sa kasamaan, ipinakita ng Tagapagligtas na ang tao sa buhay na ito ay makaaabot sa kasakdalan ng likas. Ito ang kasiguruhan ng Dios na tayo man ay magtatamo ng lubos na tagumpay. {AGA 402.4}

Inihaharap sa mananampalataya ang kahanga-hangang pagka-kataong maging katulad ni Kristo, na masunurin sa bawat panuntunan ng kautusan. Ngunit sa ganang sarili ang tao ay hindi makaaabot sa kalagayang ito. Ang kabanalang inihahayag ng salita ng Dios na dapat niyang abutin bago siya maligtas ay bunga ng paggawa ng banal na biyaya habang siya ay nagpapasakop sa disiplina at paghubog ng mga impluwensya ng Espiritu ng katotohanan. Ang pagsunod ng tao ay mapasasakdal lamang ng insenso ng katuwiran ni Kristo, na siyang nagbibigay halimuyak sa bawat gawa ng pagsunod. Ang bahagi ng Kristiano ay makipagpunyagi upang pagtagumpayan ang bawat kahinaan. Palagiang siya ay dadalangin sa Tagapagligtas upang pagalingin ang mga kasiraan ng kaluluwang makasalanan. Wala siyang karunungan o lakas man upang magtagumpay; ang mga ito ay buhat sa Panginoon, at ipinagkakaloob Niya sa kanilang sa kahihiyan at pagsisisi ay lalapit sa Kanya upang matulungan. {AGA 403.1}

Ang gawain ng pagbabago mula sa walang kabanalan tungong kabanalan ay walang tigil. Sa bawat araw ang Dios ay gumagawa sa ikababanal ng tao, at ang tao naman ay makikipagtulungan sa Kanya, ng buong pagsisikap sa paglilinang ng mga matuwid na likas. Dapat na siya ay magdagdag ng biyaya sa biyaya; at habang siya ay nasa paggawang ito ng pagdaragdag, ang Dios naman ay gumagawa sa kanya ng pagpaparami. Ang ating Tagapagligtas ay laging nakikinig at tumutugon sa panalangin ng pusong nagsisisi, at ang biyaya at kapayapaan ay pinararami sa mga tapat. Magalak na Siya ay nagkakaloob ng mga pagpapalang kailangan nila sa pakikibaka laban sa mga kasamaang nakasasagupa nila. {AGA 403.2}

Mayroong nagsisikap na pumanhik sa hagdanan ng paglagong Kristiano; ngunit habang ginagawa ito ay nagdtiwala naman sa kapangyarihan ng tao, at di magtatagal ang mga ito ay mawawala ang paningin kay Jesus, ang May-akda at Tagapagpasakdal ng kanilang pananampalataya. Ang bunga ay kabiguan—ang pagkawala ng lahat na nakamtan na. Tunay ngang malungkot ang kapalaran nilang napagod na sa daan, na nagpahintulot sa kaaway na nakawin sa kanila ang mga biyayang Kristiano na nabubuo sa kanilang mga puso at kabuhayan. “Siyang nagkukulang sa mga bagay na ito ay bulag, at hindi nakikita ang malayo, at nakalimutang siya ay nalinis na mula sa mga dating kasalanan.” {AGA 403.3}

Ang apostol Pedro ay mayroong mahabang karanasan sa mga bagay ng Dios. Ang pananampalataya niya sa kapangyarihan ng Dios upang magligtas ay napalakas pa sa paglakad ng panahon, hanggang mapatunayan niyang walang alinlangan na walang posilibidad ng kabiguan sa kanyang, sumusulong sa pananampalataya, na sa bawat yugto ay pataas nang pataas hanggang sa pinakadulong baitang na umaabot sa pintuan ng langit. {AGA 404.1}

Sa maraming taon ay iminumungkahi ni Pedro sa mga mananampalataya ang pangangailangan ng patuloy na paglago sa biyaya at kaalaman ng katotohanan; at ngayon, sa pagkaalam na hindi magtatagal siya ay magiging martir para sa kanyang pananampalataya, muli ay tinawagan niya ng pansin ang mananampalataya sa mga mahahalagang karapatang nasa harapan niya. Sa kasiguruhan ng kanyang pana-nampalataya ang matandang apostol ay nagpasigla sa mga kapatid na maging matatag sa kanilang adhikain sa kabuhayang Kristiano. “Lalong pagsikapan ninyo,” kanyang pakiusap, “na mangapanatag kayo sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagkat kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mangatitisod kailanman: sapagkat sa gayon ay ipinamamahaging sagana sa inyo ang pagpasok sa kahariang walang hanggan ng Panginoon natin at Tagapagligtas na si JesuCristo.” Napakamahal na kasiguruhan! Maluwalhati ang pag-asang nasa harap ng mananampalataya sa pagsulong niya sa pamamagitan ng pananampalataya tungo sa rurok ng kasakdalang Kristiano! {AGA 404.2}

"Kaya't magiging handa akong lagi," ipinagpatuloy ng apostol, "na ipaalaala ko sa inyo ang mga bagay na ito, bagama't inyong nalalaman, at kayo'y pinatitibay sa katotohanang nasa inyo. At inaakala kong matuwid, na samantalang ako'y nasa tabernakulong ito, upang kilusin ko kayo na ipaalaala sa inyo; yamang alang nalalaman na dumarating na madali ang paghihiwalay ko sa aking tabernakulo, na gaya ng ipinahiwatig sa akin ng Panginoon nating Jesu-Cristo. Oo, pagsisikapan ko na sa tuwi-tuwina, pagkamatay ko'y inyong maalaala ang mga bagay na ito." {AGA 404.3}

Ang apostol ay may karapatang magsalita ng mga adhikain ng Dios tungkol sa lahi ng tao; sapagkat sa panahon ng ministri ni Kristo ay nakita at narinig niya ang tungkol sa kaharian ng Dios. "Sapagkat kami ay hindi nagsisunod sa mga kathang ginawang mainam," kanyang pinaalaala sa mga mananampalataya, "noong aming ipinakilala sa inyo ang kapangyarihan at pagparjto ng ating Panginoong Jesu-Cristo, kundi kami ay naging mga saksing nakakita ng Kanyang karangalan. Sapagkat Siya'y tumanggap sa Dios Ama ng karangalan at kaluwalhatian, nang dumating sa Kanya ang isang tinig mula sa marangal na kaluwalhatian, Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong kinalulugdan. At ang tinig na ito ay aming narinig na nanggaling sa langit nang kami ay kasama Niya sa banal na bundok." Gaano man kalakas ang katibayang ito ng pag-asa ng mananampalataya, mayroon pang lalong matibay na pagsaksi ang propesiya, na dito ay mapatatatag ang pananampalataya ng lahat. "At kami," pinahayag ni Pedro, "ay mayroong lalong panatag na salita ng propesiya; na mabuti ang inyong sinusundan, na gaya sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukangliwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso: na maalaman muna ito, na alin mang propesiya ng Kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. Sapagkat hindi sa kalooban ng tao dumating ang propesiya kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyukan ng Banal na Espiritu." {AGA 405.1}

Sa pagtataas sa "tiyak na salita ng propesiya" na panatag na patnubay sa panahon ng panganib, ang apostol naman ay nagbabala sa iglesia laban sa mga sulo ng huwad na propesiya, na ilalahad ng mga "bulaang guro," na palihim na magpapasok ng mga "erehe pati na ang pagtatatwa sa Panginoon." Ang mga bulaang gurong ito na babangon sa loob na rin ng iglesia at ituturing na tunay ng ilang mga kapatid ay inihambing ng apostol sa "mga balong di maglalaman ng tubig, mga ulap na itinataboy ng bagyo; at nakalaan para sa kanila ang pusikit na kadiliman." "Lalong sumasama ang huling kalagayan nila kaysa nang una. Sapagkat magaling pa sa kanila ang hindi nakakilala ng daan ng katuwiran, kaysa pagkatapos na makakilala ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila." {AGA 405.2}

Sa pagbabalik-tanaw sa pagdaan ng mga panahon hanggang sa pagtatapos nito, si Pedro ay kinasihang ibalangkas ang mga kalagayang makikita sa sanlibutan bago dumating sa ikalawa si Kristo. "Na maalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga

manunuya na may pagtuya," kanyang sinulat, "na nagsisilakad ayon sa kani-kanyang masasamang pita, at magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng Kanyang pagparito? sapagkat buhat nang araw na mamayapa ang aming mga magulang, ay nananatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang." Ngunit "kapag kanilang sasabihing, Kapayapaan at katiwasayan, kung magkagayo'y darating sa kanila ang biglang pagkawasak." 1 Tesalonica 5:3. Hindi naman lahat ay masisilo ng kaaway. Sa pagdating ng wakas ng lahat ng bagay sa lupa, mayroong mga tapat na makakakilala ng mga tanda ng panahon. Bagama't malaldng bahagi ng mga mananampalataya ang magkakaila ng kanilang pananampalataya sa kanilang mga gawa, may isang nalabing mananatili hanggang sa wakas. {AGA 405.3}

Naging buhay sa puso ni Pedro ang pag-asa ng pagbabalik ni Kristo, at binigyan niyang kasiguruhan ang iglesia sa katuparan ng pangako ng Tagapagligtas, "At kung Ako ay makaparoon upang ipaghanda kayo ng dakong kalalagyan, muling paririto Ako upang tanggapin kayo sa Aking sarili." Juan 14:3. Sa mga tapat at sinusubok ang pagbabalik ay maaaring parang nagtatagal, ngunit tiniyak ng apostol: "Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa Kanyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na ang sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. Datapuwat darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyon ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog. {AGA 406.1}

"Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnay ng ganito, ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain, na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init? Ngunit, ayon sa Kanyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran. {AGA 406.2}

"Kaya nga, mga minamahal, yamang kayo'y nagsisipaghintay ng mga bagay na ito, ay pagsikapan ninyong masumpungan Niya kayo sa kapayapaan, na walang dungis, at walang kapintasan. At inyong ariin na ang pagpapahinuhod ng Panginoon ay pagliligtas; na gaya rin naman ni Pablo, na ating minamahal na kapatid, na ayon sa karunungang ibinigay sa kanya ay sinulatan kayo.... Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipag-ingat kayo, baka kung maligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mahulog kayo sa inyong sariling katiyagaan. Datapuwat magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-
Cristo." {AGA 407.1}

Sa paglalaan ng Dios, si Pedro ay pinahintulutang tapusin ang kanyang gawain sa Roma, na doon ay ipinabilanggo siya ni Nero halos kasabay ng huling pag-aresto kay Pablo. Sa ganito ang dalawang beteranong sa loob ng maraming taon ay pinaghiwalay ng kanilang mga paggawa, ay nagsabalikat ng kanilang huling pagsaksi para kay Kristo sa malaking lunsod ng sanlibutan, at sa lupa nito ay dadanak ang kanilang dugo bilang binhi ng masaganang ani ng mga banal at mga martir. {AGA 407.2}

Mula nang maibalik si Pedro matapos na ikaila niya si Kristo, siya ay walang takot na humarap sa panganib, at nagbigay ng mabuting halimbawa sa pangangaral ng isang Tagapagligtas na ipinako, muling nabuhay at pumanhik sa langit. Habang nasa bilangguan, naalaala niya ang mga salita ni Kristo sa kanya: “Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Nang ikaw ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung saan mo ibig: ngunit pagtanda mo’y iuunat mo ang iyong mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung saan mo ibig.” Juan 21:18. Sa ganito ay ipinaalam ni Jesus sa apostol ang magiging paraan ng kanyang kamatayan, pati na ang pag-uunat ng kanyang kamay sa kamatayan sa krus. {AGA 407.3}

Si Pedro, bilang isang Judio at taga-ibang lupa, ay nahatulang hampasin at ipako. Sa pagharap sa nakatatakot na kamatayang ito, naalaala ng apostol ang kanyang dakilang pagkakasala sa pagkakaila kay Jesus sa oras ng Kanyang pagsubok. Dati ay mabilis siyang tumanggi sa krus, ngayon ay itinuring niyang kagalakan ang magbuwis ng buhay para sa ebanghelyo, sa isipang, siya na nagkaila sa Panginoon, ang mamatay sa paraang tulad ng sa Panginoon, ay napakalaking karangalan. Taimtim na si Pedro ay nakapagsisi na ng mga kasalanan at napatawad na ni Kristo, tulad ng makikita sa mataas na kapanagutang ipinagkaloob sa kanya sa pag-aalaga ng mga tupa. Ngunit hindi niya mapatawad ang sarili. Kahit na ang mga pagdurusang dadanasin ay hindi makapagpabawas ng pait ng kanyang kapanglawan at pagsisisi. Bilang huling pabor, nakiusap siya sa mga berdugo na siya ay ipako sa krus na patiwarik. Ang kahilingan ay pinagbigyan, at sa paraang ito ay namatay ang dakilang apostol Pedro. {AGA 407.4}

Kapitulo 54 – Ang Minamahal na si Juan

Si Juan ay ibinukod sa ibang mga alagad bilang “ang alagad na minamahal ni Jesus.” Juan 21:20. Sa tingin ay higit ang antas ng kanyang pakikipagkaibigan kay Kristo, at tumanggap siya ng ma-raming tanda ng pagtitiwala at pag-ibig ng Tagapagligtas. Isa siya sa tatlong pinahintulutang makasaksi sa kaluwalhatian ni Kristo sa bundok ng pagbabagonganyo at sa

Kanyang pagdurusa sa Getsemane, at sa kanyang pangangalaga iniwan ng Panginoon ang Kanyang ina sa mga huling oras ng pagdurusa Niya sa krus. {AGA 409.1}

Ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa alagad na ito ay sinuklian naman ng pinakamaalab na pagtatalaga. Si Juan ay nanghawakan kay Kristo tulad ng baging sa kanyang puno. Alang-alang sa Panginoon ay buong tapang na humarap siya sa bulwagan ng katarungan at nanatiling higit na matagal sa paanan ng krus; at sa balitang ang Kristo ay muling nabuhay, nagmadali siyang nagtungo sa libingan, na ang sigasig ay higit kay Pedro. {AGA 409.2}

Ang hindi makasariling pagtatalaga at pag-ibig na nagtitiwala na nahayag sa likas at kabuhayan ni Juan ay naglalahad ng mga liksyong walang kasing halaga sa iglesia Kristiana. Hindi katutubo kay Juan ang kagandahan ng likas. Sa katutubo ay marami siyang malalang kapintasan. Hindi lamang siya mapagmataas, mapagtiwala sa sarili, at ambisyoso sa karangalan, biglain, at madaling mapikon. Kasama ng kapatid niya ay tinatawag silang mga "anak ng kulog." Masamang magalit, mapaghiganti, mapagpuna, ay mga dating ugali ng minamahal na alagad. Ngunit sa ilalim ng lahat ng ito ay nakita ng banal na Guro ang maalab, taimtim, mapagmahal na puso. Sinansala ng Panginoon ang kanyang pagka makasarili, binigo ang kanyang mga ambisyon, at sinubok ang kanyang pananampalataya. Datapuwat inihayag din Niya sa kanya ang mga ninanasa ng kaluluwa—ang kagandahan ng kabanalan, ang nagpapabagong kapangyarihan ng pag-ibig. {AGA 409.3}

Ang mga kahinaan ni Juan ay nalantad sa ilang pagkakataon sa pakikitungo sa Panginoon. Minsan ay nag-utos ang Panginoon sa mga naninirahan sa Samaria na maghanda ng maiinom at makakain para sa Kanya at sa Kanyang mga alagad. Ngunit nang palapit na ang Panginoon sa bayan, parang nais Niyang magpatuloy na sa Jerusalem. Ito ay gumising ng inggit ng mga Samaritano, at sa halip na anyayahan Siyang manatili sa kanila, ipinagkait ng mga ito ang kagandahang-loob na kanilang ibinibigay kahit na sa karaniwang manlalakbay. Hindi ipinipilit ni Jesus ang Kanyang presensya sa sinuman, at nawala sa mga taga Samaritano ang pagpapalang matatanggap sana kung inanyayahan Siyang maging panauhin nila. {AGA 409.4}

Alam ng mga alagad na adhikain ni Kristo na ang mga taga Samaria ay pagpalain ng Kanyang presenya; at ang kalamigan, inggit, at kawalang galang na ipinakita sa kanilang Panginoon ay nagbigay sa mga alagad ng pagtataka at galit. Napukaw lalo na si Santiago at Juan. Hindi nila mapalalagpas ang ganitong pakikitungo sa Kanyang pinagpipitaganang labis, na walang parusa. Sa kanilang sigasig ay sinabi nila, "Panginoon, nais Mo bang magpababa ng apoy mula sa langit upang tupukin sila tulad ng ginawa ni Elias?" na tinukoy ang pagkawasak ng mga kapitan at hukbo ng Samaria na isinugo upang dakpin ang propeta Elias. Nagulat sila na si Jesus ay masaktan sa ganitong mga salita nila, at higit pang nagtaka sila nang sansalain sila ni Jesus: "Hindi ninyo nalalaman ang inyong sinasabi. Sapagkat ang Anak

ng tao ay hindi naparito upang magwasak ng buhay, kundi upang magligtas nito.” Lucas 9:54-56. {AGA 410.1}

Hindi bahagi ng misyon ni Kristo na pilitin ang tao upang Siya’y tanggapin. Si Satanas, at mga taong pinakikilos niya, ang pumipilit sa konsyensya. Sa pakunwaring sigasig sa katuwiran, mga lalaking kasama ng masasamang anghel kung minsan ay nagdadala ng pagdurusa sa kapwa tao upang maakit sila sa kanilang mga isipang pangrelihiyon; ngunit si Kristo ay laging nagpapalata ng habag, laging naghahangad na maakit sila ng Kanyang pagibig. Hindi siya tumatanggap ng karibal sa kaluluwa, o ng bahagi na paglilingkod; kundi ang nais Niya ay ang kusang-loob na paglilingkod, ang bukas sa kaloobang pagpapasakop ng puso sa pagpapakilos ng pag-ibig. {AGA 410.2}

Sa isa pang pagkakataon ay iniharap ni Santiago at Juan sa pamamagitan ng kanilang ina ang kahilingan na sila ay magkaroon ng mataas na tungkulin ng karangalan sa kaharian ni Kristo. Sa kabila ng paulit-ulit na aral ni Kristo tungkol sa likas ng Kanyang kaharian, ang mga kabataang alagad na ito ay nagmahal pa rin sa pag-asang ang Mesias ay uupo sa Kanyang trono at kapangyarihan ayon sa ninanais ng mga tao. At ang ina naman, na katulad ng mga anak ay gayundin ang hangarin, ay humiling, “Ipag-utos Mo na itong aking dalawang anak ay magsiupo, ang isa sa Iyong kanan, at ang isa sa Iyong kaliwa, sa Iyong kaharian.” {AGA 410.3}

Ngunit sumagot ang Tagapagligtas, “Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Mangyayari bagang inuman ninyo ang sarong malapit nang Aking iinuman?” Kanilang naalaala ang Kanyang mahiwagang mga salita tungkol sa pagsubok at paghihirap, datapuwat sumagot na may pagtitiwala, “Mangyayari.” Ibibilang nilang mataas na karangalan na patunayan ang kanilang katapatan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng lahat ng mangyayari sa kanilang Panginoon. {AGA 411.1}

“Katotohanang iinuman ninyo ang Aking saro,” inihayag ni Kristo—sa harapan Niya ay krus sa halip na trono, dalawang lalaki ang Kanyang kasama sa Kanyang kanan at sa Kanyang kaliwa. Si Santiago at Juan ay makikibahagi sa kanilang Panginoon sa paghihirap—ang isa, nakaukol mamatay sa pamamagitan ng tabak; ang isa pa, ang pinakamatagal na sumunod sa kanyang Panginoon sa paggawa at kahihiyan at pag-uusig. “Datapuwat ang maupo sa Aking kanan, at sa Aking kaliwa, ay hindi sa Akin ang pagbibigay; datapuwat yaon ay para sa kanila namga pinaghandaan ng Aking Ama.” Mateo 20:21-23. {AGA 411.2}

Naunawaan ni Jesus ang motibo ng kahilingan, at sa ganito ay sinansala ang pagmamataas at ambisyon ng dalawang alagad: “Ang mga pinuno ng mga Gentil ay nangapapanginoon sa kanila, at ang kanilang mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan sa kanila. Sa inyo’y hindi magkakagayon kundi ang sinumang mag-ibig na dumakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo; at sinumang mag-ibig na maging una sa inyo ay magiging alipin ninyo: gayundin

naman ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang Kanyang buhay na pangtubos sa marami." Mateo 20:25-28. {AGA 411.3}

Sa kaharian ng Dios, ang katungkulan ay hindi makukuha sa paboritismo. Hindi ito nakakamit, o tinatanggap sa walang kahulugang pagbibigay. Ito ay bunga ng likas. Ang korona at trono ay mga tanda ng kalagayang naabot na—mga tanda ng pagsupil sa sarili sa biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo. {AGA 411.4}

Matagal matapos ito, nang si Juan ay maging kaayon na ng isipan ni Kristo sa pakikibahagi sa Kanyang mga paghihirap, ipinahayag sa kanya ng Panginoon ang mga kondisyon ng kalapitan ng Kanyang kaharian. "Ang magtagumpay ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang luklukan." Apocalipsis 3:21. Ang tatayong pinakamalapit kay Kristo ay siyang nakaranas ng pinakamalalim na pag-ibig na mapagsakripisyo,—pag-ibig na "hindi nagmamapuri sa sarili, hindi mayabang,...hindi hinahanap ang sarili, hindi nayayamot, hindi nag-iisip ng masama" (1 Corinto 13:4, 5),— pag-ibig na nagpakilos sa alagad, tulad ng sa Panginoon, na nagkaloob ng lahat upang mabuhay at maglingkod hanggang kamatayan, sa ikaliligtas ng sangkatauhan. {AGA 412.1}

Sa ibang pagkakataon sa kanilang pangangaral, si Santiago at Juan ay nakatagpo ng isang, bagama't hindi kilalang tagasunod ni Kristo, ay nagpapalayas ng mga demonyo sa Kanyang pangalan. Pinagbawalan ito ng mga alagad sa paggawa sa isipang tama ang kanilang ginawa. Ngunit nang sabihin nila ito kay Kristo, ay pinagsabihan sila, "Huwag ninyong pagbawalan siya: sapagkat walang taong gumagawa ng makapangyarihang gawa sa pangalan Ko, na pagdaka'y makapagsasalita ng masama laban sa Akin." Marcos 9:39. Walang sinumang nagpapakitang sila ay mapagkaibigan kay Kristo ang dapat na pagbawalan. Ang mga alagad ay di dapat maghayag ng makitid, at makasariling diwa, kundi ng espiritung may malawak na malasakit tulad ng nakita nila sa kanilang Panginoon. Naisip ni Santiago at Juan na sa pagpapatigil sa taong ito ay ang kapakanan ng kanilang Panginoon ang kanilang pinagpapahalagahan; ngunit nasumpungan nilang sila ay naiinggit lamang. Kinilala nila ang kanilang pagkakamali at tinanggap ang sansala. {AGA 412.2}

Ang mga liksyon ni Kristo, sa kaamuan at kababaan at pag-ibig ay mahalaga sa paglago sa biyaya at pagiging angkop sa Kanyang gawain, at ito ay nagkaroon ng pinakamataas na halaga kay Juan. Minahal niya ang bawat liksyon at palagiang sinikap na ang buhay ay maitugma sa banal na huwaran. Pasimulang nabanaag ni Juan ang kaluwalhatian ni Kristo—hindi ang makasanlibutang karangyaan at kapangyarihang inisip niyang matamo, kundi ang sa "kaluwalhatiang tulad sa Bugtong ng Ama, puno ng biyaya at katotohanan." Juan 1:14. {AGA 412.3}

Hindi ang lalim at ningas ng pag-ibig ni Juan sa Panginoon ang naging dahilan ng pagibig naman ni Kristo sa kanya, kundi ang bunga ng pag-ibig na iyon. Nais ni Juan na maging katulad ni Jesus; at sa ilalim ng nagpapabagong impluwensya ng pag-ibig ni Kristo, siya ay naging maamo at mababa. Ang sarili ay natago kay Jesus. Higit sa kanyang mga kasama, si Juan ay nagpasakop sa kapangyarihan ng maluwalhating kabuhayang iyon. Wika niya, "At ang buhay ay nahayag, at aming nakita." "Sapagkat sa Kanyang kapuspusan ay nagsitanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya." 1 Juan 1:2; Juan 1:16. Nakilala ni Juan ang Tagapagligtas sa pamamagitan ngsubukang kaalaman. Ang mga liksyon ng Panginoon ay naukit sa kanyang kaluluwa. Nang siya ay magpatotoo tungkol sa biyaya ng Tagapagligtas, ang kanyang payak na pangungusap ay naging paghahayag ng pag-ibig na namayani sa kanyang buong pagkatao. {AGA 412.4}

Ang malalim na pag-ibig ni Juan kay Kristo ay umakay sa kanya na laging maging malapit sa Kanyang piling. Mahal ng Tagapagligtas ang labindalawa, ngunit si Juan higit sa lahat ang may diwang madaling tumanggap at makakilala. Siya ay mas bata sa iba, at tulad sa isang maliit na bata ay bukas ang kanyang puso kay Jesus. Sa ganito ay naging mas malapit siya sa malasakit ni Kristo, at sa pamamagitan niya ang pinakamalalalim na espirituwal na aral ng Tagapagligtas ay naisalin para sa bayan. {AGA 413.1}

Mahal ni Jesus silang kumakatawan sa Ama, at si Juan ay nakapangusap tungkol sa pagibig ng Ama higit sa sinumang alagad. Inihayag niya sa kanyang kapwa ang nadadama ng kanyang sariling kaluluwa, na inihayag din sa kanyang likas ang mga katangian ng Dios. Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nahayag sa kanyang mukha. Ang kagandahan ng kabanalang nagpabago sa kanya ay nagningning tulad ng kay Kristo. Sa pagpaparangal at pag-ibig ay minasdan niya ang Tagapagligtas hanggang ang maging kawangis ni Kristo at makasama Niya ang naging tanging hangarin niya, at sa kanyang likas ay nabanaag ang likas ng kanyang Panginoon. {AGA 413.2}

"Masdan ninyo," kanyang sinabi, "kung gaanong pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Dios.... Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin, na kung Siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad Niya; sapagkat Siya'y ating makikita gaya ng Kanyang sarili." 1 Juan 3:1,2. {AGA 413.3}

Kapitulo 55 – Isang Tapat na Saksi

Matapos na si Kristo ay pumanhik sa langit, si Juan ay tumayong isang matapat, at masigasig na manggagawa para sa Panginoon. Kasama ng ibang mga alagad ay tumanggap siya ng pagbubuhos ng Espiritu sa Araw ng Pentecostes, at may bagong sigasig at kapangyarihang nagpatuloy siya sa pagbahagi sa mga tao ng salita ng buhay, na sila ay inaakay sa Hindi Nakikita. Siya ay makapangyarihang mangangaral, maningas at malalim ang malasakit. Sa magandang mga salita at tinig na maindayog ay nagsaysay siya ng mga gawa ni Kristo, sa paraang humikayat sa mga nakikinig. Ang mga simpleng pangungusap niya, ang marangal na kapangyarihan ng mga katotohanang sinalita niya, at ang ningas na naging likas ng kanyang pagtuturo, ay nagbukas ng kanyang pagsasalita sa lahat ng uri ng tao. {AGA 414.1}

Ang buhay ng apostol ay naging kaayon ng kanyang mga aral. Ang pag-ibig para kay Kristo na nag-alab sa kanyang puso ang umakay sa kanya sa paggawang taimtim at walang pagod para sa kanyang kapwa tao, lalo na sa mga kapatid sa iglesia. {AGA 414.2}

Nag-atas si Kristo sa mga unang alagad na magmahalan tulad ng pag-ibig Niya sa kanila. Sa ganito ay tataglayin nila ang patotoo sa sanlibutan na ang Kristo, ang pag-asa ng kaluwalhatian, ay nabuo sa loob nila. “Isang bagong utos ang ibinibigay Ko sa inyo, na kayo ay magmahalan sa isa’t isa; na kung paanong inibig Ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa.” Juan 13:34. Sa panahong sinalita ni Jesus ito, hindi ito maunawaan ng mga alagad; datapuwat matapos na masaksihan nila ang mga paghihirap ni Kristo, matapos ang Kanyang pagkapako at pagkabuhay na muli, at pagpanhik sa langit, at matapos na maipagkaloob sa kanila sa Pentecostes ang Banal na Espiritu, nagkaroon sila ng lalong malinaw na pagkaunawa sa pagibig ng Dios, at sa likas ng pag-ibig na dapat nilang iukol sa isa’t isa. At sa ganito ay masasabi ni Juan sa mga kapwa alagad niya: {AGA 414.3}

“Dito’y nakikilala natin ang pag-ibig, sapagkat Kanyang ibinigay ang Kanyang buhay para sa atin; at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay para sa mga kapatid.” {AGA 414.4}

Matapos na makababa ang Banal na Espiritu, nang ang mga alagad ay humayo upang ihayag ang Tagapagligtas na nabubuhay, ang tanging adhikain nila ay ang pagliligtas ng kaluluwa. Nagalak sila sa tamis ng pakikisama ng mga banal. Sila ay mapagtanggi sa sarili, matulungin, at handang magsakripisyo para sa katotohanan. Sa kanilang pakikisalamuha sa isa’t isa sa bawat araw, naghayag sila ng pag-ibig ni Kristo na iniaral sa kanila. Sa mga salita at gawang hindi makasarili ay nagsikap silang paningasin ang pag-ibig na ito sa puso ng iba. {AGA 415.1}

Ang ganitong pag-ibig ay minahal ng mga mananampalataya. Sila ay hahayong laang sumunod sa bagong utos. Gayon kahigpit ang tali ng pakikiisa kay Kristo na nakaganap sila ng lahat ng mga kahilingan ng Dios. Ang kanilang mga buhay ay pagpapalaganap ng

kapangyarihan ng isang Tagapagligtas na nag-aaring ganap sa Kanyang katuwiran. {AGA 415.2}

Ngunit dahan-dahang pumasok ang pagbabago. Ang mga mananampalataya ay nagsimulang maghanap ng kapintasan ng kapwa. Naglumagi sila sa mga kamalian ng iba, nagbigay puwang para sa matalas na pintas, nawala ang kanilang paningin sa Tagapagligtas at sa Kanyang pag-ibig. Naging higit na mahigpit sila sa mga panlabas na seremonya, higit na masinop sa teoriya kaysa sa pagsasakabuhayan ng pananampalataya. Sa kanilang sigasig na hatulan ang iba, hindi nila nakita ang sariling kamalian. Nawala sa kanila ang pag-ibig sa kapatid na itinuro ni Kristo, at masama sa lahat, hindi nila nadama ang kawalang ito. Hindi nila nadamang ang galak at kaligayahan ay lumilipas sa kanilang buhay, at sapagkat, sinasarhan nila ang kanilang mga puso sa pag-ibig ng Dios, di magtatagal ay lalakad sila sa kadiliman. {AGA 415.3}

Sa pagkakita ni Juan, na ang pag-ibig sa kapatid ay nanghihina sa iglesia, pinasigla niya ang mananampalataya sa palagiang pangangailangan ng pag-ibig na ito. Ang mga liham niya sa iglesia ay puno ng ganitong mga isipan. “Mga minamahal, mangag-ibigan tayo sa isa’t isa,” kanyang sinulat, “sapagkat ang pag-ibig ay sa Dios; at ang bawat umiibig ay ipinanganak ng Dios, at nakakakilala sa Dios. Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Dios; sapagkat ang Dios ay pag-ibig. Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo ay umiibig sa Dios kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kanyang Anak na pampalubag-loob sa ating mga kasalanan. Mga minamahal, kung tayo’y inibig ng Dios ng gayon, ay nararapat na mangag-ibigan din naman tayo.” {AGA 415.4}

Tungkol sa tanging isipan ng paghahayag ng mananampalataya ng pag-ibig na ito, wika ng apostol: “Isang bagong utos ang isinusulat ko sa inyo, bagay na tunay sa Kanya at sa inyo: sapagkat ang kadiliman ay lumilipas, at ang tunay na ilaw ay lumiliwanag na. Ang nagsasabing siya’y nasa liwanag, at napopoot sa kanyang kapatid, ay nasa kadiliman pa hanggang ngayon. Ang umiibig sa kapatid ay nananahan sa liwanag, at sa kanya’y walang anumang kadahilanang ikatitisod. Ngunit ang napopoot sa kanyang kapatid ay nasa kadiliman, at lumalakad sa kadiliman, at hindi niya nalalaman kung saan siya naparoroon, sapagkat ang kanyang mga mata ay binulag ng kadiliman.” “Ito ang pabalitang narinig ninyo mula sa pasimula, na tayo ay dapat magibigan sa isa’t isa.” “Ang hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan. Ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay mamamatay-tao: at nalalaman ninyong sinumang mamamatay-tao ay hindi pinananahanan ng buhay na walang hanggan. Dito’y nakikilala natin ang pag-ibig, sapagkat Kanyang ibinigay ang Kanyang buhay dahil sa atin: at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid.” {AGA 416.1}

Hindi ang oposisyon ng sanlibutan ang pinakamalaking panganib ng iglesia ni Kristo. Kundi ang kasamaang minamahal ng mananampalataya sa puso ang gumagawa ng pinakamalaking kasamaan at tunay na pumipigil sa pagsulong ng gawain ng Dios. Wala nang

tiyak pang paraan upang mapahina ang espirituwalidad kaysa ang manahanan sa inggit, hinala, pintas, at masamang haka. Sa kabilang dako, ang pinakamalakas na pagsaksi na tunay ngang isinugo ng Dios ang Kanyang Anak dito sa mundo, ay ang pagkakaroon ng pagkakaisa at pagkakatugma sa mga iba't ibang taong bumubuo ng iglesia Niya. Ang patotoong ito ay karapatan ng bawat alagad ni Kristo na taglayin. Ngunit upang magawa ito, dapat munang ilagak nila ang mga sarili sa ilalim ng pangunguna ni Kristo. Ang kanilang mga likas ay dapat na makaayon sa Kanyang likas, at ang kanilang mga kalooban sa
Kanyang kalooban. {AGA 416.2}

"Isang bagong utos ang ibinibigay Ko sa inyo," sinabi ni Kristo, "Na kayo'y mag-ibigan sa isa't isa; tulad ng pag-ibig Ko sa inyo, na kayo ay mag-ibigan sa isa't isa." Juan 13:34. Anong kahanga-hangang pangungusap; ngunit, gaano ngang hindi naisasagawa! Sa iglesia ng Dios ngayon, ang pag-ibig sa kapatid ay malungkot na wala. Marami sa mga nagpapanggap na nagmamahal sa Tagapagligtas ay hindi naman nagmamahal sa kapatid. Mga hindi nananampalataya ay nagmamasid upang makita kung ang pananampalataya ng nagpapanggap na Kristiano ay may kapangyarihang magpabago ng kanilang buhay; at mabilis silang makapansin. ng mga kasiraan ng likas, mga hindi katugmang pagkilos. Huwag nawang tulutan ng Kristiano na maituro ng kaaway sa kanila ang, Narito ang isang bayang naka.tayo sa ilalim ng bandila ni Kristo, ngunit namumuhi sa isa't isa. Ang mga Kristiano ay mga kaanib ng iisang pamilya, lahat ay mga anak ng Ama sa langit, may taglay na isang pag-asa sa imortalidad. Malapitan at mapagmahal ang marapat na maging tali at ugnayan nila. {AGA 416.3}

Ang banal na pag-ibig ay nagiging mairugin sa puso kapag nanawagan ito sa atin na maghayag ng katulad na pagmamahal ni Kristo. Ang taong mayroong hindi makasariling pag-ibig sa kapwa ang tunay na may pag-ibig sa Dios. Ang tunay na Kristiano ay hindi papayag na ang taong nasa panganib ay hindi mabigyang babala at mahalin. Hindi siya lalayong may pagmamalaki sa nagkakamali, at iiwan silang palubog sa kalungkutan at kabiguan o tuluyang mahulog sa patibong ni Satanas. {AGA 417.1}

Silang hindi nakaranas ng mapagmahal at umaakit na pag-ibig ni Kristo ay hindi maaaring makaakay ng iba sa bukal ng buhay. Ang pag-ibig ni Kristo sa puso ay kapangyarihang nagpapakilos, umaakay sa pagpapahayag ng likas ni Kristo sa kabuhayan, sa diwang mapagmahal, mahabaging espiritu, sa pag-aangat ng buhay ng kanilang nakakasalamuha. Ang mga Kristiano na magtatagumpay sa ganitong gawain ay dapat na makakilala kay Kristo; at upang magawa ito, ay dapat na makaranas ng Kanyang pag-ibig. Sa paningin ng langit, ang kanilang pagkaangkop bilang manggagawa ay nasusukat ng kanilang kakayahang umibig tulad ng pag-ibig ni Kristo at gumawang tulad ng Kanyang paggawa. {AGA 417.2}

"Huwag tayong umibig sa salita," sinulat ng apostol, "kundi sa gawa at sa katotohanan." Ang kaganapan ng likas Kristiano ay natatamo kapag ang bugso ng isip at damdaming

makatulong sa iba ay palagiang nagmumula sa loob. Ang kapaligiran ng pag-ibig na ito para sa kaluluwa ay nagiging panlasa ng buhay sa buhay at pagkakataon para sa Dios na magpala sa kanyang paggawa. {AGA 417.3}

Ang sukdulang pag-ibig sa Dios at hindi makasariling pag-ibig sa isa't isa—ang pinakamabuting kaloob na maibibigay ng Ama sa langit. Ang pag-ibig na ito ay hindi bugso ng damdamin, kundi isang banal na simulain, isang permanenteng kapangyarihan. Ang pusong hindi natatalaga ay hindi maaaring magsimula o gumawa nito. Sa puso lamang na si Kristo ang naghahari masusumpungan ito. "Iniibig natin Siya, sapagkat una Siyang umibig sa atin." Sa pusong nabago ng banal na biyaya, ang pag-ibig ang simulaing naghahari sa pagkilos. Binabago nito ang likas, sinusupil ang bugso ng damdamin, pinipigil ang mga pita, at pinararangal ang mga pagmamahal. Ang pag-ibig na itong nananatili sa kaluluwa, ay nagpapatamis ng buhay at nagsasabog ng dumadalisay na impluwensya sa palibot. {AGA 417.4}

Sinikap ni Juan na akayin ang mga mananampalataya sa pagkaunawa ng mataas na karapatang matatamo sa pagsasakabuhayan ng diwa ng pag-ibig. Ang kapangyarihang ito na tumutubos, pumupuspos sa puso, ang siyang pipigil ng bawat motibo at magtataas sa tao sa ibabaw ng mga nagpapasamang impluwensya ng sanlibutan. At habang ang ganitong pagibig ay namamayani sa buhay, ang kanilang pagtitiwala sa Dios at sa Kanyang pakikitungo sa kanila ay magiging ganap. Sila ay lalapit sa Kanya na may buong pagtitiwala, sa pagkaalam na sila'y tatanggap mula sa Kanya ng lahat na kanilang kailangan sa pangkasalukuyan at pangwalang hanggang kabutihan. "Dito'y naging sakdal ang pag-ibig sa atin," kanyang sinulat, "upang tayo'y magkaroon ng pagkakatiwala sa araw ng paghuhukom: sapagkat kung ano Siya, ay gayon din naman tayo sa sanlibutan. Walang takot sa pag-ibig: kundi ang sakdal na pag-ibig ay nagpapalayas ng takot." "At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa Kanya, na, kung tayo'y humingi ng anumang bagay na ayon sa Kanyang kalooban, ay dinidinig Niya tayo: at kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig Niya,...nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa Kanya'y ating hingin." {AGA 418.1}

"At kung ang sinuman ay magkasala, may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesu-Cristo, ang matuwid: at Siya ang pampalubag-loob sa ating mga kasalanan: at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng buong sanlibutan din naman." "Kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan, tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." Ang mga kondisyon ng pagtatamong habag mula sa Dios ay simple at makatuwiran. Hindi hinihiling sa atin ng Panginoon ang paggawa ng mabigat na bagay upang mapatawad. Hindi na kailangan pang maglakbay na matagal at nakapapagod patungo sa isang groto, o magpenitensya upang ang ating kaluluwa ay maitagubilin sa Dios ng kalangitan o mapagaan ang kasalanan. Siyang "nagkukumpisal at nagtatakwil" ng kasalanan ay "magtatamong awa." Kawikaan 28:13. {AGA 418.2}

Sa mga hukuman sa kalangitan, si Kristo ay naglilingkod para sa Kanyang iglesia—nagsusumamo para sa kanila na tinubos ng Kanyang dugo. Mga daantaon, mga panahon ay hindi makapagpapabawas ng bisa ng Kanyang sakripisyo ng pagtubos. Kahit na ang buhay o kamatayan, ang lalim o taas, ay di makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios na nakay Kristo Jesus; hindi sapagkat mahigpit ang kapit natin sa Kanya, kundi sapagkat Siya ang mahigpit na nakahawak sa atin. Kung ang kaligtasan ay nakasalig sa ating sariling pagsisikap, hindi tayo maliligtas; ngunit ito ay nakasalig sa Isang nasa likod ng lahat ng mga pangako. Ang ating hawak sa Kanya sa tingin ay maaaring mahina, datapuwat ang pag-ibig Niya ay tulad sa nakatatandang kapatid; hangga't tayo ay nakakapit sa Kanya, walang sinumang makaaagaw sa atin sa Kanyang kamay. {AGA 419.1}

Sa paglakad ng mga taon at sa pagdami ng mga mananampalataya, si Juan ay gumawang higit na tapat at masigasig para sa kanyang mga kapatid. Ang mga panahong iyon ay puno ng mga panganib sa iglesia. Ang mga pandaraya ni Satanas ay kabi-kabila. Sa kasinungalingan at daya ay sinikap niyang magbangon ng oposisyon laban sa mga doktrina ni Kristo; at bilang bunga ay nalagay sa panganib ang iglesia dahilan sa mga heresiya at pag-aalit. May nag-angking sapagkat nasa kanila ang pag-ibig ni Kristo ay napalaya na sila sa pagsunod sa kautusan ng Dios. Sa kabilang dako, mayroon namang nagturong kailangang sundin pa rin ang mga kaugalian at seremonya ng mga Judio; na ang pagsunod sa kautusan, kahit na walang pananampalataya sa dugo ni Kristo ay sapat na sa kaligtasan. Mayroong nagsabing si Kristo ay mabuting tao, ngunit tinatanggihan ang Kanyang pagka-Dios. Mayroong nagpapanggap na tapat sa gawain ng Dios, ngunit mga mandaraya, at sa kabuhayan ay ikinakaila si Kristo at ang Kanyang ebanghelyo. Sa pamumuhay na makasalanan, nagpapasok sila sa iglesia ng mga heresiya. Sa ganito ay marami ang naaakay sa pagwawalang bahala at pandaraya. {AGA 419.2}

Si Juan ay nabagabag sa nakalalasong kamalian na gumagapang sa iglesia. Nakita niya ang mga panganib na dito'y magiging lantad ang iglesia, at hinarap niya ang kagipitang ito sa mabilis at pasiyahang pagkilos. Ang mga sulat ni Juan ay nagtataglay ng hininga ng pagibig. Parang siya ay sumulat sa pamamagitan ng plumang itinubog sa pag-ibig. Ngunit nang makatagpo niyang personal ang mga taong lumalabag sa kautusan ng Dios, gayong nagpapanggap na sila'y hindi nagkakasala, hindi siya nag-atubiling bigyan sila ng babala sa nakatatakot na dayang ito. {AGA 419.3}

Sa pagsulat sa isang katulong sa gawain ng ebanghelyo, isang babaeng may mabuting ulat at malawak na impluwensya, sinabi niya: "Sapagkat maraming mandaraya na nangagsilitaw sa sanlibutan, samakatuwid ay ang mga hindi nangagpapahayag na si JesuCristo ay naparitong nasa laman. Ito ang mandaraya at ang antikristo. Mangag-ingat kayo sa inyong sarili, upang huwag ninyong iwala ang mga bagay na aming pinagpagalan, kundi upang tanggapin ninyo ang isang lubos na kagantihan. Ang sinumang nagpapatuloy, at hindi

nananahan sa aral ni Kristo, ay hindi kinaroroonan ng Dios. Ang nananahan sa aral ay kinaroroonan ng Ama at gayundin ng Anak Kung sa inyo'y dumating ang sinuman, at hindi dala ang aral na ito, huwag ninyong tatanggapin sa inyong bahay, at huwag ninyo s'iyang batiin: sapagkat ang bumabati sa kanya ay karamay sa kanyang masasamang gawa." {AGA 420.1}

Tayo ay binigyang kapangyarihan na itakwil tulad ng ginawa ng minamahal na apostol, ang mga nagpapanggap na kay Kristo ngunit lumalabag naman sa kautusan ng Dios. Sa mga huling araw ay magkakaroon din ng katulad na kasamaang nakita sa naunang iglesia at naging banta sa kanyang kasaganaan; at ang mga aral ni apostol Juan tungkol sa bagay na ito ay dapat bigyang pansing masinop. "Dapat na magkaroon kayo ng pag-ibig," ang sigaw sa bawat dako, lalo na mula sa nagpapanggap ng pagpapakabanal. Ngunit ang tunay na pagibig ay napakadalisay upang magtakip sa kasalanang hindi ilanukumpisal. Bagama't dapat nating ibigin ang taong dahil sa kanya ay namatay si Kristo, hindi naman tayo dapat makipagkompromiso sa kasamaan. Hindi tayo dapat makisanib sa mga mapanghimagsik, at tatawagin itong pag-ibig. Inaasahan ng Dios na ang Kanyang bayan sa panahong ito ay tatayong matatag sa matuwid tulad ni Juan laban sa mga kamaliang nagwawasak. {AGA 420.2}

Itinuturo ng apostol na tayo ay dapat maging magalang bilang mga Kristiano, at magsagawa rin ng matuwid sa pagharap sa kasalanan at makasalanan; at ito ay hindi labag sa tunay na pag-ibig. "Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang sa kautusan: at ang kasalanan ay pagsalangsang sa kautusan. At nalalaman ninyo na Siya'y nahayag upang mag-alis ng mga kasalanan; at sa Kanya'y walang kasalanan. Ang sinumang nananahan sa Kanya ay hindi nagkakasala: sinumang nagkakasala ay hindi nakakita sa Kanya, ni hindi man nakakilala sa Kanya." {AGA 420.3}

Bilang isang saksi para kay Kristo, si Juan ay hindi pumasok sa kaguluhan o nakababagot na pagtatalo. Inihayag niya .ang kanyang nalalaman, ang kanyang nakita at narinig. Malapit ang naging kaugnayan niya kay Kristo, nakapakinig sa Kanyang mga aral, namasdan ang Kanyang mga kababalaghan. Iilan lamang ang makakakita ng kagandahan ng likas ni Kristo tulad ng naging karanasan ni Juan. Sa kanya ang kadiliman ay lumipas na; sa kanya ay sumisikat ang tunay na liwanag. Ang patotoo niya turigkol sa buhay at kamatayan ng Tagapagligtas ay maliwanag at makapangyarihan. Mula sa puso na pinasagana ng pag-ibig sa Tagapagligtas ay nagsalita siya; at walang kapangyarihang makapipigil sa kanyang mga salita. {AGA 421.1}

"Yaong buhat sa pasimula," kanyang pinahayag, "yamang aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa Salita ng buhay;...yaong aming nakita at narinig ay siya rin naman naming ibinabalita sa inyo, upang

kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: oo, at kayo ay may pakikisama sa Ama, at sa Kanyang anak na si Jesu-Cristo.” {AGA 421.2}

Sa ganito ang bawat tunay na mananampalataya, sa kanyang sariling karanasan, ay “makapaglalagay ng tatak na ang Dios ay totoo.” Juan 3:33. Maaari siyang sumaksi sa mga bagay na kanyang nakita at narinig at nadama sa kapangyarihan ni Kristo. {AGA 421.3}

Kapitulo 56 – Binago ng Biyaya

Sa kabuhayan ng alagad na si Juan ang tunay na pagpapakabanal ay nahayag. Sa mga taon ng kanyang malapitang pakikisama kay Kristo, madalas na siya ay binigyang babala at pinayuhan ng Taga-pagligtas; at ang mga sumbat na ito ay kanyaijg tinanggap. Habang ang likas ng Banal ay nalantad sa kanya, nakita ni Juan ang mga sariling kahinaan, at siya'y napaamo ng ganitong pagpapahayag. Sa bawat araw, nakita niya ang pagkakaiba ng kanyang marahas na diwa sa pagmamahal at pagpapahinuhod ni Jesus, at kanyang narinig ang mga liksyon tungkol sa pagpapakababa at pagtitiis. Sa bawat araw ang kanyang puso ay nahubog kay Kristo, hanggang mawala sa kanya ang pagtingin sa sarili sa kanyang pag-ibig sa Panginoon. Ang kapangyarihan at pagmamahal, ang kamahalan at kaamuan, ang kalakasan at pagtitiis, na nakita niya sa buhay ng Anak ng Dios, ang pumuno ng paghanga sa kanyang kaluluwa. Isinuko niya ang kanyang mainipin, at ambisyosong diwa sa paghuhubog ni Kristo, at ang banal na pag-ibig ang naghulma sa pagpapabago ng kanyang likas. {AGA 422.1}

Kabaligtaran sa ganitong pagpapakabanal na nahayag sa buhay ni Juan ay ang naging karanasan ng kapwa niya alagad na si Judas. Tulad ng iba pa, nagpanggap si Judas na alagad ni Kristo, ngunit ang sa kanya ay anyo lamang ng kabanalan. Matigas siya at hindi matanggap ang kagandahan ng likas ni Kristo; at madalas na sa kanyang pakikinig sa mga salita ng Tagapagligtas, ang kombiksyon ay nadama niya, gayunman ay hindi niya isinuko ang puso o ikinumpisal man ang kanyang mga kasalanan. Sa paglaban sa banal na impluwensya, hindi niya naparangalan ang Panginoong sinasabi niyang kanyang minamahal. Si Juan ay palagiang bumabaka sa kanyang mga kahinaan; ngunit si Judas ay hindi tumugon sa kanyang budhi at sa halip ay sumuko sa tukso, at lalo pang nangunyapit sa kanyang mga masasamang ugali. Ang mga pagsasakabuhayan ng katotohanang iniaral ni Kristo ay naging labag sa kanyang mga naisin at adhikain, at hindi niya maipasakop ang kanyang mga isipan upang makatanggap ng karunungan ng langit. Sa halip na lumakad sa liwanag, pinili niyang lumakad sa dilim. Mga masasamang naisin, pag-iimbot, mapaghiganting damdamin, at madidilim na isipan, ay kanyang minahal hanggang si Satanas ay lubusang pumigil sa kanya. {AGA 422.2}

Si Juan at si Judas ay kumakatawan sa mga nagpapanggap na mga alagad ni Kristo. Kapwa sila tumanggap ng katulad na mga pagkakataong mapag-aralan at makasunod sa banal na Huwaran. Kapwa sila malapit ang kaugnayan kay Jesus, at nagkaroon ng karapatang makapakinig sa Kanyang mga turo. Kapwa sila nagtaglay ng mga malalang depekto ng likas; at kapwa sila may karapatang makatanggap ng banal na biyayang magpapabago ng likas. Ngunit habang ang isa ay nag-aaral kay Jesus sa kababaan ng diwa, ang isa naman ay naghayag na siya ay hindi tagaganap ng salita, kundi isang tagapakinig lamang. Ang isa, sa bawat araw ay namatay sa sarili at nagtagumpay sa kasalanan at pinabanal ng katotohanan; ang isa naman, ay tumanggi sa kapangyarihan ng biyayang magbago ng likas at nagpatuloy sa mga makasariling hangarin, at naakay sa pagkaalipin kay Satanas. {AGA 423.1}

Ang pagbabago ng likas na nahayag kay Juan ay laging bunga ng komunyon kay Kristo. Maaaring may mga lantad na depekto sa likas ng tao, gayunman, kapag siya ay naging tunay na alagad ni Kristo, ang kapangyarihan ng banal na likas ang magbabago at magpapabanal sa kanya. Tulad ng pagtingin sa salamin, siya ay nababago mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, hanggang sa siya ay makatulad sa Kanya na kanyang minamahal. {AGA 423.2}

Si Juan ay isang guro ng kabanalan, at sa mga sulat niya sa mga iglesia ay inilahad niya ang hindi nagkakamaling patakaran ng pagkilos Kristiano. “Ang sinumang may pag-asang ito sa kanya,” kanyang sinulat, “ay naglilinis sa kanyang sarili, tulad din naman Niyang malinis.” “Ang nagsasabing siya’y nananahan sa Kanya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad Niya.” 1 Juan 3:3; 2:6. Itinuro niyang ang Kristiano ay marapat na maging malinis sa puso at kabuhayan. Kailanman ay di siya dapat masiyahan sa hungkag na pagpapanggap. Kung paanong ang Dios ay banal sa Kanyang kalagayan, gayundin ang taong nagkasala, sa pananampalataya kay Kristo, ay magiging banal sa kanyang katayuan. {AGA 423.3}

“Ito ang kalooban ng Dios,” wika ni apostol Pablo, “samakatuwid baga’y ang inyong pagpapakabanal.” 1 Tesalonica 4:3. Ang pagpapakabanal ng iglesia ang adhikain ng Dios sa lahat ng Kanyang pakikitungo sa Kanyang bayan. Mula pa sa walang hanggan ay pinili na Niya sila. Ipinagkaloob ang Bugtong na Anak upang mamatay para sa kanila, upang sila ay mapabanal sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan. At mula sa kanila ay urnaasa ang Dios ng personal at walang pasubaling pagpapasakop. Ang Dios ay mapararangalan sa pamamagitan nilang nagpapanggap na nananampalataya sa Kanya kung sila ay kaayon sa Kanyang wangis at pinangangasiwaan ng Kanyang Espiritu. Pagkatapos, bilang mga saksi para sa Tagapagligtas, maihahayag nila kung ano ang nagawa para sa kanila ng banal na biyaya. {AGA 423.4}

Ang tunay na pagpapakabanal ay natatamo sa pagsasakabuhayan ng simulain ng pagibig. “Ang Dios ay pag-ibig; at siyang nananahan sa pag-ibig ay nananahan sa Dios, at ang Dios sa kanya.” 1 Juan 4:16. Ang kabuhayan ng taong si Kristo ang nananahanan sa puso ay naghahayag ng tunay na kabanalan. Ang likas ay madadalisay, matataas, mapararangal at maluluwalhati. Ang dalisay na aral ay sasanib sa mga gawa ng katuwiran; mga utos ng langit ay sasanib sa mga banal na gawain. {AGA 424.1}

Silang magnanais makatamo ng pagpapala ng pagpapakabanal ay dapat munang matutuhan ang kahulugan ng pagsasakripisyo sa sarili. Ang krus ni Kristo ang sentrong haligi na dito ay nakaugnay ang “lalo’t lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan.” “Kung ang sinumang tao’y ibig sumunod sa Akin,” wika ni Kristo, “ay tumanggi sa kanyang sarili, at pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin.” 2 Corinto 4:17; Mateo 16:24. Ang halimuyak ng ating pag-ibig sa kapwa ang naghahayag ng ating pag-ibig sa Dios. Ang

pagtitiis sa paglilingkod ang naghahatid ng kapahingahan sa tao. Sa pamamagitan ng maamo, masipag, tapat na paggawa na ang kapakanan ng Israel ay napalago. Ang Dios ang nagtataas at nagpapalakas ng taong laang sumunod sa paraan ni Kristo. {AGA 424.2}

Ang pagpapakabanal ay hindi gawaing pansumandali, isang oras, o isang araw, kundi panghabang buhay. Hindi ito natatamo sa magandang pakiramdam, kundi bunga ng palagiang kamatayan sa kasalanan, at patuluyang buhay kay Kristo. Ang mga kamalian ay hindi maitutuwid o ang repormasyon ay magaganap sa likas sa mahina at pabugso-bugsong pagsisikap. Sa pamamagitan lamang ng matagalan, masikap, disiplinado, at pasyahang pakikibaka, na tayo ay magwawagi. Hindi natin alam kung gaano magiging kahigpit ang pakikibaka ngayon o bukas. Hangga't si Satanas ay namamayani sa mundong ito, kailangang masupil natin ang mga nakasagabal na kasalanan; hanggang may buhay, walang dakong maaaring tigilan, walang puntong mararating natin na doon ay ating sasabihing, natapos ko na. Ang pagpapakabanal ay bunga ng habang buhay na pagsunod. {AGA 424.3}

Walang sinuman sa mga apostol at mga propeta ang nag-angking sila ay walang kasalanan. Mga lalaking nabuhay na pinakamalapit sa Dios, mga lalaking magsasakripisyo ng buhay kaysa gumawa ng kasamaan, mga lalaking pinarangalan ng Dios sa pagkakaloob ng kapangyarihan at liwanag, ay nagkumpisal ng kanilang pagiging makasalanan. Hindi sila nagtiwala sa laman, o sa katuwiran ng sarili, kundi nagtiwalang lubusan sa katuwiran ni Kristo. {AGA 425.1}

Gayundin sa lahat na titingin kay Kristo. Habang mas malapit tayo kay Jesus, at lalong mas malinaw ang ating pananaw sa kadalisayan ng Kanyang likas, lalo namang malinaw nating makikita ang kasamaan ng kasalanan, at lalong hindi tayo mag-aangat ng ating mga sarili. Magkakaroon ng patuluyang pag-abot sa Dios ang kaluluwa, isang palagian, maningas, bagbag sa pusong pagkukumpisal ng kasalanan at pagpapakababa ng puso sa harapan Niya. Sa bawat hakbang na pasulong sa karanasang Kristiano ang ating pagsisisi ay lalalim. Malalaman natin ang ating kasapatan ay kay Kristo lamang at aangkinin natin ang pagkukumpisal ng apostol: "Nalalaman kong sa akin (sa aking laman,) ay walang anumang kabutihan." "Huwag nawang tulutan ng Dios na ako ay magmapuri, maliban sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na sa pamamagitan niyao'y ang sanlibutan ay ipinako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanlibutan." Roma 7:18; Galacia 6:14. {AGA 425.2}

Bayaan nating ang anghel na tagapagtala ay mag-ulat ng kasaysayan ng mga banal na pakikibaka ng bayan ng Dios; bayaan silang magtala ng kanilang mga panalangin at pagluha; datapuwat huwag nawang madungisan ang karangalan ng Dios sa pagsasabi ng tao, "Ako'y walang kasalanan; ako'y banal." Ang mga labing pinabanal kailanma'y hindi magpapanggap na ganito. {AGA 425.3}

Ang apostol Pablo ay dinala sa ikatlong langit at nakita at narinig ang mga bagay na hindi masambit ng bibig, gayunman ang kanyang maamong pangungusap ay: “Hindi sa ako’y nagtamo na, o ako’y nalubos na: kundi nagpapatuloy ako.” Filipos 3:12. Bayaang ang mga anghel ay magtala ng mga tagumpay ni Pablo sa mabubuting pakikipagbaka ng pananampalataya. Bayaang ang langit ay magdiwang sa kanyang pagtitiwalang matatag sa paglakad patungo sa langit, at habang nakamasid sa gantimpala, ay itinuturing na ang bawat ibang bagay ay walang kabuluhan. Mga anghel ay nagagalak na magbalita ng kanyang mga tagumpay, ngunit si Pablo ay tahimik lamang. Ang isipang ito ni Pablo ang dapat na maging isipan ng bawat tunay na alagad ni Kristo sa kanyang patuloy na paldkipagbaka ukol sa walang hanggang korona. {AGA 425.4}

Silang nag-iisip na magpanggap ng kabanalan ay marapat tumingin sa salamin ng kautusan ng Dios. Habang nakikita nila ang malayuang pag-aangkin nito, at nauunawaan ang gawain nito bilang tagapagmasid sa mga isipan at layunin ng puso, matitigil silang magmayabang pa ng kawalang kasalanan. “Kung sinasabi nating tayo’y walang kasalanan,” wika ni Juan, “ay ating dinadaya ang ating sarili at ang katotohanan ay wala sa atin.” “Kung sinasabi nating tayo’y hindi nagkakasala, ay ating ginagawang sinungaling Siya, at ang Kanyang salita ay wala sa atin.” “Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan.” 1 Juan 1:8, 10, 9. {AGA 426.1}

Mayroong nagpapanggap ng kabanalan, na nagsasabing sila ay lubusang sa Panginoon, na nagpapanggap ng karapatan sa mga pangako ng Dios, gayong tumatanggi namang magkaloob ng pagsunod sa Kanyang mga utos. Ang mga lumalabag na ito ng kautusan ay nag-aangkin ng lahat na ipinapangako sa mga anak ng Dios; datapuwat ito ay pag-aangking kanila lamang, sapagkat sinasabi ni Juan na ang tunay na pag-ibig sa Dios ay mahahayag sa pagsunod sa lahat Niyang mga utos. Hindi sapat na maniwala sa teoriya ng katotohanan, o magpanggap ng pananampalataya kay Kristo, ang maniwalang si Jesus ay hindi isang impostor, at ang relihiyon ng Biblia ay hindi matalinong kathang isip lamang. “Ang nagsasabing nakikilala ko Siya, at hindi tumutupad ng Kanyang mga utos,” sinulat ni Juan, “ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kanya. Datapuwat ang sinumang tumutupad ng Kanyang salita, tunay na sa kanya ay naging sakdal ang pag-ibig ng Dios: dahil dito’y nalalaman nating tayo’y nasa Kanya.” “Ang tumutupad ng Kanyang mga utos ay mananahan sa Kanya, at Siya ay sa kanya.” 1 Juan 2:4, 5; 3:24. {AGA 426.2}

Hindi itinuro ni Juan na ang kaligtasan ay natatamo sa pagsunod; kundi ang pagsunod ay bunga ng pananampalataya at pag-ibig. “At nalalaman ninyo na Siya’y nahayag upang magalis ng mga kasalanan,” kanyang sinabi, “at sa Kanya’y walang kasalanan. Ang sinumang nananahan sa Kanya ay hindi nagkakasala: sinumang nagkakasala ay hindi nakakita sa Kanya, ni hindi man nakakilala sa Kanya.” 1 Juan 3:5, 6. Kung tayo ay mananahan kay Kristo,

kung ang pag-ibig ng Dios ay nasa ating mga puso, ang ating mga damdamin, mga isipan, mga kilos, ay magiging katugma ng mga sangkap ng kautusan ng Dios. {AGA 426.3}

Marami ang sa pagsisikap na makasunod sa kautusan ng Dios, ay hindi makasumpong ng kapayapaan o kagalakan. Ang ganitong kakulangan ay bunga ng kawalang pananampalataya. Lumalakad sila sa isang lupaing parang tigang at maasin. Kakarampot ang kanilang inaangkin, gayong maaari silang mag-angkin ng malaki sapagkat walang hangganan ang mga pangako ng Dios. Ang mga ito ay hindi matuwid na kumakatawan sa pagpapakabanal na bunga ng pagsunod sa katotohanan. Nais ng Panginoon na ang lahat ng anak Niya ay maging maligaya, payapa, at masunurin. Sa pagsasakabuhayan ng pananampalataya ang tao ay tumatanggap ng mga pagpapalang ito. Sa pananampalataya, ang bawat pagkukulang ng likas ay magagamot, bawat karamihan ay malilinis, bawat kahinaan ay maitutuwid, bawat kagalingan ay mapalalago. {AGA 427.1}

Ang panalangin ay paraan ng langit sa pagtatagumpay sa pakikipagtunggali sa kasalanan at sa pagpapalago ng likas Kristiano. Ang mga banal na impluwensyang dulot ng panalangin ng pananampalataya ay gagawa sa kaluluwa ng lahat na kanyang hinihiling. Sa pagpapatawad ng kasalanan, sa pagtanggap ng Banal na Espiritu, sa kalakasan at karunungang kailangan sa pagganap ng Kanyang gawain, sa ugaling tulad kay Kristo, sa anumang kaloob na pangako Niya, maaari tayong humiling; at ang pangako ay, “Inyong tatanggapin.” {AGA 427.2}

Sa bundok kasama ang Dios nakita ni Moises ang huwaran ng kahanga-hangang gusaling magiging tirahan ng Kanyang kaluwal-hatian. Sa bundok kasama ng Dios—sa lihim na dako ng komunyon sa Kanya—tayo ay dapat magbulay-bulay sa Kanyang maluwalhating hangarin sa tao. Sa lahat ng panahon, sa pamamagitan ng pakikipagugnayan sa langit, isinagawa ng Dios ang Kanyang adhikain sa Kanyang bayan, sa pagpapahayag sa kanila ng mga doktrina ng biyaya. Ang paraan ng Kanyang pagbabahagi ng katotohanan ay inilalarawan sa mga salitang, “Ang kanyang paglabas ay tunay na parang umaga.” Oseas 6:3. Ang taong nasa dakong doon ay maaari siyang liwanagan ng Dios, ay sumusulong tulad ng isang nasa kulimlim ng bukang liwayway tungo sa kaliwanagan ng katanghaliang tapat. {AGA 427.3}

Ang tunay na pagpapakabanal ay nangangahulugan ng sakdal na pag-ibig, sakdal na pagsunod, sakdal na pagkakatugma sa kalooban ng Dios. Tayo ay napapabanal sa Dios sa pagsunod sa katotohanan. Ang ating mga konsyensya ay dapat malinis mula sa mga patay na gawa upang maglingkod sa buhay na Dios. Hindi pa tayo sakdal; datapuwat karapatan nating lumagot sa mga tanikala ng sarili at kasalanan, at sumulong tungo sa kasakdalan. Mga dakilang bagay na maaaring mangyari, matataas at banal na hangarin, ay inilalagay sa harapan ng lahat. {AGA 428.1}

Ang dahilan kung baldt sa panahong ito ay marami ang hindi sumusulong sa kabuhayang banal ay sapagkat iniisip nilang ang kalooban ng Dios ay yaong nais lamang nilang gawin.

Sa pagsunod sa sariling mga naisin, tinatapik nila ang sarili na sila ay kaayon ng kalooban ng Dios. Wala silang pakikipag-alit sa sarili. Mayroong sa isang panahon ay naging matagumpay sa pakikibaka sa mga makasariling naisin sa kalayawan at ginhawa. Sila ay taimtim at matapat, datapuwat nahahapo sa matagalang pagsisikap, sa pang-araw-araw na kamatayan, sa walang tigil na kaguluhan. Ang katamaran ay kaakitakit, ang kamatayan sa bawat araw sa kasalanan ay nakaririmarim; at ipipikit nila ang mga matang malamlam at magpapatihulog sa kapangyarihan ng tukso sa halip na labanan ito. {AGA 428.2}

Ang mga tagubiling inilahad ng salita ng Dios ay walang lugar sa pakikipagkompromiso sa kasamaan. Ang Anak ng Dios ay nahayag upang akitin Niya sa sarili ang lahat ng tao. Naparito Siya hindi upang ipaghele ang sanlibutan sa pagkakatulog, kundi upang ituro sa tao ang makitid na daang dapat lakaran ng lahat na magnanais na makasapit sa mga pintuan ng siyudad ng Dios. Ang mga anak ng Dios ay dapat sumunod sa daang Kanyang pinangunahan; at sa anumang pagsasakripisyo ng ginhawa at makasariling layaw, at sa anumang halaga ng paggawa at pagdurusa, kailangang magpanatili ng palagiang pakikipagbaka sa sarili. {AGA 428.3}

Ang pinakadakilang papuring maibibigay ng tao sa Dios ay ang maging natatalagang daluyan ng Kanyang paggawa. Ang panahon ay mabilis na lumilipas sa walang hanggan. Huwag nating agawin sa Dios ang ganang bahagi Niya. Huwag nating itanggi sa Kanya ang bagay na bagama't ibinibigay na walang bayad, ay hindi naman maikakait na hindi mapapahamak. Hinihiling Niya ay buong puso; ipagkaloob ito sa Kanya; ito ay sa Kanya, sa paglalang at pagtubos. Hinihiling Niya ang iyong katalinuhan; ibigay ito sa Kanya; sapagkat ito ay Kanya rin. Hinihiling Niya ang iyong salapi; ibigay ito sa Kanya; ito ay Kanya. "Hindi kayo sa inyong sarili; sapagkat kayo ay binili sa halaga." 1 Corinto 6:19, 20. Ninanais ng Dios ang pagsamba ng kaluluwang pinabanal, na naghanda ng sarili sa pagsasakabuhayan ng pananampalataya na gumagawa sa pag-ibig, sa paglilingkod sa Kanya. Inihaharap Niya sa atin ang pinakamataas na pamantayan, kahit na ang kasakdalan. Hinihiling Niya sa atin na tayo'y maging lubos at ganap na para sa Kanya sa sanlibutang ito kung paanong Siya ay lubos at ganap na para sa atin sa harapan ng Dios. {AGA 428.4}

"Ito ang kalooban ng Dios," tungkol sa iyo, "ang inyong pagpapakabanal." 1 Tesalonica 4:3. Ito rin ba ang iyong kalooban? Ang mga kasalanan mo ay maaaring gabundok sa harapan mo; ngunit kung magpapakababa ka ng puso at magkukumpisal ng mga kasalanan, na nagtitiwala sa kapangyarihan ng Tagapagligtas na ipinako at muling nabuhay, Siya ay magpapatawad at maglilinis sa lahat ng iyong kalikuan. Hinihingi ng Dios sa iyo ang lubusang pakikiayon sa Kanyang utos. Ang utos na ito ang alingawngaw ng Kanyang tinig sa iyo na nagsasabing, Magpakabanal kang higit, oo, lalong banal pa. Hangarin mo ang kaganapan ng biyaya ni Kristo. Punuin mo ang iyong puso ng marubdob na pananabik sa

Kanyang katuwiran, na ang gawain ayon sa salita ng Dios ay kapayapaan, at ang bunga ay kapanatagan at kasiguruhan magpakailanman. {AGA 429.1}

Habang ang iyong kaluluwa ay nananabik sa Dios, makasusumpong ka ng higit at higit pang kayamanan ng Kanyang biyaya. Habang nagbubulay-bulay ka sa mga kayamanang ito, ang mga ito ay matatanggap mo at ito ang maghahayag sa iyo ng mga kabutihan ng sakripisyo ng Tagapagligtas, ng pag-iingat ng Kanyang katuwiran, ng kaganapan ng Kanyang karunungan, at ng kapangyarihang ikaw ay maiharap Niya sa Ama na “walang batik, at walang kapintasan.” 2 Pedro 3:14. {AGA 429.2}

Kapitulo 57 – Patmos

Mahigit sa limampung taon ang lumipas matapos itatag ang iglesia Kristiana. Sa panahong ito ang ebanghelyo ay palagiang nilalabanan. Ang mga kaaway nito ay hindi nanghimagod sa pagsisikap, at sa wakas nga ay nagtagumpay na makuha ang tulong ng emperador ng Roma laban sa mga Kristiano. {AGA 430.1}

Sa kalunos-lunos na pag-uusig na sumunod, si apostol Juan ay malaki ang nagawa upang patibayin at palakasin ang pananampalataya ng mga mananampalataya. Tinaglay niya ang patotoong hindi malabanan ng mga kaaway at nakatulong sa mga kapatid na haraping may tapang at katapatan ang mga pagsubok. Kapag ang pananampalataya ng mga Kristiano ay parang nanghihina sa harap ng mahigpit na pag-uusig, ang tapat na lingkod ni Jesus ay uuliting may kapangyarihan ang kasaysayan ng Tagapagligtas na ipinako at muling nabuhay. Matatag na tumayo siya sa pananampalataya, at nagtaglay ng ganitong patotoo: “Yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa Salita ng buhay;...yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo.” 1 Juan 1:1-3. {AGA 430.2}

Si Juan ay nabuhay hanggang sa katandaan. Namasdan niya ang pagkawasak ng Jerusalem at ng marangyang templo. Siya ang pinakahuli sa mga alagad na naging malapit sa Tagapagligtas, at ang kanyang pabalita ay naging dakilang impluwensya sa paglalahad ng katotohanang si Jesus ang Mesias, ang Manunubos ng sanlibutan. Walang sinumang nagalinlangan sa kanyang kataimtiman, at sa kanyang mga pagtuturo ay marami ang nakuha mula sa kawalang paniniwala. {AGA 430.3}

Ang mga pinuno ng Judio ay napuno ng mapait na pagkamuhi kay Juan dahilan sa kanyang di matinag na katapatan sa gawain ni Kristo. Sinabi nilang walang kabuluhan ang lahat ng kanilang pagsisikap laban sa mga Kristiano habang ang mga patotoo ni Juan ay patuloy na naririnig. Upang makalimutan ang mga milagro at turo ni Kristo, kailangang mapatahimik ang tinig na ito ng matapang na pagsaksi. {AGA 430.4}

Si Juan ay pinatawag sa Roma upang litisin sa kanyang pananam-palataya. Sa harapan ng mga may kapangyarihan binigyang maling patotoo ang mga aral ng apostol. Mga bulaang saksi ay nagparatang na siya ay nagtuturo ng mga heresiyang aakay sa paghihimagsik. Sa mga maling paratang na ito ay umasa ang kanyang mga kaaway na ito ay maipapatay. {AGA 431.1}

Si Juan ay nagtanggol sa sarili sa tinig na malinaw at mataginting, anupa’t ang sigasig at kataimtiman ng kanyang paglalahad ay nagkaroon ng makapangyarihang impluwensya. Ang mga nakarinig ay namangha sa kanyang karunungan at galing sa pagsasalita. Ngunit habang ang patotoo niya ay nakakukumbinse sa iba, ito naman ay nagpalala ng muhi ng kanyang mga kalaban. Ang emperador Domiciano ay napuno ng galit. Hindi niya malabanan ang

pangangatuwiran ng tapat na tagapagtanggol na ito ni Kristo, o mapantayan man ang kapangyarihan ng katotohanang kanyang naririnig; gayunman ay nagpasiya itong patahimikin ang kanyang tinig. {AGA 431.2}

Si Juan ay isinalang sa isang kawa ng kumukulong langis; datapuwat ang Panginoon ang nagligtas ng buhay ng Kanyang tapat na lingkod, katulad ng pag-iingat sa tatlong Hebreo sa nagniningas na hurno. Habang ang mga salita ay narinig, Sa ganito ay mamamatay ang lahat ng naniniwala sa mandarayang iyon, si Jesu-Cristo ng Nasaret, sinabi ni Juan, Ang aking Panginoon ay matiising tinanggap ang lahat ng kahihiyan at pahirap ni Satanas at mga anghel niya. Ibinigay Niya ang buhay upang iligtas ang sanlibutan. Ako ay nagagalak na magdusa sa Kanyang pangalan. Ako ay taong mahina, at makasalanan. Si Kristo ay banal, walang kapintasan. Hindi Siya nagkasala, o may nasumpungan mang daya sa Kanyang bibig. {AGA 431.3}

Ang mga salitang ito ay nagkaroon ng impluwensya, at si Juan ay hinango sa kawa ng mga tao na ring naglagay sa kanya doon. {AGA 431.4}

Muli ang kamay ng pag-uusig ay naging mabigat sa apostol. Sa utos ng emperador si Juan ay itinapon sa pulo ng Patmos, nahatulan dahilan sa “salita ng Dios, at sa patotoo kay Jesu-Cristo.” Apocalipsis 1:9. Inisip ng kanyang mga kaaway na dito ay hindi na mararanasan pa ang kanyang impluwensya, at sa wakas ay mamamatay siya sa hirap at dusa. {AGA 431.5}

Ang Patmos, isang tuyo at batuhang pulo sa Dagat Aegean, ang siyang tapunan ng pamahalaan ng Roma ng mga kriminal; ngunit sa lingkod ng Panginoon ang malungkot na dakong ito ay naging pintuan ng kalangitan. Dito, hiwalay sa kaabalahan ng buhay, at sa masigasig na paggawa ng maraming taon, kasama niya ang Dios at si Kristo at mga anghel, at mula sa jcanila ay tumanggap siya ng tagubilin para sa iglesia sa buong panahon. Ang mga pangyayaring magaganap sa mga huling yugto ng kasaysayan ng lupa ay inilahad sa kanya; at doon ay isinulat niya ang mga pangitaing tinanggap mula sa Dios. Nang ang kanyang tinig ay hindi na makasaksi pa para sa kanyang minahal at pinaglingkuran, ang mga pabalitang tinanggap niya sa ulilang dalampasigang ito ay naging ilawang nagniningas, na naghahayag ng tiyak na adhikain ng Panginoon ukol sa bawat bansa sa lupa. {AGA 431.6}

Sa gitna ng mga bangin at batuhan ng Patmos, si Juan ay nakipagkomunyon sa Manlalalang. Nirepaso niya ang nakaraang buhay, at ang mga pagpapalang kanyang tinanggap ay pumuno ng kapayapaan sa kanyang puso. Nabuhay siyang isang Kristiano, at sa pananampalataya ay masasabi niya, “Nalalaman natin na tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay.” 1 Juan 3:14. Ngunit ang emperador na nagtapon sa kanya ay hindi gayon. Ang maaari niyang tingnan sa nakaraan ay mga bukiran ng kamatayan at pagpaslang, mga tahanang wasak, mga babaeng balo at ulilang nagtatangisan, ang bunga ng ambisyosong hangarin na maghari. {AGA 432.1}

Sa dakong ito na malayo sa lipunan, napag-aralan ni Juan na higit ang mga pagpapahayag ng kapangyarihan ng langit na natala sa aklat ng kalikasan at mga pahina ng inspirasyon. Sa kanya ay kaluguran ang magbulay-bulay sa mga gawa ng paglalang at magpuri sa banal na Arktekto. Sa mga nakaraang taon ang kanyang paningin ay natuon sa mga magubat na kabundukan, mga luntiang lambak, at mabungang kapatagan; at sa mga kagandahan ng kalikasan ay naging kaluguran niyang tuntunin ang karunungan at galing ng Manlalalang. Ngayon ay napalilibutan siya ng mga tanawing para sa iba ay mapanglaw at walang buhay; ngunit kay Juan ay natatangi. Bagama't ang palibot ay tuyo at walang laman, ang bughaw na langit ay kasingganda at maliwanag tulad ng sa minamahal niyang Jerusalem. Sa mga matutulis na batuhan, sa mga misteryo ng kalaliman, sa mga kaluwalhatian ng kalawakan, nabasa niya ang mahahalagang liksyon. Lahat ay nagtataglay ng pabalita ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng Dios. {AGA 432.2}

Sa buong palibot niya ay nakita ng apostol ang mga saksi ng Baha na naranasan ng lupa nang ang tao ay lumabag sa kautusan ng Dios. Ang mga malalaking batong lumabas mula sa lupa at sa kalaliman ay malinaw na naghatid sa kanyang isipan ng mga katakutan ng pagbubuhos ng galit ng Dios. Sa tinig ng maraming tubig ay nadinig ng apostol ang tinig ng Manlalalang. Ang dagat, na nagiging daluyong sa hihip ng malakas na hangin, ay kumatawan sa kanya ng galit ng isang Dios na nasaktan. Ang makapangyarihang alon, na pinamamahalaan ng isang hindi nakikitang makapangyarihang kamay, ay nangusap sa Kapangyarihang walang sukat. At sa kabalintunaan nito, nadama niya ang kahinaan at kahibangan ng tao, na gayong mga uod lamang sa alabok, ay nagmamapuri sa kanyang inaakalang karunungan at kalakasan, at ang puso ay lumalaban sa Hari ng sansinukob, na parang ang Dios ay katulad lamang nila. Sa pamamagitan ng mga bato ay naalaala niya si Kristo, ang Bato ng kanyang kalakasan, na sa Kanyang kanlungan ay makasusumpong tayo ng kapanatagan. Mula sa apostol na itinapon sa Patmos ay narinig ang pinakamarubdob na panambitan ng kaluluwa sa Dios, ang pinakamaningas na panalangin. {AGA 432.3}

Ang kasaysayan ni Juan ay nagbibigay sa atin ng malinaw na larawan ng paraan kung paano gamitin ng Dios ang mga matatandang manggagawa. Nang si Juan ay itapon sa pulo ng Patmos, marami ang nag-akalang lagpas na siya sa edad ng paglilingkod, isang tambong matanda at bali na, na handa nang matumba anumang oras. Ngunit nakita ng Panginoon sa kanya ang dagdag pang kagamitan. Bagama't malayo sa mga dating dako ng paglilingkod, hindi siya tumigil sa pagsaksi sa katotohanan. Kahit na sa Patmos ay nagkaroon siya ng mga kaibigan at hikayat. Taglay niya ang pabalita ng kagalakan, sa paghahayag ng isang Tagapagligtas na muling nabuhay at namamagitan para sa Kanyang bayan sa kaitaasan hanggang sa muling pumarito upang kunin na ang Kanyang bayan. At nang tumanda na si

Juan sa paglilingkod sa kanyang Panginoon saka siya tumanggap ng mas maraming pabalita mula sa langit kaysa kanyang tinanggap sa mga nakaraang taon ng kanyang buhay. {AGA 433.1}

Ang pinakamairuging pakikitungo ay dapat iukol sa kanilang ang interes sa buhay ay nakatali sa gawain ng Dios. Ang mga matatandang manggagawang ito ay tumayong matatag sa gitna ng bagyo at pagsubok. Maaaring mayroon silang mga karamdaman, ngunit taglay pa rin nila ang mga talentong nag-aangkop sa kanila upang tumayo sa bahagi ng gawain ng Dios. Bagama't pagod na, hindi na kaya ang mabibigat na pasaning kaya ng mga kabataan, ang mga payo nila ay may pinakamataas na halaga. {AGA 433.2}

Maaaring sila ay nagkamali, ngunit sa mga pagkakamaling ito ay natuto silang umiwas sa mga kamalian at panganib, at hindi baga sila maalam upang magbigay ng pantas na payo? Nakalagpas sila sa mga pagsubok, at bagama't nabawasan na ang kanilang lakas, hindi pa rin sila inilalagay ng Panginoon sa isang tabi. Ipinagkakaloob sa kanila ang tanging biyaya at karunungan. {AGA 434.1}

Silang naglingkod sa Panginoon sa panahon ng kahirapan, na nagtiis sa pagsasalat at nanatiling tapat sa panahong iilan lamang ang tumatayo sa katotohanan, ay dapat parangalan at igalang. Nais ng Panginoon na ang mga nakababatang manggagawa ay tumanggap ng karunungan, lakas, at pagkahinog sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tapat na lalaking ito. Madama nawa ng mga kabataan na sa gitna nila ay mayroong ganitong mga manggagawang pinarangalan at dapat parangalan sa kanilang mga konsilyo. {AGA 434.2}

Habang sila na gumugol ng kanilang mga buhay sa paglilingkod kay Kristo ay nalalapit na sa pagtatapos ng kanilang ministri sa lupa, ididiin sa kanila ng Banal na Espiritu ang mga naging karanasan nila sa gawain ng Dios. Ang tala ng Kanyang kahanga-hangang pakikitungo sa Kanyang bayan, ng Kanyang dakilang kabutihan sa pagliligtas sa kanila sa mga pagsubok, ay dapat na ulit-ulitin sa mga bago sa pananampalataya. Ninanais ng Dios na ang mga matanda at subok na manggagawa ay tumayo sa pagtupad pa ng kanilang gawaing magligtas ng mga lalaki at babaeng natatangay ng agos ng kasamaan, nais Niyang sila ay patuloy na magsuot ng baluti hanggang Siya na rin ang mag-atas sa kanilang ito ay ibaba na. {AGA 434.3}

Sa karanasan ng apostol Juan sa harap ng pag-uusig, may kahangahangang liksyon ng kalakasan at kaginhawahan para sa Kristiano. Hindi hinahadlangan ng Dios ang mga pakana ng masamang tao, kundi ang mga pakanang ito ay binabaligtad Niya ukol sa ikabubuti nilang sa panahon ng pagsubok at tunggalian ay nananatiling tapat at may pananampalataya. Madalas na ang manggagawa ng ebanghelyo ay nagpapatuloy sa paggawa sa gitna ng mga bagyo ng pag-uusig, mapait na pagsalungat, at walang katarungang kahihiyan. Sa mga panahong ito alalahanin niya na ang karanasang natatamo sa hurno ng kahirapan ay

kasinghalaga ng lahat ng mga pagdurusa. Sa ganito ay inilalapit ng Dios ang Kanyang mga anak sa Kanya, upang sa kanila ay maipakita ang kanilang mga kahinaan at ang Kanyang kalakasan.

Tinuturuan silang sumandig sa Kanya. Sa ganito ay inihahanda silang humarap sa mga kagipitan, kumuha ng mga posisyon ng pagtitiwala, at gampanan ang isang dakilang adhikaing dahil dito ay ipinagkaloob sa kanila ang kanilang mga kalakasan. {AGA 434.4}

Sa lahat ng panahon ang mga itinalagang saksi ng Dios ay nalantad sa mga kahihiyan at pag-uusig alang-alang sa katotohanan. Si Jose ay pinaratangan at inusig sapagkat nanatili siyang matatag at tapat. Si David, na hirang ng Dios, ay tinugis na parang hayop ng kanyang mga kaaway. Si Daniel ay inilagay sa yungib ng leon sapagkat tapat siya sa langit. Si Job ay nawalan ng mga kayamanan sa lupa, at nagkasugat ang buong katawan at nilayuan ng pamilya at kaibigan; gayunman ay nanatiling tapat. Si Jeremias ay di mapigil na magsalita ng pabalita ng Dios; anupa't siya ay itinapon sa isang balon. Si Esteban ay binato sapagkat ipinangaral niya ang Kristo at Siyang ipinako. Si Pablo ay ibinilanggo, hinampas, binato, at sa wakas ay pinatay sapagkat siya ay tapat na mensahero ng Dios para sa mga Gentil. At si
Juan ay itinapon sa pulo ng Patmos dahilan sa "salita ng Dios, at sa patotoo ni Jesu-Cristo." {AGA 435.1}

Ang mga halimbawang ito ng tatag ng tao ay saksi sa katapatan ng mga pangako ng Dios—ng Kanyang nananatiling presensya at nagpapanatiling biyaya. Ang mga ito ay katibayan ng kapangyarihan ng pananampalatayang makatayo sa harap ng mga kapangyarihan ng lupa. Gawain ng pananampalataya na maging panatag sa Dios sa pinakamadilim na sandali, ang maranasang gaano mang kahigpit ang pagsubok at kalakas ang bagyo, ang Ama ang nasa rimon. Ang mata ng pananampalataya ang tanging nakakakita sa kabila ng panahon upang mabigyang halaga ang mga walang hanggang kayamanan. {AGA 435.2}

Hindi inihaharap ng Panginoon sa Kanyang mga alagad ang pagasa ng kaluwalhatian sa lupa o kayamanan, ang buhay na ligtas sa pagsubok. Sa halip ay nananawagan Siya sa landas ng pagtanggi sa sarili at kahihiyan. Siyang naparito sa lupa upang tubusin ang sanlibutan ay nilabanan ng mga puwersa ng kasamaan. Sa isang walang habag na pagsasanib, ang mga kampon ng masasamang anghel at tao ay humanay laban sa Prinsipe ng Ivapayapaan. Ang Kanyang bawat salita at kilos ay naghayag ng banal na habag, at ang Kanyang pagkahiwalay sa sanlibutan ay nagpainit ng pinakamapait na muhi. {AGA 435.3}

At gayundin sa lahat na mabubuhay na banal kay Jesu-Cristo. Paguusig at kahihiyan ang naghihintay sa lahat ng nagtataglay ng Espiritu ni Kristo. Ang uri ng pag-uusig ay nagbabago kasama ng panahon, ngunit ang simulain—ang espiritung pumapailalim—ay katulad pa rin ng pumatay sa hinirang ng Panginoon simula pa sa panahon ni Abel. {AGA 436.1}

Sa lahat ng panahon si Satanas ay nag-usig sa bayan ng Dios. Pinahirapan at pinatay, datapuwat sa kamatayan ay naging mananagumpay. Sila ay naging saksi sa kapangyarihan ng Isang mas makapangyarihan kay Satanas. Masasamag lalaki ay maaaring pahirapan at patayin ang katawan, ngunit hindi nila magagalaw ang buhay na nakatago kasama si Kristo sa Dios. Maaari nilang ikulong ang mga lalaki't babae sa mga bilangguan, ngunit hindi nila maigagapos ang espiritu. {AGA 436.2}

Sa pamamagitan ng mga pagsubok at pag-uusig ang kaluwalhatian— ang likas—ng Dios ay nahayag sa Kanyang mga hinirang. Ang mga mananampalataya kay Kristo, na kinamuhian at inusig ng sanlibutan, ay naturuan at nadisiplina sa paaralan ni Kristo. Sa lupa ay lumalakad sila sa makitid na landas; sila ay dinadalisay sa mga hurno ng pagdurusa. Sumusunod sila kay Kristo sa mga mahihigpit na tunggalian; nagdadanas sila ng pagtanggi sa sarili at mapapait na kabiguan; datapuwat sa ganito ay nalalaman nila ang kasamaan at kaabahan ng kasalanan, at sa ganito ay kanilang kinamumuhian. Bilang kabahagi sa mga paghihirap ni Kristo, maaari silang tumingin sa kabila ng lagim, at magsabi, "Sapagkat napapatunayan ko na ang pagtitiis sa panahong ito'y hindi karapat-dapat maitumbas sa kaluwalhatiang mahahayagsa atin." Roma 8:18. {AGA 436.3}

Kapitulo 58 – Ang Apocalipsis

Sa kapanahunan ng mga apostol ang mga mananampalataya ay puno ng sigasig at sigla. Walang pagod ang kanilang paggawa para sa Panginoon anupa't sa maikling panahon lamang, sa kabila ng mahigpit na pagtutol, ang ebanghelyo ng kaharian ay lumaganap sa nalalalang sanlibutang may naninirahan. Ang sigasig ng mga alagad na ito ay itinala ng panulat ng inspirasyon sa ikasisigla ng lahat ng mananampalataya sa bawat panahon. Tungkol sa iglesia sa Efeso, na ginamit ng Panginoong Jesus bilang sagisag ng buong iglesia Kristiana sa panahon ng mga apostol, ito ang tala ng tapat at tunay na Saksi: {AGA 437.1}

"Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal, at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao: at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan: at may pagtitiis ka at nagbata ka dahil sa Aking pangalan, at hindi ka napagod." Apocalipsis 2:2, 3. {AGA 437.2}

Sa pasimula, ang karanasan ng iglesia sa Efeso ay tulad sa sigasig at kasimplihan ng bata. Sinikap ng mga mananampalatayang masunod ang bawat salita ng Dios, at ang kanilang mga buhay ay naghayag ng maningas at tapat na pag-ibig kay Kristo. Nagalak silang gumanap ng kalooban ng Dios sapagkat ang Tagapagligtas ay nasa kanilang mga puso. Puspos ng pag-ibig sa Manunubos, ang pinakamataas nilang adhikain ay makahikayat ng kaluluwa para sa Kanya. Hindi nila inisip na sarilinin ang mahalagang biyaya ni Kristo. Nadama nila ang kahalagahan ng pagkatawag sa kanila; at sa pasanin ng pabalitang ito, "Sa lupa ay kapayapaan, at mabuting nasa sa lahat ng tao," nagningas ang kanilang mga puso sa hangaring dalhin ang pabalita sa pinakadulo ng lupa. At nakilala sila ng mga tao bilang mga nakasama ni Jesus. Mga lalaking dati'y makasalanan, nagsisi, pinatawad, nilinis, at pinabanal, nadala sa paldldsama sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang Anak. {AGA 437.3}

Ang mga kaanib ng iglesia ay naglakip sa damdamin at paggawa. Ang pag-ibig kay Kristo ang naging ginintuang tanikala na nagtali sa kanila. Nagpatuloy sila sa lalong malalim na pagkakilala sa Panginoon, at ang kanilang mga buhay ay naghayag ng kagalakan at kapayapaan ni Kristo. Dinalaw nila ang mga ulila at babaeng balo sa kanilang kapighatian, at pinanatiling walang dungis ang kanilang sarili sa sanlibutan, sa pagkadama kung hindi ito gagawin, sila ay magiging taliwas sa kanilang pagpapanggap at ito ay parang pagkakaila sa Manunubos. {AGA 437.4}

Sa bawat siyudad ay nagpatuloy ang gawain. Mga kaluluwa ay nahikayat, at ang mga ito naman ay humikayat ng iba pa. Hindi sila matahimik hangga't ang liwanag na nagningning sa kanilang mga kaluluwa ay hindi nila maitanglaw sa iba. Lubhang karamihan na hindi nananampalataya ang nakaalam ng mga dahilan ng pag-asa ng Kristiano. Mainit, personal na panawagan ay nabigay sa mga nagkakasala, sa mga itinakwil, at sa kanilang gayong nagpapanggap ng katotohanan, ay higit na mahal ang kalayawan kaysa Dios. {AGA 438.1}

Ngunit hindi nagtagal ang sigasig na ito ay nanlamig, at ang pagibig nila sa Dios ay untiunring nanghina. Ang kalamigan ay pagapang na pumasok sa iglesia. May nakalimot sa kahanga-hangang paraan ng kanilang pagtanggap ng katotohanan. Isa-isa ang mga matatandang tagapagtaguyod ng bandila ay nangabuwal. Ang ilan sa mga nakababatang manggagawa, na dapat sanang katuwang na nagpasan ng dalahin, at naihanda sana sa matalinong pangangasiwa, ay nabagot sa mga katotohanang palaging inuulit. Sa pagnanais na magkaroon ng mga bago at nakagugulantang na bagay, nagpasok ng mga bagong sangkap ng doktrina, na nakahahalina sa maraming isipan, datapuwat hindi kaayon sa saligang simulain ng ebanghelyo. Sa pagtitiwala sa sarili at espirituwal na pagkabulag, hindi nila nakita ang mga pandarayang magbibigay alinlangan sa marami, at aakay sa kaguluhan at kawalang paniniwala. {AGA 438.2}

Habang ang mga maling doktrina ay iginigiit, pagkakabahagi ay bumangon, at marami ang naakay na alisin ang paningin kay Jesus bilang May-akda at Tagapagpasakdal ng pananampalataya. Ang paguusap sa mga walang kabuluhang punto ng doktrina at pagbubulaybulay sa mga nakahahalinang kathang isip ng tao, ang kumuha ng panahong dapat sana'y nagugol sa paghahayag ng ebanghelyo. Ang karamihang dapat sana'y nahikayat ng tapat na paglalahad ng katotohanan ay napabayaang hindi nabibigyang babala. Ang kabanalan ay mabilis na nawawala, at tila si Satanas ay nananaig sa mga nagpapanggap na mga alagad ni Kristo. {AGA 438.3}

Sa kritikal na puntong ito ng kasaysayan ng iglesia si Juan ay hinatulang matapon. Kailanman ay hindi kinailangan ang kanyang tinig kaysa panahong ito. Halos lahat ng mga kasama niya sa ministri ay nagdanas ng pagiging martir. Ang mga nalabing mananampalataya ay nagdadanas ng mahigpit na pag-uusig. Sa tingin ay parang hindi na magtatagal pa at ang mga kaaway ng iglesia ni Kristo ay magtatagumpay. {AGA 439.1}

Ngunit ang kamay ng Dios ay hindi nakikitang kumikilos sa kadiliman. Sa paglalaan ng Dios, si Juan ay nalagay sa dakong doon ay maibibigay sa kanya ni Kristo ang pagpapahayag ng Kanyang sarili at ng mga banal na katotohanan na pananglaw sa mga iglesia. {AGA 439.2}

Sa pagpapatapon kay Juan, umasa ang mga kaaway ng katotohanan na mapatatahimik na magpakailanman ang tinig ng tapat na saksi ng Dios; ngunit sa Patmos ang alagad ay tumanggap ng isang pabalita, ang impluwensya nito ay magpapatuloy upang palakasin ang iglesia hanggang sa katapusan ng panahon. Bagama't hindi napalaya sa kanilang maling gawa, ang mga nagkaroon ng bahagi sa pagpapatapon kay Juan ay naging mga instrumento sa kamay ng Dios upang magsagawa ng adhikain ng Langit; at ang pagsisikap na patayin ang ilaw ang naglagay sa katotohanan sa lalong mabisang paggawa. {AGA 439.3}

Sa araw ng Sabbath nagpakita ang Panginoon ng kaluwalhatian sa itinapong apostol. Ang Sabbath ay banal na ipinangilin ni Juan sa Patmos tulad nang siya ay nangangaral sa mga tao

sa mga bayan at siyudad ng Judea. Inangkin niya sa sarili ang mga mahahalagang pangako kaugnay ng araw na ito. “Ako’y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon,” sinulat ni Juan, “at narinig ko sa aking likuran ang dakilang tinig, na tulad sa isang trumpeta, na nagsasabi, Ako ang Alpha at ang Omega, ang una at ang huli.... At ako ay lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang ako’y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto; at sa gitna ng kandelerong ginto ay may isang katulad ng sa Anak ng tao.” Apocalipsis 1:10-13. {AGA 439.4}

Tunay na pinagpala ang minamahal na alagad na ito. Nakita niya ang Panginoon sa paghihirap nito sa Getsemane, ang Kanyang mukha ay nabahiran ng patak ng dugo ng paghihirap, ang “kanyang mukha ay kakaiba sa kaninumang lalaki, at ang kanyang anyo ay kakaiba sa mga anak ng tao”. Isaias 52:14. Nakita niya Siya sa kamay ng mga kawal Romano, naka damit ng kulay ube at may putong na koronang tinik. Nakita niya Siyang nakapako sa krus ng kalbaryo, tinutuya at nililibak. At ngayon ay muli pang pinahintulutan si Juan na makita ang Panginoon. Ngunit anong pagkakaiba! Hindi na Siya ang lalaking bihasa sa kapanglawan, na hinahamak at tinutuya ng mga tao. Siya ay nadaramtan ng liwanag ng kalangitan. “Ang kanyang ulo at buhok ay mapuputing tulad ng puting lino at puting niebe; at ang kanyang mga mata...ay tulad sa nagniningas na apoy; at ang kanyang mga paa ay tulad sa binuling tanso, tulad ng pinainit sa hurno.” Apocalipsis 1:14, 15, 17. Ang Kanyang tinig ay tulad sa musika ng maraming tubig. Ang Kanyang mukha ay maningning tulad ng araw. Sa Kanyang kamay ay may pitong bituin, at mula sa Kanyang bibig ay lumalabas ang tabak na may dalawang talim, na sagisag ng kapangyarihan ng Kanyang salita. Ang Patmos ay naging maningning sa kaluwalhatian ng Panginoon na muling nabuhay. {AGA 439.5}

“At nang Siya’y aking makita,” sinulat ni Juan, “ay nagpatirapa akong waring patay sa kanyang paanan. At ipinatong niya ang kanyang kamay sa akin, na sinasabi, Huwag kang matakot.” Talatang 17. {AGA 440.1}

Si Juan ay napalakas na tumayo sa harapan ng maluwalhating Panginoon. At sa kanyang namamanghang paningin ay binuksan ang mga kaluwalhatian ng langit. Pinahintulutan siyang makita ang trono ng Dios at sa pagtingin sa kabila ng mga tunggalian sa lupang ito, upang makita niya ang mga tinubos na may suot na mapuputing damit. Nadinig niya ang musika ng mga anghel sa langit, at ang awit ng tagumpay ng mga nagtagumpay sa dugo ng Kordero at sa salita ng kanilang patotoo. Sa paghahayag na ito ay nakita niya ang iba’t ibang makapigil-hiningang tagpo ng karanasan ng bayan ng Dios, at ang kasaysayan ng iglesia hanggang sa pagtatapos ng panahon. Sa mga palatandaan at paglalarawan, inilahad kay Juan ang mga paksang mahalaga, na kanyang itatala, upang ang bayan ng Dios sa kanyang panahon at mga panahong darating ay magkaroon ng matalinong pagkaunawa sa mga panganib at tunggaliang kanilang kinakaharap. {AGA 440.2}

Ang pagpapahayag na ito ay ibinigay ukol sa patnubay at kaginhawahan ng iglesia sa buong panahon ng Kristianismo. Gayunman, ang mga guro ng relihiyon ay nagturo na ang aklat na ito ay selyado at ang mga lihim nito ay hindi maipaliwanag. Kung kaya't maraming umiwas sa tala ng propesiya, at tumangging mag-ukol ng panahon upang pag-aralan ang mga misteryo nito. Ngunit hindi nais ng Dios na ang Kanyang bayan ay ganito ang maging pakikitungo sa aklat. Ito ay "pagpapahayag ni Jesu-Cristo, na kaloob ng Dios sa Kanya, upang ipakita sa Kanyang mga lingkod ang mga bagay na malapit nang maganap." "Mapalad ang bumabasa," pahayag ng Panginoon, "at silang nakikinig ng mga salita ng propesiyang ito, at nag-iingat ng mga bagay na nakasulat doon: sapagkat ang panaho'y malapit na." Apocalipsis 1:1, 3. "Aking sinasaksihan sa bawat taong nakikinig sa mga salita ng propesiya ng aklat na ito, Kung ang sinuman ay magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Dios ng mga salot na nakasulat sa aklat na ito: at kung ang sinuman ay mag-alis sa mga salita ng aklat ng propesiyang ito, ay aalisin ng Dios ang kanyang bahagi sa punong kahoy ng buhay, at sa bayang banal, na nangasulat sa aklat na ito. Ang sumasaksi sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo: ako'y madaling pumaparito." Apocalipsis 22:18-20. {AGA 440.3}

Sa Apocalipsis ay nakalahad ang mga malalalim na bagay ng Dios. Ang pangalan na lamang na ibinigay sa mga kinasihang pahina, "ang Apocalipsis," ay taliwas sa pangungusap na ito ay aklat na sarado at selyado. Ang apocalipsis ay isang pagpapahayag. Ang Panginoon na rin ang naghayag sa Kanyang lingkod ng mga misteryong nilalaman ng aklat na ito, at panukala Niyang ito ay maging bukas na aralin para sa lahat. Ang mga katotohanan nito ay patungkol sa mga nabubuhay sa huling panahon ng lupa, gayundin sa mga nabuhay sa panahon ni Juan. Ilan sa mga tanawin sa propesiyang ito ay sa nakaraan, ang ilan naman ay nagaganap ngayon; ang ilan ay naglalahad ng pagtatapos ng dakilang tunggalian ng kapangyarihan ng kadiliman at ng Prinsipe ng kalangitan, at ang ilan ay naghahayag ng mga tagumpay at kagalakan ng mga tinubos sa lupang binago. {AGA 441.1}

Walang sinumang dapat mag-isip, na sapagkat hindi nila maipaliwanag ang kahulugan ng bawat tanda sa Apocalipsis, na walang kabuluhang saliksikin pa ang aklat upang malaman ang mga katotohanang nilalaman nito. Siyang naghayag kay Juan ng mga misteryo ay magkakaloob din sa matiyagang magsasaliksik ng katotohanan ng patikim ng mga bagay ng kalangitan. Sila na ang mga puso ay handa upang tumanggap ng katotohanan ay makauunawa ng turo, at pagkakalooban ng karapatan sa pangakong kaloob sa mga "nakikinig sa mga salita ng propesiyang ito, at nag-iingat ng mga bagay na nasusulat doon." {AGA 441.2}

Sa Apocalipsis ay nagtagpo ang lahat ng mga aklat sa Biblia. Narito ang kaganapan ng aklat ng Daniel. Ang isa ay propesiya; ang ikalawa ay pagpapahayag. Ang aklat na tinatakan ay hindi ang Apocalipsis, kundi ang bahagi ng propesiya ng Daniel na patungkol sa mga huling araw. Nag-utos ang anghel, "Ngunit ikaw, O Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan." Daniel 12:4. {AGA 441.3}

Si Kristo ang nag-utos sa apostol na magsulat ng mga bagay na ilalahad sa kanya. “Ang iyong nakita, ay isulat mo sa isang aklat,” Kanyang iniutos, “at iyong ipadala sa pitong iglesia sa Asya: sa Efeso, at sa Smirna, at sa Pergamo, at sa Tiatira, at sa Sardis, at sa Filadelfia at sa Laodicea.” “At ang Nabubuhay; at ako’y namatay, at narito, ako’y nabubuhay magpakailanman.... Isulat mo ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at mga bagay na mangyayari sa darating; ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia.” Apocalipsis 1:11, 18-20. {AGA 442.1}

Ang mga pangalan ng pitong iglesia ay simbulo ng iglesia sa iba’t ibang yugto ng kapanahunang Kristiano. Ang bilang na pito ay tumutukoy sa kahustuhan o kaganapan, at tanda ng katunayang ang mga pabalita ay aabot sa katapusan ng panahon, samantalang ang mga simbulo ay naghahayag ng kalagayan ng iglesia sa iba’t ibang panahon ng kasaysayan ng sanlibutan. {AGA 442.2}

Si Kristo ay sinasabing lumalakad sa gitna ng ginintuang kandelero. Sa ganito ay binibigyang paglalarawan ang Kanyang kaugnayan sa iglesia. Palagian Siyang kaugnay ng Kanyang bayan. Alam Niya ang kanilang tunay na kalagayan. Nakikita Niya ang kanilang ayos, kanilang kabanalan, kanilang pagtatalaga. Bagama’t Siya ay punong saserdote at tagapamagitan sa mga santuwaryo sa itaas, gayunman ay lumalakad Siyang paroo’t parito sa gitna ng Kanyang mga iglesia sa lupa. Taglay ang hindi napapagod na pagbabantay at pagmamalasaldt, nagmamasid Siya upang makita kung ang tanglaw ng sinumang bantay Niya ay dumidilim o namamatay na. Kung ang kandelero ay maiiwan sa tao, ang aandapandap na liwanag nito ay tuluyang mamamatay; datapuwat Siya ang tunay na bantay ng bahay ng Panginoon, ang tunay na katiwala ng mga korte ng templo. Ang patuloy Niyang aruga at nananatiling biyaya ang bukal ng buhay at liwanag. {AGA 442.3}

Si Kristo ay inilalarawang hawak ang pitong bituin sa Kanyang kanang kamay. Kasiguruhan ito sa atin na walang iglesiang tapat sa kanyang pagkakatiwala ang dapat mangamba, sapagkat walang bituing nasa sanggalang ng Makapangyarihan sa lahat ang maaagaw sa kamay ni Kristo. {AGA 442.4}

“Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kamay.” Apocalipsis 2:1. Ang mga salitang ito ay ukol sa mga guro sa iglesia—silang pinagkatiwalaan ng Dios ng mabibigat na kapanagutan. Ang matamis na impluwensyang dapat managana sa iglesia ay nakatali sa mga ministro ng Dios, na siyang maghahayag ng pag-ibig ni Kristo. Ang mga bituin sa langit ay nasa ilalim ng kontrol ng Dios. Siya ang nagbabahagi dito ng liwanag. Pumapatnubay at nag-aatas ng kanilang paggalaw. Kung hindi ganito, ang mga bituin ay malalaglag. Gayundin sa Kanyang mga ministro. Sila ay mga kasangkapan lamang sa Kanyang kamay, at lahat ng kabutihang kanilang magagampanan ay sa pamamagitan ng

Kanyang kapangyarihan. Sa pamamagitan nila ang Kanyang liwanag ay sisilang. Ang Tagapagligtas ang kanilang kagalingan. Kung sila ay titingin sa Kanya, tulad ng pagtingin ni Kristo sa Ama, sila ay magkakaroon ng kakayahan sa paggawa. Habang ang Dios ang kanilang inaasahan, pagkakalooban sila ng Kanyang liwanag upang maisinag sa sanlibutan. {AGA 443.1}

Maaga pa sa kasaysayan ng iglesia ang hiwaga ng kasamaan sa propesiya ni apostol Pablo ay nagsimula na ng kanyang masamang gawain; at habang itinuturo ng mga bulaang guro ang mga heresiyang binigyang babala ni Pedro sa mga mananampalataya, marami ang nabitag ng mga huwad na doktrinang ito. Ang ilan ay nanghina sa harap ng pagsubok at natuksong bitawan ang kanilang pananampalataya. Nang si Juan ay bigyan ng pagpapahayag na ito, marami na ang umalis sa kanilang unang pag-ibig sa katotohanan ng ebanghelyo. Ngunit ang Dios sa Kanyang habag ay di naman iniwan ang iglesia sa kalagayan ng pagtalikod. Sa pabalita ng walang katapusang pagmamahal, inihayag Niya ang Kanyang pag-ibig at hangaring sila ay makatiyak sa walang hanggan. “Alalahanin ninyo,” Kanyang pakiusap, “kung saan kayo nahulog, at magsisi, at gawin ninyo ang mga unang gawa.” Talatang 5. {AGA 443.2}

Ang iglesia ay may kapintasan at nangangailangan ng mabigat na sumbat at parusa; at si Juan ay kinasihang magbigay ng mga pabalita ng babala at sumbat at pagsamo sa kanilang, sa pagkawala ng mga saligang simulain ng ebanghelyo, ay nanganganib sa pag-asa ng kaligtasan. Ngunit lagi na lamang na ang mga salita ng kagalitan ay may pagmamahal at may pangako ng kapayapaan para sa bawat magsisising mananampalataya. “Narito, ako ay nakatayo sa pintuan, at tumutuktok,” pahayag ng Panginoon; “kung ang sinuman ay makarinig ng aking tinig, at magbukas ng pinto, ako’y papasok at hahapong kasalo niya, at siya’y kasalo ko.” Apocalipsis 3:20. {AGA 444.3}

At para sa kanilang sa gitna ng paldkipagbaka ay mananatili ang pananampalataya sa Dios, ibinigay sa propeta ang mga salita ng papuri at pangako: “Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito, ibinigay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas na di mailalapat ng sinuman: na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.” “Sapagkat tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok, upang subukin ang mga nananahan sa lupa.” Ang mga mananampalataya ay pinayuhan: “Magpuyat ka, at pagtibayin ang mga bagay na natitira, na malapit nang mamatay.” “Ako’y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinuman ang iyong putong.” Talatang 8, 10, 2,11. {AGA 444.1}

Sa pamamagitan ng isang “kapatid, at kasama sa kapighatian” (Apocalipsis 1:9), na ipinahayag ni Kristo sa iglesia ang mga bagay na kanilang titiisin para sa Kanyang pangalan. Pagtingin sa mga daantaon ng mga pamahiin at kadiliman, nakita ng matandang apostol ang

pagkamartir ng marami dahilan sa kanilang pag-ibig sa katotohanan. Ngunit nakita rin niya na Siyang nag-ingat sa mga naunang saksi Niya ay hindi magpapabaya sa mga tapat na saksi sa mga daantaon ng pag-uusig na magaganap bago magwakas ang panahon. “Huwag mong katakutan ang mga bagay na malapit nang tiisin; “narito, malapit nang ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa mga bilangguan, upang kayo’y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatian:...magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay.” Apocalipsis 2:10. {AGA 444.2}

At para sa lahat ng mga tapat na nakikipagpunyagi sa kasamaan, nadinig ni Juan ang mga pangako: “Ang magtagumpay ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa gitna ng Paraiso ng Dios.” “Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anumang paraan ang kanyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kanyang pangalan sa harapan ng Aking Ama, at sa harapan ng Kanyang mga anghel.” “Ang magtagumpay ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay at umupong kasama ng aking Ama sa kanyang luklukan.” Apocalipsis 2:7; 3:5, 21. {AGA 444.3}

Nakita ni Juan ang kahabagan, ang pagmamahal at ang pag-ibig ng Dios na nakalakip sa Kanyang kabanalan, katarungan, at kapangyarihan. Nakita niya kung paanong ang mga makasalanan ay nakasumpong ng isang Ama sa Kanya na kanilang kinatakutan dahilan sa kanilang mga kasalanan. At sa pagtingin sa ibayo pa ng dakilang tunggalian, nakita niya sa Sion “yaong nagtagumpay...na nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpha ng Dios,” at inaawit ang “awit ni Aloises” at ng Kordero. Apocalipsis 15:2,3. {AGA 445.1}

Ang Tagapagligtas ay ipinakilala kay Juan sa ilalim ng sagisag ng “ang Leon ng angkan ni Juda” at “isang Kordero na wari ay pinatay.” Apocalipsis 5:5,6. Ang mga sagisag na ito ay kumakatawan sa pagsasanib ng kapangyarihang higit sa lahat at pag-ibig na mapagsakripisyo. Ang Leon ng Juda, kakila-kilabot sa mga tatanggi sa Kanyang biyaya, ay magiging Kordero ng Dios sa mga masunurin at tapat. Ang haliging apoy na nangungusap ng kakilabutan at galit sa tagalabag sa utos ng Dios ay sagisag ng liwanag at habag at pagliligtas sa kanilang tutupad sa Kanyang mga utos. Ang bisig na malakas pumuksa sa mga mapanghimagsik ay malakas ding magligtas sa mga tapat. Ang bawat isang tapat ay maliligtas. “At susuguin ang kanyang mga anghel na may matinding trumpeta, at kanilang titipunin ang kanyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanlibutan, mula sa dulo ng langit hanggang sa kabila.” Mateo 24:31. {AGA 445.2}

Kung ihahambing sa mga milyon sa sanlibutan, ang bayan ng Dios, tulad ng dati, ay isang maliit na kawan; ngunit kung sila ay tatayo sa katotohanang nahayag sa Kanyang salita, ang Dios ang kanilang magiging kanlungan. Sila ay tatayo sa ilalim ng malawak na sanggalang ng Makapangyarihan sa lahat. Ang Dios ay laging nakararami. Kapag ang tunog ng huling trumpeta ay marinig na sa mga bilangguang libingan, at ang mga banal ay babangon nang

may pagtatagumpay, na nagsasabi, “Nasaan, O kamatayan ang iyong tibo? Nasaan, O libingan ang iyong pagtatagumpay?” (1 Corinto 15:55)— at nakatayong kasama ng Dios, ni Kristo, ng mga anghel, at ng mga tapat at tunay sa mga kapanahunan, ang mga anak ng Dios ang magiging nakararami. {AGA 445.3}

Ang mga tunay na alagad ni Kristo ay sumusunod sa Kanya sa mga mahigpit na tunggalian, tinatanggihan ang sarili at nagtitiis ng mapapait na kabiguan; ngunit ito ay nagtuturo sa kanila ng kaabahan ng kasalanan, at sila ay naaakay na kamuhian ito. Bilang kabahagi ng pagdurusa ni Kristo, sila ay nakatalagang makabahagi sa Kanyang kaluwalhatian. Sa banal-na pangitain ay nakita ng apostol ang huling tagumpay ng bayang nalabi ng Dios. Isinulat niya: {AGA 445.4}

“At nakita ko ang gaya ng isang dagat na bubog na may halong apoy: at yaong nangagtagumpay...na nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpa ng Dios. At inaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Dios, at ang awit ng Kordero, na sinasabi, Mga dakila at kagila-gilalas ang iyong mga gawa, O Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga banal.” Apocalipsis 15:2, 3. {AGA 446.1}

“At tumingin ako, at narito, ang Kordero ay nakatayo sa Bundok ng Sion, at ang kasama niya’y isang daan at apatnapu’t apat na libong may pangalan niya, at ang pangalan ng Ama, na nasusulat sa kanikanyang noo.” Apocalipsis 14:1. Sa sanlibutang ito ang kanilang mga pag-iisip ay natuon sa Dios; at naglingkod sila sa Kanyang may katalinuhan at ng buong puso; at ngayon ay maaaring ilagay Niya “sa kanilang noo” ang Kanyang pangalan. “At sila’y maghahari magpakailan-kailanman.” Apocalipsis 22:5. Hindi sila papasok at lalabas na parang nagmamakaawa para sa kanilang lugar. Sila ang bilang na sa kanila ay sinabi ni Kristo, “Parito, kayong mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang inihanda sa inyo mula sa pagkatatag ng sanlibutan.” Sasalubungin Niya sila bilang mga anak Niya, nagsasabing, “Magsipasok kayo sa kagalakan ng inyong Panginoon.” Mateo 25:34, 21. {AGA 446.2}

“Ang mga ito’y ang nagsisisunod sa Kordero saan man siya pumaroon. Ang mga ito’y ang binili sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Kordero.” Apocalipsis 14:4. Ang pangitain ng propeta ay naglalarawan ng mga nakatayo sa Bundok ng Sion, nadaramtan sa banal na paglilingkod, sa mapuputing lino, na siyang katuwiran ng mga banal. Ngunit lahat ng susunod sa Kordero sa langit ay dapat munang sumunod sa Kanya dito sa lupa, hindi masama ang loob o kapritso lamang, kundi sa pagtitiwala, mapagmahal, at laang pagsunod, tulad ng mga tupang sumusunod sa pastor. {AGA 446.3}

“At ang tinig na aking narinig ay gaya ng mga manunugtog ng alpa na tumutugtog sa kanilang mga alpa: at sila’y nag-aawitan na wari’y isang bagong awit sa harapan ng

luklukan:...at sinuman ay di maaaring matuto ng awit kundi ang isang daan at apatnapu't apat na libo lamang, sa makatuwid baga ay silang mga binili mula sa lupa.... Sa kanikanyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan: sila'y mga walang dungis."
Apocalipsis 14:2-5. {AGA 446.4}

"At nakita ko ang Bayang Banal, ang Bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaeng kasintahan na nagagayakang talaga sa kanyang asawa." "Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng batong jaspe, na malinaw na gaya ng salamin; na may isang malaki at mataas na kuta; na may labindalawang pintuan, at sa mga pintuan ay labindalawang anghel; at may mga pangalang nakasulat sa mga yaon, na siyang labindalawang angkan ng mga anak ng Israel." "At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas: at bawat pinto ay isang perlas: at ang lansangan ng bayan ay dalisay na ginto, na gaya ng nanganganinag na bubog. At hindi ako nakakita ng templo doon, sapagkat ang Panginoong Dios, ang
Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ay siyang templo doon." Apocalipsis 21:2, 11, 12,21, 22. {AGA 447.1}

"At hindi na magkakaroon pa man ng sumpa: at ang luklukan ng Dios at ng Kordero ay naroroon; at siya'y paglilingkuran ng kanyang mga alipin. At makikita nila ang kanyang mukha; at ang kanyang pangalan ay sasa kanilang mga noo. At hindi na magkakaroon pa ng gabi, at sila'y hindi nangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag ng araw; sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Dios." Apocalipsis 22:3-5. {AGA 447.2}

"At ipinakita sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan ng Dios at ng Kordero. Sa gitna ng lansangang iyon, at sa dako ng ilog at sa ibayo nito, naroon ang punong kahoy ng buhay, na namumunga ng labindalawang iba't ibang bunga sa bawat buwan: at ang mga dahon ng punong kahoy ay pampagaling sa mga bansa." "Mapapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan." Talatang 1, 2, 14. {AGA 447.3}

"At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, {AGA 447.4}

"Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, At siya'y mananahan sa kanila,
At sila'y magiging bayan niya,
At ang Dios din ay sasa kanila,
At magiging Dios nila." {AGA 448.1}

Apocalipsis 21:3. {AGA 448.2}

Ang Iglesiang Matagumpay

Mahigit sa labing-walong daantaon ang lumipas matapos na ang mga apostol ay mamahinga sa kanilang mga paggawa, ngunit ang kasaysayan ng kanilang mga hirap at sakripisyo para kay Kristo ay kabilang pa sa mga minamahal na kayamanan ng iglesia. Ang kasaysayang ito, na isinulat sa pangangasiwa ng Banal na Espiritu, ay itinala upang ang mga alagad ni Kristo sa bawat panahon ay mapalakas sa lalong sigasig at sikap sa gawain ng Tagapagligtas. {AGA 449.1}

Ang utos ni Kristo sa mga alagad ay kanilang ginampanan. Sa paghayo ng mga mensaherong ito ng krus sa paghahayag ng ebanghelyo, nagkaroon ng gayong pagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios na kailanman ay hindi nakita ng tao. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang mga apostol ay nagpayanig sa sanlibutan. Sa bawat bansa ay nadala ang ebanghelyo sa isang salinlahi. {AGA 449.2}

Maluwalhati ang naging bunga ng ministri ng mga piniling apostol ni Kristo. Sa pasimula ng kanilang ministri ang ilan sa kanila ay walang pinag-aralan, ngunit ang kanilang tuon sa gawain ng Panginoon ay walang pasubali, at sa ilalim ng Kanyang pagtuturo sila ay naihanda sa dakilang gawaing itinalaga sa kanila. Ang biyaya at katotohanan ay naghari sa kanilang mga puso, nagpasigla ng kanilang mga motibo at pumipigil sa kanilang pagkilos. Ang kanilang mga buhay ay natago kay Kristo sa Dios, ang sarili ay nakaligtaan at nalubog sa lalim ng walang hanggang pag-ibig. {AGA 449.3}

Ang mga alagad ay mga lalaking marunong manalangin at taimtim na magsalita, mga lalaking maaaring manghawakan sa Kalakasan ng Israel. Gaano nga kalapit na sila ay tumayo sa panig ng Dios, at itinali ang mga sariling karangalan sa Kanyang luklukan! Si Jehova ang kanilang naging Dios. Ang Kanyang karangalan ang kanilang karangalan. Ang Kanyang katotohanan ang kanilang katotohanan. Anumang batikos sa ebanghelyo ay parang malalim na humihiwa sa kanilang mga kaluluwa, at sa bawat kapangyarihan ng kanilang pagkatao ay nakipagbaka sila para sa gawain ni Kristo. Maaari nilang itaas ang salita ng buhay sapagkat natanggap nila ang pagpapahid ng langit. Malaki ang kanilang inaasahan, kung kaya't malaki rin ang kanilang naging pagsisikap. Naghayag sa kanila si Kristo, at sa Kanya ay tumanaw sila para sa patnubay. Ang kanilang unawa sa katotohanan at ang kanilang kapangyarihang tumayo sa kalaban ay nasukat ng kanilang pakildayon sa kalooban ng Dios. Si Jesu-Cristo, ang karunungan at kapangyarihan ng Dios, ay naging paksa ng kanilang bawat talumpati. Ang Kanyang pangalan—ang tanging pangalang ibinigay sa silong ng langit na sukat ikaligtas ng tao—ay itinaas nila. Sa paghahayag nila ng kaganapan ni Kristo, ang Tagapagligtas na muling nabuhay, ang mga salita nila ay nagpakilos sa mga puso, at mga lalaki at babae ay nahikayat sa ebanghelyo. Lubhang karamihan na tumuya sa pangalan ng Tagapagligtas at nanghamak sa Kanyang kapangyarihan ang ngayon ay nangumpisal na mga alagad ng Ipinako sa krus. {AGA 449.4}

Hindi sa sariling kapangyarihan nagampanan ng mga alagad ang kanilang misyon, kundi sa kapangyarihan ng buhay na Dios. Ang kanilang gawain ay hindi madali. Ang pagbubukas ng gawain ng iglesia Kristiana ay puno ng kahirapan at mapait na kalumbayan. Sa paggawa nila ang mga alagad ay nakasagupa ng palagiang kakulangan, panunuya, at pag-uusig; ngunit hindi nila pinahalagahan ang sariling buhay at nagalak na sila ay matawag na magdusa para kay Kristo. Ang alinlangan, pag-aatubili, at kahinaan ng adhikain ay di nasumpungan sa kanilang mga pagsisikap. Laan silang gumugol at magugol. Ang pagkadama ng kanilang kapanagutan ang nagpadalisay at nagpasagana ng kanilang karanasan; at ang biyaya ng langit ay nahayag sa mga tagumpay na kanilang natamo para kay Kristo. Sa kalakasan ng walang hanggang kapangyarihan ang Dios ay gumawa sa pamamagitan nila upang ang ebanghelyo ay magtagumpay. {AGA 450.1}

Sa saligang si Kristo na rin ang nagtatag, ang mga apostol ay nagtatag ng iglesia ng Dios. Sa Kasulatan ang pagtatayo ng isang templo ay madalas na ginagamit na paglalarawan sa pagtatatag ng iglesia. Si Kristo ay binabanggit ni Zacarias bilang Sanga na siyang magtatayo ng templo ng Panginoon. Binanggit niya ang mga Gentil na kasamang magtatayo nito: “At silang nangasa malayo ay magsisiparito at mangagtatayo sa loob ng templo ng Panginoon;” at wika ni Isaias, “At itatayo ng mga taga-ibang lupa ang iyong mga kuta.” Zacarias 6:12, 15; Isaias 60:10. {AGA 450.2}

Tungkol sa pagtatayo ng templo, wika ni Pedro, “Na kayo’y magsilapit sa Kanya na batong buhay, na sa katotohana’y itinakwil ng tao, datapuwat sa Dios ay hirang, mahalaga. Kayo rin naman na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.” 1 Pedro 2:4, 5. {AGA 451.1}

Sa minahan ng mga Judio at Gentil gumawa ang mga apostol, naglabas ng mga batong magiging saligan. Sa pagsulat ni Pablo sa mga mananampalataya sa Efeso, wika niya: “Kaya nga, hindi na kayo mga taga-ibang lupa at mga manlalakbay, kundi kayo’y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sambahayan ng Dios; na mga itinatayo sa ibabaw ng mga apostol at ng mga propeta, na si Kristo Jesus din ang pangulong bato na panulok; na sa kanya’y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon: na sa kanya’y itinayo naman kayo upang maging tahanan ng Dios sa Espiritu.” Efeso 2:19-22. {AGA 451.2}

At sa mga taga Corinto naman ay sumulat din siya: “Ayon sa biyaya ng Dios na ibinigay sa akin, na tulad sa matalinong tagapagtayo, ay inilagay ko ang pinagsasaligan; at iba ang nagtatayo sa ibabaw nito. Ngunit ingatan ng bawat tao kung paano ang pagtatayo niya sa ibabaw nito. Sapagkat sinuman ay hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan, kundi ang nalalagay na, na ito’y si Kristo Jesus. Datapuwat kung ang sinuma’y magtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligang ito ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, tuyong dayami; ang gawa ng

bawat isa ay mahahayag: sapagkat ang araw ay magsasaysay, sapagkat sa pamamagitan ng apoy inihahayag; at ang apoy rin ang susubok sa gawa ng bawat isa kung ano iyon." 1 Corinto 3:10-13. {AGA 451.3}

Ang mga apostol ay nagtayo sa isang tiyak na saligan, ang Batong Buhay. Sa saligang ito ay nagdala sila ng mga batong kinuha sa mga minahan ng sanlibutan. Gumawa sila sa kabila ng mga balakid. Naging napakahirap ito sa harap ng mahigpit na pagsalungat ng mga kaaway ni Kristo. Kinailangang sila ay makipaglaban sa maling akala, muhi, at panatisismo ng mga nagtayo sa huwad na pundasyon. Marami sa mga nagtayo ng iglesia ang matutulad sa mga nagtayo ng pader sa panahon ni Nehemias na kanyang isinulat: "Silang nangagtayo ng kuta, at silang nangagpapasan ng mga pasan ay nagsipagsakbat, bawat isa'y may isa ng kanyang mga kamay na iginagawa sa gawain, at may isa na inihahawak ng kanyang sakbat." Nehemias 4:17. {AGA 451.4}

Mga hari at gobernador, mga saserdote at pinuno, ay nagsikap na wasakin ang templo ng Dios. Ngunit sa harap ng pagkabilanggo, pahirap at kamatayan, mga tapat na lalaki ay nagsabalikat ng gawain; at ang gusali ay patuloy na tumaas, naging maganda at maayos. Kung minsan ang mga gumagawa ay halos mabulag ng mga ulap ng pamahiing nakapalibot sa kanila. Kung minsan ay halos magapi sila ng karahasan ng mga kaaway. Ngunit sa pananampalatayang hindi matinag at tapang na hindi masindak, sila ay nagpatuloy sa paggawa. {AGA 452.1}

Isa-isa ang mga pangunahin sa pagtatayo ay naigupo ng kaaway. Si Esteban ay binato; si Santiago ay pinaslang ng tabak; si Pablo ay pinugutan ng ulo; si Pedro ay ipinako sa krus; si Juan ay itinapon. Gayunman ay lumago ang iglesia. Mga bagong manggagawa ay kumuha ng lugar ng mga nalugmok sa daan, at bato ay napatong sa kapwa bato sa gusali. Sa ganito ay unti-unting tumaas ang templo ng iglesia ng Dios. {AGA 452.2}

Mga daantaon ng mahigpit na pag-uusig ang sumunod sa' pag-tatayo ng iglesia Kristiana, ngunit kailanman ay hindi nagkulang sa mga lalaking itinuring na higit na mahalaga sa sariling buhay ang pagtatayo ng templo ng Dios. Sa ganito ay nasulat: "Ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman: sila'y pinagbabato, pinaglalagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing; na mga salat, nangapipighati, tinatampalasan; (na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanlibutan:) na nangaliligaw sa mga ilang, at sa mga kabundukan, at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa." Hebreo 11:36-38. {AGA 452.3}

Ang kaaway ng katuwiran ay hindi nagpabaya upang pigilan ang gawaing natalaga sa mga tagapagtayo ng Panginoon. Datapuwat ang Dios ay "hindi nagpabayang hindi nagbigay ng patotoo tungkol sa kanyang sarili." Gawa 14:17. Mga manggagawa ay ibinangon na

makapangyarihang nagtanggol ng pananampalatayang ipinagkaloob sa mga banal. Ang kasaysayan ang nagtatala ng kabayanihan at tatag ng mga lalaking ito. Tulad ng mga apostol, marami sa kanila ang nalugmok sa paggawa, ngunit ang templo ay patuloy na natayo. Ang mga manggagawa ay napatay, ngunit ang gawain ay nagpatuloy. Ang mga Waldensian, si John Wycliffe, Huss at Jerome, Martin Luther at Zwingli, si Cranmer, Latimer at Knox, ang mga Huguenot, sina John at Charles Wesley, at marami pang iba ay nagdala sa saligan ng mga materyales na magtatagal hanggang sa walang hanggan. At sa mga kasunod na taon, silang nagsikap na marangal na pasulungin ang pagpapakalat ng salita ng Dios, at silang sa paggawa sa lupain ng mga pagano ay naghanda ng daan para sa pagpapahayag ng huling pabalita—ang mga ito ay nakatulong din upang ang gusali ay maitayo. {AGA 452.4}

Sa mga panahong dumaan mula sa mga apostol, ang pagtatayo ng templo ng Dios ay hindi natidgil. Maaari tayong lumingon sa mga daantaon upang maldta ang mga makikintab na batong naging kasangkapan ng gusali na tulad ng kislap ng liwanag ay naglagos sa kadiliman ng kamalian at pamahiin. Sa buong walang hanggan ang mga mahal na hiyas na ito ay magniningning na walang kupas, nagpapatotoo sa kapangyarihan ng katotohanan ng Dios. Ang kislap ng makintab na mga batong ito ay maghahayag ng pagkakaiba ng dilim sa liwanag, ng ginto ng katotohanan sa labo ng kamalian. {AGA 453.1}

Si Pablo at ibang mga apostol, at lahat ng mga matuwid na nabuhay mula noon, ay kumuha ng kanilang papel sa pagtatayo ng gusali. Ngunit ang templo ay hindi pa tapos. Tayong nabubuhay ngayon ay may gawaing dapat gampanan, papel na dapat kunin. Kailangang magdagdag tayo ng materyales na tatayo sa subukan ng apoy—-ginto, pilak, at mamahaling bato, “pinakinang tulad ng sa isang palasyo.” Awit 144:12. Sa kanilang magtatayo para sa Dios, si Pablo ay may pampasigla at babala: “Kung ang gawa ng sinuman ay manatiii, na kanyang itinayo sa ibabaw niyaon, siya’y tatanggap ng kagantihan. Kung ang gawa ng sinuman ay masunog, siya’y malulugi: ngunit siya sa kanyang sarili ay maliligtas; gayunma’y tulad sa pamamagitan ng apoy.” 1 Corinto 3:14, 15. Ang Kristianong matapat na maghahayag ng salita ng buhay, na aakay sa mga lalaki at babae sa daan ng kabanalan at kapayapaan, ay magdadala ng materyales sa saligan na mananatili, at sa kaharian ng Dios ay pararangalan siya bilang pantas na tagapagtayo. {AGA 453.2}

Tungkol sa mga apostol ay nasusulat, “At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip.” Marcos 16:20. Kung paanong noon ay sinugo ni Kristo ang mga alagad, gayundin ngayon ay isinusugo Niya ang mga kaanib ng iglesia. Ang kapangyarihang lumakip sa mga apostol ay para sa kanila din. Kung ang Dios ang magiging kalakasan nila, Siya ay gagawang kasama nila, at sila ay hindi gagawang walang kabuluhan. Dapat nilang mapag-aralan na ang gawaing ito ay nagtataglay ng tatak ng Dios. Sinabi Niya kay Jeremias, “Huwag mong sabihing, Ako ay bata: sapagkat saan man lata susuguin ay paroroon ka, at

anumang iutos ko sa iyo ay sasalitain mo. Huwag kang matakot dahil sa kanila; sapagkat ako'y sumasaiyo upang iligtas kita, sabi ng Panginoon. Nang magkagayo'y iniunat ng Panginoon ang kanyang kamay, at hinipo ang aking bibig; at sinabi sa akin ng Panginoon, Narito, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig." Jeremias 1:7-9. At inaatasan Niya tayong humayo sa pagbabahagi ng salitang kaloob Niya sa atin, na nakadadama ng Kanyang banal na hipo sa ating mga labi. {AGA 453.3}

Ipinagkaloob ni Kristo sa iglesia ang isang banal na gawain. Bawat kaanib ay dapat na maging daluyang sa pamamagitan niya ay maihahayag ng Dios sa sanlibutan ang mga kayamanan ng Kanyang biyaya, ang hindi masaliksik na mga kayamanan ni Kristo. Walang higit pang ninanais si Kristo liban sa mga kinatawan Niyang maglalarawan sa sanlibutan ng Kanyang Espiritu at Kanyang likas. Wala nang higit pang kailangan ang sanlibutan kaysa mga pagpapahayag sa pamamagitan ng tao ng pag-ibig ng Tagapagligtas. Ang buong langit ay naghihintay para sa mga lalaki at babaeng sa kanila ay maihahayag ng Dios ang kapangyarihan ng Kristianismo. {AGA 454.1}

Ang iglesia ay ahensya ng Dios sa paghahayag ng katotohanan, at pinagkalooban Niya ng kapangyarihang gumanap ng isang tanging gawain; at kung siya ay magiging tapat sa Kanya, masunurin sa Kanyang mga utos; mananahan sa gitna niya ang kagalingan ng banal na biyaya. Kung siya ay magiging tapat, at pararangalan ang Panginoong Dios ng Israel, walang kapangyarihang maaaring magpagupo sa kanya. {AGA 454.2}

Ang sigasig para sa Dios at sa Kanyang gawain ang nagpakilos sa mga alagad upang makapangyarihang magbigay ng pagsaksi sa ebanghelyo. Hindi ba gayong katulad na sigasig ang parang apoy na dapat lumukob sa ating mga puso upang magpasyang magbalita ng tumutubos na pag-ibig, ng tungkol kay Kristo at Siyang ipinako? Karapatan ng bawat Kristianong hindi lamang hintayin, kundi padaliin ang pagparito ng Tagapagligtas. {AGA 454.3}

Kung ang iglesia ay magbibihis ng damit ng katuwiran ni Kristo, na aalis sa anumang pakikipag-ugnayan sa sanlibutan, nasa harapan niya ang bukang-liwayway ng maningning at maluwalhadng araw. Ang pangako ng Dios sa kanya ay maninindigan magpakailanman. Siya ay gagawin Niyang walang katapusang kagalingan, isang kagalakan ng maraming salinlahi. Ang katotohanan na di pinapansin at tinatanggihan, ay magtatagumpay. Bagama't sa ilang pagkakataon ay parang ito ay naaantala, gayunman ay di kailanman matitigil. Pagkakalooban Niya ito ng dagdag na puwersa, upang makapagbigay pa ng higit na impluwensya. Taglay ang lakas ng langit, ito ay maglalagos sa pinakamalakas na sagabal at magtatagumpay sa bawat hadlang. {AGA 455.1}

Ano ang nagpanadli sa Anak ng Dios sa Kanyang buhay ng paggawa at sakripisyo? Nakita Niya ang mga bunga ng paghihirap ng Kanyang kaluluwa at Siya'y nasiyahan. Sa pagtingin

sa walang hanggan, nakita Niya ang kaligayahan nilang sa pamamagitan ng Kanyang kahihiyan ay napatawad at nagtamo ng walang hanggang buhay. Nadinig Niya ang sigaw ng tagumpay ng mga tinubos. Nadinig Niya ang mga dnubos na umaawit ng awit ni Moises at ng Kordero. {AGA 455.2}

Maaari tayong makatanaw sa hinaharap, sa kapalaran ng langit. Sa Biblia ay nakalarawan ang mga kaluwalhatian ng hinaharap, mga tanawing iginuhit ng kamay ng Dios, at ang mga ito ay mahal para sa Kanyang iglesia. Sa pananampalataya ay maaari tayong tumayo sa pintuan ng walang-hanggang siyudad, at mapakinggan ang mabiyayang pagtanggap sa kanilang sa buhay na ito ay nakipagtulungan kay Kristo, na itinuring na karangalan ang magdusa para sa Kanya. Sa pagkarinig ng mga salitang, "Magsiparito kayong mga pinagpala ng aking Ama," inialay nila ang kanilang mga korona sa paanan ng Manunubos, na nagsasabing, "Karapat-dapat ang Korderong pinaslang upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at karangalan, at kaluwalhatian, at pagpapala.... Karangalan, at kaluwalhatian, at kapangyarihan ay mapasa-kanyang nakaupo sa luklukan, at sa Kordero magpakailan-kailanman." Mateo 25:34; Apocalipsis 5:12, 13. {AGA 455.3}

Doon ay makakatagpo ng tinubos silang nag-akay sa kanila sa Tagapagligtas, at ang lahat ay magsasanib sa pagpupuri sa Kanyang namatay upang ang tao ay magkaroon ng buhay na tulad ng sa Dios. Ang tunggalian ay nagwakas na. Ang bagabag at pag-aalitan ay nawakasan na. Mga awit ng tagumpay ang pupuno sa kalangitan sa pagawit sa kagalakan ng mga tinubos. Karapat-dapat, karapat-dapat ang Korderong pinaslang, at muling nabubuhay, isang nagtagumpay na mananagumpay. {AGA 455.4}

"Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan, na di mabilang ng sinuman, na mula sa bawat angkan, at mga bayan, at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan, at sa harapan ng Kordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; at nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagkaligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Kordero." Apocalipsis 7:9, 10. {AGA 456.1}

"Ang mga ito'y ang mga nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit at pinaputi sa dugo ng Kordero. Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios, at nangaglilingkod sa kanya araw at gabi sa kanyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kanyang tabernakulo. Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anumang init. Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawat luha ng kanilang mga mata." "At hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na." Apocalipsis 7:14-17; 21:4. {AGA 456.2}

Naghihintay para sa Katapusan